



MAAARI MONG MAUNAWAAN ANG BIBLIYA

Deuteronomio

BOB UTLEY
PROFESOR NG HERMENEUTICS
(BIBLE INTERPRETATION)

KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL
LUMANG TIPAN, IKA-3 TOMO

BIBLE LESSONS INTERNATIONAL
MARSHALL, TEXAS
2008

TALAN NG MGA NILALAMAN

| | |
|---|-----|
| Maikling Paliwanag sa mga Pinagkukunang Ginamit sa “Maaari Mong Maunawaan ang Bibliya” na Kommentaryong Kalipunan | i |
| Maikling mga Pakahulugan ng Hebreong Anyo ng Pandiwang May Epekto sa Exegesis | iii |
| Mga Pagdadaglat ng Ginamit sa Komentaryong Ito | x |
| Isang Pananalita mula sa May-akda: Paano Makakatulong Ang Komentaryong Ito Sa’yo xi | |
| Isang Gabay Para Sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya: | |
| Isang Pansariling Paghahanap Para Sa Mapapatunayang Katotohanan | xv |
| Panimula sa Deuteronomio | 1 |
| Deuteronomio 1 | 8 |
| Deuteronomio 2 | 40 |
| Deuteronomio 3 | 54 |
| Deuteronomio 4 | 64 |
| Deuteronomio 5 | 89 |
| Deuteronomio 6 | 106 |
| Deuteronomio 7 | 115 |
| Deuteronomio 8 | 126 |
| Deuteronomio 9 | 134 |
| Deuteronomio 10 | 143 |
| Deuteronomio 11 | 151 |
| Deuteronomio 12 | 159 |
| Deuteronomio 13 | 170 |
| Deuteronomio 14 | 182 |
| Deuteronomio 15 | 193 |
| Deuteronomio 16 | 202 |
| Deuteronomio 17 | 211 |
| Deuteronomio 18 | 224 |
| Deuteronomio 19 | 235 |
| Deuteronomio 20 | 241 |
| Deuteronomio 21 | 247 |
| Deuteronomio 22 | 257 |
| Deuteronomio 23 | 266 |
| Deuteronomio 24 | 276 |
| Deuteronomio 25 | 287 |
| Deuteronomio 26 | 294 |
| Deuteronomio 27 | 301 |
| Deuteronomio 28 | 309 |
| Deuteronomio 29 | 327 |
| Deuteronomio 30 | 335 |
| Deuteronomio 31 | 343 |

| | |
|---|-----|
| Deuteronomio 32 | 354 |
| Deuteronomio 33 | 378 |
| Deuteronomio 34 | 393 |
| Dagdag Pabalat Isa: Panimula sa Lumang Tipan na Propesiya | 399 |
| Dagdag Pabalat Ikalawa: Isang Maikling Makasaysayan Pagtingin ng mga Kapangyarihan sa Mesopotamia | 404 |
| Dagdag Pabalat Ikatlo: Tsart ng Buong Lumang Tipan | 413 |
| Dagdag Pabalat Ikaapat: Pamamahayag ng Pananampalataya | 415 |

MGA NATATANGING PAKSA TALAAN NG MGA NILALAMAN

| | |
|---|-----|
| Israel (ang Pangalan), 1:1 | 10 |
| Kinaroroonan ng Bundok Sinai, 1:2 | 12 |
| Sinaunang Kalendaryo ng Near East, 1:3 | 13 |
| Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos, 1:3 | 14 |
| Petsa ng Exodus, 1:3 | 17 |
| Mga Naninirahan sa Palestino bago Dumating ang mga Israelita, 1:4 | 19 |
| Sanlibo (<i>Eleph</i>), 1:15 | 24 |
| Katuwiran, 1:16 | 25 |
| Salita para sa Matatangkad/Makapangyarihang Mandirigma/Pangkat ng Tao, 1:28 | 32 |
| Pananampalataya, 1:32 | 33 |
| Ang Panahon ng Pananagutan, 1:39 | 36 |
| Ang Dagat ng Pula, 1:40 | 37 |
| Ang mga Ilang ng Exodus, 2:1 | 41 |
| Ang Diyos na Inilalarawan bilang Tao, 2:15 | 46 |
| Ang Pagpapatigas ng Panginoon, 2:30 | 50 |
| Ang Puso, 2:30 | 51 |
| Ang Kubit, 3:11 | 58 |
| Mga Salita para sa Kapahayagan ng Diyos, 4:1 | 65 |
| Mga Pang-Ebanghelyong Pagkiling ni Bob, 4:6 | 68 |
| Apoy, 4:11 | 70 |
| Kasunduan, 4:13 | 71 |
| Mga Katangian ng Diyos ng Israel, 4:32 | 76 |
| Mga Huwarang Pangpropeta (OT) laban sa Mga Huwarang Pang-apostol (NT), 4:31 | 77 |
| Makilala, 4:31 | 84 |
| Magpakailanpaman, 4:40 | 86 |
| Kagandahang-Loob (<i>Hesed</i>), 5:10 | 93 |
| Banal, 5:12 | 95 |
| Sabbath, 5:12 | 96 |
| Kapayapaan at Digmaan, 5:17 | 98 |
| Kaluwalhatian, 5:24 | 102 |
| Pangtubos/Katubusan, 7:8 | 119 |
| Ariin ang Lupain, 8:1 | 127 |
| Ang Pagiging Ama ng Diyos, 8:5 | 129 |
| Ang mga Mapagbiyayang Pagkilos ni YHWH sa Israel, 9:4-6 | 136 |
| Mga Pangkasunduang Pangako sa mga Patriyarka, 9:5 | 136 |
| Mga Huling Karagdagan sa Deuteronomio, 10:6 | 145 |
| Ang Pangkasunduang Kinakailangan ni YHWH para sa Israel, 10:12 | 148 |

| | |
|---|-----|
| Mga Kahihinatnan Ng Pagsamba Sa Diyus-Diyosan, 11:16 | 155 |
| Ang Inutos na Pagtungon ng Israel sa Pagpapayabong na Pagsamba ng Canaaneo, 12:3 .. | 162 |
| “Ang Pangalan” ni YHWH, 12:5 | 163 |
| <i>Molech</i> , 12:31 | 169 |
| Propesiya ng Lumang Tipan, 13:1 | 171 |
| Mga Kagawian sa Pagdadalamhati, 14:1 | 183 |
| Mga Kautusan ng Pagkain sa OT, 14:3 | 185 |
| Karumaldumal sa Panginoon, 14:3 | 186 |
| Alkohol (Pagpapaasim) at Alkoholismo (Pagkagumon), 14:26 | 189 |
| Paskwa, 16:1 | 203 |
| Pagkamay-akda ni Moises sa Pentateuch, 17:14 | 216 |
| Walang Kasalanan, Walang Sala, Inosente, Walang Kasiraan, 18:13 | 230 |
| Parusang Kamatayan sa Israel, 21:21 | 253 |
| Pagbitin, 21:22 | 255 |
| Sumpa, 21:23 | 255 |
| Simbolikong mga Bilang sa Banal na Kasulatan, 23:2 | 268 |
| Pagbibigay ng Limos, 24:13 | 282 |
| Sinaunang Near Eastern na Timbang at Dami, 25:13 | 290 |
| Ikapu sa Kautusan ni Moises, 26:12 | 297 |
| Amen, 27:15 | 305 |
| Ang Pagsisisi sa OT, 30:1 | 336 |
| Mga Kapistahan sa Israel, 31:10 | 346 |
| Hebreong Panulaan, Mga kabatiran sa Kabanata 32 | 355 |
| Pananampalataya, Pagtitiwala, Paniniwala, 32:4 | 360 |
| Ang Demonyo, 32:17 | 365 |
| Pansarili (Personal) na Kasamaan, | 367 |
| Nasaan ng mga Patay?, 32:22 | 369 |
| Pagpapala, 33:1 | 379 |
| Mga Pagpapatong ng mga Kamay, 34:9 | 396 |

MAIKLING MGA PALIWANAG SA MGA TEKNIKAL NA MGA PINAGKUKUNANG GINAMIT SA KALIPUNAN NG KOMETARYO SA LUMANG TIPAN

A. Pang-Leksiko

Mayroong maraming napakahusay na mga leksiko na magagamit para sa sinaunang Hebreo.

- A. *Hebrew and English Lexicon of the Old Testament* nina Francis Brown, S. R. Driver, at Charles A. Briggs. Ito ay nakabatay sa Alemang Leksikon ni William Gesenius. Ito ay kilala sa daglat na BDB.
- B. *The Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament* nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner, na isinalin ni M. E. J. Richardson. Ito ay kilala sa daglat na KB.
- C. *A Concise Hebrew and Aramaic Lexicon of the Old Testament* ni William L. Holladay at nakabatay sa na taas na Alemang Leksikon.
- D. Isang bagong tomo ng teolohikong pag-aaral ng salita ang pinamagatang *The New International Dictionary of Old Testament Theology and Exegesis*, na pinapatnugot ni Willem A. Van Gemeren. Ito ay kilala sa daglat na NIDOTTE.

Kung mayroong napakahalagang pagkakaibang leksiko, ipinapa ang maraming salin sa Ingles (NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB) mula kapwa “salita-para sa-salita” at “dinamikong katumbas” na mga salin (cf. Gordon Fee & Douglas Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 28-44).

B. Pang-gramatika

Ang pang-gramatikong pagkakakilanlan ay kadalasang nakabatay sa *Analytical Key to the Old Testament* ni John Joseph Owen sa apat na bahagi (tomo). Ito ay pinagtutuos sa *Analytical Hebrew and Chaldee Lexicon of the Old Testament* ni Benjamin Davidson.

Isa pang pantulong na pinagkukunan para sa pang-grammatiko and sintaktikong mga katangian na madalas na ginagamit sa mga tomo ng OT na “Maaari Mong Maunawaan ang Bibliya” na kalipunan ay “The Helps for Translators Series” mula sa United Bible Societies. Sila ay pinamagatang “A Handbook on _____.”

C. Pang-teksto

Ako ay nakakatiyak sa inspirasyon ng pangkatinig na tekstong Hebreo (hindi ang Masoretikong mga punto ang mga punang pang-patinig). Gaya ng sa lahag na sinipi sa kamay, ang mga sinaunang teksto, mayroong ilang mga talatang may katanungan. Ito ay madalas na dahilan ng mga sumusunod:

- A. *hapax legomenon* (mga salitang minsan lamang ginamit sa Hebreong OT)
- B. mga terminong pangkataga (mga salita at mga parirala na mga literal na kahulugan ay hindi magagamit)
- C. mga walang katiyakan sa kasaysayan (ang ating kakulangan sa kaalaman patungkol sa sinaunang mundo)
- D. ang maraming semitikong pangsemantikong larangan ng mga limitadong talasalitaan ng Hebreo
- E. mga suliranin na mauugnay sa mga nahuling mga sinaunang tekstong Hebreo na sinusulat kamay ng mga manunulat
- F. mga manunulat na Hebreo na sinanay sa Ehipto na nakaramdam ng kalayaan sa pagbabago ng mga teksto na kanilang sinipi upang maging lubusan at nauunawaan sa kanilang panahon (NIDOTTE, pp. 52-54).

Mayroong maraming pinanggalingan ang mga Hebreong salita at mga teksto sa labas ng tekstwal na tradition ng Masoretiko.

1. Ang Samaritanong Pentateuch

2. Ang Dead Sea Scrolls
3. Ang Nash papyrus (Decalog)
4. Ang Severus scroll (Pentateuch)
5. Ang ilang mga nahuling barya, mga sulat, at ostraca (nabasag na piraso ng di-nainitang mga palayok na ginamit para sa pagsulat) Ngunit para malaking bahagi, walang pamilya ng mga kasulatan sa OT ang tulad ng sa Griyego NT na kasulatan.

Para sa isang mabuting maikling artikulo sa tekstwal na katapatan ng Masoretic Text (A.D. 900's) tingnan ang "The Reliability of the Old Testament Text" ni Bruce K. Waltke sa NIDOTTE, tomo 1, pp. 51-67.

Ang ginamit na tekstong Hebreo ay *Biblia Hebraica Stuttgartensia* (BHS) mula sa German Bible Society, 1997, na nakabatay sa Leningrad Codex (A.D. 1009). Minsan, ang mga sinaunang salin (Griyegong Septuagint, mga Aramaikong Targum, Syriac Peshitta, and Latin Vulgata) ay sinasangguni kung ang Hebreo ay may kalabuan o maliwanag na nakakalito.

MAIKLING MGA PAKAHULUGAN NG HEBREONG ANYO NG PANDIWA MAY EPEKTO SA EXEGESIS O PAG-IINTINDI SA TEKSO

I. Maikling Makasaysayang Pag-unlad ng Hebreo

Ang Hebreo ay bahagi ng Shemitic (Semitic) na pamilya ng timog-kanluran na wika ng Asya. Ang pangalan (ibinigay ng mga makabagong iskolars) ay nagmula sa anak ni Noah, si Shem (cf. Genesis 5:32; 6:10). Ang mga angkan ni Shem ay nakalista sa Genesis 10:21-31 bilang Arabs, Hebreo, Syrians, Arameans, at Assyrians. Sa realidad, ilang mga Semitic na mga wika ang ginamit ng mga bansa na inilista sa lahi ni Ham (cf. Genesis 10:6-14), Canaan, Phoenicia, at Ethiopia.

Ang Hebreo ay bahagi ng hilaga-kanlurang grupo ng mga Semitic na mga wika. Ang mga modernong mga iskolars ay mayroong mga sampol ng sinaunang wikang grupong ito mula sa:

- A. Amorite (*Mari Tablets* mula sa 18th siglo B.C. in Akkadian)
- B. Canaanite (*Ras Shamra Tablets* mula sa 15th siglo B.C. sa Ugaritic)
- C. Canaanite (*Amarna Letters* mula sa 14th siglo B.C. sa Canaanite Akkadian)
- D. Phoenician (Hebreo ay gumagamit ng Phoenician alpabeto)
- E. Moabite (Mesha na bato, 840 B.C.)
- F. Aramaic (opisyal na wika ng Persian Empire ginamit sa Genesis 31:47 [2 mga salita]; Jeremias 10:11; Daniel 2:4b-6; 7:28; Ezra 4:8-6:18; 7:12-26 at sinalita ng mga Hudyo sa unang siglo A.D. sa Palestina)

Ang Hebreong wika at tinawag na “ang labi ng Canaan” sa Isaias 19:18. Ito ay unang tinawag na “Hebreo” sa paunang salita ni Ecclesiasticus (Wisdom ng Ben Sirach) noong 180 B.C. (at ilang ibang naunang mga lugar, cf. *Anchor Bible Dictionary*, vol. 4, pp. 205ff). Ito ay higit na malapit sa Moabite at ang wikang ginamit sa Ugarit. Mga halimbawa ng sinaunang Hebreo na natagpuan sa labas ng Bible ay

1. ang Gezer na kalendaryo, 925 B.C. (isang kasulatan ng batang mag-aaral)
2. Ang Siloam Inscription, 705 B.C. (mga kasulatan sa)
3. Samaritan Ostraca, 770 B.C. (mga tala ng buwis sa basag na palayok)
4. Lachish na mga sulat, 587 B.C. (mga pandigmaang komunikasyon)
5. Maccabean mga barya at selyo
6. Ilang mga teksto ng Dead Sea Scroll
7. Ilang mag bilang ng mga inskripsyon (cf. “Mga wika [Hebreo],” ABD 4:203ff)

Ito, ay gaya ng lahat ng Semitic na mga wika, ito ay kinakikitaan ng mga salita na binubuo ng tatlong mga katinig (tatluhan-katinig na ugat). Ito ay isang nababaluktot na lengguwahe. Ang tatlong-ugat na mga katinig ay nagdadala ng pangunahing mga kahulugan ng salita, habang unalpi, hulapi, o panloob na mga karagdagan ay nagpapakita ng sintaktikal na tungkulin (ang mga patinig ay idinagdag sa kalaunan, cf. Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebreo*, pp. 46-49).

Ang Hebreong bokabularyo ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng prosa at tula. Ang mga salitang kahulugan ay konektado sa pambayan na etimolohiya (hindi pangwika na mga pinagmulan). Ang mga salitang paglalaro at tunog na paglalaroo ay medyo karaniwan (*paronomasia*).

II. Mga Aspeto ng Predikasyon

A. MGA PANDIWA

Ang normal na inaasahang pagkakayos ng salita ay PANDIWA, PANGHALIP, SIMUNO (may kasamang panuri), LAYON (may kasamang panuri). Ang pangunahing walang lambot na PANDIWA ay ang *Qal*, GANAP, PANLALAKE, PANG-ISAHAN na anyo. Ito ang paraan ng Hebreo at Aramaic na mga leksiko ay inayos. Ang mga PANDIWA ay binago ang tono upang ipakita

1. bilang—Pang-isahan, pangmaramihan, dalawahan
1. kasarian—Panlalake at pambabae (walang neutral)
2. panagano—indikatio, pasakali, pautos (sa pamamagitan ng analohiya sa modernong kanluraning mga wika, ang relasyon sa aksyon ng realidad)
3. pamanahon (aspekto)

- a. GANAP, na nagpapakita ng natapos, sa pakahulugan ng pasimula, nagpapatuloy, ay nagtatapos ng isang aksyon, Madalas ang anyong ito ay ginamit sa nakalipas na aksyon, ang isang bagay na nangyari. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagsasabi “Ang nag-iisang kabuuan ay inilarawan ng isang GANAP ay itinuturing ring tiyak. Ang DI-GANAP ay maaring maglarawan g isang estado bilang posible o ninais, o inaasahan, ngunit ang GANAP ay tinitigina ito bilang aktwal, tunay, a t tiyak” (p. 36).

S. R. Driver, *A Treatise on the Use of the Tenses in Hebrew*, ay inilarawan ito bilang: “Ang GANAP ay ginagamit upang tukuyin ang mga aksyon sa pagkakamit ng yaong mga nakalatag sa hinaharap, ngunit itinuturing bilang nakadepende sa di-nababagong detereminasyon ng kagustuhan na maaring sabihin na aktwal na nangyari na: kaya ang resolusyon, o kautusan, lalo na ang sa Isang Banal, ay madalas na inihayag sa GANAP na pamanahon” (p. 17, e.g., ang makapropetang GANAP).

Si Robert B. Chisholm, Jr. Mula sa *Exegesis to Exposition*, ipinaliwanag ang pandiwang ito sa ganitong paraan:

“... tinitignan ang sitwasyon mula sa labas, bilang kabuuan. Bilang ganyan ito ay nagpapahayag ng isang simpleng katotohanan, maging ito man ay isang aksyon o estado (kasama na ang estado ng pagkatao o isipan). Kapag ginamit bilang mga aksyon, madalas na tinitignan nito ang aksyon bilang kompleto mula sa retorikal na punto ng nagsasalita o nagsasalaysay (maging ito o ito ay hindi kompleto sa katotohanan o realidad ay hindi ang punto). Ang GANAP ay maaring tumukoy sa isang aksyon/estado ng nakalipas, pangkasalukutan o panghinaharap. Bilang pagpuna sa itaas, panahong saklaw, na nakakaimpluwesnya kung paano ang isa ay isinasalin ang GANAP patungo sa pamanahong-naaangkop na wika gaya ng Englis, ay dapat na madetermina mula sa konteksto” (p. 86).

- b. DI-GANAP, na nagpapakita ng isang aksyon na nasa progreso (di-kompleto, paulit-ulit, nagpapatuloy, o walang-katiyakan), madalas ay paggalaw tungo sa isang tunguhin. Madalas ang anyong ito ay ginamit sa Pangkasalukuyan at Panghinaharap na aksyon. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebreo Old Testament*, says “Lahat ng DI-GANAP ay kumakatawan sa di-kompletong mga estado. Sila ay alinmang paulit-ulit o nagbabago o walang katiyakan. Sa ibang salita, o bahaging nahubog, o bahagyang may katiyakan. Sa lahat ng mga kaso silay ay bahagya sa ilang pakahulugan, i.e., di-kompleto” (p. 55).

Si Robert B. Chisholm, Jr. *From Exegesis to Exposition*, ay nagsasabi na

“Napakahirap na bawasan ang esensya ng DI-GANAP tungo sa nag-iisang konsepto, dahil ito ay pumapalibot sa parehong aspeto at moda. Minsan ang DI-GANAP ay ginamit sa indikatibong pamamaraan at ginagawa ang obehektibong pananalita. Sa ibang pagkakataon ito ay tumitingin sa aksyon ng mas higit na subyektibeismo, bilang nagpapalagay, walang katiyakanm posible at higit pa” (p. 89).

- c. Ang idinagdag na *waw*, na nagdurugtong sa PANDIWA sa aksyon ng naunang mga PANDIWA(s).
 - d. PAUTOS, na nakabatay sa bolisyon ng nagsasalita at potensyal na aksyon ng tagapakinig.
 - e. Sa sinaunang Hebreo tangin ang mas malaking konteksto ang makakadeterminoina ng pangmaykada-na intensyong panahon ng mga oryentasyon.
- B. Ang pitong pangunahong binagong tono na mga anyo at kanilang pangunahing mga kahulogan. Sa realidad ang mga anyo na ito ay gumagawa ng magkaugnay sa bawat isa sa konteksto at dapat na hindi ihiwalay.
1. *Qal (Kal)*, ang pinaka-karaniwan at pangunahin sa lahat ng mga anyo. Ito ay nagpapakita ng simpleng aksyon o estado ng kalagayan. Walang dahilan o espisipikasyon ang ipinahiwatig.
 2. *Niphal*, ang ikalawang pinaka-karaniwang anyo. Ito ay madalas BALINTIYAK, ngunit ang anyong ito ay gumaganap rin bilang katugon at pasarili. Ito rin ay walang pandahilanan o espisipikasyon na ipinahiwatig.
 3. *Piel*, ang anyong ito ay aktibo at nagpapahayag ng pagdadala patungkol sa isang aksyon tungo sa estado ng kalagayan. Ang pangunahing kahulogan ng *Qal* na tangkay ay nahubog o pinahaba tungo sa estado ng kalagayan.
 4. *Pual*, ito ang BALINTIYAK na katapat ng *Piel*. Ito ay madalas na ipinahayag ng isang PANDIWARI.
 5. *Hithpael*, na isang panarili o katugon na tangkay. Ito ay nagpapahayag ng umuulit o nagaganap na aksyon sa *Piel* na tangkay. Ang madalang na BALINTIYAK anyo ay tinawag na *Hothpael*.
 6. *Hiphil*, ang aktibong anyo ng pandahilang tangkay na salungat sa *Piel*. Ito ay maaring may permisong aspeto, ngunit madalas ito ay tumutukoy sa sanhi ng isang pangyayari. Si Ernst Jenni, isang German Hebreong dalubhasa sa gramatika, ay naniniwala na ang *Piel* ay nagpapakita ng isang bagay na paparating tungo sa isang estado ng kalagayan, habang ang *Hiphil* ay nagpakita kung paano ito nangyari.
 7. *Hophal*, ang BALINTIYAK na katapat sa *Hiphil*. Ang huling dalawang mga tangkay na ito ay ang pinakamadalang na gamitin sa pitong mga tangkay.

Madami sa impormasyong ito ay nagmumula sa *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, ni Bruce K. Waltke at M. O’Connor, pp. 343-452.

Ang ahensya at pagsasagawang tsart. Isang susi sa pag-uunawa sa Hebreong PANDIWA sistema ay tignan ito bilang tularan ng TINIG na relasyon. Ilang mga tangkay ay kasalungat sa ibang mga tangkay sa ibang mga tangkay (i.e., *Qal - Niphal; Piel - Hiphil*)

Ang tsart sa ibaba ay nagsusubok na ipakita ang pangunahing tungkulin ng PANDIWA mga tangkay bilang ang pagsasagawa.

| TINIG O SIMUNO | Walang Sekondaryang Ahensya | Isang Aktibong Sekondaryang Ahensya | Isang BALINTIYAK Sekondaryang Ahensya |
|------------------|------------------------------------|--|--|
| AKTIBO | <i>Qal</i> | <i>Hiphil</i> | <i>Piel</i> |
| PANGGITNA | | | |
| BALINTIYAK | <i>Niphal</i> | <i>Hophal</i> | <i>Pual</i> |
| PANARILI/KATUGON | <i>Niphal</i> | <i>Hiphil</i> | <i>Hithpael</i> |

Ang tsart na ito ay kinuha mula sa napakahusay na talakayan ng PANDIWANG sistema ayon sa bagong pananaliksik sa Akkadian (cf. Bruce K. Waltke, M. O'Connor, *An Introduction to Biblical Hebrew Syntax*, pp.354-359).

R. H. Kennett, *A Short Account of the Hebrew Tenses*, ay naglaan ng kinakailangang babala. “Karaniwan kong natatagpuan sa katuruan, na ang pangunahing kahirapan ng mga mag-aaral sa Hebreong pandiwa ay masungab ang kahulugan na nagpaparating sa mga isipan ng mga mismong sarili ng mga Hebreo; ibig sabihin, mayroong pagkahilig na itakda bilang mga katumbas sa bawat ng Hebreong Pamanahon ng ilang bilang ng Latin o Englis na mga anyo na kung saan ang isang partikular na Pamanahon na karaniwang isinalin. Ang resulta ay isang kabiguan na maunawaan ng marami sa mga mapipinong tabing ng kahulugan, na nagbibigay ng buhay at kalusugan sa wika ng Lumang Tipan.

Ang kahirapan sa paggamit ng Hebreong Pandiwa ay nakasalalay lamang sa puntong pananaw, kaya sukdulang magkaiba mula sa ating sarili, kung saan ang mga Hebreo ay itinuturing na isang aksyon; ang *panahon*, na sa atin ay unang konsiderasyon, na gaya ng pinakasalitang, ‘pamanahon’ na ipinapakita, na para sa kanila ay sekondaryang kahalagahan. Kaya ito, samakatuwid, ay esensyal na ang isang estudyante ay dapat na malinaw na mahawakan, hindi higit sa Latin o Englis na mga anyo na maaring ginamit sa pagsasalin ng bawat Hebreong Pamanahon, ngunit sa halip ay ang aspeto ng bawat aksyon, gaya ng pagpresinta nito sa sarili sa kaisipan ng mga Hebreo.

Ang pangalang ‘pamanahon’ habang ipinaparatang sa Hebreong Pandiwa ay nagpapaligaw. Ang tinatawag na Hebreong ‘pamanahon’ ay hindi nagpapahayag ng *panahon* ngunit parang *estado* ng isang aksyon. Kaya hindi kung hindi dahil sa kalituhan na maaring lumitaw sa paggamit ng termino ‘estado’ sa parehong mga pangalan at pandiwa, ‘ang mga estado’ ay mas higit na mainam na designasyon kaysa sa ‘pamanahon.’ Dapat na laging nananitili sa isipan na imposible na maisalin ang Hebreong Pandiwa tungo sa Englis ng walang ibinibigay na limitasyon (viz. ng oras) na lubusang wala sa Hebreo. Ang sinaunang mga Hebreos ay kailanman hindi nagisip ng isang aksyon bilang nakalipas, pangkasalukuyan, o panghinaharap, simple bilang isang GANAP, i.e., kompleto, o DI-GANAP, i.e., gaya ng sa pagtakbo ng pag-unlad. Kapag sinabi natin na isang tiyak Hebreong pamanahon umaayon sa isang GANAP, pluperfect, o Panghinaharap sa Englis, hindi natin ibig sabihin na ang mga Hebreos ay iniisip ito na GANAP, Pluperfect, o Panghinaharap, ngunit ito lamang ay dapat sa pagsalin sa English. Ang *panahon* ng isang aksyon ang mga Hebreo ay hindi tinangka na

ipahayag sa anumang pangpandiawang anyo” (paunang salita at p. 1).

Para sa ikalawang mabuting babala, Sue Groom, *Linguistic Analysis of Biblical Hebrew*, ay nagpaalala sa atin, “Walang paraan upang malaman kung ang muling pagtatayo ng mga makabagong iskolar ng semantikong larangan at pakahulugang relasyon sa sinaunang mga patay na wika ay basta lamang isang repleksyon ng kanilang intuwisyon, o kanilang katutubong wika, o maging ang mga larangan na iyon ay umiral sa klasikal na Hebreo” (p. 128).

- C. Mga Panagano (na ang tanging analohiya ay kinuha mula sa modernong kanluraning mga wika)
1. Ito ay nangyari na, ay nangyayari (INDIKATIBO), madalas gumagamit ng GANAP na pamanahon o mga PANDIWARI (lahat ng mga PANDIWARI ay INDIKATIBO).
 2. Ito ay mangyayari, maaring mangyari (PANAKALI)
 - a. Gumagamit ng minarkahang DI-GANAP na pamanahon
 - (1) COHORTATIVE (dinagdagang h), unang panauhang DI-GANAP na anyo na normal na nagpapahayag ng isang nais, isang hiling, pagpapalakas sa sarili (i.e., mga kagustuhang mga aksyon ng tagapagsalita)
 - (2) JUSSIVE (panloob na mga pagbabago), ikatlong panauhang DI-GANAP (maaring ikalawang panauhan sa negatibong mga pangungusap) na normal na nagpapakita ng isang hiling, isang permiso, o pagpapaalala, o isang tagubilin
 - b. Gumagamit ng isang GANAP na pamanahon na may kasamang *lu* o *lule*
Ang mga konstruksyon na ito ay kapareho ng IKALAWANG KLASSE KONDISYONAL na mga pangungusap sa Koine Griyego. Isang huwad na pananalita (protasis) na nagreresulta sa huwad na konklusyon (apodosis).
 - c. Gumagamit ng isang DI-GANAP na pamanahon at *lu*
Ang konteksto at *lu*, gayundin ang panghinaharap na oryentasyon, ay minarkahan itong PANAKALI pagkakagamit. Ilang mga halimbawa mula kay J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament* ay mga Genesis 13:16; Deuteronio 1:12; I Hari. 13:8; Awit. 24:3; Isaias 1:18 (cf. pp. 76-77).
- D. *Waw* - Konbersibo/magkakasunod/pamanggit. Ang naiibang Hebreong ito (Canaanite) sintaktikal na katangian ay nagdulot ng matinding pagkalito ng maraming taon. Ito ay ginamit sa ibat-ibang mga paraan madalas ay batay sa dyanra. Ang dahilan para sa pagkalito ay dahil ang mga naunang mga iskolars ay mga Europeo at sinubukang magbigay kahulugan ayon sa kanilang katutubong mga wika. Nang ito ay napatunayang mahirap sinisi nila ang problema sa Hebreo na “dapat” sinauna, lipas na wika. Ang mga Europeyong mga wika ay mga PAMANAHON (oras) na nakabatay na PANDIWA. Ilang mga uri at gramatikal na mga implikasyon ay tiniyak sa pamamagitan ng titik na WAW na idinagdag sa GANAP o DI-GANAP na mga PANDIWANG tangkay. Nabago nito ang paraan na ang aksyon ay tinignan.
1. Sa makasaysayang salaysay ang PANDIWA ay idinugtong ng magkasama sa isang tanikala na may pamantayang tularan.
 2. Ang waw na unlapi ay nagpakita ng isang partikular na relasyon sa naunang mga PANDIWA(s).
 3. Ang mas malaking konteksto ay laging susi sa pag-uunawa ng PANDIWA tanikala. Ang Semitic na PANDIWA ay hindi pwedeng ianalisa ng nag-iisa.
- J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*, ay nagpuna ng kakaibang sa Hebreo sa paggamit nito ng waw bago ang mga GANAP at DI-GANAP (pp. 52-

53). Habang ang pangunahing ideya ng GANAP ay nakalipas, Ang pagdagdag ng *waw* ay madalas nagpapanukala nito tungo sa panghinaharap na panahong aspeto. Ito rin ay totoo sa DI-GANAP na ang pangunahing ideya ay pangkasalukuyan o panghinaharap; ang pagdagdag ng *waw* ay naglalagay nito sa nakalipas. Ang di karaniwan na panahon na ito ang naglilipat at nagpapaliwanag sa pagdagdag ng *waw*, hindi pagbabago sa pangunahing kahulugan ng mismong pamanahon. Ang *waw* na mga GANAP ay gumagawa ng mainanam sa propesiya, habang ang mga *waw* DI-GANAP ay gumagawa ng mainam sa mga salaysay (pp. 54, 68). Si Watts ay nagpatuloy sa kanyang depinisyon,

“Bilang isang napakahalagang pagkakaiba sa pagitan ng *waw* na kondyanktibo at *waw* konsekwetibo, ang sumusunod na mga interpretasyon ang ibinibigay:

1. *Waw* na kondyanktibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang paghahanay.
2. *Waw* na konsekyutibo ay lumilitaw lagi upang ituro ang isang pagkakasunod-sunod. Ito lamang ang tanging anyo ng *waw* na ginamit na may konsekyutibong DI-GANAP. Ang relasyon sa pagitan ng DI-GANAP ay idinugtong ito ng maaring temporal na pagkakasunod-sunod, lohikal na konsekwensiya, lohikal na dahilan, o lohikal na pagkakasalungat. Sa lahat ng kaso mayroong pagkakasunod-sunod” (p. 103).

E. PAWATAS - Mayroong dalawang mga uri ng PAWATAS

1. PAWATAS SUKDULAN, na isang “malakas, nagsasarili, kapansin-pansin na mag ekspresyon na ginamit para sa madramang epekto. . .bilang sa SIMUNO, ito ay madalas ay walang nakasulat na Pandiwa, ang Pandiwa ‘maging’ na syempre ay nauunawaan, ngunit ang salitang pagkakatayo ay madramang nag-iisa,” (J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Hebrew Old Testament*,” p. 92).
2. PAWATAS BANGHAY, na “magkaugnay ng gramatikal sa pangungusap sa pamamagitan ng mga preposisyon, nag-aangkin na mga PANGHALIP, at ang BANGHAY na relasyon” (p. 91).

J. Weingreen, *A Practical Grammar for Classical Hebreo*, inilarawan ang estado ng BANGHAY: “Kapag ang dalawa (o higit pa) na mga salita ay malapit na pinagsama sila ay bumubuo ng isang tambalang ideya, ang nakadependeng salita (o mga salita) ay (ay mga) sinasabi na nasa BANGHAY estado” (p. 44).

F. INTEROGATIBO

1. Sila ay lumilitaw ng una sa pangungusap.
2. Nagbibigay kahulugan na kahalagahan
 - a. *ha* – hindi umaasan ng isang pagtugon
 - b. *halo* – ang may-akda ay umaasa ng “oo” na sagot

G. NEGATIBO

1. Sila ay laging lumilitaw bago abg mga salita na kanilang inenegatibo.
2. Pina karaniwang pagnenegatibo ay *lo*’.
3. Ang terminong *’al* ay mayroong walang katiyakang konotasyon at ginamit na may kasamang mga COHORTATIVES at JUSSIVES.
4. Ang terminong *lebhilti*, ibig sabihin “upang ang. . .hindi ang,” ay ginamit na may kasamang mga PAWATAS.
5. Ang terminong *’en* ay ginamit na may kasamang mga PANDIWARI.

H. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

3. Mayroong apat na mga uri ng kondisyonal na mga pangungusap na pangunahing kahanay sa Koine Griyego.
 - a. isang bagay na ipinagpalagay na nangyayari o isipin ng isang katuparan (UNANG

- KLASE sa Griyego)
- b. isang bagay kasalungat sa katotohanan na ang katuparan ay imposible (IKALAWANG KLASE)
 - c. isang bagay na isang posible o maaring malamang (IKATLONG KLASE)
 - d. isang bagay na mas hindi malamang, samakatuwid, ang katuparan ay kahinahinala (IKAAPAT NA KLASE)
4. GRAMATIKAL NA MGA PANANDA
- a. Ang ipinagpalagay na totoo o tunay na kondisyon ay laging gumagamit ng isang INDIKATIBONG GANAP o PANDIWARI at madalas ang protasis ay ipinakilala sa pamamagitan ng
 - (1) *'im*
 - (2) *ki* (o *'asher*)
 - (3) *hin* o *hinneh*
 - b. ang kasalungat sa katotohanang kondisyon ay laging gumagamit ng isang GANAP na aspeto ng PANDIWA o isang PANDIWARI na may ipinapakilalang KATAGA *lu* o *lule*
 - c. ang mas malamang na kondisyon ay laging gumagamit ng DI-GANAP PANDIWA o mga PANDIWARI sa protasis, madalas *'im* o *ki* ang ginamit bilang pampakilala sa mga KATAGA
 - d. ang mas hindi malamang na kondisyon ay gumagamit ng DI-GANAP na mga PANAKALI sa protasis at laging gumagamit ng *'im* bilang pagpapakilala sa KATAGA

MGA PAGDADAGLAT NA GINAMIT SA KOMENTARYONG ITO

| | |
|-------|---|
| AB | Anchor Bible Commentaries, ed. William Foxwell Albright at David Noel Freedman |
| ABD | Anchor Bible Dictionary (6 vols.), ed. David Noel Freedman |
| AKOT | Analytical Key to the Old Testament ni John Joseph Owens |
| ANET | Ancient Near Eastern Texts, James B. Pritchard |
| BAGD | A Greek-English Lexicon of the New Testament and Early Christian Literature, Walter Bauer, 2 nd edition nina F. W. Gingrich at Fredrick Danker |
| BDB | A Hebrew and English Lexicon of the Old Testament nina F. Brown, S. R. Driver at C. A. Briggs |
| BHS | Biblia Hebraica Stuttgartensia, GBS, 1997 |
| IDB | The Interpreter's Dictionary of the Bible (4 vols.), ed. George A. Buttrick |
| ISBE | International Standard Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. James Orr |
| JB | Jerusalem Bible |
| JPSOA | The Holy Scriptures According to the Masoretic Text: A New Translation (The Jewish Publication Society of America) |
| KB | The Hebrew at Aramaic Lexicon of the Old Testament nina Ludwig Koehler at Walter Baumgartner |
| LAM | The Holy Bible From Ancient Eastern Manuscripts (the Peshitta) ni George M. Lamsa |
| LXX | Septuagint (Greek-English) ni Zondervan, 1970 |
| MOF | A New Translation of the Bible ni James Moffatt |
| MT | Masoretic Hebrew Text |
| NAB | New American Bible Text |
| NASB | New American Standard Bible |
| NEB | New English Bible |
| NET | NET Bible: New English Translation, Second Beta Edition |

| | |
|--------|---|
| NIDNTT | New International Dictionary of New Testament Theology and Exegesis (5 vols.), ed. Willem A. VanGemeren |
| NRSV | New Revised Standard Bible |
| NIV | New International Version |
| NJB | New Jerusalem Bible |
| OTPG | Old Testament Parsing Guide niina Todd S. Beall, William A. Banks at Colin Smith |
| REB | Revised English Bible |
| RSV | Revised Standard Version |
| SEPT | The Septuagint (Greek-English) ng Zondervan, 1970 |
| TCNT | The Twentieth Century New Testament |
| TEV | Today's English Version from United Bible Societies |
| YLT | Young's Literal Translation of the Holy Bible ni Robert Young |
| ZPBE | Zondervan Pictorial Bible Encyclopedia (5 vols.), ed. Merrill C. Tenney |

ISANG PANANALITA MULA SA MAY-AKDA: PAANO MAKAKATULONG ANG KOMENTARYONG ITO SA'YO?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon.

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

Unang Saligan

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

Pangalawang Saligan

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit. Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa

pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS⁴). Ang tekstong ito ay iisinalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang *Textus Receptus*. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.
3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS⁴ at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Jerusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

Pangatlong Saligan

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga

ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuon lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakang pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangangatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuon lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hangang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuon lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking

mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo, maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

I. Mga Pagpapalagay

- A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.
- B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.
- C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.
- D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
 1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
 2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
 3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
 4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
 5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
 6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
 7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan


- A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng

- katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.
- B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.
 - C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.
 - D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.
 - E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang “tugon ng mambabasa” o reader response (pagpakahulugang “ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto”).

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:



Sa nakaraan, ang iba't-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpapakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa, hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: “Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo.” Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
 - a. tagpuang pangkasaysayan
 - b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
 - a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
 - b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
 - c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
 - a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
 - b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

- A. Ang unang tapusang ng pagbasa
 1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
 - a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
 - b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
 - c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
 2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
 3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
 4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
 - a. Lumang Tipan
 - (1) salaysay na Hebreo
 - (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
 - (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
 - (4) Mga pamkautusan na koda
 - b. Bagong Tipan
 - (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
 - (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)
 - (3) Mga liham/epistulo
 - (4) panitikang Apokaliptiko
- B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
 1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
 2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
 3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.
- C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
 1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
 2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
 - a. ang may-akda
 - b. ang petsa
 - c. ang mga tagatanggap
 - d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
 - e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
 - f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
 3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.

4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.
- D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
 - a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
 - b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
 - c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
 2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
 - a. mga inuulit na parirala, Efeso 1:6,12,13
 - b. mga inuulit na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
 - c. magkakatambis na mga konsepto
 3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
 - a. mga mahahalagang salita
 - b. mga di-karaniwang salita
 - c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
 - d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
 4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
 - a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
 - (1) mga aklat ng “sistematikong teolohiya”
 - (2) mga sangguniang Bibliya
 - (3) mga pagkakatugma
 - b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
 - c. Hanapin ang mga magkakanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
 5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
 - a. mga pag-aaral ng Bibliya
 - b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
 - c. mga paunang salita ng Bibliya
 - d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang “pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon.”

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpapakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa

ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay hindi inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng “kaya winika ng Diyos,” ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, “ating” mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

- A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
- B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
- C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
- D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
- E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

- A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

“Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng

pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura.”

- B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, Protestant Biblical Interpretation, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. “Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos.”

- C. H. H. Rowley sa The Relevance of the Bible, p. 19:

“Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espirital na pag-intindi ng mga espirital na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espirital na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espirital na bagay ay inuunawa nang espirital, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espirital, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat.”

VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadiseno upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

- A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang “tapusang pagbasa #3” ay tsekin itong impormasyon.
- B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.
- C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:
 1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS⁴)
 2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
 3. The New King James Version (NKJV)
 4. The New Revised Standard Version (NRSV)
 5. Today’s English Version (TEV)
 6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay

mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na “ang paksang pangungusap” o “ang pangunahing ideya ng teksto.” Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

- D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
1. pampanitikang konteksto
 2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
 3. impormasyong panggramatika
 4. mga pag-aaral ng salita
 5. mga kaugnay na talatang magkakanayan
- E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng “Textus Receptus.”
 2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
 3. Ang Today’s English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
 4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasalang Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.
- F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasalang Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
 2. mga pamalit na kahulugan ng salita
 3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
 4. mga tekstong iba’t iba ang pakahulugan
- Gayong ang mga pagsasalang Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.
- G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

PANIMULA SA DEUTERONOMIO

I. KAHALAGAHAN

- A. Ito ay isa sa apat na aklat sa OT na pinakamadalas isipi sa NT (i.e., Genesis, Deuteronomio, Mga Awit, at Isaias). Ang Deuteronomio ay sinipi nang 83 beses.
- B. Isang sipi mula sa Tyndale OT Commentary Series, “Deuteronomy,” ni J. A. Thompson: “Ang Deuteronomio ay isa sa pinakadakilang aklat ng Lumang Tipan. Ang kanyang impluwensya sa lokal at pansariling relihiyon ng lahat ng panahon ay hindi mahihigitan ng kahit ano pang aklat sa Bibliya” (p. 11).
- C. Ito marahil ang isa sa mga natatanging aklat sa OT ni Hesus:
1. Paulit-ulit Niyang sumipi mula dito habang Siya ay tinutukso ni Satanas sa ilang
 - a. Mateo 4:4; Lucas 4:4 - Deuteronomio 8:3
 - b. Mateo 4:7; Lucas 4:12 - Deuteronomio 6:26
 - c. Mateo 4:10; Lucas 4:8 - Deuteronomio 6:13
 2. Ito ay maaaring ang balangkas sa likod ng Pangangaral sa Bundok (cf. Mateo 5-7).
 3. Sinipi ni Hesus ang Deuteronomio 6:5 bilang pinakadakilang kautusan (cf. Mateo 22:34-40; Marcos 12:28-34; Lucas 10:25-28).
 4. Sinisipi ni Hesus ang bahaging ito ng OT (Genesis-Deuteronomio) nang pinakamadalas dahil ang mga Hudyo sa Kanyang panahon ay tinuturing itong pinakamapagkakatiwalaang bahagi ng kanon.
- D. Ito ay isang pangunahing halimbawa sa Banal na Kasulatan ng muling pagpapaliwanag ng isang nakalipas na kapahayagan ng Diyos sa isang bagong kalagayan. Ang isang halimbawa nito ay ang bahagyang pagkakaiba sa pagitan ng Sampung Utos sa Exodo 20:11 laban sa Deuteronomio 5:15. Ang Exodo 20 ay ipinagkaloob sa Bundok Sinai at nauugnay sa Yugto ng Paglalagalag sa Ilang habang ang Deuteronomio 5 ay ipinagkaloob sa mga Kapatagan ng Moab para sa paghahanda ng tao sa isang palagiang buhay sa Canaan.
- E. Ang Deuteronomio ay isang kalipunan ng mga mensahe na ibinigay ni Moises sa mga Kapatagan ng Moab (silangang Jordan). Ang tatlong pangangaral (sermon) ay nagsimulang lahat sa pagtatalaga ng pisikal na lugar ng pangangaral (sermon). Ang lahat ay maaaring tumukoy sa katulad na lugar.
1. “sa kabilang panig ng Jordan sa ilang, sa Arabah sa kabila ng Suph, sa pagitan ng Paran at Tophel at Laban at Hazereth at Dizahab,” 1:1
 2. “sa kabilang panig ng Jordan sa lupain ng Moab,” 1:5
 3. “sa kabilang panig ng Jordan, sa lambak na nasa kabila ng, sa lupain ng Sihon ang hari,” 4:46
 4. “sa lupain ng Moab,” 29:1
- F. Ang Deuteronomio rin ay nasa gitna ng pag-uusap sa kasalukuyan sa gitna ng mga nag-aaral sa OT patungkol sa pampanitikang kaanyuan nito. Ang makabagong pag-aaral ay hati sa mga teoriya nito na tungkol sa mga kayarian ng kapwa Deuteronomio at natitirang bahagi ng Pentateuch.

II. ANG PANGALAN NG AKLAT

- A. Sa Hebreo, ang mga titulo ng mga aklat sa *Tanakh* (Pentateuch) ay isa sa kanilang unang sampung mga salita, na kadalasan ay kanilang unang salita:
 - 1. Genesis, “Sa pasimula”
 - 2. Exodo, “At nandito ang mga pangalan”
 - 3. Levitico, “At tinawag Niyang”
 - 4. Bilang, “Sa disyerto”
 - 5. Deuteronomio, “At ito ang mga salita”
- B. Sa Talmud, and Deuteronomio ay tinatawag na “pag-uulit ng kautusan” (*Mishnah Hattorah* na mula sa Gen.17:18).
- C. Sa Griyegong salin ng OT, na tinatawag na Septuagint (LXX), na naisulat noong 250 B.C., ang Deuteronomio ay tinatawag na “ang pangalawang kautusan” dahil sa isang maling pagsasalin ng 17:18 (i.e., “gumawa ng isang kopya ng kautusang ito”).
- D. Nakuha natin ang titulong Ingles mula sa Jerome’s Latin Vulgate na tinatawag itong “ang pangalawang kautusan (batas)” (Deuteronomium).
- E. Ito ay isang aklat ng mga pagtuturo kung paano mapapanatili ang Kasunduan ng Diyos.
 - 1. “ang aklat na ito ng kautusan,” 28:61
 - 2. “ang kautusang ito,” 1:5; 4:8; 17:18,19; 27:3,8,26
 - 3. Iba pang mga naglalarawang parirala, 4:1,45; 6:17, 20; 12:1

III. ANG KANONISASYON – Ito ay pangwakas na aklat ng Torah na bumubuo ng una sa tatlong mga paghahati ng Hebreong kanon

- A. Ang Torah o Kautusan (Batas) — Genesis-Deuteronomio
- B. Ang mga Propeta:
 - 1. Ang mga Naunang Propeta — Joshua-Mga Hari (maliban sa Ruth)
 - 2. Ang mga Sumunod na Propeta — Isaias-Malakias (maliban sa Daniel at Mga Panaghoy)
- C. Ang mga Kasulatan:
 - 1. The Megilloth (5 balumbon):
 - a. Awit ni Solomon
 - b. Ecclesiastes
 - c. Ruth
 - d. Mga Panaghoy
 - e. Esther
 - 2. Daniel
 - 3. Pangkarunungan Panitikan:
 - a. Job
 - b. Mga Awit
 - c. Kawikaan
 - 4. I & II Cronica

IV. DYANRA

- A. Deuteronomio ay isang paghahalo ng maraming dyanra.
 - 1. Pangkasaysayang salaysayin
 - a. mga kabanata 1-4
 - b. kabanata 34
 - 2. mga pangangaral - mga kabanata 6-11
 - 3. mga patnubay, mga kabanata 12-28
 - 4. mga awit/mga imno/mga kanta--kabanata 32
 - 5. mga pagpapala - kabanata 33
- B. Inilalarawan ng Deuteronomio ang kanyang sarili bilang isang aklat ng mga patnubay galing kay YHWH para sa buhay (Torah) sa 29:21; 30:10; 31:26. Ito ay isang aklat ng mga katuruan patungkol sa pananampalataya at buhay na isasalin sa mga susunod na salinglahi.
- C. Ang mga natatanging pinuno ng Diyos ay pinalitan ng nasusulat na kapahayagan ng Diyos. Ang mga taong pinuno ay mananatili, ngunit ang nasulat na kapahayagan ay nagbibigay-diin bilang mapagkakatiwaan (masasandigan).

V. PAGKAMAY-AKDA

- A. Pang-Hudyong Tradisyon:
 - 1. Ang sinaunang tradisyon ay nagkakaisa na ang may-akda ay si Moises.
 - 2. Ito ay naihayag sa:
 - a. Talmud - *Baba Bathra* 14b
 - b. *Mishnah*
 - c. Ecclesiasticus 24:23 ni Ben Sirach (naisulat noong 185 B.C.)
 - d. Philo ng Alexandria
 - e. Flavius Josephus
 - 3. Ang Banal na Kasulatan mismo:
 - a. Hukom 3:4 at Joshua 8:31
 - b. “Nagsalita ni Moises”:
 - (1) Deuteronomio 1:1, 3
 - (2) Deuteronomio 5:1
 - (3) Deuteronomio 27:1
 - (4) Deuteronomio 29:2
 - (5) Deuteronomio 31:1, 30
 - (6) Deuteronomio 32:44
 - (7) Deuteronomio 33:1
 - c. “Nagsalita si YHWH kay Moises”:
 - (1) Deuteronomio 5:4-5, 22
 - (2) Deuteronomio 6:1
 - (3) Deuteronomio 10:1
 - d. “Nagsulat si Moises”:
 - (1) Deuteronomio 31:9, 22, 24
 - (2) Exodo 17:14
 - (3) Exodo 24:4, 12
 - (4) Exodo 34:27-28
 - (5) Bilang 33:2
 - e. Si Hesus ay sumipi mula sa o may pagkabanggit sa Deuteronomio at nagpahayag

na “Sinabi ni Moises”/”Sinulat ni Moises”:

- (1) Mateo 19:7-9; Marcos 10:4-5 – Deuteronomio 24:1-4
 - (2) Marcos 7:10 - Deuteronomio 5:16
 - (3) Lucas 16:31; 24:27, 44; Juan 5:46-47; 7:19, 23
- f. Ipinahayag ni Pablo si Moises bilang may-akda:
- (1) Roma 10:19 - Deuteronomio 32:21
 - (2) I Corinto 9:9 - Deuteronomio 25:4
 - (3) Galacia 3:10 - Deuteronomio 27:26
- g. Ipinahayag ni Perdro si Moises bilang may-akda sa kanyang pangangaral sa Pentecost - Mga Gawa 3:22
- h. Ang may-akda ng Hebro ay ipinapahayag si Moises bilang may-akda - Hebreo 10:28; Deuteronomio 17:2-6

B. Makabagong Pag-aaral

1. Marami sa mga ika-18 at ika-19 na siglong teologo, na sumusunod sa teoriyang Graf-Wellhausen ng maraming pagkamay-akda (JEDP), ay nagpapahayag na ang Deuteronomio ay isinulat ng isang saserdote/propeta sa panahon ng paghahari ni Josiah sa Judah upang itaguyod ang kanyang espirital na pagbabago (reporma). Ito ay nangangahulugang ang aklat ay isinulat sa pangalan ni Moises noong 621 B.C.
 2. Binatay nila ito sa:
 - a. II Hari 22:8; II Cronica 34:14-15, “Natagpuan ko ang aklat ng kautusan sa tahanan ng PANGINOON”
 - b. Tinalakay ng kabanata 12 ang isang lugar para sa Tabernakulo at ang sumunod na Templo
 - c. Tinalakay ng kabanata 17 ang isang sumunod na hari
 - d. Ang katotohanan na ang pagsulat ng isang aklat sa pangalan ng isang sikat na tao mula sa nakalipas ay karaniwan sa sinaunang Near East at mga kapisanan ng Hudyo
 - e. Ang mga pagkakatulad ng pamamaraan, talasalitaan at gramatika sa pagitan ng Deuteronomio at Joshua, Mga Hari at Jeremias
 - f. Itinala ng Deuteronomio ang kamatayan ni Moises (kabanata 34)
 - g. Maliwanag na mga sumunod na pang-editorial na pagdaragdag sa Pentateuch:
 - (1) Deuteronomio 3:14
 - (2) Deuteronomio 34:6
 - h. Ang minsang di-maipaliwanag na pag-iiba s paggamit ng mga pangalan ng pagka-Diyos: El, El Shaddai, Elohim, YHWH, sa tila nagkakaisang konteksto at mga yugto sa kasaysayan.
- C. May ilang maliwanag na mga pang-editorial na pagdaragdag. Ang mga Hudyong manunulat ay sinanay sa Ehipto kung saan palaging pinapabago ang mga sinaunang teksto. Ang mga manunulat sa Mesopotamia ay nag-aatubiling magdagdag ng materyal.
- Ilang halimbawa sa Deuteronomio ay:
1. 27:3,8
 2. 28:58
 3. 29:21,29
 4. 30:10,19
 5. 31:24

VI. PETA

- A. Kung sinulat ni Moises, may dalawa pa ring posibilidad sa panahon at haba ng Exodo mula

sa Ehipto:

1. Kung ang I Hari 6:1 ay kinuha ng literal, samakatuwid noong 1445 B.C. (ika-18 na dinastiya nina Thutmose III at Amenhotep II):
 - a. LXX ay may 440 na taon sa halip na 480 na taon
 - b. Ang bilang na ito ay maaaring tumukoy ng mga salinglahi hindi mga taon (simboliko)
2. Ang mga katunayan sa arkeolohiya noong 1290 B.C. para sa Exodo (ika-19 na dinastiya):
 - a. Nilipat ni Seti I (1390-1290) ang kapitolyo ng Ehipto mula sa Thebes hangang sa dako ng delta - Zoan/Tanis.
 - b. Rameses II (1290-1224):
 - (1) Ang kanyang pangalan ay makikita sa isang lungsod na itinayo ng mga Hebreong alipin (cf. Gen. 47:11; Exodo1:11)
 - (2) Siya ay may 47 anak na babae
 - (3) Hindi siya pinalitan ng kanyang pangana na anak
 - c. Ang lahat ng mga pangunahing napaderang lungsod ng Palestina ay nawasak at mabilis na muling naitayo noong 1250 B.C.

B. Ang teoriya ng Makabagong Pag-aaral sa maraming pagkamay-akda:

1. J (YHWH) 950 B.C.
2. E (Elohim) 850 B.C.
3. JE (pinagsama) 750 B.C.
4. D (Deuteronomio) 621 B.C.
5. P (mga saserdote) 400 B.C.

VI. ANG MGA PINANGGALINGAN SA PAGPAPATUNAY NG PANGKASAYSAYANG KALALAGAYAN

- A. Ang kasunduan ng mga Hittites ng pangalawang libong-taon B.C. ay nag-aalok sa ating ng isang sinauna, napapanahong pangkasaysayang pagkakatulad sa kayarian ng Deuteronomio (gayundin sa Exodo-Levitico at Joshua 24). Ang tularan ng kasunduan ay nagbago ng unang libong-taon B.C. Ito ang nagbibigay sa atin ng katibatan sa pagiging makasaysayan ng Deuteronomio. Para sa karagdagang pagbabasa sa bagahing ito, tingan si G. E. Mendenhall's *Law and Covenants in Israel and the Ancient Near East* at M. G. Kline, *Treaty of the Great King*.
- B. Ang tularan ng Hittite at kanyang pagkakatulad sa Deuteronomio:
 1. Pambungad (Deuteronomio 1:1-5, panimula sa tagapagsalita, YHWH)
 2. Ang pagbabalik tanaw sa mga ginawa ng Hari sa nakalipas (Deuteronomio 1:6-4:49, Ang mga nakalipas pagkilos ng Diyos sa Israel)
 3. Mga pang-kasunduang salita (Deuteronomio 5-26):
 - a. Pangkalahatan (Deuteronomio 5-11)
 - b. Partikular (Deuteronomio 12-26)
 4. Ang mga bunga ng kasunduan (Deuteronomio 27-29):
 - a. Mga pakinabang (Deuteronomio 28)
 - b. Mga kahihinatnan (Deuteronomio 27)
 5. Ang patoto ng pagka-Diyos (Deuteronomio 30:19; 31:19, gayundin ang 32, Ang awit ni Moises ay gumaganap bilang isang nagpapatotoo):
 - a. Isang kopya ng Kasunduan ay inilagay sa templo ng pagka-Diyos
 - b. Isang kopya ng Kasunduan ay itinago sa templo ng nasasakupan upang basahin

- kada taon
- c. Ang pagiging natatangi ng mga kasunduan ng Hittite na sumunod sa mga kasunduan Assyria at Syria ay:
 - (1) Ang pangkasaysayang pagbabalik tanaw sa mga ginawa ng hari sa nakalipas
 - (2) Ang bahagi ng pagsumpa ay kakaunti ang pagbigkas
 - C. Ang tularan ng kasunduan ng Hittite ay bahagyang nabago (tinggal ang isang bagay) sa unang libong-taon B.C. Ang anyo ng Deuteronomio ay umaakmang pinakamainam sa panahon nina Moises at Joshua!
 - D. Para sa mabuting pagtalakay ng mga kasunduang ito ng mga Hittite tingnan si K. A. Kitchen, *Ancient Orient and Old Testament*, pp. 99-102.

VIII. ANG MGA PAMPANITIKANG YUNIT (konteksto)

- A. Ang Panimula sa Aklat, 1:1-5
- B. Unang Pangangaral (Sermon), 1:6-4:43 (Ang mga pagkilos sa nakalipas ni YHWH para sa kasalukuyan)
- C. Pangalawang Pangangaral (Sermon), 4:44-26:19 (ang kautusan ni YHWH sa kasalukuyan at sa lahat ng mga araw)
 1. Pangkalahatan – ang Sampung Utos (5-11)
 2. Mga partikular na halimbawa at mga pag-aangkop (12-26)
- D. Pangatlong Pangangaral (Sermon), 27-30 (ang kautusan ni YHWH sa hinaharap 27-29)
 1. Mga pagsusumpa (27)
 2. Mga pagpapala (28)
 3. Pagpapanibago ng Kasunduan (29-30)
- E. Ang mga huling salita ni Moises, 31-33
 1. “Paalam” na pangangaral, 31:1-29
 2. Ang awit ni Moises, 31:30-32:52
 3. Ang mga pagpapalat ni Moises 33:1-29
- F. Kamatayan ni Moises, 34

X. MGA PINAKAMAHALAGANG KATOTOHANAN

- A. Huling mga paghahanda bago pumasok sa Lupaing Pinangako. Ang Kasunduan ng Diyos kay Abraham (Genesis 15) ay natupad!
- B. Ang Genesis 12:1-3 ay ipinangako ang isang lupain at isang binhi. Ang pagtuon ng OT ay sa lupain; ang NT ay tutuon sa “binhi” (cf. Galacia 3).
- C. Hinahanda ni Moises ang mga tao para sa isang palagiang agrikultural na buhay laban sa isang lagalag na buhay. Kanyang inangkop ang Kasunduan sa Sinai para sa Lupaing Ipinangako. Sa isang kaunawaan, ang Deuteronomio ay ang Saligang Batas ng Israel.

- D. Ang aklat ay nagbibigay-diin sa katapatan ng Diyos sa nakalipas, sa kasalukuya, at sa hinaharap. Ang kasunduan, gayunman, ay may pasubali (kondisyon) ! Ang Israel ay kailangang tumugon at magpatuloy sa pananampalataya, pagsisisi ng kasalanan at pagsunod. respond at continue in faith, repentance at obedience. Kung hindi, ang mga sumpa ng mga kabanata 27-29 ay magiging isang katotohanan. Si Moises ay isang pinakamahusay na halimbawa ng pag-ibig at katarungan ng Diyos! Kahit na ang natatanging pinuno ng Diyos ay may pananagutan sa pagsunod. Ang di-pagsunod ay may kaakibat na mga kahihinatnan!

DEUTERONOMIO 1

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|--|--|---|
| Ang Nakaraang Utos na Pumasok sa Canaan | Pangkasaysayang Pagbabalik-aral (1:1-3:29) | Panimula | Ang Unang Pagtalakay ni Moises (1:1-4:43) Panahon at Lugar |
| 1:1-8 | 1:1-5 | 1:1-5 | 1:1-3 1:4-5 Ang Huling mga Pagtuturo sa Horeb |
| | 1:6-8 | 1:6-8 | 1:6-8 |
| Itinalaga ang mga Pinuno ng Angkan | | Si Moises ay Nagtalaga ng mga Mga Hukom | |
| 1:9-18 | 1:9-18 | 1:9-15 1:16-18 | 1:9-18 |
| Ang Pagtangi ng Israel na Pumasok sa Lupain | | Ang mga Espiya ay Ipinadala mula sa Cades Barnea | Cades: ang mga Israelita ay Nawalan ng Pananampalataya |
| 1:19-25 | 1:19-21 1:22-25 | 1:19-21 1:22 1:23-25 | 1:19-28 |
| 1:26-33 | 1:26-33 | 1:26-28 1:29-33 | 1:29-33 |
| Ang Kaparusahan sa Paghihimagsik ng Israel | | Ang PANGINOON ay Pinarusahan ang Israel | Ang mga Pagtuturo ni Yahweh sa Cades |
| 1:34-40 | 1:34-40 | 1:34-38 1:39-40 | 1:34-40 |
| 1:41-46 | 1:41-45 | 1:41 1:42-45 | 1:41-46 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

*Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa o kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangungusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagkakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orihinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:1-5

¹Ito ang mga salita na sinalita ni Moises sa buong Israel sa dako roon ng Jordan sa ilang, sa Araba na katapat ng Suph, sa pagitan ng Paran, at ng Thopel, at ng Laban, at ng Haseroth, at ng Di-zahab. ²Labing isang araw na *lakbayin* mula sa Horeb kung dadaan ng bundok ng Seir hanggang sa Cades-barnea. ³At nangyari nang ikaapat na pung taon, nang ikalabing isang buwan, nang *unang* araw ng buwan, na nagsalita si Moises sa mga anak ni Israel, tungkol sa lahat na *ibinigay* sa kaniyang utos ng PANGINOON sa kanila; ⁴Pagkatapos na kaniyang masaktan si Sehon na hari ng mga Amorrheo, na tumatahan sa Hesbon, at si Og na hari sa Basan, na tumatahan sa Astarot sa Edrei: ⁵Sa dako roon ng Jordan, sa lupain ng Moab, pinasimulan ni Moises na ipinahayag ang kautusang ito, na sinasabi,

1:1 “Ito ang mga salita” Ito ang Hebreong titulo para sa aklat. Ang Hebreong PANDIWANG “nagsalita” (BDB 180, KB 210, *Piel* GANAP) ay isang KAUGNAY sa PANGNGALANG “mga salita” (BDB 182). Dahil ang aklat mismo ang nagsasabi na ito ay mga salita of Moises, Naniniwala ako na ito ay hindi nagsasama ng posibilidad na ito sa pangkalahatan ay gawa ng isang nahuling patnugot, editor, o tagatala. Tayo ay may tunay na mga salita ni Moises, na sa katotohanan ay mga salita ni YHWH (e.g., 7:4; 11:13-14; 17:3; 29:6). Hindi nito sinasabi na may hindi iilang editoryal na mga karagdagan o naitala ni Moises ang kanyang sariling kamatayan. Ngunit ang karamihan sa mga sangkap teolohiya ay maka-Moises.

Ang mga magkakatulad na parirala ay tila humahati sa Deuteronomio sa mga bahagi:

1. “Ito ang mga salita,” 1:1 (1:1-5, panimula sa unang pangangaral/sermon)
2. “Ito ang kautusan,” 4:44 (4:44-49, panimula sa pangalawang pangangaral/sermon)
3. “Ito ay ang utos,” 6:1
4. “Ito ay mga salita ng kasunduan,” 29:1 (panimula ng pangatlong pangangaral/sermon)
5. “Ito ay pagpapala,” 33:1

Habang ako ay nagbibigay ng puna sa pinagtatalunang isyung ito ng pagkamay-aksda /petsa, hayaan niyos ang ipaliwanag nang malinaw na naniniwala akong ang lahat ng Banal na Kasulatan ay kinasihan (cf. II Timoteo 3:15-17). Ang isyu ang pagkamay-akda at petsa ay mga hermeneutikong isyu, hindi mga isyu nang inspirasyon! Ang Banal na Espiritu ay ang banal na may-akda ng lahat ng kanonikong mga teksto. Ito ba ay pangunang pag-aakala? Walang pagduruda! Ngunit ito ay isang pinagtatalunang pangunang pag-aakala, na kailangang mapagbalik-aralan at mapag-aralan bago ang kahit anong pag-iintindi sa teksot ng Banal na Kasulatan ay magkaroon ng katuturan. Ang mga doktrina of Inspirasyon at Kanonisasyon ay ang kambal na mga haligi kung saan ang isang mapagkakatiwalaang Bibliya ay sumasandig!

▣ **“na sinalita ni Moises”** Mayroong isang malaking bilang ng mga tao na lumisan sa Ehipto kasama si

Moises at ito ay maaring hindi mangyayari sa pisikal na siya ay magsalita sa kanilang lahat sa isang pagkakataon. Maaaring siya ay nagsalita sa mga pinuno at pagkatapos ay inulit nila ito sa mga maliliit na pangkat o ito ay isang pampanitikang pamamaraan ng pagpapakilala ng isang nakasulat na kasulataang document.

▣ **“sa buong Israel”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ISRAEL (ang pangalan)

- I. Ang kahulugan ng pangalan ay di-tiyak (BDB 975).
 - A. Si *El* ay Nanindigan
 - B. Hayaang Manindigan si *El* (JUSSIVE)
 - C. Si *El* ay Nag-iingat
 - D. Hayaang makipaglaban si *El*
 - E. Si *El* ay Nagpunyagi
 - F. Siya na Nagpunyagi kasama ang Diyos (Genesis 32:28)
- II. Mga Pagkagamit sa OT
 - A. Ang pangalan ni Jacob (taga-pamalit, manununggab ng sakong, BDB 784, cf. Genesis 25:26) ay pinalitang pagkatapos na makipagbuno sa isang may espiritwal na katauhan sa ilog ng Jabok (cf. Genesis 32:22-32; Exodo 32:13). Kadalasang ang mga kahulugan ng mga Hebreo pangalan ay paglalaro sa mga tunog, hindi mga etimolohiya (cf. 32:28). Israel ang naging kanyang pangalan (e.g., Genesis 35:10).
 - B. Ito ay ginamit bilang isang pangkalahatang pangalan para sa lahat ng kanyang labingdalawa mga anak (e.g., Genesis 32:32; 49:16; Exodo 1:7; 4:22; 28:11; Deuteronomio 3:18; 10:6).
 - C. Ito ay ginamit sa pagtatalaga ng isang nabuo sa pamamagitan ng labingdalawang angkan bago ang pag-lisan (exodo) (cf. Genesis 47:27; Exodo 4:22; 5:2) at pagkatapos (cf. Deuteronomio 1:1; 18:6; 33:10).
 - D. Pagkatapos ng nagkakaisang kaharian nina Saul, David, at Solomon ang mga angkan ay nahati sa ilalim ni Rehoboam (cf. I Mga Hari 12).
 1. Ang pagkakaiba sa nagsimula kahit na bago pa ang opisyal na pagkakahati (e.g., II Samuel 3:10; 5:5; 20:1; 24:9; I Mga Hari 1:35; 4:20)
 2. Itinalaga sa mga hilagang angkan hanggang sa pagbagsak ng Samaria sa Asyria noong 722 B.C. (cf. II Mga Hari 17).
 - E. Ginamit sa Juda sa ilang mga lugar (e.g., Isaias 1; Mikas 1:15-16).
 - F. Pagkatapos ng pagkatapon sa Asyria at Babilonya, ito ay muling naging panlahat na pangalan para sa lahat ng mga anak ni Jacob (e.g., Isaias 17:7,9; Jeremias 2:4; 50:17,19).
 - G. Ginamit ng mga karaniwang tao na may pagkakaiba (kabaligtaran) mula sa mga saserdote (cf. I Cronika 9:2; Ezra 10:25; Nehemias 11:3).

▣ **“sa dako roon ng Jordan”** Ito ay maaaring mangahulugang “sa rehiyon ng” (BDB 719). Ang susunod na dalawang pangungusap ay napaka-partikular sa geograpikong kinaroroonan ng kampo ng Israel noong ibinigay ni Moises sa kanila ang kapahayagang ito. Ito ay naging kataga para sa (1) sa lugar na silangan ng Jordan (cf. Mga Bilang 35:14; Deuteronomio 1:1,5; 4:41,46,47,49) at (2) ang kanlurang bahagi (cf. Deuteronomio 3:20,25; 11:30; 9:1). Ito ay nangangailangan ng karagdangang pariral upang bigyang-linaw sa kung anong panig ng ilog at pinatutungkulan (cf. R. K Harrison, *Introduction to the Old Testament*, pp. 636-638).

▣ **“sa ilang”** Hindi ito disyerto ngunit isang walang nakatirang damuhan (BDB 184).

▣ **“sa Araba”** Sa literal, ito ay “tigang na kapatagan” (BDB 787). Ito ay tumutukoy sa Lambak ng

Jordan (i.e., the Great Rift Valley) na galing mula sa Dagat ng Galilea papuntang Golpo ng Aqaba (sa katunayan ay mula sa Turkiya hanggang sa Mozambique). Kung sa gayon, ito ay tumutukoy to sa bahagi ng kapwa sa timog (makabagong pagkagamit) at sa hilaga ng Dagat na Patay at hindi tayo tiyak kung anong bahagi ito nangangahulugan. Ito ay maaaring tumukoy sa silangang pampang ng Jordan (cf. 3:17; 4:49) o ang kanlurang pampang (cf. 11:30). Ang talata 1 ay isang buod ng paglalakbay ng mga Israelita mula sa Ehipto hanggang Sinai.

▣ **“Suph”** Sa literal (Ehipsyong salita sa pagkakautang) ito ay “mga tambo” (BDB 693). Ito ay maaaring tumukoy sa alinman sa mga halamang tubig alat (cf. Jonas 2:5) o mas karaniwang mga halamang tubig tabang (cf. Exodo 2:5). Dito, ito ay maaaring maisalin bilang “pook ng mga tambo” o ang lungsod ng Suph at maaaring maiugnay sa v. 40 (i.e., ang Dagat na Pula sa literal, ay “dagat ng mga tambo”).

▣ **“Paran”** Ang salitang “paran” (BDB 803) ay maaaring tumukoy sa isang ilang na lugar na nasa hilaga ng ilang ng Sinai, ngunit sa timog ng ilang ng Judea (cf. Mga Bilang 13:3,26). Ang oasis ng Cades-Barnea ay matatagpuan sa ilang na pook na ito. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:1.

Gayunman, sa talatang ito, ang Paran ay tila hindi isang kilalang lugar (maaaring isang lungsod) sa silangang panig ng Jordan.

▣ **“Thopel”** Ang salita ay nangangahulugang “karburong pampinta” (BDB 1074). Ito ay hindi kilalang lugar, ngunit ito ay tila nasa silangang panig ng Jordan sa nasasakupan ng Moab.

▣ **“Laban”** Ang salita ay nangangahulugang “puti” (BDB 526 III). Ito ay hindi kilalang lugar. Ang ilang mga pantas ay inilagay ito sa dadaanan (ruta) mula sa Sinai patungong Moab (cf. Libnah of Mga Bilang 33:20-21), habang ang iba ay ginagawa itong isang lungsod o nayon sa silangang panig ng Jordan sa Moab.

▣ **“Haseroth”** Ito ay ang pangalan ng lugar (BDB 348) na nagdulot sa mga nag-aaral na na ipahayag na ang mga lugar na nabanggit pagkatapos ng “Araba” ay ang mga kinaroroonan ng kampo ng Israel sa pagitan ng Bundok Sinai at mga kapatagan ng Moab (cf. 1:2). Kung ganito, ang Laban ay magiging Libnah (cf. Mga Bilang 33:20-21) at Haseroth ay maaaring tumukoy sa Mga Bilang 33:17-18. Ito ang pook na kung saan sina Aaron at Miriam ay nagbulung-bulongan laban sa pamumuno ni Moises o ang kanyang pagpapakasal kay Keturah (cf. Mga Bilang 12).

▣ **“Dizahab”** Ang pangalang ito (isang pagsasama ng Aramaikong “sa lugar ng” at Hebreong “ginto”) ay nangangahulugang “sa lugar ng ginto” (BDB 191). Ang mga rabi ay inuugnay ito sa pagbibigay ng mga Ehipsyo sa mga Hudyo ng sila ay umalis sa Ehipto (cf. Exodo 3:22; 11:2; 12:35), ngunit sa konteksto, ito ay isang pangalang ng lugar. Ang pook na ito ay di-kilala. Ito ay alinman sa (1) silangang panig ng Jordan sa Moab at samakatuwid ay malapit sa ibang mga lugar na nabanggit o (2) sa ruta mula sa Bundok Sinai papuntang Moab.

1:2 “Labing isang araw na lakbayin mula sa Horeb...Cades-barnea” Ang talatang ito ay maaaring isang buod ng pagkilos ng Israel mula sa Bundok ng Horeb/Sinai papunta sa oasis sa Cades, ngunit kung ganito nga, ito ay hindi aakma nang mabuti sa pagitan ng vv. 1 at 3. Ito ay maaaring isinama upang ipakita ang paglalakbay na dapat tumagal lamang ng labing-isang araw, ngunit dahil sa kanilang dipananampalataya, tumagal ito ang isayng salin-sali (mahigit 38 na tayo). Ang labing-isang araw na paglalakbay na ito ay tila nagpapatunay na ang pook ng Bundok ng Horeb/Sinai bilang nasa katimugang dulo ng Sinai Peninsula.

Pansinin na ang lugar ng pagkakaloob ng kautusan ay tinawag na “Horeb.” Ang Horeb ay isang Hebreong salita for “walang halaga” o “mapanglaw” (BDB 352, KB 349). Ang Sinai (BDB 696) ay isang

di-Hebreong salita, at sila ay tila tumutukoy sa lugar na kung saan dinala ni Moises ang Israel upang makita si YHWH (e.g., Horeb, Exodo 3:1; Deuteronomio 1:6,19; 4:10,15; 5:12 at Sinai Exodo 19; Levitico 7:38; 25:1; 26:46; 27:34; Mga Bilang 1:1,9; 3:1,4,14; 9:1,5).

Bakit ang pangalang “Horeb” ay lubhang madalas gamiting sa Deuteronomio at “Sinai” lubhang madala sa Exodo ay di-kilala. Mayroong pampanitikang pagkakaiba sa mga sulat ng Moises. Ito ay maaaring tumukoy sa:

1. Mga tradisyong pasalita na naitala ng mga magkakaibang sumusulat
2. Si Moises ay gumagamit ng magkakaibang manunulat
3. Mga pagbabago ng mga nahuling manunulat para sa di-nalalamang kadahilanan
4. Pampanitikang pagkakaiba.

NATATANGING PAKSA: KINARORONAN NG BUNDOK SINAI

- A. Kung Moises ay nagsasalita nang literal at hindi paglalarawan lamang ng tatlong araw na paglalakbay na kanyang hiniling sa Faraon (3:18; 5:3; 8:27), ito ay hindi sapat na panahon upang makarating sa kinaugaliang lugar sa katimugang peninsula ng Sinai. Samakatuwid, ang ilang mga dalubhasa ay inilagay ang lugar ng bundok malapit sa oasis ng Cades-Barnea.
- B. Ang tradisyonal na lugar na tinatawag na “Jebel Musa,” sa Ilang ng Kasalanan, ay may maraming mga bagay na sa kanyang panig:
 1. Mayroong isang malaking kapatagan bago ang bundok.
 2. Ang Deuteronomio 1:2 ay nagsasabing ito ay isang labing-isang araw na paglalakbay mula Bundok Sinai patungong Cades-Barnea.
 3. Ang salitang “Sinai” ay isang di-Hebreong salita. Ito ay maaaring mainugnay sa Ilang ng Kasalanan, na tumutukoy sa isang maliit na palumpong sa disyerto. Ang Hebreong pangalan para sa bundok ay Horeb (ilang).
 4. Bundok Sinai ay naging kinaugaliang lugar mula pa noong ika-4 na siglo A.D. Ito ay nasa “lupain ng Midian” na kinabibilangang ng isang malaking sukat sa Sinai peninsula at Arabia.
 5. Tila napatunayan ng arkeolohiya ang lugar ng ilang mga lungsod na nabanggit sa tala ng Exodo (*Elim, Dophkah, Rephidim*) bilang sa kanlurang panig ng Sinai Peninsula.
- C. Ang kinaugaliang lugar ng Bundok Sinai hindi pa napatunayan hanggang ang *Pilgrimage of Silvia*, ay naisulat noong A.D. 385-8 (cf. F. F. Bruce, *Commentary on the Book of the Acts*, p. 151).

▣ **“bundok ng Seir”** BDB 973 ay sinasabing ang salitang “Seir” ay nangangahulugang (1) kambing; (2) mabuhok; (3) mabalahibo tulad ng mga puno na puno ng kahoy; habang ang KB 1989 ay nagpapahayag na ang kahulugan ay “mabuhok.”

Sa OT ang salitang ito ay inuugnay sa Edom (cf. Genesis 14:6; 36:20-21,30; Deuteronomio 1:2,44; 2:1,4-5; 33:2). Ito ay kadalasang itinatangi bilang isang bundok (cf. Genesis 14:6; 36:8-9; Deuteronomio 2:1). Samakatuwid, sa orihinal, ito ay isang Horitong bulubunduking lugar na idinugtong sa Edom.

▣ **“Cades-barnea”** Ito ay isang malaking oasis sa hangganan ng Edom (cf. Mga Bilang 20:16), halos 50 milya sa timog ng Beerseba, na may apat na natural na mga batis. Ang pangalan nito ay dalawang mga sangkap. Ang una ay mula sa Hebreo para sa “banal” (BDB 873). Ang pangalawang ay di-kilala. Ito ay naging sentro na kanilang paglalakbay sa ilang (cf. Mga Bilang 13-14).

1:3 “ikaapat na pung taon” Ito lamang ang petsa sa Deuteronomio. “Apatnapu” (BDB 917) ay ginagamit nang lubhang madalas sa Bibliya na ito ay tila tumutukoy sa isang mahabang, walang katiyakang yugto ng panahon. Ang aktwal na pangyayari ay tila 38 taon (mula sa Sinai patungo sa mga kapatagan ng Moab).

▣ **“ang ikalabing isang buwan, nang unang araw ng buwan”** Ang may-akda ay gumagawa ng bawat pagsisikap na matagpuan ang lugar at panahon ng mga salita sa Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa sa

ibaba.

NATATANGING PAKSA: SINAUNANG KALENDARYO NG NEAR EAST

| Canaanito (I Mga Hari 6:1,37-38; 8:2) | Sumerian-Babylonian (Kalendaryong Nippur) | Hebreo (Kalendaryong Geezer) | Mga Makabagong Katumbas |
|--|--|---------------------------------|-------------------------|
| Abib (“mga luntiang ulo” ng barley) | Nisanu | Nisan | Marso-Abril |
| Zin (kangingningan ng tagsibol) | Ayaru | Iyyar | Abril-Mayo |
| | Simanu | Sivan | Mayo-Hunyo |
| | Du-uzu | Tammuz | Hunyo-Hulyo |
| | Abu | Ab | Hulyo-Agusto |
| | Ululu | Elul | Agusto-Setyembre |
| Ethanim (palagiang pinanggagali-ngan ng tubig) | Teshritu | Tishri | Setyembre-Oktubre |
| Bul (mga ulan na ginagawa) | Arah-samna | Marcheshvan | Oktubre-Nobyembre |
| | Kislimu | Chislev | Nobyembre-Disyembre |
| | Tebitu | Tebeth | Disyembre-Enero |
| | Shabatu | Shebat | Enero-Pebrero |
| | Adaru | Adar | Pebrero-Marso |

■ **“nagsalita si Moises sa mga anak ni Israel, tungkol sa lahat na ibinigay sa kaniyang utos ng PANGINOON sa kanila”** Ang Diyos ay ang may-akda; si Moises ay ang daluyan, ngunit ang lahat ng mga kautusang ito ay nagmula kay Yahweh na gumawa ng kasunduan.

Mayroong maraming pagkakaiba sa mga pangalan para sa pagka-Diyos sa mga sulat ni Moises.

Ang sumusunod ay isang halimbawa mula sa Deuteronomio 1-4.

1. Ang PANGINOON (YHWH), 1:3,8,27,34,37,41,42,43,45; 2:12,14,15,17,21,31; 3:2,20,21,26 (dalawang beses); 4:12,14,15,21,27
2. Ang PANGINOON (YHWH) nating Diyos (*Elohim*), 1:1,19,20,25,41; 2:29,36,37; 3:3; 4:7
3. Ang PANGINOON (YHWH) mong Diyos (*Elohim*), 1:10,21,26,30,31,32; 2:7 (dalawang beses), 30; 3:18,20,21,22; 4:2,3,4,10,19,21,23 (dalawang beses),24,25,29,30,31,34,40
4. Ang PANGINOON (YHWH), ang Diyos (*Elohim*) ng iyong mga ninuno, 1:11,21; 4:1
5. Diyos (*Elohim*), 1:17; 2:33; 4:24 (mapanibughong Diyos), 31(mahabaging Diyos), 32,33
6. PANGINOON (*Adon*) Diyos (YHWH), 3:24
7. PANGINOON (YHWH), aking Diyos (*Elohim*), 4:5
8. PANGINOON (YHWH), Siya ay Diyos (*Elohim*), 4:35,39

May maraming mga haka-haka patungkol ganitong pagkakaiba:

1. Maraming mga may-akda
2. Maraming mga taga-sulat
3. Mga pagkakaiba sa teolohiya
4. Mga pagkakaiba sa panitikan

Ang mga pantas sa OT ay kailangang tanggapin na ang pagkamay-akda, pagtatala, pamamatnugot at gawaing pagsulat na nauugnay sa mga Kanonikong aklat ng OT ay isang hiwaga. Kailangan nating magingat na huwat hayaan ng ating kanluraning pampanitikang teoriya o ating mga paunang teolohikong pagpapalagay ang magdikta ng isa at isa lamang na interpretasyon o pagpapakahulugan. Ang hiwaga ay nangangahulugang hiwaga.

NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKA-DIYOS

A. *El* (BDB 42, KB 48)

1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na sinaunang salita para sa pagka-Diyos ay di-tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akadyanong salitang-ugat na, “maging malakas” o “maging makapangyarihan” (cf. Genesis 17:1; Mga Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Mga Awit 50:1).
2. Sa Cananeong panteon ang mataas na diyos ay *El* (Ras Shamrang mga teksto)
3. Sa Bibliya, ang *El* ay hindi kadalasang tinatambal sa ibang mga salita. Ang mga pagsasamang ito naging paraan upang makilala ang Diyos.
 - a. *El-Elyon* (Diyos na Kataas-taasan, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
 - b. *El-Roi* (“Diyos na nakakakita” o “Diyos na ipinahayag ang Sarili,” BDB 42 & 909), Genesis 16:13
 - c. *El-Shaddai* (“Diyos na Makapangyarian” o “Diyos ng Lahat ng Pagkahabag” o “Diyos ng bundok,” BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
 - d. *El-Olam* (ang walang-hanggang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay maiuugnay sa teolohiya sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
 - e. *El-Berit* (“Diyos ng Kasuduan,” BDB 42 & 136), Mga Hukom 9:46
4. Ang *El* ay itinutumbas sa
 - a. YHWH sa Mga Awit 85:8; Isaias 42:5
 - b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, “Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama”
 - c. *Shaddai* sa Genesis 49:25
 - d. “panibugho” sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
 - e. “kahabagan” sa Deuteronomio 4:31; Nehemias 9:31;
 - f. “dakila at kamangha-mangha” in Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemias 1:5; 9:32; Daniel 9:4
 - g. “kaalaman” sa I Samuel 2:3
 - h. “ang aking matibay na kanlungan” sa II Samuel 22:33
 - i. “ang aking taga-paghiganti” sa II Samuel 22:48
 - j. “ang nag-iisang banal” sa Isaias 5:16
 - k. “lakas” sa Isaias 10:21
 - l. “ang aking kaligtasan” sa Isaias 12:2
 - m. “dakila at makapangyarihan” sa Jeremias 32:18
 - n. “pagganti” sa Jeremias 51:56
5. Isang pagsasama ng lahat ng pangunahing mga pangalan sa OT para sa Diyos ay matatagpuan sa Josue 22:22 (*El*, *Elohim*, *YHWH*, inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)

1. Ang panimulang kahulugan nito ay “mataas,” “itinaas,” o “pinatayog pataas” (cf. Genesis 40:17; I Mga Hari 9:8; II Mga Hari 18:17; Nehemias 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Mga Awit 18:13).
2. Ito ay na ginamit sa isang magkatulad na kaunawaan sa maraming ibang pangalan/titulo ng Diyos.
 - a. *Elohim* – Mga Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
 - b. *YHWH* – Genesis 14:22; II am. 22:14
 - c. *El-Shaddai* – Mga Awit 91:1,9
 - d. *El* – Mga Bilang 24:16
 - e. *Elah* – kadalasang ginagamit sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, na inuugnay sa *illair* (Aramaiko para sa “Mataas na Diyos”) sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21
3. Ito ay kadalasang ginagamit ng mga hindi Israelita.
 - a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
 - b. Balaam, Mga Bilang 24:16

- c. Moises, na nagsasalita patungkol sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
- d. Ang Ebanghelyo ni Lucas sa NT, na sumusulat sa mga Hentil, ay gumagamit din ng Griyegong katumbas na *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Mga Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), na ginamit primarily in poetry (BDB 43, KB 52)

1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Lumang Tipan.
2. Ang salitang ito ay maaaring tumukoy sa Diyos of Israel o sa mga diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Sa pamilya ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Josue 24:2).
3. Ito maaaring tumukoy sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Mga Awit 82:6).
4. Ang salitang *elohim* ay ginamit din sa ibang mga espiritwal na nilalang (mga anghel, ang mga demonyo) gaya sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Mga Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.
5. Sa Bibliya ito ang unang titulo/pangalan para sa pagkaDiyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay pansariling ginamit hanggang sa Genesis 2:4, na kung saan ito ay isinama sa YHWH. Ito ay pangunahing (teolohikal) na tumutukoy sa Diyos bilang manlilikha, tagapag-alalay, at tagapagtustos sa lahat ng buhay sa mundtong ito (cf. Mga Awit 104).

Ito ay kasingkahulugan sa *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito ay maaring kahanay sa YHWH gaya ng sa Mga Awit 14 (*Elohim*) ay saktong kagaya ng sa Mga Awit 53 (YHWH), maliban sa pagababago sa mga banal na pangalan.

6. Bagaman PANGMARAMIHAN at ginamit sa ibang mga diyos, ang salitang ito ay kadalasang itinatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit kadalasan itong may PANG-ISAHAN PANDIWA upang ipakilala ang monoteistikong paggamit.
7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga hindi Israelita bilang pangalan ng diyos.
 - a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
 - b. Balaam, Mga Bilang 24:2
 - c. Moises, nang nakipagusap sa mga bansa, Deuteronomio 32:8
8. Ito ay kataka-taka na ang pangkaraniwang pangalan para sa nag-iisang Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Kahit ito ay walang katiyakan, narito ang mga teoriya.
 - a. Ang Hebreo ay may maraming MGA PANGMARAMIHAN, na kadalasang ginamit sa pagbibigay-diin. Ang malapit na may kaugnayan dito ay ang huling Hebreong pang-gramatikong katangian na tinatawag na “ang pangmaramihan ng maharlika,” na kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginamit upang palakihin ang isang konsepto.
 - b. Ito ay maaring tumutukoy sa konseho ng mga anghel, na siyang kinakatagpo ng Diyos sa langit at siyang Kanyang pinananahanan (cf. I Mga Hari 22:19-23; Job 1:6; Mga Awit 82:1; 89:5,7).
 - c. Ito ay maari rin na nagpapakita ng NT na kapayahagan ng isang Diyos sa tatlong mga persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; sa Genesis 1:2 ang Espiritu ay umaakay, at mula sa NT si Hesus ay Diyos ang kinatawan ng Ama sa paglilikha (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ang pangalan na ipinapaliwanag ang pagka-Diyos bilang Diyos na gumagawa ng kasunduan; ang Diyos bilang taga-pagligtas, manunubos! Linabag ng sangkatauhan ang mga kasunduan, ngunit ang Diyos ay tapat sa Kanyang salita, pangako, kasunduan (cf. Mga Awit 103).

Ang pangalan na ito ay unang binanggit sa pagsasama ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Mayroon hindi dalawang pagtala ng paglalang sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagdidiin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng sanlibutan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang natatanging manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay nagsimula sa natatanging kapahayagan patungkol sa isang mahalagang kalalagayan at layunin ng tao, gayundin ang suliranin ng kasalanan at rebelyon na sinamahan ng naiibang kalagayan.

2. Sa Genesis 4:26 sinabi na “ang tao ay nagsimulang tumawag sa pangalang ng Panginoon” (YHWH). Gayunman, sa Exodo 6:3 nagpapahiwatig ng maagang tipanan tao (ang mga Patriarka at ang kanilang

mga pamilya) ay kilala lamang ang Diyos bilang isang *El-Shaddai*. Ang pangalang YHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang beses sa Exodo 3:13-16, esp. v. 14. Gayunman, ang mga kasulatan ni Moses ay madalas nagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng popular na paglalaro ng salita, hindi ang pinagmulan ng salita (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong ilang mga teorya patungkol sa kahulugan ng salitang ito (kinuha mula sa IDB, tomo 2, pp. 409-11).

- a. mula sa isang Arabikong salitang-ugat na, “maipakita ang maalab na pag-ibig”
 - b. mula sa isang Arabikong salitang-ugat na “ihipan” (YHWH bilang Diyos ng unos)
 - c. mula sa isang Ugartong (Cananeo) salitang-ugat na “magsalita”
 - d. sumusunod sa isang Phoenikong tatak, isang KAUSATIBONG PANDIWARI ang kahulugan ay ang Nag-iisang nagpapanatili,” o “ang Nag-iisang nagtatatag”
 - e. mula sa Hebreong *Qal* na anyo na “ang Isang siya,” o “ang Nag-iisang na pangkasalukuyan” (sa panghinaharap na kahulugan, “ang Nag-iisa na magiging”)
 - f. mula sa Hebreong *Hiphil* na anyo “ang Isang nagduduloy na maging”
 - g. mula sa Hebreong ugat “ang mabuhay” (e.g., Genesis 3:20), na ang ibig sabihin ay “ang nananatiling buha magpakailanman, o “ang Nag-iisang buhay kailanman”
 - h. mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro sa DI-GANAP na anyo na ginamit sa GANAP na pakahulugan, “Ako ay mananatili sa kung ano Ako” o “Ako ay mananatili sa kung ano meron Ako sa simula pa lang” (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Old Testament*, p. 67). Ang buong pangalan na YHWH ay madalas na ipinapakita sa pagdadaglat o posible ay isang orihinal na anyo.
 - (1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Mga Awit 89:9; 104:35)
 - (2) *Yahu* (“iah” ang pagwakas ng mga pangalan, e.g., Isaias)
 - (3) *Yo* (“Jo” ang simula ng mga pangalan, e.g., Josue o Joel)
3. Sa huling mga Judaismo ang tipanang pangalan na ito ay naging napakabanal (ang tetragrammaton) na ang Hudyo ay natatakot na sabihin sa kadahilanang sila ay makalalabag sa kautusan ng. 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa “may-ari,” “pinuno,” “asawa,” “panginoon”—adon o adonai (aking panginoon). Kung lalapit sila kay YHWH sa kanilang pagbabasa ng OT na maga teksto sinasalita nila ang “panginoon.” Ito ang dahilan kung bakit ang YHWH ay naisulat sa Panginoon sa Ingles na mga salin.
4. As with *El*, ang YHWH ay madalas na isanasama sa ibang mga salita upang magbigay-diin sa ilang mga katangian ng Diyos ng Tipan ng Israel. Habang mayroon namang maraming maaaring pagsasama ng mga salita, narito ang mga ilan.
- a. *YHWH - Yireh* (si YHWH ang maglalaan, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
 - b. *YHWH - Rophekha* (si YHWH ang iyong manggagamot, BDB 217 & 950, *Qal* PANDIWARI), Exodo 15:26
 - c. *YHWH - Nissi* (si YHWH ay aking watawat, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
 - d. *YHWH - Meqaddishkem* (si YHWH ang Isang nagpapaging-banal sa iyo, BDB 217 & 872, *Piel* PANDIWARI), Exodo 31:13
 - e. *YHWH - Shalom* (si YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Mga Hukom 6:24
 - f. *YHWH - Sabaoth* (si YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; kadalasan sa mga propeta
 - g. *YHWH - Ro'I* (si YHWH ang aking pastol, BDB 217 & 944, *Qal* PANDIWARI), Mga Awit 23:1
 - h. *YHWH - Sidqenu* (si YHWH ang aking katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
 - i. *YHWH - Shammah* (si YHWH ay nandito, BDB 217 & 1027), Ezekiel 48:35

1:4

NASB, NRSV
NKJV

“Pagkatapos na kaniyang masaktan”
“Pagkatapos na kaniyang patayin”

TEV “pagkatapos matalo ng PANGINOON”
NJB “Natalo Niya”

Ang PANDIWA (BDB 645, KB 697, *Hiphil PAWATAS*) ay nanganganhulugang “usigin” at ang teolohikong pagpapahiwatig ay ito si YHWH. Siya ang unang sanhi at isa lamang na pinagmulan!

▣ “**Sehon**” Si Sehon (BDB 695) ay ang Amorrheong hari na isang rehiyon na sususnod sa Og, hari ng Bashan, sa silangang panig ng Jordan. Si Moises ay inutusan ng Diyos (cf. 2:4-9) na huwag lusubin ang mga kamag-anak ng Hudyo sa Moab at Edom (ang inanak ni Lot sa pamamagitan ng kanyang sariling mga anak na babae, cf. Genesis 19:30-38). Ang tanging ibang ruta sa Jordan ay sa kaharian ng Sehon. Ang punong lungsod ng Heshbon ay ang unang pangunahing lungsod na sinakop ng hukbo ng Israel (cf. 2:26-37; Mga Bilang 21:21-32).

▣ “**Og**” Si Og (BDB 728) ay hari sa rehiyon na tinatawag na Bashan, na mayroong dalawang mga malalaking lungsod (cf. Josue 12:4) at maraming mga nayon (cf. 3:1-10). Siya ay tila isa sa mga Refaim (mga dambulahata, cf. 3:11) na naninirahan sa Canaan (cf. 2:20; Josh 12:4). Sila ay mga galing sa mga higanting ito (cf. 2:11) at Hebron na nagdulot sa Israel na tanggihan ang mga ulat ng dalawang matatapat na espiya (cf. Mga Bilang 13:22).

NATATANGING PAKSA: PETA NG EXODO

- A. Mayroong dalawang pangdalubhasang mga pananaw sa petsa ng Exodo:
1. Mula sa I Mga Hari 6:1, na nagsasabing, “480 na taon mula sa Exodo hanggang sa pagtatayo ng Templo ni Solomon”
 - a. Nagsimula si Solomon na mamuno noong 970 B.C. Ito ay nakuha sa pamamagitan ng paggamit sa labanan sa *Qarqar* (853 B.C.) bilang isang tiyak na panimulang petsa.
 - b. Ang Templo ay naitayo sa kanyang ikaapat na taon (965 B.C.), at ang Exodo ay nangyari noong 1445/6 B.C.
 2. Ito ay maaaring nangyari noong ika-18 Dinastiya ng Ehipto.
 - a. Ang Faraon ng kalupitan ay maaaring si *Thutmose III* (1490-1436 B.C.).
 - b. Ang Faraon ng Exodo ay maaaring si *Amenhotep II* (1436-1407 B.C.).
 - (1) Ang ilan ay naniniwala na ang katibayan na mula sa Jericho ay batay sa katotohanan na walang pang-diplomatikong pagsusulat ang naganap sa pagitan ng Jericho at Ehipto sa panahon ng pamumuno ni *Amenhotep III* (1413-1377 B.C.).
 - (2) Ang mga *Amarnang* teksto ay nagtala ng mga pang-diplomatikong pagsusulat sa ostraca patungkol sa *Habiru* na namiminsala sa lupain ng Canaan sa pamumuno ni *Amenhotep III*. Samakatuwid, ang Exodo ay nangyari sa pamumuno ni *Amenhotep II*.
 - (3) Ang panahon ng Mga Hukom ay hindi ganoong kahaba kung ang ika-13 siglo ang petsa ng Exodo.
 3. Ang mga maaaring suliranin sa mga petsang ito ay:
 - a. Ang Septuagint (LXX) ay may 440 taon, hindi 480.
 - b. Ito ay maaari na ang 480 taon ay kumakatawan sa 12 mga salinlahi na 40 years bawat-isa, samakatuwid, isang naglalarawang bilang.
 - c. Mayroong 12 salinlahi ang mga saserdote mula kay Aaron hangang kay Solomon (cf. I Cronica 6), pagkatapos 12 mula kay Solomon hangang sa Pangalawang Templo. Ang mga Hudyo, tulad ng mga Griyego, ay ipinagpapalagay ang isang salin-lahi na apatnapung taon. Samakatuwid, mayroong isang 480 taong yugto pabalik at patuloy (simbolikong paggamit ng mga bilang) (cf. Bimson’s *Redating the Exodus and Conquest*).
 4. Mayroong tatlong ibang mga teksto na nagbanggit ng mga petsa:
 - a. Genesis 15:13,16 (cf. Mga Gawa 7:6), 400 taon ng pagkaalipin

- b. Exodo 12:40-41 (cf. Galacia 3:17)
 - (1) MT - 430 taon ng paninirahan sa Ehipto
 - (2) LXX - 215 taon ng paninirahan sa Ehipto
 - c. Mga Hukom 11:26 - 300 taon sa pagitan ng araw ni Jephte at ang pananakop (natataguyod ng 1445 na petsa)
 - d. Mga Gawa 13:19, exodo, paglalagalag at pananakop - 450 taon
5. Ang may-akda ng Mga Hari ay gumamit ng partikular na pangkasaysayang sangunian at hindi tinantsa ang mga bilang (Edwin Thiele, *A Chronology of the Hebrew Priests*, pp. 83-85)
- B. Ang pansamantalang katibayan mula sa arkeolohiya ay tila nagtuturo sa isang petsa ng 1290 B.C., o ang ika-19 na Dinastiya ng Ehipto.
1. Si Jose ay kayang dumalaw sa kanyang ama at sa Faraon sa parehong araw. Ang unang katutubong Faraon na nagsimulang ilipat ang kabisera ng Ehipto mula sa Thebes pabalik ng Delta ng Nila, sa isang lugar na tinatawa na *Avaris/Zoan/Tanis* na siya lumang kabisera ng Hyksos, ay si *Seti I* (1309-1290). Siya ang maaaring ang Faraon ng kalupitan.
 - a. Ito ay tila umaakma sa dalawang bahagi ng kaalaman patungkol sa pamumuno ng Hyksos sa Ehipto.
 - (1) Ang isang inukit na bato ay natagpuan mula sa panahon ni Rameses II na naggugunita ng pagkakatatag ng *Avaris* apat na raang taon na mas maaaga (1700's B.C. ng mga Hyksos)
 - (2) Ang prosiya ng Genesis 15:13 ay nagsaabi ng 400 na taon ng pang-aapi
 - b. Ito ay nagpapahiwatig na ang pagtaas sa kapangyarihan ni Jose ay sa ilalim ng isang *Hyksos* (Semitikong) na Faraon. Ang bagong Ehipsyong Dinastiya ay tinutukoy sa Exodo 1:8.
 2. Ang *Hyksos*, ang Ehipsyong salita na nangangahulugang “mga pinuno ng mga banyagang lupain,” na isang pangkat ng mga pinunong hindi Semitikong Ehipsyo, ay namahala sa Ehipto noong ika-15 at ika-16 na Dinastiya (1720-1570 B.C.). Ang ilan ay nais iugnay sila sa pagtaas sa kapangyarihan ni Jose. Kung ating ibabawa ang 430 taon ng Exodo 12:40 mula sa 1720 B.C., makukuha nating ang petsa na halos 1290 B.C.
 3. Ang anak ni Seti I ay si Rameses II (1290-1224). Ang pangalang ito ay nabanggit sa isa sa mga pamilihing itinayo sa mga lungsod ng mga aliping Hebreo, Exodo 1:11. Gayundin ang katulad na distrito sa Ehipto na malapit sa Goshen ay tinawag na Rameses, Genesis 47:11. *Avaris/Zoan/Tanis* ay kilala bilang “Bahay ni Rameses” mula sa 1300-1100 B.C.
 4. Si Thutmoses III ay kilala bilang isang dakilang tagapagtayo, tulad ni Rameses II.
 5. Si Rameses II ay may 47 na anak na babae na naninirahan sa magkakaibang mga palasyo.
 6. Ang Arkeolohiya ay ipinapakita na ang karamihan sa malalaging pinaderang mga lungsod na Canaan (Hazor, Debir, Lachis) ay nawasak at mabilisang naitayo noong 1250 B.C. Sa pagpapahintulot ng isang 38 taon na yugto ng paglalakad sa ilang ay umaakma sa isang petsa na 1290 B.C.
 7. Ang Arkeolohiya ay natagpuan ang isang sanggunian sa mga Israelita na nasa katimugang Canaan isang pang-alalang linilok na bato ng pumalit kay Rameses, *Merneptah* (1224-1214 B.C. [cf. Ang Linilok na Bato ni Merneptah, na ang petsa ay 1220 B.C.]).
 8. Ang Edom at Moab ay tila nakamit ang malakas na pambasang pagkakilanlan sa huling bahagi ng 1300 B.C. Ang mga bansang ito ay hindi pa naitatag noong ika-15 siglo (Glueck).
 9. Ang aklat na may pamagat na *Redating the Exodus and Conquest* by John J. Bimson, na inilathala ng University of Sheffield, 1978, ay nangangatuwiran laban sa lahat ng mga arkeolohikong katibayan para sa isang mas maagang petsa.

NATATANGING PAKSA: MGA NANINIRAHAN SA PALESTINO BAGO DUMATING ANG MGA ISRAELITA

A. Mayroong maraming mga tala ng mga tao.

1. Genesis 15:19-21 (10)

| | | | |
|-------------|-------------|-------------|------------|
| a. Cineo | d. Heteo | g. Amorrheo | j. Jebuseo |
| b. Ceneceo | e. Pherezeo | h. Cananeo | |
| c. Cedmoneo | f. Refaim | i. Gergeseo | |
2. Exodo 3:17 (6)

| | |
|-------------|-------------|
| a. Cananeo | d. Pherezeo |
| b. Heteo | e. Heveo |
| c. Amorrheo | f. Jebuseo |
3. Exodo 23:28 (3)
 - a. Mga Heveo
 - b. Mga Cananeo
 - c. Mga Heteo
4. Deuteronomio 7:1 (7)

| | | |
|-----------------|-----------------|----------------|
| a. Mga Heteo | d. Mga Cananeo | g. Mga Jebuseo |
| b. Mga Gergeseo | e. Mga Pherezeo | |
| c. Mga Amorrheo | f. Mga Heveo | |
5. Josue 24:11 (7)

| | | |
|-------------|-------------|------------|
| a. Amorrheo | d. Heteo | g. Jebuseo |
| b. Pherezeo | e. Gergeseo | |
| c. Cananeo | f. Heveo | |

B. Ang pinanggalingan ng mga pangalan ay walang katiyakan dahil sa kakulangang ng mga pangkasaysayang tala. Ang Genesis 10:15-19 ay isinasama ang mga kaugnay kay Canaan, ang anak ni Ham.

C. Ang mga maikling paglalarawan mula sa pinakamahabang tala ng Genesis 15:19-21

1. Cineo
 - BDB 884
 - hindi Israelita
 - ang mga salita ay maiuugnay sa “manghuhuwad” o “panday,” na maaaring tumukoy sa paggawa sa bakal o musika (cf. Genesis 4:19-22)
 - kaugnay sa bahagi ng Sinai, hilaga sa Hebron
 - ang pangalan ay kaugnay kay Jethro, biyanang lalaki ni Moises (cf. Mga Hukom 1:16; 4:11)
2. Ceneceo
 - BDB 889
 - kamag-anak ng mga Hudyo
 - isang angkan ng Edom (cf. Genesis 15:19; 30:15,42)
 - naninirahan sa Timugan
 - maaaring naisama sa Judah (cf. Mga Bilang 32:12; Josue 14:6,14)
3. Cedmoneo
 - BDB 870 II
 - hindi Israelita, maaaring nagmula kay Ishmael (cf. Genesis 25:15)
 - ang pangalan ay naiuugnay sa “taga silangan”
 - naninirahan sa Timugan
 - maaaring kaugnay ng “mga tao sa silangan” (cf. Job 1:3)
4. Heteo
 - BDB 366
 - hindi Israelita
 - nanggaling kay Heth
 - mula sa kaharian ni Anatolia (Asya Minor, Turkiya)
 - naninirahan sa Canaan ng mas naunang panahon (cf. Genesis 23; Josue 11:3)

- | | | |
|-----|-----------|---|
| 5. | Pherezeo | - BDB 827 - hindi Israelita, maaaring mga Huryano - naninirahan sa kagubatan ng Judah (cf. Genesis 34:30; Mga Hukom 1:4; 16:10) |
| 6. | Refaim | - BDB 952 - hindi Israelita, maaaring mga dambuhala (cf. Genesis 14:5; Mga Bilang 33:33; Deuteronomio 2:10-11,20) - naninirahan sa silangang panig ng Jordan - lipi ng mga mandirigma /mga bayani |
| 7. | Amorrheo | - BDB 57 - Hilagang kanlurang Semitikong pangkap ng mga tao ng nagsimula kay Ham (cf. Genesis 10:16) - Naging pagkalahatang katawagan sa mga naninirahan sa Canaan (cf. Genesis 15:16; Deuteronomio 1:7; Josue 10:5; 24:15; II Samuel 21:2) - Ang pangalan ay maaaring mangahulugang “ang kanluran” - ang ISBE, tomo 1, p. 119, ay nagsasabing ang salita ay nangangahulugang a. mga naninirahan sa Palestino sa pangkalahatan b. ang mga mamamayan ng bansa sa burol na salungat sa baybaying kapatagan c. isang partikular na pangkat na may sariling hari |
| 8. | Cananeo | - BDB 489 - mula kay Ham (cf. Genesis 10:15) - pangkalahatang katawagan sa lahat ng mga tribo ng Canaan sa kanluran ng Jordan - ang kahulugan ng Canaan ay di-tiyak, maaaring “mangangalakal” o “pulang kulay ube na pangkulay” - bilang isang pangkat ng tao na naninirahan sa baybaying kapatagan (cf. Mga Bilang 13:29) |
| 9. | Gergeseo | - BDB 173 - mula kay Ham (cf. Genesis 10:16) o kahit man lang “mula sa isang anak ng [i.e., ang bansa ng] Canaan,” ISBE, tomo 2, p. 1232) |
| 10. | Jebuseo | - BDB 101 - mula kay Ham (cf. Genesis 10:16) - mula sa lungsod ng Jebus/Salem/Jerusalem (cf. Josue 15:63; Mga Hukom 19:10) - Ezekiel 16:3,45 ay nagpapahaya na sila ay magkahalong lahi na mula sa Amorrheo at Heteo |
| 11. | Mga Heveo | - BDB 295 - mula kay Ham (cf. Genesis 10:17) - naisalin ng LXX bilang Horito (cf. Genesis 34:2; 36:20-30; Josue 9:7) - maaaring mula sa Hebreong salita na “yungib,” samakatuwid ay naninirahan sa mga kweba o yungib - sila ay naninirahan sa matataas sa lupain ng Lebanon (cf. Josue 11:3; Mga Hukom 3:3). Sa II Samuel 24:7 sila ay nakatala kasunod ng Tiro at Sidon |

■ **“Astarot”** Ang lungsod na ito (BDB 800) ay pinangalanan mula sa babaeng abay ng Cananeong diyos ng pagkamayabong, *Baal-Asherah/Astarte*. Dahil sa pagkabanggit ng Refaim, ito ay maaaring ang lungsod na may sanggunian sa Genesis 14:5.

■ **“Edrei”** Ito ay isa sa kabiserang mga lungsod ng Og (cf. Josue 12:4; 13:12).

1:5 “sa lupain ng Moab” Dito ay kung saan ang mga Israelita ay nagkampo bago pumasok sa Ipinangakong Lupain. It ay isang kinaroroonan na hilaga lamang ng Dagat na Patay sa silangang panig ng Jordan, kung saan ang Deuteronomio ay naisulat.

▣ **“pinasimulan ni Moises”** Ang PANDIWANG ito (BDB 383, KB 381, *Hiphil* GANAP) ay nagpapahiwatig ng “kusang pangako o pagkilos” (cf. Genesis 18:27; Exodo 2:21; Mga Hukom 19:6).

▣ **“na ipinahayag ang kautusang ito”** Ang PANDIWANG ito (BDB 91, KB 106, *Piel* GANAP) ay nangangahulugang gawing malinaw o nauunawaan. Ang salita ito ay makikita lamang dito at sa dalawa pang beses kung saan ito ay isinalin na “sumulat” (cf. 27:8; Habakuk 2:2). Ang pagtuturo na hindi malinaw o nauunawaan ay walang silbi, sa pangkasunduang kontekstong ito, mapanganib.

Ang salitang “kautusan o batas” (i.e., Torah BDB 260) ay ang Hebreong salita para sa “pagtuturo” o “katuruan” (cf. 4:8,44; 27:3,8,26; 28:58,61; 29:20,28; 30:10; 31:9,11,12; 32:46). Sa kontekstong ito, ito ay tumutukoy sa mga pangangaral ni Moises na inihayag sa Israel sa silangang panig ng Jordan sa kabila mula sa Jericho, sa mga kapatagan ng Moab, lamang bago tumawid ang mga Israelita sa Jordan na hindi siya kasama.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:6-8

⁶Ang PANGINOON nating Diyos ay nagsalita sa atin sa Horeb, na nagsasabi, **Kayo'y nakatahan ng malaon sa bundok na ito:** ⁷Pumihit kayo, at kayo'y maglakbay, at kayo'y pumaroon sa lupaing maburol ng mga Amorrheo, at sa lahat ng mga dakong malapit, sa Araba, sa lupaing maburol, at sa mababang lupain, at sa Timugan, at sa baybayin ng dagat, sa lupain ng mga Cananeo at sa Lebano, hanggang sa malaking ilog, na ilog Eufrates. ⁸Narito, aking inilagay ang lupain sa harap ninyo: inyong pasukin at ariin ang lupain na isinumpa ng Panginoon sa inyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, na ibibigay sa kanila at sa kanilang binhi pagkamatay nila.

1:6 “PANGINOON” Ito ay isang natatanging pangalan para sa Diyos ng Israel (i.e., YHWH, BDB 217). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagka-Diyos sa 1:3.

▣ **“nating Diyos”** Ang pansariling (personal) PANGMARAMIHANG PANGHALIP ay nagpapahiwatig ng isang pangkasunduan pakikipag-ugnayan, sinimulan at tinanggap sa Sinai. Ito ang pangalan ng pagka-Diyos, “*Elohim*” (BDB 43). Ito ay ginagamit sa Diyos bilang Manlilikha, Tagapagtustos, at Tagapagpatuloy ng lahat ng nilalang (e.g., Genesis 1:1-2:3). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagka-Diyos sa 1:3.

▣ **“Horeb”** Tingnan ang tala sa 1:2.

▣ **“Kayo'y nakatahan ng malaon sa bundok na ito”** Ang Diyos ngayon ay sinasabi sa mga tao na ito na ang panahon para nila gawin ang kung anong Kaniyang pinag-uutos sa kanila sa pasimula, sakupin ang Canaan (cf. Genesis 15:13-21; Mga Bilang 13-14)! Sila ay kailangang maghintay sa Bundok ng Horeb sa loob ng halos isang taon (paghambingin ang Exodo 19:1 sa Mga Bilang 10:11).

1:7

| | |
|------|--------------------------------------|
| NASB | “Pumihit kayo, at kayo'y maglakbay” |
| NKJV | “Pumihit at maglakbay na kayo” |
| NRSV | “Ipagpatuloy ang inyong paglalakbay” |
| TEV | “Umalis sa kampo at maglakbay” |
| NJB | “Kumilos, magpatuloy sa paglalakbay” |

Ang unang PANDIWA (BDB 815, KB 937, *Qal* PAUTOS) na nangangahulugang “ipihit,” ngunit ito ay ginagamit sa maraming mga pagkakaunawa:

1. pumihit upang tingnan ang isang bagay/sinuman, Exodo 2:12; 16:10; Mga Bilang 12:10
2. pagpihit upang magbago ng direksyon, Genesis 18:22; 24:49; Exodo 14:25; 21:33; Deuteronomio 1:7,24; 2:3; 9:15; 10:5
3. lumapit sa ibang diyus-diyosan, Levitico 19:4; Deuteronomio 29:18; 30:17; 31:18,20
4. maghanap ng tulong, Levitico 19:31; 20:6
5. ang paglapit ng
 - a. gabi, Deuteronomio 23:11
 - b. umaga, Exodo 14:27

Ang pangalawang PANDIWA (BDB 652, KB 704, *Qal* PAUTOS) ay nangangahulugang “bunutin,” “ilislis,” o “ikalat,” na madalas na ginagamit sa Mga Bilang para sa mga Israelita na inililipat ang pook ng kanilang kampo. Ang paggamit na ito ay nagpapatuloy sa Deuteronomio (e.g., 1:7,19,40; 2:1,24). Sa orihinal, ito ay tumutukoy sa pagbunot ng mga tarak ng tolda.

▣ **“at kayo’y pumaroon”** Ito ay isang pangatlong pagtutulad *Qal* PAUTOS (BDB 97, KB 112).

▣ Mayroong apat na topolohikong pagkakahati ang Palestino mula sa hilaga papunta sa timog na nabanggit:

1. “sa lungsod na nasa burol ng Amorrheo” – Ito ay tumutukoy sa silangang panig ng Jordan at ang mga kaharian ng Sehon at Og.
2. “sa Araba” – Ito ay tumutukoy sa puwang na lambak ng Jordan (BDB 787, cf. 1:1,7; 2:8; 3:17; 4:49; 11:30; Josue 8:14; 11:2,16; 12:3; 18:18)
3. “sa lungsod na nasa buro at sa mga mabababang lupain” – Ito ay tumutukoy sa lugar na kanluran at timog ng Dagat na Patay, sa huli ay naging pangtribung kalalagyan ng Ephraim at Judah.
4. “ang Timugan” – Ito ay ang tigang na disyertong lupain na nasa timog ng Dagat na Patay at sa kanluran (BDB 616)
5. “sa tabing-dagat” – Ito ay ang baybaying kapatagan na mula sa Ehipto hangang Lebanon (i.e., Shephelah, BDB 410)

Ang lahat ng ito ay magkasamang tumutukoy sa lupaing ipinangako kay Abraham sa Genesis 15.

1:8 Ang talata 8 ay isang kalipunan ng mga utos:

1. “Narito (Tingnan)” - BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
2. “Pasukin” - BDB 97, KB 112, *Qal* PAUTOS
3. “Ariin” - BDB 439, KB 441, *Qal* PAUTOS (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:1)

▣ **“aking inilagay ang lupain sa harap ninyo”** Ang Hebreong salita para sa “inilagay” ay katulad ng “ibinigay” (BDB 678, KB 733, *Qal* GANAP). Ang Diyos ngayon ay ibinigay sa kanila ang lupain na katulad na Kanyang ipinangako kay (Genesis 12:1, line 5; 15:12-21; Exodo 6:8), ngunit kailangan nila itong ariin. Pansinin ang pasubaling aspeto ng kahit na ang saligang kasunduan (e.g., 4:1; 5:33; 6:18; 8:1; 16:20; 30:16,19).

▣ **“ang lupain na isinumpa ng PANGINOON sa inyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangkasunduang Pangako sa mga Patriarka sa 9:5. Tingnan ang 4:37; 6:10; 9:5; 10:11,15; 30:20; Genesis 12:5-7; 13:14-17; 15:18; 26:3; Exodo 32:13; 33:1. Ang lupaing ito ay maaaring isinama ang lugar mula sa Cades-Barnea sa timog hanggang Byblos at Zephan, Zedad at Lebo-hamath sa hilaga (maaaring kahit na kasing lahat ng mga pangulong tubig ng Euphrates, cf. Genesis 15:18). Tingna ang MacMillan Bible Atlas, p. 47.

Mayroong maraming lugar kung saan ang mga panglahat ng hangganan ng Ipinangakong Lupain ay

ibinigay (Exodo 34:1-12; Deuteronomio 1:6-8; 3:12-20; 11:24; Josue 1:3-4). Noon lamang panahon ng pamumuno ni David na ang kabuuan ng mga lugar na ito ay napasailalim ng kapangyariha ng Israel.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:9-15

⁹At ako'y nagsalita sa inyo nang panahong yaon na sinasabi, **Hindi ko madadalang mag-isa ang inyong kabigatan:** ¹⁰Pinarami kayo ng Panginoon ninyong Diyos, at, narito, kayo sa araw na ito ay gaya ng mga bituin sa langit sa karamihan. ¹¹Kayo nawa'y dagdagan ng Panginoon, ng Diyos ng inyong mga magulang, ng makalibo pa sa dami ninyo ngayon, at kayo nawa'y pagpalain, na gaya ng ipinangako niya sa inyo! ¹²Paanong madadala kong magisa ang inyong ligalig, at ang inyong pasan, at ang inyong pagkakaalitan? ¹³Kumuha kayo sa inyo ng mga lalaking pantas, at nakakaalam, at kilala, ayon sa inyong mga lipi, at sila'y aking gagawing pangulo sa inyo. ¹⁴At kayo'y sumagot sa akin at nagsabi, Ang bagay na iyong sinalita ay mabuting gawin namin. ¹⁵Sa gayo'y kinuha ko sa inyo ang mga pangulo ng inyong mga lipi, na mga taong pantas, at kilala, at akin silang ginawang pangulo sa inyo, na mga punong kawal ng libolibo, at mga punong kawal ng mga daandaan, at mga punong kawal ng mga limangpu-limangpu, at mga punong kawal ng mga sangpu-sangpu, at mga pinuno ayon sa inyong mga lipi.

1:9 “nang panahong yaon” Ito ay isang umuulit na parirala sa Deuteronomio. Ang unang apat na mga kabanata ay isang pagbabalik-aral sa mga mapagbiyayang mga pagkilos ni YHWH para sa Israel. Ang katagang ito ay isang paraan ng pagpapakilala sa isang nakalipas na pagkilos (cf. 1:9,16,18; 2:34; 3:4,8,12,18;4:14).

▣ **“Hindi ko madadalang mag-isa ang inyong kabigatan”** Tingnan ang Exodo 18:13-26 para sa payo ni Jethro kay Moises patungkol sa mismong suliraning ito (i.e., Moises bilang isang nag-iisang hukom).

1:10 “Pinarami kayo ng PANGINOON ninyong Diyos” Ito ay bahagi ng pangako ng Diyos sa mga Patriarka (e.g., Genesis 13:16; 17:2,20; 22:17; 48:4; Levitico 26:9; Deuteronomio 7:13).

▣ **“gaya ng mga bituin sa langit”** Ang pariralang ito ay matatagpuan din sa Genesis 15:5; 26:4; Deuteronomio 10:22; 28:62. Ang ibang magkakatulad na mga parirala na ginamit upang ilarawan ang hindi mabilang na mga bilang (cf. Genesis 16:10) ang mga Israelita ay: “alabok ng lupa” (cf. Genesis 13:16; 28:14; Mga Bilang 23:10); at “buhangin sa dagat” (cf. Genesis 22:17; 32:12). Ang lahat ng ito ay mula sa isang taong walang anak hanggang sa 100 taong gulang (i.e., Abraham)!

Sa Deuteronomio 1:28 ang mga Israelita ay siyang mas marami pa sa mga butuin at sila ay tako sa mga naninirahan sa Canaan sa kanilang:

1. bilang
2. laki
3. mga pinaderang lungsod.

Anong kabalintunaan!

▣ **“ang Diyos ng inyong mga magulang”** Ang madalas na inuulit na katawagang ito ay nagpapahayag ang parehong Diyos na nagsalita kina Abraham, Isaac, at Jacob ay patuloy na umiiral sa mga buhay at kahihinatnan ng kanilang mga inanak.

▣ **“ng makalibo pa sa dami ninyo ngayon”** Ito ay maliwanag na pangkatagang parirala. Ang bilang na 1,000 ay isang pagpaparami ng sampu (nang tatlong beses) at, samakatuwid, isang sagisag ng kadakilaan o pagiging madami sa bilang (cf. Mga Awit 90:4; II Pet. 3:8). Nandito ang isang tala ng mga hyperbolikong pagkakangamit mula sa NIDOTTE, tomo 1, p. 417:

1. ang paggawa ng Diyos sa pagpapala, Deuteronomio 1:11; Job 42:12; Mga Awit 144:13
2. panghukbong (militar) pagpapala, Josue 23:10

3. panghukbong pagsumpa para sa di-pananampalataya, Deuteronomio 32:30; Isaias 7:23; 30:17; Amos 5:3
4. hindi nagmamaliw na kapangyarihan ng Diyos, Mga Awit 90:4
5. mga pangkasunduang pangako ng Diyos, Deuteronomio 7:9; Mga Awit 105:8
6. poot ng Diyos laban sa pag-ibig ng Diyos, Exodo 34:7; Deuteronomio 5:9-10
7. pagpapala sa pagiging nasa templo ng Diyos, Mga Awit 84:10

1:12 “pagkakaalitan” Ito ay nangangahulugang “pagsasakdal o asunto” (BDB 936).

1:13 “Kumuha kayo” Ang PANDIWANG ito (BDB 396, KB 393) ay isang *Qal* PAUTOS. Pansinin na si Moises ay nag-uutos sa mga tao (i.e., kanilang mga pinuno) na magkaroon ng pananagutan (pinili nila) para sa komunidad kasama ang kanilang sarili (si Moises ang humihirang). Ang mga bagong hukom na ito (i.e., mga pinuno ng tribu) ay dapat na maging:

1. “marunong” - (BDB 314) nangangahulugan na may kakayahan sa mga maingat at maka-Diyos na pagpili (e.g., Jose, Genesis 41:33,39; David, II Samuel 14:20; Solomon, I Mga Hari 2:9; 3:12; 5:21)
2. “umuunawa” - (BDB 106, KB 122, *Niphal* PANDIWARI) nangangahulugang ang sinuman ay may mabuting pagpapasiya, pagkaunawa at katalinuhan (e.g., Jose, Genesis 41:33; salungat sa Jeremias 4:22)
3. “karanasan” - (BDB 393, KB 390, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI). Ito ay isang pangkaraniwang salita na may isang malawak na semantikong pagkakagamit.
 - a. NASB, TEV, NJB, JPSOA – may karanasan
 - b. NKJB – malalino
 - c. NRSV, REB – kapuri-puri
 - d. JB – subok
 - e. NIV – ginagalang
 - f. NET – kilala

▣ **“sila’y aking gagawin”** Ang PANDIWA (BDB 962, KB 1321) ay isang *Qal* DI-GANAP, na ginamit sa kaunawaan ng isang COHORTATIVE. Si Moises ay tinakda o tinalaga ang mga piniling lalaking ito sa mga lugar pamumuno at paghatol (e.g., Exodo 1:11; 18:21; Deuteronomio 17:14,15; Mga Hukom 11:11). Gayunman, sa katotohanan, si YHWH ang siyang “kumuha” (BDB 542, KB 534, *Qal* DI-GANAP, v. 15) sa kanila, na nangangahulugan ng pagpili ng Diyos (e.g., 4:20,34; I Mga Hari 11:37). Ang pamamaraan ng tao ay sumusunod a isang planong galing sa Diyos!

1:15 “punong kawal ng libolibo, at daandaan, at limangpu-limangpu, at sangpu-sangpu” Ito ang mga pagkakahati-hati na lumaon ay naging yunit na panghukbo (militar) (cf. Exodo 18:21). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: SANLIBO (*ELEPH*)

Ito ay ang Hebreong salita para sa “sanlibo” (BDB 48). Gayunman, ito ay ginagamit sa maraming mga kaunawaan.

1. Isang pampamilyang yunit, Josue 22:14; Mga Hukom 6:15; I Samuel 23:23; Zacarias 9:7; 12:6
2. Isang sandatahang (pang-militar) yunit, Exodo 18:21,25; Deuteronomio 1:15
3. Isang literal na sanlibo, Genesis 20:16; Exodo 32:28
4. Isang simbolikong bilang, Genesis 24:60; Exodo 20:6; 34:7; Deuteronomio 7:9; Jeremias 32:18
5. Ang Ugaritikong kaugnay na *alluph* na nangangahulugang “pinuno,” Genesis 36:15



NASB, NKJV “mga pinuno”
NRSV, TEV “mga puno”
NJB “mga tagasulat”

Ang salitang ito (BDB 1009) sa orihinal, ay tumutukoy sa isang tagasulat, ngunit ito ay tila hindi akma sa kanyang paggamit sa Deuteronomio 1:15; 20:5,8,9; o Josue 1:10,32. Sa kontekstong ito, ito ay tila tumutukoy sa isang mas mababang hukom o tagatulong sa mga pinunong pantribu.

Ang Handbook on Deuteronomy ng UBS ay nagsasabing, “sila ay makikita kasama ang mga nakakatanda (Mga Bilang 11:16) at kasama ang mga hukom (Deuteronomio 16:18; Josue 8:33), at gayundin sa isang panghukbong konteksto (Deuteronomio 20:5,8,9; Josue 1:10; 3:2)” p. 26.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:16-18

¹⁶At aking pinagbilinan ang inyong mga hukom nang panahong yaon na sinasabi, Inyong dinggin ang mga usap ng inyong mga kapatid, at inyong hatulan ng matuwid ang tao at ang kaniyang kapatid, at ang taga ibang lupa na kasama niya. ¹⁷Huwag kayong magtatangi ng tao sa kahatulan; inyong didinggin ang maliliit, na gaya ng malaki: huwag kayong matatakot sa mukha ng tao; sapagka't ang kahatulan ay sa Diyos: at ang usap na napakahirap sa inyo, ay inyong dadalhin sa akin, at aking didinggin. ¹⁸At aking iniutos sa inyo nang panahong yaon ang lahat ng mga bagay na inyong dapat gagawin.

1:16-17 Inutusan ni Moises ang mga bagong pantribung hukom na walang pinapanigan (cf. 16:19; 24:17). Ang kawalang-pinapanigan ay isang katangian ng Diyos (cf. 10:17). Ang Israel ay inaasahang maging isang lungsod at lipunan na maghahayag ng katangian ni YHWH upang ang mundo ay maaaring dumating sa paglagak ng kanilang pagtitiwala at pananampalataya sa Kanya. Bahat pa noong Pagbagsak (i.e., Genesis 3) ito na ang plano ng Diyos. Nabigo ang Israel, ngunit ang tunay na Israelita (i.e. Hesus, cf. Isaias 53) ay nagtagumpay (e.g., Juan 14:5-7, 8-11).

▣ **“taga ibang lupa”** Ang mga di-Hudyo ay itinuturing na magkatumbas sa pangkautusang (legal) na nasasakupan (cf. Levitico 19:33-34,35). Ang Israel ay dapat makitungo sa kanila ng may biyaya (cf. Levitico 23:22; Deuteronomio 10:19; 24:17; 27:19). Ang Israel ay naging taga ibang lupa sa Ehipto (cf. Exodo 22:21; 23:9) at nalalaman nila ang pakiramdam nito!

▣ **“ng matuwid”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN

Ang “Katuwiran” ay isang tunay na napakahalagang paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang “makatarungan” o “matuwid” (BDB 841). Ang Mesopotamyang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit kagamitan sa pagkakayari (konstruksyon) upang hatulan ang pahalang na katuwiran ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinahatulan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalina Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan (cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3;

Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalik ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. Roma 1:18-3:20).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. Roma 3:21-31; Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. paghahayag na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. malayang pagbibigay sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinilang na katuwiran).
3. pagkakaloob ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., lib्रेng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Ang katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na “pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap.” Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na “katuwiran” sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaïosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong panitikan. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay kaugnay sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan nito ay laging nakabalangkas sa kasunduang mga salita. Si YHWH ay makatarungan, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang katangian. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay magdudulot ng bagong maka-Diyos na pamumuhay (ang Romano Katoliko ay nakatuon sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya, walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular (o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado (kalooban ng Diyos). Ang pagkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Ingles na “katarungan” (na inuugnay sa lipunan) at “katuwiran” (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan na muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay walang bayad na pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na lumago sa pagiging maka-Diyos (ang kinatatayuan ni Augustino, na nagpapakita ng kapwa pagbibigay-diin ng Repormasyon at sa kawalang-bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay-diin ng Romano Katoliko sa binagong-buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga *Reformers* ang salitang “ang katuwiran ng Diyos” ay isang LAYONG DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALING DYENITIBO, na pamamaraan ng pagiging katulad ng Diyos

[pangkaranasang umuunlad na pagpapaging-banal]. Sa katunayan, ito ay kapwa totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa katulad na tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang larawan ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang maitalata ang pagtalakay sa itaas, pansining ang mga sumusunod na piniling mga tala sa NT na nagpapakita ng pangkat ng salita sa Griyego.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas naiuugnay sa Diyos bilang Mga Hukom)
 - a. Roma 3:26
 - b. II Thesalonica 1:5-6
 - c. II Timoteo 4:8
 - d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
 - a. Mga Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (titulo ng Mesias)
 - b. Mateo 27:19
 - c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
 - a. Levitico 19:2
 - b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran
 - a. Roma 3:21-31
 - b. Roma 4
 - c. Roma 5:6-11
 - d. Galacia 3:6-14
 - e. Ibinigay ng Diyos
 - 1) Roma 3:24; 6:23
 - 2) I Corinto 1:30
 - 3) Efeso 2:8-9
 - f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya
 - 1) Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
 - 2) II Corinto 5:21
 - g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak
 - 1) Roma 5:21
 - 2) II Corinto 5:21
 - 3) Filipos 2:6-11
5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid
 - a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
 - b. Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
 - c. I Timoteo 6:11
 - d. II Timoteo 2:22; 3:16
 - e. I Juan 3:7
 - f. I Pedro 2:24
6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran
 - a. Mga Gawa 17:31
 - b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. Isang kautusan ng Diyos
2. Isang kaloob ng Diyos
3. Isang pagkilos ng Kristo

Ngunit ito rin ay pamamaraan ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*! Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Paul and His Letters* mula sa IVP

“Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pang-ugnayang aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang-sala. Si Calvin ay nagbibigay -iin sa kamangha-manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin” (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay-diin ng mga Silanganin Iglesia at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay-diin nina Augustino at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo. Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga suliranin ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!

Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!

Dapat nating itaguyod ang pagiging katulad ni Kristo!

▣ **“Huwag kayong magtatangi ng tao sa kahatulan”** Ang salitang “magtatangi” sa literal ay “mukha” (BDB 815). Ang PANDIWA (BDB 647, KB 699, *Hiphil* DI-GANAP) ay nanganganhulugang “isaalang-alang.” Ang punto dito ay kapag ang isang tao ay lumapit sa hukom, ang hukom ay hindi dapat magtangkang tingnan o kilalanin ang dumarating sa harapan niya, ngunit dinggin ang usapin (kaso) na walang kinikilingan at itinatangi. Ang hukom ay kailangang pakitunguhan ang lahat ng usapin na walang kinikilingan (cf. Levitico 19:15).

▣ **“huwag kayong matatakot sa mukha ng tao”** Ang PANDIWANG ito (BDB 158 III, KB 185, *Qal* DI-GANAP) ay nangangahulugang “nakakatakot” o “nasisindak.” Sa kontekstong ito ang “pagkatakot” ay kinakailangan. Sa Deuteronomio ang salitang ito ay ginagamit sa dalawang mga konteksto. Ang mga pinuno/hukom ay hindi dapat matakot sa mga reaksiyon ng mga tao sa kanilang mga kapasyahan (1:17) at ang mga tao ng Diyos ay hindi dapat matakot sa mga pangangaral ng mga bulaang propeta (18:22).

Ang salitang ito ay kadalasang ginagamit sa Mga Awit upang ipahayag ang paggalang ng mga pangkasunduang mananampalataya at pagkamangha kay YHWH (e.g., 33:8; 22:23).

▣ **“ang usap na napakahirap sa inyo, ay inyong dadalhin sa akin, at aking didinggin”** Si Moises ang kinatawan ng Diyos sa mga tao. Siya ay nakikita bilang isang propeta (cf. v. 18; 18:15-22).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:19-21

¹⁹At tayo ay naglakbay mula sa Horeb at ating tinahak yaong buong malawak at kakilakilabot na ilang na inyong nakita, sa daang patungo sa lupaing maburol ng mga Amorrheo, na gaya ng iniutos ng PANGINOON nating Diyos sa atin, at tayo'y dumating sa Cades-barnea. ²⁰At aking sinabi sa inyo, Inyong narating ang lupaing maburol ng mga Amorrheo na ibinibigay sa atin ng PANGINOON nating Diyos. ²¹Narito, inilalagay ng PANGINOON ninyong Diyos ang lupain sa harap mo: sampahin mo, ariin mo, na gaya ng sinalita sa iyo ng PANGINOON, ng Diyos ng iyong mga magulang; huwag kang matakot, ni manglupaypay.

1:19-25 “At tayo ay naglakbay” Ang PANDIWA (BDB 652, KB 704, *Qal* DI-GANAP) ay karaniwang ginagamit sa Exodo (cf. Exodo 12:37; 13:20; 14:15; 16:1; at kadalasan sa Mga Bilang 33). Ang mga

talatang ito ay maiuugnay sa paglalakbay mula sa Bundok Sinai patungong Cades-barnea.

1:19 “Horeb” Ang dalawang pantawag sa mga banal na bundok, ang Horeb at Sinai, ay ginagamit na magkasingkahulugan. Ang Horeb ay isang Semitikong salita. Ang Sinai ay hindi Semitiko ngunit maaaring maiuugnay sa Ilang ng *Kasalanan*. Ang *Kasalanan* ay isang salita para sa isang maliit na halamang pangdisyerto na pangkaraniwan sa rehiyon. Ang ilan ay naniniwala na ang Horeb ang kahabaa ng bundok at ang Sinai ay ang tuktok, ngunit hindi natin lubusang nalalaman ang katiyakan.

▣ **“aong buong malawak at kakilakilabot na ilang”** Kadalasan ang salitang “ilang” (BDB 184) ay nangangahulugang pastulang walang naninirahan, ngunit sa paglalakbay na ito, sila ay naglakbay sa disyerto ng Sinai Peninsula. Mayroong kakaunting mga pinanggagalingan ng likas (natural) na tubig. Ang Diyos ang nagkaloob na kamila-himala ng tubig at pagkain sa kanila sa yugto ng apat napung taon. Ngayon, ito ang disyertong tinatawag na *Et Tih*, na nangangahulugang “ang paglalagalag.” Ang paglalakbay na ito ay halos 100 milya at tinawid ang lubhang bako-bakong lupain.

▣ **“lupaing maburol ng mga Amorrheo”** Ito ay maaaring tumukoy sa katimugang bahagi ng lupain ng Canaan (i.e., Timugan, Araba).

▣ **“na gaya ng iniutos ng PANGINOON nating Diyos sa atin”** Para sa mga pangalan ng pagka-Diyos tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

Pinangunahan sila ng Diyos sa pamamagitan ng:

1. Mga salita ni Moises
2. Ang *Shekinah* na ulap ng kaluwalhatian, na nakalagak sa ibabaw ng tabernakulo. Kapat ito ay gumagalaw, ang Israel ay sumusunod.

▣ **“tayo’y dumating sa Cades-barnea”** Ang Hebreong salita para sa banal ay *kadosh* (BDB 871), mula sa kung saan nagmula ang “Cades.” Ang Cades-barnea ay nangangahulugang “banal-(di-kilala),” maaaring ang “banal lungsod” o “banal pook.” Ito ay isang pinaka malahagang lugar ng kampo para sa mga Israelita tulad ng para kay Abraham dahil ito ang pinakamalaking oasis sa lugar.

1:20-21 Ang mga talatang ito ay nagdulot ng mga suliranin para sa mga tagapagsuri dahil sa pagbabago ng paggamit sa pagitan ng MGA PANGHALIP “natin” at “into,” na pangkaraniwan saanmang bahagi sa aklat ng Deuteronomio. Ito ang dahilan kung bakit ang ilan ay naniniwala na ang Deuteronomio ay isinulat ng maraming tao. Sa aking palagay, si Moises ang sumulat (o nagdikta) ang karamihan sa mga kapahayagan, ngunit maliwanag sa kanyang mga sulat na pinagnugot ng mga nahuling tagasulat at maaaring naglalaman ng mga puna ng mga orihinal sa tagasulat (eskriba).

1:21 “Narito, inilalagay ng PANGINOON ninyong Diyos. . . ariin mo” Ito ay maaaring isang sanggunian sa v. 8, kung saan ang Diyos, sa pamamagitan ni Moises, ay nagpabalid sa mga tao na ariin ang lupain na Kanyang ipinangako sa mga Patriarka (cf. 12:5-7; 13:14-17; 15:18; 26:3).

Ang talatang ito, tulad ng vv. 7 at 8, ay nagtataglay ng maraming kautusan:

1. “Tingnan (narito)” - BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
2. “Sampahin” - BDB 748, KB 828, *Qal* PAUTOS
3. “Ariin” - BDB 439, KB 441, *Qal* PAUTOS
4. “Huwag Matakot” - BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP, ngunit ginagamit sa isang JUSSIVE na pagkakaunawa
5. “manglupaypay” - BDB 369, KB 365, *Qal* DI-GANAP, ngunit ginagamit sa isang JUSSIVE na pagkakaunawa



NASB, NRSV “huwag kang matakot, ni manglupaypay”
NKJV “huwag kang matakot o ni manghina ang loob”
TEV “huwag kang mag-alala o ni matakot”
NJB “huwag kang matakot o mawalang pag-asa”

Ang pagbabawal na ito na mula kay YHWH ay batay sa kanilang pagtitiwala sa Kanyang mga pangkasuang pangako at kinalalagyan (presensya)! Ang pariralang ito ay makikita ng labindalawang beses sa OT (e.g., 31:8; Josue 1:9; 8:10; 10:25; I Cronica 22:13; 28:20; II Cronica 20:15; 32:7; Jeremias 30:10; 46:27).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:22-25

²²At kayo'y lumapit sa akin, bawa't isa sa inyo, at nagsabi, Tayo'y magsugo ng mga lalake sa unahan natin, upang kanilang kilalanin ang lupain para sa atin, at magbigay alam sa atin ng daang ating marapat sampahan, at ng mga bayang ating daratnin. ²³At ang bagay na yaon ay inakala kong magaling: at ako'y kumuha ng labing dalawang lalake sa inyo, na isang lalake sa bawa't lipi. ²⁴At sila'y pumihit at sumampa sa bundok, at dumating hanggang sa libis ng Escol, at kanilang tiniktikan. ²⁵At sila'y nagbitbit ng *ilan sa* bunga ng lupain sa kanilang mga kamay, at kanilang ipinanaog sa atin, at sila'y nagdala ng kasagutan at nagsabi, Mabuting lupain ang ibinibigay sa atin ng PANGINOON nating Diyos.

1:22 Mga Bilang 13:1-3 ay ang kaligiran par sa talatang ito. Inaalala nito ang kautusan ni Moise sa mga angkan (tribu):

1. “Magsugo” - BDB 1018, KB 1511, *Qal* COHORTATIVE
2. “kilalanin” - BDB 343, KB 340, *Qal* DI-GANAP, ginagamit sa isang JUSSIVE na kaunawaan
3. “magbigay alam” - BDB 996, KB 1427, *Hiphil* DI-GANAP ginagamit sa isang JUSSIVE na kaunawaan

1:23 “Ako'y kumuha ng labing dalawang lalake sa inyo, na isang lalake sa bawa't lipi” Si Moises ay matalino sa pagsubok at pagsama ng bawa mga lipi (tribu o angkan) upang ang bawat isa ay maramdaman ang pagiging mahalaga.

1:24 “sa libis ng Escol” Ang salitang ito (BDB 79) ay nangangahulugang “kumpol” o “tangkay.” Mga Bilang 13:23-24 ay nagsasabing sila ay pumutol ng isang kumpol ng mga ubas na lubhang malaki, na kinailangang dalawang tao ang magbuhat nito sa isang tikin. Ito ay kung papaano nakuha ng lambak (libis) (o Wadi) ang kanyang Hebreong pangalan, ngunit ang kanyang kinaroroonan sa katimugang Palestino ay di-tiyak, maaaring saanman sa malapit sa Hebron (cf. Mga Bilang 13:22,23).

▣ “kanilang tiniktikan” “Ang tiktik” (BDB 920, KB 1183, *Piel* DI-GANAP) ay isang pagbabago sa salita para sa “paa” (BDB 919), na nagpapahiwatig na sila ay lumakad sa iba't-ibang dako ng lupain. Sila ay walang mga hayop na masasakyan at ito ay isang tunay na paghakbang sa pananampalatay para sa kanila na lumakad saanman sa lupaing ito at makikita ng mga naninirahan dito.

1:25 “Mabuting lupain ang ibinibigay sa atin ng PANGINOON nating Diyos” Anong isang makapangyariahang pangkasunduang pagpapatunay! Gayunman, sila ay hindi kumilos sa teolohikong pagpapatunay, ngunit sa kanilang takot (e.g., v. 21).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:26-33

²⁶Gayon ma'y hindi kayo umakyat, kundi nanghimagsik kayo laban sa utos ng PANGINOON ninyong Diyos. ²⁷At kayo'y dumaing sa inyong mga tolda, at inyong sinabi, Sapagka't kinapootan tayo ng PANGINOON, ay inilabas tayo sa lupain ng Egipto, upang tayo'y ibigay sa kamay ng mga

Amorrheo, upang tayo'y lipulin. ²⁸Saan tayo sasampa? pinapanglupaypay ng ating mga kapatid ang ating puso, na sinasabi, Ang mga tao ay malalaki at matataas kay sa atin; ang mga lungsod ay malalaki at nakukutaan ng hanggang sa himpapawid; at bukod dito'y aming nakita roon ang mga anak ng mga Anaceo. ²⁹Nang magkagayo'y sinabi ko sa inyo, Huwag kayong mangilabot ni matakot sa kanila. ³⁰Ang PANGINOON ninyong Diyos, na nangunguna sa inyo, ay kaniyang ipakikipaglaban kayo, ayon sa lahat ng kaniyang ginawa sa Egipto dahil sa inyo sa harap ng inyong mga mata; ³¹At sa ilang, na inyong kinakitaan kung paanong dinala ka ng PANGINOON ninyong Diyos, na gaya ng pagdadala ng tao sa kaniyang anak, sa buong daang inyong nilakaran hanggang sa dumating kayo sa dakong ito. ³²Gayon ma'y sa bagay na ito, ay hindi kayo sumampalataya sa PANGINOON ninyong Diyos, ³³Na nagpauna sa *inyo* sa daan, upang ihanap kayo ng dakong mapagtatayuan ng inyong mga tolda, na nasa apoy pagka gabi, upang ituro sa inyo kung saang daan kayo dadaan, at nasa ulap pagka araw.

1:26 “nanghimagsik” Ang PANDIWA (BDB 598, KB 632, *Hiphil* DI-GANAP) ay naging isang pangkaraniwan salita sa Deuteronomio (e.g., 1:26,43; 9:7,23,24; 21:18,20; 31:27; at gayundin sa Mga Awit). Ang KAUGNAY nito sa Aramaiko ay nangangahulugang “makipagtalo sa” at sa Syriac, “makipaglaban sa.” Ito ay nagpapakilala ng isang kinusa, at batid na pagsuway (hindi pagsunod)!

▣ **“ang utos ng PANGINOON”** Ang kautusan sa vv. 8 at 21 ay para sa kanila na humayo at ariin ang lupain.

1:27 “kayo’y dumaing sa inyong mga tolda” Ang mga tao sa kanilang told ay dumadaing (BDB 920, KB 1188, *Niphal* DI-GANAP); hindi nila ginagawa ito sa malda, ngunit nakita ng Diyos ang kanilang mga puso (cf. Mga Awit 106:25) at nalaman na sila ay naghihimagsik laban sa Kanya (i.e., “mga mapanirang-puring bulong,” cf. Kawikaan 16:28; 18:8; 26:20,22). Nalalaman ng Diyos hindi lamang ang ating mga sinasabi (cf. v. 25c), ngunit kung ano ang nasa loob ng ating mga puso—ating mga motibo (cf. Mga Bilang 14:1-6).

▣ **“kinapootan tayo ng PANGINOON”** Sa talatang ito, ang mga tao ay tinutuligsa ang mga layunin at kalikasan ng Diyos (e.g., 9:28). Nakalimutan nila ang mga kahanga-hangang mga pangako at mga pagtubos ng Diyos sa panahon ng kanilang paglalakbay mula sa Sinai patungong Cades at nagsimulang tumuon sa kanilang pangkasalukuyang kalalagayan, na kanilang tinitingnan bilang mapangwasak.

1:28 “pinapanglupaypay ng ating mga kapatid ang ating puso” Ang mga tao ay sinubukang sisihin ang mga espiya para sa kanilang di-pananampalataya. Ang salitang “nanlupaypay” (BDB 587, KB 606) ay isang talinghaga para sa isang taong nagiging matatakutin at nawawala na ang kakayahang tumutol (cf. 20:8; Josue 2:11; 5:1; 7:5; at maaaring 14:8).

▣
NASB, REB “malalaki at matataas”
NKJV, Peshitta “mas dakila at matataas”
NRSV, TEV,
NJB, NIV “malalakas at matataas”
NET “mas madami at matataas”

Ito ay maliwanag mula sa mga magkakaibang salin na ang tanong ay patungkol sa unang salita. Ito ba ay magkakasingkahulugan o ito ba ay nagdadagdag ng bagong kaalaman?

Ang PANG-URI (BDB 152) ay karaniwang nangangahulugang “malawak.” Ito ay ginagamit sa:

1. Malawak sa nasasaklaw
2. Malawak sa bilang
3. Malawak sa katindihan

4. Malawak sa kahalagahan

Ang salita ay pangkaraniwan na mayroong malawak na semantikong saklaw sa kontekstong ito ay maaaring liwanagin ang kahulugan. Ang Septuagint ay tila nauunawaan ang mga salitang ito bilang “masa maraming bilang at mas malakas.” Ang bahagi ng suliranin ng pagsalin ay ang lugar ng mga “dambuhala” sa OT!

▣ **“Anaceo”** Ang salita (BDB 778 I) sa literal ay nangangahulugang “mga may mahabang leeg.” Ito ay tumutukoy sa mga dambuhala (cf. Genesis 6).

NATATANGING PAKSA: MGA SALITANG GINAMIT PARA SA MATATANGKAD/MAKAPANGYARIHANG MANDIRIGMA O MGA PANGKAT NG TAO

Ang mga malalaki/matatangkad/makapangyarihang mga taong ito ay tinatawa sa maraming pangalan

1. *Nephilim* (BDB 658) - Genesis 6:4; Mga Bilang 13:33
2. *Refaim* (alinman sa BDB 952 o BDB 952 II) - Genesis 14:5; Deuteronomio 2:11,20; 3:11,13; Josue 12:4; 13:12; II Samuel 21:16,18,20,22; I Cronica 20:4,6,8
3. *Zamzummin* (BDB 273), *zuzim* (BDB 265) - Genesis 14:5; Deuteronomio 2:20
4. *Emim* (BDB 34) - Genesis 14:5; Deuteronomio 2:10-11
5. *Anaceo* (mga anak ni *Anak*, BDB 778 I) - Mga Bilang 13:33; Deuteronomio 1:28; 2:10-11,21; 9:2; Josue 11:21-22; 14:12,15

▣ **“ang mga lungsod ay malalaki at nakukutaan ng hanggang sa himpapawid”** Mula sa arkeolohiya, natagpuan nating ang mga katibayan patungkol sa ilan sa mga lungsod na ito. Ang Lachis ay isang katimugang lungsod ng Amorrheo lungsod na mayroong pader na 29 talampakan ang kapal. Ang mga pader ng mga lungsod ay kung minsan ay may nakataas na toresilya o tore. Ang isa ay maaaring maunawaan kung papaano ang mga Israelita ay nagapit noong nakita nila ang mga lungsod na ito (“pinatibay” BDB 130, KB 148, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI na nangangahulugang “hindi mararating”).

Ang hayperbolikong “pinatibay sa langit” ay ginamit sa katulad na talinghagang pagkakaunawa bilang mga pangalan ng *Ziggurats* sa Babilonya (cf. Genesis 11:4).

1:29

NASB “Huwag kayong mangilabot ni matakot sa kanila”

NKJV “Huwag kayong masindak ni matakot sa kanila”

NRSV “Walang hilakbot o takot sa kanila”

TEV “Huwag kayong matakot sa mga taong iyon”

NJB “Huwag kayong magulat, huwag kayong magulat sa kanila”

Ang unang PANDIWA (BDB 791, KB 888, *Qal* DI-GANAP) ay nangangahulugang “magdulot ng pangangatog.” Sa Aramaiko ito ay nangangahulugang “manginig” at sa Syriac “dumating nang hindi sinasadya o marahas” (cf. 7:21; 20:3; 31:6).

Ang pangalawang PANDIWA (BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP) ay nangangahulugang “takot” o “pagkasindak.” Ito ay ang pangkaraniwan salita para sa pagkatakot:

1. Sa mga kaaway - Deuteronomio 1:21,29; 2:4; 3:2,22; 7:18,19; 20:1,3; 31:6; Josue 11:6
2. Ang mga tao ng lupa ay natatakot sa mga tao Diyos - Deuteronomio 28:10 (cf. Josue 4:24); Josue 9:24
3. Ang Israel ay natatakot/namamangha/gumagalang kay YHWH - Deuteronomio 4:10; 5:5; 6:2,13,24; 10:12,20; 13:11; 14:23; 17:13,19; 19:20; 21:21; 25:18; 28:58; 31:12; Josue 4:24

1:30 “Ang PANGINOON ninyong Diyos, na nangunguna sa inyo” Ito ay isang makapangyarihang

pampasiglang parirala na nagpapahayag ng pinakamabuting kaloob ng Diyos—ang Kanyang personal presensya at pagtutos. Pansinin ang v. 30 Siya ay nanguna sa kanila sa pakikidigma (cf. 9:3); sa v. 33 Siya ay nanguna sa kanila na kanilang maging gabay sa disyerto.

▣ **“ipakikipaglaban kayo”** Ito ay isang halimbawa ng “banal na digmaan” o *herem* (BDB 355, e.g., Deuteronomio 2:24; 3:6; 7:2; 20:16-18; Josue 6:17,21;8:26;10:1,28,37;11:12, 20-21). Ito ay ang paghatol ng Diyos sa mga Amorrheo/mga Cananeo para sa kanilang kasalanan, lamang para itangi ng Diyos ang kanyang mga tao (cf. Genesis 15:16). Binigyan ng Diyos ang mga tao ng Canaan nang maraming pagkakataon na makapagsisi, ngunit sila ay hindi, kaya ang Kanyang kahatulan ay nasa kanila. Hahatulan din ng Diyos ang Kanyang mga tao kapag kinuhya nila ang mga katulad na kagawian ng mga Cananeo (i.e., ang mga itinapon sa Asirya at Babilonya)! Dito, ang Diyos ay nagsasabing sa Kaniyang mga tao na huwag matakot ngunit magtiwala sa Kanila dahil Siya ay nasa kanilang panig (e.g., Deuteronomio 3:22; 20:4; Josue 10:14,42; 11:5-6)!

1:31 “ninyong Diyos, na gaya ng pagdadala ng tao sa kaniyang anak” “ang dinala” (BDB 669, KB 724, *Qal* GANAP) ay maaaring tumukoy sa pisikal na pagdadala ng sinuman o anumang bagay o “pagbibigay lakas sa sinuman.” Ang Diyos bilang Ama (i.e., Magulang) ay isang napakagandang biblikal, pampanilyang talinghaga (cf. 8:5; 32:6; Exodo 4:22; Mga Awit 27:10; 68:5; 103:13; Kawikaan 3:12; Isaias 1:2; 63:16; Jeremias 3:19; Osea 11:1-4; Malakias 1:6; Mga Gawa 13:18). Sa OT ang “anak” ay isang pangkalahatang talinghaga para sa pagkaama ni YHWH para sa Israel, ngunit ito ay naging pansarili sa maka-David na hari at ay kanyang natatanging pangmaharlikang pinagmulan (i.e., Mesias, Mga Awit 2:2,7; Mga Gawa 13:33).

1:32 “Gayon ma'y sa bagay na ito” Kasama dito ang natatangi at personal na presensya and pagkalinga ng Diyos mula sa pagtawag kay Abraham (Genesis 13) hangang sa Exodo (Exodo - Mga Bilang).

▣ **“hindi kayo sumampalataya sa PANGINOON ninyong Diyos”** Ang PANDIWA (BDB 52, KB 63, *Hiphil* PANDIWAR) ay isang pangunahing teolohikong salita. Ito ang batayan sa personal na pakikipag-ugnayan sa kasunduan.

NATATANGING PAKSA: PANANAMPALATAYA, MANIWALA, O PAGTITIWALA
(*Pistis* [PANGGALAN], *Pisteuō*, [PANDIWA], *Pistos* [PANG-URI])

- A. Ito’y tiyak na mahalagang kataga sa Bibliya (cf. Hebreo 11:1,6). Ito ay paksa ng naunang mga pangaral ni Hesus (cf. Marcos 1:15). Mayroong higit sa dalawang pangangailangan para sa bagong kasunduan: pagsisi at pananampalataya (Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; 20:21).
- B. Ang etimolohiya nito
1. Ang salitang “pananampalataya” sa OT ay nangangahulugang katapatan, matayog na katapatan, o mapagkakatiwalaan at siyang naglalarawan sa kalikasan ng Diyos at hindi sa atin.
 2. Ito’y nagsimula sa katagang Hebreo (*emun, emunah*), na nangangahulugang “maging tiyak o matatag.” Ang pananampalatayang nagliligtas ay pagsang-ayong mental (pangkat ng mga katotohanan), mabuting pamumuhay (isang pamumuhay), at higit sa lahat ay may pakikipag-ugnay (pagtanggap sa isang tao) at kusang pananagutan (isang pagpapasiya) sa isang tao.
- C. Ang pagkagamit nito sa OT
- Dapat na pagdiin na ang pananamapalataya ni Abraham ay hindi sa paparating na Tagapagligtas, ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng anak at mga inapo (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14). Tumugon si Abraham sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala. Mayroon siyang mga ilang mga alinlangan at suliranin tungkol sa pangakong ito, na umabot ng higit sa labintatlong taon bago matupad. Ang kanyang di ganap na pananampalataya, sa kabila nito, ay tinanggap pa rin ng Diyos. Ang Diyos ay kusang-loob na gumagawa sa mga taong

may bahid dungis na tumutugon sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa pamamagitan ng pananampalataya, kahit na kasing liit man ito ng buto ng mustasa. (cf. Mateo 17:20).

D. Ang pagkagamit nito sa NT

Ang salitang “maniwala” ay nagmula sa Greyigong salita (*pisteuō*) na maari ding isalin sa “maniwala,” “manampalataya,” o “magtiwala.” Halimbawa, ang PANGNGALAN hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginagamit. Sa Juan 2:23-25 may hindi pagkakatiyak sa sa pagiging totoo ng mga pananagutan ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang Mesias. Ilang mga halimbawa na may mababaw na gamit ng katagang “maniwala” ay sa Juan 8:31-59 at Mga Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong Bibliikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sinusundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

E. Ang gamit nito kasama ng MGA PANG-UKOL

1. *eis* ay nangangahulugang “sa.” ng naiibang pagbuo nito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtiwala/pananampalataya kay Hesus
 - a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
 - b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45,48; 17:37,42; Mateo 18:6; Mga Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
 - c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
 - d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
 - e. kay Hesus (Juan 12:11; Mga Gawa 19:4; Galacia 2:16)
 - f. sa Liwanag (Juan 12:36)
 - g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* ay nangangahulugang “nasa” gaya sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Mga Gawa 5:14
3. *epi* ay nangangahulugang “sa” o sa ibabaw ng, gaya ng nasa Mateo 27:42; Mga Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5,24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIBO na walang PANG-UKOL na nasa Galacia 3:6; Mga Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti*, na ibig sabihin “paniwalaan na,” ay nagbibigay ng laman sa kung ano ang paniniwalaan
 - a. Si Hesus ay ang Kaisa-isang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
 - b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
 - c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
 - d. Si Hesus ay ang Tagapagligtas (Juan 11:27; 20:31)
 - e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
 - f. Si Hesus ay isinugo ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
 - g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
 - h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
 - i. Ipinakilala ni Hesus ang Kanyang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, “Ako nga” (Juan 8:24; 13:19)
 - j. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Roma 6:8)
 - k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I Tesalonica 4:14)

1:33 “Na nagpauna sa inyo sa daan, upang ihanap kayo ng dakong mapagtatayuan ng inyong mga tolda, na nasa apoy pagka gabi, upang ituro sa inyo kung saang daan kayo dadaan, at nasa ulap pagka araw” Ang Diyos ay kasama ng mga tao sa isang apoy sa gabi at ulap sa umaga, na kilala bilang ang “*Shekinah* na ulap ng kaluwalhatian” (e.g., Exodo 13:21-22; 14:19,24; 19:16- 18; 20:21; 24:15,18; 33:9-10; Levitico 16:2; Mga Bilang 9:15-23; 14:14; Mga Awit 78:14) Ang ulap ay sumasagisag sa presensya o paglululan ng pagka-Diyos at matatagpuan saanman sa Bibliya (e.g., I Mga Hari 8:10,12; Ezekiel 1:4; Daniel 7:13; Mateo 24:30; 26:64; Mga Gawa 1:9-11; I Tesalonica 4:17; Pahayag 1:7). Siya ay darating sa mga ulap!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:34-40

³⁴At narinig ng Panginoon ang tinig ng inyong mga salita, at nag-init, at sumumpa, na nagsasabi, ³⁵Tunay na hindi makikita ng isa man nitong mga taong masamang lahi ang mabuting lupain na aking isinumpang ibigay sa inyong mga magulang, ³⁶Liban si Caleb na anak ni Jephone; at siya ang makakakita; at sa kaniya ko ibibigay ang lupain na kaniyang tinuntungan, at sa kaniyang mga anak: sapagka't siya'y lubos na sumunod sa Panginoon. ³⁷Ang Panginoon ay nagalit din sa akin, dahil sa inyo, na nagsasabi, Ikaw man ay hindi papasok doon: ³⁸Si Josue na anak ni Nun, na nakatayo sa harap mo, ay siyang papasok doon: palakasin mo ang kaniyang loob; sapagka't kaniyang ipamamana sa Israel. ³⁹Bukod dito'y ang inyong mga bata, na inyong sinasabing magiging bihag, at ang inyong mga anak na sa araw na ito ay hindi nakakaalam ng mabuti o ng masama, ay sila ang papasok doon, at sa kanila'y aking ibibigay, at kanilang aariin. ⁴⁰Nguni't tungkol sa inyo, ay bumalik kayo, at maglakbay kayo sa ilang sa daang patungo sa Dagat na Mapula.

1:34 “Siya ay nag-init, at sumumpa” Ang katulad na parirala na, “sumumpa” (BDB 989 KB 1396, *Niphal* DI-GANAP), ay ginamit nang ang Diyos ay naglagak sa Kanyang sarili sa isang pangkasunduan pakikipag-ugnayan sa Israel. Dito, Siya ay naglalagak ng Kanyang sarili sa kahihinatnan ng kasunduan para sa di-pagsunod–sumpa. Pansinin na nag Diyos ay nangako kay Abraham sa mga susunod na salinlahi, ngunit ang sumpa ay para lang sa isang salinlahi, na sa panimulang masamang (i.e., di-pananampalataya sa pangako ni YHWH sa pagkakaloob sa kanila ng Canaan) salinlahi sa Exodo.

1:35 Ang lahat ng kalalakihan sa kanilang panghukbong gulang (i.e., 20 taon at pataas), na tumatanggi na sumunod sa utos ni YHWH at kunin ang lupain, ay parurusahan at ang mga tao ay kailangang maglalagag sa ilang hangangg sa kanilang kamatayan (i.e., 38 taon). Ang NT na aklat ng Hebreo, mga kabanata 3-4, ay tinatalakay ang ganitong isyu ang kawalang pananampalataya.

Tanging dalawang espiya ang nagdala ng mabuting ulat, sina Caleb (cf. v. 36) at Josue (cf. 1:38), ay hindi isinama. Ang di-pagsunod sa kasunduan ay nagbubunga ng mga pang-kasunduan sumpa para sa Israel (cf. Deuteronomio 27-29) at kay Moises (cf. Deuteronomio 3:26-27).

▣ **“ang mabuting lupain”** Ito ay isang umuulit na parirala (cf. Exodo 3:8; Deuteronomio 1:35; 3:25; 4:21,22; 8:7,20; Josue 23:13). Ang mabuti ay nagpapahayag ng (1) presensya ng Diyos (i.e., ang Diyos ay “mabuti,” Mga Awit 86:5; 100:5; 106:1; 107:1; 118:1,29; 145:9; at gayundin, tandaan ang pagkakatulad sa Amos 5:4,6,14,15) at (2) “isang lupain na binubukalan ng gatas at pulot” (e.g., Exodo 3:8,17; 13:5; 33:3; Mga Bilang 13:27; 14:8; 16:13,14; Deuteronomio 6:3; 11:9; 26:9,15; 27:3; 31:20; Josue 5:6).

1:36 “ibibigay ang lupain na kaniyang tinuntungan” Ang lupain na masasakop ni Caleb at sa gayon ay mamanahin ay matatagpuan sa paligid ng Hebron. Sa aming palagay, ito ay malapit sa lambak ng Eschol (cf. Josue 15:13), kung saan ang mga dambuhala sa naninirahan!

▣ **“lubos”** Ito ay nangangahulugang “taos-puso” (BDB 569, KB 583, *Piel* GANAP). Ito ay tumutukoy isang walang magkakahalang mga motibo; iniibig ni Caleb si YHWH ng buo niyang puso at sumunod sa Kanya. Ito ay isang talinghaga ng tunay na kabanalan (e.g., Mga Bilang 14:24; 32:11-12; Josue 14:8,9,14; IMga Hari 11:6). Ito ay katulad sa pariralang, “nang buo mong puso at nang buo mong kaluluwa” (cf. Deuteronomio 6:5; 10:12; 13:3; 30:2; IMga Hari 9:4; 11:4).

1:37 “Ang PANGINOON ay nagalit din sa akin, dahil sa inyo” Sinusubukan ni Moises na sisihin ang mga tao para sa kanyang sariling pagsuway (cf. Deuteronomio 3:26, tulad ng sinubukang gawin ni Adan, cf. Genesis 3:12), ngunit pansinin ang Mga Bilang 20:7-13,24; 27:14; Deuteronomio 4:21.

Ang PANDIWANG “nagalit” (BDB 60, KB 72, *Hithpael* GANAP) ay mula sa PANGNGALAN para sa “butas ng ilong” o “ilong.” Tila ito ay tumutukoy sa (1) ang pagsiklad ng butas ng ilong bilang siang

pisikal na tanda ng galit o (2) pagsinghal na tunog sa ilong. Ang salitang ito ay ginamit alinsunod sa maka-Diyos (antromorpikong) galit (cf. Exodo 32:12; Deuteronomio 1:37; 4:21; 9:8,20; II Mga Hari 24:20).

Ang ibang gamit ng salitang ito na kaugnay sa pagka-Diyos ay ang pariralang, “banayad sa pagkagalit,” na nagbibigay-diin sa pagtitimpi at pagtitiis ng Diyos (e.g., Exodo 34:6; Mga Bilang 14:18; Nehemiah 9:17; Kawikaan 14:29).

1:38 “Si Josue na anak ni Nun, na nakatayo sa harap mo” Ang parirala na, “na nakatayo sa harap mo,” ay isang Hebreong katagang na tumutukoy sa isang pinuno (lider). Si Josue ay ang kanang-kamay ni Moises at ito ay maaaring isang propesiya sa kanyang panghinaharap sa pamumunong gagampanan.

▣ **“palakasin mo ang kaniyang loob”** Ang PANDIWNG ito (BDB 304, KB 302, *Piel* PAUTOS) ay nangangahulugang “maging malakas” (e.g., 3:28). Si YHWH mismo ang gumawa nito sa Josue 1:6,7,9,18!

▣ **“sapagka't kaniyang ipamamana sa Israel”** Ang pangakong ito ay maibabalik sa mga propesiya sa mga Patriyarka (e.g., Genesis 12, 15, 18, 26) patungkol sa pagtataglay ng mga magmamana sa Canaan (e.g., 3:28; 31:7; Josue 11:23).

1:39 “ang inyong mga bata, na inyong sinasabing magiging bihag” Ito ay tumutukoy sa Mga Bilang 14:3,31. Dahil sa di-pananampalataya ng mga matatanda, ang Diyos ay nagsasabi na ang kanilang mga anak ang tiyak na magmamana ng lupain tulad ng Kaniyang ipinangako.

▣ **“ang inyong mga anak na sa araw na ito ay hindi nakakaalam ng mabuti o ng masama”** Sa kasaysayan, ito ay tumutukoy sa mga anak na lumabas ng Ehipto. Hindi sila ibinilang ng Diyos na may pananaguta hangang sila ay magkaroon ng kakayahan ng pangkasunduang pagkaunawa at pangako.

Sa kontekstong ito, dalawang panig/poste ang makikita dito:

1. “Ipagkakaloob ko ito sa kanila” (kapangyarihan ng Diyos, cf. v. 8)
2. “Tataglayin nila ito” (pantaong pagpili at pananagutan, cf. v. 8)

Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANG PANAHON NG PANANAGUTAN

Ang iglesia, na sumusunod kay Pablo, ay tumuon sa Genesis 3 bilang ang pinanggalingan ng pantaong kasalanan/kasamaan. Ito ay lumago sa isang Augustinian/Calvinistic na pagbibigay-diin sa lubusang kasamaan (i.e., ang walang kakayahang tumugon sa Diyos un walang tulong). Ito ay naging isa sa limang haligi ng Calvinismo at isang pangunahing tuntunin ng Kristiyanismo.

Gayunman, ang mga rabi ay hindi kailanman tumuon sa Genesis 3 bilang pinagmulan ng kasamaan (ang ilan ay tumuon sa Genesis 6), ngunit sa pansariling pananagutan ayon sa kaalaman at pangako. Kanilang ipinagpapalagay ang dalawang layunin (*netzers*), isang mabuti at isang masama. Ang klasikong halimbawa ay ang isang kasabihan na, “sa bawat puso ng tao ay dalawang aso, isang masama at isang mabuti. Ang isa na pinapakain nang pinakamarami ay magiging pinakamalaki.” Samakatuwid, ang mga tao ay magkakaroon lamang ng pananagutan pagkatapos ng isang yugto ng kaganapan sa sa gulang at pangkasunduan pagkaunawa/pangako (i.e., *Bar Mitzvah* para sa mga batang lalaki at edad sa 13 at *Bat Mitzvah* para sa mga batang babae sa edad na 12). Ang ibang biblikal na mga halimbawa sa teolohikong pananaw na ito ay Jonas 4:11 at Isaias 7:15-16.

Upang ilagay ito sa mga magkakasalungat ng mga salita:

1. Sina Pablo/Augustino/Calvin ay tumuon sa kapangyarihan ng Diyos at kawalang kakayahan ng tao.
2. Ang mga Rabbi/Hesus/Pablo ay tumuon sa pangkasunduang pananagutan.

Ito ay hindi isang alinman/o, ngunit isang kapwa/at! Mag-ingat sa mga sistemang teolohiko! Unawain ang mga biblikal na katotohanan ay ipinapakilala sa mga tambalang puno ng pag-igting (tensyon). Ang mga mananampalataya ay kailangang mamuhay ng maka-Diyos sa loob ng pag-igting, hindi magnais ng mabilis, madaling mga sagot o maglaro ng sisihang paligsahan!

1:40 “a daang patungo sa Dagat na Mapula” Ito ay tila isang sanggunian sa daan na tinatawag na “ang Lansangan ng Hari” na nakalatag sa Golpo ng Aqaba mula sa Elath patungong Cades-barnea (cf. Mga Bilang 14:25). Ito ay hindi tumutukoy sa Ehipsiyong katawan ng tubig na tinawid nang una sa Exodo, malibang ito ay nangangahulugang “sa pangkalahatang direksiyon ng.”

NATATANGING PAKSA: ANG DAGAT NA PULA

I. Pangalan

A. Sa literal, ang pangalan ay *Yam Suph*.

1. “Dagat ng mga Damo” o “Dagat ng mga Tambo” (Ehiptong ugat)
2. “Dagat sa dulo (ng mundo)” (Semitikong ugat)

B. Ito ay maaaring tumukoy sa

1. Tubig alat, I Mga Hari 9:26 (Golpo ng Aqaba); Jonas 2:5 (Karagatan ng Mediteraneo)
2. Tubig tabang, Exodo 2:3; Isaias 19:26

C. Ang Septuagint ay ang unang salin na tumawag ditong “ang Dagat na Pula.” Maaaring ang mga tagapagsalin ay inuugnay ito sa dagat ng Edom (pula). Ang pagkakatawag na ito ay ipinagpatuloy ng Latin Vulgata at sumunod ang King James na saling Ingles.

II. Kinaroroonan

A. Mayroong maraming katawan ng tubig na tumutukoy sa ganitong pangalan:

1. Ang makipot na katawan ng tubig sa pagitan ng Ehipto at Sinai peninsula na halos 190 milya ang haba (Golpo ng Suez)
2. Ang katawan ng tubig sa pagitan ng Sinai peninsula at Arabia na halos 112 milya ang haba (Golpo ng Aqaba)

B. Ito ay maaaring maiugnay sa mababaw na latian sa hilagang-silangang bahagi ng delta ng Nilo na malapit sa Tanis, Zoan, Avaris, Rameses, na nasa katimugang baybayin ng Lawa ng Menzaleh (ang latiang rehiyon).

C. Ito ay maaaring magamit na matalinghaga ng mga mahiwagang mga tubig sa timog, na madalas na ginagamit na dagat sa dulo (ng mundo). Nangangahulugan ito na maaaring tumukoy sa

1. makabagong Dagat na Pula (Golpo ng Suez o Golpo ng Akaba, cf. I Mga Hari 9:26)
2. Karagatang Indyan (cf. Herodotus 1.180)
3. Golpo ng Pesya (cf. Josephus, *Antiq.* 1.7.3)

III. *Suph* sa Mga Bilang 33

A. Sa Mga Bilang 33:8, ang katawan ng tubig na mahimalang nahati ay tinatawag na *suph*.

B. Sa Mga Bilang 33:10,11 ang mga Israelita ay sinasabing nagkampo sa *yam suph*.

C. Mayroong dalawang magkaibang katawan ng tubig.

1. Ang una ay hindi ang Dagat na Pula (Golpo ng Suez)
2. Ang pangalawa ay maaaring ang Dagat na Pula (Golpo ng Suez)

D. Ang salitang *suph* ay ginagamit sa OT sa tatlong magkakaibang paraan.

1. Ang katawan ng tubig na hinati ni YHWH upang pahintulutan ang mga Israelita na dumaan, ngunit ang mga sundalong Ehipsiyo ay nalunod
2. Ang hilagang-kanlurang karugtong ng Dagat na Pula (Golpo ng Suez)
3. Ang hilagang-silangang karugtong ng Dagat na Pula (Golpo ng Akaba)

E. *Yam suph* ay maaaring hindi nangangahulugang “tambong dagat” dahil

1. Walang mga tambo (papyrus) sa Dagat na Pula (tubig alat)

2. Ang ipinapalagay ng Ehipsyong etimolohiya ay tumutukoy sa isang lupain, hindi isang lawa
- F. *Suph* ay maaaring nanggaling sa Semitikong ugat na “dulo” at tumutukoy sa mahiwagang di-kilalang mga tubig sa timog (tingnan si Bernard F. Batts, “Red Sea o Reed Sea? What *Yam Suph* Really Means” in *Approaches to the Bible*, tomo 1, pp. 291-304).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 1:41-46

⁴¹Nang magkagayo'y sumagot kayo at sinabi ninyo sa akin, Kami ay nagkasala laban sa PANGINOON, kami ay sasampa at lalaban, ayon sa buong iniutos sa amin ng PANGINOON naming Diyos. At nagsipagsakbat bawa't isa sa inyo ng kanikaniyang sandata na pangdigma, at kayo'y nagmadaling sumampa sa bundok. ⁴²At sinabi sa akin ng PANGINOON, Sabihin mo sa kanila, Huwag kayong sumampa, ni lumaban; sapagka't ako'y wala sa inyo; baka kayo'y masugatan sa harap ng inyong mga kaaway. ⁴³Gayon sinalita ko sa inyo, at hindi ninyo dininig; kundi kayo'y nanghimagsik laban sa utos ng PANGINOON, at naghambog at umakyat sa bundok. ⁴⁴At ang mga Amorrheo na tumatahan sa bundok na yaon, ay nagsilabas na laban sa inyo, at kayo'y hinabol, na gaya ng ginagawa ng mga pukyutan, at kayo'y tinalo sa Seir, hanggang sa Horma. ⁴⁵At kayo'y bumalik at umiyak sa harap ng PANGINOON; nguni't hindi dininig ng PANGINOON ang inyong tinig, ni pinakinggan kayo. ⁴⁶Sa gayon, ay natira kayong malaon sa Cades, ayon sa mga araw na inyong itinira *roon*.

1:41 “Nang magkagayo'y sumagot kayo at sinabi ninyo sa akin, Kami ay nagkasala laban sa PANGINOON, kami ay sasampa at lalaban” Ito ay tila pagsisising may kaugnayan sa kinahihinatnan. Sa teolohiya, ito ay nagpapakita na maraming beses, ang isang nasayang na pagkakataon, dahil sa dipananampalataya, ay hindi na maipapanumbalik. Ang kontekstong ito ay maliwanag na ipinapakita na hindi sila sumusunod kay YHWH (cf. v. 43). Ang teolohikong katotohanang ito ay ang pangunahing pagtuon sa marami sa mga pangkasaysayang salaysayin sa OT.

1:42 “ako'y wala sa inyo” Ang susi sa pagtatagumpay ay hindi ang kanilang panghukbong lakas, ngunit ang presensya ni YHWH (cf. v. 43).

1:43 Panisnin ang magkakatulad na paglalarawan ng Israel:

1. “Hindi ka nakikinig” - BDB 1033, KB 1570, *Qal* GANAP
2. “Ikaw ay nanghimagsik laban sa kautusan” - BDB 598, KB 632, *Hiphil* DI-GANAP
3. “Kumilos nang pangahas” - BDB 267, KB 268, *Hiphil* DI-GANAP

Kung ang Israel ay nakinig nang mag maaga kay YHWH at ginawa ang mismong bagay na ito, sila ay magtatagumpay, ngunit sa paggawa nito ngayon, ito ay nagpapakita ng kanilang nagpapatuloy na masuwayang pagtitiwala sa kanilang sarili!

Ang kontekstong ito ay maliwanag na nagpapakita na ang pagsuway (di-pagsunod) ay kinakailangang may kaugnayan sa Kanyang pangkasunduan mga pangako, presensya, at kapangyarihan!

1:44 “At ang mga Amorrheo na tumatahan sa bundok na yaon” Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Naninirahan sa Palestino bago Dumating ang Israel sa 1:4.

| | |
|------|------------------|
| ☐ | |
| NASB | “kayo'y tinalo” |
| NKJV | “pinabalik kayo” |
| NRSV | “sinira kayo” |
| TEV | “hinabol kayo” |
| NJB | “tinugis kayo” |

Ang PANDIWA (BDB 510, KB 507, *Hiphil* DI-GANAP) ay nangangahulugang “pitpitin hangang

magkapira-piraso.” Ito ay naitala sa Mga Bilang 14:45.

Ang PANG-URI ay ginamit sa pagpapalabas ng langis sa mga olibo (cf. Exodo 29:40; Mga Bilang 28:5). Ito ay ginamit para sa pagkawasak (1) ang ginintuang guya (cf. Deuteronomio 9:21) at (2) ng pagkawasak ng mga diyus-diyosan (cf. Mikas 1:7).

▣ **“mula sa Seir”** Ang Seir ay tumutukoy sa Edom.



NASB, NKJV,

NJB **“hanggang sa Horma”**

NRSV, TEV **“kasinglayo ng Horma”**

Horma ay nangangahulugang “ang lugar ng pagbabawal.” Ang salita (BDB 356) ay nangangahulugang “itinalaga sa pagkawasak,” na nagpapaliwanag ng Mga Bilang 21:3. Ito sa orihinal ay tinatawag na Zephath (cf. Mga Hukom 1:17). Pagkatapos ng mga Israelita na sirain ito, kanila itong pinangalang muli na itinalaga/winasak kay/para kay YHWH (tulad ng Jericho, Josue 6-7). Ito ay matatagpuan sa pang-tribung kinaroroonan ni Simeon, hilagang-silangang ng Beerseba.

Ang PANG-UKOL (BDB 723 III) ay nagpapahiwatig na ang mga Cananeo/mga Amorrheo ay tinugis ang mga Israelita mula sa Edom (Seir) sa lugar na ito mismo sa hilagang-silangan ng Beerseba, kung saan tinalo nila sila! Si YHWH ay wala sa Kanyang mapanghimagsik at pangahas na mga tao!

1:45 “At kayo'y bumalik at umiyak sa harap ng PANGINOON” Ang mga tao ay tumangis sa panlabas, ngunit nalalaman ng Diyos ang kanilang mga puso. Ito ay pighati na batay sa mga kinahinatnan, hindi sa pagsisisi.

▣ **“nguni't hindi dininig ng PANGINOON ang inyong tinig, ni pinakinggan”** Hindi sa hindi sila dinidinig ng Diyos, ngunit hindi Niya dinidig sila. Narinig Niya sila, ngunit nagsabing “Hindi.” Ang kasalanan ay palaging nagdudulot ng mga kahihinatnan, kahit na pinatawad ang kasalanan!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang batayang layunin ng Deuteronomio?
2. Bakit ang Sehon at Og ay binanggit dito nang daglian kung sila ay tatalakayin nang lubusan sa mga kabanata 2 at 3?
3. Itala ang mga napakahalagang bagay na may kinalaman sa panghukumang sistema ni Moises?
4. Saan nanggaling ang mga higante?
5. Bakit lubhang galit ang Diyos sa Israel?
6. Ang pagsisisi ba ng kasalanan ng Israel ay nakaapekto sa kapasyahan ng Diyos?

DEUTERONOMIO 2

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--------------------------|---|--|-----------------------------------|
| Ang Disyertong Taon | Pangkasaysayang Pagbabalik-tanaw (1:1-3:29) 1:46-2:8a | Ang mga Taon sa Disyerto 1:46-2:1 | Mula Cades hanggang sa Amon |
| 2:1-7 | | 2:2-6 2:7 | 2:1-7 |
| 2:8-15 | 2:8b-13a 2:13b-15 | 2:8-9 2:10-12 2:13-15 | 2:8-13a 2:13b-15 |
| 2:16-25 | 2:16-25 | 2:16-19 2:20-23 2:24-25 | 2:16-25 |
| Natalo ang Hari ng Sehon | | Tinalo ng Israel si Hari ng Sehon | Ang Pagsakop sa Kaharian ng Sehon |
| 2:26-37 | 2:26-30 2:31-37 | 2:26-27 2:28-30 2:31-37 | 2:26-29 2:30-37 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi) **PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

Maikling Balangkas ng Kabanata 2

- A. Ang kaugnayan ng Israel sa Edom, v. 4-7
- B. Ang kaugnayan ng Israel sa Moab, v. 8-15
- C. Ang kaugnayan ng Israel sa Ammon, v. 16-19
- D. Ang mga talatang 20-23 ay isang panaklong na kaugnay sa *Rephaim* (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:28)
- E. Ang kaugnayan ng Israel sa Amorrheo sa silangang panig ng Jordan, v. 24-37

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:1-7

¹Nang magkagayo'y pumihit tayo, at lumakad tayo sa ilang na daang patungo sa Dagat na Mapula, gaya ng sinalita sa akin ng PANGINOON; at tayo'y malaong lumigid sa bundok ng Seir. ²At ang PANGINOON ay nagsalita sa akin, na sinasabi, ³Malaon na ninyong naligid ang bundok na ito: *ngayon*, lumiko kayo sa dakong hilagaan. ⁴At iutos mo sa lungsod, na iyong sabihin, Kayo'y dadaan sa hangganan ng inyong mga kapatid na mga anak ni Esau, na tumatahan sa Seir; at sila'y matatakot sa inyo. Magsipagingat nga kayong mabuti: ⁵Huwag kayong makipagkaalit sa kanila; sapagka't hindi ko ibibigay sa inyo ang kanilang lupain, kahit *na kakaunti* ang natutungtungan ng talampakan ng isang paa: sapagka't ibinigay ko kay Esau, na pinakaari ang bundok ng Seir. ⁶Kayo'y bibili sa kanila ng pagkain sa pamamagitan ng salapi, upang kayo'y makakain; at kayo'y bibili rin sa kanila ng tubig sa pamamagitan ng salapi, upang kayo'y makainom. ⁷Sapagka't pinagpala ka ng PANGINOON mong Diyos, sa lahat ng gawa ng iyong kamay; kaniyang natalastas ang iyong paglalakbay dito sa malawak na ilang; sa loob nitong apat na pung taon ay sumaiyo ang PANGINOON mong Diyos; ikaw ay di kinulang ng anoman.

2:1 “sa ilang” Mayroong maraming “mga ilang” na nauugnay sa exodo.

NATATANGING PAKSA: ANG MGA ILANG NG EXODUS

1. Ang Ilang ng Shur - sa hilagang-silangan Ehipto (e.g., Exodo 15:22)
2. Ang Ilang ng Paran - sa gitna ng Sinai Peninsula (e.g., Genesis 21:21; Mga Bilang 10:12; 12:16; 13:3,26)
3. Ang Ilang ng Kasalanan – katimugan ng Sinai Peninsula (e.g., Exodo 16:1; 17:1; Mga Bilang 33:11,12, tinatawag ding “ilang of Sinai,” e.g., Exodo 19:1,2; Mga Bilang 1:1,19; 3:4; 9:1,5)
4. Ang Ilang ng Zin - katimugang Canaan (e.g., Mga Bilang 13:21; 20:1; 27:14; 33:36; 34:3; Deuteronomio 32:51)

▣ “na daang patungo sa Dagat na Mapula” Ito ay tumutukoy sa daan sa Araba (cf. TEV “sa daan sa Golpo ng Aqaba”), sa Awang na Lambak ng Jordan, na nag-uugnay sa hilaga at timog sa kapwa panig ng Dagat na Pula (cf. v. 8). Ito ay isang malawak na lambak na nagsisimula sa mga lungsod of Elath o Esion-geber sa Golpo ng Aqaba at hanggang sa puso ng Edom at Moab at ang kaharian ng Amorrheo hanggang Damasco, Syria. Sa OT ito ay tinatawag na “ang Lansangan ng Hari” (e.g., Mga Bilang 20:17 at 21:22).

Ang salitang “Dagat na Pula” (BDB 410 NA KAYARIAN with 693) sa literal ay “dagat ng mga tambo/mga damo.” Ang salitang ito ay ginamit para sa “di-kilala at mahiwagang mga tubig patungong timog.” Ito ay maaaring tumukoy sa katawan ng tubig na tinawid ng mga Israelita sa exodo at, tulad dito

at sa 1:40, sa katawan ng tubig na tinatawag na Golpo ng Aqaba sa silangang panig ng Sinai Peninsula. Sa OT na talata ang salita tumutukoy sa ang Karagatang Indya. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:40.

▣ **“ng sinalita sa akin ng PANGINOON”** Ang Deuteronomio ay naglalarawan sa kanyang sarili bilang isang kapahayagan mula kay YHWH hanggang kay Moises (cf. vv. 1,2,9,17,31). Si YHWH ay pinamahalaan ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng:

1. tuwirang kapahayagan kay Moises (cf. v. 2)
2. ang paggalaw ng *Shekinah* ulap ng kaluwalhatian
3. ang paggamit ng *Urim* at *Thummim* (i.e., Punong Saserdote)

▣ **“bundok ng Seir”** Ito ay tumutukoy sa ang lupain ng Edom (cf. vv. 5; 1:2; Exodo 3:1; 17:6).

2:3

NASB “naligid”
NKJV, NRSV “lumigid”
TEV “naglibot”
NJB “lumakad ng sapat na layo”

Ang PANDIWANG ito (BDB 685, KB 738, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI sa v. 3 at isang *Qal* DI-GANAP sa v. 1) ay nangangahulugang “pagtalikod,” “pag-ikot,” “pagligid.” Ang mga Israelita ay walang malinaw na direksiyon dahil sa masamang di-nananampalatayang salin-lahi. Sila ay nagpaikut-ikot sa Cades-barnea sa loob ng tatlong pu’t walong taon, ngunit si YHWH ay malapit nang magbigay ng tiyak, malinaw na mga direksiyon kay Moises. “umikot” o “lumigid” ay umakma sa tekstong ito nang lubusan.

▣ **“lumiko kayo sa dakong hilagaan.”** Ito ay maaaring tumukoy sa Mga Bilang 20, kung saan ang Israel ay nagtanong kung sila ay maaaring tumawid sa ang lupain ng Edom, ngunit ang mga Edomita ay hindi sila pinahintulutan. Sila ay nagtanong upang makatawid sa lupain ng Moabita, at sinabi nilang hindi. Ito ay ang pagtatala ng isang naunang pangyayari (cf. ICC p. 34). Dito, sila ay nagtatanong kung maaari silang pumunta sa Lansangan ng Hari, na nag-uugnay sa kalagitnaan ng mga bansang ito. Sila ay nakahandang bumili ng pagkain at tubig, ngunit ang mga Edomita at ang Moabita (ang mga kamag-anak ng Israelita kay Lot at Esau) ay nagsabing, “Hindi.” Manapa’y pumunta sa Edom, sila ay lumigid sa kanilang hangganan.

Tulad ng maraming Hebreong mga salita, ang isang ito (BDB 815, KB 937) ay may tiyak, literal na kahulugan (e.g., dito) at isang pinaunlad, matalinghagang kahulugan. “Lumiko” ay ang Hebreo salita na kadalasang isinasaling “magsisi” (e.g., II Mga Hari 17:13; II Cronica 30:6; Isaias 44:22; Jeremias 3:11-4:2; Osea 14:1).

2:4 “iutos” Ang salitang ito (BDB 845, KB 1010, *Piel* PAUTOS), tulad ng “lumiko” (BDB 815, KB 937, *Qal* PAUTOS sa v. 3, ay nagpapakita na si Moises ay nagtatala ng mismong mga kautusan ni YHWH (gaya ng *Hithpael* DI-GANAP ginamit bilang isang JUSSIVE sa v. 5, “huwag mo silang galitin”). Siya ang personal na nangasiwa sa kanilang paglalakbay.

▣
NASB “iyong mga kapatid”
NKJV “inyong mga kapatid”
NRSV “iyong mga kamag-anak”
TEV “iyong malayong kamag-anak”
NJB “inyong kamag-anak”

Ang Ingles na salin ay nagpapakita ang mga kahihinatnan ng Hebreong salita na “kapatid” (BDB 26). Ito ay ginamit ng maraming beses sa Edom (mga salinlahi ni Esau, cf. Mga Bilang 20:14;

Deuteronomio 2:4,8; Obadias v. 10).

▣ **“sila'y matatakot sa inyo”** Ito ay isang maka-propesiyang pahayag na maibabalik sa Awit ng Pagpapalaya na kung saan si Miriam ay pinapurihan ang Diyos para sa mahimalang pagtawid sa Dagat ng Tambo. Hinilaan ng Diyos na ang “Edom at Moab ay masisindak sa mga Israelita” (cf. Exodo 15:15).

2:4, 9, 19 Sa kabuuan ng kabanatang ito, mayroong maraming kapansin-pansing mga parirala na kaugnay sa kapangyarihan ng Diyos:

“Hindi ako magkaloob” (v.4, 9, 19)

“Nagkaloob ako” (v.5, 9)

“ang PANGINOON ay nagkaloob” (v.12)

“ang PANGINOON nating Diyos ay nagkaloob sa atin” (v.29)

“Ang Diyos ay pinalaya sa kalagitnaan natin” (v.33)

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ni YHWH sa pandaigdigang hangganan (cf. 32:8; Nehemias 9:22), dahil bawat mga pariralang ito ay nagbibigay-diin na si YHWH ang isang nagkaloob ng lupain sa tiyak na pangkat ng bayan na pamamanahan. Ang kabanatang ito ay nagpapakita na si YHWH ay hindi tanging ipinagkaloob ng lupain sa Israel, ngunit ipinagkaloob Niya ang ilan sa bawat bansa. Ang ilan ay nawalan ng lupain dahil sa kanilang mga kasalanan (e.g., Genesis 15:16) at ang Israel ay nawalan din ng lupain sa isang yugto (i.e., mga pagkatapon sa Assyria at Babilonya) dahil sa kanyang kasalanan. Ito ay pagbibigay-diin na si YHWH ay ang pang-sansinukob na Diyos. Sa isang araw ng polyteismo, ito ay isang kahanga-hangang pahayag ng monoteismo. Mayroong isa at isa lamang Diyos, Deuteronomio 6:4-6. Siya ay ang Isa na nagkaloob ng lupain kahit na sa ang mga Edomita, Moabita, Amorrheo, atbp. (lalo na sa Deuteronomio 32:8 sa Septuagint [LXX]).

▣
NASB, NRSV,

REB

“Magsipagingat nga kayong mabuti”

NKJV

“Samakatuwid ay ingatan niyo ang inyong sarili nang mabuti”

TEV

(isinama ang pariralang ito sa susunod sa v. 5, “ngunit dapat na hindi kayo magsisimula ng pakikidigma”)

NJB

“at kayo ay mapapangalagaang mabuti”

Ang literal na parirala ay “samakatuwid ay kunin ng mabuting pag-intindi” (a PANGATNIG, PANDIWA [BDB 1036, KB 1581, *Niphal* GANAP], at PANG-ABAY [BDB 547]). Ang Septuagint ay katulad ng TEV.

Ang pariralang ito, sa ibang mga anyo, ay ginamit na maraming beses sa Deuteronomio (cf. 2:4; 4:9,15,23; 6:12; 8:11; 11:16; 12:13,19,30; 15:9; 24:8). Ipinapahiwatig nito, “panatiliing maliksi ang kaisipan,” “bantayan ang ginagawa mo,” “pag-isipang mabuti ang mga kahihinatnan ng iyong mga gawain.”

2:5

NASB

“kahit na kakaunti ang natutungtungan ng talampakan ng isang paa”

NKJV

“hindi ganoon karaming natutungtungan ng talampakan ng isang paa”

NRSV, NJB

“kahit kasing dami ng isang haba ng paa”

TEV

“kasinghaba ng isang pulgadang kwadrado”

Ito ay isang di-karaniwang Hebreong salita (BDB 204). Ito tumutukoy sa paghakbang na lugar. Ang katulad na salitang-ugat ay ginamit sa 11:24 at Josue 1:3. Sa isang kaunawaan ito ay isang nagbibigay-siglang salita mula kay YHWH. Ipinagkaloob Niya ang lupain sa kapwa Edom at Moab. Ito ay sa kanila, sa bawat pulgada nito! Siya ay nasa proseso ng pagkaloob ng lupain sa Israel. Ang Kanyang lupain na iginawan ng mga mga kaloob ay may katiyakan.

Ngayon ito ay kailangang idagdag na kinalaunan, dahil of kasalanan, ang mga bansang ito (i.e.,

Edom at Moab) ay mawawalan ng lupain at malilipol bilang isang bayan. Ang lahat ng lupain ipinagkaloob ay may pasubali. Ito rin ay totoo sa Israel (i.e., ang mga pagpapatapon sa Assyria at Babilonya). Ang lahat ng mga kasunduan ng Diyos (maliban sa Genesis 6 at 15) ay may pasubali.

Ang Kanyang mga pangako ng pagtubos ay tiyak (walang pasubali), ngunit bawat tao/bansa ay kailangang tumugon at magpatuloy na tumugon na naaangkop! Ang isang nagpapatuloy, masunuring pananampalatayang pakikipag-ugnayan ay napakahalaga. Kinakailangan ni YHWH ang pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, at pagtitiyaga, sa kapwa OT at NT.

2:6 Ang Israel ay dapat na bumili na kapawa pagkain at tubig bilang isang pagpapahayag ng kanilang pagkilala sa kapangyarihan ng Edom sa kanilang lupain, na ipinagkaloob ni YHWH.

1. “Bumili ng pagkain” (BDB 991, KB 1404, *Qal* DI-GANAP)
2. “Bumili ng tubig” (BDB 500, KB 497, *Qal* DI-GANAP)

2:7 “a loob nitong apat na pung taon ay sumaiyo ang PANGINOON mong Diyos; ikaw ay di kinulang ng anoman” Ang talatang ito ay naglalarawan ng pag-ibig ng Diyos kahit na sa gitna ng paghihimagsik ng Israel laban sa Kaniya (i.e., ang kakulangan ng pananampalataya sa Kanyang pangako na ipinagkaloob ang ang lupain ng Canaan).

Ang Yugto ang Paglalagalag sa Ilang ay isang kahatulan sa isang salin-lahi ng mga Israelita na may maliit na pananampalataya, ngunit ito ay ipinihit sa isang panahon pansariling presensiya at pagtutustos ni YHWH. Ang mga rabbi ay tinatawag itong yugto ng pagpupulot-gata sa pagitan ni YHWH at Israel. Si YHWH ay nagkaloob ng:

1. pagkalinga
2. personal na patnubay
3. pagkain
4. tubig
5. mga damit na hindi naluluma
6. tagumpay sa pakikidigma

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:8-15

⁸Gayon tayo nagdaan sa ating mga kapatid, na mga anak ni Esau, na tumatahan sa Seir, mula sa daan ng Araba, mula sa Elath at mula sa Esion-geber. At tayo'y bumalik at nagdaan sa ilang ng Moab. ⁹At sinabi sa akin ng PANGINOON, Huwag mong kaalitin ang Moab, ni kakalabanin sila sa digma; sapagka't hindi kita bibigyan sa kaniyang lupain ng pinakaari; sapagka't aking ibinigay na pinakaari ang Ar sa mga anak ni Lot. ¹⁰(Ang mga Emimeo ay nanahan doon noong una, bayang malaki, at marami, at matataas na gaya ng mga Anaceo: ¹¹Ang mga ito man ay ibinilang na mga Rephaim, na gaya ng mga Anaceo; nguni't tinatawag silang Emimeo ng mga Moabita. ¹²Ang mga Hereo man ay tumahan sa Seir noong una, nguni't ang mga anak ni Esau ay humalili sa kanila; at nalipol sila ng mga ito sa harap din nila, at tumahan na kahalili nila; gaya ng ginawa ng Israel sa lupaing kaniyang pag-aari, na ibinigay ng PANGINOON sa kanila.) ¹³Ngayon, tumindig kayo, at tumawid kayo sa batis ng Zered. At tayo'y tumawid sa batis ng Zered. ¹⁴At ang mga araw na ating ipinaglakad mula sa Cades-barnea hanggang sa tayo'y nakarating sa batis ng Zered, ay tatlong pu't walong taon, hanggang sa ang buong lahi ng mga lalaking mangdidigma ay nalipol sa gitna ng kampamento, gaya ng isinumpa sa kanila ng PANGINOON. ¹⁵Bukod dito'y ang kamay ng PANGINOON ay naging laban sa kanila, upang lipulin sila sa gitna ng kampamento, hanggang sa sila'y nalipol.

2:8 “Gayon tayo nagdaan sa ating mga kapatid, na mga anak ni Esau, na tumatahan sa Seir” Ang paggamit na ito ng “mga kapatid” ay tila kabalintunaan. Sila ay magkamag-anak. Sila ay nanggaling sa katulad na mga ninino, sina Isaac at Rebekah, ngunit suka ay kumikilos tulad ng kahit ano maliban sa mga magkamag-anak.

“Seir” ay tumutukoy sa bulubundukin sa bansa ng Edom. Samakatuwid, ang “Seir” at “Edom” magkasingkahulugan.

2:8, 27 “daan ng Araba” Ito ay tumutukoy sa “Lansangan ng mga Hari,” mula ang Golpo ng Aqaba patungo sa Damasco (cf. v. 1 at Mga Bilang 20:17,19; 21:22).

2:8 “Elath” Ito sa literal ay “mga puno ng palma” (BDB 19). Ito ay maaaring malapit sa Esion-geber (cf. I Mga Hari 9:26), na nasa dulong hilaga ng Golpo ng Aqaba.

▣ **“nagdaan sa ilang ng Moab”** Ang Macmillan Bible Atlas, map 10, ay nagpapakita ang ang daang disyertong ito bilang kahalintulad ng “Lansangan ng Hari,” ngunit ito ay patungo sa silangan. Ang katimugang dulo ay dumadaan sa Edom at kilala bilang “ang daan ng ilang ng Edom” (cf. II Mga Hari 3:8). Ang Lansangan ng Hari at ang mas maliit ng daang disyerto ay nagtatagpo sa Rabbath-bene-ammon, na siyang patungo sa silangan ng Jericho.

2:9 “Huwag mong kaalitin ang Moab, ni kakalabanin sila sa digma” Ito ay kahalintulad sa 2:5 patungkol sa Edom. Ang mga salita ay naiiba, ngunit ang kaisipan ay katulad.

Kapwa ang MGA PANDIWA ay MGA JUSSIVE:

1. “manligaling” (BDB 849 III, KB 1015, *Qal* JUSSIVE, cf. Exodo 23:22; Esther 8:11)
2. “galitin” (BDB 173, KB 202, *Hithpael* JUSSIVE, vv. 19,24; Kawikaan 28:4; Daniel 11:10)

▣ **“Ar”** Ito ay alinman sa sangunian sa Moab sa pangkalahatan o sa kanyang kabiserang lungsod (cf. Mga Bilang 21:15,28; Deuteronomio 2:9,18,29; Isaias 15:1). Ito ay matatagpuan sa kaliwang panig ng Ilog ng Arnon.

▣ **“na pinakaari sa mga anak ni Lot”** Tingnan ang Genesis 19:38.

2:10-12 Ang mga talatang ito ay isang pang-editorial na pagpuna, tulad ng vv. 20-23; 3:9,11,13-14. Ang sumusunod ay lahat ng mga salita para sa mga dambuhala: (1) *Emimeo* (v. 10,11); (2) *Anaceo* (v.10,11,21); at (3) *Rephaim* (vv. 11,20). Ang mga salitang ay maaaring mangahulugan na alinman (a) malaki o mataas na sukat; (b) ng isang partikular na etnikong pinagmulan; o (c) huli sa Isaias at Jeremias, ito ay ginamit para sa nasasakupan ng mga patay. Dito, ito ay maaaring tumutukoy sa laki. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:28.

2:12 “Hereo” Mayroong ilang pagtatato patungkol sa kaugnayan sa pagitan ng ang Hereo (BDB 360) at ang mga Huryano (ABD, tomo 3, pp. 335-338). Sa aking palagay, hindi sila magkatulad (ABD, tomo 3, p. 288). Naniniwala akong sila ay magkaibang mga tao, kahit na walang paraan na maging dogma ito (NET Bible, p. 348 #5). Ang Hereo ay isang pang-tribung pangkat na naninirahan sa rehiyon ng Edom/Seir bago naging bansa ang Edom (cf. Genesis 14:6; 36:20-30).

2:13 “Ngayon, tumindig kayo, at tumawid kayo” Ang dalawang MGA PANDIWA (BDB 877, KB 1086 at BDB 716, KB 778) ay kapwa *Qal* MGA PAUTOS. Si YHWH pa rin ang nagsasabi kay Moises kung ano ang gagawain.

▣ **“batis ng Zered”** Ito ang pangalan ng isang wadi sa pagitan ng Moab at Edom (cf. Mga Bilang 21:12). Ang isang wadi ay isang batis na puno ng mineral na lupa na kung saan ang tubig ay tumatakbo tuwing tag-ulan, isang pana-panahong sapa, hindi isang ilog. Ang batis ay kadalasang bumubuo ng isang “daan.” Ito ang bumuo ng hangganan sa pagitan ng Edom at Moab.

Ang kahulugan ng salitang “Zered” (BDB 279) ay di-kilala.

2:14 “At ang mga araw na ating ipinaglakad. . .ay tatlong pu't walong taon” Ito ay isang buod na talata ng yugto ng paglalagalag sa ilang (cf. v. 7).

2:14, 16 “ang buong lahi ng mga lalaking mangdidigma” Ang “mga lalaki ng digmaan” ay kasama ang bawat lalaki sa pagitan ng 20 at 50 taong gulang (cf. Exodo 30:14; 38:26; Mga Bilang 1:3; 14:29). Ang lahat ng masamang ito na di-nananampalatayang salin-lahi (i.e., kawalan ng pananampalataya sa pangako ni YHWH) ay kailangang mamatay (cf. v. 15) bago ariin ng mga batang Israelita ang Lupaing Ipinangako.

▣ **“gaya ng isinumpa sa kanila ng PANGINOON”** Tingnan ang Mga Bilang 14:28-29; Deuteronomio 1:34-35.

2:15 “ang kamay ng PANGINOON” Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

**NATATANGING PAKSA: ANG DIYOS NA INILALARAWAN BILANG ISANG TAO
(ANTROMORPIKONG WIKA)**

- I. Ito ay uri ng wika na napaka-karaniwan sa OT (ilang mga halimbawa)
 - A. Pisikal na mga bahagi ng katawan
 1. Mga mata – Genesis 1:4,31; 6:8; Exodo 33:17; Bilang 14:14; Deuteronomio 11:12; Zacarias 4:10
 2. Mga kamay – Exodo 15:17; Bilang 11:23; Deuteronomio 2:15
 3. braso – Exodo 6:6; 15:16; Bilang 11:23; Deuteronomio 4:34; 5:15
 4. Mga tenga – Bilang 11:18; I Samuel 8:21; II Hari 19:16; Awit 5:1; 10:17; 18:6
 5. mukha – Exodo 32:30; 33:11; Bilang 6:25; Deuteronomio 34:10; Awit 114:7
 6. daliri – Exodo 8:19; 31:18; Deuteronomio 9:10; Awit 8:3
 7. tinig – Genesis 3:8,10; Exodo 15:26; 19:19; Deuteronomio 26:17; 27:10
 8. paa – Exodo 24:10; Ezekiel 43:7
 9. anyong tao – Exodo 24:9-11; Awit 47; Isaias 6:1; Ezekiel 1:26
 10. ang anghel ng Panginoon – Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:4,13-21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
 - B. Mga Pisikal na Pagkilos
 1. Pagsasalita bilang kaparaanan ng paglilikha – Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24,26
 2. Paglalakad (i.e., tunog na) sa Eden – Genesis 3:8; 18:33; Habakuk 3:15
 3. pagsasara ng pinto sa daong ni Noah – Genesis 7:16
 4. pagsamyo sa mga handog – Genesis 8:21; Levitico 26:31; Amos 5:21
 5. pagdating pababa – Genesis 11:5; 18:21; Exodo 3:8; 19:11,18,20
 6. paglilibing kay Moises – Deuteronomio 34:6
 - C. Mga pantaong damdamin (ilang mga halimbawa)
 1. panghihinayang/pagsisisi – Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:29,35; Amos 7:3,6
 2. galit – Exodo 4:14; 15:7; Bilang 11:10; 12:9; 22:22; 25:3,4; 32:10,13,14; Deuteronomio 6:5; 7:4; 29:20
 3. paninibugho – Exodo 20:5; 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15; 32:16,21; Josue 24:19
 4. pagkasuklam/poot – Levitico 20:23; 26:30; Deuteronomio 32:19
 - D. Mga salitang pampamilya (ilang mga halimbawa)
 1. Ama
 - a. ng Israel – Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; 39:5
 - b. ng Hari – II Samuel 7:11-16; Awit 2:7
 - c. talinghaga ng mga maka-amang pagkilos – Deuteronomio 1:31; 8:5; 32:1; Awit

27:10; Kawikaan 3:12; Jeremias 3:4,22; 31:20; Osea 11:1-4; Malakias 3:17

2. Magulang – Osea 11:1-4
3. Ina – Awit 27:10 (paghahalintulad sa nagpapasusong ina); Isaias 49:15; 66:9-13
4. Batang tapat na mangingibig – Osea 1-3

II. Mga dahilan para sa paggamit ng mga ganitong uri ng wika

- A. Isang pangangailang para sa Diyos na ihayag Niya ang Kanyang sarili sa mga taong nilalang. Ang pinaka malaganap na konsepto ng Diyos bilang isang lalake ay isang antropomorfismo dahil sa ang Diyos ay espiritu!
- B. Ang Diyos ay nagdadala ng pinakamakahulugang aspeto ng buhay ng tao at ginagamit ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa makasalanang sangkatauhan (ama, ina, magulang, mangingibig)
- C. Bagamat kinakailangan, ang Diyos ay hindi kailangan na maging limitado sa anumang pisikal na anyo (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5)
- D. Ang sukdulang antropomorfismo ay ang pagkakatawang tao ni Hesus! Ang Diyos ay naging pisikal, nahahawakan (cf. I Juan 1:1-3). Ang mensahe ng Diyos ay naging Salita ng Diyos (cf. Juan 1:1-18)

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:16-25

¹⁶Kaya't nangyari, nang malipol at mamatay sa gitna ng lungsod ang lahat ng lalaking mangdidigma. ¹⁷Ay sinalita sa akin ng PANGINOON, na sinasabi, ¹⁸Ikaw ay dadaan sa araw na ito sa Ar, na hangganan ng Moab: ¹⁹At pagka ikaw ay matatapat sa mga anak ni Ammon, ay huwag kang manampalasan sa kanila ni makipagtalo sa kanila: sapagka't hindi ko ibibigay sa iyo na pinakaari ang lupain ng mga anak ni Ammon: sapagka't aking ibinigay na pinakaari sa mga anak ni Lot. ²⁰(Yaon man ay ibinilang na lupain ng mga Rephaim: *para sa* mga Rephaim ang tumatahan doon noong una; nguni't tinawag na mga Zomzommeo ng mga Ammonita; ²¹Bayang malaki at marami at matataas na gaya ng mga Anaceo; nguni't nilipol sila ng PANGINOON sa harap nila; at sila'y humalili sa kanila, at tumahang kahalili nila: ²²Gaya ng ginawa ng PANGINOON sa mga anak ni Esau, na tumatahan sa Seir, nang kaniyang lipulin ang mga Horeo sa harap nila; at sila'y humalili sa kanila, at tumahang kahalili nila hanggang sa araw na ito: ²³At ang mga Heveo na nangagsitahan sa mga nayon hanggang sa Gaza, ay nilipol ng mga Caftoreo na nangagmula sa Caftor, at tumahang kahalili nila.) ²⁴Magsitindig kayo, kayo'y maglakbay, at magdaan kayo sa libis ng Arnon: narito, aking ibinigay sa iyong kamay si Sehon na Amorrheo, na hari sa Hesbon, at ang kaniyang lupain: pasimulan mong ariin, at kalabanin mo siya sa digma. ²⁵Sa araw na ito ay pasisimulan kong ilagay sa mga bayang nangasa silong ng buong langit, ang sindak sa iyo at ang takot sa iyo, na maririnig nila ang iyong kabantugan, at magsisipanginig, at mangahahapis, dahil sa iyo.

2:16 “nang malipol at mamatay ang lahat ng lalaking mangdidigma” Ito ay nagpapakita ng isang pagtitimbang sa pagitan ng ang pag-ibig ng Diyos at ang katarungan ng Diyos. Ang layunin ng Diyos ay hindi lamang magparusa, ngunit matulungan ang Kanyang bayan na matuto mula sa kanilang kamalian. Samakatuwid, ginawa Niya ang bayang ito, sa ilalim ng Kanyang parusang kamatayan, na naglalagag sa loob 38 taon, ngunit pinakain Niya sila, minahal Niya sila at nagtustos Siya sa kanila. Hindi ito biglaangkamatayan, ngunit ito ay isang di-napapanahon na kamatayan. Ang bawat kalalakihan na dumating sa Cades-barnea, na may 20 taong gulang pataas, ay nangayon ay patay na, maliban kina Josue at Caleb.

2:19 Ito ay kahalintulad sa 2:5 at 2:9. Ang mga katulad MGA PANDIWANG ito gaya ng sa v. 9. Dito ang una (BDB 849, KB 1015) ay JUSSIVE sa kahulugan, ngunit ngunit hindi sa anyo. Ang pangalawa (BDB 173, KB 202) ay isang *Hithpael* JUSSIVE. Ang Ammonita ay mga kamag-anak din ng mga Israelita sa

pamamagitan ni Lot.

2:20 “(Yaon man ay ibinilang na lupain ng mga Rephaim)” Ito ay isang pang-etnikong pangkat na nanirahan sa lugar na ito. Sila rin ay tinatawag na *Zomzommeo*. Ang talata 21 ay nagpapakita sa atin na sila ay bahagi ng mga dambuhala (cf. v. 9.) Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:28.

▣ **“Zomzommeo”** Tingnan ang Genesis 14:5.

2:21 Si YHWH ay naging matapat sa mga anak ni Esau (vv. 5,22) at Lot (vv. 9-10, 21-22). Ang katulad na “banal na pakikidigma” na talasalitaan na ginamit upang ilarawan ang mga tagumpay ng Israel sa pagsakop ay ginamit upang ilarawan pagsakop ng Edom at Ammon sa kanilang pang-tribong lupain.

2:23

NASB, NRSV,

TEV, REB “Heveo”

NKJV “Havimo”

NJB “Mga Havito”

Ang salitang ito (BDB 732) ay mayroong dalawang kahulugan:

1. Isang pangkat ng bayan na pinaninirahan sa lupain sa katimugan ng Palestino. Sila ay nasakop mula sa bayan ng Agean (i.e., mga Philistino). Si Albright ay inuugnay sila sa mga paninirahan ng Hyksos (cf. ABD, tomo 1, p. 531). Ang kabanatang ito ay mayroong nakatalang orihinal na mga nakatira sa mga pangalan ng mga natalo at nawalan ng lupain.
2. Sa huli sa Josue ang salitang ito ay naging pangalan ng isang lungsod sa pang-tribong pagtatalaga kay Benjamin (cf. Josue 18:23). Ang ilang mga iskolor ay may palagay na sila ay mula sa bayan ng Ai.

▣ **“mga Caftoreo na nangagmula sa Caftor”** Ang salitang ito (BDB 499) ay maaaring sa isang pulo ng Crete, Cyprus, Cappadocia, o hilagang Ehipto (cf. Genesis 10:13). Hindi natin tiyakang nalalaman. Ang Caftor (pangmaramihang ng Caftoreo) ay maaaring magkapitbahay o mga kamag-anak ng mga Philistino (cf. Genesis 10:14; Jeremias 47:4; Amos 9:7).

2:24 Ang talatang ito ay mayroong maraming mga kautusan:

1. “Tumindig” - BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS, cf. Genesis 13:17
2. “Umalis” - BDB 652, KB 704, *Qal* PAUTOS, cf. Deuteronomio 1:19; 2:1
3. “Dumaan” - BDB 716, KB 778, *Qal* PAUTOS, cf. Isaias 23:12
4. “Tumingin” - BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
5. “Magsimula” - BDB 320 III, KB 319, *Hiphil* PAUTOS, cf. Deuteronomio 2:31
6. “Ariin” - BDB 439, KB 441, *Qal* PAUTOS, cf. Deuteronomio 1:8,21; 2:31; 9:23
7. “Manindigan” - BDB 173, KB 202, *Hithpael* PAUTOS, cf. Deuteronomio 2:5,9,19; Daniel 11:10

Si YHWH ay nag-uutos, nagpapasigla, at humahamon sa Kanyang bayan na magtiwala sa Kaniya at sumunod sa Kanyang salita hindi gaya ng kanilang mga magulang. Ang lupain ay mapapasa kanila kung sila ay magpapatuloy sa pananampalataya!

▣ **“Amorrheo”** Tingnan ang tala sa 1:4. Ang kabisera ng kahariang ito ay Hesbon. Ito ay naging napamahaging pang-tribung nasasakupan ng Reuben.

▣ **“tulad ng kamay ng Panginoon”** Ito ay isang pang-antromorpikong pagpapahayag patungkol sa Diyos (cf. v. 15). Ang Diyos ay walang kamay. Siya ay walang pisikal na katawan. Ang Diyos ay espiritu, ngunit ang tanging paraan na pag-usapan nang makabuluhan ang patungkol sa Diyos ay pag-usapan Siya sa mga salitang maaarin nating maunawaan. Samakatuwid, tayo ay nagsasalita sa Diyos na

gaya na kung Siya ay isang tao. Ito ay isang kapahayagan na nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos.

2:25 “pasisimulan kong ilagay” Ang dalawang mga salitang ito ay MGA PAUTOS in v. 24. Ang Diyos ay ay handa na kumilos bilang isang mandirigima para sa kanila kung sila ay magtitiwala sa Kaniya at sa papasok sa digmaan laban sa mga panglokal na mga naninirahan!

▣ **“ang sindak sa iyo at ang takot sa iyo”** Ang unang salita (BDB 808) ay nangangahulugang “na mamangha” o “mangilabot”:

1. Ang mga kaaway ng Israel ay mangingilabot sa kanila - Deuteronomio 2:25; 11:25; Mga Awit 105:38
2. ang Israelita ay matatakot kay YHWH kung sila ay magkakasala - Deuteronomio 28:66,67
3. Si YHWH ay dapat kamanghaan - Mga Awit 119:120

Ang pangalawang salita (BDB 432) ay nangangahulugang “matakot”:

1. ang pagkatakot sa Diyos - Exodo 20:20
2. paggalang sa Diyos - Mga Awit 2:11; 5:8; 90:11; 119:38
3. pagkatakot sa kamatayan - Mga Awit 55:5
4. pagkatakot sa Israel - Deuteronomio 2:25

▣ **“nangasa silong ng buong langit”** Ito ay isang maliwanag na pagmamalabis (i.e., buong mundo, 4:19; Daniel 9:12). Ito ay tumutukoy sa mga naninirahan sa Canaan.

▣ **“magsisipanginig, at mangahahapis”** Ito ay kahalintulad sa “pangingilabot at pagkatakot.” Ang unang PANDIWA (BDB 919, KB 1182, *Qal* GANAP) ay nangangahulugang “manginig” o “mangatog” (cf. Kawikaan 29:9; Isaias 14:9). Ang pangalawang PANDIWA (BDB 296, KB 297, *Qal* GANAP) ay nangangahulugang “magsayaw,” “uminog” (cf. Panaghoy 4:6) o “pumulupot” (cf. Isaias 23:4; 26:18 [panganganak]).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:26-31

²⁶At ako'y nagsugo ng mga sugo mula sa ilang ng Cademoth kay Sehon na hari sa Hesbon na may mapayapang pananalita, na sinasabi, ²⁷Paraanin mo ako sa iyong lupain: sa daan lamang ako lalakad, hindi ako liliko maging sa kanan ni sa kaliwa. ²⁸Pagbibilhan mo ako ng pagkain sa salapi, upang makakain ako, at bibigyan mo ako ng tubig sa salapi, upang makainom ako; paraanin mo lamang ako ng aking mga paa; ²⁹Gaya ng ginawa sa akin ng mga anak ni Esau, na tumatahan sa Seir, at ng mga Moabita na tumatahan sa Ar; hanggang sa makatawid ako sa Jordan, sa lupaing sa amin ay ibinibigay ng PANGINOON naming Diyos. ³⁰Nguni't ayaw tayong paraanin ni Sehon na hari sa Hesbon sa lupa niya; sapagka't pinapagmatigas ng PANGINOON mong Diyos ang kaniyang diwa, at pinapagmatigas ang kaniyang puso, upang maibigay siya sa iyong kamay gaya ng *tulad niya* sa araw na ito. ³¹At sinabi sa akin ng PANGINOON, Narito, aking pinasimulang ibigay sa harap mo si Sehon at ang kaniyang lupain: pasimulan mong ariin upang iyong mamana ang kaniyang lupain.

2:26 “Cademoth” Ito ay tumutukoy sa isang lugar (o paninirahan) sa hilaga ng Ilog ng Arnon, ngunit ang tiyak na lugar ay di-tiyak. Sa huli, ito ay naging pang-Levitang lungsod (cf. Josue 21:37).

2:27 “Paraanin mo ako sa iyong lupain: sa daan lamang ako lalakad” Ang unang PANDIWA (BDB 716, KB 778, *Qal* COHORTATIVE) ay ginamit na kadalasan sa pang-kasaysayan buod na ito (cf. 2:4,8,13, 14,18, 24,27, 28,29,30; 3:18,21,25,27,28; 4:14,21,22,26). Ang isa pang pang-tekstong katangian ay ang Hebreong salita na ‘paraan’ o ‘daan,’ na may PANG-UKOL ay dinalawa. Ito ay isang paraan ng pagbibigay-diin na hindi sila lilihis sa pangunahing lansangan. Ito ay tumutukoy sa Lansangan ng Hari, na dumadaan sa Edom, Moab, at ang Kaharian ng Sehon. Binigyang-diin ni Moises na sila ay tumawid sa

mga mga kaharian na hindi nagdudulot ng sakuna kahit na ang kanilang hari ay hindi pinahintulutan ang Israel na tumawid. Ito ay katulad na alok (cf. v. 29) na ginawa ni Moises sa Edom (cf. 6).

▣ **“hindi ako liliko maging sa kanan ni sa kaliwa”** Pansining si Moises ay nagsasalita sa isang pangkalahatang kaunawaan. Ang maraming maling kaunawaan sa Bibliya ay maaaring iugnay sa kawalan ng pangkalahatang kalikasan ng mga biblikal na kapahayagan laban sa pansariling pagtuon ng makabagong, mga kanluraning lipunan. Ang mga karapatan at mga pribilehiyo ng tao ay nagpapadilim ng panglipunang kalahatan ng OT.

Ang parirala ay nakabatay sa OT kataga ng biblikal na pananampalataya bilang isang daan o paraan (e.g., Mga Awit 119:105). Ang kalooban ng Diyos ay maliwanag ang tanda. Ang konseptong ito ay literal dito (i.e., isang lansangan). Samakatuwid, ang pariralang, “lumiko sa kanan o kaliwa” ay literal. Kadalasan itong ginamit na patalinghaga para sa espiritwal na buhay (e.g., Mga Bilang 20:17; 22:26; Deuteronomio 5:32; 17:11,20; 28:14; Josue 1:7; 23:6; I Mga Hari 22:2).

2:30 “sapagka't pinapagmatigas ng PANGINOON mong Dios ang kaniyang diwa, at pinapagmatigas ang kaniyang puso” Ang unang PANDIWA (BDB 904, KB 1151, *Hiphil* GANAP) ay nangangahulugang “maging matigas” sa kaunawaan ng katigasan ng ulo o kasutilan:

1. ang *Qal* DI-GANAP ay ginamit sa 1:17; 15:18
2. ang *Hiphil* ay ginamit sa Exodo 7:3; 13:15 sa kaugnayan nito sa pagpapatigas ng Diyos sa puso ni Faraon bago ang exodo
3. ang *Hiphil* ay ginamit sa Deuteronomio 10:16 sa pagbibigay babala ni YHWH sa mga Israelita na huwag maging matigas ang kanilang puso o huwag maging sutil

Ang bilang 2 ay isang kahalintulad sa kontekstong ito ng maka-Diyos na pagpapatigas ng puso ni Sehon (i.e., kalooban).

Ang pangalawang PANDIWA (BDB 54, KB 69, *Piel* GANAP) ay nangangahulugang “maging malakas.” Ito ay karaniwang ginamit sa isang paayong kaunawaan (cf. Deuteronomio 3:28; 31:6,7,23), ngunit dito ito ay ginamit na kahalintulad sa “matigas na ulo” (cf. Deuteronomio 15:7; II Cronica 36:13).

Ito ay katulad ng nangyari kay Faraon: (1) pinatigas ng Diyos ang kanyang puso (cf. Exodo 7:3; 9:12; 10:1,20,27; 11:10; 14:4,8,17) o (2) pinatigas ng Faraon ang kanyang sariling puso (cf. Exodo 8:15,32; 9:34). Ang mga talatang ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos at ang pinagkaloob ng Diyos na malayang pagpili ng sangkatauhan. Ang konteksto ay nagpapahiwatig na sina Faraon (in Exodo) at Sehon (sa Deuteronomio) ay may malayang pagpili o bakit kinuha ni Moises ang panahon na mag-alok ng isang pangkapayapaang panimula sa kanila? Ang kahihinatnan ay ang Diyos ang nakapangyayari sa lahat ng mga bagay. Ang Diyos ang nag-ayos ng mga pangyayari, ngunit sila ay tumanggi (tingnan ang *Hard Sayings of the Bible*, pp. 142-143). Ang Roma 9 at 10 ay nagpapakita ng katulad kabalintunaan. Ang kabanata 9 ay tumutuon sa kapangyarihan ng Diyos habang ang kabanata 10 ay mayroong maraming pangkalahating pag-aalok (cf. v. 4, “bawat-isa”; vv. 11,13, “sinuman”; v. 12, “lahat”[na dalawang beses]). Tingnan ang mga Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANG PAGPAPATIGAS NG PANGINOON

Ang tila kabalintunaanang ito ay naging ang teolohikong di-pagkakasundo sa pagitan ng magkalabang mga teolohikong sistema:

1. Ang kapangyarihan ng Diyos laban sa malayang pagpili ng tao
2. Si Augustino laban kay Pelagio
3. Si Calvin laban sa Arminio

Para sa akin, kapwa ay mga biblikal na mga katotohanan. Ang kapwa mga biblikal ng mga katotohanan ay kailangang tanganan sa isang teolohikong pag-igting. Ang konsepto of “kasunduan” ay siyang tumatagan sa kanilang magkasama. Ang Diyos ay palaging nauuna, nagtatakda ng agenda, at tumatawag sa nalugmok na sangkatauhan, (e.g., Juan 6:44,65), ngunit tayo ay may pananagutan sa ating mga pagpili (e.g., Juan 1:12; 3:16). Ang pananagutan ng tao at ang mga kahihinatnan nito ay

nag-aatas ng isang pantaong kalayaan (i.e., kakayahan ng kaluluwa)! Ang moral na mga pagkilos ay nakabatay sa tunay na mga pagpili. Ang Banal na Kasulatan ay nagpapahayag ng kapwa katotohanan (i.e., teolohikong kasalungat)!

Pansining ang kapangyarihan ng Diyos, “Nagsimula na Kong magpalaya” at malayang pagpili ng tao, “magsimulang sakupin upang iyong makamtan ang lupain”!

Ito ay tiyak na maaaring ang ganitong teolohikong kahirapan para sa atin ay nanggaling sa ating maling pagkakaunawa ng mga sinaunang Hebreong teolohikong kataga. Ang natatanging monoteismo ng Israel ay nangangailangan na kanyang ipagtanggol ito sa lahat ng mga punto. Si YHWH na pinanggalingan ng lahat ng mga bagay ay isang pang-Hebreong paraan ng pagpapatibay ng monoteismo. Walang basta na lamang nangyayari. Mayroong isa at isa lamang na pinagmulan—si YHWH. Ang mga teksto na nagpapahayag na ito nagdulot sa mga makabago na :

1. Ipalagay ang kasamaan sa Diyos
2. Ipahayag ang isang sukdulang anyo ng kapangyarihan ng Diyos

NATATANGING PAKSA: ANG PUSO

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-English Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang gitna ng buhay Espirituwal (i.e., moral)
 - a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; Roma 8:27; I Corinto 14:25; I Thesalonica 2:4; Pahayag 2:23)
 - b. ginamit sa Espirituwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)
3. ang gitna ng buhay pangkaisipan (i.e., talino, cf. Mateo 13:15; 24:48; Gawa 7:23; 16:14; 28:27; Roma 1:21; 10:6; 16:18; II Corinto 4:6; Efeso 1:18; 4:18; Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Pahayag 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II Corinto 3:14-15 at Filipos 4:7)
4. ang gitna ng pagpapasya (i.e., kalooban, cf. Gawa 5:4; 11:23; I Corinto 4:5; 7:37; II Corinto 9:7)
5. ang gitna ng mga damdamin (cf. Mateo 5:28; Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; Roma 1:24; II Corinto 2:4; 7:3; Efeso 6:22; Filipos 1:7)
6. natatanging lugar sa pagkilos ng Espiritu (cf. Roma 5:5; II Corinto 1:22; Galacia 4:6 [i.e., si Kristo sa ating mga puso, Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga layunin (motibo), at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
 - a. Genesis 6:6; 8:21, “Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso,” pansinin din ang Osea 11:8-9
 - b. Deuteronomio 4:29; 6:5, “ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa”
 - c. Deuteronomio 10:16, “di-tuling puso” and Roma 2:29
 - d. Ezekiel 18:31-32, “isang bagong puso”
 - e. Ezekiel 36:26, “isang bagong puso” laban sa “isang pusong bato”

2:31 Ang tatlong MGA PAUTOS of v. 24 ay naulit:

1. “Tingnan ang” - BDB 906, KB 115, *Qal* PAUTOS

2. “Magsimula” - BDB 320, KB 319, *Hiphil* PAUTOS
3. “Tirahan” - BDB 439, KB 441, *Qal* PAUTOS

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 2:32-37

³²Nang magkagayo'y lumabas si Sehon laban sa atin, siya at ang buong lungsod niya, sa pakikipagbaka sa Jahaz. ³³At ibinigay siya ng PANGINOON nating Diyos sa harap natin; at ating sinaktan siya, at ang kaniyang mga anak at ang kaniyang buong lungsod. ³⁴At ating sinakop ang lahat niyang mga lungsod nang panahong yaon, at ating lubos na nilipol ang bawa't lungsod na tinatahanan, sangpu ng mga babae at ng mga bata; wala tayong itinira: ³⁵Ang mga hayop lamang ang dinalang pinakasamsam, sangpu ng mga nasamsam sa mga lungsod na ating sinakop. ³⁶Mula sa Aroer na nasa tabi ng libis ng Arnon at *mula sa lungsod na nasa libis, hanggang sa Galaad, ay wala tayong minataas na lungsod: ibinigay na lahat sa harap natin ng PANGINOON nating Diyos: ³⁷Sa lupain lamang ng mga anak ni Ammon hindi ka lumapit; sa buong pangpang ng ilog Jaboc at sa mga lungsod ng lupaing maburol, at saan man na ipinagbawal sa atin ng PANGINOON nating Diyos.*

2:32 “lumabas sa pakikipagbaka sa” Ang Sehon ay natalo dahil iniwan niya ang kanyang pinatibay na mga lungsod at ay natala sa kapatagan. Ito ay isang mabuting halimbawa ng paggamit ng Diyos ng pagmamataas ng tao upang matupad ang Kanyang layunin.

▣ **“Jahaz”** Ang wastong lugar ay di-tiyak, ngunit ito ay nasa silangang panig ng Jordan sa kaharian ng Sehon at maaaring timog ng kabisera, Hesbon, dahil ang mga Israelita ay manggagaling mula sa timog.

2:33 “At ibinigay siya ng PANGINOON nating Dios sa harap natin” Gaya ng v. 31, ang kapangyarihan ng Diyos (v. 32a, “ang Diyos ay nagpalaya” BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP) at pantaong kalayaan (v. 32b, “tayo ang tumalo” BDB 645, KB 697, *Hiphil* DI-GANAP) ay kapwa maliwanag na ipinahayag.

2:34 “wala tayong itinira” Ito ay isang simulain ng banal na pakikidigma (*herem*, BDB 355 I, cf. 3:6). Ang lahat ay pinatay dahil ang mga bayan naging makasalanan para sa mahabang panahon (cf. Deuteronomio 7:16; 20:14). Ang Genesis 15:16 ay nagsasabing “ang kasalanan ng Amorrheo ay hindi pa husto” at, samakatuwid, ang Diyos ay naghintay nang mahabang panahon para sa kanila na tumugon sa Kaniya. Sila ay hindi nagsisi at ang kahatulan ay dumating. Kung hindi sila nawasak, kanilang dudungisan ang pagsamba at teolohiya na ibinigay sa Bundok ng Sinai. “Banal na Pakikidigma’ ay isang kahatulan at isang pananggol na bakod!

2:35 “Ang mga hayop lamang ang dinalang pinakasamsam, sangpu ng mga nasamsam sa mga lungsod” Dito ay isang halimbawa isang tinakdaang pagbabawal (e.g., 3:6-7; Josue 8:2,27; 11:14). Sila ay maaaring kumuha ng mga nasamsam pagkatapos na kanilang nawasak ang bayan. Ito ay isang bahagi ng OT konsepto ng banal na pakikidigma. Ang pakikidigma ay kay YHWH at samakatuwid, gayundin, ang mga nasamsam (e.g., Jericho, Josue 7).

2:36

| | |
|-------------|--|
| NASB | “sa lungsod na nasa libis” |
| NKJV | “ang lungsod na nasa bangin” |
| NRSV | “ang bayan na nasa wadi mismo” |
| TEV | “ang lungsod na nasa gitna ng Lambak” |
| NJB | “ang bayan na nasa lambak” |

Ang pagkakaiba sa Ingles na mga salin ay nagpapakita ng mga posibilidad. Para sa akin, ang isang lungsod ay hindi kailanman dapat itayo sa isang wadi dahil sa panganib ng mga madaliang pagbaha, samakatuwid, ang lambak ay ang pinakamainam.

▣ **“wala tayong minataas na lungsod”** Ang bayan ng Diyos ay tumigil dahil ang mga lungsod ay mainam ding pinatibay, ang mga naninirahan ay matataas din. Ngayon ang mga Hudyo ay nagsabi, “Ang mga bayan ay malalaki, ngunit magagawa natin ito sa tulong ng Diyos” (cf. Deuteronomio 1:28).

2:37 Ang pook ng pagsakop ay lubang napakatiyak (sa pamamagitan ng utos ng Diyos, cf. vv. 5,9,19).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sundan ang ruta ng pananakop sa isang mapa.
2. Sino ang mga dambuhala?
3. Paano uunawain ng isa ang v. 34?

DEUTERONOMIO 3

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|--|
| Natalo si Haring Og | Pangkasaysayang Pagbabalik-Tanaw (1:1-3:29) | Linupig ni Isaac si Haring Og | Ang Paglupig sa Kaharian ng Og |
| 3:1-11 | 3:1-7 3:8-17 | 3:1-2 3:3-7 3:8-10 3:11 | 3:1-7 3:8-11 |
| Ang Lupain sa Silangan ng ng Jordan ay nahati | | Ang mga Angkan ay Tumira sa Silangan ng Jordan | Ang Paghahati ng Transjordan |
| 3:12-17 | | 3:12-13a 3:13b-14 3:15-17 | 3:12-17 Karagdagang mga Alituntunin mula kay Moises |
| 3:18-22 | 3:18-22 | 3:18-20 3:21-22 | 3:18-22 |
| Pinagbawalan si Moises na Pumasok sa Lupain | | Si Moises ay hindi Pinayagang Pumasok sa Canaan | |
| 3:23-29 | 3:23-29 | 3:23-25 3:26-28 3:29 | 3:23-28 3:29 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi) *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:1-7

¹Nang magkagayo'y pumihit tayo, at ating sinampa ang daang patungo sa Basan: at si Og na hari sa Basan ay lumabas laban sa atin, siya at ang buong lungsod niya, sa pakikipagbaka sa Edrei. ²At sinabi sa akin ng PANGINOON, Huwag mong katakutan siya, sapagka't aking ibinigay sa iyong kamay siya, at ang kaniyang buong lungsod, at ang kaniyang lupain; at iyong gagawin sa kaniya ang gaya ng iyong ginawa kay Sehon na hari ng mga Amorrheo, na tumahan sa Hesbon. ³Gayon din ibinigay ng PANGINOON nating Diyos sa ating kamay si Og, na hari sa Basan, at ang buong lungsod niya; at ating sinaktan siya hanggang sa walang natira sa kaniya. ⁴At ating sinakop ang lahat niyang mga lungsod nang panahong yaon; walang lungsod na di sinakop natin sa kanila; anim na pung lungsod ang buong lupain ng Argob, ang kaharian ni Og, sa Basan. ⁵Ang lahat ng ito'y mga bayang nakukutaan ng matataas na kuta, na may mga pintuang-lungsod at mga halang; bukod pa ang napakaraming mga lungsod na walang kuta. ⁶At ating lubos na nilipol, na gaya ng ating ginawa kay Sehon na hari sa Hesbon, na lubos nating nilipol bawa't lungsod na tinatahanan, sangpu ng mga babae at ng mga bata. ⁷Nguni't ang madlang kawan at ang nasamsam sa mga lungsod ay ating dinala.

3:1 “sinampa. . . daan” Ito ay tumutukoy sa Lansangan ng Hari. Ito ay isang daang trans-Jordan na dumadaan sa gitan ng Edom, Moab, at Ammon. Ito ay isang pangunahing ruta ng karawan mula sa Golpo ng Aqaba patungo sa Damasco.

▣ **“Basan”** Ang mga pangalan ay nangangahulugang “makinis” (BDB 143), sa kaunawaan ng pinakamahasag na pang-agrikultural na lupain (i.e., walang mga bato). Ito ay isang napakatabang lupa at makakahoy nalupain sa hilagang pook ng trans-Jordan sa hilaga ng Ilog ng Yarmuk o maaaring Ilog ng Jabbok Ilog ng sa timog ng mga mababang burol ng Bundok ng Hermon, na nangangahulugang ito isinamang bahagi ng lugar na kilala bilang Galaad. Ito ay kilala para sa kanyang troso at malaking kawan ng mga baka.

▣ **“Og na hari sa Basan”** Tingnan ang Mga Bilang 21:33-35; Deuteronomio 1:4.

▣ **“sa Edrei”** Ang lungsod na ito ay matatagpuan sa sanga ng Ilog ng Yarmuk at isa mga panirahan ng maharlika. Ang kabisera ay Ashtaroth sa hilaga. Ang Og ay nakaharap sa Israel dito, maaaring ginagamit ang ilog bilang isang pangtanggol na posisyon.

3:2 “sinabi sa akin ng PANGINOON” Tingnan ang tala sa 2:2.

▣ **“Huwag mong katakutan siya”** Ang PANDIWA (BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP ginamit sa isang JUSSIVE na kaunawaan) ay ginamit na kadalasan sa Deuteronomio (e.g., 1:19,21,29; 2:4; 3:2,22; 4:10). Ang Diyos ay nagtatanggol para sa kanila (i.e., banal na pakikidigma, e.g., Mga Bilang 21:34; Josue 10:8; 11:6).

▣
NASB, NKJV “aking ibinigay sa iyong kamay siya”
NRSV “akin nang ibinigay siya sa iyong kamay”
TEV “ibibigay ko siya sayo”
NJB “Ilalagay ko siya sa iyong kahabagan”

Ang PANDIWA (BDB 678, KB 733, *Qal* GANAP) ay nangangahulugang “magkaloob,” “ilagay,” o “magtakda.” Ito ay isang pangkaraniwang PANDIWA. Pansinin ang anyang pagkagamit sa pampanitikang yunit na ito sa Deuteronomio (cf. 1:8,15,20, 21,25,27,35,36,39; 2:5,9,12,19,24,25, 28,29,30,31,33,36;

3:2,3,12,13,15,16,18,19,20; 4:1,8,21,38,40). Si YHWH ay ang tagapagkaloob. Mayroong isang natatanging Diyos!

▣ **“ating sinaktan siya hanggang sa walang natira sa kaniya”** Ito ay ang wika at katotohanan ng “banal na pakikidigma.” Ito ay nagpapaliwanag ng Hebreong konsepto ng *herem*, o “sa ilalim ng pagbabawal” (cf. v. 6). Ang sumusunod na isang halimbawang kinatawan ng mga sanggunian sa OT sa salitang ito ay nagpapakita kung paano ito ginamit sa magkakaibang mga paraan. Ang konsepto ng herem o “banal na pakikidigma,” “pagbabawal,” o “pag-aalay”:

1. lubusang pagkawasak—walang humihinga ang matitirang buhay, walang mga bagay ay maaaring kunin (cf. Deuteronomio 20:16-18; I Samuel 15:3; Josue 7)
2. patayin lahat ng bayan, ngunit iiwan ang lahat ng mga hayop (cf. Deuteronomio 2:34, 35; 3:6, 7)
3. patayin lamang ang mga to (cf. Deuteronomio 20:10-15)

3:4 “lupain ng Argob” Ang salitang “rehiyon” (BDB 286) sa literal ay nangangahulugang, “isang lubid,” ito ay ginamit sa:

1. isang pising lubid
2. isang panukat
3. isang piraso ng lupain (i.e., rehiyon, cf. Josue 17:5, o mana, cf. Deuteronomio 32:9; Josue 17:14)
4. isang pangkat ng bayan (i.e., pangkat ng mga propeta, cf. I Samuel 10:5,10)

▣ **“Argob”** Ang salitang ito (BDB 918) ay ang pangalan isang rehiyon o piraso ng lupain. Ang kinalalagyan nito ay sa lupain ng Basan (cf. 3:4,13,14; I Mga Hari 4:13). Ang salitang-ugat ay maaaring maiugnay sa “tigkal ng lupa” (BDB 918) o “bunton” (BDB 918), ngunit ito ay di-tiyak.

3:5 “Ang lahat ng ito’y mga lungsod nakukutaan ng matataas na kuta, na may mga pintuang-bayan at mga halang” Ang mga lungsod na ito ay itinayo mula sa mga nakabarang bato ng bulkan at napakalaki. Sila ay nagpapahayag ng lalong isang nakakatakot na pangitain. Ang kanilang laki ay maaaring nagpapakita ng populasyon ng lipi ng bayan na naninirahan doon. Gayunman, ang pananampalataya ng mga Israelita ay mas malakat sa pagkatakot sa mga dambuhala (cf. 2:20-24).

Ang *Handbook on Deuteronomy* mula ang United Bible Societies ay binabanggit na ang “mga pintuang-bayan at mga halang” maaaring tumutukoy sa isang dalawahang pinto na may isang bakal na halang na magkatapat, pp. 68-69. Ito ay maaaring magpaliwanag ng pangmaramihang “mga pintuang-bayan”: (1) maaaring mayroong mahigit isang pintuang-bayan, o (2) ito ay maaaring katangian ng panloob at panlabas na mga pintuang-bayan (i.e., mga silid tulugan).

3:6

NASB, NKJV,

NRSV

“lubos na nilipol”

TEV

“nalipol”

NJB

“ang sumpa ng pagkawasak”

REB

“sa ilalim ng taimtim na pagbabawal”

JPSOA

“hinatulan”

Ang PANDIWANG ito (BDB 355, KB 353) ay ginamit na dalawang beses in this talata (*Hiphil* PAUTOS at *Hiphil* PAWATAS NA LUBUSAN). Ang karaniwang kahulugan ay ilaan ang isang bagay sa Diyos upang ito ay maging banal para sa pantaong paggamit at kailangang mawasak. Ito ay karaniwang ginamit sa konteksto ng “banal na pakikidigma” (cf. 2:34; 7:2; Exodo 22:20; Josue 6:17,21) upang ipahayag na ang tagumpay at, sa gayon, ang mga nasamsam ay pag-aari ni YHWH. Sa mga konteksto ng mga pananakop na ito, ang mga bagay na inilaan sa Diyos ay mga Cananeo at kanilang mga pag-aari. Sila ay nahatulan dahil sa kanilang kasuklam-suklam na mga kasalanan at kawalan ng kagustuhan na magsisi (cf. Genesis

15:16; Levitico 18:24-26; Deuteronomio 9:5).

Para sa isang mabuting pagtalakay ng “banal na pakikidigma” tingnan ang *Ancient Israel*, ni Roland deVaux, tomo 1, pp. 258-267.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:8-11

⁸At ating sinakop ang lupain nang panahong yaon sa kamay ng dalawang hari ng mga Amorrheo na nasa dako roon ng Jordan, mula sa libis ng Arnon hanggang sa bundok ng Hermon; ⁹(Na siyang Hermon ay tinatawag ng mga taga Sidon na Sirion, at tinatawag ng mga Amorrheo na Senir); ¹⁰Lahat ng mga lungsod ng kapatagan, at ang buong Galaad, at ang buong Basan, hanggang Salcha at Edrei, na mga lungsod ng kaharian ni Og sa Basan. ¹¹(Sapagka't si Og lamang na hari sa Basan ang nalalabi sa natira sa mga Rephaim; narito, ang kaniyang higaan ay higaang bakal; wala ba ito sa Rabbath ng mga anak ni Ammon? siyam na siko ang haba niyaon at apat na siko ang luwang niyaon, ayon sa siko ng isang lalake).

3:8 “At ating sinakop ang lupain. . . sa kamay ng dalawang hari” Ang talata 24 ay nagsasabing ito ay “ang malakas na kamay ng Diyos,” na, sa pang-antromorpiko (tingnan sa Natatanging Paksa sa 2:15) ay nagpapakita ng kapangyarihan at lakas ng Diyos. Muli, dito ay ang pagtutulungan sa pagitan ng kapangyarihan ng Diyos at pantaong pagpupunyagi.

▣ **“bundok ng Hermon”** Bundok ng Hermon ay ang hilagang hangganan ng lupain na ibinigay ng Diyos sa mga Israelita. Ito ay ang pinakamalaking bundok sa buong lugar na matatagpuan sa Lebanon, hilaga ng Dagat ng Cinereth (i.e., Galilea). Ang kanyang pangalan (BDB 356) ay kaugnay sa *herem* (itinalagang bagay) at ang lugar ng maraming templo (cf. *Ancient Israel*, Roland deVaux, tomo 1, pp. 279-282). Ito ay ang hilagang hangganan ng mga nasakop na lupain (cf. Mga Hukom 1:1).

3:9 “mga taga-Sidon” Ito ay ang pangunahing lungsod sa sinaunang Phoenicia (cf. I Mga Hari 16:31). Ito ay matatagpuan sa baybayin sa ibaba ng Tiro, na sa huli ay naging pangunahing lungsod. Ito na binanggit sa halip na Tiro ay nagpapakita ng pagiging sinauna ng tekstong ito.

▣ **“Sirion”** Ang salitang ito (BDB 970, Mga Awit 29:6) na ginamit para sa Bundok ng Hermon na mayroong ding matagpuang Ugaritikong mga teksto gayundin ay nagpapakita ng pagiging sinauna ng tekstong ito.

▣ **“Senir”** Ang salitang ito (BDB 972, cf. I Cronica 5:23; Awit ni Solomon 4:8; Ezekiel 27:5) ay matatagpuan din sa mga tala ni Shalmaneser III, isang hari ng Asyria na lumusob sa Damasco.

3:10

NASB, TEV “ng kapatagan”

NKJV “ang lambak”

NRSV, NJB “ang talampas”

Ang salitang ito (BDB 449) ay nangangahulugang “isang pantay na lugar.” Ito ay maaaring tumukoy sa isang kapatagan o sa isang makinis na talampas. Dito ito ay tumutukoy sa talampas sa pagitan ng Ilog ng Arnon at ang lungsod ng Hesbon (cf. 4:43; Josue 13:9,16,17,21; Jeremias 48:8,21). Ang talampas na ito ay bahagi ng Moab at naging pangtribong mana ni Reuben (cf. Josue 20:8).

▣ **“Galaad”** Ang salita (BDB 166) ay di-kilala ang pinagmulan o na kahulugan. Isang kilalalang (paglalaro ng salita) kahulugan ay ibinigay sa Genesis 31:48. Ito ay maaaring tumukoy sa:

1. isang tribu (e.g., Mga Bilang 26:29; Mga Hukom 5:17)
2. isang lupain (e.g., Genesis 37:25)

Ito ay palaging tumutukoy sa isang lugar sa silangang panig ng Ilog ng Jordan mula ang Ilog ng Arnon sa

hilaga hanggang sa lupain ng Basan.

▣ **“Salcha”** Ang lungsod na ito ay tila binubuo ng timog-silangang hangganan ng Basan at kadalasang ginamit, sa tabi ng Bundok ng Hermon, upang italaga ang saklaw ng Basan (cf. Josue 12:5; 13:11; I Cronica 5:11).

3:11 Ito ay tila isang pang-editorial na puna, tulad ng 2:10-12,20; 3:9.

▣ **“Rephaim”** Ito ay maaaring mangahulugang (1) isang pang-etnikong pangkat; (2) mga dambuhala; o (3) ang nasasakupan ng patay. Ang konteksto dito ay tila nagsasalita patungkol sa mga dambuhala. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:28.



NASB, NKJV “ang kaniyang higaan ay higaang bakal”

NRSV, NJB “ang kaniyang higaan, higaang bakal”

TEV “ang kaniyang kabaong, gawa sa bato”

REB “ang kaniyang sarkopago ng batong basalto”

Ang salita (BDB 793) ay karaniwang nangangahulugang “isang kwadrong kahoy.” Ito ay maaaring ginamit sa isang balag, sopa, higaan, upuan, silya/trono. Dito ito tumutukoy sa isang lugar sa pagtulog:

1. higaan - II Samuel 17:28; Job 7:13; Mga Awit 6:6; 41:3; Amos 6:4
2. sopa - Kawikaan 7:16
3. kabaong (sarkopago, i.e., isang huling hantungan ng pamamahing/pagtulog)

Ito ay maaari na ang “bakal” ay tumutukoy sa basaltong bato na kulay sarkopago (cf. NET Bible, p. 350). NIDOTTE, tomo 1, p. 741, ay nagsabing, “walang pampanitikang pangtulong para sa mungkahing ito ay isang sarkopago o dolmen.”

▣ **“Rabbah”** Ito ay ang kabisera ng kaharian ng Ammon (cf. Josue 13:25). Ito ngayon ay ang kabisera ng Jordan, Amman.

▣ **“siko ng isang lalake”** Ito sa literal ay, “para sa kubit ng isang lalaki,” na isang kataga para sa isang “pamantayang kubit.” Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANG KUBIT

Mayroong dalawang kubit (BDB 52, KB 61) sa Bibliya. Ang karaniwang kubit ay ang haba sa pagitan ng daliri at siko ng isang katamtamang tao, na kadalasang nasa 18 pulgada (e.g., Genesis 6:15; Exodo 25:10,17,23; 26:2,8,13,16; 27:1,9,12,13,14,16,18; Mga Bilang 35:4,5; Deuteronomio 3:11). Mayroon ding isang mas mahabang kubit (maharlikang kubit) na ginagamit sa konstruksyon (i.e., templo ni Solomon), na pangkaraniwang sa Ehipto (i.e., 21 daliri), sa Palestino (i.e., 24 daliri), at minsan sa Babilonya (i.e., 30 daliri). Ito ay halos 21 pulgada ang haba (cf. Ezekiel 40:5; 43:13).

Ang mga sinauna ay gumagamit ng mga bahagi ng katawan ng tao para sa pagsukat. Ang mga tao sa sinaunang Near East ay gumagamit ng:

1. haba mula sa siko hangang sa panggitnang daliri (kubit)
2. lapad mula sa inunat ng hinlalaki hanggang sa maliit na daliri (dangkal, cf. Exodo 28:16; 39:9; I Samuel 17:4)
3. haba sa pagitan ng apat na daliri ng isang nakasarang kamay (damak, cf. Exodo 25:25; 37:12; I Mga Hari 7:26; II Cronica 4:5)
4. haba ng panggitnang pinagdudugtungan ng daliri (lapad ng daliri, Jeremias 52:21)

Ang kubit (BDB 52, KB 61) ay hindi lubusang naisunod sa pamantayan, ngunit mayroong

dalawang pangunahing haba.

- a. Karaniwang haba ng siko sa panggitnang daliri ng isang lalaki (halos 18 pulgada, cf. Deuteronomio 3:11)
- b. Ang maharlikang kubit ay mas mahaba ng kaunti (halos 20 pulgada, cf. II Cronica 3:3; Ezekiel 40:5; 43:13)

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:12-17

¹²At ang lupaing ito'y ating sinakop na pinakaari nang panahong yaon; mula sa Aroer, na nasa tabi ng libis ng Arnon, at kalahati ng lupaing maburol ng Galaad, at ang mga lungsod niyaon, ay aking ibinigay sa mga Rubenita at sa mga Gadita: ¹³At ang labis ng Galaad, at ang buong Basan, na kaharian ni Og, ay aking ibinigay sa kalahating lipi ni Manases; ang buong lupain ng Argob, sa makatuwid baga'y ang buong Basan. (Siya ring tinatawag na lupain ng mga Rephaim. ¹⁴Sinakop ni Jair na anak ni Manases ang buong lupain ng Argob, hanggang sa hangganan ng mga Gessureo at ng mga Machateo; at mga tinawag niya, *nga itong*, Basan ayon sa kaniyang pangalang Havot-jair *hanggang sa araw na ito*.) ¹⁵At aking ibinigay ang Galaad kay Machir. ¹⁶At sa mga Rubenita at sa mga Gadita ay aking ibinigay ang mula sa Galaad hanggang sa libis ng Arnon, na siyang kalahatian ng libis, na pinaka hangganan niyaon hanggang sa ilog Jaboc, na siyang hangganan ng mga anak ni Ammon; ¹⁷Pati ng Araba at ng Jordan at ng *isang* hangganan niyaon, mula sa Cinereth hanggang sa Dagat ng Araba na Dagat na Alat, sa ibaba ng gulod ng Pisga sa dakong silanganan.

3:12 “mga Rubenita at mga Gadita” Ang dalawang tribong ito ang kumuha sa kaharian ng Sihon (cf. Josue 13:15-23,24-28).

3:13 “kalahating lipi” Ang mga anak ni Jose ay binubuo ng kalahating tribu ng Manases at Ephraim (cf. Genesis 41:50,52; 48:1-7). Ang minana ni Manases ay hinati, ang kalahati sa silangang panig ng Jordan at kalahati sa kanlurang panig.

3:14 “Jair” Sa halip na “anak ni” ito ay nangangahulugang “inaanak ni” (cf. Mga Bilang 32:41). Maraming mga salin-lahi ay linampasan sa lahing it. Ang mga talatang 12-13 ay sa pangkalahatan sa kalikasan at vv. 14-17 ay nagbibigay ng detalye (cf. NIC, *Deuteronomy*, Craigie, p. 121).

▣ **“hanggang sa araw na ito”** Ang pariralang ito ay tumutukoy sa nahuling yugto kaysa sa mismong pangyayari (cf. 2:22; 3:14; 4:38; 10:8,15; 29:28; Josue 7:26; 8:28,29; 9:27; 13:13; 14:14; 16:10; 22:3,17; 23:8; Mga Hukom 1:21,26; 10:4; 18:12,30; 19:30). Ang talata 5 ay tila may katulad na kahulugan. Ang isyu ay “magkano” pagkatapos. Ito ay maaaring tumukoy sa “dagli pagkatapos” (e.g., Josue 6:25; 23:9) o ito ay maaaring mangahulugang mga salin-lahi pagkatapos. Sino ang nagtala ng mga salita ni Moises? Sino ang nag-ayos ng Pentateuch? Sino ang huling patnugot? Ang makabagong pag-aaral ay hindi masasagot ang mga katanungang ito!

▣ **“ang anak ni Manases”** “Anak” dito ay nangangahulugang nanggaling kaysa sa tuwirang anak (cf. I Cronica 2:22).

▣ **“mga Gessureo at mga Machateo”** Ito ay magkakaibang panlahi at pang-etnikong mga pangkat (BDB 178 at 591). Sila ay nanirahan sa hilagang hangganan ng lupain ng Basan (cf. Josue 13:13). Hindi linabanan ng Israel ang mga bayang ito.

▣ **“Havot-jair”** Ito ay nangangahulugang “ang mga bayan,” “mga rehiyon,” o “kaharian” (BDB 795 II) ng Jair.

3:15 “kay Machir” Mga Bilang 32:39-40 ay nagbibigay ng higit na kaalaman patungkol sa taong ito.

3:17 “Araba” Ito ay isa pang salita para sa Lambak ng Jordan, na nagdudugtong mula sa itaas ng Dagat ng Galilea na dadaan sa Dagat na Pula pababa ng Golpo ng Aqaba sa Sinai Peninsula (tingnan ang tala sa 1:1). Ito ay isang geolohikong puwang na galing ng Ilog ng Jordan na tumatakbo, mula sa mga mababang burol ng Bundok ng Hermon patungo sa Dagat na Pula.

▣ **“Cinereth”** Ito (BDB 490) ay ang pangalan ng isang lungsod sa Galilea na malapit sa isang malaking lawa na mayroong maraming mga pangalan sa Bibliya”

1. Cinereth (e.g., Mga Bilang 34:11; Josue 12:3; 13:27)
2. Galilea (e.g., Mateo 4:18; Marcos 1:16; Juan 6:1)
3. Genezaret (e.g., Lucas 5:1)
4. Tiberias (e.g., Juan 6:1; 21:1)

▣ **“Pisga”** Ang bundok na ito (BDB 820) ay nakilala kasama o napakalapit sa Bundok ng Nebo (BDB 612 I, cf. 32:49; 34:1). Maaaring sila ay ma kambal na bundok ng isang pagkakaayos o ang pangalan ng gulod at kanyang pinakamataas na tuktok. Ang mga bundok na ito ay ang bunga ng pagguho ng talampas ng Moab sa itaas ng Araba. Ang pangalang ito ay mas pangkaraniwan sa OT kaysa sa Nebo (cf. Mga Bilang 21:20; 23:14; Deuteronomio 3:17,27; 4:49; 34:1).

▣ **“ang Dagat ng Araba”** Ito (cf. 4:49; Josue 3:16; 12:3, tinatawag din na “Dagat ng Kapatagan” sa II Mga Hari 14:25) ay isa pang pangalan para sa ang Dagat na Alat (cf. Genesis 14:3; Mga Bilang 34:3,12; Josue 3:16; 15:2,5; 18:19) o, gaya ng tinatawag ngayon, tinatawag na Dagat na Pula. Ito rin ay tinatawag na “ang silangang dagat” (cf. Ezekiel 47:18; Joel 2:20; Zacarias 14:8) o sadyang “ang dagat” (cf. Isaias 16:8; Jeremias 48:32).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:18-22

¹⁸At kayo'y aking inutusan nang panahong yaon, na sinasabi, Ibinigay sa inyo ng PANGINOON ninyong Diyos ang lupaing ito upang ariin: kayo'y daraang may sakbat sa harap ng inyong mga kapatid na mga anak ni Israel, lahat ng taong matapang. ¹⁹Nguni't ang inyong mga asawa at ang inyong mga bata, at ang inyong mga hayop, (aking talastas na kayo'y mayroong maraming hayop), ay mangatitira sa inyong mga lungsod na aking ibinigay sa inyo; ²⁰Hanggang sa bigyan ng PANGINOON ng kapahingahan ang inyong mga kapatid, na gaya ninyo, at kanilang ariin naman ang lupain na ibinigay sa kanila ng PANGINOON ninyong Diyos, sa dako roon ng Jordan; kung magkagayon ay babalik ang bawa't lalake sa inyo sa kaniyang pag-aari, na aking ibinigay sa inyo. ²¹At aking iniutos kay Josue nang panahong yaon, na sinasabi, Nakita ng iyong mga mata ang lahat ng ginawa ng PANGINOON mong Diyos sa dalawang haring ito; gayon ang gagawin ng PANGINOON sa lahat ng mga kahariang iyong daraanan. ²²Huwag kayong matakot sa kanila: sapagka't ipinakikipaglaban kayo ng PANGINOON ninyong Diyos.

3:18 “Ibinigay sa inyo ng PANGINOON ninyong Diyos ang lupaing ito” Ito ay tumutukoy sa ang silangang panig (trans-Jordan) ng Araba.

▣ **“daraang may sakbat sa harap ng inyong mga kapatid na mga anak ni Israel”** Dahil sina Reuben, Gad, at kalahati ni Manases ang tumira sa silangang panig ng Jordan na siyang nasakop na, sila ngayon ay unang magiging kasama sa pakikidigma para sa mgaa lupain ng kanilang mga kapatid (cf. vv. 19-20) bago sil ay maaaring manirahan sa kanilang sarili.

3:19 “maraming hayop” Ang “maraming mga hayop” na kanilang mga nasamsam sa digmaan kapwa

mula sa (1) Ehipto at (2) ang mga bansang trans-Jordan.

▣ **“na aking ibinigay sa inyo”** Ang pinanggalingan ng lahat ng mga pagpapala ay Diyos (ang kadalasang ginamit na PANDIWA “pinagkaloo” BDB 678, KB 733, *Qal* GANAP). Sila hindi naging karapat-dapat sa ang mga nasamsam sa digmaan sa kanilang sarili.

3:20 “bigyan ng PANGINOON ng kapahingahan ang inyong mga kapatid” Ang aklat ng Hebreo ay ang pinakamainam ng NT komentaryo sa Pentateuch. Sa Hebreo 4, ang salitang “pahinga” ay ginamit sa tatlong kaparaanan:

1. Isang pampitong araw ng pahinga gaya ng pagpahinga ng Diyos pagkatapos ng paglilikha, ang Sabbath
2. ang mga Israelita ay nagpahinga pagkatapos na kanilang nasakop ang Ipinangakong Lupain (cf. 12:10; 25:19; Josue 23:1)
3. langit, ang walang-hangang pitong-araw na pahinga. Dito ang “pahinga” tumutukoy sa katiyakan, #2.

3:21 Dahil sa pagtustos ni YHWH sa ilang at mga tagumpay sa trans-Jordan, ang mga Israelita ay nagtiwala sa Kaniya at nagpatuloy!

3:22 “ipinakikipaglaban kayo ng PANGINOON ninyong Diyos” Hindi ito pantaong pagpupunyagi, mga kasanayan, o mga kaparaanan, ngunit ang kapangyarihan ng Diyos (cf. 1:30; 20:4; Exodo 14:14; 15:3).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 3:23-29

²³At ako'y dumalangin sa PANGINOON nang panahong yaon, na sinasabi, ²⁴Oh Panginoong Diyos, iyong minulang ipinakilala sa iyong lingkod ang iyong kadakilaan at ang iyong kamay na makapangyarihan: ano ngang Diyos sa langit o sa lupa ang makagagawa ng ayon sa iyong mga gawa, at ayon sa iyong mga makapangyarihang kilos? ²⁵Paraanin mo nga ako, isinasamo ko sa iyo, at aking makita ang mabuting lupain na nasa dako roon ng Jordan, yaong mainam na bundok, at ang Libano. ²⁶Nguni't ang PANGINOON ay nagalit sa akin dahil sa inyo, at hindi ako dininig; at sinabi sa akin ng PANGINOON, Siya na; huwag ka nang magsalita pa sa akin ng tungkol sa bagay na ito. ²⁷Sumampa ka sa taluktok ng Pisga at ilingap mo ang iyong mga mata sa dakong kalunuran, at sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at masdan mo *ito* ng iyong mga mata; sapagka't hindi ka makatatawid sa Jordang ito. ²⁸Nguni't pagbilinan mo si Josue, at palakasin mo ang kaniyang loob at palakasin mo siya: sapagka't siya'y daraan sa harap ng bayang ito, at kaniyang ipamamana sa kanila ang lupain na iyong makikita. ²⁹Sa gayo'y tumahan tayo sa libis, na nasa tapat ng Beth-peor.

3:23-29 Ito ay isang very pansariing tala mula kay Moises. Ito ay ang tanging lugar sa lahat sa Bibliya na tayoo ay makakakita ng isang nakatalang pakiusap ni Moises para sa sa kanyang sarili. Sa ibang mga pangalan siya ay nanalangin para sa bayan o lupain. Ito ay isang sulyap sa puso ni Moises, ang tao.

3:23

NASB, NKJV,

NJB

“dumalangin”

NRSV

“magsumamo”

TEV

“masigasig na manalangin”

Ako ay masigasig na nagsusumamo (BDB 335, KB 334, *Hithpael* DI-GANAP, cf. I Mga Hari 8:33,47,59; II Cronica 6:37; Job 8:5; 9:15; Mga Awit 30:8; 142:1; Osea 12:4) sa Panginoon. Si Moises ay nasa matinding paghihirap sa di-pagpayag na siya ay makapasok sa Ipinangakong Lupain.

3:24 “Oh PANGINOONG Diyos” Ang salita para sa “Panginoon” dito ay ang salitang *adonai* (BDB 10), na ang Hebreong salita para sa “may-ari,” “pinuno,” “asawang lalaki,” o “Panginoon.” Ang salitang “Diyos” ay ang Hebreong salitang YHWH (BDB 217). Sinasabi niyang “Panginoon, YHWH.” Ang pantawag na ito ay madalang gamitin sa mga sulat ni Moises. Ito ang pangpanalanging wika ni Moises. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos at 1:3.

▣ **“iyong minulang ipinakilala sa iyong lingkod ang iyong kadakilaan at ang iyong kamay na makapangyarihan”** Si Moises ay nakikiusap na ang kanyang malalim na kaalaman kay YHWH, ang Kanyang katangian (tingnan ang buong mga tala 4:31 at 10:17), ang Kanyang mga gawa ay mag-udyok kay YHWH na hayaan siyang tumawid ng Jordan, ngunit si YHWH ay walang pagtangi sa mga tao!

▣ **“ano ngang Diyos sa langit o sa lupa ang makagagawa ng ayon sa iyong mga gawa, at ayon sa iyong mga makapangyarihang kilos”** Ito aba ang konsepto na ang Diyos ay ang pinakamataas na Diyos sa gitna ng marami, tinatawag na henoteismo (e.g., Exodo 15:11 at Deuteronomio 4:7; 5:7, tingnan ang *The pang-Hudyong Study Bible*, pp. 379-380)? Nangangahulugan ba ito na hindi itinatangi ni Moises ang pag-iral ng ibang mga diyos, ngunit si YHWH ang pinakamalakas? O ito ay monoteismo (e.g., 4:35,39; 6:4; Exodo 20:2-3; Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5,6-7,14,18,21,22), isa at tanging isang Diyos? Hindi natin talagang alam. Ako ay lalong naniniwala na si Moises ay hindi tumutukoy sa ibang mga diyos, ngunit sa ibang espirital na mga pwersa, e.g., na minsan ay tinatawag na *elohim* (cf. Mga Awit 8:5; 82:1,6; 1 Samuel 28:13).

3:25 “Paraanin mo nga ako, isinasamo ko sa iyo, at aking makita” Ang pariralang ito ay mayroong dalawang MGA PANDIWA:

1. “Paraanin” - BDB 716, KB 778, *Qal* COHORTATIVE
2. “tingnan” - BDB 906, KB 1157, *Qal* DI-GANAP, ngunit sa isang COHORTATIVE na kaunawaan

3:26 “ang PANGINOON ay nagalit” Ito ay isang halimbawa ng antropomorpikong wika (“nagalit” BDB 720, KB 780, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:15). Papaano maaari nating maihayag na ang Diyos ay nagalit na walang paggamit ng pantaong mga salita? Tayo ay maaari, ngunit kailangan nating tandaan na ang Diyos ay hindi isang tao at hindi nag-iisip at gumaganap tulad ng mga tao. Tayo ay gumagamit ng mga salita upang ilarawan ang kalikasan ng Diyos na talastas na ang nalugmok na mga tao ay maaaring hindi lubusang ilarawan ang Diyos.

Ang pangmadlang kasalanan ni Moises (cf. 32:51; Mga Bilang 20:10-12; 27:12-14) ay nagbunga ng pangmadlang mga kahihinatnan!

▣ **“dahil sa inyo”** Tingnan ang mga tala sa 1:34,37.

▣ **“Siya na; huwag ka nang magsalita pa sa akin ng tungkol sa bagay na ito”** Moises ay patuloy na nananalangin ng paulit-ulit (cf. Mga Bilang 20:2-13; 27:13; Deuteronomio 1:37; 3:23-27), “Nagsisisi na ko, hayaan mo na akong pumasok sa Ipinangakong Lupain.” Sa huli ay sinabi ng Diyos, “Hindi, huwag munang hilinging muli” (BDB 414, KB 418, *Hiphil* JUSSIVE).

3:27 Ang talatang ito at v. 28 ay may isang kalipunan ng mga kautusan bilang tugon sa panalangin ni Moises:

1. “umakyat” - BDB 748, KB 828, *Qal* PAUTOS
2. “itaas” - BDB 669, KB 724, *Qal* PAUTOS
3. “tingnan” BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
4. “iutos” - BDB 845, KB 1010, *Piel* PAUTOS
5. “mapasigla” - BDB 304, KB 302, *Piel* PAUTOS
6. “palakasin” - BDB 54, KB 65, *Piel* PAUTOS

Ang Diyos ang gumawa ng probisyon para sa Moises at para sa Israel (upang palakasin si Josue, cf. v. 28b,c).

▣ **“taluktok ng Pisga”** Tingnan ang tala sa v. 17.

▣ **“ilingap mo ang iyong mga mata sa dakong kalunuran, at sa dakong hilagaan, at sa dakong timugan, at sa dakong silanganan, at masdan mo ng iyong mga mata”** Ito ay isang ganap na halimbawa ng pag-ibig ng Diyos at Kanyang poot. “Sinasabi kong hindi ka makapaparoon, ngunit hahayaan kitang tingnan ito.”

▣ **“sapagka't hindi ka makatatawid sa Jordang ito”** Ang Diyos ay walang pagtangi sa mga tao. Si Moises ay isang dakilang tao ng Diyos, ngunit kaniyang sinuway na pangmadla ang Diyos at samakatuwid siya ay nagdusa ng mga kahihinatnan (cf. Job 34:11; Mga Awit 28:4; 62:12; Kawikaan 24:12; Ecclesiastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; Roma 2:6; 14:12; I Corinto 3:8; II Corinto 5:10; Galacia 6:7-10; II Timoteo 4:14; I Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12).

3:29 “Beth-peor” Ito ay sa literal “bahay/templo ni Peor” (BDB 112). Ang Peor ay isang bundok o lungsod sa hilagang-kanluran ng Moab. Ito ang lugar sinamba ng Israel ang mga diyus-diyusan (*Ba'al* pagsamba ng pagkamayabong, cf. Mga Bilang 22-23). Ito ay naging mana ni Reuben (cf. Josue 13:20).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Anong teolohikong kaalaman patungkol sa Diyos ang natutunan ninyo sa salaysay na ito?
2. Paano mo maiuugnay ang Diyos ng vv. 3 at 6 sa Diyos ng NT?
3. Ang v. 24 ba ay nagtuturo ng pagkakaroon ng ibang diyos?
4. Paano ipinakita ng Diyos ang kahabagan at gayunman ang kahatulad kay Moises sa v. 27?

DEUTERONOMIO 4

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|---|--|---|
| Si Moises ay Nag-utos ng Pagsunod | Katapusan ng Unang Pangangaral | Hinihimok ni Moises na maging masunurin | Ang Kawalan ng Pananampalataya sa Beth-Peor na Pinag-iba sa Tunay na Karunungan |
| 4:1-8 | 4:1-4 4:5-8 | 4:1-4 4:5-6 4:7-10 | 4:1-8 Ang Kapahayagan sa Horeb; Ang Pangangailangan Nito |
| 4:9-14 | 4:9-14 | 4:11-14 | 4:9-14 |
| Mag-ingat sa Pagsamba sa Diyus-diyusan | | | |
| 4:15-24 | 4:15-20 | 4:15-24 | 4:15-20 Ang Darating na Kaparusahan at Kaligtasan |
| | 4:21-24 | | 4:21-24 |
| 4:25-31 | 4:25-31 | 4:25-31 | 4:25-28 4:29-31 Ang Kaluwalhatian ng Napili ng Diyos |
| 4:32-40 | 4:32-40 | 4:32-30 | 4:32-34 4:35-38 4:39-40 |
| Mga Lungsod ng Kanlungan sa Silangan ng Jordan | Isang Karagdagan | Mga Lungsod ng Kanlungan sa Silangan ng Jordan | Mga Lungsod ng Kanlungan |
| 4:41-43 | 4:41-43 | 4:41-43 | 4:41-43 |
| Ang Panimula sa Kautusan ng Diyos | Ang Pangalawang Pangangaral ni Moises (4:44-26:19;28) | Ang Panimula sa Pagkakaloob ng Kautusan ng Diyos | Ang Pangalawang Pangangaral ni Moises (4:44-11:32) |
| 4:44-49 | 4:44-49 | 4:44-49 | 4:44-49 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:1-4

¹At ngayon, Oh Israel, dinggin mo ang mga palatuntunan at ang mga kahatulan, na aking itinuturo sa inyo, upang sundin ninyo; upang kayo'y mabuhay, at pumasok, at inyong ariin ang lupain na ibinibigay sa inyo ng PANGINOON, ng Diyos ng inyong mga magulang. ²Huwag ninyong daragdagan ni babawasan ang salita na aking iniutos sa inyo, upang inyong maingat ang mga utos ng PANGINOON ninyong Diyos na aking iniutos sa inyo. ³Nakita ng inyong mga mata ang ginawa ng PANGINOON tungkol kay Baal-peor, sapagka't lahat ng mga tao na sumunod kay Baal-peor, ay nilipol ng PANGINOON mong Diyos sa gitna mo. ⁴Nguni't kayong umayon sa PANGINOON ninyong Diyos ay nangabubuhay pa ang bawa't isa sa inyo sa araw na ito.

4:1 “dinggin” Ang PANDIWANG ITO (BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS) ay ginamit na kadalasan sa Deuteronomio (e.g., 1:16; 4:1; 5:1; 6:3,4; 9:1; 20:3; 27:10; 33:7). Ang karaniwang kahulugan nito ay “dinggin gayundin ay gawin.” Ito ay tumutuon sa pagkilos, at hindi lamang sa pakikinig (cf. Santiago 1:22-25). Ang kabanatang ito ay mayroong maraming mga babala, vv. 1, 2, 6, 9, 13, 14, 15, 19, 23, at 26 (cf. Mikas 1:2; 3:1; 6:1).

▣ **“ang palatuntunan at ang mga kahatulan”** Kasama dito ang mga kalipunan ng kapahayagan ng Diyos. Ito ay ang lahat na inihayag ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili at Kanyang pangkasunduang kinakailangan. Ito ay katulad sa kahulugan sa salitang Torah (lit. “mga katuruan,” i.e., kautusan ni Moises).

NATATANGING PAKSA: MGA SALITA PARA SA KAPAHAYAGAN NG DIYOS (na gamit ang DEUTERONOMIO at MGA AWIT)

- I. “Palatuntunan,” BDB 349, “isang pagsasabatas, utos, o kautusan (batas)”
 - A. Pang-lalaki, - Deuteronomio 4:1,5,6,8,14,40,45; 5:1; 6:1,24,25; 7:11; 11:32; 16:12; 17:19; 26:17; 27:10; Mga Awit 2:7; 50:16; 81:4; 99:7; 105:10,45; 148:6
 - B. Pang-babae, - Deuteronomio 6:2; 8:11; 10:13; 11:1; 28:15,45; 30:10,16; Mga Awit 89:31; 119:5,8,12, 16,23,26,33,48, 54,64,68,71,80, 83,112,124,135,145, 155,171
- II. “Kautusan” BDB 435, “katuruan”
 - Deuteronomio 1:5; 4:44; 17:11,18,19; 27:3,8,26; 28:58,61; 29:21,29; 30:10; 31:9; Mga Awit 1:2; 19:7; 78:10; 94:12; 105:45; 119:1,18,29, 34,44, 51,53,55,61,70, 2,77,85,92,97,109, 113,126,136, 142,150,153, 163, 165,174
- III. “Mga patotoo” BDB 730, “kautusan ng Diyos”

| | | | |
|-------|---|---|---|
| A. | PANGMARAMIHAN | - | Deuteronomio 4:45; 6:17,20; Mga Awit 25:10; 78:56; 93:5; 99:7; 119:22,24,46,59,79, 95,119,125,138,146,152,167,168 |
| B. | | - | Mga Awit 19:8; 78:5; 81:6; 119:2,14,31,36,88,99,111,129,144,157 |
| IV. | “Mga tuntunin” BDB 824, “isang pagtatalaga” | - | Mga Awit 19:8; 103:18; 111:7; 119:4,15,27,40,45,56,63,69,78,87, 93,94,100, 104, 110,128,134,141,159,168,173 |
| V. | “Mga kautusan” BDB 846 | - | Deuteronomio 4:2,40; 5:29; 6:1,2,17,25; 8:1,2,11; 10:13; 11:13; 15:5; 26:13,17; 30:11,16; Mga Awit 19:8; 119:6,10,19,21,32,35, 47, 48,60,66, 73,86,96, 98,115, 127,131,143,151,166,176 |
| VI. | “Mga pagtatahol/kahatulan” BDB 1048, “mga pamamahala” o “katarungan” | - | Deuteronomio 1:17; 4:1,5,8,14,45; 7:12; 16:18; 30:16; 33:10,21; Mga Awit 10:5; 18:23; 19:10; 48:12; 89:30; 97:8; 105:5,7; 119:7,13,20, 30,39,43,52,62,75,84, 102,106,120,132,137, 149, 156,160,164; 147:19; 149:9 |
| VII. | “Kanyang mga paraan” BDB 202, ang patnubay ni YHWH para sa pamumuhay ng Kanyang bayan | - | Deuteronomio 8:6; 10:12; 11:22,28; 19:9; 26:17; 28:9; 30:16; 32:4; Mga Awit 119:3, 5,37,59 |
| VIII. | “Kanyang mga salita” | | |
| A. | BDB 202 | - | Deuteronomio 4:10,13,36; 9:10; 10:4; Mga Awit 119:9,16,17,25, 28, 42, 43, 49,57,65,74, 81,89,101,105,107,114, 130, 139, 147,160, 161, 169 |
| B. | BDB 57 | | |
| C. | “salita” | - | Deuteronomio 17:19; 18:19; 33:9; Mga Awit 119:11,67,103,162, 170, 172 |
| 1. | “pangako” | - | Mga Awit 119:38,41,50,58,76,82,116,133,140,148,154 |
| 2. | “kautusan” | - | Mga Awit 119:158 |

▣ **“na aking itinuturo sa inyo”** Si Moises ay naglingkod bilang kinatawan ng pagpapalay at kapahayagan ni YHWH (i.e., propeta, cf. 3:14; 4:1-17; 18:15-18; 34:10-12).

▣ **“upang sundin”** Ang PAWATAS (BDB 793, KB 889, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI) ay nagpapalakas sa bayan na pakinggan ang kautusan ng Diyos at pagkatapos ay sundin ito (cf. 16:12; 30:8).

▣ **“upang kayo'y mabuhay, at pumasok, at inyong ariin ang lupain”** Pansinin ang may pasubali ang likas ng kasunduan ng Diyos (e.g., 5:33; 8:1; 16:20; 30:16,19). Kapwa ang MGA PANDIWA ay *Qal* MGA GANAP. Ang huling PANDIWA sa v. 1 (pagkaloob) ay isang *Qal* PANDIWARI. Ang kaloob ng Diyos ay nakabatay sa pagkilos ng Israel!

▣ **“ng Diyos ng inyong mga magulang”** Ito ay tumutukoy sa mga Patriyarka (Abraham, Isaac, at Jacob, cf. 1:11,21; 4:1,31,37; 6:3; 12:1; 26:7; 27:3). Ang lahat ng mga kasunduan sa mga Patriyarka ay kinakasangkutan ng mga pasubali (maliban sa Genesis 6-9 at 15:12-21).

4:2 “Huwag ninyong daragdagan ang salita. . . ni babawasan ito” Hindi ito tumukoy sa mga manunulat na nagbabago ng teksto ng Kautusan, ngunit sa halip ay hindi ka makakadagdag sa diwa ng Kautusan (cf. 12:32; Kawikaan 30:5-6; Ecclesiastes 3:14; Jeremias 26:2). Ang mga pagbabawal sa pagdagdag o pagbabawas ay galing sa katangian ng panitikan ng sinaunang Near East. Mayroong kaunting pagkakaiba sa pagitan ng Sampung Salita na naitala sa Exodo 20 at Deuteronomio 5.

4:3 “Baal-peor” Ito ay tumutukoy sa lugar na kung saan ang mga Israelita ay tumalikod kay YHWH at sumunod sa mga dioys ng pagpapayabong ng Moab (cf. Mga Bilang 25:1-9).

4:4 “kayong umayon sa PANGINOON” Ang Hebreong salitang “hawakan,” “kakapit” (BDB 180) ay isinalin bilang ismag PANDIWA sa NASB. Ito ay ang kasalungat ng “sumunod pagkatapos” sa v. 3 (i.e., *Ba’al*). Ang PANDIWANG anyo ng salitang ito ay ginamit:

1. Sa pagsama sa asawang babae sa Genesis 2:24
2. Sa pagsama ni Ruth kay Naomi sa Ruth 1:14.

Ito ay nagpapakilala ng isang saloobin ng katapatan o pangako. Ito ay ginamit na kahalintulad sa “pag-ibig” sa Genesis 34:3; I Mga Hari 11:2; Kawikaan 18:24 (tingnan ang NIDOTTE, tomo 1, p. 911).

Kahit na sa pagpili ng Diyos, mga tao kailangang tumugon na naaangkop. Kahit sa pagpili ng Diyos, ang Israel bilang Kanyang pangsaserdoteng bansa (cf. Exodo 19:5-6), ang bawat isa ay kailangang piliin ang Diyos. Ito ay isang pagtitimbang sa pagitan ng kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao. Ito rin ay pagtitimbang ng panglahatan (“kayo” PANGMARAMIHAN) laban sa pang-isahang (“bawat-isa sa inyo”) pagtugon.

Walang PANDIWA sa v. 4; ang MAKADIWANG palagay ay nabatid sa pamamagitan ng dalawang MGA PANG-URI (BDB 180, 311).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:5-8

⁵Narito, aking tinuruan kayo ng mga palatuntunan at ng mga kahatulan, na gaya ng iniutos sa akin ng PANGINOON kong Diyos upang inyong gawing gayon sa gitna ng lupain na inyong paroroonan upang ariin. ⁶Ingatan nga ninyo at inyong isagawa sa *kanila*; sapagka't ito ang inyong karunungan at ang inyong kaalaman sa paningin ng mga tao, na makakarinig ng mga palatuntunang ito, at magsasabi, Tunay na ang dakilang bansang ito ay isang pantas at maalam na lungsod. ⁷Sapagka't anong dakilang bansa nga ang may diyos na napakalapit sa kanila, na gaya ng PANGINOON nating Diyos kailan man tayo'y tumawag sa kaniya? ⁸At anong dakilang bansa nga, ang may mga palatuntunan at mga kahatulang napaka-tuwid na gaya ng buong kautusang ito, na aking inilalagda sa harap ninyo sa araw na ito?

4:5

NASB, NRSV “Narito”

NKJV “Tiyak”

TEV -----

NJB “Tingnan”

Ito ay isang *Qal* PAUTOS (BDB 906, KB 1157). Ito ay isang pampanitikang paraan ng pagpapahayag na si Moises ay nakatupad sa kanyang pananagutan at ngayon ang bayan kailangang tumugon na naaangkop.

4:6

NASB “Ingatan nga ninyo at inyong isagawa *sila*”

NKJV “samakatuwid ay ingatang gawin *sila*”

NRSV “Kailangan mong isagawa sila ng may kasiglahan”

TEV “Sundin sila ng may pagtitiwala”

NJB “Ingatan sila, ilagay sila sa pagsasanay”

Mayroong dalawang MGA PANDIWA sa pariralang ito:

1. “ingatan” (BDB 1036, KB 1581, *Qal* GANAP), na nangangahulugang “itago,” “magbantay,” o “mangalaga.” Ang PANDIWANG ito ay kadalasang ginagamit sa Pentateuch (Deuteronomio, cf. 2:4; 4:2,6,9,15,23,40; maraming ibang mga pangalan)
2. “isagawa” (BDB 793, KB 889, *Qal* GANAP) ay nangangahulugang “gawin” o “tuparin.” Ang

PANDIWA ay kadalang ding ginagamit sa OT (e.g., Deuteronomio 4:1,3,6,13,14,16,23,25).

4:6 “karunungan” Ang salitang ito (BDB 315) ay ginamit sa Kawikaan 1:2,7 at ang PANG-URI sa 1:6. Ang karunungan ito ay kaalaman sa Diyos at sa Kanyang kalooban. Ito ay what mga tao seek dahil they ay made in ang larawan at wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27), at para sa fellowship with Kaniya (cf. vv. 7-8).

▣ **“kaalaman”** Ang salitang ito (BDB 108) ay kahalintulad sa karunungan. Ang layunin nito ay isang nakapbatid, maka-Diyos, maligayang buhay (e.g., Deuteronomio 32:28; Kawikaan 2:1-22; 3:13-18).

▣ **“Tunay na ang dakilang bansang ito ay isang pantas at maalam na bayan”** Pinili ba ng Diyos ang Israel dahil inibig Niya sila nang higit sa iba? Iniibig ng Diyos ang tao nang pantay-pantay (Juan 3:16; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Kailangan lamang ng Diyos ang isang lugar para magsimula. Pinili niya si Abraham at kanyang binhi upang maging isang kaharian ng mga saserdote sa mundo (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:4-6; Mga Gawa 3:25; Galacia 3:8). Sa kanila ay isang pagpili para sa layunin sa halip na pagpili dahil natatanging pag-ibig. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: MGA PANG-EBANGHELYONG PAGKILING NI BOB

Kailangan kong aminin sa inyo sa mambabasa na ako ay may kinikilingan sa pagkakataong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo or Dispensasyonaliko, ngunit ito ay Dakilang Komisyong pang-ebanghelyo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Gawa 1:8). Naniniwala akong ang Diyos ay may walang hanggang panukala para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-38; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. Galacia 3:28-29; Colosas 3:11). Si Hesus ay ang hiwaga ng Diyos, ikinubli ngunit ngayon ay nahahayag (cf. Efeso 2:11-3:13)! Ang NT ebanghelyo, hindi ang Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Itong aking paunang pagkakaunawa ang nagbibigay-kulay sa lahat ng aking pagbibigay kahulugan sa Banal na Kasulatan. Aking binasa ang lahat ng mga tala pamamgitan nito! Ito ay isang tunay na pagkiling (lahat ng tagapagsalin ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang paunang pagkakaunawa na ipinababatid ng Banal na Kasulatan.

4:7 “anong dakilang bansa nga ang may diyos na napakalapit sa kanila” Ito ay tumutukoy sa pangsariling presensiya ng Diyos (i.e., palagian) sa Israel sa anyo ng ulap na *Shekinah* (yugto ng paglalakbay sa ilang) at sa huli ay ang arko ng kasunduan (pagkatawid sa Jordan at sa pangkahariang yugto).

▣ **“kailan man tayo'y tumawag sa kaniya”** Ito ay nagpapakita na ang mga Hudyo ay nagtitiwala na ang Diyos na gumawa ng mundo ay ang Diyos na tutugon sa kanila kapag sila ay nanalangin. Siya ay kapwa makapangyarihan at personal (e.g., Mga Awit 34:18; 145:18)! Isang Diyos na kumikilos, na siyang kasalungat ng mga Diyus-diyosan ng Canaan!

4:8 “palatuntunan at mga kahatulan. . .kautusan” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

▣ **“napaka-tuwid”** Ito ay isang talinghaga mula isang ilog ng tambo. katuwiran ng Diyos ay ang pamantayang o sukatan na ipinangsusukat sa atin. Ang kautusan ay nakabatay sa katangian ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:16.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:9-14

⁹Magingat ka lamang sa iyong sarili, at ingatan mo ang iyong kaluluwa ng buong sikap, baka iyong malimutan ang mga bagay na nakita ng iyong mga mata, at baka mangahiwalay sa iyong puso ang lahat ng araw ng iyong buhay; kundi iyong ipakilala sa iyong mga anak at sa mga anak ng iyong mga anak; ¹⁰*Tandaang* yaong araw na ikaw ay tumayo sa harap ng PANGINOON mong Diyos sa Horeb, nang sabihin sa akin ng PANGINOON, Papagpisanin mo sa akin ang lungsod, at aking iparirinig sa kanila ang aking mga salita, upang sila'y magaral na matakot sa akin sa lahat ng araw na kanilang ikabubuhay sa ibabaw ng lupa, at upang kanilang maituro sa kanilang mga anak. ¹¹At kayo'y lumapit at tumayo sa ibaba ng bundok; at ang bundok ay nagingas sa apoy hanggang sa kaibuturan ng langit, sangpu ng kadiliman, ulap, at salisalimuot na kadiliman. ¹²At ang Panginoo'y nagsalita sa inyo mula sa gitna ng apoy; inyong narinig ang tinig ng mga salita, nguni't wala kayong anyong nakita; ang inyo lamang narinig ay isang tinig. ¹³At kaniyang ipinahayag sa inyo ang kaniyang kasunduan, na kaniyang iniutos sa inyong ganapin, sa makatuwid baga'y ang sangpung utos; at kaniyang isinulat sa dalawang tapyas na bato. ¹⁴At iniutos sa akin ng PANGINOON nang panahong yaon, na turuan ko kayo ng mga palatuntunan at mga kahatulan, upang inyong mangagawa sa lupaing inyong paroroonan upang ariin.

4:9

NASB “Mag-ingat ka lamang sa iyong sarili, at ingatan mo ang iyong kaluluwa ng buong sikap”

NKJV “Pag-ingatan lamang ang iyong sarili, at may pagsisikap na ingatan ito”

NRSV “Ngunit mag-ingat at magmatiyag nang mahigpit”

TEV “Maging mapagbantay! Maging tiyak. . .”

NJB “Ngunit mag-ingat, gaya ng pagpapahalaga mo sa inyong buhay”

Ang pariralang ito ay mayroong dalawang MGA PAUTOS mula sa katulad na salitang-ugat:

1. “mag-ingat” - BDB 1036, KB 1581, *Niphal* PAUTOS, cf. 4:15; Josue 23:11; Jeremias 17:21).
2. “ingatan” - BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAUTOS sa kaunawaan ng “pag-iingat sa pamamagitan ng paggawa” (cf. 7:12).

Ang pagsunod ay isang isyu ng buhay-at-kamatayan (cf. 30:15-20)!

▣ “baka iyong malimutan. . . baka mangahiwalay” Tingnan ang Deuteronomio 8:11-20.

▣ “puso” Sa Hebreong sikolohiya, ang damdamin ay nakasentro sa kaibuturan ng tao. Ang puso ay ang sentro of ang pang-unawa (lalo na sa alaala) at katauhan. Diyos ay nagsasabing, “Huwag kalimutan ang kautusan!” Tingnan ang Natatanging Paksa: Heart at 2:30.

▣ “lahat ng araw ng iyong buhay” Ang isang pagtupad ng pamumuhay ay kailangan (cf. v. 10; 6:2; 12:1; 16:3).

▣ “pakilala sa iyong mga anak” Ito ay isang inuulit paksa sa Deuteronomio (cf. v. 10; 6:7, 20-25; 11:19; 31:13; 32:46; at tingnan ang Exodo 10:2; 12:26; 13:8,14). Kung ang mga mananampalataya ay hindi nagtuturo sa kanilang mga anak patungkol sa Diyos, sila ay mga kabiguan bilang mga magulang (nagsasalita ang bibliya)! Ang pananampalataya ay umaagos sa pamamagitan ng mga pamilya (cf. 5:10; 7:9)!

4:10 “Tandaang yaong araw na ikaw ay tumayo sa harap ng PANGINOON mong Diyos sa Horeb”
Ang mga tagapakinig ay ang mga anak ng salin-lahi ng exodo. Ito ay tiyak na tumutukoy sa Exodo 19-20. Ang pag-alala sa mga dakilang mga gawa ng pagtubos ng Diyos (i.e., exodo) ay isang inuulit na paksa (cf. 5:15; 7:18; 8:2,18; 9:7,27; 11:2; 15:15; 16:3,12; 24:9,18,22; 25:17; 32:7).

▣ **“upang sila'y magaral na matakot sa akin”** Ang Diyos ay kumilos gaya ng Kanyang ginawa sa Bundok ng Horeb upang sila ay tatangan sa Kaniya ng may paggalang na may pagkamangha (cf. Exodo 20:20; Kawikaan 1:7; 9:10; Ecclesiastes 12:15; Isaias 11:2-3; Mga Awit 34:11).

4:11 “ang bundok ay nagningas sa apoy” Ang apoy ay isang sagisag ng presensiya ng Diyos (cf. Exodo 19:18; Deuteronomio 5:23; 9:15; Hebreo 12:18). Ito may sumasagisag ng kadalisan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: APOY

Ang apoy ay mayroong kapwa paayon at pasalungat na kahalugan sa Kasulatan.

A. Paayon (positibo)

1. nagpapainit (cf. Isaias 44:15; Juan 18:18)
2. nagbibigay liwanag (cf. Isaias 50:11; Mateo 25:1-13)
3. nakakaluto (cf. Exodo 12:8; Isaias 44:15-16; Juan 21:9)
4. nagpapadalisa (cf. Bilang 31:22-23; Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 6:6-8; Jeremias 6:29; Malakias 3:2-3)
5. kabanalan (cf. Genesis 15:17; Exodo 3:2; 19:18; Ezekiel 1:27; Hebreo 12)
6. pangunguna ng Diyos (cf. Exodo 13:21; Bilang 14:14; I Hari 18:24)
7. pagpapalakas ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:3)
8. pangangalaga (cf. Zacarias 2:5)

B. Pasalungat (negatibo)

1. nagsusunog (cf. Josue 6:24; 8:8; 11:11; Mateo 22:7)
2. sumisira (cf. Genesis 19:24; Levitico 10:1-2)
3. galit (cf. Bilang 21:28; Isaias 10:16; Zacarias 12:6)
4. kaparusahan (cf. Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9; Josue 7:15)
5. huwad na eskatolohikal na tanda (cf. Pahayag 13:13)

C. Ang galit ng Diyos laban sa kasalanan ay ipinapakita sa apoy na mga talinghaga

1. Ang Kanyang galit ay nakakasunog (cf. Osea 8:5; Zepanias 3:8)
2. Siya ay nagbubuhos ng apoy (cf. Nahum 1:6)
3. walang hanggang apoy (cf. Jeremias 15:14; 17:4)
4. eskatolohikal na paghahatol (cf. Mateo 3:10; 13:40; Juan 15:6; II Thesalonica 1:7; II Pedro 3:7-10; Pahayag 8:7; 16:8)

D. Gaya ng maraming mga talinghaga sa Bibliya (i.e., lebadura, leon) ang apoy ay maaring pagpapala o isang sumpa depende sa konteksto.

▣ **“sangpu ng kadiliman, ulap, at salisalimuot na kadiliman”** Ang pisikal ng presensiya ni YHWH ay maaaring maunawaan sa dalawang mga paraan:

1. Pagkilos ng bulkan - Exodo 19:18; Mga Awit 68:7-8; 77:18; 97:2-5; Mga Hukom 5:4-5; II Samuel 22:8; Isaias 29:6; Jeremias 10:10
2. unos - Exodo 19:16,19; Mga Awit 68:8; 77:18; Mga Hukom 5:4; Isaias 29:6; Nahum 1:3

Samakatuwid, ang malalim na kadaliman (cf. 5:22; II Samuel 22:10; I Mga Hari 8:12; II Cronica 6:1) ay maaaring:

1. mga ulap na abo
2. mga ulap na magpapaulan

Ang talukbon na ito ay para sa pangangalaga sa Israel (cf. Exodo 19:18). Inisip nila na kung ang mga tao ay titingin sa Diyos sila ay mamatay (cf. Genesis 16:13; 32:30; Exodo 3:6; 20:19; 33:20; Mga Hukom 6:22-23; 13:22).

4:12 “ngunit wala kayong anyong nakita” Diyos ay walang pisikal na anyo (cf. Juan 4:24). Hinayaan niya si Moises na tingnan ang Kanyang “aninag” sa Exodo 33:23. Si YHWH ay hindi naghahangad ng kinatawan dahil ang nalugmok na sangkatauhan ay may pagkahilig sa pagsamba sa diyus-diyusan (cf. vv. 15-19).

4:13 “kaniyang ipinahayag sa inyo ang kaniyang kasunduan” Ang PANDIWANG ito (BDB 616, KB 665, *Hiphil* DI-GANAP), kapag ginamit kasama ang Diyos bilang ang paksa, ay nagpapakilala ng bagong kapahayagan (e.g., II Samuel 7:11; Isaias 42:9; 45:19; Amos 4:13).

Ang DI-GANAP na panahunan ay nagpapahiwatig na ang “sampung mga salita” ay hindi lahat kapahayagan ni YHWH. Karamihan sa aklat ng Exodo at Deuteronomio ay mga paliwanag ng mga kahihinatnan ng Sampung Utos. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: KASUNDUAN (TIPAN)

Ang salitang OT na *berith* (BDB 136), kasunduan, ay hindi madaling ipaliwanag. Ito ay walang katulad na PANDIWA sa Hebreo. Ang lahat ng mga pagsisikap na makuha ang pinanggalingang etimolohikong kahulugan ay napatunayang hindi kapani-paniwala. Gayunman, ang maliwanag na nasa gitna ng konsepto ay nagtulak sa mga iskolar na pag-aralan ang pagkagamit ng salita na nagtatangkang malaman ang kanyang umiiral na kahulugan.

Ang kasunduan ay nangangahulugang ang isang tunay na Diyos ay nakikipag-ugnayan sa Kanyang nilalang na sangkatauhan. Ang konsepto ng kasunduan, tratado, o pinagsang-ayunan ay napakahalaga sapagkaunawa ng biblikal na kapahayagan. Ang pag-igting (tensyon) sa pagitan ng pagiging makapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili na tao ay maliwanag na makikita sa konsepto ng kasunduan. Ang ilang mga kasunduan ay nakabatay lamang sa katangian at mga pagkilos ng Diyos.

1. Ang paglalang mismo (cf. Genesis 1-2)
2. Ang panawagan kay Abraham (cf. Genesis 12)
3. Ang kasunduan kay Abraham (cf. Genesis 15)
4. Ang pagpapanatili at pangako kay Noah (cf. Genesis 6-9)

Gayunman, ang pinakalikas ng kasunduan ay nangangailangan ng pagtugon.

1. Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Adan ay kailangang sumunod sa Diyos at hindi kumain ng bunga ng puno sa gitna ng Eden
2. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Abraham ay kailangang iwan ang kanyang pamilya, sumunod sa Diyos, at manampalataya sa mga salinlahi sa hinaharap
3. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noah ay kailangang gumawa ng isang malaking bangka na malayo sa tubig at itipon ang mga hayop
4. sa pamamagitan ng pananampalataya, si Moises ay inilabas ang mga Israelita sa Ehipto patungong Bundok ng Sinai at tumanggap ang tiyak na mga pamatnubay para sa pang-relihiyon at panlipunang pamumuhay na may mga pangako ng mga pagpapala at mga sumpa (cf. Deuteronomio 27-28)

Ang katulad na pag-igting (tensyon) na ito na kinapapalooban ng pakikipag-ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan ay isinaalang-alang sa “bagong kasunduan.” Ang pag-igting (tensyon) ay maaaring maliwanag na makita sa pagtutulad ng Ezekiel 18 sa Ezekiel 36:27-37 (pagkilos ni YHWH). Ang kasunduan ba ay sang-ayon sa mapagbiyayang pagkilos ng Diyos o inuudyukan ng pagtugon ng tao? Ito ang lumiliyab na isyu ng Lumang Kasunduan at ng Bago. Ang layunin ng dalawa ay iisa: (1) ang pagpapanumbalik ng pagkikipag-ugnayan kay YHWH na nawala sa Genesis 3 at (2) ang pagtatatag ng isang matuwid na bayan na magpapakita ng katangian ng Diyos.

Ang bagong kasunduan ng Jeremias 31:31-34 ay linulutas ang pag-igting (tensyon) sa pamamagitan ng pagtanggap sa pagsusumikap ng tao bilang paraan ng pagtatamo ng pagtanggap.

Ang kautusan ng Diyos naging panloob na pagnanais sa halip na isang panlabas na titik ng kautusan. Ang layunin ng isang maka-Diyos, matuwid na tao ay nananatiling magkatulad, ngunit ang pamamaraan ay nagbabago. Ang nalugmok na sangkatauhan ay pinatunayan sa kanilang sarili na hindi sapat na maging aninag na larawan ng Diyos. Ang suliranin ay hindi sa kasunduan ng Diyos, ngunit ang pagiging makasalanan at mahina ng tao (cf. Roma 7; Galacia 3).

Ang katulad na pag-igting (tensyon) sa pagitan ng walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan sa OT ay nananatili sa NT. Ang kaligtasan ay lubos na walang bayad sa natapos na gawain ni Hesu Kristo, ngunit kailangan nito ang pagsisisi at pananampalataya (kapwa sa panimula at pagpapatuloy). Ito ay kapwa isang legal na pagpapahayag at isang panawagan sa pagiging katulad ni Kristo, isang nagpapahiwatig na kapahayagan ng pagtanggap at isang utos sa kabanalan! Ang mga mananampalataya ay hindi naligtas sa pamamagitan ng kanilang pagsusumikap, ngunit para sa pagsunod (cf. Efeso 2:8-10). Ang maka-Diyos na pamumuhay ay naging ang katunayan ng kaligtasan, hindi ang paraan ng kaligtasan. Gayunman, ang walang hanggang buhay ay may kapunapunang mga katangian! Ang pag-igting (tensyon) ay maliwanag na makikita sa Hebreo.

▣ **“sampung utos”** Sa literal ito ay nangangahulugang “sampung mga salita” (BDB 797 NA KAYARIAN 182) at kilala in Griyego bilang ang Sampung Utos. Sila ay lubhang maiksi, isang buod ng kapahayagan ng Diyos (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5).

▣ **“kaniyang isinulat”** Ang Diyos mismo ang nagsulat (antromorpiko, tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:15) ng “sampung mga salita” (cf. Exodo 31:8; 32:15-16). Sa pagpapaliwanag ng pagiging literal ng pahayag na ito ay hindi nakakaapekto sa pagka-Diyos ng pinanggalingan ng mga kautusan!

▣ **“dalawang tapyas na bato”** Mula sa mga natuklasan kamakailan at ang tinatawag nating mga Kasuduan ng Suzerain Heteo (ika-2 libong-taon B.C.), alam nating na sumusunod ang Deuteronomio sa kanilang balangkas at anyo. Sa aking palagay ang “dalawang mga tapyas” ay tumutukoy sa dalawang, wastong mga sipi ng Sampung Utos na kailangan ng mga huwaran ng tratado (kasunduan) (gayundin ang pagtatala ng isang nakalipas ng pagkilos ng pangunahing kapangyarihan na gumagawa ng kasunduan, i.e., Deuteronomio 1-4). Ito ang nagtatatag ng pagkamakasaysayan ng Deuteronomio. Tingnan ang panimula sa aklat, VII.

4:14 “upang inyong mangagawa” Ito ay hindi sapat upang malaman ang kalooban ng Diyos para sa inyong buhay, ngunit gagawin ito (cf. vv. 1,2,5,6; Lucas 6:46; Santiago 2:14-20).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:15-20

¹⁵Ingatan nga ninyong mabuti ang inyong sarili; sapagka't wala kayong nakitang anomang anyo nang araw na magsalita ang PANGINOON sa inyo sa Horeb mula sa gitna ng apoy: ¹⁶Baka kayo'y mangagpakasama, at kayo'y gumawa sa inyo ng isang larawang inanyuan na kawangis ng alin mang larawan, na kahawig ng lalake o babae, ¹⁷Na kahawig ng anomang hayop na nasa lupa, na kahawig ng anomang ibong may pakpak na lumilipad sa himpapawid, ¹⁸Na kahawig ng anomang bagay na umuusad sa lupa, na kahawig ng anomang isda na nasa tubig sa ilalim ng lupa: ¹⁹At *mag-ingat na* baka iyong itingin ang inyong mga mata sa langit, at kung iyong makita ang araw at ang buwan, at ang mga bituin, sangpu ng buong natatanaw sa langit, ay mabuyo ka at iyong sambahin, at paglingkuran, na binahagi ng PANGINOON ninyong Diyos sa lahat ng mga lungsod na nasa silong ng buong langit. ²⁰Nguni't kinuha kayo ng PANGINOON, at hinango kayo sa hurnong bakal, sa Ehipto, upang kayo'y maging sa kaniya'y isang bayang mana, gaya sa araw na ito.

4:15

NASB “Ingatan nga ninyong mabuti ang inyong sarili”

NKJV “Ingatan ninyong mabuti ang inyong sarili”

NRSV “Ingatan ninyo at matiyagan nang mahigpit ang sarili”

TEV “Para sa inyong sariling kapakanan, pagkatapos, maging tiyak”

NJB “lubhang mag-ingat sa lahat ng gagawin mo”

Ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581, *Niphal* GANAP) ay ginamit sa 4:2,6,9 (na dalawang beses), 15,23,40. Ang pagkilos ng Israel ay may pasubaling kaugnayan sa kasunduan ni YHWH. Sila ay walang tigil na pinagbabawalan sa pagsamba sa diyus-diyusan (cf. 5:8-10).

4:16 “mangagpakasama, at kayo'y gumawa sa inyo ng isang larawang inanyuan” Ito ay isang sangunian sa ginintuang baka (cf. Exodo 32) na kaugnay sa kawalang katawan ni YHWH. Ang mga Israelita ay hindi kakatawanin si YHWH sa pamamagitan ng kahit anong bagay (cf. vv. 16-18,23,25; 5:8; Exodo 20:4).

▣ **“na kahawig ng lalake o babae”** Ang pagkahilig ng sangkatauhan ay itinulad ang Diyos sa isang lalaki o babae. Kung tayo ang maglalagay sa Diyos sa isang anyong pantao, inilagay natin Siya sa isang anyo na maaari nating pamahalaan.

4:17 “Na kahawig ng anomang hayop” Ito ay maaaring tumukoy sa (1) sa paggamit ng mga hayop ng ibang mga bansa upang katawanin ang kanilang mga lalaki at babaeng diyus-diyosan o (2) mga katangian ng mga hayop na naglalarawan sa Diyos.

4:18 “ng anomang bagay na umuusad sa lupa” Ito ay maaaring tumutukoy sa ang Scarab na bubuyog ng Ehipto na banal sa kanila.

4:19 “ang buwan, at ang mga bituin, sangpu ng buong natatanaw sa langit” Ang mga sinauna, gayundin ang mga makabago (horoscope), ay tinatantsa na ang mga bituin ay kumakatawan sa mga pwersa o mga kapangyarihan na namamahala sa mga buhay ng mga tao. Ang pagsamba sa mga nilalang sa kalangitan ay tila nagsimula sa Babilonya (Genesis 1 ay maaaring kumatawan sa isang reaksyon sa ganitong uri ng pagsamba sa diyus-diyusan, tulad ng Exodo 20 na kumakatawan sa isang reaksyon sa pagsamba sa diyus-diyusan ng Ehipto). Ang Israel ay kailangang mariing itanggi ang ganitong uri ng r pagsamba sa diyus-diyusan!

▣ **“na binahagi ng PANGINOON ninyong Diyos sa lahat ng mga bayan”** Ang PANDIWA (BDB 323, KB 322, *Qal* GANAP) ay nangangahulugang “hatiin,” ngunit sa kaunawaan ng pamamahagi o pagbabaha-bahagi. Ito ay maaaring magpahiwatig na ang Diyos ay nanghihimok sa panghimpapawid na pagsamba, ngunit sa halip sa aking palagay, ito ay isa pang paraan ng pagpapakita ni YHWH ng kapangyarihan na higit sa lahat ang mundo (cf. 29:26; 32:8). Ang pagsamba sa diyus-diyosan ay hindi kailanman plano o kalooban ng Diyos para sa sangkatauhan.

4:20 “sa hurnong bakal” Ang isa hurno ay ginagamit ang walang pakinabang na bato, tinutunaw ito at ginagawang may gamit na bakal. Ito ay isa pang pagahalintulad sa kung ano ang ginawa ng Diyos sa Israel doon sa Ehipto (cf. I Mga Hari 8:51; Jeremias 11:4 at ang katulad talinghaga sa Isaias 48:10).

▣ **“upang kayo'y maging sa kaniya'y isang bayang mana”** Ito ay isang natatanging titulo para sa kasunduang bayan ni YHWH (e.g., Exodo 19:5; Deuteronomio 7:6; 14:2; 26:18; Tito 2:14; at I Pedro 2:9). Sila ay may maka-Diyos na mamanahin (YHWH at lupain) dahil pinili sila ni YHWH bago pa man ang paglalang (cf. 32:8-9; Mga Awit 33:6-12; Jeremias 10:16; 51:19) upang Siya ay katawanin sa mundo.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:21-24

²¹Bukod dito'y nagalit sa akin ang PANGINOON dahil sa inyo, at sumumpa na ako'y hindi tatawid sa Jordan, at hindi ako papasok sa mabuting lupaing yaon, na ibinigay ng PANGINOON mong Diyos sa iyo na pinakamana: ²²Kundi ako'y nararapat mamatay sa lupaing ito, ako'y hindi nararapat tumawid sa Jordan: nguni't kayo'y tatawid, at inyong aariin ang mabuting lupaing yaon. ²³Mangagingat nga kayo, baka inyong malimutan ang kasunduan ng PANGINOON ninyong Diyos, na kaniyang pinagtibay sa inyo, at kayo'y gumawa ng larawang inanyuan na kahawig ng anomang bagay na ipinagbawal sa iyo *laban sa* PANGINOON mong Diyos. ²⁴Sapagka't ang PANGINOON mong Diyos ay isang apoy na mamumugnaw, mapanibughuing Diyos nga.

4:21 “nagalit sa akin ang PANGINOON dahil sa inyo” Ipinaalala ni Moises sa bayan ang kaparusahan ng Diyos sa kanya dahil sa kanyang pagsuway (cf. 1:37; 3:26; Mga Bilang 20:7-13). Kung sila ay di sumunod, sila ay paparusahan din!

4:23 “Mangagingat nga kayo” Ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581, *Niphal* PAUTOS) ay kadalasang inuulit sa kabanatang ito. Sila ay mga kapakinabangan ng kasunduan, ngunit gayundin ang mga kahihinatnan ng kasunduan (cf. 4:25; mga kabanata 27-29).

▣ **“baka inyong malimutan ang kasunduan”** Ang PANDIWA (BDB 1013, KB 1489, *Qal* GANAP) ay matatagpuan din nang maraming beses sa kabanatang ito (cf. vv. 9,23,31) at gayundin in 6:12; 8:11,14,19[na dalawang beses]; 9:7; 24:19[na dalawang beses]; 25:19; at 30:13; 31:21; 32:18. Ito ay isang pangunahing inuulit paksa!

4:24 “mapanibughuin” Si YHWH ay inilarawan sa talatang ito sa dalawang mga paraan:

1. “isang apoy na namumugnaw” (BDB 77 at BDB 37, KB 46, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI, cf. Exodo 24:17; Deuteronomio 4:24; 9:3; Hebreo 12:29) which denotes”
 - a. Si YHWH ay ang Diyos na gumawa ng kasunduan sa Sinai
 - b. Siya ang Diyos ng kahatulan kung ang kasunduan ay linabag
2. “isang mapanibughuing Diyos” (BDB 888 at 42, cf. Exodo 20:5; 34:14; Deuteronomio 5:9; 6:15; Josue 24:19) na tumutukoy sa Kanyang pansarili, umiibig na pangako sa Israel, na kahalintulad sa isang kasalang kasunduan (cf. Osea 1-3). Ang pagsira sa kasunduan ay nagbubunga sa hindi pagtanggap (e.g., Josue 24:19; Nahum 1:2). Ang salita ay mayroong isang malawak na semantikong pagkakagamit:
 - a. pagsinta - Kawikaan 6:34; Awit ni Solomon 8:6
 - b. galit - Kawikaan 14:30; 27:4
 - c. panibugho - Genesis 26:14; Mga Bilang 5:11-22; Ezekiel 31:9
 - d. patimpalak - Ecclesiastes 4:4
 - e. pagpapabanal - Mga Bilang 11:29
(talaan mula NIDOTTE, tomo 3, p. 938)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Diyos na Inilalarawan bilang Tao (Antromorpikong Wika) at 2:15.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:25-31

²⁵Pagka ikaw ay nagkaanak at nagkaanak ang inyong mga anak, at nagluwat kayo ng malaon sa lupaing yaon, at nagpakasama kayo, at gumawa kayo ng larawang inanyuan na kahawig ng anomang bagay, at gumawa kayo ng masama sa paningin ng PANGINOON mong Diyos, *tulad ng* upang mungkahiin ninyo siya sa kagalitan: ²⁶Ay aking tinatawag ang langit at ang lupa upang sumaksi laban sa inyo sa araw na ito, na kayo'y malilipol na madali na walang pagsala sa lupain na inyong tinutungo ng pagdadaan sa Jordan, upang ariin: hindi ninyo mapatatagal doon ang inyong mga araw, kundi kayo'y lubos na malilipol. ²⁷At pangangalatin

kayo ng PANGINOON sa mga lungsod, at kayo'y malalabing kaunti sa bilang sa gitna ng mga bansa, na pagdadalhan sa inyo ng PANGINOON. ²⁸At doo'y maglilingkod kayo sa mga diyos, na yari ng mga kamay ng mga tao, kahoy at bato na hindi nangakakakita, ni nangakakarinig, ni nangakakakain, ni nangakakaamoy. ²⁹Nguni't mula roon ay iyong hahanapin ang PANGINOON mong Diyos, at iyong masusumpungan *Siya*, kung iyong hahanapin siya ng buo mong puso at ng buo mong kaluluwa. ³⁰Pagka ikaw ay nasa kapighatian, at ang lahat ng mga bagay na ito ay dumating sa iyo sa mga huling araw, ay magbabalik loob ka sa PANGINOON mong Diyos, at iyong didinggin ang kaniyang tinig. ³¹Sapagka't ang PANGINOON mong Diyos ay maawaing Diyos; hindi ka niya pababayaan, ni lilipulin ka niya ni kalilimutan ang kasunduan sa iyong mga magulang na kaniyang isinumpa sa kanila.

4:25 “nagluwat kayo ng malaon sa lupaing yaon” Ito ay hindi samakatuwid isang pansariling pangako ng matagal na buhay, ngunit isang pangkalahatang pangako sa mga lipunan na mga magulang ay magtuturo sa mga anak patungkol sa Diyos at ang mga anak ay igagalang ang mga magulang. Ang mga matatatag na pamilya ang bumubuo ng mga matatatag na lipunan (e.g., vv. 9, 10,40 at 5:16,33).

▣ **“nagpakasama kayo”** Ang PANDIWA (BDB 1007, KB 1469, *Hiphil* GANAP) ay nangangahulugang “sirain” o “wasakin” at, sa pamamagitan ng matalinghagang karugtong, ito ay tumukoy sa mga paglabag sa kasunduan (i.e., pagsamba sa diyus-diyusan, cf. 4:16,25; 9;12; 31:29).

▣ **“upang mungkahiin ninyo siya sa kagalitan”** Ang pariralang ito ay isang *Hiphil* PAWATAS NA PAGKAKAYARI (BDB 494, e.g., 32:21; I Mga Hari 15:30; 16:13). Muli, ang antromorpikong wika ay naglalarawan sa reaksyon ni YHWH sa kasalanan ng tao! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:15.

4:26 “aking tinatawag ang langit at ang lupa upang sumaksi laban sa inyo sa araw na ito” Ito ay bahagi ng mga Tratado (Kasunduan) ng Heteo na Suzerain (pangangailangan para sa makapangyarihang espiritwal na mga saksi, cf. Panimula sa Aklat, VII). Ito ang dalawang pinaka palagiang mga bagay sa pisikal na paglilikha. Sila ay kadalasang tinatawag na sa pamamagitan ng Diyos na kumilos bilang mga saksi. Ito gayundin ay nagpapaliwanag ng pangangailangan ng pangkautusang sistema ng Israel para sa dalawang saksi sa isang panghukumang kaso (cf. Exodo 35:30; Deuteronomio 17:6; 19:15). Ang parirala na ginamit ay kadalasang may kaugnayan sa pagpapatibay ng kasunduan kay YHWH (cf. 4:26; 30:19; 31:28).

▣ **“kayo'y malilipol na madali na walang pagsala sa lupain”** Tingnan ang Deuteronomio 27-29, ngunit pansinin ang teolohikong pagtitimbang ng v. 31. Ang walang tulong, nalugmok na sangkatauhan ay walang pag-asa sa pangkasunduan pagsunod!

4:27 “pangangalatin kayo sa mga bayan” Ito ay tila pagtaya sa pagpapatapon ng pangkasunduang bayan sa pamamagitan ng Assyria (722 B.C.) at Babilonya (605, 597, 586, 582 B.C.), na nahulaan sa 28:64 at 29:28.

▣ **“malalabing kaunti sa bilang”** Ito ay isang bahagi ng mga kahihinatnan na nakapaloob sa pagsuway ng kasunduan. Ito ay kasalungat sa kasunduang pagpapala na ipinangako kay Abraham sa Genesis 15:5.

4:28 “doo'y maglilingkod kayo sa mga diyos, na yari ng mga kamay ng mga tao” Ang PANDIWA “paglilingkod” (BDB 712, KB 773, *Qal* GANAP) ay ginamit sa kaunawaan ng pagsamba o pagtupad sa pangkultong gawain:

1. paayon kay YHWH - Exodo 3:12; 4:23; Deuteronomio 6:13; I Samuel 7:3
2. pasalungat sa ibang mga diyos - Exodo 23:33; Deuteronomio 4:19,28; Josue 23:7; Mga Hukom 2:10,19; 10:6,10; I Samuel 22:10; I Mga Hari 16:31; II Mga Hari 17:12

Ang Hebreong salitang-ugat ay naging isang panggalang na titulo ng lingkod ni YHWH:

1. ang mga Patriyarka - Exodo 32:13; Deuteronomio 9:27
2. Caleb - Mga Bilang 14:24
3. Moises - Exodo 14:31; Mga Bilang 12:7; Deuteronomio 34:5; I Mga Hari 8:53
4. Josue - Josue 24:29
5. David - I Samuel 23:10; 25:39
6. Isaias - Isaias 20:3
7. Mesias - Isaias 53; Zacarias 3:8
8. Nebuchadnezzar - Jeremias 25:9; 27:6; 43:10
9. Cyrus - Isaias 44:28; 45:1
10. ang bansa ng Israel - Isaias 41:8; 44:1-2; 45:4

Ang mga sangunian sa vv. 26,27,28 ay nagpapakita na may pasubaling kalikasan ng pangako ng Diyos (i.e., v. 26, YHWH ay kinuha sila palabas ng lupain; v. 27, sila ay ikinalat ni YHWH sa ibang mga bansa; v. 28, nakita nila ang pagsamba sa diyus-diyusan noong una) at ang kahangalan ng pagsamba sa diyus-diyusan!

4:29 “iyong hahanapin ang PANGINOON” Ang PANDIWA (BDB 134, KB 152, *Piel* GANAP) ay nangangahulugang “hanapin” gaya nang pagpapanumbalik sa pangkasunduan pakikipag-ugnayan kay YHWH, nasira dahil sa pagsuway. Ang pagsisisi ay nangangailangan ng lubos na pagsuko (i.e., “ng lahat ng iyong puso at lahat ng iyong kaluluwa,” cf. 26:16; 30:2,10).

Ang pagpapatawad ni YHWH ay palaging makukuha sa tunay na pagsisisi (cf. v. 29-31; 30:1-3,10). Ang tunay na pagsisisi ay hindi pagsalitang paglilingkod lamang, ngunit lubos na pananampalataya. Ang pagsisisi ay isang pagbabago ng pamumuhay, hindi isang emosyon. Nakikita natin ang mga halimbawa ng mababaw, maikling-buhay na pagsisisi sa Osea 6:1-3 at Jeremias 3:21-25.

Kung sila ay hinahangad Siya, matatagpuan nila Siya (cf. Jeremias 24:7; 29:13). Si YHWH ay hindi mahirap. Inaasahan Niya ang Kanyang bayan na magpaaninag ng Kanyang katangian! Tingnan ang Natatanging Paksa sa 30:1.

4:30 Hinulaan ni Moises ang paghihimagsik ng Israel, tulad ng kay Josue (cf. Josue 24:19-28). Ang pagbagsak ay mayroong espirituwal na kapinsalaan sa kakayahan ng sangkatauhan na sundin ang Diyos (cf. Roma 1-3; Galacia 3).

Pansinin na bagaman ang v. 26 ay tila nagpapahiwatig ng isang kagyat na kahatulan, v. 27 ay nagpapahiwatig ng pagkatapos sa Assyria (722 B.C.) at Babylonia (605, 597, 586, 582 B.C.) at v. 30 ay nagsasabi ng isang huling-panahon na tagpuan (“sa huling mga araw”). Ang Israel ay kailangang maugnay sa kasunduan kay YHWH. Maaari niyang gawin ito sa pamamagitan ng pagsunod sa kasunduan (na sinasabi ng Roma 1-3 at Galacia 3 na hindi matutupad) o siya ay maaaring gawin ito sa pamamagitan ng bagong kasunduan pananampalataya/pagsisisi kay Hesus. Ang lahat ng mga mananampalataya ay dapat manalangin para sa isang pangwakas na panahon na pagbabagong-buhay sa Hudiyong bayan (maaaring Zacarias 12:10 o Roma 11).

4:31 “ng PANGINOON mong Diyos ay maawaing Diyos” Para sa mga pangalan ng pagka-Diyos (*El*, *YHWH*, *Elohim*) tingnan ang ang Natatanging Paksa sa 1:3.

Ang PANG-URING “mahabagin” (BDB 933) ay nangangahulugang “maawain” o “mahabagin.” Ito ay isa sa maraming mga katangian ginamit upang ilarawan ang Diyos ng Israel. Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

NATATANGING PAKSA: MGA KATANGIAN NG DIYOS NG ISRAEL

1. Mahabagin (BDB 933) - Exodo 34:6; Deuteronomio 4:31; II Cronica 30:9; Mga Awit 86:15; 103:8; 111:4; Nehemias 9:17,31; Joel 2:13; Jonas 4:2
2. Mapagkaloob (BDB 337) - Exodo 34:6; II Cronica 30:9; Mga Awit 86:15; 103:8; 111:4;

Nehemias 9:17,31; Joel 2:13; Jonas 4:2

3. Matagal na magalit (BDB74 NA KAYARIAN BDB 60)
 - Exodo 34:6; Mga Awit 86:15; 103:8; Nehemias 9:17; Joel 2:13; Jonas 4:2
4. Sagana sa patatag na pag-ibig (BDB 912 I NA KAYARIAN BDB 338)
 - Exodo 34:6-7; Mga Awit 86:15; 103:8; Nehemias 9:17; Joel 2:13; Jonas 4:2
5. Matapat (BDB 54) - Exodo 34:6; Mga Awit 86:15
6. Sagana sa pagpapatawad (BDB 699) - Nehemias 9:17
7. Hindi sila itinatakwil (BDB 736 I) - Nehemias 9:17,31
8. Itinatakwil ang masama (BDB 636, KB 688, *Niphal* PANDIWARI + BDB 948) - Joel 2:13; Jonas 4:2
9. Ang dakilang Diyos (BDB 42, 152) - Nehemias 1:5; 9:32
10. Dakita at kakilakilabot (BDB 152, 431) - Nehemias 1:5; 4:14; 9:32
11. Nag-iingat ng kasunduan (BDB 1036, 136) - Nehemias 1:5; 9:32
12. Matatag na pag-ibig (BDB 338) - Nehemias 1:5; 9:32

▣ **“hindi ka niya pababayaan, ni lilipulin ka niya ni kalilimutan ang kasunduan sa iyong mga magulang”** Mayroong tatlong pasalungat na MGA PANDIWA:

1. Pagbagsak - BDB 951, KB 1276, *Hiphil* DI-GANAP (sa literal “hayaang bumagsak ang kamay”), na nangangahulugang pabayaan o iiwan (cf. 31:6,8; Josue 1:5; 10:6; I Cronica 28:20; Hebreo 13:5)
2. Pagwasak - BDB 1007, KB 1469, *Hiphil* DI-GANAP, na nangangahulugang “paggiba,” “pagsira,” at “pagwasak” (cf. 9:26; 10:10; Jeremias 30:11)
3. Paglimot - BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP (cf. Levitico 20:45, tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangkasunduang Pangako sa mga Patriyarka sa 9:5

Ang kahirapan ng teolohikong isyu ay kung papaano kukunin nang mataimtim ang mga pangako ng Diyos sa talatang ito kaugnay sa mga nakalipas na pangkasunduan pangangailangan. Ang kawalang kakayahan ng Israel na ingatan ang kasunduan ay nakatala sa kanilang kasaysayan at sa mga sulat ni Pablo (cf. Roma 2-3; Galacia 3). Ang pangangailangan para sa isang “bagong kasunduan,” ay nakabatay hindi sa pantaong pagsasakatuparan ngunit sa maka-Diyos na kalooban at pagkilos ang sagot ng Diyos (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38). Ang Diyos ay hindi kailanman nagbabago, ngunit gayundin ang Israel! Ang hinihingi ng Diyos para sa isang matuwid bayan ay hindi matutustusan ng pagtaong pagpupunyagi at kalooban! Tayo ay nangangailangan ng isang bagong puso at isang bagong espiritu!

Ikaw ay kailangang magpasiya! Ang OT ba ay kailangang makita sa sa pamamagitan ng NT o ang NT ba ay kailangang makita sa pamamagitan ng OT? Ang pagtuon ba ay nasa Israel o ang mundo? Ang isyu ba ay pananampalataya o lahi? Kung mayroong isang “panaklong” sa walang hangang plano ng katubusan ng Diyos, ito ay hindi ang iglesia (i.e., dispensasyonalismo), ngunit ang Israel!

NATATANGING PAKSA: BAKIT ANG MGA PANGAKO NG KASUDUAN SA OT AY TILA NAIIBA SA MGA PANGAKO NG KASUDUAN SA NT

Sa mga taon ng aking pag-aaral ng eskatolohiya, aking napag-alaman na ang karamihan sa mga Kristiyano ay wala o hindi nais ang isang maunlad, sistematikong, katapusang-panahon na pagkakasunod-sunod. Mayroong ilang mga Kristiyano na nagbibigay-tuon o ginagawang pangunahin saa bahaging ito ng Kristiyanismo para sa teolohiko, sikolohiko, o denominasyonal na mga kadahilanan. Ang mga Kristiyanong ito ay tila nahumaling sa kung papaano ito magwawakas, at nakaligtaan ang pangangailangan ng ebanghelyo! Ang mga mananampalataya ay hindi makakaapekto

adyendang eskatolohiko ng Diyos (huling-panahon), ngunit sila ay maaaring makilahok pang-ebanghelyong kautusan (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8). Karamihan sa mga mananampalataya ay naninindigan sa isang Pangalawang Pagdating ni Kristo at isang huling-panahon kahahantungan ng mga pangako ngDiyos. Ang mga suliranin sa pagbibigay paliwanag ay nagbubuhat mula kung papaano maunawaan ang mga panandaliang kahahantungan nanggagaling mula sa maraming biblikal na mga kabalintunaan.

1. ang pag-igting sa pagitan ng mga pang-propesiyang huwaran ng Lumang Kasunduan at mga pang-apostol ng Bagong Kasunduan
2. ang pag-igting sa pagitan ng monoteismo ng Bibliya (isang Diyos para sa lahat) at ang pagpili ng Israel (ang natatanging bayan)
3. ang pag-igting sa pagitan ng may pasubali aspeto ng biblikal na mga kasunduan at mga pangako (“kung. . .samakatuwid”) at ang walang pasubaling katapatan ng Diyos sa katubusan ng nalugmok na sangkatauhan
4. ang pag-igting sa pagitan ng uri (dyanra) ng panitikan ng Near Eastern pampanitikan at makabagong huwaran ng kanluraning pampanitikan
5. ang pag-igting sa pagitan ng ang Kaharian ng Diyos bilang kasalukuyan, ngunit sa panghinaharap
6. ang pag-igting sa pagitan ng paniniwala ng nalalapit na pagbabalik ni Kristo at ang paniniwala na ang ilang mga pangyayari ay kailangan munang mangyari.

Ating talakayin ang mga pag-igting na ito nang isa-isa.

UNANG PAG-IGTING (OT pang-lahi, pambansa, at pang-heograpikong mga kaurian laban sa lahat mga mananampalataya sa mundo)

Ang mga propeta ng OT ay hinulaan ang pagpapanumbalik ng isang Hudyong kaharian sa Palestino na naka-sentro sa Herusalem kung saan ang lahat ng mga bansa ng mundo ay magtitipon upang papurihan at paglingkuran ang pinunong galing kay David, ngunit si Hesus o ang mga Apostol ng NT ay hindi tumuon sa panukalang ito. Hindi ba kinasihan ang OT (cf. Mateo 5:17-19)? Tinanggal ba ng NT ang mga napakahalagang pangyayari sa huling-panahon?

Mayroong maraming mga pinanggalingan ng kaalaman patungkol sa pagwawakas ng mundo:

1. mga propeta sa OT (Isaias, Mikas, Malakias)
2. mga manunulat na apokaliptiko sa OT (cf. Ezekiel 37-39; Daniel 7-12; Zacarias)
3. mga Hudyong manunulat na di-kanoniko sa pagitan ng OT at NT (tulad ng I Enoch, na may pagkabanggit sa Judas)
4. si Hesus mismo (cf. Mateo 24; Marcos 13; Lucas 21)
5. ang mga sulat ni Pablo (cf. I Corinto 15; II Corinto 5; I Tesalonica 4-5; II Tesalonica 2)
6. ang mga sulat of Juan (I Juan at Pahayag).

Ang lahat bang ito ay maliwanag na nagtuturo ng isang huling-panahon na panukala (mga pangyayari, pagkakasunod-sunod, mga tao)? Kung hindi, bakit? Hindi ba lahat sila kinasihan (maliban sa pang-Hudyong mga sulat sa pagitan ng OT at NT)?

Ang Espiritu ay nahahayag ng mga katotohanan sa mga manunulat ng OT sa mga salita at mga kaurian na maaari nilang maunawaan. Gayunman, sa pamamagitan ng progresibong kapahayagan ang Espiritu ay pinalawak ang mga kaunawan sa eskatolohiya ng OT sa isang panlahatang saklaw (“ang hiwaga ni Kristo,” cf. Efeso. 2:11-3:13. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:7). Dito ay ilang nauukol na mga halimbawa:

1. Ang lungsod ng Herusalem sa OT ay ginamit bilang isang talinghaga ng bayan ng Diyos (Sion), ngunit ipinanukala sa NT bilang isang salita na naghahayag ng pagtanggap ng Diyos sa lahat ng nagsisisi, ang mga nananampalatayang tao (ang bagong Herusalem ng Pahayag 21-22). Ang teolohikong pagpapalawak ng isang literal, pisikal na lungsod sa bagong bayan ng Diyos (nananampalatayang mga Hudyo at mga Hentil) ay pagpapaunang larawan sa pangako ng Diyos na tubusin ang nalugmok na sangkatauhan sa Genesis 3:15, bago pa nagkaroon ng anumang mga Hudyo o pang-Hudyong kabiserang lungsod. Kahit

na ang pagtawag kay Abraham (cf. Genesis 12:1-3) ay kinapapalooban ng mga Hentil (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5).

2. Sa OT, ang mga kaaway of ng bayan ng Diyos ay ang mga nakapalibot na bansa ng Sinaunang Near East, ngunit sa NT sila ay pinalawaka sa lahat ng di-nananampalataya, laban sa Diyos, na bayang pinapalakas ni Satanas. Ang digmaan ay kumilos mula isang heograpiko, pang-relihiyong pag-aaway sa isang pandaigdig, pangsanlibutang pag-aaway (cf. Colosas).
3. Ang pangako ng isang lupain na sa lubhang mahalaga sa OT (ang Patriyarkong mga pangako ng Genesis, cf. Genesis 12:7; 13:15; 15:7,15; 17:8) ngayon ay naging buong mundo. Ang Bagong Herusalem ay dumating sa isang muling linikhang mundo, hindi lamang o natatangi sa Near East (cf. Pahayag 21-22).
4. Ang ilan pang ibang ang mga halimbawa ng pangpropesiyang kaisipan sa OT na pinalawak ay:
 - a. ang binhi ni Abraham na ngayon tinuli sa Espiritu (cf. Roma 2:28-29)
 - b. ang kasunduang bayan ngayon ay insinama ang mga Hentil (cf. Osea 1:10; 2:23, sinipi sa Roma 9:24-26; gayundin sa Levitico 26:12; Exodo 29:45, sinipi sa II Corinto 6:16-18 at Exodo 19:5; Deuteronomio 14:2, sinipi sa Tito 2:14)
 - c. ang templo ngayon ay si Hesus (cf. Mateo 26:61; 27:40; Juan 2:19-21) at sa pamamagitan ng Niya ang lokal na iglesia (cf. I Corinto 3:16) o ang indibidwal na mananampalataya (cf. I Corinto 6:19)
 - d. kahit na ang Israel at kanyang pangkatangiang paglalarawan sa mga parirala sa OT, ngayon ay tumukoy sa ang buong bayan ng Diyos (i.e., "Israel," cf. Roma 9:6; Galacia 6:16, i.e., "kaharian ng mga saserdote," cf. I Pedro 2:5, 9-10; Pahayag 1:6)

Ang propesiyang huwaran ay natupad, pinalawak, expanded, at ngayon ay mas naibibilang. Si Hesus at ang mga manunulat na Apostol ay hindi nagpahayag ng huling-panahon sa katulad paraan na gaya ng mga propeta sa OT (cf. Martin Wyngaarden, *The Future of The Kingdom in Prophecy and Fulfillment*). Ang mga makabagong tagapagsalin na nagtangkang gumawa ng literal na huwaran sa OT o normatibo ay binaluktot ang Pahayag sa isang napaka maka-Hudyong aklat at pinilit ang kahulugan sa lumugso, di-maliwanag na mga parirala nina Hesus at Pablo! Ang mga manunulat ng NT ay hindi sinasalungat ang mga propeta ng OT, ngunit ipinapakita ang kanilang pangwakas na kahihinatnan ng lahat. Walang isinaayos, na lohikong sistema ang eskatolohiya nina Hesus o Pablo. Ang kanilang layunin una sa lahat ay pagkatubusan o pastoral.

Gayunman, kahit na sa loob na NT ay may pag-igting. Walang malinaw na pagsasaayos ng mga eskatolohikong pangyayari. Sa maraming mga paraan ang Pahayag ay nakakagulat na gumagamit ng mga mga pagkabanggit sa OT sa paglalarawan ng katapusan sa halip na ang mga katuruan ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos 13)! Sinusundan nito ang pampanitikang dyanra na sinimula sa pamamagitan nina Ezekiel, Daniel, at Zechariah, ngunit lumago sa yugto na nasa pagitan ng OT at NT (pang-Hudyong apokaliptikong panitikan). Ito ay maaaring paraan ni Juan sa pag-uugnay ng Luma at Bagong mga Kasunduan. Ito ay nagpapakita ng napakatanda nang huwaran ng paghihimagsik ng tao at pangako ng Diyos sa katubusan! Ngunit kailangan itong itala na bagaman ang Pahayag ay gumagamit ng wika, mga tao at pangyayari sa OT, ito ay muling ipinaliwanag sa kanila sa liwanag ng unang-siglong Roma (cf. Pahayag 1:7).

PANGALAWANG PAG-IGTING (monoteismo laban sa isang piniling bayan)

Ang biblikal pagbibigay-diin ay nasa isang personal, espirital, manlilikha-manunubos, na Diyos (cf. Exodo 8:10; Isaias 44:24; 45:5-7,14,18,21-22; 46:9; Jeremias 10:6-7). Ang natatangi sa OT sa kanyang sariling panahon ay ang kanyang monoteismo. Ang lahat ng mga nakapalibot na bansa ay may maraming diyos. Ang kaisahan ng Diyos ay ang puso ng kapahayagan sa OT (cf. Deuteronomio 6:4). Ang paglikha ay isang yugto para sa ang layunin ng pakikipag-ugnaya sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan, na linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Gayunman, ang sangkatauhan ay naghimagsik, nagkasala laban sa pag-ibig, pamumuno at layunin ng Diyos (cf.

Genesis 3). Ang pag-ibig at layunin ng Diyos ay lubhang malakas at tiyak na Kaniyang ipinangako na tutubusin ang nalugmok na sangkatauhan (cf. Genesis 3:15)!

Nagkakaroon ng pag-igting kapag ang Diyos ay pumili na gumamit ng isang tao, isang pamilya, isang bansa upang abutin ang nalalabing bahagi ng sangkatauhan. Ang pagpili ng Diyos kay Abraham at sa mga Hudyo bilang isang kaharian ng mga saserdote (cf. Exodo 19:4-6) ay nagbunga ng pagmamataas sa halip na paglilingkod, pagpapalayas sa halip na pagsasama. Ang panawagan ng Diyos kay Abraham ay nakapaloob ang kusang pagpapala sa lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 12:3). Ito kailangang maunawaan at bigyang-diin na ang pagpili sa OT pagpili ay para sa paglilingkod, hindi sa kaligtasan. Ang lahat ng Israel ay hindi kailanman tama sa Diyos, hindi kailanman walang-hanggang ligtas na nakabatay lamang sa kanilang karapatan sa pagkakasilang (cf. Juan 8:31-59; Mateo 3:9), ngunit sa pamamagitan ng personal na pananampalataya at pagsunod (cf. Genesis 15:6, sinipi sa Roma 4). Nawala na misyon ng Israel (ang iglesia ngayon ay ang kaharian ng mga saserdote, cf. 1:6; II Pedro 2:5,9), na ginawa ang kautusan sa isang pribilehiyo, paglilingkod sa isang natatanging katatayuan! Pinili ng Diyos ang isa upang piliin ang lahat!

PANGATLONG PAG-IGTING (may pasubaling mga kasunduan laban sa walang pasubaling mga kasunduan)

Mayroong isang teolohikong pag-igting o kabalintunaan sa pagitan ng may pasubali at walang pasubaling mga kasunduan. Ito ay walang alinlangan tunay ang ang layunin/planong pangkatubusan ng Diyos ay walang pasubali (cf. Genesis 15:12-21). Gayunman, ang inutos na pagtugon ng tao ay palaging may pasubali!

Ang “kung...samakatuwid” na huwaran ay kapwa nakikita sa OT at NT. Ang Diyos ay matapat; sangkatauhan ay hindi matapat. Ang pag-igting na ito ay nagbunga ng lubusang pagkalito. Ang mga nagpapaliwanag ay kumiling na tumuon sa tanging isang “panig ng mahirap na kalagayan,” pagkamatapat ng ng Diyos o pagpupunyagi ng tao, kapangyarihan ng Diyos o malayang pagpili ng sangkatauhan. Kapwa ay biblikal at kinakailangan.

Ito ay nauugnay sa eskatolohiya, sa mga pangako sa OT ng Diyos sa Israel. Kung ang Diyos nangako nito, maisasakatuparan ito! Diyos ay nakabigkis sa Kanyang mga pangako; ang Kanyang dangal ay nakapaloob (cf. Ezekiel 36:22-38). Ang walang pasubali at may pasubaling mga kasunduan ay nagtatagpo kay Kristo (cf. Isaias 53), hindi sa Israel! Ang kapuspusang katapatan ay maihahayag sa katubusan ng lahat na magsisi at mananampalataya, hindi kung sino ang iyong ama/ina! Si Kristo, hindi ang Israel, ang susi sa lahat ng mga kasunduan at mga pangako ng Diyos. Kung mayroong isang teolohikong panaklong sa Bibliya, ito ay hindi ang Iglesia, kundi ang Israel (cf. Mga Gawa 7 at Galacia 3).

Ang ang pangmundong misyon ng paghahayag ng ebanghelyo ay ibinigay sa Iglesia (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8). Ito pa rin ay may pasubaling kasunduan! Hindi nito impinapahiwatig na ang Diyos ay lubusang itinanggi ang mga Hudyo (cf. Roma 9-11). Maaaring may isang lugar at layunin para sa huling-panahon, nananampalatayang Israel (cf. Zacarias 12:10).

PANG-APAT NA PAG-IGTING (Mga huwang pampanitika ng Near East laban sa mga huwaran ng kanluran).

Ang dyanra ay isang mahalang sangkap sa tamang pagpapaliwanag ng Bibliya. Ang Iglesia ay lumago sa isang kanlurang (Griyego) pangkulturang kaganapan. Ang pang-silangang panitikan ay may naglalarawan, matalinghagan, at simboliko kaysa sa makabago, pangkanlurang kultura ng mga huwang pampanitikan. Ito ay tumutuon sa bayan, mga pagtatagpo, at pangyayari na higit kaysa maikli ngunit malinaw na panukalang mga katotohanan. Mga Kristiyano ay may kasalanan sa paggamit ng kanilang kasaysayan at mga huwang pampanitikan upang ipaliwanag ang biblikal na propesiya (kapwa sa OT at NT). Bawat salin-lahi at geoprapihong pagkakilanlan ay ginagamit ang kanyang kultura, kasaysayan, at pagiging literal upang ipaliwanag ang kapahayagan. Ang bawat isa sa kanila ay may kamalian! Ito ay kayabangan na isipin na ang makabagong kaluraning kultura ay ang pinagtuunan ng biblikal na propesiya!

Ang dyanra kung saan ang orihinal, kinasihang may-akda na piniling magsulat ay isang

pampanitikang kasunduan sa mambabasa. Ang aklat ng Pahayag ay hindi pang-kasaysayan salaysayin. Ito ay isang pagsasama ng titik (mga kabanata 1-3), propesiya, at karamihang apokaliptikong panitikan. Ito ay maling magsalita ang Bibliya na higit sa nilalayon ng ang orihinal na may-akda gaya ng maling masalita ito na kulang sa nilalayon! Ang pagmamataas at dogmatismo ng tagapagpaliwanag ay lalong di nararapat sa aklat na tulad ng Pahayag.

Ang Iglesia ay hindi kailanman nagkasundo sa isang ganap na interpretasyon ng Pahayag. Ang aking pagpapatungkol ay marinig at maiugnay ang buong Bibliya, hindi ang ilang mga piling bahagi bahagi. Ang maka-silangang kaisipan ng Bibliya ay nagpapakilala ng tambalang puno ng pag-igting. Ang ating maka-kanluran na pagkahilig sa isang pinanukalang katotohanan ay hindi walang kabuluhan, ngunit walang pagtimbang (balanse) ! Sa aking palagay, ito ay maaaring tanggalin ang ilan sa di-pagkakasundo sa pagpapaliwanag ng Pahayag sa pagtala ng kanyang nagbabagong layunin sa sinundang mga salin-lahi ng mga mananampalataya. Ito ay maliwanag sa karamihan sa mga tagapagpaliwanag na ang Pahayag kailangang ipaliwanag sa liwanag ng kanyang sariling panahon at kanyang dyanra. Ang isang pang-kasaysayan paglapit sa Pahayag kailangang iugnay sa kung ano ang mayroon sa mga sinaunang mga mambabasa, at ay maaaring naunawaan. Sa maraming mga paraan, ang makabagong tagapagpaliwanag, ang maraming mga sagisag (simbolo) ng aklat ay nawala na ang kahulugan. Ang paunang pangunahing layunin ay palakasin ang mga inuusig na mananampalataya. Ipinapakita nito ang kapangyarihan ng Diyos sa kasaysayan (tulad ng mga OT propeta); pinagtitibay nito na ang kasaysayan ay kumikilos sa isang itinakdang katapusan, kahatulan o pagpapala (tulad ng mga OT propeta). Ito ay nagpapatibay sa unang-siglong pang-Hudyong apokaliptikong mga salita ng pag-ibig, presesiya, pamamahala, at kapangyariha ng Diyos!

Ito ay gumaganap sa mga katulad na teolohikong paraan sa bawat salin-lahi ng mga mananampalataya. Ito ay naglalarawan ang pangmundong tunggalian ng mabuti at masama. Ang mga unang siglong detalye ay maaaring nawala na sa kanila, hindi ang makapangyarihan, mapag-alihw na mga katotohanan. Kapag ang makabago, kaluraning tagapagpaliwanag ang sumubok na ipilit ang mga detalye ng Pahayag sa kanilang makabagong kasaysayan, ang huwaran ng mga bulaan pagpapaliwanag ay nagpapatuloy!

Ito ay maaari na ang mga detalye ng ang aklat ay maaaring kapansin-pansing literal muli (tulad ng kaugnayan OT sa kapanganakan, buhay, at kamatayan ni Kristo) para sa ang huling salin-lahi ng mga mananampalataya sa kanilang pagharap sa mabangis na paglusod ng isang lider at kultura na laban sa Diyos (cf. II Tesalonica 2). Walang sinuman ang maaaring makaalam ng mga literal na katuparan ng Pahayag hanggang sa mga salita ni Hesus (cf. Mateo 24; Marcos.13; at Lucas 21) at Pablo (cf. I Corinto 15; I Tesalonica 4-5; at II Tesalonica 2) na naging pagkasaysayang pangyayari. Ang haka-haka, pagpapalagay, at dogmatismo ay hindi lahat nararapat. Ang apokaliptikong panitikan ay nagpapahintulot ng ganitong kalayaan. Salamat sa Diyos para sa mga larawan at mga sagisag na nakakahigit sa pang-kasaysayan salaysayin! Ang Diyos ang namamahala; Siya ang maghahari; Siya ang darating!

Karamihan sa makabagong kometaryo ay iniwan ang punto ng dyanra! Ang mga makabagong kaluraning tagapagpaliwana ay kadalasang naghahanap ng isang malinaw, lohikong sistema ng teolohiya kaysa sa maging patas sa isang di-maliwanag, simboliko, madulang dyanra ng pang-Hudyong apokaliptikong panitikan. Ang katotohanang ito ay mahusay na maipapahayag ni Ralph P. Martin in kanyang artikulo, "Approaches to New Testament Exegesis," sa aklat na *New Testament Interpretation*, edited ni I. Howard Marshall:

"Maliban na makilala natin ang madulang katangian ng sulat na ito at maalala ang paraan na ginamit ang wika bilang isang kasangkapan upang ipahayag ang pang-relihiyong katotohanan, tayo madalamhating magkakamali sa ating kaalaman ng Apocalypse, at maling subukan na ipaliwanag ang kanyang mga pangitain na parang ito ay isang aklat ng literal na tuluyan at maukol sa larawang pangyayari sa pagmamasid at may petsang kasaysayan. Ang tangkaing pairalin ang kinalaunang pagtahak ay ang pagtakbo sa lahat ng mga suliranin ng pagpapaliwanag. Sa mas malalim ito ay magbubunga ng isang

pagkasira ng kahulugan ng apokaliptiko at samakatuwid ay nawawala ang dakilang kahalagahan ng bahaging ito ng Bagong Tipan bilang isang madulang pagbibigay diin sa pantulang wika ng kapangyariha ng Diyos kay Kristo at ang kabalintunaan ng kanyang pamumuno na nahahalan ng giting at pag-ibig (cf. 5:5,6; ang Leon ay ang Tupa)” (p. 235).

W. Randolph Tate sa kanyang aklat na *Ang biblikal na Interpretations* ay nagsabing:

“Walang ibang dyanra ng Bibliya ma maalab mabasin na may ganitong mapighating bunga bilang pahayag, tulad ng mga aklat ng Daniel at Pahayag. Ang dyanrang ito ay nagdurusa mula sa mapangwasak na kasaysayan ng maling interpretasyon dahil sa isang pangunahing di-pagkakaunawa sa kanyang pampanitikang mga anyo, kayarian, at layunin. Dahil sa kanyang pag-aangkin na maihayag kung ano ang malapit nang mangyayari, ang pahayag ay tinitingnan bilang isang gabay sa daan at isang plano sa hinaharap. Ang kalunos-lunos na kamalian sa pananaw na ito ay ang pagpapalagay na ang sangunian ng balangkas ng mga aklat ay ang kasalukuyang panahon ng mga mambabasa kaysa sa may-akda. Ang hindi tamang pagsapit sa pahayag (lalo na ang Pahayag) ay tinitingnan ang gawa gaya ng isang cryptogram kung saan ang makabagong pangyayari ay maaaring gamiting upang ipaliwanag ang sagisag ng teksto. . .Una, ang tagapagpaliwanag ay kailangang makilala na ang apokaliptiko ay nagpapahayag ng kanyang mga mensahe sa pamamagitan ng simbolismo. Ang ipaliwanag ang isang sagisag sa literal kung ito ay matalinghaga ay tiyak na maling pagpapaliwanag. Ang isyu ay hindi kung ang pangyayari sa apokaliptikon ay pang-kasaysayan. Ang pangyayari ay maaaring pang-kasaysayan; sila ay maaaring totoong nangyari, o maaaring mangyari, ngunit ang may-akda ay ipinahayag ang pangyayari at isinulat ang kahulugan sa pamamagitan ng mga larawan at mga orihinal” (p. 137).

Mula sa *Dictionary of Ang biblikal na Imagery*, na pinatnugot nina Ryken, Wilhost at Longman III:

“Ang mga kasalukuyang mambabasa ay kadalasang nalilito at binibigo ng ganitong dyanra. Ang di-inaasahang paglalarawan at wala-sa-mundong-ito na mga karanasan ay tila kakaiba at nasa labas ng karamihan sa Banal na Kasulatan. Ang pagkuha sa panitikang ito sa kanyang ito sa kanyang natural na halaga ay mag-iiwan sa maraming mga mambabasa pag-aagawan na malaman kung ‘kung anong nagyari noon,’ samakatuwid ay naiwala ang naisin ng apokaliptikong mensahe” (p. 35).

PANLIMANG PAG-IGTING (ang Kaharian ng Diyos bilang kasalukuyan ngunit sa hinaharap)

Ang kaharian ng Diyos ay kasalukuyan, ngunit sa hinaharap. Ang ganitong teolohikong kabalintunaan ay naging pagtuon sa punto ng eskatolohiya. Kung ang isa ay umaasa ng isang literal na katuparan ng lahat ng mga propesiya sa OT para sa Israel, samakatuwid ang Kaharian ay naging karamihan ay ang pagpapanumbalik ng Israel sa isang heograpikong lugar at isang teolohikong kataasan! Kinakailangan nito na Iglesiya ay lihim na aagawin sa kabanata 5 at ang natitirang mga kabanata ay maiuugnay sa Israel (ngunit pansinin ang Pahayag 22:16).

Gayunman, kung ang pagtuon ay sa kaharian bilang pinagpasinaya sa pamamagitan ng ipinangakong OT Mesias, samakatuwid ito ay kasama ni Kristo sa unag pagparito, at ngayon, ang pagtuon ay naging ang pagkakatawang-tao, buhay, mga katuruan, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Kristo. Ang teolohikong pagbibigay-diin ay sa isang kasalukuyang kaligtasan. Ang kaharian ay dumating, ang OT ay natupad sa pag-aalay ni Kristo ng kaligtasan sa lahat, hindi ang Kanyang pang-milenyong paghahari sa ilan!

Ito ay walang alinlangan katotohana na ang ang Bibliya ay nagsasabi ng kapwa mga pagparito ni Kristo, ngunit nasaan ilalagay ang pagbibigay-diin? Ito, para sa akin, ay tila ang pagtuon ng karamihan sa mga propesiya sa OT sa ang una pagparito, ang pagtatag ng kaharian ng Mesias (cf. Daniel 2). Sa maraming mga paraan ito ay kahalintulad sa walang-hanggang pamumuno ng Diyos (cf. Daniel 7). Sa OT ang pagtuon ay sa walang-hanggang pamumuno ng Diyos, ngunit ang kaparaanan para sa pagpapakita ng pamumuno ay ang gawain ng Mesias (cf. I Corinto 15:26-27). Ito ay hindi isang tanong na kung ano ang totoo; kapwa ay totoo, ngunit saan ang pagbibigay-diin? Ito

kailangang sabihin na ang ilang mga tagapagpaliwanag ay naging lubhang nakatuon sa pang-milenyong pamumuno ng Mesias (cf. Pahayag 20) na kanilang naiwala ang biblikal pagtuon on ang walang-hanggang pamumuno ng Ama. Ang pamumuno ni Kristo ay isang panimulang pangyayari. Tulad ng ang dalawang pagdating ni Kristo ay hindi maliwanag sa OT, gayundin ang isang pansamantalang pamumuno ng Mesias!

Ang susi sa pagpapahayag at pagtuturo ni Hesus ay ang kaharian ng Diyos. Ito ay kapwa pangkasalukuyan (sa kaligtasan at paglilingkod), at panghinaharap (sa paglaganap at kapangyarihan). Ang Pahayag, kung ito ay tumutuon sa isang maka-Mesyas na pang-milenyong pamumuno (cf. Pahayag 20), ay panimula, hindi pangwakas (cf. Pahayag 21-22). Ito ay hindi maliwanag mula ang OT na ang isang pansamantalang pamumuno ay kinakailangan; gaya ng katunayan ng paksa, ang pang-Mesyas pamumuno ng Daniel 7 ay walang-hanggang, hindi pang-milenyo.

PANG-ANIM NA PAG-IGTING (ang nalalapit pagbabalik ni Kristo laban sa ipinagpalibang *Parousia*)

Karamihan sa mga mananampalataya ay naturuan na si Hesus ay malapit nang dumating, biglaan, at di-inaasahan (cf. Mateo 10:23; 24:27,34,44; Marcos 9:1; 13:30; Pahayag 1:1,3; 2:16; 3:11; 22:7,10,12,20). Ngunit ang bawat umaasang salin-lahi ng mga mananampalataya sa ngayon ay nagkamali! Ang malapit (kamadalian) na pagbabalik ni Hesus ay isang makapangyarihang ipinangakong pag-asa sa bawat salin-lahi, ngunit isang katotohanan sa tanging isa (at ang isang ito ay ang inusig na isa). Ang mga mananampalataya ay kailangang mabuhay na parang Siya ay darating na bukas, ngunit magplano at ipatupad ang Dakilang Komisyon (cf. Mateo 28:19-20) kung Siya ay magtatagal pa.

Ang ilang mga talata sa Mga Ebanghelyo (cf. Marcos 13:10; Lucas 17:2; 18:8) at I at II Thesalonica ay nakabatay isang ipinagpalibang Pangalawang Pagdating (*Parousia*). Maryoong ilang pang-kasaysayan pangyayari na kailangang munag mangyari:

1. Ang paglaganap ng ebanghelyo sa buong mundo (cf. Mateo 24:14; Marcos 13:10)
2. ang kapahayagan ng “ang tao ng Kasalanan” (cf. Mateo 24:15; II Tesalonica 2; Pahayag 13)
3. ang dakilang pag-uusig (cf. Mateo 24:21,24; Pahayag 13)

Mayroong isang maka-layunin na kalabuan (cf. Mateo 24:42-51; Marcos 13:32-36)! Mamuhay araw-araw na parang ito ang iyong huling araw ngunit magplano at magsanay para sa hinaharap na gawain!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:32-40

³²Sapagka't ipagtanong mo nga sa mga araw na nagdaan, na nangauna sa iyo, mula nang araw na lalangin ng Diyos ang tao sa ibabaw ng lupa, at mula sa isang hangganan ng langit hanggang sa kabila, kung nagkaroon ng gaya ng dakilang bagay na ito, o may narinig na gaya nito? ³³Narinig ba kaya kailan man ng mga tao ang tinig ng Diyos na nagsalita sa gitna ng apoy, gaya ng narinig mo, at nabuhay? ³⁴O may Diyos kaya na nagsikap na yumaon at sumakop ng isang bansa sa gitna ng *ibang* bansa, sa pamamagitan ng mga tukso, ng mga tanda, at ng mga kababalaghan, at ng pagbabaka, at ng makapangyarihang kamay, at ng unat na bisig, at ng mga malaking kakilabutan ayon sa lahat na ginawa ng PANGINOON mong Diyos sa iyo sa Ehipto, sa harap ng iyong mga mata? ³⁵Sa iyo ipinakita ito, upang iyong makilala na ang PANGINOON ay siyang Diyos; wala nang iba liban sa kaniya. ³⁶Mula sa langit ay ipinarinig niya sa iyo ang kaniyang tinig, upang kaniyang turuan ka; at sa ibabaw ng lupa ay kaniyang ipinakita sa iyo ang kaniyang dakilang apoy, at iyong narinig ang kaniyang mga salita sa gitna ng apoy. ³⁷At sapagka't kaniyang inibig ang iyong mga magulang, kaya kaniyang pinili ang kaniyang binhi pagkatapos nila, at inilabas ka niya sa Ehipto ng kaniyang pagharap, ng kaniyang dakilang kapangyarihan; ³⁸Upang palayasin sa harap mo ang mga bansang lalong malalaki at lalong makapangyarihan kay sa iyo, upang ikaw ay kaniyang papasukin, na ibigay

sa iyo na pinakamana ang kanilang lupain, gaya sa araw na ito. ³⁹Talastasin mo nga sa araw na ito at isapuso mo, na ang PANGINOON ay siyang Diyos sa itaas sa langit at sa ibaba sa lupa; wala nang iba pa. ⁴⁰At iyong iingatan ang kaniyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, upang ikabuti mo, at ng iyong mga anak pagkamatay mo, at upang iyong mapalaon ang iyong mga araw sa ibabaw ng lupaing yaon, na ibinigay sa iyo magpakailan man ng PANGINOON mong Diyos.

4:32 “ipagtanong” Ang PANDIWA (BDB 981, KB 1371, *Qal* PAUTOS) ay nangangahulugang magsiyasat sa Diyos patungkol sa pagiging walang katulad ng pakikipag-ugnayan ng Israel sa pagka-Diyos (cf. vv. 32-40).

▣ **“mula nang araw na lalangin ng Diyos ang tao sa ibabaw ng lupa”** Ito ay tumutukoy sa Genesis 1-2; gayundin tingnan ang Mga Awit 104.

4:34 “ng makapangyarihang kamay, at ng unat na bisig” Ito ay antropomorpikong mga kataga (tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:15) na ginamit upang ilarawan ang kapangyarihan ni YHWH sa pagpapalaya ng Israel (cf. 5:15; 6:21; 7:19; 9:29; 11:2; 26:8). Sa ilang mga teksto, ang parirala ay pinaiksi sa “makapangyarihang kamay” (cf. 3:24; 6:21; 7:8; 9:26; Josue 4:24) o “nakabukang bisig” (cf. 9:29; Exodo 6:6). Ang mga pangwikaing terminolohiya ay mayroong isang tiyak na kahalintulad na mga teksto sa Ehipto na kaugnay sa “hari” (NIDOTTE, tomo 3, p. 92).

4:35 “upang iyong makilala” Ang mga himala ng v. 34 ay para sa layunin ng pagtatatag ng pananampalataya ng Israel (cf. Exodo 7:5,17; 10:2; 31:13). Para sa “makilala” (BDB 393, KB 390, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI) tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

NATATANGING PAKSA: MAKILALA

(kadalasang paggamit ng Deuteronomio bilang isang huwaran)

Ang Hebreong salita na “makilala” (BDB 393) ay may maraming pagkakaunawa (*mga semantikong pagkakagamit*) sa *Qal*.

1. upang malaman ang mabuti o masama – Genesis 3:22; Deuteronomio 1:39; Isaias 7:14-15; Jonas 4:11
2. upang makakilala sa pamamagitan ng pagunawa – Deuteronomio 9:2,3,6; 18:21
3. upang makakilala sa pamamagitan ng karanasan – Deuteronomio 3:19; 4:35; 8:2,3,5; 11:2; 20:20; 31:13; Josue 23:14
4. upang isaalang-alang – Deuteronomio 4:39; 11:2; 29:16
5. upang makilala nang personal
 - a. ang isang tao – Genesis 29:5; Exodo 1:8; Deuteronomio 22:2; 33:9
 - b. isang diyos – Deuteronomio 11:28; 13:2,6,13; 28:64; 29:26; 32:17
 - c. YHWH – Deuteronomio 4:35,39; 7:9; 29:6; Isaias 1:3; 56:10-11
 - d. pagtatalik – Genesis 4:1,17,25; 24:16; 38:26
6. isang natutunang kasanayan o kaalaman – Isaias 29:11,12; Amos 5:16
7. maging marunong – Deuteronomio 29:4; Kawikaan 1:2; 4:1; Isaias 29:24
8. Karunungan ng Diyos
 - a. ni Moses – Deuteronomio 34:10
 - b. ng Israel – Deuteronomio 31:21,27,29

▣ **“ang PANGINOON ay siyang Diyos”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 1:3.

▣ **“wala nang iba liban sa kaniya”** Walang ibang espiritu o diyos sa kaurian ni YHWH (e.g., v. 39; 6:4; 32:39). Tingnan ang mga tala sa 6:4.

4:36 “Mula sa langit ay ipinarinig niya sa iyo ang kaniyang tinig” Ang talatang ito ay tumutukoy sa pisikal na pagpapahayag ni YHWH ng Kanyang presensiya sa Bundok ng Horeb/Sinai, na naitala sa Exodo 19.

4:37 “sapagka't kaniyang inibig ang iyong mga magulang” Ito ay tumutukoy sa pagpili ng Diyos kina Abraham, Isaac, at Jacob (ang mga Patriyarka ng Genesis 12-50, cf. 7:7-8; 10:15).

▣ **“kaniyang pinili”** Ang pagpili (i.e., pumili” BDB 103, KB 119, *Qal* DI-GANAP) sa OT ay para sa paglilingkod (e.g., Cyrus, Isaias 44:24-45:7), hindi sa kaligtasan gaya ng sa NT.

▣ **“inilabas ka niya sa Ehipto ng kaniyang pagharap”** Ang salitang “sa sarili” (BDB 815) sa literal ay “mukha,” na nagpapakita ng personal na presensiya ng Diyos (cf. 5:4; Genesis 32:30; Exodo 33:14-15; Isaias 63:9, “ang anghel of Kanyang presence”). Ito rin ay isang salitang-ugat na nasa likod ng “mukha sa mukha” (cf. Exodo 33:11; Deuteronomio 34:10 at katulad na kaisipan ng “bibig sa bibig” ng Mga Bilang 12:8).

Si YHWH ay ang tunay na Diyos na nasa atin (i.e., *Immanuel* ng Isaias 7:14; 8:8,10). Ang kasalanan ang sumisira sa malapit na pakikipa-ugnayan at ikinikilang ni YHWH ang Kanyang mukha palayo (cf. 31:17; Levitico 17:10; 20:3,6; Isaias 59:2; Jeremias 18:17; Ezekiel 7:22; 39:23,24,29).

4:38

NASB, NKJV,

NRSV

“ang mga bansang lalong malalaki at lalong makapangyarihan”

TEV, REB

“ang mga bansang mas dakila at mas makapangyarihan”

NJB

“ang mga bansang mas dakila at mas maraming tao”

Ang mga bansang ito ay nakita (4:38; 7:1; 11:23; Josue 23:9) bilang:

1. mas madami ang populasyon (cf. 7:7)
2. mga naninirahan na malalaki (mga dambuhala) ang katawan (cf. Mga Bilang 13:22,28,33; Deuteronomio 1:28)

▣ **“gaya sa araw na ito”** Ito ay tila isang tanda ng sumunod na pahayag na patnugot, ngunit ito ay maaaring tumukoy sa mga kaharian ng Sehon at Oz sa silangang panig ng Jordan. Tingnan ang tala sa 3:14.

4:39 Ito ay isa pang malakas na pahayag ng monoteismo. Tingnan ang tala sa 6:4.

4:40 “palatuntunan. . .mga kautusan” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

▣ **“upang iyong mapalaon ang iyong mga araw sa ibabaw ng lupaing yaon”** Ang PANDIWA sa literal ay “pahabain” (BDB 73, KB 88, *Hiphil* DI-GANAP, cf. Exodo 20:12; Deuteronomio 4:26,40; 5:16,33; 6:2; 11:9; 17:20; 22:7; 25:15; 30:18; 32:47). Pansinin ang may pasubaling sangkap!

▣ **“na ibinigay sa iyo magpakailan man ng PANGINOON mong Diyos”** Ang PANDIWA (BDB 678, KB 733, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI) ay kailangang maipaliwanag sa liwanag ng kahulugan ng “para sa lahat ng panahon.” Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILANMAN (GRIYEGONG KATAGA)

Isang Griyegong pangwikaing parirala ay “sa loob ng mga panahon” (cf. Lucas 1:33; Roma 1:25; 11:36; 16:27; Galacia 1:5; I Timoteo 1:17), na maaaring maglarawan ng Hebreong *‘olam*. Tingnan si Robert B. Girdlestone, *Synonyms of ang Lumang Testament*, pp. 319-321, at Natatanging Paksa sa OT: Magpakailanman (*‘Olam*). Ang ibang mga kaugnay na mga pariral ay “sa loob ng panahon” (cf. Mateo 21:19 [Marcos 11:14]; Lucas 1:55; Juan 6:58; 8:35; 12:34; 13:8; 14:16; II Corinto 9:9) at “ng panahon ng mga panahon” (cf. Efeso 3:21). May tila walang pagkakaiba sa pagitan ng mga Griyegong mga kataga para sa “magpakailanman.” Ang salitang “mga panahon” ay maaaring PANGMARAMIHAN na isang paglalarawang pagkaunawa sa rabinikal na pang-gramatikong pagkakabuo na tinawag na “ang pangmaramihan ng maharlika” o ito ay maaaring tumukoy sa konsepto ng maraming “mga panahon” sa pang-Hudyong pagkaunawa ng “panahon ng kasamaan,” “panahong darating,” o “panahon ng katuwiran.”

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:41-43

⁴¹Nang magkagayo'y inihwalay ni Moises ang tatlong lungsod sa dako roon ng Jordan sa dakong sinisikatan ng araw; ⁴²Upang ang nakamatay ng tao ay tumakas doon, na nakamatay sa kaniyang kapuwa na hindi sinasadya, at hindi niya kinapopootan nang panahong nakaraan; at sa pagtakas sa isa sa mga bayang ito ay mabuhay siya: ⁴³Sa makatuwid baga'y sa Beser, sa ilang, sa kapatagang lupa, na ukol sa mga Rubenita; at sa Ramoth sa Galaad, na ukol sa mga Gadita; at sa Golan sa Basan, na ukol sa mga Manasita.

4:41 “tatlong mga lungsod sa dako roon ng Jordan sa dakong sinisikatan ng araw” Ang mga lungsod na ito ay tinatawag na “mga lungsod ng kanlungan” (cf. Mga Bilang 35; Deuteronomio 19; Josue 20). Mayroong anim na katulad nila, tatlo para sa bawat panig ng Jordan. Sila ay lahat Levitang mga lungsod (cf. Josue 21), kung ang mga Levita, na walang minanang lupain, ay naninirahan.

Sila ay bahagi ng “mata para sa mata” na sistemang katarungan ng Israel. Kung ang sinuman ay di-sinasadyang napatay ang isang kasama sa kasunduan, ang pamilya ay may legal na karapatan para patayin siya (i.e., ang tagapaghiganti ng dugo ng Mga Bilang 35:12; Deuteronomio 19:6,12; Josue 20:3,5,9). Kung ang isa ay hindi sinasadyang nakapatay, ang isa ay maaaring pumunta sa isa sa mga natatanging mga lungsod na ito, may pagdinig sa pamamagitan ng mga matatanda; kung siya ay natagpuan na hindi isang nagtangkang mamamatay-tao, siya ay maaaring mamuhay sa lungsod ng ligtas (hanggang sa kamatayan ng Punong Saserdote). Pagkatapos, siya ay maaaring bumalik sa kanyang tahanan nang ligtas (sa isang legal na kaunawaan).

Pansinin “sa dako ng Jordan” ay tumukoy dito sa silangang panig.

4:42 “hindi sinasadya” Ang pasalungat na salita (BDB 395) ay tumutukoy sa kamatayan ng isang kapwa Israelita na hindi sinasadya, na walang pagpapalano o pagkiling. Maaari nating tawagin ito pagpatay ng tao.

Ang kawalan ng masamang layuning ay ang susing sangkap. Ito ay naging teolohikong puso ng pag-aalay na sistema. Anumang kasalanan na nagawa nang sinadya ay walang pag-aalay na ihahanda (cf. Exodo 21:12-14; Levitico 4:2,22,27; 5:15-18; 22:14; Mga Bilang 15:27,30; Deuteronomio 17:12-13; Josue 20:1-6). Kahit na ang pambansang pag-aalay sa pamamagitan ng ang Punong Saserdote sa Araw ng Pagtubos (Levitico 16) hindi ibinibilang ang kinusang kasalanan (cf. Ps: 51:14-17)! Hindi ba kayo nalulugod na tayo ay nasa ilalim ng pag-aalay ni Hesus sa NT?!

Sa puntong it, nais kong idagdag ang isang sipi mula sa NIDOTTE, tomo 2, na tumatalakay ng konsepto ng: “‘di-sinasadya’ o ‘di kinukusa’ (Levitico 4:2) ay kapwa estratehiko at may suliranin (cf. 4:13,22,27; 5:15,18; 22:14; Mga Bilang 15:22,24-29). Dahil dito, ang ilang mga iskolar ay nagpalagay na ang pag-aalay kasalanan ay tanging inihahandog sa di-

sinasadyang kasalanan, kung sa gayon, ang mga kasalanan na nagawa sa pamamagitan ng pagkakamali o mga kasalanan na nagawa na hindi natataman ang tiyak na pagkilos ay makasalanan (tingnan ang Melgrom, 1991, 228-29). Gayunman, ang salita ‘di-sinasadya’ ay nangangahulugang talagang ‘sa kamalian’ (ang vb. ay nangangahulugang gawin sa kamalian, maligaw). Kahit na ito ay maaaring gayundin mangahulugang ang pagkakamali ay di-sinasadya o di kinusa (tingnan ang e.g. Mga Bilang 35:11,15,22-23; Josue 20:39), ito ay hindi kinakailangang mangyari (tingnan ang I Samuel 26:21; Ecclesiastes 5:6)” (p. 94).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 4:44-49

⁴⁴At ito ang kautusang sinalaysay ni Moises sa harap ng mga anak ni Israel: ⁴⁵Ito ang mga patotoo, at ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na sinalita ni Moises sa mga anak ni Israel, nang sila'y lumabas sa Ehipto; ⁴⁶Sa dako pa roon ng Jordan, sa libis na nasa tapat ng Beth-peor, sa lupain ni Sehon na hari ng mga Amorrheo na tumatahan sa Hesbon, na siyang sinaktan ni Moises at ng mga anak ni Israel, nang sila'y umalis sa Ehipto; ⁴⁷At kanilang sinakop ang kaniyang lupain na pinakaari, at ang lupain ni Og na hari sa Basan, ang dalawang hari ng mga Amorrheo, na nangasa dako pa roon ng Jordan sa dakong sinisikatan ng araw; ⁴⁸Mula sa Aroer na nasa hangganan ng libis ng Arnon, hanggang sa bundok ng Sion (na siya ring Hermon), ⁴⁹At ang buong Araba sa dako roon ng Jordan sa dakong silanganan, hanggang sa dagat ng Araba sa ibaba ng gulod ng Pisga.

4:44-45 “Kautusan. . .patotoo. . .palatuntunan. . .kahatulan” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

4:45 “Ito ang mga patotoo” Ito ay mga salita ng taga-awit na ginamit upang ilarawan ang Torah, o ang Kautusan ng Diyos. Ang salitang “Torah” ay nangangahulugang “mga katuruan” ng Diyos. Ang Kautusan ay hindi ibinigay bilang isang kabigatan na sisira sa tao. Ang pasalitang mga tradisyon na lumago sa palibot ng Kautusan ay ginawang itong dakilang kabigatan. Ang OT ay hindi hihigi sa pag-ibig, sariling-kapahayagan ngDiyos sa gitna ng pantaong kamangmangan. Ang OT Kautusan ay nagtuturo sa kalubhaan ng kasalanan, ang kahinaan ng sangkatauhan, at ang pangangailangan para sa isang taga-pagligtas, ngunit ito ay ibinigay sa pag-ibig (cf. Mga Awit 19:7-9).

▣ **“na sinalita ni Moises sa mga anak ni Israel, nang sila'y lumabas sa Ehipto”** Moises ay nagpatuloy sa Sampung Utos para sa ang pangalawang pagkakataon dito. Ngunit ang bayan na nakakarinig nito ay tanging mga anak ang unang pagkakataon na sila ay pinagkalooban sa Exodo 20 sa Bundok ng Sinai. Muli niya isinasalaysay ito. Ginagawa ito ni Moises para sa ang mga anak ng Israel na inaasahan niyaong maging ama na gagawin ito sa kanyang tahanan. Bawat salin-lahi ay mayroong ipapahayag sa bagong salin-lahi patungkol sa ang kalooban ng Diyos para sa kanilang buhay.

4:46-49 Ang mga talatang ito ay isang pang-kasaysayan buod ng dalawang mga tagumpay. Ang dahilan kung bakit hinayaan ng Diyos ang dalawang mga tagumpay sa silangang panig ng Jordan ay kahalintulad sa konsepto ng unang mga bunga. Ang unang mga bunga sa Judaismo ay kaunti ng inani upang patunayan na ang Diyos ay matapat at ang buong ani ay darating. Ang pagkatalo ng dalawang Amorrheong hari sa silangang panig ng Jordan ay nagsabi sa Israel, “Iniibig Ko kayo. Ipinapangako Kong ipagkakaloob sa inyo ang lupain. Alam niyo ang kahulugan nito. Magtiwala at sumunod sa akin at ibibigay ko ang kapahingahan.”

Ito ay na namang maikling buod na pahayag ng karanasan ng srael ang dulo ng yugto ng paglalagalag sa ilang sa Moab.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang pananampalataya noong OT ay karaniwan bang pag-iingat ng kautusan o isang pakikipag-ugnayan sa Diyos?
2. Bakit binibigyang diin ng Bibliya na ang mga magulang ang magtuturo sa kanilang sariling anak patungkol sa Diyos?
3. Bakit ipinagbabawal ng Diyos ang tao ang gumawa ng kumakatawang pisikal sa Kanya?
4. Paanong ang Israel ay ang natatanging kayamanan ng Diyos? At bakit?
5. Magtala ng dalawang kinakailangan para sa isang malusog na magtatagal na lipunan.
6. Magtala ng tatlong mga kahihinatnan sa paglabag ng kasunduan.
7. Ang mga talata bang ito ay nagtuturo ng monoteismo o henoteismo?
8. Bakit pinili ng Diyos ang Israel?
9. Ang ang layunin ng “mata sa mata” na paghihiganti?
10. Ang sistemang paghahandog ba ay tumutugon nang may kasapatan sa kasalanan ng tao? Bakit o bakit hindi?
11. Paanong ang paghahandog ni Kristo ay mas nakakahigit?

DEUTERONOMIO 5

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|--------------------------------------|-------------------------------|--|
| Ang Pagbabalik-aral sa Sampung Utos | Ang Pagkakaloob ng Kautusan sa Sinai | Ang Sampung Utos | Ang Sampung Utos |
| 5:1-5 | 5:1-5 | 5:1-5 | 5:1 5:2-5 |
| 5:6-7 | 5:6-7 | 5:6 5:7 | 5:6 5:7 |
| 5:8-10 | 5:8-10 | 5:8-10 | 5:8-10 |
| 5:11 | 5:11 | 5:11 | 5:11 |
| 5:12-15 | 5:12-15 | 5:12-15 | 5:12-15 |
| 5:13 | 5:13 | 5:13 | 5:13 |
| 5:14 | 5:14 | 5:14 | 5:14 |
| 5:15 | 5:15 | 5:15 | 5:15 |
| 5:16 | 5:16 | 5:16 | 5:16 |
| 5:17 | 5:17 | 5:17 | 5:17 |
| 5:18-21 | 5:18 5:21b | 5:18-21 | 5:18-21 |
| 5:22 | 5:22-27 | 5:22 | 5:22 |
| Ang mga Tao ay Takot sa Presensya ng Diyos | | Ang Pagkatakot ng mga Tao | Si Moises ang Taga-pamagitan |
| 5:23-33 | 5:28-33 | 5:23-27 5:28-31 5:32-33 | 5:23-27 5:28-31 Ang Ibigin si Yahweh ay ang Diwa ng Kautusan (5:32-6:13) 5:32-6:3 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG KALIGIRAN

- A. Si Roland de Vaux, *Ancient Israel*, tomo 1, pp. 143-144, ay nagtala ng mga kodigo ng kautusan sa OT:
1. ang Sampung Utos - Exodo 20:2-17; Deuteronomio 5:6-21
 2. ang Kodigo ng Kasunduan - Exodo 20:22-23:33
 3. Deuteronomio - Deuteronomio 12-26
 4. ang Kautusan ng Kabanalan - Levitico 17-26
 5. ang maka-Saserdoteng kodigo - Levitico 1-7, 11-16
- Ang lahat ng ito ay itinuturing na *Torah*. Sila ay tiyak na maka-Diyos na mga tagubilin sa mga pagkilos at mga pag-uugali.
- B. Mga uri ng mga batas sa Israel
1. Palakasuisa – mga kautusan na maitatangi sa pamamagitan ng anyong “kung. . .samakatuwid”. Ito ay mga kinahihinatnan ng mga pagkilos. Ito ay karaniwang mga gabay para sa mga lipunan.
 2. Apodiktiko – mga kautusan na inihahayag bilang pangkalahatang mga panustos (karaniwang PANGALAWANG PANAUHAN NA PANGMARAMIHAN mga pahayag - “huwag kayong. . .”). Ito ay karaniwang mga gabay para sa espiritwal na buhay.
- C. Mga pang-kulturang impluwensya
1. Sa nilalaman – mga sinaunang kodigong kautusan
 - a. Lipit-Ishtar
 - b. Kodigo ni Hammurabi
 2. Sa anyo – mga kasunduan Heteo (Suzerain), na makikita sa maraming itinakdang mga huwaran, ngunit ang Deuteronomio at Josue 24 ay sumusunod sa huwaran ng 2000 B.C.. yugto, na nagpapakita kanyang pagkamakasaysayan (cf. John H. Walton, *Ancient Israelite Literature in Its Cultural Context*, pp. 95-107; K.A. Kitchen, *The Bible in Its World*, pp. 80-95; tingnan ang panimula sa aklat, VII).

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:1-5

¹At tinawag ni Moises ang buong Israel, at sinabi sa kanila, Dinggin mo, Oh Israel, ang mga palatuntunan at mga kahatulan na aking sinalita sa inyong mga pakinig sa araw na ito, upang matutunan ninyo sila, at ingatan at isagawa sila. ²Ang Panginoong ating Diyos ay nakipagkasundo sa atin sa Horeb. ³Hindi pinagtibay ng PANGINOON ang tipang ito sa ating mga magulang, kundi sa atin, sa atin ngang nangariritong lahat na buhay sa araw na ito. ⁴Sinalita ng PANGINOON sa inyo ng mukhaan sa bundok mula sa gitna ng apoy ⁵(*habang* Ako'y tumayo sa pagitan ng PANGINOON at ninyo nang panahong yaon, upang ipatalastas sa inyo ang salita ng PANGINOON: sapagka't kayo'y natatakot dahil sa apoy, at hindi kayo sumampa sa bundok;) na sinasabi,

5:1 “buong Israel” Ang Kautusan ay para sa bawat-isa (hindi sa piling pangkat), ngunit si Moises ay maaaring magsalita sa mga matatanda na nagsabi naman ng kanyang mga salita sa lahat ng bayan (i.e., mga tribu, mga angkan). Para sa “Israel” tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:1.

▣ **“Dinggin”** Tingnan ang tala sa 4:1.

▣ **“ang mga palatuntunan at mga kahatulan”** Tingnan ang tala sa 4:1.

▣ **“matutunan ninyo sila, at ingatan at isagawa sila”** Ang pariralang ito ay mayroong tatlong MGA MAKA-DIWA:

1. “matutunan niyo sila” (BDB 540, KB 531, *Qal* GANAP, cf. 4:10; 5:1; 14:23; 17:19; 18:9; 31:12,13)
2. “isagawa sila” (BDB 1036, KB 1581, *Qal* GANAP, cf. 4:2,6,9,40; 5:10,12,29,32; 6:2,3, 17 [na dalawang beses], 25; 7:8,9 [na dalawang beses], 11,12 [na dalawang beses], atbp.
3. “ingatan” - sa literal “gawin” (BDB 793, KB 889, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI)

Ang tatlong MGA MAKA-DIWANG ito ay nagibigay buod ng kahulugan ng *shema* (BDB 1033, KB 1570, e.g., 4:1; 5:1,23,24,25,26, 27 [na dalawang beses], 28 [na dalawang beses]; 6:3,4; 9:1; 20:3; 27:9), na nangangahulugang “pakinggan, gayundin ay gawin”!

5:2 “Ang PANGINOON nating Diyos” Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 1:3.

▣ **“nakipagkasundo”** Sa literal, ito ay “hatiin” (BDB 503, KB 500, *Qal* GANAP [na dalawang beses]). Ito ay isang paraan ng pagpapatibay ng kasunduan sa OT (i.e., “hatiin ang kasunduan,” cf. Genesis 15:18; 21:27,32; 31:44; Exodo 34:27; Deuteronomio 5:3; 29:12; 31:16). Kumuha si Abraham ng isang kambing, isang toro, at ibang mga hayop, hinati sila sa kalahati, inilagak ang dalawang hati na magkabilang panig, at lumakad sa kanilang gitna bilang tanda ng kasunduan. Ito maaaring ay nagpapahiwatig ng isang sumpa sa mga lalabag sa kasunduan (cf. Genesis 15:9-18; Jeremias 34:18) o kahit na isang pagkain upang tatakan ang kasunduan.

▣ **“kasundo sa atin”** Tingnan ang tala sa 4:13.

▣ **“sa Horeb”** Ang Horeb ay ang Hebreo salita para sa Bundok ng Sinai. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Deuteronomio 1:2.

5:3 “sa ating mga magulang” Ang ilang mga iskolar tinitingnan ang pariralang ito na tumutukoy sa mga Patriyarka, Abraham, Isaac, at Jacob, ngunit ang iba ay tinitingnan ito na tumutukoy sa ang mga magulang, ang masamang salin-lahi na namatay sa ilang (cf. Mga Bilang 26:63-65). Ang susunod parirala ay tila nagpapatunay ng pangalawang pagpili (opsyon).

▣ **“kasama sa atin ngang nangariritong lahat na buhay sa araw na ito”** Ito ay tumutukoy sa mga anak (i.e., mababa sa dalawampung taon) ng masamang salin-lahi. Maliwanag na ipinapakita nito na ang mga salita ni YHWH ay may kahalagahan (kaugnayan) sa salin-lahing ito at sa bawat salin-lahi, kasama ang ngayon.

5:4 “ng mukhaan” Ito ay tumutukoy sa isang personal na pagtatagpo (hindi sa literal) sa Bundok ng Horeb/Sinai sa Exodo 19. Ito ay isang inuulit kataga (cf. Genesis 32:30; Exodo 33:11; Deuteronomio 5:4; 34:10; Mga Hukom 6:22; Ezekiel 20:35).

▣ **“mula sa gitna ng apoy”** Ito ay isang naulit na sangunian sa Exodo 19 (cf. 4:12,15,33,36; 5:4,22,

24,26; 9:10; 10:4).

5:5 “*habang ako'y tumayo sa pagitan ng PANGINOON at ninyo. . . sapagka't kayo'y natatakot*” Ang bayan ay natakot kay YHWH kaya si Moises ay naging taga-pamagitan kay YHWH at sa mga Israelita (cf. Exodo 19:16).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:6

⁶Ako ang PANGINOON mong Diyos na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin.

5:6 “**Ako ang PANGINOON**” Ito ay maaari sa ibang pangungusap ay: “Ako ay ‘Ako nga.’” Ako ang nabubuhay magpakailanpaman, tanging nabubuhay na Diyos. Ako ang Isang umiiral. Ang YHWH ay isang anyo ng Hebreong PANDIWA “ay” (cf. Exodo 3:14). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos at 1:3.

▣ “**na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto**” Pansinin na ang biyaya at mapanghalal na pagpili ni YHWH ay dumating bago pa ibinigay ang Kautusan. Diyos chose Israel, she did not choose him. This choice ay made plain to Abraham in ang walang pasubali pangako/kasunduan ng Genesis 15:12-21.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:7

⁷Huwag kang magkakaroon ng ibang mga Diyos sa harap ko.

5:7 “**ng ibang mga Diyos sa harap ko**” Ang “sa harap ko” (BDB 818 #7) sa literal ay “sa harap ng *Aking Mukha*,” ay isang kataga para sa “walang ibang nasa *Aking kaurian*” (cf. Exodo 20:3,23). Si YHWH ay nag-iisa, natatangi, umiiral magpakailanpaman! Ito ay isa pang pagbibigay-diin ng monoteismo (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomio 4:35,39; 33:26; I Samuel 2:2; II Samuel 7:22; 22:32; Isaias 46:9). Ang unang pagbibigay-diin na ito at ang kautusan ay walang katulad sa pananampalataya ng Israel sa isang maraming diyos na sinaunang Near East! Tingnan ang tala sa 6:4.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:8-10

⁸Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan na kawangis ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: ⁹Huwag mong yuyukuran sila o paglilingkuran man sila: sapagka't akong PANGINOON mong Diyos ay panibughuing Diyos, na aking dinadalaw ang kasamaan ng mga magulang sa mga anak, sa ikatlo at sa ikaapat na *salinglahi* ng nangapopoot sa akin; ¹⁰At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos.

5:8 “**ng larawang inanyuan**” Sa literal, ito ay “inukit na larawan” (BDB 820). Ito ay maaaring tumukoy sa (1) kahit anong pisikal pagkakinatawan kay YHWH (cf. 4:12,15-19,23,25). Ang ginintuang baka ng Exodo 32 ay isang pagkakinatawan kay YHWH; o (2) dayuhang mga diyus-diyosan (cf. Levitico 19:4; 26:1).

5:9 “**panibughuin**” Tingnan ang tala sa 4:24.

▣ “**Huwag mong yuyukuran sila o paglilingkuran man sila**” Ang dalawang pasalungat na PANDIWA ito ay bumubuo ng:

1. “pagsamba” - BDB 1005, KB 295 *Hishtaphel* DI-GANAP o *Hithpael* DI-GANAP, na nangangahulugang “pagyukod,” “pagpatirapa” (cf. 4:19; 8:19; 11:16; Exodo 20:5; 23:24)
2. “paglilingkod” - BDB 712, KB 773, *Hophal* DI-GANAP, na nangangahulugang “gawin”

“maglingkod bilang isang alipin,” o “tumupad ng gawain ng pagsamba (cf. 13:2; Exodo 20:5; 23:24

Nalalaman ni YHWH ang “pang-relihiyon” at “pamahiing” pagkiling ng nalugmok na puso ng tao at sinikap na ikanlong ang kapahayagan ng Kanyang sarili at Kanyang mga layunin mula sa mapangwasak na mga impluwensiya ng Near Eastern na pagsamba sa diyus-diyusan.

▣ Ang PANDIWANG “dinadalaw” (BDB 823, KB 955, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI) ay mayroong maraming kahulugan:

1. Dinadalaw upang pagpalain - Genesis 21:1; 50:24,25; Exodo 13:19; Ruth 1:6; Mga Awit 65:9; 106:4; Jeremias 27:22; 29:10; 32:5
2. Dinadalaw upang parusahan - Exodo 20:5; 34:7; Jeremias 11:22; 13:21; 21:14; 24:25; Amos 3:2,14; Osea 1:4; 2:15; 4:14; 12:2

▣ “**kasamaan ng mga magulang**” Ang salitang “kasamaan” (BDB 730) ay maaaring kaugnay na katulad na salitang-ugat, “baluktutin” (e.g., II Samuel 19:20; 24:17; I Mga Hari 8:47; Mga Awit 106:6). Ang Israel ay pinarusahan dahil sa kaniyang pagsuway (e.g., Exodo 20:5; 34:7; Levitico 18:25; Mga Bilang 14:18; Deuteronomio 19:15; Jeremias 25:12; 36:31; Amos 3:2).

▣ “**sa mga anak, sa ikatlo at sa ikaapat na salinlahi ng nangapopoot sa akin**” Pansining ang kaparusahan ay hindi nagkataon lamang o walang itinatangi, ngunit iginawad sa kanilang “napopoot” kay YHWH (BDB 971, KB 1338, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI). Ito ay nagpapahiwatig ng kawalan ng pananampalataya na tumatakbo sa mga pamilya. Ang impluwensiya ng mga magulang ay napakahalaga sa paglago ng pananampalataya (tingnan ang mga tala sa 4:10). Sa sinaunang Near East, maraming mga salin-lahi ng mga pamilya ang nanirahan nang magkasama. Ang isang salin-lahing kawalan ng pananampalata at/o ang pagsuway ay nakakaapekto sa buong pamilya. Ito ay bahagi ng Hebreong konsepto ng panglahatan (i.e., ang isa ay makakaapekto sa kabuuan —Adam, Achan, David, Hesus).

Sa kaunawaang ito ng panglahatan ay kailangang maidagdag sa pansariling aspeto ng pananampalataya (cf. 24:16; II Mga Hari 14:6; Jeremias 31:29-30; Ezekiel 18)!

5:10 “pinagpapakitaan” Ang PANDIWANG ito (BDB 793, KB 889) ay isang *Qal* TAHAS NA PANDIWARI, na tumutugma sa nagpapatuloy na pagkilos ng PANDIWA sa v. 9.

▣ “**kaawaan**” Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: KAGANDAHANG-LOOB (*HESED*)

Ang salitang ito ay may malawak na semantikong larangan. Ang BDB kinilala ito sa ganitong paraan (338-339).

A. Ginamit na may kinalaman sa mga tao

1. kagandahang-loob sa kapwa tao (e.g., I Samuel 20:14; II Cronica 24:22)
2. kagandahang-loob sa mga mahihirap at nangangailangan (e.g., Mikas 6:8)
3. pagsinta (cf. Jeremias 2:2; Osea 6:4)
4. anyo (cf. Isaias 40:6)

B. Ginamit na may kinalaman sa Diyos

1. Pangkasunduang katapatan at pag-ibig
 - a. “sa pagtubos mula sa mga kaaway at sa mga kaguluhan” (e.g., Jeremias 31:3; Ezra 27:28; 9:9)
 - b. “sa pagpapanatili ng buhay mula sa kamatayan” (e.g., Job 10:12; Awit 86:13)
 - c. “sa pagiging-buhay sa espiritu” (e.g., Awit 119:41,76,88,124,149,150)

- d. “sa pagtubos mula sa kasalanan” (cf. Awit 25:7; 51:3)
- e. “sa pag-iingat ng mga kasunduan” (e.g., II Cronica 6:14; Nehemias 1:5; 9:32)
2. Naglalarawan ng isang banal na katangian (e.g., Exodo 34:6; Mikas 7:20)
3. kagandahang-loob (kabutihan) ng Diyos
 - a. “masagana” (e.g., Nehemias 9:17; Awit 103:8)
 - b. “dakila sa hangganan” (e.g., Exodo 20:6; Deuteronomio 5:10; 7:9)
 - c. “walang-hanggan” (e.g., I Cronica 16:34,41; II Cronica 5:13; 7:3,6; 20:21; Ezra 3:11)
4. Mga gawa ng kabutihan (kagandahang-loob) (e.g., II Cronica 6:42; Awit 89:2; Isaias 55:3; 63:7; Panaghoy 3:22)

▣ **“libolibong”** Ang dalawang mga talatang ito ay nakatulong sa akin na tingnan ang kalikasan ni YHWH. Ang Kanyang pangunahing likas ay mapagpahinuhod na pag-ibig, ngunit Kanyang pinaparusan ang kanilang kusang itatangian Siya (lalo na sa kanilang ay ilang kaalaman sa Kanyang kapahayagan, i.e., ang kasunduang bayan). Ang mga bilang sa dalawang mga talatang ito ang gumagawa ng aking punto.

1. Dumadalaw sa kasamaan ng pangatlo at pang-apat na salin-lahi
2. Ipinapakita ang pangkasunduang pag-ibig sa ikasanlibong salin-lahi (cf. 7:9)

▣ **“umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos”** Ito ay isang katangian ng Deuteronomio na nauugnay sa pagsunod sa kasunduan kay YHWH sa pag-ibig para kay YHWH (cf. 6:5; 7:9; 10:12; 11:1,13,22; 13:3; 19:9; 30:6,16, 20).

Ang pag-ibig ni YHWH ay hindi pabago-bago, ngunit maliwanag na itinakda. Hindi Siya nagpapakita ng pagkiling. Kanyang pinasimulang pangkasunduang pag-ibig ay pinananatili sa pamamagitan ng pagsunod ng kasunduan.

Ang “tumutupad” (BDB 1036, KB 1581) ay ang susing konsepto sa kabanatang ito (cf. 5:1,10,12,29,32 at maraming beses sa Deuteronomio). Ang OT ay nakabatay sa biyaya ni YHWH at pantaong pagsunod/pagsasakatuparan. Nais ipakita ni YHWH kawalang kakayahang kakayahan ng tao na tumugon nang naaangkop (cf. Galacia 3). Ang NT (cf. Jeremias 31-34; Ezekiel 36:22-38) ay nakabatay sa mapagbiyayang pagpapasimula ng Diyos at katubusan kay Kristo. Ang mga mananampalataya ay nakalaan upang maging matuwid (cf. Efeso. 1:14; 2:10), ngunit sila ay tinanggap at pinatawad sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. Efeso. 2:8-9). Ngayon sila ay susunod/tutupad sa isang kaunawaan ng pagpapasalamat at pampamilyang pag-ibig (i.e., “silang mga umiibig sa Akin”). Ang layunin ay ang katulad, isang matuwid (kawangis ni Kristo) bayan, ngunit ang kaparaanan ay nagbago mula pantaong pagsasakatuparan hangang sa pagsasakatuparan ni Kristo (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:11

¹¹Huwag mong babanggitin ang pangalan ng PANGINOON mong Diyos sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng PANGINOON na walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan.

5:11 “Huwag mong babanggitin” Ang PANDIWA (BDB 669, KB 724, *Qal* DI-GANAP) ay nangangahulugang “iangat,” “taglayin,” o “kunin.” Ito ay tila nagpapahiwatig ng isang pagkilos ng pagsasalita. Ang mga Israelita ay tinatawag na magsalita sa “pangalan” sa pagsamba (cf. 6:13; 10:20), ngunit hindi sa pangalan ng ibang mga diyos!

Ang pagbibigay-diig ito ay nagsimula sa Genesis 4:25-26, kung saan ang linya ni Seth “ay nagsimulang tumawag sa pangalan ng PANGINOON”; Iyon din ay ginawa ni Abraham (Genesis 12:8; 21:33); Iyon din ang ginawa ni Isaac (Genesis 26:25). Ang katulad na konseptong ito ay nailagay sa isang

eskatolohikong tagpuan sa pamamagitan ng Joel 2:28-32. Ito ay nagpatuloy sa pamamagitan ni Apostol Pedro sa Pentecost at ipinahayag na matutupad cf. Mga Gawa 2:14-21); ang Apostol Pablo ay gumagamit ng parirala upang ialok ang pangkalahatang kaligtasan sa Roma 10:9-13.

Ang pangalan ay kumakatawan sa persona at katangian ni YHWH. Ang mga Israelita ay magiging isang kaharian ng mga saserdote sa mundo (cf. Exodo 19:5-6), ngunit ang trahedyang ay ang kanilang pagsuway sa kasunduan, na nagduloy kay YHWH na parusahan sila (cf. Deuteronomio 27-29), na nangangahulugang ang mensahe SA mundo ay napapangit ng:

1. kahatulan ng Diyos sa Israel sa halip na pagpapala
2. ang bayan ng Diyos ay bumaling sa pagsamba sa diyus-diyusan
3. ang bayan ng Diyos ay yumabong sa kayabangan, pagiging bukod, at makasarili!

▣ **“sa walang kabuluhan”** Ang salitang ito (BDB 996) ay nangangahulugang “walang saysay,” “hindi umiiral,” “walang kabuluhan” (cf. Exodo 20:7; Mga Awit 139:20). Ito ay katulad na salita na ginamit sa 5:20 para sa isang “bulaang” saksi. Ito ay maaaring ang kautusang ito ay hindi tumukoy sa mga panunumpa sa pangalan ni YHWH (cf. 6:13; 10:20), ngunit sa paggamit ng Kanyang pangalan sa bulaang legal na patotoo. Ang Israel naging isang “bulaang” saksi sa ang katangian at mga layunin ni YHWH dahil sa kanilang paulit-ulit na pagsuway, na nagbunga ng kahatulan ni YHWH (cf. Deuteronomio 27-29). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:6.

▣ **“sapagka't hindi aariin ng PANGINOON na walang sala”** Ang PANDIWA (BDB 667, KB 720, *Piel* DI-GANAP na nangangahulugang “ipawalang-sala”) ay isang talinghaga para sa isang bagay na malinis, sa gayon ay walang kasalanan o malaya sa kasalanan (cf. Exodo 20:7; 34:7; Mga Bilang 14:18; Jeremias 30:11; 46:28; Joel 3:21; Nahum 1:3). Mayroon mga kahihinatnan sa kasalanan ng tao. Ang maling pagkaunawa kay YHWH ay isang pinakamalubhang kasalanan, lalo na sa para sa kanilang nakikilala Siya (cf. Lucas 12:48; Hebreo 10:26-31)!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:12-15

¹²Iyong ipagdiwang ang araw ng sabbath, upang ipangilin, gaya ng iniutos sa iyo ng PANGINOON mong Diyos. ¹³Anim na araw na gagawa ka, at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain: ¹⁴Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa PANGINOON mong Diyos: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong asno, ni anoman sa iyong hayop, ni ang iyong taga ibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan; upang ang iyong aliping lalake at babae ay makapagpahingang gaya mo. ¹⁵At iyong aalalahanin na ikaw ay naging alipin sa lupain ng Ehipto, at ikaw ay inilabas ng PANGINOON mong Diyos doon sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay at unat na bisig: kaya't iniutos sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, na ipangilin mo ang araw ng sabbath.

5:12 “ipagdiwang” Ang PANDIWA ito (BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN) ay nangangahulugang “ipagdiwang” at ginamit nang paulit-ulit sa Deuteronomio.

▣ **“ipangilin”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: BANAL

I. Ang Lumang Tipan

- A. Ang etimolohiya ng salitang *kadosh* (BDB 872) ay di-tiyak, maaaring sa Cananeo. Ito ay maaaring bahagi ng salitang-ugat na (i.e., *kd*) nangangahulugang “hatiin.” Ito ang pinagmulan ng kilalang kahulugan na “hiniwalay (mula sa kulturang Cananeo, cf. Deuteronomio 7:6; 14:2,21; 26:19) para sa paggamit ng Diyos.”

- B. Ito ay nag-uugnay presensiya ng Diyos sa mga bagay, mga lugar, mga panahon, at mga tao. Ito ay hindi ginamit sa Genesis, ngunit naging pangkaraniwang sa Exodo, Levitico, at Bilang.
- C. Sa propesiyang panitikan (lalo na sa Isaias at Osea) ang personal na sangkap ay nauna nang ipinakilala, ngunit ang hindi binigyang-diin ay nagmumula sa unahan. Ito ay naging isang paraan ng pagtatalaga ng diwa ng Diyos (cf. Isaias 6:3). Ang Diyos ay banal. Ang Kanyang pangalan na kumakatawan sa Kanyang katangian ay Banal. Ang Kanyang mga tao na naghahayag ng Kanyang katangian sa isang nangangailangang mundo ay banal (kung kanilang sinunod ang kasunduan sa pananampalataya).
- D. Ang kahabagan at pag-ibig ng Diyos ay hindi mahihiwalay mula sa teolohikong mga konsepto ng mga kasunduan, katarungan, at mahalagang katangian. Narito ang pag-igting (tensyon) sa Diyos patungo sa isang di-banal, makasalanan, mapanghimagsik na sangkatauhan. Mayroong isang nakakaaliw na artikulo sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos bilang “mahabagin” at Diyos bilang “banal” sa Robert B. Girdlestone, *Synonyms of ang Lumang Testament*, pp. 112-113.

II. Ang Bagong Tipan

- A. Ang mga manunulat ng NT (maliban kay Lucas) ay mga palaisip na Hebreo, ngunit naimpluwensyahan ng Koine Griyego (i.e., ang Septuagint). Ito ay ang Griyegong salin ng OT, hindi Klasikong Griyegong panitikan, kaisipan, o relihiyon ang namamahala sa kanilang talasalitaan (bokabularyo).
- B. Si Hesus ay banal dahil Siya ay Diyos at tulad ng Diyos (cf. Lucas 1:35; 4:34; Gawa 3:14; 4:27,30). Siya ay Banal at Isang Matuwid (cf. Gawa 3:14; 22:14). Si Hesus ay banal dahil Siya ay walang kasalanan (cf. Juan 8:46; II Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26; I Pedro 1:19; 2:22; I Juan 3:5).
- C. Dahil ang Diyos ay banal, ang Kanyang mga anak ay dapat maging banal (cf. Levitico 11:44-45; 19:2; 20:7,26; Mateo 5:48; I Pedro 1:16). Sapagkat si Hesus ay banal, ang Kanyang mga taga-sunod ay dapat maging banal (cf. Roma 8:28-29; II Corinto 3:18; Galacia 4:19; Efeso 1:4; I Tesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Ang mga Kristiyano ay naligtas upang maglingkod sa pagiging katulad (wangis) ni Kristo (kabanalan).

▣ “ng sabbath” Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANG SABBATH

Ang salitang ito (BDB 992) ay nangangahulugang “pahinga” o “paghinto sa gawain.” Ang gamit bilang isang araw ng pagsamba ay nagsimula sa Genesis 2:2-3, kung saan si YHWH gumagamit ng Kanyang pahinga bilang isang huwaran para sa mga hayop (cf. Exodo 23:12) at sangkatauhan (pangangailangan ng tao sa isang palagiang palatuntunan ng paggawa, pahinga, at pagsamba). Ang unang natatanging paggamit sa araw na ito ng Israel sa Exodo 16:25-26 sa pagtitipon ng mana. Ito samakatuwid ay naging bahagi ng “Sampung Mga Salita” (cf. Exodo 20:8-11; Deuteronomio 5:12-15). Ito ay isa sa halimbawa na ang Sampung Mga Salita ng Exodo 20 ay bahagyang naiiba sa Sampung Mga Salita sa Deuteronomio 5. Ang Deuteronomio ay paghahanda sa Israel para sa ang palagiang, pang-agrikulturang buhay sa Canaan.

5:13 “gawain” Ang mga Kautusang tulad ng vv. 13-14 nagdulot ng paglago sa mga Pasalitang Tradisyon (cf. Mateo 5:21-48) na naisulat dahil isang tanong tulad ng, “Ano ang gawain?” ay naging napakahalaga. Ang mga rabbi ay nagbalangkas ng isang paraan upang ang matapat Hudyo ay hindi malabag ang Kautusan. Ang kalabuan ng nakasulat na kautusan ang nagdulot ng paglago ng legalistikong Pasalitang Kautusan.

5:14 “ikapitong araw ay sabbath” Ang Sabbath ay isang araw ng pahinga (BDB 992). Mayroong dalawang pinagmulan ang ibinigay para sa Sabbath: (1) ang Exodo 20:11 ay inaangkop ito sa Genesis 1-2, habang Deuteronomio ay inaangkop ito sa pagkaalipin sa Ehipto (cf. 5:15). Ito ay naging isang tanda ng kasunduan (tulad ng pagtutuli) sa bayan ni YHWH (cf. Exodo 31:13,17; Ezekiel 20:12,20). Ang pagsunod ay inutos (cf. Isaias 56:2; 58:13; Jeremias 17:21-22).

Tulad ng araw at buwan (cf. Genesis 1:14) ang Sabbath ay nagkakaloob ng paghahati sa panahon para sa mga gawain ng sangkatauhan (cf. Ecclesiastes 3). Ang pitong araw na linggo ay naging isang paraan upang tandaan ang natatanging mga araw at mga taon (cf. Exodo 23 at Levitico 23). Lalong-lalo na, ang Sabbath ay nagsisimula sa Biyernes nang gabi at nagpapatuloy ng Sabado nang gabi, dahil mga Israelita ay tinandaan ang araw sa Genesis 1 na mga kaurian (“gabi at umaga,” cf. Genesis 1:5,8,13,19,23,31).

5:15 “iyong aalalahanin” Tingnan ang tala sa 7:18.

▣ **“na ikaw ay naging alipin sa lupain ng Ehipto”** Ginamit ni Moises ang karanasan ng pagkaalipin upang udyukan ang Israelita sa mahabaging pagkilos sa mga kulang sa panustos na bayan sa kanilang lipunan:

1. Pahintulutan ang mga alipin (at mga hayop) sa isang araw ng pahinga - 5:12-15; 16:12
2. Malayang pagbitiw at pagpapalakas sa mga Hebreong alipin - 15:12-15
3. Maging patas at makatarungan sa sa hikahos sa buhay at hindi nabigyan sa karampatang karapatan - 24:17-18
4. Pag-iwan sa mga gilid ng bukid at ang pangalawang pagtitipon ng mga ani para sa mahihirap - 24:19-22

Ang pariralang ito ay ginagamit din nang maraming beses upang balaan ang Israel na kumilos nang naaangkop sa liwanag ng mapagbiyayang kaloob ni YHWH na lupain (e.g., 6:10-15) at sundin ang kasunduan (e.g., 8:1-10) upang hindi dumating ang mga malubhang kahahantungan (e.g., 8:11-20)

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:16

¹⁶Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina, gaya ng iniutos sa iyo ng PANGINOON mong Diyos: upang ang iyong mga araw ay lumawig at upang ikabuti mo sa lupain na ibinigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos.

5:16 “Igalang” Ang PANDIWANG ito (BDB 457, KB 455, *Piel* PAUTOS) sa orihinal ay nangangahulugang “maging mabigat” at pinalunlad sa matalinghagang na kahulugan na “magbigay ng karapat-dapat na bigat sa ” o “parangalan.” Ang paggalang na ito ay hindi nakabatay sa kasunduan, ngunit sa pamumuno at pamitagan. Sa kaunawaan, ito ay nagiging huwara sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan. Ang isang mapagpakumbabang pag-uugali sa namumuno ay ay napakahalaga sa pang-relihiyong buhay!

Binanggit ni Hesus ang mga kautusan nang maraming beses gayundin ang mga bahagi ng ng Deuteronomio:

1. 5:16 - Mateo 15:4; Marcos 7:10
2. 5:16-20 - Mateo 19:18-19a; Marcos 10:19; Lucas
4. 5:17 - Mateo 5:21
5. 6:4-5 - Mateo 22:37; Marcos 12:29-30; Lucas
6. 6:13 - Mateo 4:10; Lucas 4:8
7. 6:16 - Mateo 4:7; Lucas 4:12
8. 19:15 - Mateo 18:16
9. 19:15 - Mateo 5:38

Si Pablo din ay madalas na sinisipi ang Deuteronomio:

1. 5:16 - Efeso. 6:2-3

2. 5:21 - Roma 7:7
3. 19:15 - II Corinto 13:1
4. 21:23 - Galacia 3:13
5. 25:4 - II Corinto 9:9; I
6. 27:26 - Galacia 3:10
7. 30:12-14 - Roma 10:6-8
8. 32:21 - Roma 11:8
9. 32:35 - Roma 12:19-20
10. 32:43 - Roma 15:10

(cf. Richard N. Longenecker, *The Biblical Exegesis in the Apostolic Period*, pp. 42-43, 92-95). Tila ang mga manunulat sa NT gumamit ng OT nang malawakan, ngunit hindi sa pangkautusan!

▣ **“at ang iyong ina”** Ito ay nagpapakita ng mataas na pagtingin para sa pagiging ina kahit na sa Silanging Lipunan na ang mga kababaihan sa legal, ay nasa antas ng ari-arian o pagmamay-ari. Ang isang Hebreong ina ay iginagalang sa kanyang sariling tahanan. Ang pamumuno ng mga magulang ay mahigpit na iginagalang (cf. Exodo 21:17; Deuteronomio 27:16). Ang kapwa ay dapat iginalang at sundin (cf. Kawikaan 1:8; 6:20; 15:20; 19:26; 20:20; 23:22-25; 30:11,17).

▣ **“upang ang iyong mga araw ay lumawig”** Ang mga talata 33; 4:40; 11:9 ay nagpapakitana ito ay isang pangako sa isang lipunan, hindi pangunahin sa isang indibidwal. Kung ang isang lipunan ay itinatangi sa pamamagitan ng paggalang sa tahanan at respeto para sa pampamilyang buhay, ang lipunan ay tatatag at tatagal ang panahon. Tingnan ang tala sa 4:40.

5:17-21 Ang mga kautusang ito ay pangkaraniwan sa lahat silangang mga lipunan. Mula sa mga natuklasan sa arkeolohiya, natataman natin ang mga Kautusan Kodigo ng Lipit-Ishtar at Hammurabi sa Babilonya na mas maaga sa Kautusan ni Moises nang maraming daang taon. Ang Kodigo ni Hammurabi ay katulad ng ang Sampung Utos. Ang pagkakatulad na ito ay nagpapakita na (1) may mga ilang mga bagay ang likas na mali sa bawat pagkakataon at lipunan at (2) si Moises ay isang bata sa kanyang sariling araw at kultura gayundin ay isang propeta ng Diyos.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:17

¹⁷Huwag kang papatay.

5:17 “papatay” Ang Hebreong PANDIWANG “papatay” (BDB 953, KB 1283, *Qal* DI-GANAP) sa orihinal ay nangangahulugang “marahas na durugin.” Ang buhay ay pag-aari ng Diyos. Hindi ito nangangahulugang ang anumang uri ng pagpatay dahil Israel ay kapwa may parusang kamatayan (e.g., Mga Bilang 35:30) at Banal na Pakikidigma (e.g., 20:13,16-17). Ang kautusan ay nagsasabing “Huwag kang marahas na papatay para sa mga makasariling dahilan o paghihiganti” o “huwag kang gagawa ng hindi legal, pinagplanuhang pagpatay.” Sa aking palatay, ang talatang ito ay hindi maaaring gamiting bilang isang biblikal na pagbabawal laban sa pang-militar na paglilingkod o kaparusahag kamatayan.

NATATANGING PAKSA: KAPAYAPAAN AT DIGMAAN

I. Panimula

- A. Ang Bibliya, ang ating nag-iisang pinanggalingan ng pananampalataya at kasanayan, ay walang tiyak na talata sa kapayapaan. Sa katotohanan, ito ay isang kabalintunaan sa kanyang pagpapakilala. Ang OT ay maaaring banggitin bilang isang paraan sa kapayapaan na pang-militar. Ang NT, gayunman, ay inilalagay ang tunggalian sa espirital na salita ng liwanag at kadiliman.
- B. Ang biblikal na pananampalataya, gayundin ang mga relihiyon ng mundo ng nakalipas at

pangkasalukuyan, ay naghahanap at patuloy na umaasa sa, isang ginintuang panahon ng kasaganahan na hindi makikita sa tunggalian.

1. Isaias 2:2-4; 11:6-9; 32:15-18; 51:3; Osea 2:18; Mikas 4:3
2. Ang biblikal na pananampalataya ay nagbibigay ng propesiya ng personal kinatawan ng Mesias, Isaias 9:6-7

C. Gayunman, paano tayo makakapamuhay sa isang mundo ng tunggalian? Mayroong tatlo saligang mga pagtugon ang Kristiyano na umunlad sa pagkakasunod-sunod ng panahon sa pagitan ng ang kamatayan ng mga Apostol at ang Panggitnang Panahon.

1. Pacifismo—bagaman di-karaniwang noong unang panahon, ito ay ang pagtugon ng sinaunang iglesia sa lipunang pangmilitar ng Roma.
2. Digmaan lamang—pagkatapos ng pagbabagong-buhay ni Constantino (313 A.D.) ang iglesia ay nagsimulang magsaayos ng pang-militar na pangtulong sa isang “Kristiyanong estado” sa pagtugon sa mga sunod-sunod na pagsalakay ng Barbaro. Ito ang saligan ng ang klasikong Griyegong panindigan. Ang paninidigang ito ay unang maliwanag na ipinahayag ni Ambosio at pinalawak at pinaunlad ni Augustino.
3. Krusada—ito ay katulad ng konsepto ng Banal na Pakikidigma konsepto sa OT. Ito umunlad sa Panggitnang Panahon bilang pagtugon sa mga pananako ng Muslim “Banal na Lupain” at sinaunang mga Kristiyanong hanggan tulad ng sa Hilagang Aprika, Asya Minor, at ang Silangang Emperyo ng Roma. Ito ay hind alang-alang sa estado, ngunit alang-alang sa Iglesia at ilalim ng kanyang mga tinatangkilik.
4. Ang lahat ng tatlong pananaw na ito ay lumago sa isang Kristiyanong konteksto na may nagkakaibang panananaw kung papaano makikipag-ugnayan ang mga Kristiyano sa isang sistem ng nalugmok na mundo sistema. Ang bawat-isa ay nagbibigay-diin sa tiyak na mga teksto sa Bibliya na hindi isinasama ang iba. Ang pacifismo ay may pagkiling na ihiwalay ang kanyang sarili mula sa mundo. Ang “Pakikidigma lamang” na pagtugon ay mayroong ay isinusulong ang kapangyarihan ng isang estadong upang mangasiwa sa isang masamang mundo (Martin Luther). Ang Krusadang panindigan ay isinusulong na ang Iglesia ang susugod sa sistema ng nalugmok na mundo pagkatapos ay pamahalaan ito.
5. S Roland H. Bainton, sa kanyang aklat na, *Christian Attitudes Toward War at Peace*, na inilimbag ng Abingdon, pahina 15, ay nagsabing,

“Ang Repormasyon ang nagpasiklab ng mga digmaan ng relihiyon, kung saan ang tatlong pangkasaysayang mga panindigan ay muling lumabas: ang digmaan lamang sa mga Lutherano at mga Anglicano, ang krusada sa mga Iglesiyang Nag-reporma, at pacifismo sa mga Anabaptista at lumaon sa mga Quaker. Ang ika-labingwalong siglo, sa teoriya at sa kasanayan ay nagpabuhay sa mga adhikain ng makataon kapayapaan ng Renaissance. Ang ika-labingsiyam na siglo ay isang panahon ng sapat na kapayapaan at dakilang pagtatalo para sa ang pagkatanggal ng digmaan. Ang ikaw-dalawampung siglo ay mayroong nakikitang dalawang mundo ng digmaan. Muli sa yugtong ito, ang tatlo pangkasaysayang mga panindigan ay nagbalik. Ang mga iglesia sa Estados Unidos ay tuwirang kinuha ang isang mala-krusadang pag-uugali sa Unang Digmaang Pandaigdig; pacifismo ay laganap sa pagitan ng ang dalawang mga digmaan; ang kalooban ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig ay malapit sa digmaan lamang.”

D. Ang wastong kahulugan ng “kapayapaan” ay mayroong pagtatalo.

1. Para sa ang mga Griyego ito ay tila tumukoy sa isang lipunan ng kaayusan at pagkakaugnayan.
2. Para sa ang Roma ito ay ang kawalan ng tunggalian na dinadala ng kapangyarihan ng estado.
3. Para sa ang Hebreo, ang kapayapaan ay isang kaloob ni YHWH na nakabatay sa

wastong pagtugon ng sangkatauhan sa Kaniya. Ito ay karaniwang inilalagay sa pang-agrikulturang mga salita (cf. Deuteronomio 27-28). Hindi lamang kasaganahan, ngunit maka-Diyos na kasiguraduhan at pangangalaga ay kasama.

II. Biblikal na Sangkap

A. Lumang Tipan

1. Banal na Pakikidigma ay isang batayang konsepto ng OT. Ang parirala “huwag papatay” ng Exodo 20:13 at Deuteronomio 5:17 sa Hebreo ay tumutukoy sa pinaghandaang pagpatay (BDB 953), hindi kamatayan sa pamamagitan ng sakuna o pagsinta o digmaan. Si YHWH ay nakita bilang isang mandirigma para sa Kanyang bayan (cf. Josue - Mga Hukom at Isaias 59:17, may pagkabanggit sa Efeso. 6:14).
2. Kahit na gumagamit ang Diyos ng digmaan bilang paraan ng pagpaparusa ng Kanyang masuwaying bayan – Ang Assyria ay ipinatapon ang Israel (722 B.C.); Neo-Babilonya ay ipinatapon ang Judah (586 B.C.).
3. Ito ay nakakagulat, na sa isang pang-militar na kapaligiran, ang mabasa ang “nagdurusang lingkod” ng Isaias 53 ay maaaring maibiang sa pangkatubusang pacifismo.

B. Bagong Tipan

1. Sa Mga Ebanghelyo, ang mga sundalo ay nabanggit na walang paghatol. Ang Romanong “senturion” ay madalas na mabanggit at halos palaging nasa isang marangal na kaunawaan.
2. Kahit na ang nananampalatayang mga sundalo ay hindi inutusang isuko ang kanilang tungkulin naunang iglesiya).
3. Ang Bagong Tipan ay hindi nagtatangkil ng isang detalyadong sagot sa mga kasamaan sa lipunan sa mga salita ng pampulitikong teoriya o pagkilos, ngunit sa espiritwal katubusan. Ang pagtuon ay hindi sa mga pisikal labanan, ngunit sa espiritwal digmaan sa pagitan ng liwanag at dilim, mabuti at masama, pag-ibig at pagkagalit, Diyos at Satanas (Efeso. 6:10-17).
4. Ang kapayapaan ay isang pag-uugali ng puso sa gitna ang mga suliranin ng mundo. Ito ay maiuugnay lamang sa ating pakikipag-ugnayan kay Kristo (Roma 5:1; Juan 14:27), hindi sa estado. Ang mga tagapamayapa ng Mateo 5:9 ay hindi pampulitika, ngunit mga tagapagpahayag ng ebanghelyo! Ang pakikipag-ugnayan, hindi pag-aaway, ay kailangang maging katangian ng pamumuhay Iglesiya, kapwa saa kanyang sarili at sa isang nalugmok na mundo.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:18

¹⁸Ni mangangalunya.

5:18 “mangangalunya” Sa OT ang pangangalunya (BDB 610, KB 658, *Qal* DI-GANAP) ay tangin tumutukoy sa mga sekswal na mga gawain sa labas ng kasalan. Ito ay isang malubhang krimen dahil sa pananaw sa OT ng buhay pagkatapos ng kamatayan. Sila ay naniniwalang sa ilang kaunawaan ang isang tao ay nabuhay sa pamamagitan ng kanyang binhi. Gayundin, ang kahalagaahan ng mga angkan na magmamana at tatanggap ng nakalaang lupain sa kanila sa pamamagitan ng YHWH, ay ginawang isan mahalagang isyu ang pangangalunya.

Pansinin, ang unang kautusan ay katapatan sa mga magulang; ang pangalawang kautusan ay katapatan sa hindi pakitil sa buhay ng kapatid; ang pangatlong kautusan ay katapatan sa loob ng tahanan. Kahit na ang mga kababaihang katipan ay itinuturing na kasala na (cf. Deuteronomio 22:23ff). Si Maria ay nasakdal sa kawalang katapatan dahil siya’y ipinagtipan na kay Jose.

Ang kaisipang ito ng pangangaluna ay kadalasang ginamit ng simboliko para sa pagsamba sa diyus-diyusan. Sina Ezekiel at Osea ay pahalintulad na ipinakilala ang Diyos bilang isang asawang lalaki

saIsrael, samakatuwid, nang ang Israel ay pumunta sa ibang mga diyos, ito ay tinatawag na “pumunta sa pagkapatutot” at itinuturing na espiritwal na pangangalunya o kawalang katapatan.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:19

¹⁹Ni magnanakaw.

5:19 “magnanakaw” Ito y maaaring isang sangunian pagdukot ng tao at pabenta nito (BDB 170, KB 198, *Qal* DI-GANAP, cf. 24:7; Exodo 21:16), dahil sa konteksto ng nakapalibot na kautusan. Ito ay nagpapahayag ng katapatan sa isang kapatid sa kasunduan na ang buhay ay pag-aari ng Diyos. Ang lahat ng nakapalibot na mga kautusan ay humahantong sa kabayaran kamatayan. Ito ay tila mabagsik para sa maliit na pagnanakaw.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:20

²⁰Ni sasaksi sa di katotohanan laban sa iyong kapuwa.

5:20 “sasaksi sa di katotohanan” Sa sinaunang mga lipunan, kapag nasakdal sa anumang bagay, ito ay ang pananagutan ng nasakdal na patunayan na ang nagsakdal ay mali kaysa sa ating makabagong gawaing panghukuman sa Amerika na ipinapalagay na walang sala hangang ito ay mapatunayang maysala. Kung mapatunayang mong ang nagsakdal ay mali, kailangan niyang tanggapin ang kabayaran para sa krimen na kanyang sinakdal sayo (cf. 19:16-21). Yamang ang pagsuway sa Sampung Mga Salita ay magdudulot ng kamatayan, ang bulaang saksi ay isang malubhang krimen! Ang pagdadala ng bulaang saksi ay nagbubunyang ng isang kawalang katapatan sa loob ng komunidad ng pananampalataya. Ang pagsisinungaling ay nagwawasak ng dangal at kumukuha sa isang walang kasalanang buhay ng isang pangkasunduan kapatid na lalaki o babae. Tinatanganan ng Diyos ng malubha ang pagsisinungaling (cf. Job 17:5; Mga Awit 101:5; Kawikaan 11:9; Jeremias 9:8-9).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:21

²¹Ni huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa; ni huwag mong pagnanasaan ang bahay ng iyong kapuwa, ang kaniyang bukid, ni ang kaniyang aliping lalake, o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa.

5:21 “huwag mong iimbutin. . . huwag mong pagnanasaan” Ang dalawang MGA PANDIWANG ito ay magkasingkahulugan:

1. “imbutin” - BDB 326, KB 325, *Qal* DI-GANAP, ay nangangahulugang “isang malakas na pagnanasa” para sa mga materyal na bagay, na maaaring paayon o pasalungat. Sa kontekstong ito, ito ay isang di-napipigilan, makasariing pagnanasa para sa anumang bagay na pagmamay-ari ng isang kapatid sa kasunduan.
2. “nasain” - BDB 16, KB 20, *Hiphthael* DI-GANAP, ay nangangahulugang “nasa” (cf. 14:26) o “pita” (ay kadalasang mayroong isang sekswal na konteksto tulad ng 5:21) para sa marami at marami pa para sa akin sa anumang halaga (e.g., Mga Bilang 11:4; Mga Awit 106:14; Kawikaan 13:4; 21:26; 23:3,6; 24:1).

Ito ay maiuugnay sa isang pangloob na mga ugali at motibo. Ito ay mataas na antas sa lahat sa ibang mga kautusan. Ito ay tanging kautusan na tumatalakay ng bakit, hindi paano. Ang isang ito ay nagsabing hindi lamang “huwag gawin” ngunit “huwag isipin ito.” Itinuro ni Hesus na hindi lamang huwag tayo papatay, tayo ay hindi dapat mapopoot, o magpapakita ng isang ugali na magbubunga ng pagpatay. Kinuha ni Hesus ang huling kautusan at itinaas ang natitirang mga kautusan sa antas ng panloob na motibo at ugali laban sa panlabas na pagkilos (cf. Mateo 5:17-48). Itong lahat ang pagkakaiba sa mundo, sa isang taong hindi nagnanakaw dahil ito ay hindi nakakalugod sa Diyos at ang taong hindi nagnanakaw dahil takot siya na mahuli. Ang isa ay kumikilos sa mga Kristiyanong prinsipyo at ang iba ay kumikilos para sa pansariling kapakinabangan.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:22-27

²²Ang mga salitang ito ay sinalita ng PANGINOON sa buong kapisanan ninyo sa bundok mula sa gitna ng apoy, sa ulap, at sa salisalimuot na kadiliman, ng malakas na tinig: at hindi na niya dinagdagan pa. At kaniyang isinulat sa dalawang tapyas na bato, at ibinigay sa akin. ²³At nangyari, nang inyong marinig ang tinig mula sa gitna ng kadiliman, samantalang ang bundok ay nagliliyab sa apoy, ay lumapit kayo sa akin, sa makatuwid baga'y ang lahat ng mga pangulo sa inyong mga lipi, at ang inyong mga matanda; ²⁴At inyong sinabi, Narito, ipinakita sa amin ng PANGINOON nating Diyos ang kaniyang kaluwalhatian at ang kaniyang kadakilaan, at aming narinig ang kaniyang tinig mula sa gitna ng apoy: aming nakita sa araw na ito, na ang Diyos ay nakikipag-usap sa tao, at siya'y buhay. ²⁵Ngayon nga, bakit kami mamamatay? sapagka't pupugnawin kami ng dakilang apoy na ito: kung marinig pa namin ang tinig ng PANGINOON nating Diyos, ay mamamatay nga kami. ²⁶Sapagka't sino sa lahat ng laman na nakarinig ng tinig ng buhay na Diyos na nagsasalita mula sa gitna ng apoy, na gaya namin, at nabuhay? ²⁷Lumapit ka, at iyong pakinggan ang lahat ng sasabihin ng PANGINOON nating Diyos: at iyong salitain sa amin, yaong lahat na sasalitain sa iyo ng PANGINOON nating Diyos; at aming didinggin, at gagawin.

5:22 “hindi na niya dinagdagan pa” Ang Sampung Mga Salita (Sampung Utos) at kanilang mga paliwanag ay mula kay YHWH, hindi kay Moises (ihalintulad ang Exodo 31:18 & 34:27-28). Ito ay kapahayagan (mula Diyos), hindi sa pantaong pagtuklas o pangangatuwiran. Ang pariralang “at hindi na niya dinagdagan pa” ay isang pampanitikang paraan ng pagbibigay-diin sa isang buong kapahayagan (cf. 4:2; 12:32).

Ang mga talatang 22-27 ay tumutukoy sa karanasan ng Israel sa Bundok ng Horeb/Sinai at naitala sa Exodo 19-20.

Ang kapahayagang ito ay kailangang igalang at hindi madungisan (cf. 4:2; 12:32; Kawikaan 30:6; Ecclesiastes 3:14).

5:23 “ang lahat ng mga pangulo sa inyong mga lipi, at ang inyong mga matanda” Ang mga matatanda ay pumunta kay Moises dahil sila ay natatakot (cf. vv. 25-26; Exodo 19:16,18; 20:18-20) sa pisikal na mga pagpapakita na kaugnay sa personal na presensiya ni YHWH sa Bundok ng Horeb/Sinai.

5:24 “ang kaniyang kaluwalhatian at ang kaniyang kadakilaan” Ang Hebreo na salitang-ugat “kaluwalhatian” (BDB 458) ay ang katulad na salitang-ugat tulad ng “karangalan” (BDB 457) sa v. 16. Kapwa ay pang-kalakal na mga salita na ang kahulugan ay “mabigat” o “matimbang,” na nangangahulugang dangal. Ito ay madalas na ginagamit sa pangalan ng Diyos (e.g., Mga Awit 29:2; 66:2; 79:9; 96:8), person (e.g., Exodo 24:16-17; 33:18,22; 40:34-35; Mga Bilang 14:22), at mga kilos (e.g., Exodo 16:7,12).

Ang pangalawa salitang “kadakilaan” (BDB 152) ay kadalasang ginagamit sa Diyos sa Deuteronomio (cf. 3:24; 5:24; 9:26; 11:2; 32:3; Mga Awit 150:2). Tingnan ang mga tala sa 4:31 at 10:17.

NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN

Ang biblikal na konsepto ng “kaluwalhatian” ay mahirap maipaliwanag. Ang kaluwalhatian ng mga mananaplataya ay ang naintidihan nila ang ebanghelyo at kaluwalhatian ng Diyos, hindi sa kanilang mga sarili. (cf. 1:29-31; Jeremias 9:23-24).

Sa OT ang karaniwang salitang Hebreo para sa “kaluwalhatian” (*kbd*, BDB 217) ay isang orihinal na katagang pangkalakalan na tumutukoy sa isang pares na timbangan, sa pang-literal, “maging mabigat” Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang konsepto ng

kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal. Siya rin ay lubhang makinang para pagmasadan ng makasalanang sanlibutan. (cf. Exod 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Jeremias 1:14; Mateo 17:2; Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang salitang “kaluwalhatian” ay minsang hindi maliwanag.

1. ito ay maaring kahanay ng “ang katwiran ng Diyos”
2. ito ay maaring tumukoy sa “kabanalan” o “kasakdalan” ng Diyos
3. ito ay maaring tumutukoy sa larawan ng Diyos na kung saan ang sangkatauhan ay nilikha. (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit sa kalaugnay nabahiran ng paghihimagsik. (cf. Genesis 3:1-22). Ito ay unang ginamit sa presensya ni YHWH sa kanyang mga tao sa paglalagalag sa ilang sa Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; at Bilang 14:10.

■ **“na Diyos na nagsasalita”** Ang Diyos ay inihahayag ang Kanyang sarili at ang sangkatauhan ay maaaring maunawaan at maugnay sa Kaniya! Ito ay batayan ng ating kaalaman sa kapahayagan ng Diyos at mga pangkasduang hinihing ng Diyos.

5:27 “Lumapit ka, at iyong pakinggan ang lahat ng sasabihin ng PANGINOON nating Diyos” Ito ay mayroong dalawang *Qal* MGA PAUTOS NA PANDIWA:

1. “lumapit” - BDB 897, KB 1132, na nangangahulugang “dumating nang malapit” o “lapitan.” Ang paglapit kay YHWH ay kadalasang ay may mapanganib na kinahihinatnan (cf. Exodo 16:7; Levitico 16:1; Mga Bilang 16:16).
2. “pakinggan” - BDB 1033, KB 1570, ito ay kadalasang inuulit na PANDIWA *shema* (i.e., “pakinggan natin at gagawin”).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 5:28-33

²⁸At narinig ng PANGINOON ang tinig ng inyong mga salita, nang kayo'y magsalita sa akin; at sinabi ng PANGINOON sa akin, Aking narinig ang tinig ng mga salita ng bayang ito, na kanilang sinalita sa iyo; mabuti ang kanilang pagkasabi ng lahat na kanilang sinalita. ²⁹Oh mamalagi nawa sa kanila ang kaloobang ito, na sila'y matakot sa akin, at kanilang ingatan kailan man ang lahat ng aking mga utos upang ikabuti nila at pati ng kanilang mga anak magpakailan man! ³⁰Yumaon ka, sabihin mo sa kanila, Magsibalik kayo sa inyong mga tolda. ³¹Nguni't tungkol sa iyo, matira ka rito sa akin, at aking sasalitain sa iyo ang lahat ng utos, at ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na iyong ituturo sa kanila, upang kanilang gawin sa lupain na aking ibinibigay sa kanila upang ariin. ³²Inyo ngang isagawa na gaya ng iniutos sa inyo ng PANGINOON ninyong Diyos: huwag kayong liliko sa kanan o sa kaliwa. ³³Kayo'y lalakad ng buong lakad na iniutos sa inyo ng PANGINOON ninyong Diyos, upang kayo'y mabuhay, at upang ikabuti ninyo, at upang inyong mapalawig *ang inyong* mga araw sa lupain na inyong aariin.

5:28-33 Pansinin na ang Diyos ay nagsabing “upang ito ay maaaring maging mabuti sa iyo.” Ang mga kautusang ito ay hindi ibinigay upang maging pabigat sa bayan. Ibinigay ito na Diyos upang ibigay sa Kanyang bayan ang kalayaan. Ibinigay ng Diyos ang Kanyang mga kautusan upang magbigay sa ating ng isang buo, malusog, at masayang buhay.

5:29 “Oh mamalagi nawa ang kaloobang ito. . . at kanilang ingatan kailan man ang lahat ng aking mga utos” Ito ay pasimulang bulalas (“Oh mamalagi,” BDB 566 dinagdagan ng BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP) ay isang pangkaraniwan parirala sa OT na ginamit dalawampu't-limang beses, karamihan sa Job (NIDOTTE, tomo 3, p. 209). Dito, ito ay ipinapahayag sa isang naisin (cf. II Samuel 18:33; Mga

Awit 55:6).

Hinahangad ng Diyos ang kaligayahan at kapayapaan para sa sangkatauhan ngunit ito ay kinapapalooban ng pananagutan. Kung sila ay susunod, ito ay magiging mabuting para sa kanila, para sa kanilang mga anak, para sa mga anak ng kanilang anak at magpapatuloy pa (cf. Deuteronomio 27-29).

5:30,31 Ang dalawang mga talatang ito ay may isang kalipunan ng mga kautusan:

1. “yumaon” - BDB 229, KB 246, *Qal* PAUTOS, v. 30
2. “sabihin” - BDB 55, KB 65, *Qal* PAUTOS, v. 30
3. “masibalik” - BDB 996, KB 1427, *Qal* PAUTOS, v. 30
4. “matira” - BDB 763, KB 840, *Qal* PAUTOS, v. 31
5. “sasalitain” - BDB 180, KB 210, *Qal* PAUTOS, v. 31
6. “ituturo” - BDB 540, KB 531, *Piel* DI-GANAP (maaaring sa kontekstong ito, COHORTATIVE na kahulugan), v. 31

5:31 “lahat ng utos, at ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

▣ **“aking ibinibigay sa kanila upang ariin”** May dalawang MGA MAKADIWA sa pariralang ito:

1. “ibinigay” - BDB, 678, KB 733, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI
2. “ariin” - BDB, 429, KB 441, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI

Ang pahayag na ito ay nakabatay sa:

1. Pangako ng Diyos kay Abraham, Genesis 12:1-3; 15:18-21
2. Pangako ng Diyos kay Isaac, Genesis 26:3-5
3. Pangako ng Diyos kay Jacob, Genesis 28:13-15; 35:9-12
4. Pangako ng Diyos kay Israel, Genesis 15:16; Exodo 6:4,8; Deuteronomio 4:38,40; 19:10; 20:16; 21:23; Josue 1:2,3,6,11,13,15; 2:9,24; 18:3; 21:43; 24:13

Ang Diyos ay nagkaloob/nangako ng isang natatanging lupain sa Israel, ngunit ang Israel ay kailangan (1) ariin ito, (2) tirahan ito, at (3) panatiliin ang pangkasunduan katapatan dito (cf. 4:40; 7:12-13; 8:1-20).

5:32 “huwag kayong liliko sa kanan o sa kaliwa” Ito ay pang kataga na nauugnay sa salita ng Diyos bilang isang maliwanag na itinakdang daraanan o lansangan (cf. Mga Awit 119:105; Kawikaan 6:23). Ang mag-iba mula malinaw na daraan/lansangan ng Diyos ay kasalanan (cf. 9:12,16; 17:11,20; 28:14; Josue 1:7; 23:6; 31:29; II Mga Hari 22:2; II Cronica 34:2; Kawikaan 4:27). Tingnan ang tala sa 2:27.

5:33 “Kayo'y lalakad” Sa kontekstong ito, ang “lalakad” ay nangangahulugang “pamumuhay” (BDB 229, KB 246, *Qal* DI-GANAP). Ang bibliikal na pananampalataya ay hindi lamang mga kautusang dapat ingatan, ito ay isang pang-araw-araw na pamumuhay: 24 oras sa isang araw, 7 mga araw-isang-linggo na pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang pananampalataya ng ito ay kailangang magdudulot ng maka-Diyos buhay.

▣ **“upang ikabuti ninyo”** Ang PANDIWA (BDB 373, KB 370, *Qal* GANAP) sa literal ay “kalugod-lugod” o “mabuti.” Ang PANG-URI ay kadalasang ginamit upang ilarawan ang Ipinangakong Lupain (cf. 1:25,25; 3:25; 4:21,22, atbp.). Ang PANDIWA ay naglalarawan ng mabuting buhay na ipinangako ng Diyos para sa kasunduang pagsunod (cf. 15:16; 19:13).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon

tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang kaugnayan ng kautusan at biyaya? Kailangan bang sundin ng mga Kristiyano ang Sampung Utos?
2. Ano ang layunin ng Kautusan?
3. Bakit ang Sampung Utos naiiba kapag inihahambing ang Exodo 20 at Deuteronomio 5?
4. Ano ang layunin ng Sabbath? Bakit hindi na tayo nananambahan tuwing Sabado?
5. Ano ang nagkakaisang paksa ang makikita natin sa vv. 16-21?

DEUTERONOMIO 6

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|-----------------------------|-----------------------------|-----------------------------|--|
| Ang Pinakadakilang Kautusan | Ang Kahulugan ng Unang Utos | Ang Dakilang Kautusan | Ang Ibigin si Yahweh ay ang Diwa ng Kautusan (5:32-6:13) 5:32-6:3 |
| 6:1-3 | 6:1-3 | 6:1-3 | |
| 6:4-5 | 6:4-9 | 6:4-9 | 6:4-9 |
| 6:6-9 | | | |
| Babala Laban sa Di-pagsunod | | Palala Laban sa Di-pagsunod | |
| 6:10-15 | 6:10-15 | 6:10-15 | 6:10-13 Isang Panawagan para sa Katapatan 6:14-16 |
| 6:16-19 | 6:16-19 | 6:16-19 | |
| 6:20-25 | 6:20-25 | 6:20-25 | 6:17-25 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi) *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

KALIGIRAN

Mayroong ilang pagtalakay sa mga taga-pagpaliwanag kung ang kabanata 6 ay bumubuo ng isang pagwakas sa Sampung Utos o ang panimula sa isang bahagi ng pagpapalawak ng mga konseptong ipinakilala sa Sampung Utos. Dahil sa 5:28-33 ito ay tila maliwanag sa akin na tayo ay magsisimula sa isang a bagong bahagi na nagbibigay-diin sa pagsunod.

- A. Marami ang nagpapalagay na ang kabanata 6 ay isang pagpapalawak ng unang kautusan na naghahayag ng pagkauna ni YHWH sa ating mga buhay.
- B. Mayroong nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa kabanatang ito sa mga orihinal na pangako ni YHWH kay Abraham sa Genesis 12:1-3 at kanilang katuparan (cf. 6:1, 3, 10, 18, at 23).

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:1-3

¹Ito nga ang utos, ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na iniutos ng PANGINOON ninyong Diyos na ituro *ko* sa inyo, upang inyong magawa sa lupaing inyong paroroonan upang ariin *sila*: ²Na ikaw ay matakot sa PANGINOON mong Diyos, na iyong ingatan ang lahat niyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo, sa iyo, at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak sa lahat ng araw ng iyong buhay; at upang ang iyong mga araw ay lumawig. ³Dinggin mo nga, Oh Israel, at iyong isagawa upang ikabuti mo, at upang kayo'y dumaming maigi, na gaya ng ipinangako sa iyo ng PANGINOON, ng Diyos ng iyong mga magulang, sa lupaing binubukalan ng gatas at pulot.

6:1 “ang utos, ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

▣ **“ng PANGINOON ninyong Diyos”** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagka-Diyos sa 1:3.

▣ **“ituro. . . magawa”** Kabanata 6, sa tabi ng pagwawakas ng kabanata 5, ay maaaring maitangi bilang isang walang-tigal na pagbibigay-diin sa pangangailangan ng pagsunod (cf. 5:29,31,32,33; 6:1,2,3,4,17,24, at 25). Ang katulad pagbibigay-diin sa pangangailangan para sa pagsunod ay naulit sa NT (cf. Lucas 6:46; Juan 14:21; Santiago 2:14-26; I Juan 5:2). Ang isang paraan na tayo ay magpapakita sa Kaniya sa tayo ay tunay na umiibig sa Kaniya ay ginagawa natin kung ano ang sinabi sa atin na gawin. Ang pagtuon sa pagsunod na ito ay nagtuturong una sa Diyos at pagkatapos sa ating pangkasunduan kapatid na lalaki/babae. Ang Diyos ay palaging nagpapasimula sa biyaya (mga kasunduang pakinabang), ngunit inaasahan niya sa atin ang pagsunod sa Kanyang mga pangkasunduang pangangailangan!

▣ **“sa lupaing inyong paroroonan upang ariin”** Ito ay talagang tumutukoy sa Genesis 12:1-3. Sa OT ang aspeto ng “lupain” ang binibigyang-diin sa Abrahamikong pangako habang sa NT ang aspecto ng “binhi” ang binibigyang-diin sa Abrahamikong pangako (angkan ni Judah, pamilya ni Jesse, linya ni David).

6:2 “Na ikaw ay matakot sa Panginoon mong Dios, sa iyo, at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak” Ang konseptong ito ng pampammilyang paggalang at pagsamba ay binibigyang-diin sa Deuteronomio (cf. 4:9-10; 5:29; 6:13; 11:19; 32:46). Ito ay ang teolohikong kasalungat ng Deuteronomio 5:9!

▣ **“matakot. . . ingatan”** Ang paggalang (BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP) ay ipinapakita sa “pag-iingat” (BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI) ng lahat Kanyang pangkasunduan mga kinakailangan!

▣ **“sa lahat ng araw ng iyong buhay”** Pansinin na ito ay isang pagbibigay-diin sa pamumuhay—ang pang-araw-araw na pagsunod, hindi lamang ang partikular na mga yugto ng pagsamba o mga

taunang mga pista. Ang biblikal na pananampalataya ay panimulang pananampalataya at pagsisisi na sinusundan ng buhay ng pananampalataya at pagsisisi (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16,19; 20:21).

▣ **“ingatan”** Tingnan ang tala sa 5:1.

▣ **“upang ang iyong mga araw ay lumawig”** Ang pariralang ito ay madalas na ipinapaliwanag na may kaugnayan sa Deuteronomio 5:16 bilang isang pangako ng indibidwal paghaba ng buhay sa mga nagbibigay galang sa kanilang mga magulang. Gayunman, dahil sa naulit na paggamit ng pariralang ito sa Deuteronomio 4:40; 5:16,33; 6:2; 11:9, ito ay maliwanag na isang kataga para sa pangako ng isang matatag na lipunan, hindi indibidwal na paghaba ng buhay. Ang kasuduan ng Diyos ay itinalaga upang itaguyod ang isang maka-Diyos, matatag, malusog, nagbubungang lipunan (cf. v. 3; at buong tala sa 4:40).

6:3 Pansinin kung paano pinaulit-ulit ang MGA PANDIWA at mga konsepto.

▣ **“upang ikabuti mo”** Ito katulad ng pariralang, “na ang iyong mga araw ay lumawig,” of v. 2. Pansining parirala ay matatagpuan din sa 5:33; 15:16; 19:13

▣ **“upang kayo'y dumaming maigi. . .sa lupaing binubukalan ng gatas at pulot”** Ito ay kailangang maihayag na ang pangunahing paraan ni YHWH sa paghikayat ng mga bansa sa Kanyang sarili ay ang pagpalain ang Israel sa isang natatanging paraan. Gayunman, ang pagsuway ng Israel hindi kailanman ipinahintulot ang kaganapang ito na maging mabisa. Ang pagsusumpa at pagpapalang bahagi ng Deuteronomio 27-29 ay mahalaga sa kaalamang sa kasaysayan ng mga anak ni Abraham. Sila ay sinabihan na tiyakan sa kasaganahang idadagdag sa kanila kung sila ay susunod sa Diyos at ang pagsusumpa idaragdag sa kanila kung sila ay susuway. Ang kasaysayan ng Israel ay isang pagsuway.

Ang pariralang, “lupaing binubukalan ng gatas at pulot,” ay isang teknikal na parirala sa kapwa Ugaritiko at Ehipsyong mga kasulatan na nangangahulugang Palestino. Ito ay madalas gamitin (cf. Exodo 3:8,17; 13:5; 33:3; Levitico 20:24; Mga Bilang 13:27; 14:8; 16:13; Deuteronomio 6:3; 11:9; 26:9; 27:3; 31:20).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:4-9

⁴Dinggin mo, Oh Israel: ang PANGINOON nating Diyos ay isang PANGINOON: ⁵At iyong iibigin ang PANGINOON mong Diyos ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas. ⁶At ang mga salitang ito, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; ⁷At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. ⁸At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo. ⁹At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan.

6:4 “Dinggin” Ito ay ang Hebreong PANDIWA *shema* (BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS). Tingnan ang buong tala sa 4:1. Ito ay nangangahulugang “dinggin, pagkatapos ay gawin.” Ito ay ang pagtuon sa biblikal na kasunduan. Ang paggamit ng PANDIWANG ito sa Deuteronomio ay nagpapahiwatig na ito ay ginamit sa liturhiya at nagtatakda ng mga oras sa pagsamba (e.g., 4:1; 5:1; 9:1; 20:3; 27:9-10). Ang panalanging ito sa Deuteronomio 6:4-6, mula sa mga araw ng pangalawang templo (516 B.C.), ay naulit kahit na sa araw na ito ng pang-Hudyong bayan, kapwa sa umaga at gabi at at sa bawat pagkakataon ng pagsamba. Ito ay kainilang pangunahing pagpapahayag ng pananampalataya.



| | |
|-------------|---------------------------------------|
| NASB, NKJV, | “ang PANGINOON ay iisa” |
| NET, NIV | “ang PANGINOON ay nag-iisa” |
| NRSV, TEV | “ang nag-iisang Yahweh” |
| NJB | “ang PANGINOON ay iisa” |
| LXX | “ang PANGINOON ay nag-iisa” |
| JPSOA | “ang PANGINOON ay nag-iisa” |
| REB | “ang PANGINOON na ating iisang Diyos” |

Walang PANDIWA dito. Ito ay ang pangunahing haligi ng pang-Hudyong paninindigan ng monoteismo (bagaman ito ay kailangang aminin na ang pangunahing teolohikong katotohanan ay hindi kapuna-puna sa konteksto). Ang Israel ay lubhang naiiba sa polyteismo ng kanyang mga kapitbahay at lalo na sa mga pagbibigay-diin ng Cananeo sa maraming lokal na mga *Ba'al*.

Mayroong maraming pagtalakay kung ito ay sukdulang pilosopikong monoteismo (cf. 4:35,39) o praktikong monoteismo (cf. 5:7). Ito ay tila, dahil dahil sa pagkabangit sa ibang mga diyos sa v. 14, na ito ay tunay naghahayag, sa ganang sa Israel, Mayroong lamang nag-iisang Diyos. Ang sukdulan, pilosopiko, ontolohikong monoteismo ay hindi makikita nang lubusan, sa isang maliwanag na pahayag sa OT hanggang sa ika-8 siglong mga propeta (e.g., Isaias 43:9-11; 45:21-22; Jeremias 2:11; 5:7,10). Ang NT ay sumunod sa kaalamang ito (e.g., Roma 3:30; I Corinto 8:4,6; I Timoteo 2:5; Santiago 2:19).

6:5 “At iyong iibigin ang PANGINOON mong Diyos ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas” Ito ay isang malakas na pagbibigay-diin na nagpapahayag ng ating pagtugon sa Diyos ay kinapapalooban ng ating buong pagkatao (persona). Ginamit ni Hesus ang katulad na talatang ito sa pagsasama ng Levitico 19:18 upang ipahayag ang buong diwa ng kautusan (cf. Mateo 22:36-38; Marcos 12:29-34; Lucas 10:27-38).

Ang “pag-ibig” mga mananampalataya (BDB 12, KB 17 *Qal* GANAP) ay ipinapalagay. Ito ay katangian na Deuteronomio na nauugnay sa pagsunod sa kasunduan ni YHWH kasunduan bilang katibaya ng isa sa pag-ibig para sa Kaniya (cf. 5:10; 6:5; 7:9; 10:12; 11:1,13; 13:3; 19:9; 30:6,16,20). Tingnan ang buong tala sa 5:10.

Ang mga salitang “puso” at “kaluluwa” ay ay kadalasang ginamit na magkasama upang ipakita ang buong pagkatao (persona) (cf. 4:29; 10:12; 11:13; 13:3; 26:16; 30:2,6,10).

Ang salita “kaluluwa” (BDB 659) ay naglalarawan ang lakas-ng-buhay (i.e., paghinga) sa kapwa mga tao at mga hayop (e.g., Genesis 1:20-30; 2:7,19; 7:22; Job 34:14-15; Mga Awit 104:29,30; 146:4; Ecclesiastes 3:19-21). Dito ito tumutukoy sa makabagbag-pusong pagnanais.

“Lakas” (BDB 547) ay nangangahulugang “kasaganahan” o “kalakasan” (cf. II Mga Hari 23:25). Ang tatlong mga salita na “puso,” “kaluluwa,” “lakas,” ay kumakatawan sa isang buong tao at, samakatuwid, kahalintulad sa pariralang, “may buong puso.” Pansinin ang PANG-UKOL na “lahat” (BDB 481) ay naulit nang tatlong beses para sa pagbibigay-diin.

Ang kautusang ito ay itinuring ni Hesus bilang ang pinakadakila sa mga kautusan (cf. Mateo 22:34-40; Marcos 12:29-30; Lucas 10:25-37). Ang bawat isa dito ay ipinahayag sa magkakaibang uri ng mga pang-Hudyong pinuno. Gayunman, ito kailangang maunawaan na ang buhay ni Hesus at ang mga Apostol ay isang pagbabagong-yugto mula sa OT patungo sa NT. Ang dalawang kautusang ito, pag-ibig sa Diyos (Deuteronomio 6:5) at pag-ibig sa iyong kapatid (Levitico 19:18) ay walang alinlangan gayundin ang mga paglalagom ng bagong kasunduan!

Para sa ang tanong na, “paano kailangang tumugon ang mga mananampalataya ng NT?” sa kautusan sa OT, tingnan ang:

1. *How to Read the Bible for All Its Worth*, Douglas Stuart, pp. 165-169
2. *Cracking Old Testament Codes*, D. Brent Sandy at Ronald L. Giese, pp. 123-125.

6:6 “ang mga salitang ito” “ang mga salita” ay tumukoy sa sa kasunduan ni YHWH, na ibinigay sa pamamagitan ng Moises.

▣ **“ay sasa iyong puso”** Ang puso (BDB 523), sa Hebreo, ay nagpapahiwatig ang pamamahala ng pagtuon sa isang buhay ng tao. Ang pagbibigay-diin sa OT ay nangangahulugang ding panloob na katapatan, tulad ng sa NT (cf. Deuteronomio 4:29; 6:5, 6; 10:12; 11:13,18; 13:3; 26:16; 30:2, 6, 10; NT, “nang iyong buong isipan,” Marcos 12:30; Lucas 10:27). Minsan, tayo ay gumagawa ng isang bulaang pag-iiba sa pagitan ng ang Lumang Kasunduan na isang panlabas na kautusan at ang Bagong Kasunduan panloob na pananampalataya. Maaari nating makuha ang pagkakamaling ito mula sa Jeremias 31:31-34, na nagbibigay-diin sa “isang bagong puso.” Gayunman, kahit na sa OT, ang indibidwal na mananampalataya ay inaasahang ituon ang kanyang buong pagkatao, mga kilos at mga motiba patungo sa Panginoong kanyang Diyos.

6:7 “At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak” Ang PANDIWA (BDB 1041, KB 1606, *Piel* GANAP) ay nangangahulugang “patalasin” at sa *Piel* ito ang tanging paggamit. Ang salita sa Ugaritiko ay nangangahulugang “ulitin.” Ito ay tila naging batayang pagbibigay-diin sa talatang ito. Ang mga rabbi ay gumagamit ng talatang ito upang ihayag na ang *Shema* ay kailangang “nauulit” umaga at gabi. Tayo ay mag-uusap patungkol sa kalooban ng Diyos para sa ating mga buhay sa buong panahon ng ating pang-araw-araw na mga gawain. Ito ay ang pananagutan ng mga magulang na maipasa ang pamumuhay pananampalataya (cf. Deuteronomio 4:9; 6:20-25; 11:19; 32:46, tingnan ang buong tala sa 4:9). Ito ay nakakawili na ang pagdaloy nang magkakaibang beses para sa pagtuturo ay nauugnay sa katulad pampanitikang huwaran gaya ng Mga Awit 139:2-6 at Kawikaan 6:20-22. Ang pagbibigay-diing ito sa pangmagulang sa pananagutan ay naulit sa Kawikaan 22:6. Ang ating makabagong araw na paaralan sa iglesia ay hindi mapapalitan ang pagsasanay ng magulang gunit ito ay walang alinlangan na maaaring makatulong dito!

6:8 “iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo” Sa orihinal, ang pariralang ito ay tila ginamit bilang isang talinghaga (cf. LXX). Ang konteksto ay mga pagkakataon ng pamumuhay na pagtuturo para sa salita ng Diyos. Gayunman, ang mga rabbi ay kinuha ang talatang ito nang lubhang literal at sila ay nasimulang magbalabal ng isang panali ng gawa sa balat paikot sa kanilang kaliwang kamay na may isang maliit ng kahong (*tefillin*) nakadikit na naglalaman ng piling Banal na Kasulatan mula sa Torah. Ang katulad na uri ng kahon ay nakatali din sa ulo. Ang mga “pilakteri” o “mga pangharap” (BDB 377) ay nabanggit din sa Deuteronomio 11:18 at Mateo 23:5.

6:9 “At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuan-daan” Ito muli ay isang simpolikong pagpapahayag na ang Diyos ay kailangang magkaroon ng bahagi, hindi lamang sa ating ating pangtahanan buhay, ngunit sa ating panlipunang buhay (i.e., pintuang daan, cf. 21:19; 22:15,24). Bilang ang pasukan (BDB 265) ng tahanan ay adalasang makikita bilang lugas ng demonyo sa Griyego at Romanong mundo, sa pang-Hudyong mundo ito ay kumakatawan ang presensiya ng Diyos (i.e., ang lugar kung saan ang dugo ng Paskwa ay inilagay, cf. Exodo 12:7,22,23).

“Iyong mga pintuang-bayan” (BDB 1044) ay maaaring tumukoy sa ang lugar ng panlipunang pagtitipon at katarungan (i.e., tulad ng mga pintuang-bayan ng lungsod). Kadalasang, ang mga maliliit na kahon at at tanda sa pintuan (*mezuzah*) ay nagtataglay ng maraming pangkat ng mga talata ng Banal na Kasulatan: Deuteronomio 6:4- 9; 11:13-21 at Exodo 13:1-10,11-16.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:10-15

¹⁰At mangyayari, pagka ipapasok ka ng PANGINOON mong Diyos sa lupain na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, upang ibigay sa iyo; na may malalaki at mabubuting lungsod na hindi mo itinayo, ¹¹At mga bahay na puno ng lahat na mabubuting bagay, na hindi mo pinuno, at mga balong hukay na hindi mo hinukay, mga ubasan at mga puno ng olibo, na hindi mo itinanim, at iyong kakanin at ikaw ay mabubusog; ¹²At mag-ingat ka nga, baka iyong malimutan ang PANGINOON, na naglabas sa iyo sa lupain ng

Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin. ¹³Ikaw ay matakot *lamang* sa PANGINOON mong Diyos; at sa kaniya'y maglilingkod ka, at sa pamamagitan lamang ng kaniyang pangalan susumpa ka.
¹⁴Huwag kang susunod sa ibang mga diyos, sa mga diyos ng mga bansang nasa palibot mo;
¹⁵Sapagka't ang PANGINOON mong Diyos na nasa gitna mo, ay isang mapanibughuing Diyos; baka ang galit ng PANGINOON mong Diyos ay magalab laban sa iyo, at ikaw ay kaniyang lipulin sa ibabaw ng lupa.

6:10-11 Ito ay nagpapakita na ang Israel ay tataglayin ang lupain ng mga Cananeo (cf. Genesis 15:16). Kukunin nila ang kanilang mga tahanan, mga taniman at mga ubasan. Yet, v. 12 emphasizes that she ay not to forget that ito ay ang Panginoon who provided these at not her own resources (cf. 4:9; 8:11-20; Mga Awit 103:2). Kung they forgot YHWH ang reverse would occur. Sila would lose their homes, mga taniman, at mga ubasan (cf. 28:27-48). Ang pag-ibig ng Diyos ay nagsisimula sa kasunduan pakikipag-ugnayan, ngunit ang pantaong pagsunod ang nagpapanatili nito.

6:12 “mag-ingat ka nga” Ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581, *Niphal* PAUTOS) ay ginamit ay kadalasang sa Deuteronomio, ngunit karaniwang sa *Qal* na tangkal. Ang *Niphal* ay matatagpuan sa 2:4; 4:9,15,23; 6:12; 8:6,11; 11:16; 12:13,19,30; 15:9; 23:9; 24:8 at karaniwang sa kaunawaan na “mag-ingat ka”!

▣ **“baka iyong malimutan”** Ang PANDIWA (BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP) ay isang inuulit na babala sa Deuteronomio (cf. 4:9,23,31; 6:12; 8:11,14,19[na dalawang beses]; 9:7; 25:19).

▣ **“ang PANGINOON, na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin”** Ito ay ang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa aklat ng Deuteronomio na ang biyaya ng Diyos ay unang dumating sa Israel (cf. Deuteronomio 4:10; 5:29; 6:2). Ito ay hindi nararapat na itangi ang OT bilang kautusan at ang NT bilang biyaya (Martin Luther).

6:13 Ang talatang ito ay nagbibigay ng maraming bagay na kailangang gawin ng Israel para kay YHWH nang sila ay matagumpay na pumasok sa ang Ipinangakong Lupain:

1. “matakot *lamang* sa PANGINOON mong Diyos” - BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP
2. “sambahin Siya” - BDB 712, “serve” KB 773, *Qal* DI-GANAP
3. “susumpa ka sa Kanyang pangalan” - BDB 989, KB 1396, *Niphal* DI-GANAP. Tingnan ang buong tala sa 5:11.

Ang lahat ng ito ay nakapaloob ang pagsamba at kadalasang ginagamit sa mga sulat ni Moises.

Bahagi ng pang-kultong pagsamba ng Israel ay gumawa ng mga pahayag sa pangalan ni YHWH. Si Hesus ay tila sinipi ang talatang ito sa Mateo 4:10 sa Kanyang paghaharap sa Isang Masama. Kanyang pinalitang ang salitag “pagkatakot” sa v. 13 sa salitang “pagsamba,” na ipinapakita sa atin ang dalawang mga salita ay talagang magkasingkahulugan. Ang pangalan ng Diyos ay nagpapahayag ng Kanyang katangian at persona. Ang isa sa pagpapahayag ng pananampalataya na pinanumpa sa pangalan ng Diyos ay maaaring makita sa Isaias 48:1.

6:14 Ang talatang ito ay nagdadagdag ng isa pang kailangan sa tala ng v. 13:

4. “huwag kang susunod sa ibang mga diyos” - BDB 229, KB 246, *Qal* DI-GANAP

Dito, ang pagsamba sa mga diyos ng pagpapabayong ng Cananeo ay mahigpit na ipinagbabawal.

▣ **“mga diyos. . . mga diyos”** Ito ay ang mga salitang *Elohim* (BDB 43) at *El* (BDB 43). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.

6:15 “Sapagka't ang PANGINOON mong Diyos na nasa gitna mo” Ito ay ang layunin ng paglilikha. Nais ng Diyos na manahan sa kanilang linika sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ito ay ang pang-Mesiyas na konsepto ng *Immanuel*, na nangangahulugang “And Diyos ay nasa atin” (cf. Isaias

7:14 at Mateo 28:20).

▣ **“mapanibughuing Diyos”** Ang Hebreong salitang ito ay maaaring mangahulugang “masigasig” o “mapanibughuin” (BDB 888, cf. Deuteronomio 4:24; 5:9; tingnan ang tala sa 4:24). Ang panibugho ay isang salitang pag-ibig. Tayo ay tanging mapanibughuin para sa kanila na tayo ay may malalim, namamalaging pag-ibig. Ito ay pang paninindigan ng pag-ibig ng Diyos na naipahayag pang-antromorpiko sa tao, mga pampamilyang salita. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:15.

▣ **“ang galit ng PANGINOON mong Diyos ay magalab laban sa iyo, at ikaw ay kaniyang lipulin sa ibabaw ng lupa”** Gaya ng kapahayagan ng pag-ibig ng Diyos, ang katulad aklat ay naghahayag ang poot ng Diyos. Ang katulad aklat na nagpupuspos sa ating sa Kanyang pag-ibig ay ang gumulat sa ating ng Kanyang galit (“sumidhi” BDB 354, KB 351, *Qal* DI-GANAP, cf. 11:16-17; 31:16-17; Mga Hukom 2:14; 6:13, at “alisin” o “lipulin” BDB 1029, KB 1552, *Hiphil* GANAP, cf. 1:27; 2:22; 9:20; Josue 9:24). Ang isang mabuting paraan upang maunawaan ang ugnayan ng pag-ibig ng Diyos at Kanyang poot ay ang paghahambing ng Deuteronomio 5:9 sa 7:9. Tulad ng pagdalaw ng Diyos sa pamumuhay, pagkaunang mga kasalanan mula ama sa anak papuunt sa pangatlong at pang-apat na mga salin-lahi, Siya a dumadalaw sa mga pagpapala ng pananampalataya sa ika-sanlibong mga salin-lahi ng sa kanilang umiibig sa Kaniya. Ang pag-ibig ng Diyos ay nagtataboy ng poot ng Diyos. Tinatawag ni Isaias ang poot ng Diyos na “Kanyang di-kilalang gawa” (cf. Isaias 28:21).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:16-19

¹⁶Huwag ninyong tutuksuhin ang PANGINOON ninyong Diyos, gaya ng tuksuhin ninyo siya sa Massa. ¹⁷Inyong iingatan ng buong sikap ang mga utos ng PANGINOON ninyong Diyos, at ang kaniyang mga patotoo, at ang kaniyang mga palatuntunan, na kaniyang iniutos sa iyo. ¹⁸At iyong gagawin ang matuwid at mabuti sa paningin ng PANGINOON: upang ikabuti mo, at upang iyong mapasok at ariin ang mabuting lupain na isinumpa ng PANGINOON sa iyong mga magulang, ¹⁹Upang palayasin ang lahat ng iyong mga kaaway sa harap mo, gaya ng sinalita ng PANGINOON.

6:16 “Huwag ninyong tutuksuhin ang PANGINOON ninyong Diyos, gaya ng tuksuhin ninyo siya sa Massa” Ang pook ay tinawag na “pagsubok,” *massah* (BDB 650). Ito ay isang sangunian sa isang pangyayari na naganap sa Exodo 17:1-7 (“sinubukan” BDB 650, KB 702, *Piel* GANAP), kung saan ang bayan ay bumulong-bulong laban sa pagtutustos at presensiya ng Diyos (cf. Deuteronomio 9:22; 33:8). Sila ay nagpapakita ng kawalan ng pananampalataya (cf. Mga Awit 95:8; Hebreo 3-4). Huwag ninyong uulitin ito (“tukso” *Piel* DI-GANAP)! Ang talatang ito ay ginamit din kay Hesus sa Kanyang panunuksong karanasan kay Satanas (cf. Mateo 4:7; Lucas 4:12).

6:17 “Inyong iingatan ng buong sikap ang mga utos ng PANGINOON ninyong Diyos” Tingnan ang tala sa 6:3. Ang nagpapatuloy sa pagbibigay-diing ito sa pagsunod (tingnan ang tala sa 5:1) ay puspos at nagtatakda ng yugto para sa ang kasunduang pakikipag-ugnayan. Ang lahat ng mga kasunduan ng Diyos sa sangkatauhan ay pinasimulan Niya nang walang pasubali, ngunit sila ay kailangang tumugon nang may pasubali (cf. 5:32, 33; 6:1, 2, 3, 17, 24, 25).

▣ **“ang mga kautusan. . .Kanyang patotoo at Kanyang palatuntunan”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

6:18 Mayroong tatlong mga salita ang pinaging marapat ang mga karanasan ng Israel:

1. “gagawin ang matuwid at mabuti” - PANDIWA, BDB 793 I, KB 889, *Qal* GANAP, “gawin”
 - a. “matuwid” - BDB 449 ay nangangahulugang “matuwid” o “kalugod-lugod,” cf. Exodo 15:26; Deuteronomio 6:18; 12:25,28; 13:18; 21:9

b. “mabuti” - BDB 373 II, ginamit na dalawang beses, “anong kalugod-lugod,” cf. Genesis 16:6; Deuteronomio 12:28 (BDB 375 III, v. 24)

2. “na ito ay maaaring maging mabuti sa iyo” - BDB 405, KB 408, *Qal* DI-GANAP, “maging mabuti,” cf. 4:40; 5:16,29,33; 6:3,18; 12:25,28; 22:7

Pansinin na ang lahat ng tatlo ay matatagpuan sa 12:25,28. Kung iingatan ng Israel ang mga kinakailangang sa kasunduan, si YHWH ay magdudulot ng kasaganahan at haba ng buhay!

6:19 “Upang palayasin ang lahat ng iyong mga kaaway sa harap mo” Ang Diyos ay ipinagkaloob sa kanila ang Ipinangakong Lupain (“sa pamamagitan ng pagpapalayas,” BDB 213, KB 239, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI, cf. Genesis 15:16-21). Ibinigay Niya sa kanila ang pang-militar na tagumpay, ngunit ang Israel ay kailangan paring maghanda para sa digmaan at lumabas at lumaban. Ito ay maaaring isang mabuting pagsasama upang ipakita ang provision ng Diyos at ang kinakailangang matapat na pangkasunduang pagtugon (cf. Josue 1-12).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 6:20-25

²⁰Pagka tatanungin ka ng iyong anak sa panahong darating, na sasabihin: Anong kahulugan ng mga patotoo, at ng mga palatuntunan, at ng mga kahatulan, na iniutos sa inyo ng PANGINOON nating Diyos? ²¹Ay iyo ngang sasabihin sa iyong anak: Kami ay naging mga alipin ni Faraon sa Ehipto, at inilabas kami ng PANGINOON sa Ehipto sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay. ²²At ang PANGINOON ay nagpakita ng mga tanda at ng mga kababalaghan, dakila at panggiba, sa Ehipto, kay Faraon, at sa kaniyang buong sangbahayan, sa harap ng aming mga mata: ²³At kami ay inilabas niya roon, na kaniyang ipinasok kami rito, upang ibigay sa amin ang lupain na kaniyang isinumpa sa ating mga magulang. ²⁴At iniutos ng PANGINOON sa amin na gawin ang lahat ng mga palatuntunang ito, na matakot sa PANGINOON nating Diyos, sa ikabubuti natin kailan man, upang ingatan niya tayong buhay, gaya sa araw na ito. ²⁵At siya'y magiging katuwiran sa atin, kung ating isagawa ang buong utos na ito sa harap ng PANGINOON nating Diyos, gaya ng iniutos niya sa atin.

6:20 Ito ay ang nagpapatuloy pagbibigay-diin sa espirituwal, pangkasunduang pagsasanay ng mga anak (tingnan ang buong tala sa 4:10).

Ang di-pangkaraniwang aspeto ng kontekstong ito (i.e., vv. 20-33) ay ang mga saksi ay patay at ang kanilang mga inaanak ay nagsasabi ng kwento. Samakatuwid, ito ay maaaring maging isang liturhikong pormula (i.e., “kapag ang mga anak ay nagtalong. . .sasabihin niyong. . .,” Exodo 12:26,27; 13:14-15; Deuteronomio 6:20-25; Josue 4:6-7,21-24).

Ito ay maaari na ang 6:20-24 ay isa sa maraming mga talata na nagsasalaysay ng pananampalataya ng Israel sa paglalakbay kasama si YHWH, mula sa panawagan ni Abraham sa Exodo-Pagsakop (cf. 26:5-9; Josue 24:2-13; Mga Awit 77; 78; 105; 136).

6:21 “pamamagitan ng makapangyarihang kamay” Tingnan ang tala sa 4:34.

6:22 Ito ay tumutukoy sa sampung salot ng Ehipto. Bawat isa sa mga salot ay isang kahatulan laban sa isa sa mga diyos ng Ehipto. Tila ang mga salot ay sumasakop sa yugto na halos labingwalong buwan, kung ang isa ay magpapalagay na kinapapalooban ng likas na palatandaan. Ang Diyos ay maaaring isinakatuparan ang mga ito nang mas mabilis ngunit ito ay aking pansariling paniniwala na Siya ay kumikilos sa pananampalataya ng Ehipto ay gayon din sa Hebreo. Ang magkahalong karamihan na iniwan ang Ehipto ay kasama ang ilang mananampalatayang Ehipsiyo.

6:24 Ang talatang ito ay naghahayag ng mga pakinabang sa Israel ng kanilang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos (1) para sa kanilang palagiang kabutihan (BDB 375 III, cf. v. 18) at (2) para sa kanilang

pagkaligtas (BDB 310, KB 309, *Piel* PAWATAS NA PAGKAKAYARI) bilang a bayan (e.g., 4:1; 8:1; 30:16,19).



NASB, NKJV,

TEV

“kailan man”

NRSV

“pangmatagalan”

NJB

“magpakailanman”

Sa literal, ito ay isang kayarian ng “lahat” (BDB 481) at “mga araw” (BDB 398) ginamit bilang isang talinghaga para sa pamamalagi (cf. 5:29; 28:33; Genesis 6:5; Mga Awit 52:1, tingnan si Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, p. 316).

6:25 “At siya'y magiging katuwiran sa atin” Tulad ng panimulang pananampalataya/paniniwala at sinundan ng pagsunod na ninanggap ni YHWH (cf. Genesis 15:6) bilang “katuwiran” samakatuwid gayundin, ang kasunduang pagsunod sa bahagi ng israel (cf. 24:13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 1:16.

▣ **“kung ating isagawa ang buong utos na ito”** Pansining ang naulit na may pasubaling kalikasan sa mga pangakong ito:

1. “kung tayo ay mag-iingat” - BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP, cf. 4:6,9,40; 5:1,10, 12, 29,32; 6:2,3,17(na dalawang beses)
2. “isagawa” - BDB 793, KB 889, *Qal* PAWATAS, cf. 4:6; 5:1,15,27,32; 6:1,3,18,24,25. Tingnan ang tala sa 5:1.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong ang kabanata 6 ay nauugnay sa Sampung Utos?
2. Bakit mayroong ganitong pagbibigay-diin sa pagsunod sa kasunduan?
3. Ano ang kahalagahan ng Deuteronomio 6:4-6 at paano ito maiuugnay sa polyteismo, henoteismo at monoteismo?
4. Ano ang pananagutan ng mananampalatayang mga magulang sa kanilang mga anak?
5. Ipalawanag ang etimolohiya at Biblikal na gamit ng salitang “katuwiran o pagiging matuwid” sa kapwa pagtuon nito sa OT at NT.

DEUTERONOMIO 7

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|-------------------------------|---------------------|---------------------------------|---|
| Isang Piniling Bayan | Ang Buhay sa Canaan | Ang Sariling Bayan ng Panginoon | Israel, ang Bayang Inihiwalay |
| 7:1-5 | 7:1-6 | 7:1-6 | 7:1-6 |
| 7:6-11 | | | Ang Pagpili ng Diyos at Kanyang Patatangi |
| | 7:7-11 | 7:7-11 | 7:7-11 |
| Ang mga Pagpapala ng Pagsunod | | Ang Pagpapala ng Pagsunod | |
| 7:12-16 | 7:12-16 | 7:12-16 | 7:12-15 7:16 |
| | | | Ang Kapangyarihan ni Yahweh |
| 7:17-26 | 7:17-26 | 7:17-26 | 7:17-20 7:21-24 7:25-26 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:1-5

¹Pagka ipapasok ka ng PANGINOON mong Diyos sa lupain na iyong pinaroroonan upang ariin, at palalayasin ang maraming bansa sa harap mo, ang Hetheo, at ang Gergeseo at ang Amorrheo, at ang Cananeo, at ang Pherezeo, at ang Heveo, at ang Jebuseo, na pitong bansang lalong malalaki at mga lalong makapangyarihan kay sa iyo; ²At pagka sila'y ibibigay sa harap

mo ng PANGINOON mong Diyos, at iyong sasaktan sila; ay lubos mo ngang lilipulin sila; huwag kang makikipagkasundo sa kanila, ni huwag mong pagpakitaan ng kaawaan sila: ³Ni magaasawa sa kanila; ang iyong anak na babae ay huwag mong papag-aasawahin sa kaniyang anak na lalake, ni ang kaniyang anak na babae, ay huwag mong papag-aasawahin sa iyong anak na lalake. ⁴Sapagka't kaniyang ihihiwalay ang iyong anak na lalake sa pagsunod sa akin, upang sila'y maglingkod sa ibang mga diyos: sa gayo'y magaalab ang galit ng PANGINOON laban sa iyo, at kaniyang lilipulin kang madali. ⁵Kundi ganito ang inyong gagawin sa kanila; inyong igigiba ang kanilang mga *banal na* dambana, at inyong pagpuputolputulin ang kanilang mga haligi na pinakaalaala at inyong ibubuwal ang kanilang mga Asera, at inyong susunugin sa apoy ang kanilang mga larawang inanyuan.

7:1 “Hetheo” Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Naninirahan sa Canaan bago pa ang Pagdating ng mga Israelita sa 1:4.

▣ **“pitong bansa”** Ang mga tala ng mga bansa ay magkakaiba mula sa 10, 7, 5, 3, o 1 (i.e. Cananeo o Amorrheo).

7:1-5 Mayroong maraming MGA PANDIWA na ginamit upang iutos ang pagtugon ng Israel sa pang-tribung mga pangkat na naniniraan sa Canaan:

1. “malilinis palayo” - v. 1, BDB 675, KB 730, *Qal* GANAP, sa literal ito ay nangangahulugang “alisin,” cf. II Mga Hari 16:6; dito, sa patalinghaga, “maliwanag na pagtaboy,” cf. v. 2.
2. “sila'y ibibigay sa harap mo” - v. 2, BDB 678, KB 733, *Qal* GANAP, cf. v. 23; Mga Bilang 21:3 at gagawin sa kanila nito ng Diyos dahil sa kanyang kasalanan sa I Mga Hari 14:16
3. “iyong sasaktan sila” - v. 2, BDB 645, KB 697, *Hiphil* GANAP, “uusigin,” cf. Exodo 9:25; 21:20
4. “lubos mo ngang lilipulin” - v. 2, BDB 355, KB 353, *Hiphil* PAWATAS NA LUBUSAN, cf. 2:34; 3:6(na dalawang beses); 7:2(na dalawang beses)
5. “huwag kang gagawa ng kasunduan” - v. 2, BDB 503, KB 500, *Qal* DI-GANAP, “walang hahatiing kasunduan,” cf. Exodo 23:32; 34:12
6. “huwag mong pagpakitaan ng kaawaan” - v. 2, BDB 335, KB 334, *Qal* DI-GANAP, cf. v. 16; 13:8
7. “Ni magaasawa sa kanila” - v. 3, BDB 368, KB 364, *Hithpael* DI-GANAP, sa literal “huwag maging manugang,” cf. Genesis 34:9; Josue 23:12
8. “inyong igigiba ang kanilang mga dambana” - v. 5, BDB 683, KB 736, *Qal* DI-GANAP, cf. 12:3; Exodo 34:13(23:24); II Mga Hari 23:12; II Cronica 31:1
9. “inyong pagpuputolputulin ang kanilang *banal na* haligi” - v. 5, BDB 990, KB 1402, *Piel* DI-GANAP, cf. II Mga Hari 11:18, palyikong bato na mga sagisag ng lalaking pagpapayabong na diyos, *Ba'al*, cf. II Cronica 31:1
10. “ibubuwal ang kanilang mga Asera” - v. 5, BDB 154, KB 180, *Piel* DI-GANAP, cf. v. 25; 12:3; II Cronica 14:3; 31:1; 34:4,7
11. “usunugin sa apoy ang kanilang mga larawang inanyuan” - v. 5, BDB 976, KB 1358, *Qal* DI-GANAP, cf. I Cronica 14:12 in Mikas 1:7, ang pang-kultong mga bagay ng pagsamba sa diyus-diyusan ay susunugin

7:2 “lubos mo ngang lilipulin sila” Ito ay ang salita *herem* (BDB 355, KB 353, *Hiphil* PAWATAS NA LUBUSAN) Ito ay nangangahulugang ang isang bagay ay inilagak sa Diyos para sa pagkawasak. Ang NT salita para sa konseptong ito ay *corban*. Ito ay kaugnay sa kaisipan ng kabanalan o anumang bagay na inihiwalay para sa paggamit ng Diyos. Yamang ang ilang bagay lubhang banal ito ay hindi maaaring magamit sa mga taong nilalang, ang tanging paraan na matiyak kanyang hindi pagkagamit ay lipulin ito. Samakatuwid, sa loob ng hangganan ng Israel, kapag ang mga lungsod ay nasakop, ang mga lalaki, at minsanmga kababaihan, mga anak, at mga hayop ay pinapatay din. Sa makabago, ito ay tila lubhang

mabagsik, ngunit ito ay karaniwang isinasagawa sa panahong ito. Isang mabuting halimbawa nilo ay ang Jericho sa Josue 6 o Lachish sa Josue 10:28,35. Genesis 15:16; Mga Bilang 33:55; Josue 23:13 ay nagpapahayag ng teolohikong kadahilanan para sa lubusang pagkawasak ng mga Cananeo.

▣ **“huwag kang makikipagkasundo sa kanila”** Ang Josue 9 ay nagbibigay sa atin ng pangkasaysayang halimbawa ng kabiguan ng Israelita na ingatan ang kautusang ito.



NASB “ni huwag mong pagpakitaan ng kaawaan sila”

NKJV “o magpakita ng kaawaan sa kanila”

NRSV “huwag magpakita ng kaawaan”

TEV “huwag. . .magpakita sa kanila ng kahit anong awa”

NJB “hindi. . .magpakita sa kanila ng kahit anong habag”

Ang pasalungat na PANDIWA (BDB 335 I, KB 334, *Qal* DI-GANAP) ay nangangahulugang “magpakita ng kabutian” o “maging mapagbiyaya.” Gayunman, Israel ay wala ng ganitong pagpipilian (opsyon) (cf. v. 16; 13:11-16; 19:13,21; 25:12). Ang kahabagan ay magpapadumi sa lupain ng kasamaan; mapapatawag ng kahabagan kung ano ang hind kay YHWH!

7:3 “Ni mag-aasawa sa kanila” Ito ay walang pang-lahing paghamak; ito ay para sa pang-relihiyong mga dahilan (cf. Exodo 34:12-17). Ang pangunahing mga talata patungkol dito ay sa Ezra 10 at Nehemias 13. Hindi ninanais ng Diyos na sila ay mag-asawa ng mga Cananeo dahil ang kanilang pagsamba sa diyus-diyusan, ay makapagpapalayo ng kanilang puso sa Kaniya at masisira ang Kanyang kapahayagan ng Kanyang sarili sa mundo.

7:4 “Sapagka’t kaniyang ihihiwalay ang iyong anak na lalake” Tingnan ang Mga Bilang 33:55; Josue 23:13. Ito ay kung saan ang makabagong pang-Hudyong konsepto ng ina ay siyang susi sa pinanggalingang ng isang legal na pang-Hudyong katatayuan.

7:5 “igigiba. . . pagpuputolputulin. . . ibubuwal. . . susunugin” Tingnan ang buong tala sa 7:1-5.

▣ **“Asherim”** Ang KJV na salin ay mayroong “mga kahoy.” Ang literal na kahulugan ay “mga gawa sa kahoy na sagisag ng isang babaeng diyos” (BDB 81). Ito ay isang kahoy na tagdan na inilalagay katabi ng posteng bato ni Baal, ang lalaking pagpapayabong na diyos. Asera o Astartes ay ang babaeng kasama ay kumakatawan sa kahot na poste. Ito ay di-tiyak kung sila ay mga buhay na puno o inukitang tarak.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:6-11

“Sapagka’t ikaw ay isang banal na lungsod sa PANGINOON mong Diyos; pinili ka ng PANGINOON mong Diyos upang maging lungsod sa kaniyang sariling pag-aari, na higit sa lahat ng mga lungsod na nasa ibabaw ng balat ng lupa. ⁷Hindi kayo inibig ng PANGINOON, ni pinili kayo ng dahil sa kayo’y marami sa bilang kay sa alin mang lungsod; sapagka’t kayo ang pinakamaliit sa lahat ng mga lungsod: ⁸Kundi dahil sa inibig kayo ng PANGINOON, at dahil sa kaniyang tinupad ang sumpa na kaniyang isinumpa sa inyong mga magulang, ay inilabas kayo ng PANGINOON sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay at tinubos kayo sa bahay ng pagkaalipin, mula sa kamay ni Faraon na hari sa Ehipto. ⁹Talastasin mo nga, na ang PANGINOON ninyong Diyos, ay siyang Diyos: ang tapat na Diyos, na nag-iingat ng kasunduan at naggagawad ng kagandahang-loob sa mga umiibig sa kaniya, at tumutupad ng kaniyang mga utos, hanggang sa isang libong salin ng lahi; ¹⁰At pinanghihigantihan sa kanilang mukha, ang mga napopoot sa kaniya, upang lipulin: siya’y hindi magpapaliban doon sa napopoot sa kaniya, kaniyang panghihigantihan sa kaniya ring mukha. ¹¹Iyo ngang iingatan ang utos, at ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, na iyong ganapin.

7:6 “banal na bayan. . .pinili ka ng Diyos” OT pagpili (i.e., “napili” - BDB 103, KB 119, *Qal*, GANAP) ay para sa paglilingkod, na hindi palaging kinapapalooban ng kaligtasan (cf. Cyrus sa Isaias 44:28; 45:1). “Pinili,” tulad ng “banal,” ay mas may kinalaman sa pakikipag-ugnayan kay YHWH kaysa sa personal na kabanalan, tulad ng paggamit sa NT ng “banal” para sa mga mananampalataya. Pinili ng Diyos ang Israel upang pumili ng isang bansa na pumili ng mundo (cf. Exodo 19:5-6). Nais Niya ang isang “banal bayan” (BDB 872) na magpapakita sa mundo ng Kanyang katangian at pagnanais na makilala sila. Ngunit, kahit na sa loob ng bansa, ito ay palaging isang indibidwal na pagkilos ng pananampalataya na ginagawa ng isang taong tama sa Diyos, hindi lamang bilang isang bahagi ng pangkasunduang komunidad (cf. Ezekiel 18). Ang pangkasunduan komunidad ay binubuo ng mga tao na ipinailalim ang kanilang mga sarili, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa Kautusan ng Diyos. Ito ay binubuo nang higit sa mga Hudyo; ang taga-ibang bayan sa kanilang kalagitnaan, dayuhan sa kanilang lupain, at ang dayuhang mga alipin sa tahanan, lahat ay mapagbiyayang kinupko at hinayaang maging kabahagi ng kasunduan ng pagpili (cf. Exodo 12:38).

| | |
|----------------------------|------------------------------|
| █ | |
| NASB | “sariling pag-aari” |
| NKJV, NASB Footnote | “isang natataning kayamanan” |
| NRSV, NIV | “isang natatanging pag-aari” |
| TEV | ----- |
| NJB | “Kanyang natatanging bayan” |
| JPSOA, REB | “natatanging pag-aari” |
| NET Bible | “gatimpala” |

Sa literal ito ay “isang bayan para sa pagkamay-ari” (BDB 766 I at 688, cf. Exodo 19:5) o “isang natatanging kayamanan.” Ang salita ay nangangahulugang mahalagang ari-arian, na ginamit na patalinghaga sa kasunduang bayan ng Diyos (cf. 7:6; 14:2; 26:18; Mga Awit 135:4; Tito 2:14; I Pedro 2:9). Marahil ngayon, tayo ay magsasabing ang putong na yaman ni YHWH (i.e., para sa pagpapakalat ng Kanyang kaalaman at kapahayagan sa lahat ng mga bansa). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pang-ebanghelyong Pagkating ni Bob sa 4:6.

7:7 “Hindi kayo inibig ng PANGINOON, ni pinili kayo ng dahil sa kayo'y marami sa bilang kay sa alin mang bayan; sapagka't kayo ang pinakamaliit sa lahat ng mga bayan” Ang panimulang PANDIWA (BDB 365 I, KB 362, *Qal* GANAP) ay nangangahulugang “pigain nang sama-sama” o “bigkisin,” cf. 10:15 (ibang salita para sa pag-ibig [cf. v. 8], ngunit katulad ng katotohanan sa 4:37) at maaaring Isaias 38:17. Ang PANDIWA ay ginamit para sa nais sa Genesis 34:8; Deuteronomio 21:11).

Ang talatang ito ay nagpapatingkad ng hindi tampo, hindi karapat-dapat na kahabagan, biyaya, at pag-ibig ng Diyos! Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Gawa ng Biyaya ni YHWH sa Israel sa 9:4-6. Sa katunayan, ang Israel ay mahirap ibigin dahil sa kanyang katigasan ng ulo (cf. 9:6,13; 31:27). Ang biyaya ng Diyos ay naipamalas nang mas maliwanag dahil sa paghihimagsik ng Israel!

7:8 “dahil sa inibig kayo ng PANGINOON” Maraming beses na binigyang-diin ng OT na ang Diyos ay maisakakatuparan ang Kanyang mga pangako sa kanilang mga ninuo, Abraham, Isaac, at Jacob (cf. Genesis 12, 15, 18, 26, 28). Ngunit dito, ang Diyos ay nagpapakita na ginawa niya ito sa Inibig Niya rin ang salin-lahing ito!

█ **“inilabas kayo”** Ang PANDIWA (BDB 422, KB 425, *Hiphil* GANAP) ay lubhang pangkaraniwan at ginamit nang maraming senses (ang mga halimbawa mula sa Deuteronomio):

1. Literal
 - a. isang hukba ay lumabas para sa digmaan, 1:44; 2:32; 3:1; 20:1,10; 24:5; 29:7
 - b. tubig mula sa bukal, 8:7

- c. iniwan, 9:7; 16:3,6
 - d. bunga ng bukid, 14:22; 28:38
 - e. maglabas ng sangla (pangako), 24:11
2. Patalinhaga
- a. kahalintulad sa pagpapalaya, 1:27; 4:20; 5:6,15, atbp.
 - b. pook ng pinagmulan, 2:23
 - c. kahalintulad sa pagtubos, 7:8
 - d. paninirang-puri o masamang pangalan, 22:14
 - e. magbigay sa pag-aasawa, 22:19; 24:2
 - f. pang-araw-araw na buhay, 28:6,19; 33:18
 - g. pamunuan, 31:2

Sa kontekstong ito lamang maaaring malaman ang nararapat na kahulugan. Ito ay totoo sa lahat ng mga salita!

▣ **“tinubos”** Ang PANDIWANG ito (BDB 804, KB 911, *Qal* DI-GANAP) ay nangangahulugang “bilhin na may halaga.” Ito ay ginamit sa pagbili o pamimili ng (1) panganay (cf. Exodo 13:1-22; Mga Bilang 18:15-17) at mga Levita (Mga Bilang 3:44-51) o (2) isang alipin (cf. 15:15; 24:18, i.e., Israel).

NATATANGING PAKSA: PANGTUBOS/KATUBUSAN

I. LUMANG TIPAN

- A. May dalawang pangunahing legal na Hebreong salitang na nagbibigay sa konseptong ito.
 - 1. *Ga'al* (BDB 145, I), na karaniwang nangangahulugang “palayain sa pamamagitan ng isang halagang kabayaran.” Ang anyo ng salitang *go'el* ay nagdadagdag sa konsepto ng isang personal na taga-pamagitan, kadalasang isang miyembro ng pamilya (i.e., kamag-anak na taga-pagtubos). Itong pangkulturang aspeto ng karapatan sa pagbili pabalik ng mga gamit, hayop, lupain (cf. Levitico 25,27), o mga kamag-anak (cf. Ruth 4:15; Isaias 29:22) ay naisalin sa teolohiya sa pagpapalaya ni YHWH sa Israel mula sa Ehipto (cf. Exodo 6:6; 15:13; Awit 74:2; 77:15; Jeremias 31:11). Siya ay naging “ang taga-tubos” (cf. Job 19:25; Awit 19:14; 78:35; Kawikaan 23:11; Isaias 41:14; 43:14; 44:6,24; 47:4; 48:17; 49:7,26; 54:5,8; 59:20; 60:16; 63:16; Jeremias 50:34).
 - 2. *Padah* (BDB 804), na kadalasang nangangahulugang “palayain” o “iligtas”
 - a. Ang katubusan ng unang isinilang (panganay) (Exodo 13:13,14 at Bilang 18:15-17)
 - b. Ang pisikal na katubusan na pinag-iiba sa espirituwal na katubusan (Awit 49:7,8,15)
 - c. Tutubusin ni YHWH ang Israel mula sa kanilang kasalanan at paghihimagsik (Awit 130:7-8)
- B. Ang teolohikong konsepto ay kinabibilangang ng maraming magkakaugnay na mga bagay.
 - 1. Mayroong pangangailangan, isang pagkaalipin, isang pagkakaalis, isang pagkabilanggo
 - a. Pang-pisikal
 - b. pamlipunan
 - c. Pang-espirituwal (cf. Awit 130:8)
 - 2. Isang halaga ang kailangang maging kabayaran para sa kalayaan, pagpapalaya, at pagpapanumbalik.
 - a. Ng bansang Israel (cf. Deuteronomio 7:8)
 - b. Ng bawa't-isa (cf. Job 19:25-27; 33:28)
 - 3. Mayroong kailangang kumilos bilang tagapamagitan at tagapagtangkilik. Sa *gaal* ang isa ay kadalasang isang miyembro ng pamilya o malapit na kamag-anak (i.e., *go'el*, BDB 145).
 - 4. Si YHWH ay kadalasang inilalarawan ang Kanyang sariling sa mga pampamilyang mga kataga.

- a. Ama
 - b. Asawang lalaki
 - c. Malapit na kamag-anak na Taga-pagtubos/Taga-paghiganti
- Ang katubusan ay may katiyakan sa pamamagitan ng personal na kinatawan ni YHWH's; isang halagang pinangbayad, at katubusan ay naisakatuparan!

II. BAGONG TIPAN

- A. May maraming mga salitang ginamit upang magbigay-kahulugan teolohikong konsepto.
1. *Agorazō* (cf. I Corinto 6:20; 7:23; II Pedro 2:1; Pahayag 5:9; 14:3-4). Ito ay isang pang-komersyong salita na nagpapaliwanag ng isang halagang kabayaran para sa isang bagay. Tayo ay mga taong binili ng dugo na walang kapangyarihan sa ating mga buhay. Tayo kay nabibilang kay Kristo.
 2. *Exagorazō* (cf. Galacia 3:13; 4:5; Efeso 5:16; Colosas 4:5). Ito rin ay isang pang-komersyong salita. Ito ay nagpapahayag ng panghaliling kamatayan ni Hesus para sa atin. Ipinataw kay Hesus ang “sumpa” ng isang kautusan na nababatay sa pagsasakatuparan (i.e., Kautusan ni Moises. Cf. Efeso 2:14-16; Colosas 2:14), na hindi maisasakatuparan ng mga makasalanang tao. Tiniis niya ang sumpa (cf. Deuteronomio 21:23) para sa ating lahat (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21)! Kay Hesus, ang kahatulan at pag-ibig ng Diyos ay ipinagsama sa lubusang kapatawaran, pagtanggap, at paglapit!
 3. *Luō*, “upang palayain”
 - a. *Lutron*, “isang halagang kabayaran” (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45). Ito ay mga makapangyarihang salita mula sa bibig ni Hesus patungkol sa layunin ng Kanyang pagdating, upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan sa pamamagitan ng pagbabayad ng isang kasalanang-utang na Hindi niya inutang (cf. Juan 1:29).
 - b. *Lutroō*, “upang pakawalan”
 - (1) tubusin ang Israel (Lucas 24:21)
 - (2) ibigay ang Kanyang sarili upang tubusin at linisin ang mga tao (Tito 2:14)
 - (3) maging isang kahaliling walang kasalanan (I Pedro 1:18-19)
 - c. *Lutrōsis*, “katubusan,” “pagkakalaya,” o “pagpapalaya”
 - (1) Propesiya ni Zacarias patungkol kay Hesus, Lucas 1:68
 - (2) Papuri ni Anna sa Diyos para kay Hesus, Lucas 2:38
 - (3) Mas mabuting minsanang paghahandog na alay ni Hesus, Hebreo 9:12
 4. *Apolytrōsis*
 - a. Katubusan sa Pangalawang Pagdating (cf. Gawa 3:19-21)
 - (1) Lucas 21:28
 - (2) Roma 8:23
 - (3) Efeso 1:14; 4:30
 - (4) Hebreo 9:15
 - b. Katubusan sa kamatayan ni Kristo
 - (1) Roma 3:24
 - (2) I Corinto 1:30
 - (3) Efeso 1:7
 - (4) Colosas 1:14
 5. *Antilytron* (cf. I Timoteo 2:6). Ito ay isang napakahalagang talata (tulad ng Tito 2:14) na nag-uugnay sa paghaliling kamatayan ni Hesus sa krus. Siya ang isa at isa lamang na katanggap-tanggap na paghahain, ang isang namatay para sa “lahat” (cf. Juan 1:29; 3:16-17; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14).
- B. Ang teolohikong konsepto ng NT.
1. Ang sangkatauhan ay alipin ng kasalanan (cf. Juan 8:34; Roma 3:10-18; 6:23).
 2. Ang pagkakaalipin ng sangkatauhan sa kasalanan ay nahayag ng OT Kautusan ni Moises (cf. Galacia 3) at pangangaral (sermon) ni Hesus sa Bundok (cf. Mateo 5-7).

- Ang pagsasakatuparan ng tao ay naging isang hatol ng kamatayan (cf. Colosas 2:14).
3. Si Hesus, ang walang kasalanang tupa ng Diyos, ay dumating at namatay para sa ating kalalagayan (cf. Juan 1:29; II Corinto 5:21). Tayo ay binili mula sa kasalanan upang tayong ay maglingkod sa Diyos (cf. Roma 6).
 4. Sa pamamagitan ng pagsasangkot, kapwa sina YHWH at Hesus ay “malapit na kamag-anak” na kikilos para sa atin. Ito ay nagpapatuloy ng mga pampamilyang talinghaga (i.e., ama, asawang lalaki, anak na lalaki, kapatid na lalaki, malapit na kamag-anak).
 5. Ang katubusan ay hindi isang halagang ibinayad kay Satanas (i.e., teolohiyang Medieval), kundi ang pagkakasundo ng salita ng Diyos at kahatulan ng Diyos na maraming pag-ibig ng Diyos at buong pagtustos kay Kristo. Sa krus, kapayapaan ay napanumbalik, ang paghihimagsik ng sangkatauhan ay pinatawad, ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan ngayon ay lubusan muling gumagana sa malapit na pakikipag-ugnayan!
 6. Mayroon pang isang panghinaharap na aspecto ng katubusan (cf. Roma 8:23; Efeso 1:14; 4:30), na kinabibilangang ng ating mga katawan sa muling pagkabuhay at personal na malapit na ugnayan sa Trinidad na Diyos.

7:9 “Talastasin” Tingnan ang buong tala sa 4:35.

▣ Pansinin kung ano “nalalaman” ng mga Israelita (BDB 393, KB 390, *Qal* GANAP) patungkol sa Diyos:

1. “PANGINOON mong Diyos, Siya ay Diyos” - lahat ng MGA PANGNGALAN, cf. 4:35,39 na may TIYAK NA PANTUKOY bago ang huling *Elohim*
2. “ang matapat na Diyos” - BDB 52, *Niphal* PANDIWARI, cf. Isaias 49:7. Ito ay isang pangunahing teolohikong pagbibigay-diin (cf. Mga Awit 89)! Ito ay binigyang kahulugan sa pamamagitan ng susunod dalawang bagay.
3. “siyang nag-iingat ng Kanyang kasunduan” - PANDIWA, BDB 1036, KB 1581, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI, cf. v. 12; Genesis 28:15,20; Josue 24:17; Mga Awit 146:6
4. “at Kanyang mapagkandiling pagmamahal” - PANGNGALAN, BDB 338, cf. vv. 9,12; IMga Hari 8:23; II Cronica 6:14; Nehemias 1:5; 9:32; Daniel 9:4

Sa liwanag nito, sila ay :

1. Ibig sa Kaniya, v. 9, BDB 12, KB 17, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI (cf. 6:5; 7:13; 11:1,13,22; 13:3). Tingnan ang buong tala sa 5:10.
2. Iingatan ang Kanyang mga kautusan, v. 9, BDB 1036, KB 1581, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI. Tingnan ang tala sa 5:1.

Pansinin ang pagtitimbang sa pagitan ng katapatan ng Diyos at katapatan ng Israel! Ang pagpapala mula pag-ibig, pansariling pagsunod sa pakikipag-ugnayan kay YHWH ay umaagos sa “sanlibong” salin-lahi. Ang isang libo ay isangtalinghaga para sa dakilang kasaganahan, hindi palaging literal (cf. Mga Awit 90:4; Pahayag 20:2,3,4,7). Tingnan ang tala sa 5:9.

7:10-11 Pansinin pagtugon ni YHWH sa kanila na “napopoot sa Kaniya” - BDB 971, KB 1338, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI, cf. 5:9; Exodo 20:5; Mga Bilang 10:35; II Cronica 19:2; Mga Awit 68:1; 81:15; 83:2; 139:21:

1. “sirain sila” - BDB 1, KB 2, *Hiphil* PAWATAS NA PAGKAKAYARI
2. “pagbayarin sil sa kanyang mukha” - BDB 1022, KB 1532, *Piel* DI-GANAP, ay nangangahulugang “kabayaran,” “ganti,” cf. Jeremias 51:24

7:11 “ang utos, at ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:12-16

¹²At mangyayari, na sapagka't iyong dininig ang mga kahatulang ito, at iyong tinutupad at iyong ginaganap, ay tutuparin sa iyo ng PANGINOON mong Diyos ang kasunduan, at igagawad ang kagandahang-loob, na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang: ¹³At kaniyang iibigin ka, at pagpapalain ka, at padadamihin ka: kaniya rin namang pagpapalain ang bunga ng iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, ang iyong trigo, at ang iyong alak, at ang iyong langis, ang karagdagan ng iyong mga bakahan, at ang mga guya ng iyong kawan sa lupain na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, upang ibigay sa iyo. ¹⁴Magiging mapalad ka kay sa lahat ng mga lungsod: walang magiging baog na babae o lalake sa inyo o sa inyong mga hayop. ¹⁵At ilalayo sa iyo ng PANGINOON ang lahat ng sakit: at wala siyang ihuhulog sa inyo sa masamang sakit sa Ehipto, na iyong nalalaman, kundi ihuhulog niya sa lahat ng nangapopoot sa iyo. ¹⁶At iyong lilipulin ang lahat ng mga lungsod na ibibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos; ang iyong mata ay huwag mahahabag sa kanila; ni huwag kang maglilingkod sa kanilang mga diyos; sapagka't magiging isang silo sa iyo.

7:12 Pansinin ang tugunang pakikipag-ugnayan (i.e., palitang mga pangkasunduan pananagutan). Pansinin na ang “Kanyang kasunduan” at “Kanyang mapagkandiling pagmamahal” ay magkahalintulad.

7:13-15 Pansinin ang pangkasunduang mga pagpapala ni YHWH:

1. Iibigin ka
2. Pagpapalain ka
3. Pararamihin ka
4. Pagpapalain ang iyong mga anak
5. Pagpapalain ang iyon mga tanim
 - a. butil
 - b. bagong alak
 - c. langis
6. Pagpapalain ang iyong kawan
7. Walang kabaugan (cf. Exodo 23:26)
 - a. tao (cf. Genesis 11:30; 16:1; 25:21; 29:31)
 - b. hayop (cf. 28:4; 30:9)
8. Walang pagkakasakit (di-karaniwang salita na ginamit lang dito at 28:10)
9. Talunin ang mga kaaway

Ang mga masaganang pagpapalang ito (cf. Exodo 23:25-26) ay maliwanag ding makikita sa Deuteronomio 28, ngunit sila ay napapalibutan ng mga kinahinatnan ng kanilang pagsuway (cf. Deuteronomio 27 at 28:15-58). Ang may pasubaling kalikasan ng kasunduan ni Moises ay malinaw. Ang natitirang bahagi ng kasaysayan ng Israel ay maaaring maunawaan sa liwanag ng Deuteronomio 27-29. Ang mga pangako at mga pagpapala ng Diyos ay tanging maibibigay sa matapat, nagtitiwala, masunuring Israel. Ang Israel ay hindi kailanman nakapagpatuloy sa ganitong antas ng pagsasakatuparan, samakatuwid ang pangangailangan para sa isang bagong kasunduan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38; Galacia 3), ay nakabatay sa mga pagkilos ni YHWH.

Ang lahat ng mga OT na tagasunod ni Hesus ay nananalangin para sa isa pang inaasahang huling-panahon na pagbabanibagong-buhay (cf. Roma 9-11). Ngunit ito kailangang maihayag na malinaw, kung wala si Hesus ay walang pangkasunduang pag-asa (cf. Juan 14:6; 1:12; 3:16; 20:31).

7:16 “silo” Ang mga diyos ng Cananeo ay kailangang lubusang iwasan upang sila ay hindi maging patibong (BDB 430, cf. Exodo 23:33; Mga Bilang 33:55; Josue 23:13; Mga Hukom 2:3; 8:27; Mga Awit 106:36), na sa literal ay “isang pinainang pangsilo sa hayop”!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 7:17-26

¹⁷Kung iyong sasabihin sa iyong puso, Ang mga bansang ito ay higit kay sa akin; paanong aking makakamtan sila? ¹⁸Huwag kang matatakot sa kanila; iyong aalalahaning mabuti ang ginawa ng PANGINOON mong Diyos kay Faraon, at sa buong Ehipto. ¹⁹Ang mga dakilang tukso na nakita ng iyong mga mata, at ang mga tanda, at ang mga kababalaghan, at ang makapangyarihang kamay, at ang unat na bisig, na ipinaglabas sa iyo ng PANGINOON mong Diyos: ay gayon ang gagawin ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng mga lungsod na iyong kinatatakutan. ²⁰Bukod dito'y susuguin sa kanila ng PANGINOON mong Diyos ang malaking putakti hanggang sa ang nangaiwan, at nangagtatago ay mamatay sa harap mo. ²¹Huwag kang masisindak sa kanila; sapagka't ang PANGINOON mong Diyos ay nasa gitna mo, dakilang Diyos at kakilakilabot. ²²At itataboy na untiunti ng PANGINOON mong Diyos ang mga bansang yaon sa harap mo: hindi mo malilipol silang paminsan, baka ang mga hayop sa parang ay kumapal sa iyo. ²³Kundi ibibigay sila ng PANGINOON mong Diyos sa harap mo, at pagtataglayin sila ng isang malaking kalituhan hanggang sa sila'y mangalipol. ²⁴At kaniyang ibibigay ang kanilang mga hari sa iyong kamay, at iyong papawiin ang kanilang pangalan sa silong ng langit: walang lalaking makatatayo doon sa harap mo, hanggang sa iyong malipol sila. ²⁵Ang mga larawang inanyuan na kanilang mga diyos ay iyong susunugin sa apoy: huwag mong iimbutin ang pilak o ang ginto na nasa mga yaon, ni huwag mong kukunin para sa iyo, baka sa iyo'y maging silo: sapagka't ito'y isang karumaldumal sa PANGINOON mong Diyos. ²⁶At huwag kang magpapasok ng karumaldumal sa iyong bahay, at baka ikaw ay maging itinalaga na gaya niyaon: iyong lubos na kapopootan at iyong lubos na kasusuklaman, sapagka't itinalagang bagay.

7:17 “Kung iyong sasabihin sa iyong puso” Ito ay isang Hebreong kataga para sa “kung ikaw ang mag-iisip o magdududa” (cf. 21; 9:23; Mga Awit 95:8). Ang buong punto ng talatang ito ay upang magpalakas sa Israel:

1. sa pamamagitan ng mga pagkilos ni YHWH laban sa Ehipto (i.e., ang mga salot), vv. 18-19
2. sa pamamagitan ng ipinangakong pagkilos ni YHWH mga kilos laban sa Canaan (i.e., mga putakti), vv. 20-24

7:18 “iyong aalalahaning mabuti” Ang PANDIWANG ito (BDB 269, KB 269, *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN at *Qal* DI-GANAP) ay kadalasang ginagamit para sa pagbibigay-diin (cf. 5:15; 7:2[na dalawang beses]; 8:18; 9:7,27; 15:15; 16:3,12; 24:9,18,22; 25:17; 32:7). Ang mga mananampalataya kailangang tumingin patalikod upang makita ang kasalukuyang pagkilos ng Diyos. Tulad Niya sa nakalipas, ay gayon din sa hinaharap (“kanilang umiibig sa Kaniya at nag-iingat ng Kanyang mga kautusan). Siy YHWH ay kumilos at kikilos sa kasaysayan alang-alang sa Kanyang bayan!

7:19 Pansinin ang mga salita na naglalarawan sa pagkatubusang mga gawa ni YHWH sa Ehipto:

1. “ang dakilang mga pagsubok” BDB 152 at 650 II, cf. 4:34; 29:3 (ang katulad na salitang-ugat [III] ay ginamit para sa Israel “na sumusubok” kay YHWH sa yugto ng paglalagalag sa ilang, cf. 6:16, 9:22)
2. “ang mga tanda” BDB 16, cf. 4:34; 7:19; 26:8; 29:2; 34:11; Mga Awit 28:43; 105:27; 135:9
3. “ang mga kababalaghan” BDB 68, cf. 4:34; 6:22; 7:19; 26:8; 34:11; Mga Awit 78:43; 105:27; 135:9
4. “ang napakalakas na kamay” BDB 305 at 388, cf. 4:34; 5:15; 6:21; 7:8,19; 9:26; 11:2; 26:8; 34:12, tingnan ang tala sa 4:34
5. “ang nakabukang bisig” BDB 283 at 639 (*Qal* BALINTIYAK PANDIWARI), cf. 4:34; 5:15; 7:19; 9:29; 11:2; 26:8

Naipakita ko sa inyo ang mga pagkakahalintulad sa Deuteronomio. Sila sila ay gayundin sa Exodo. Ang mga pangkatubusang pagkilos ni YHWH ay dakilang pag-asa ng Israel! Sila ay ang katuparan ng pangako kay Abraham (cf. Genesis 15:12-21). Sila ay ang pagpapasinaya ng pambansang kasunduan.

7:20 “susuguin sa kanila ng Diyos ang malaking putakti” Mayroong dalawang maaaring kahulugan para sa “putakti” (BDB 864): (1) ito ay alinmang talinghaga (cf. Deuteronomio 1:44, na naglalarawan ng isang hukbo na tulad sa isang kawan ng bubuyog) o (2) literal (cf. Exodo 23:28; Josue 24:12, na putakti ay ipinadala ng Diyos upang dalunin ang mga dayuhang hukbo. Ipinapakita ng Diyos sa Kanyang bayan na Siya ay lumalaban para sa kanila!

7:21 “Huwag kang masisindak sa kanila” Ang PANDIWANG ito (BDB 791, KB 888, *Qal* DI-GANAP) ay naulit nang maraming beses (cf. 1:29; 7:21; 20:3; 31:6; Josue 1:9).

▣ **“ang PANGINOON mong Diyos ay nasa gitna mo”** Ito ay isang kamangha-manghang katotohanan. Ang mataas na Diyos, ang Banal na Isa, ay nanananahan sa Kanyang bayan (cf. Exodo 29:45; Mga Bilang 5:3; 35:34). Ito ay kung ano ang kahulugan ng *Emmanuel* (cf. Isaias 7:14; 8:8,10).

▣ **“dakilang Diyos at kakilakilabot”** Ang pariralang ito ay binubuo ng:

1. isang PANG-URI - “dakilang” BDB 42
2. isang *Niphal* PANDIWARI - “kakilakilabot” BDB 431, KB 432

Ang paglalarawang ito ni YHWH (na gumagamit ng tangkal na *Niphal*) ay matatagpuan din sa 10:17; Nehemias 1:5; 4:14; 9:32; Daniel 9:4.

7:22 Ang talatang ito ay nagpapakita ng pagtitimbang sa pagitan ng kapangyarihan ni YHWH (i.e., “malinaw na malayo” BDB 675, KB 730, *Qal* GANAP) at mga hangganan ng tao:

1. “hindi mo malilipol silang paminsan”
2. “baka ang mga hayop sa parang ay kumapal sa iyo”

7:23 Ang mga pagkilos ng Diyos ay isinasalarawan bilang:

1. “ang PANGINOON mong Diyos ay magpapidala ng mga putakti laban sa kanila,” v. 20
2. “ang PANGINOON mong Diyos. . . ipapatapon sila sa dakilang pagkalito, v. 23 (PANGNGALAN at PANDIWA mula katulad na salitang-ugat), v. 23, cf. Exodo 23:27 (ito ay ang talasalitaan ng banal na pakikidigma)
3. “At kaniyang ibibigay ang kanilang mga hari sa iyong kamay,” v. 24

7:24 “walang lalaking makatatayo doon sa harap mo” Ito ay isang Hebreong kataga para sa panghukbong paghaharap (i.e., dalawang hukbo, cf. 11:25; Josue 1:5; 10:8; 23:9).

▣ **“iyong papawiin ang kanilang pangalan sa silong ng langit”** Ang PANDIWA (BDB 1, KB 2, *Hiphil* GANAP) ay ginamit dito sa isang kataga ng lubos at buong pagkawasak at kamatayan upang wala nang mga supling (i.e., banal na pakikidigma).

7:25-26 Ang mga talatang ito ay naglalarawan kung papaano makikitunog sa mga Diyus-diyosa ng Cananeo (i.e., “inukit na mga larawan” (BDB 820 NA KAYARIAN 43; tingnan ang mas buong tala sa 12:3):

1. “tupukin ng apoy” - BDB 976, KB 1358, *Qal* DI-GANAP, cf. vv. 5,25; 12:3
2. “huwag mag-imbong ng pilak o ginto”
 - a. Huwag niyo silang dalhin sa inyong tahanan, vv. 25,26
 - b. Upang hindi kayo masilo (BDB 430) sa pamamagitan ng ito
 - c. ito ay isang karumaldumal (BDB 1072, cf. 12:3)
 - d. ito ay nasa ilalim ng pagbabawal (i.e., “isang isinumpang bagay,” BDB 214)
 - e. lubos mo itong kapootan (BDB 1055, kapwa PANDIWA at PANGNGALAN), kasuklaman (BDB 1073)

7:26 “karumaldumal” Ang kaugnay na salitang ito na *herem*, na nangangahulugang “itinalaga sa Diyos para sa lubusang pagkawasak.” Ito ay karaniwang isinasalin “sa ilalim ng bagbabawal.” Anumang sekular na paggamit ng isang bagay sa ilalim ng pagbabawal ay kawalang galang nito, samakatuwid, ito ay kailangang lubusang wasakin.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit kinuha ng Diyos ang lupain ng isang bansa at ipagkakaloob ito sa ibang bansa?
2. Sinasabi ba ng Bibliya na, “Bawal!” sa pag-aasawa ng ibang lahi?
3. Ano ang kahulugan na pinili ng Diyos ang Israel bilang isang natatanging bayan?

DEUTERONOMIO 8

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|
| Alalahanin ang PANGINOON Ninyong Diyos | Ang Tukso sa Pagmamataas at Pangsariling Kasapatan | Isang Mabuting Lupain na Tataglayin | Mahigpit na Pagsubok sa Disyerto |
| 8:1-10 | 8:1-10 | 8:1-10 | 8:1-4 8:5-6 Ang Ipinangakong Lupain at Kanyang mga Tukso |
| 8:11-20 | 8:11-20 | Babala Laban sa Pagkalimot sa PANGINOON 8:11-20 | 8:7-10 8:11-16 8:17-20 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:1-10

¹Ang lahat ng utos na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito ay inyong isasagawa, upang kayo'y mangabuhay at dumami, at inyong mapasok at ariin ang lupain na isinumpa *na ibinigay* ng PANGINOON sa inyong mga magulang. ²At iyong aalalahanin ang buong paraan na ipinatnubay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos nitong apat na pung taon sa ilang, upang kaniyang mapangumbaba ka, at subukin ka, na maalaman kung ano ang nasa iyong puso, kung iyong gaganapin ang kaniyang mga utos o hindi. ³At ikaw ay pinapangumbaba niya, at pinapagdamdandam ka niya ng gutom, at pinakain ka niya ng mana, na hindi mo nakilala, ni nakilala ng iyong mga magulang; upang kaniyang maipakilala sa iyo na hindi lamang sa

tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawa't bagay na nagmumula sa bibig ng PANGINOON. ⁴Ang iyong suot ay hindi naluma sa iyo, ni hindi namaga ang iyong paa nitong apat na pung taon. ⁵At iyong pagmunimuniin sa iyong puso, na kung paanong pinarurusahan ng tao ang kaniyang anak, ay gayon pinarurusahan ka ng PANGINOON mong Diyos. ⁶At iyong tutuparin ang mga utos ng PANGINOON mong Diyos, na lumakad ka sa kaniyang mga daan, at matakot ka sa kaniya. ⁷Sapagka't dinala ka ng PANGINOON mong Diyos sa isang mabuting lupain, na lupain ng mga batis ng tubig, ng mga bukal at ng mga kalaliman, na bumubukal sa mga libis at mga bundok. ⁸Lupain ng trigo at ng sebada at ng puno ng ubas at ng mga puno ng igos, at ng mga granada; lupain ng mga puno ng olibo at ng pulot: ⁹Lupain na kakainan mo ng tinapay na di kapos, na walang magkukulang sa iyo roon; lupain na ang mga bato ay bakal, at ang kaniyang mga burol ay makukunan mo ng tanso. ¹⁰At kakain ka, at mabubusog ka, at iyong pupurihin ang PANGINOON mong Diyos dahil sa mabuting lupain na kaniyang ibinigay sa iyo.

8:1 “Ang lahat ng utos na aking iniutos sa iyo sa araw na ito” Pansinin ang PANGINGALAN (BDB 846, tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1) at PANDIWA (BDB 845, KB 1010, *Piel* PANDIWARI) ay MAGKAUGNAY (mula ang katulad na salitang-ugat).

▣ **“ay inyong isasagawa”** Ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP, tingnan ang tala sa 6:12) ay kadalasang ginagamit sa Deuteronomio (cf. *Qal*, 4:2,6,9,40; 5:1,10,12,29,32; 6:2,3,17[na dalawang beses],25; 7:8,9,11,12[na dalawang beses]; 8:1,2,6,11; 10:13; 11:1,8,22[na dalawang beses],32; *Niphal* 2:4; 4:9,15,23; 6:12; 8:11; 11:16). Ang talatang ito ay nagpapakita na ang pag-ibig sa kasunduan pakikipag-ugnayan at pagsunod ay paraan ng Diyos ng pagpapala sa sangkatauhan at pagtupad ng Kanyang mga pangako (cf. vv. 2,6,16, 18; 4:1).

▣ **“ariin ang lupain”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ARIIN ANG LUPAIN

Ang PANDIWANG ito (BDB 439, KB 441, *Qal* GANAP) ay ginamit nang paulit-ulit na nauukol sa:

1. Pangako/panunumpa ni YHWH sa ang mga Patriyarka (cf. 1:8; 10:11)
2. Ang pagkilos ng Israel sa mga pangako at pagsakop sa lupain (cf. 2:24; 3:18-20)
3. Ito ay natutulad sa “mana” (3:28)
4. Kailangang sundin ng Israel ang kasunduan upang mapanatili ang pagtataglay ng lupain (cf. 4:1,5,14; 6:1; 8:1; 11:8- 9,26-32)

8:2 “aalalahanin” Ang PANDIWANG ito (BDB 269, KB 269, *Qal* GANAP, cf. 5:15; 7:18[na dalawang beses]; 8:2,18; 9:7,27; 15:15; 16:3,12; 24:9,18,22; 25:17; 32:7), “tandaan,” ay ginamit sa dalawang mga paraan sa OT. Ito ay ang pangangailangan ng sangkatauhan sa kasunduan na alalahanin ang mga pagkilos ng Diyos at Kanyang mga kautusan. Ito ay isang Hebreong kataga, “panatilihin ang pagiging-una ng Diyos.” Ito ay hiling ng sangkatauhan na huwag alalahanin ng Diyos ang ating mga kasalanan.

▣ **“sa ilang”** Ang Israel (i.e., ang kanyang mga rabbi) ay nagbalik-tanaw sa yugto ng paglalagalag sa ilang bilang “pulot-gata” sa pagitan ng YHWH at Israel. Ang Diyos ay hindi kailanman naging mas malapit sa Kanyang bayan nang mas higt sa panahon ng pagsubok dahil sila ay umasa sa Kaniya para sa lahat ng bagay. Ngayon, sila ay magkakaroon ng kasaganahan at mga pagpapala sa Ipinangakong Lupain. Ang Diyos ay nagpaalala sa kanila na magpatuloy na magtiwala sa Kaniya dahil Siya ang pinanggalingan ng lahat ng mga bagay (cf. v. 18).

▣ **“apat na pung taon”** Ang bilang na ito ay kadalasang ginamit sa isang matalinghang paraan upang italaga ang isang mahabang yugto ng panahon, mahaba kaysa pag-ikot ng buwan (i.e., 28 mga araw).

Gayunman, sa ibang pagkakataon ito ay literal. Ito ay kadalasang mahirap na malaman kung ano ang pipilin kung walng ibang pang-kasaysayan o Biblikal na kaalaman. Ang yugto ng paglalagalag sa ilang ay tumagal nang humigit-kumulang 38 taon.

▣ **“upang kaniyang mapangumbaba ka, at subukin ka”** Pansinin ang pagkakasunod-sunod:

1. PANG-UKOL, “upang” (BDB 775)
2. tatlong *Piel* MGA PAWATAS NA PAGKAKAYARI:
 - a. “magpakumbaba” (BDB 776, KB 853, cf. vv. 2,3,16)
 - b. “subukin” (BDB 650, KB 702, cf. v. 16)
 - c. “maunawaan” (BDB 393, KB 390, cf. vv. 2[na dalawang beses],3,[tatlong beses],5,16)

Sinusubukan tayo (BDB 650, KB 702, *Piel* PAWATAS NA PAGKAKAYARI, v. 16; 13:3; Mga Hukom 2:22; 3:1,4) ng Diyos na may isang pananaw na pagpapalakas sa ating pananampalataya (e.g., Genesis 22:1; Exodo 15:25; 16:4; 20:20; Deuteronomio 8:2,16; 13:3; Mga Hukom 2:22; II Cronica 32:31 at Mateo 4:1; Hebreo 12:5-13). Kung tayo ay isang anak ng Diyos, tayo ay susubukin! Tayo ay karaniwang sinusubok sa bahagi ng ating buhay na siyan una sa atin. Ang pagsubok ay nangangahulugang gagawin tayong mas tulad ni Kristo.

Ang salita “mapagpakumbaba” (BDB 776, KB 853, *Piel* PAWATAS NA PAGKAKAYARI) ay ginamit sa vv. 2,3,16. Ang OT lamang ang tumatawag kay Moises na mapagpakumbaba (cf. Mga Bilang 12:3; at maraming beses sa Mga Awit) at ang NT ay tumatawag kay Hesus na mapagpakumbaba (cf. Mateo 11:29). Ninanais ng Diyos ang isang mapagpakumbaba at nagtitiwalang saloobin ng Kanyang bayan (e.g., 10:3; Ezra 8:21).

Ang salitang “puso” ay ginamit nang matalinghaga sa ating mga motibo (cf. v. 2,5,14, at 17). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:30.

8:3 “mana” Ang (BDB 577 I, ang bayan aytinatawag itong “mana” [Exodo 16:31] mula sa tanong sa Exodo 16:4, “Ano ito?” Tinawag ito ni Moises na “tinapay mula sa langit,” Exodo 16:4) ay ang natatanging nanustos ng Diyos ngpagkainang sa yugto ng paglalagalag sa ilang. Ito ay inilalarawan sa Exodo 16:4, 14-15; 31; Mga Bilang 11:7-8, ngunit kanyang tiyak na sangkap ay di-kilala sa atin (BDB nagsabing ito ay kilala sa Bedouins sa Sinai at ito tiyakang isang katas na mula sa isang kilalang tangkay, ngunit hindi ito umaakma sa biblikal paglalarawan). Ang Diyos ang nagkakaloob ng kung anong kailangan nila araw-araw, hindi para sa isang mahabang yugto ng panahon upang ang bayan ay matututong magtiwala sa Kaniya para sa kanilang pang-araw-araw na mga pangangailangan. Ginawa niya rin ito para sa bagong kasunduan mga mananampalataya (cf. Mateo 6:11).

▣ **“nakilala”** Ang (BDB 393, KB 390) salitang-ugat na ito ay ginamit nag tatlo beses sa talatang ito (tingnan ang buong tala sa 4:35):

1. “na hindi mo nakilala” - *Qal* GANAP
2. “ni nakilala ng iyong mga magulangw” - *Qal* GANAP
3. “upang kaniyang maipakilala sa iyo” - *Hiphil* PAWATAS NA PAGKAKAYARI

Also notice ibang mga pangalan in this kabanata:

- v. 2 “malaman” - *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI
- v. 5 “pagmunimunihan” - *Qal* GANAP
- v. 16 pag-ulit ng #2

▣ **“hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao”** Ito ay isa sa mga talatang sinipin ni Hesus kay Satanas sa Kanyang panunuksong karanasan (cf. Mateo 4:14; Lucas 4:4). Ang tao ay nangangailangan ng isang personal, mapagkakatiwalaang pakikipag-ugnayan sa Diyos na hingit sa anu pa mang bagay (e.g., Mga Awit 42:1-4; 63:1; 143:6, sinabi ni Augustino dito ay isang butas na hinugis ng Diyos sa bawat tao)! Ang pisikal ay hindi sapat para sa kapani-paniwalang buhay (i.e., “sa pamamagitan ng bawat bagay na nagmumula sa bibig ng PANGINOON”).

8:4 “Ang iyong suot ay hindi naluma sa iyo” Kapwa sina Rashi (pang-Hudyong tagapagpaliwanag ng Gitnang Panahon) at Justin Martyr (ama ng sinaunang iglesia) ay ipinahayag na ang kasuotan ng mga anak ay lumalaki habang sila ay lumalaki at hindi kailanman nasira (cf. Deuteronomio 29:5 ay idinagdag na gayundin ang kanilang mga pangyapak. Nehemias 9:21)! Anong napakagandang pagpapahayag ng pagkalinga ng Diyos para sa bawat pangangailangan.

▣ **“ni hindi namaga ang iyong paa”** Ito ay isang di-karaniwang Hebreong PANDIWA (BDB 130, KB 148, *Qal* GANAP, cf. Nehemias 9:21) na nangangahulugang “pamamaga.” Ang katulad na salitang-ugat bilang isang PANGNGALAN ay tumutukoy sa sa pag-alsa ng tinapay. Ipinapahayag nito na ang kanilang pisikal na mga katawang ay pinapalakas din upang matagalan ang mahabang, mahirap na paglalakbay.

8:5 “kung paanong pinarurusahan ng tao ang kaniyang anak, ay gayon pinarurusahan ka ng Diyos” Dito ay ang tiyak na paghahalintulad kay YHWH bilang isang mapagmahal na ama (cf. Kawikaan 3:15). Dinidisciplina Niya tayo para sa ating kabutihan (Hebreo 12:5-13). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:15. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANG PAGIGING AMA NG DIYOS

I. Lumang Tipan

A. Mayroong isang pangkaunawa na ang Diyos ay ama sa pamamagitan ng paglilikha.

1. Genesis 1:26-27
2. Malakias 2:10
3. Gawa 17:28

B. Ang ama ay ginamit na pagkakatulad sa maraming pagkakaunawa.

1. Ama ng Israel (sa pagpili)
 - a. “Anak” – Exodo 4:22; Deuteronomio 14:1; 39:5; Isaias 1:2; 63:16; 64:8; Jeremias 3:19; 31:20; Osea 1:10; 11:1; Malakias 1:6
 - b. “unang-anak” – Exodo 4:22; Jeremias 31:9
2. Ama ng hari ng Israel (pang-Mesias)
 - a. II Samuel 7:11-16
 - b. Awit 2:7; Gawa 13:33; Hebreo 1:5; 5:5
 - c. Osea 11:1; Mateo 2:15
3. Pagkakatulad sa mapagmahal na magulang
 - a. ama (talinghaga)
 - (1) tangan ang kanyang anak na lalaki – Deuteronomio 1:31
 - (2) nagsasaway – Deuteronomio 8:5; Kawikaan 3:12
 - (3) nagtutustos (i.e., Exodus) – Deuteronomio 32:1
 - (4) hindi kailanman nagpapabaya – Awit 27:10
 - (5) umiibig – Awit 103:13
 - (6) kaibigan/gabay – Jeremias 3:4
 - (7) nagpapagaling/nagpapatawad – Jeremias 3:22
 - (8) nagbibigay-awa – Jeremias 31:20
 - (9) tagapagsanay – Osea 11:1-4
 - (10) natatanging anak – Malakias 3:17
 - b. ina (talinghaga)
 - (1) hindi kailanman nagpapabaya – Awit 27:10
 - (2) pag-ibig ng isang nagpapasusong ina – Isaias 49:15; 66:9-13 at Osea 11:4 (na may panukalang pag-aayos ng teksto mula sa “pamatok” to “sanggol”)

II. Bagong Tipan

- A. Ang Trinidad (mga talata na nabangging ang lahat ng tatlong persona)
 1. mga Ebanghelyo
 - a. Mateo 3:16-17; 28:19
 - b. Juan 14:26
 2. Pablo
 - a. Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
 - b. I Corinto 2:8-10; 12:4-6
 - c. II Corinto 1:21; 13:14
 - d. Galacia 4:4-6
 - e. Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-
 - f. I Thesalonica 1:2-5
 - g. II Thesalonica 2:13
 - h. Tito 3:4-6
 3. Pedro – I Pedro 1:2
 4. Judas – vv. 20-21
- B. Hesus
 1. Si Hesus bilang “bugtong na anak” – Juan 1:18; 3:16,18; I Juan 4:9
 2. Si Hesus bilang “Anak ng Diyos” – Mateo 4:3; 14:33; 16:16; Lucas 1:32,35; Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
 3. Si Hesus bilang Iniibig na Anak – Mateo 3:17; 17:5
 4. Ang paggamit ni Hesus ng *abba* para Diyos – Marcos 14:36
 5. Ang paggamit ni Hesus ng MGA PANGHALIP upang ipakita ang kapwa ang pakikipag-ugnayan Niya at natin sa Diyos
 - a. “Aking Ama,” e.g., Juan 5:18; 10:30,33; 19:7; 20:17
 - b. “inyong Ama,” e.g., Mateo 17:24-27
 - c. “ating Ama,” e.g., Mateo 6:9,14,26
- C. Isa sa maraming talinghaga sa pamilya na naglalarawan ng malapit na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Diyos sa sangkatauhan:
 1. Ang Diyos bilang Ama
 2. Ang mga mananampalataya bilang
 - a. Mga anak ng Diyos
 - b. Mga anak
 - c. Ipinanganak ng Diyos
 - d. Ipinanganak muli
 - e. Inampon
 - f. Isinilang
 - g. Pamilya ng Diyos

8:6 “na lumakad ka sa kaniyang mga daan” Ito ay isang pangkaraniwan biblikal na talinghaga para sa pamumuhay (e.g., 5:33; 8:6; 10:12; 11:22; 19:9; 26:17; 28:9; 30:16). Ang nais ng Diyos sa atin ay mamauhya para sa Kaniya bawat araw. Ang biblikal na pananampalataya ay hindi isang kredo (utos), o isang pangsakramentong pagkilos, o isang araling isasaulo o isang sistematikong teolohiya, ngunit isang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa Diyos.

▣ **“matakot ka sa kaniya”** Ang *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI ay kahalintulad ng “lumakad.” Ito ay konsepto ng kasindak-sindak at paggalang (cf. 4:10; 5:29; 6:2,13,24; 7:19; 8:6; 10:12,20; 13:4; 14:23; 17:19; 31:12-13).

8:7-10 Ito ay isang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng tubig sa isang pang-agrikulturang lipunan at ang pagiging mabunga ng lupa ng Ipinangakong Lupain. Sa sinaunang mga kasulatan ng Mesopotamia, ang

Palestino ay kilala bilang “ang lupain binubukalan ng gatas at pulot” (cf. Exodo 3:8,17; 13:5; 33:3; Deuteronomio 6:3; 11:9; 26:9; 27:3; 31:20). Ito rin ay mayroong napakalaking deposito ng mineral, v. 9. Ang mga pagpapala ng Diyos sa Israel ay nangangahulugan ng paggawa ng mapagpasalamat napagtugon (cf. v.10). Ninanais ng Diyos na malugod ang Kanyang nilikha ngunit tatandaang Siya ang nagbibigay sa atin nito.

8:10 Ang una bahagi ng talatang ito ay ang pinanggalingan ng rabinikong kautusan na manalangin pagkatapos na kumain ng sinuman. Ang uring ito na di-kontekstuwal na literalismo, kahit na may kabanala, ay walang kinalaman sa “layunin ng may-akda”!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 8:11-20

¹¹Magingat ka na baka iyong malimutan ang PANGINOON mong Diyos, sa hindi mo pagtupad ng kaniyang mga utos, at ng kaniyang mga kahatulan, at ng kaniyang mga palatuntunan, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito: ¹²Baka pagka ikaw ay nakakain at nabusog, at nakapagtayo ng mabubuting bahay, at iyong natahanan sila; ¹³At pagka ang iyong mga bakahan at ang iyong mga kawan ay dumami at ang iyong pilak at ang iyong ginto ay dumami at ang lahat ng tinatangkilik mo ay dumami; ¹⁴Ay magmataas ang iyong puso, at iyong malimutan ang PANGINOON mong Diyos, na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin; ¹⁵Na siyang pumatnubay sa iyo sa malaki at kakilakilabot na ilang na *kanyang kasamang* tinatahanan ng mga makamandag na ahas at mga alakdan, at uhaw na lupa, na walang tubig; na siyang naglabas sa iyo ng tubig mula sa batong pingkian; ¹⁶Na siyang nagpakain sa iyo ng mana sa ilang, na hindi nakilala ng iyong mga magulang; upang kaniyang mapangumbaba ka, at kaniyang subukin ka, na pabutihin ka sa iyong wakas: ¹⁷At baka iyong sabihin sa iyong puso, Ang aking kapangyarihan at ang lakas ng aking kamay ang siyang nagbigay sa akin ng kayamanang ito. ¹⁸Kundi iyong aalalahanin ang PANGINOON mong Diyos, sapagka't siya ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihan upang magkaroon ka ng kayamanan; upang kaniyang papagtibayin ang kaniyang kasunduan na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, gaya nga sa araw na ito. ¹⁹At mangyayari, na kung iyong kalilimutan ang PANGINOON mong Diyos, at ikaw ay susunod sa ibang mga diyos, at iyong paglilingkuran sila, at iyong sasambahin sila ay aking pinatotohanan laban sa inyo sa araw na ito, na kayo'y tunay na malilipol. ²⁰Kung paano ang bansang nililipol ng PANGINOON sa harap ninyo, ay gayon kayo malilipol; sapagka't hindi ninyo dininig ang tinig ng PANGINOON ninyong Diyos.

8:11 “Mag-ingat” Ang PANDIWANG ito (BDB 1036, KB 1581, *Niphal* PAUTOS, cf. 5:12; ;8:6; 11:8; 16:1) ay isinalina “ingatan,” “ganapin,” “maingat na gawin” (tingnan ang tala sa 6:12). Ito ay isang panawagan ng pagsunod.

■ **“malimutan”** Ang PANDIWANG ito (BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP, cf. 4:9,23,31; 6:12; 8:11,14,19[na dalawang beses]; 9:7; 25:19) ay ang kasalungat of “tandaan” (cf. 5:15; 7:18; 8:2,18; 9:7,27; 15:15; 16:3,12; 24:9,18; 25:17; 32:7). Ito ay ang pagkahilig ng nalulugod, nalugmok na tao, kahit na tao ng relihiyo. Kapag nalilimutan natin ang pagpapala ng Diyos, nalililang natin ang ating mga sarili sa pag-iisip na tayo ang gumawa nito sa ating mga sarilin sa pamamagitan ng ng ating sariling mga pinagkukunan! Ang Tagapagbigay ay kailangang may pagkauna, hindi ang kaloob (cf. Mga Awit 103:20)!

■ **“ang PANGINOON mong Diyos”** Pansining sila na kailangang maalala ang Diyos at ang wastong paraan ng paggawa ay pagsunod (cf. Lucas 6:46). Para sa ang mga pangalan ng pagka-Diyos, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1.3.

■ **“kaniyang mga utos, at ng kaniyang mga kahatulan, at ng kaniyang mga palatuntunan”**

Tingnan ang Natatanging Paksa: Terms para sa Diyos's Pahayag at 4:1.

8:13 “dumami” This PANDIWA (BDB 915, KB 1176, *Qal* DI-GANAP) ay naulit nang tatlong beses upang ipakita ang magkakaibang mga kaurian ng mga pagpapala ng Diyos.

8:15 “mga makamandag na ahas” Ito ay di-tiyak kung sila (PANG-URI, BDB 977 I at PANGNGALAN BDB 638) ay may ganitong pangalan dahil sa kanilang mga kulay (mula sa PANDIWA) o ang sakit (mula sa lason) ng kanilang pagkagat (cf. Mga Bilang 21).

▣ **“na siyang naglabas sa iyo ng tubig mula sa batong pingkian”** Ang pangyayaring ito ay nakatala sa Exodo 17:6 at muli sa Mga Bilang 20;11. Si Pablo, sa I Corinto 10:4, ay nagsabing ang batong ito ay isang sagisag ng pang-Mesiyas na pagtustos ng Diyos.

8:16 Samakatuwid, si YHWH ay sumusubok upang magpala (e.g., si Abraham sa Genesis 22; ang Israel sa Exodo 20:20; mana sa Exodo 16:4). Ang pagsubok (BDB 650, KB 702) gayunman ay nagiging isang panalangin sa Mga Awit 26:2 at sa ibang mga salita, ngunit katulad na kaisipan, sa Mga Awit 139:1,23.

8:17 “Ang aking kapangyarihan at ang lakas ng aking kamay ang siyang nagbigay sa akin ng kayamanang ito” Mag-ingat sa sariling kasapatan at kayabangan (cf. v. 18; Santiago 4:13-17). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Biyayang Gawa ni YHWH sa Israel sa 9:4-6.

8:18 “iyong aalalahanin” Tingnan ang tala sa 7:18.

▣ **“kaniyang kasunduan na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang”** Ang Pagsakop ay ang kahahantungan ng pangkatubusang plano ni YHWH kung ibabalik sa Genesis 3:15; 12:1-3; 26:24; 28:13-15. Ang pariralang ito ay naging isa naulit na paninindigan sa Deuteronomio (cf. 1:8; 6:10; 8:18; 9:5,27; 29:13; 30:20; 34:4).

Ang PANDIWA (BDB 989, KB 1396) ay isang *Niphal* GANAP, na sa kasunduang mga pangako ay maaaring BALINTIYAK o PASARILI (e.g., Genesis 12:3).

8:19 Ang mga bunga ng pagsuway ay kasing payak ng bunga ng pagsunod! Pansinin ang MGA PANDIWA “susunod” (BDB 229, KB 246, *Qal* GANAP), “maglilingkod” (BDB 712, KB 773, *Qal* GANAP), at “pagsamba” (BDB 1005, KB 295, *Hishtpaphel* GANAP) ay magkahalintulad.

▣
NASB “kung iyong kalilimutan ang PANGINOON”
NKJV “kung sa anumang dahilan ay nakalimutan ang ang PANGINOON”
NRSV “kung nakalimutan mo ang PANGINOON”
TEV “Huwag mong kalilimutan ang PANGINOON”
NJB “Tiyakin, kung makalimutan mo si Yahweh”

Ang kayarian ay ang PANDIWANG “kalimutan” (BDB 1013, KB 1485) na naulit, isang PAWATAS NA LUBUSAN na sinusundan ng isang *Qal* DI-GANAP. Ang kayariang ito ay isang Hebraic na paraan ng pagbibigay-diin. Ang katulad na anyong ito ay makikita sa “malipol” sa v. 19.

8:20 “gayon kayo malipol” Pansinin na sa vv. 19 at 20 ang PANDIWNAG “nalipol” (BDB 1, KB 2) ay ginamit nang apat na beses (PAWATAS NA LUBUSAN sa v. 19; *Qal* DI-GANAP na dalawang beses sa vv. 19 at 20, at isang *Hiphil* PANDIWARI sa v. 20). Ito ay isang pangkaraniwan salita ng pagbababala sa Deuteronomio. Ito ay ginamit sa maraming mga paraan:

1. Lilipulin ng Diyos ang mga Israelita kung kung sila ay susuway sa Kanyang kasunduan - 4:26 (na dalawang beses); 8:19,20; 9:3; 11:17; 28:20,22,51,63; 30:18 (na dalawang beses).

2. Inutusan ng Diyos ang Israel na lubusang lipulin ang mga Cananeo - 7:24; 8:20; 12:2,3.
3. Lilipulin ng Diyos silang napopoot sa Kaniya - 7:10.
4. Lilipulin ng Diyos ang Hukbo ng Ehipto - 11:4

Ang Israel ay mailalagay sa ilalim ng mga kahihinatnan ng “banal na pakikidigma” kung sila ay susuway sa kasunduan (Deuteronomio 27-29)! Ang Diyos ay walang pagpipitagan sa mga tao !

May mga malubhang kahihinaynan ang pagsuway gayundin ang dakilang mga pakinabang para sa pagsunod. Ang tanging karapatan ay nagbubunga ng pananagutan! “sa sinomang pinagkatiwalaan ng marami ay lalo nang marami ang hihingin sa kaniya” (cf. Lucas 12:48)!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang mga mapagbiyayang himala ng Diyos na kanyang ginawa para sa Kanyang bayan sa ilang na nakatala sa kabanata 8.
2. Sinusubok ba ng Diyos ang Kanyang mga tao? Bakit?
3. Bakit ang pagpapakumbaba ay binigyang-diin nang maraming beses sa kabanatang ito?

DEUTERONOMIO 9

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|-------------------------|--|
| Pagbabalik-tanaw sa Paghihimagsik ng Israel | Ang Tukso ng Sariling Katuwiran (9:1-10:11) | Ang Pagsuway ng mga Tao | Si Yahweh, hindi ang Israel, ang Nagkamit ng Tagumpay |
| 9:1-12 | 9:1-3 | 9:1-3 | 9:1-6 |
| | 9:4-5 | 9:4-6 | |
| | 9:6-7 | | Ang Pag-uugali ng Israel sa Horeb; si Moises ay Namagitan |
| | | 9:7-11 | 9:7-14 |
| | 9:8-14 | | |
| | | 9:12 | |
| 9:13-24 | | 9:13-14 | |
| | 9:15-21 | 9:15-21 | 9:15-21 |
| | | | Ang Israel ay Muling Nagkasala. Isang Panalangin ni Moises |
| | 9:22-24 | 9:22-24 | 9:22-24 |
| 9:25-29 | 9:25-29 | 9:25-29 | 9:25-29 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi) *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:1-6

¹Dinggin mo, Oh Israel, ikaw ay tatawid sa Jordan sa araw na ito, upang iyong pasukin na

ariin ang mga bansang lalong dakila at lalong makapangyarihan kay sa iyo, na mga bayang malaki at nakukutaan hanggang sa himpapawid, ²Isang bayang malaki at mataas ng mga anak ng Anaceo, na iyong nakikilala, at tungkol sa kanila ay narinig mo *itong sinasabi*, Sinong makatatayo sa harap ng mga anak ni Anac? ³Talastasin mo nga sa araw na ito, na ang PANGINOON mong Diyos ay siyang mangunguna sa iyo na parang mamumugnaw na apoy; kaniyang lilipulin sila, at kaniyang payuyukurin sila sa harap mo; sa gayo'y iyong mapalalayas sila, at iyong malilipol silang madali, na gaya ng sinalita sa iyo ng PANGINOON. ⁴Huwag kang magsasalita sa iyong puso, pagkatapos na mapalayas sila ng PANGINOON mong Diyos sa harap mo, na iyong sasabihin, Dahil sa aking katuwiran ay ipinasok ako ng PANGINOON upang ariin ang lupaing ito; na dahil sa kasamaan ng mga bansang ito ay pinalalayas ng PANGINOON sila sa harap mo. ⁵Hindi dahil sa iyong katuwiran o dahil sa pagtatapat ng iyong loob ay iyong pinapasok upang ariin ang kanilang lupain: kundi *ito ay* dahil sa kasamaan ng mga bansang ito ay pinalalayas sila ng Panginoong Diyos sa harap mo, at upang kaniyang papagtibayin ang salita na isinumpa ng PANGINOON sa iyong mga magulang kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob. ⁶Talastasin mo nga na hindi ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos ang mabuting lupaing ito upang ariin ng dahil sa iyong katuwiran; sapagka't ikaw ay isang bayang matigas ang ulo.

9:1 “Dinggin” Ito ay ang Hebreong salita na *shema* (BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS, cf. 4:1; 5:1; 6:3,4; 9:1; 20:3; 27:9), na nangangahulugang “pakinggan at pagkatapos ay gawin.” Tingnan ang tala sa 4:1.

▣ **“Oh Israel”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:1.

▣ **“lalong makapangyarihan kay sa iyo, na mga bayang malaki”** Ito ay isang naulit na paksa (tingnan ang tala sa 1:28). Ang teolohikong punto (i.e., ang makapangyarihang pagpili ni YHWH at Kanyang pangako sa mga Patriyarka) ay sa 7:6-9. Siya makapagkakatiwalaan at makatotohan. Ang kanyang katangian ay napalaki sa katigasan ng ulo at kasutilan ng Israel (cf. vv. 6,7,13,24,27; 10:16; 31:27).

9:2 “ang Anaceo. . .mga anak ni Anac” Sa Etimolohiya, ang salita ay nangangahulugang “mahabang leeg” at samakatuwid, tumutukoy sa mga dambuhala. Sa Deuteronomio 2:10-11 sila ay nauugnay sa mga *Rephaim* at sa Mga Bilang 13:33 sila ay nauugnay sa mga *Nephilim*. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:28.

▣ **“nakikilala”** Tingnan ang buong tala sa 4:35.

9:3 “Talastasin” Ang PANDIWANG ito (BDB 393, KB 390, *Qal* GANAP) ay madalas na ginagamit at sa maraming kaunawaan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:35.

▣ **“mamumugnaw na apoy”** Ito ay BDB 77 na dinagdagan ng BDB 37. Ang talinghagang ito ay naglalarawan ng kahatulan ng Diyos sa bayan ng lupain dahil sa kanilang kasamaan (cf. v.4-5; Gen 15:16). Tingnan ang tala sa 4:24. Para sa isang mabuting maikling pagtalakay ng paglalarawan na ginamit upang ilarawan ang Diyos, tingnan ang *The Dictionary of The Biblical Imagery*, pp.332-336.

▣ **“kaniyang lilipulin sila, at kaniyang payuyukurin sila sa harap mo”** Ang dalawang MGA PANDIWA ng pagsakop ay kahalintulad at tumutukoy sa mga pagkilos ni YHWH’s para sa Israel:

1. “lipulin” - BDB 1029, KB 1552, *Hiphil* DI-GANAP
2. “payukurin” - BDB 488, KB 484, *Hiphil* DI-GANAP

Tandaan din ang Israel ay kailangang kumilos sa pananampalataya at lumusob:

1. “iyong mapalalayas sila” - BDB 439, KB 441, *Hiphil* GANAP
2. “malilipol silang madali” - BDB 1, KB 2, *Hiphil* GANAP na may PANG-ABAY (BDB 555 II)

Pansinin ang teolohiko at pangkasunduang pagtitimbang sa pagitan ng ipinangakong pagkilos ng makapangyarihang si YHWH at ang pinag-uugtos na matapat pagtugon ng hukbo ng Israel at mga pinuno. Kapwa ay napakahalaga!

Ito rin ay maitatala na si YHWH ang nagsakatuparan ng Kanyang pagkilos, ngunit ang Israel ay hindi natapos ang gawain na lubusang tanggalin ang mga katutubong naninirahan (cf. Mga Hukom 1-2). Ang Israel ay kumilos ng nang mabilis (cf. 7:22), ngunit hindi niya ginawa!

9:4-6 “Huwag kang magsasalita sa iyong puso, pagkatapos na mapalayas sila ng PANGINOON mong Diyos sa harap mo, na iyong sasabihin, Dahil sa aking katuwiran” Itoay katulad ng 8:11-20.

Ipinapakita muli ng Diyos sa bayan na Siya ang kumikilos, hindi dahil silaay mabuti, ngunit dahil sa (1) kasamaan ng bayan sa lupain (cf. Genesis 15:12-21; Levitico 18:24-25; 20:13-14) at (2) Kanyang pangako sa kanilang mga Patriyarka pasimula ng Genesis 12:1-3. Nais Niyang maalala nila na siya ang lubusang may kapangyarihan.

Ang panimulang PANDIWANG “magsalita” (BDB 55, KB 65) ay isang *Qal* DI-GANAP, ginamit sa isang JUSSIVE na kaunawaan. Ang nalugmok na puso ng sangkatauhan ay patuloy na umiiral at mapanganib sa espirituwal.

Ang pangalawa PANDIWANG “mapalayas” (BDB 213, KB 239, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI) ay nagpapakita ng aktibong kinalaman ni YHWH sa Pagsakop (cf. 6:19; Josue 23:5).

NATATANGING PAKSA: ANG MGA MAPAGBIYAYAN PAGKILOS NI YHWH SA ISRAEL

Ito kailangang maliwanag na maihayag na ang Exodo, ang Paglalagalag sa Ilang, at ang Pagsakop ay mga magpagbiyayang pagkilos sa bahagi ni YHWH, hindi nararapat na gantimpala na angkop sa pagkilos ng Israel

1. Ito ay pag-ibig ni YHWH para sa “mga ama” - Deuteronomio 4:37-38; 7:8; 10:15
2. Ito ay hindi sa bilang ng Israel - Deuteronomio 7:7
3. Ito ay hindi sa lakas at kapangyarihan ng Israel - Deuteronomio 8:17
4. Ito ay hindi sa katuwiran o pagkamatapat ng Israel - Deuteronomio 9:5-6
5. Si YHWH ang nagpapatuloy na umibig sa Israel kahit na sa gitna ng kahatulan - Jeremias 31:3

9:5 “Hindi dahil sa iyong katuwiran o dahil sa pagtatapat ng iyong loob” Ang dalawang MGA PANGNGALAN ay kahalintulad sa kontekstong ito:

1. “katuwiran” - BDB 842, cf. 6:25; 9:4,5,6; 24:13; 33:21, tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:16
2. “pagkamatapat” - BDB 449, ay nangangahulugang integridad o moral na pamumuhay, cf. I Cronica 29:17; Mga Awit 119:7

Ang Israel ay hindi pinagkalooban ng lupain ng Canaan dahil sa kanyang pagiging maka-Diyos, ngunit dahil sa kasamaan ng mga Cananeo (cf. v. 4; Genesis 15:12-21; Levitico 18:24-28, tingnan ang tala sa 3:6).

▣ **“upang kaniyang papagtibayin ang salita na isinumpa ng PANGINOON sa iyong mga magulang kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob”** Pansinin ang MGA PANDIWA:

1. “pagtibayin ang salit” - BDB 877, KB 1086, *Hiphil* PAWATAS NA PAGKAKAYARI
2. “isinumpa ng PANGINOON” - BDB 989, KB 1396, *Niphal* GANAP

NATATANGING PAKSA: MGA PANGKASUNDUANG PANGAKO SA MGA PATRIYARKA

Ang panimulang pangakong ito ng isang natatanging kasunduang pakikipag-ugnayan ay ginawa kina:

1. Abraham, Genesis 12:1-3

- a. lupain, Genesis 12:7; 13:4-15; 15:18-21
- b. bayan, Genesis 13:16; 15:4-5; 17:2-6; 22:18
- c. pagpapala sa mundo, Genesis 18:18; 22:18
2. Isaac, Genesis 26:2-4
 - a. lupain
 - b. bayan
 - c. pagpapala sa mundo
3. Jacob, Genesis 28:2-4,13; 35:9-12; 48:3-4
 - a. lupain
 - b. bayan
4. ang bansa ng Israel (isang lupain), Exodo 3:8,17; 6:8; 13:5; 33:1-3; Deuteronomio 1:7-8,35; 4:31; 9:3; 11:25; 31:7; Josue 1:6

▣ “katuwiran” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:16.

9:6, 13 “kayo ay isang bayang matigas ang ulo” Sa orihinal ito ay isang pang-agriculturang parirala na tumutukoy sa mga bakang matigas ang ulo. Sa literal ito ay nangangahulugang “matigas na leeg” o “sutil” (BDB 904 NA KAYARIAN BDB 791, cf. 6,7,13,24,27; 10:16; 31:27; Exodo 32:9; 33:3,5; 34:9).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:7-21

⁷Alalahanin mo, huwag mong kalimutan, kung paanong minungkahi mo sa galit ang PANGINOON mong Diyos sa ilang: mula nang araw na kayo'y umalis sa lupain ng Ehipto, hanggang sa kayo'y dumating sa dakong ito ay naging mapanghimagsik kayo laban sa PANGINOON. ⁸Gayon din sa Horeb na inyong minungkahi ang PANGINOON sa galit, at ang PANGINOON ay nagalit sa inyo na kayo sana'y lilipulin. ⁹Nang ako'y sumampa sa bundok upang tanggapin ang mga tapyas na bato, sa makatuwid baga'y ang mga tapyas ng kasunduan na ginawa ng PANGINOON sa inyo, ay natira nga ako sa bundok na apat na pung araw at apat na pung gabi; hindi ako kumain ng tinapay ni uminom ng tubig. ¹⁰At ibinigay sa akin ng PANGINOON ang dalawang tapyas na bato na sinulatan ng daliri ng Diyos; at sa mga yao'y nasusulat ang ayon sa lahat ng mga salita na sinalita ng PANGINOON sa inyo sa bundok mula sa gitna ng apoy nang araw ng kapulungan. ¹¹At nangyari sa katapusan ng apat na pung araw at apat na pung gabi, na ibinigay sa akin ng PANGINOON ang dalawang tapyas na bato, sa makatuwid baga'y ang mga tapyas ng kasunduan. ¹²At sinabi ng PANGINOON sa akin, Tumindig ka, manaog kang madali rito; sapagka't ang iyong lungsod na iyong inilabas sa Ehipto ay nangagpakasama; sila'y madaling lumihis sa daang aking iniutos sa kanila; sila'y nagsigawa para sa kanila ng isang larawang binubo. ¹³Bukod dito'y sinalita sa akin ng PANGINOON, na sinasabi, Aking nakita ang bayang ito, at, narito, isang bayang matigas ang ulo: ¹⁴Bayaan mo ako na aking lipulin sila, at aking pawiin ang kanilang pangalan sa silong ng langit; at gagawin kita na isang bansang lalong makapangyarihan at lalong malaki kay sa kanila. ¹⁵Sa gayo'y pumihit ako at bumaba ako mula sa bundok, at ang bundok ay nagniningas sa apoy, at ang dalawang tapyas ng kasunduan ay nasa aking dalawang kamay. ¹⁶At tumingin ako, at, narito, kayo'y nakapagkasala na laban sa PANGINOON ninyong Diyos: kayo'y nagsigawa para sa inyo ng isang guyang binubo: kayo'y lumihis na madali sa daan na iniutos sa inyo ng PANGINOON. ¹⁷At aking tinangnan ang dalawang tapyas, at aking inihagis sa aking dalawang kamay, at aking iniwalat sa harap ng inyong mga mata. ¹⁸At ako'y nagpatirapa sa harap ng PANGINOON, gaya ng una, na apat na pung araw at apat na pung gabi; hindi ako kumain ng tinapay ni uminom ng tubig; dahil sa inyong buong kasalanan na inyong ipinagkasala sa paggawa ninyo ng masama sa paningin ng PANGINOON na minungkahi ninyo siya sa galit; ¹⁹Sapagka't natatakot ako dahil sa galit at maningas na poot, na ikinayamot ng PANGINOON sa inyo, na lilipulin sana kayo. Nguni't

dininig din naman ako noon ng PANGINOON. ²⁰At ang Panginoo'y totoong nagalit kay Aaron na siya sana'y papatayin: at akin din namang idinalangin si Aaron nang panahon ding yaon. ²¹At aking kinuha ang inyong kasalanan, ang guyang inyong ginawa, at aking sinunog sa apoy, at aking niyapakan, na dinurog na mainam, hanggang sa naging durog na parang alabok; at aking inihagis ang alabok niyaon sa batis na umaagos mula sa bundok.

9:7 “Alalahanin mo, huwag mong kalimutan” Ang dalawang panimulang MGA PANDIWA (BDB 269, KB 269, *Qal* MGA PAUTOS, cf. 5:15; 7:18[na dalawang beses]; 8:2; 9:7,27; 15:15; 16:3,12; 24:9,18,22; 25:17; 32:7 at BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP, na gumaganap bilang isang JUSSIVE, cf. 4:9,23; 6:12; 8:11,14,19[na dalawang beses]; 9:7) ay upang tulungang ang Israel na maalala (tingnan ang tala sa 7:18) at hindi maulit ang kawalang ng pananampalataya kay YHWH, sa Kanyang mga pangako at Kanyang kapangyarihan sa kanilang ginawa sa maraming pagkakataon sa panahon ng exodo at yugto ng paglalagalag sa ilang.

Binanggit ni Moises ang kanilang mga gawa ng pagsamba sa diyus-diyusan at paghihimagsik sa sa paanan ng Bundok ng Horeb sa v. 8, kung saan si Aaron ay gumawa ng ginintuang baka at ang pagpipilit ng bayan!

9:7-8 “kung paanong minungkahi mo sa galit ang PANGINOON” Tingnan ang Exodo 16; 32; at Mga Bilang 13-14; 16:21,25 bilang ilang mga halimbawa.

9:7-22 Ang mga talatang ito ay tumukoy sa mga kilos ng Israel habang si Moises na nasa Bundok ng Horeb/Sinai ay tumatanggap ng Kautusan (cf. Exodo 32).

9:9 “ang mga tapyas na bato, sa makatuwid baga'y ang mga tapyas ng kasunduan na ginawa ng PANGINOON sa inyo” Naliwanag na ang pariralag “mga tapyas ng bato, at ang mga tapyas ng kasunduan” ay magkahalintulad. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kasunduan sa 4:13. Ito ay mga salita ni YHWH, hindi ni Moises. Ito ay kapahayagan, hindi pangtaong palagay o pagtuklas.

9:9,11,18 “apat na pung araw” Ang bilang na ito ay kadalasang simboliko ng mahabang, walang katiyakang yugto ng panahon, na mas mahaba sa isang pag-ikot ng buwan (i.e., 28 mga araw) ngunit ngunit mas maikli sa pagbabago ng panahon. Ang panahon mula pag-alis sa Bundok ng Horeb/Sinai papunta sa pagpasok ng Canaan ay tatlung taon.

9:9, 18 “hindi ako kumain ng tinapay ni uminom ng tubig” Ito ay tumutukoy sa dalawang magkaibang 40 araw na pag-aayuno na ang kahulugan ay alinman sa (1) isang mahimalang pangangalaga (cf. Exodo 24:18; 34:28) o (2) isang hyperbolikong kataga para sa isang tinakdaang pag-aayuno (walang pagkain, ngunit may tubig).

9:10 “ang dalawang tapyas na bato” Dahil sa mga kasunduan ng Heteo Suzerain bilang isang maaaring pang-kasaysayan kaligiran, ito ay maaaring tumukoy sa dalawang buong kopya ng Kautusan. Tingnan ang panimula sa aklat, VII.

▣ **“sinulatan ng daliri ng Diyos”** Ito ay isang kataga para sa ang maka-Diyos ang pinagmulan ng Sampung Mga Salita at kanilang mga paliwanag (cf. Exodo 31:18; 32:15-16; Deuteronomio 4:13). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Diyos na Inilalarawan bilang isang Tao (Antromorpikong Wika) sa 2:15.

▣ **“salita na sinalita ng PANGINOON sa inyo sa bundok mula sa gitna ng apoy”** Ito ay isang inuulit na paksa (cf. 4:12,15,33,36; 5:5,22,24,26; 9:10; 10:4). Ang parirala ay nagbibigay-diin sa mga gawa ng Diyos at ang nilalaman ng kapahayagan ng personal na kasunduan sa Bundok ng Horeb/Sinai.

9:12-14 Sa pagtala ni Moises ng kanyang pakikipag-usap sa Diyos sa Bundok ng Horeb/Sinai, si YHWH ay gumagamit ng maraming mga kautusan:

1. “tumindig,” v. 12 - BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS
2. “manaog,” v. 12 - BDB 432, KB 434, *Qal* PAUTOS
3. “bayaan Mo ako,” v. 14 - BDB 951, KB 1276, *Hiphil* PAUTOS
4. “na Aking lipulin sila,” v. 14 - BDB 1029, KB 1552, *Hiphil* DI-GANAP ginamit sa isang COHORTATIVE na kaunawaan
5. “aking pawiin,” v. 14 - BDB 562, KB 567, *Qal* DI-GANAP ginamit sa isang COHORTATIVE na kaunawaan

▣ **“ng iyong bayan na iyong inilabas sa Ehipto”** Ang PANDIWANG ito (BDB 422, KB 425, *Hiphil* GANAP) ay ginamit nang maraming beses kay YHWH, ngunit tanging dito kay Moises.

▣ **“larawang binubo”** Ito ay hindi pagsamba sa diyus-diyusan, ngunit isang pisikal na paglalarawan ni YHWH. Ito ay isang pagalabag sa pangalawang kautusan. Ninanais nila ang diyos na maaari nilang tingnan at mahawakan tulad ng mga tao sa Ehipto at Canaan.

9:14 Ito ba ay isang halimbawa ng poot ng Diyos o ito ay isang pagsubok sa pamumuno ni Moises (cf. v. 25ff, Exodo 32:30-35)?

▣ **“aking pawiin ang kanilang pangalan sa silong ng langit”** Ito ay isang Hebreong kataga (cf. 25:5; Mga Awit 41:5) para sa buong pagpuksa ng Israel!

9:15 “ang bundok ay nagniningas sa apoy” Ang nagniningas na apoy o makinang na liwanag ay isang sagisag ng presensiya ng Diyos (cf. 1:32-33; Isaias 66:15). Tingnan ang Natatanging Paksa: Apoy sa 4:11.

9:16 “kayo'y nagsigawa para sa inyo ng isang guyang binubo” Ang katulad na PANDIWA (BDB 793 I, KB 899, *Qal* GANAP) ay ginamit sa vv. 12 at 21. Dito, ang larawang ito ay tinatawag na isang (1)“guyang tinunaw” (BDB 722, cf. Exodo 32:4,8) (2) sa v. 21, “ang guyan,” ngunit (3) sa v. 12 isang “tinunaw na larawan” (cf. Exodo 34:17; Levitico 19:4).

9:17 “aking iniwalat sa harap ng inyong mga mata” Ang tiyak na araw na naisulat ang kasunduan ng Diyos na nilabag (kapwa sa literal at palarawan).

9:19 “dininig din naman ako noon ng PANGINOON” Tingnan ang Exodo 34. Pansinin ang pinanggalingan ng pagkatakot ni Moises (BDB 388, KB 386, *Qal* GANAP, cf. 28:60):

1. Ang galit ni YHWH - BDB 60, cf. Exodo 32:12
2. Ang maniit na hinanakit ni YHWH - BDB 404, cf. 29:23
3. Ang poot ni YHWH - BDB 893, KB 1124, *Qal* GANAP, cf. 1:34; Levitico 10:6; Mga Bilang 16:22
4. Upang kayo ay puksain - BDB 1029, KB 1552, *Hiphil* PAWATAS NA PAGKAKAYARI, cf. 6:15; 9:20

Mga Bilang 1 at 2 ay may pagganap bilang isang hendiadys (cf. TEV, NET Bible).

9:20 “si Aaron” S Moises na nanalangin para kay Aaron ay hindi nakatala sa Exodo 32.

9:21 Tingnan ang Exodo 32:20. Pansinin kung ilang MGA PANDIWA ang ginamit upang ilarawan kung ano ang ginawa ni Moises sa ginintuang baka, ang makasalanang bagay:

1. “sinunog ito,” BDB 926, KB 1358, *Qal* DI-GANAP
2. “winasak ito,” BDB 510, KB 507, *Qal* DI-GANAP, cf. II Mga Hari 18:4; Mikas 1:7
3. “giniling ito nang napakaliit,” BDB 377, KB 374, *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN
4. “ito ay pinino tulad ng alikabot,” BDB 200, KB 229, *Qal* GANAP
5. “itinapon ito sa isang sapa,” BDB 1020, KB 1527, *Hiphil* DI-GANAP

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:22-24

²²At sa Tabera, at sa Massa, at sa Kibroth-hataa-vah, ay inyong minungkahi ang PANGINOON sa galit. ²³At nang suguin kayo ng PANGINOON mula sa Cades-barnea, na sabihin, Sumampa kayo at ariin ninyo ang lupain na ibinigay ko sa inyo; kayo nga'y nanghimagsik laban sa utos ng PANGINOON ninyong Diyos, at hindi ninyo pinanampalatayanan siya, ni dininig ang kaniyang tinig. ²⁴Kayo'y naging mapanghimagsik laban sa PANGINOON, mula nang araw na kayo'y aking makilala.

9:22 “Tabera” Ang pangalan ng pook na ito ay nagmula sa isang paglalaro ng salita sa PANDIWNAG “sunugin” (BDB 129). Ito ay ang heograpikong lugar kung saan sinagot ni YHWH ang kanilang palagian pagrereklamo sa isang kahatulan ng apoy (cf. Mga Bilang 11:1-3,34-35). Ito ay patungkol sa isang tatlong araw na paglalakbay sa hilaga ng Bundok ng Horeb/Sinai.

▣ **“Massa”** Ito ay isa pang lugar ng tunggalian sa pagitan ni YHWH at Israel sa panahon ng exodo (cf. Exodo 17:7). Ito ay karaniwang naiuugnay sa Meribah (cf. Deuteronomio 33:8), ngunit hindi madalas (cf. 6:16; 9:2). Sila ay magkasamang mangahulugang “pagsubok (BDB 650 III, cf. 6:16; 9:22; 33:8; Exodo 17:7; Mga Awit 95:8) at tunggalian.”

▣ **“Kibroth - Hattaavah”** Ang pangalan ay nangangahulugang “mga libingan ng pagnanasa” (BDB 869, cf. Mga Bilang 11:31-35). Sa Mga Bilang 11 walang paggalwa ang naitala sa pagitan ng Tabera at Kibroth-Hattaavah, ngunit dito sa Deuteronomio ang dalawang mga pook ay magkahiwalay.

9:23 “Sumampa kayo at ariin ninyo ang lupain” Ito ay kapwa *Qal* MGA PAUTOS at naglalarawan sa tuwirang pahayag ni YHWH sa pamamagitan ng Moises sa Israel:

1. “sumampa” - BDB 748, KB 828
2. “ariin” - BDB 439, KB 441

Pansinin muli ang kautusan ni YHWH para sa Israel na kumilos sang-ayon sa kaniyang paniniwala sa Kaniyang kapangyarihan at mga pangako. Ngunit sa halip na pananampalataya, ang Israel ay nagpakita ng kawalan ng pananampalataya:

1. “kayo ay naghimagsik laban sa ang kautusan” - BDB 598, KB 632, *Hiphil* DI-GANAP, cf. Mga Bilang 20:24; 27:14; Deuteronomio 1:26,43; 9:23; Mga Awit 107:11
2. “hindi kayo nanampalataya sa Kaniya” - BDB 52, KB 63, *Hiphil* GANAP
3. “hindi niyo dininig ang Kanyang boses” - BDB 1033, KB 1570, *Qal* GANAP (ang *Qal* MGA GANAP ay naglalarawan ng isang palagiang kalalagayan). Ito ay tiyak an kasalungat ng kasunduang pagsunod at pananagutan.

▣ **“Kayo'y naging mapanghimagsik”** Tingnan ang tala sa 1:26.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 9:25-29

²⁵Sa gayo'y nagpatirapa ako sa harap ng PANGINOON na apat na pung araw at apat na pung gabi na ako'y nagpatirapa, sapagka't sinabi ng PANGINOON, na kaniyang lilipulin kayo. ²⁶At aking ipinanalangin sa PANGINOON, at sinabi, Oh Panginoong Diyos, huwag mong lipulin ang iyong lungsod at ang iyong mana, na iyong tinubos ng iyong kadakilaan na iyong inilabas sa Ehipto ng makapangyarihang kamay. ²⁷Alalahanin mo ang iyong mga lingkod, si Abraham,

si Isaac, at si Jacob; huwag mong masdan ang pagmamatigas ng bayang ito, ni ang kasamaan nila, ni ang kasalanan nila: ²⁸Baka sabihin ng mga taga lupaing pinaglabasan mo sa amin: Sapagka't hindi sila naipasok ng PANGINOON sa lupain na ipinangako sa kanila, at sa kapootan niya sa kanila, ay inilabas sila upang patayin sa ilang. ²⁹Gayon man sila'y iyong lungsod at iyong mana, na iyong inilabas ng iyong dakilang kapangyarihan at ng iyong unat na bisig.

9:25 Ang pamagitang panalangin ni Moises ay gumagamit ng dalawang MGA PANDIWA:

1. “napatirapa ako” - BDB 656, KB 709
 - a. *Hithpael* DI-GANAP, v. 25
 - b. *Hithpael* GANAP, v. 25
2. “aking ipinanalangin” - v. 26 - BDB 813, KB 933, *Hithpael* DI-GANAP

9:26-29 Ang mga talatang 26-29 ay nagpapakita ng tatlong mga dahilan na ibinigay ni Moises sa Diyos bilang kasagutan sa Kanyang tanong na, “Bakit hindi Ko lilipulin ang Israel?”:

1. Ang Kanyang pangako kina Abraham, Isaac, at Jacob (cf. Exodo 32:13)
2. Ang Canaan ay magkakaroon ng maling pang-unawa sa katangian ni YHWH
3. Ang Canaan ay hindi maunawaan sa kahatulan ni YHWH sa Israel. Ang talata ay naglalaman ng tatlong paghiling na panalangin na MGA PANDIWA:
 1. “huwag lipulin,” v. 26 - BDB 1007, KB 1469, *Hiphil* JUSSIVE
 2. “alalahanin,” v. 27 - BDB 269, KB 269, *Qal* PAUTOS
 3. “huwag mong masdan” (i.e., “iliko”), v. 27 - BDB 815, KB 937, *Qal* JUSSIVE

Si Moises ay nagsamo sa katangian at walang-hanggang pangkatubusang plano ni YHWH para sa lahat ng bayan bilang ang batayan upang hindi Niya lipulin ang Kanyang masuwaying kasunduang bayan. Mas marami ang nakatayo kaysa isang bayan pangkat! Tingnan ang Natatanging Paksa: Pang-Ebanghelyong Pagkiling ni Bob sa 4:6.

9:26 Pansinin kung papaano pinaalaala ng panalangin ni Moises kay YHWH ang Kanyang kasunduan pakikipag-ugnayan:

1. “Panginoon Diyos” (sa literal, “*adon* YHWH,” cf. 3:24. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:3.
2. “Kanyang bayan” - kasunduang titulo, cf. v. 29
3. “Kanyang mana” - kasunduang kaloob, cf. v. 29
4. “Ikaw ay mayroong tinubos - BDB 804, KB 911, *Qal* GANAP, ang kasunduang biyayang pagkilos (tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtubos/Katubusan at 7:8). Si YHWH ay pinalaya sila mula sa pagkaalipin hanggang sa pamilya (cf. 7:8; 9:26; 13:5)
5. “Inilabas mo sa Ehipto” - BDB 422, KB 425, *Hiphil* GANAP, kasunduan pangako kay Abraham (cf. v. 29; Genesis 15:16-21)

Ang Diyos gumagawa dahil sa kung sino Siya! Sinusunod Niya ang Kanyang pangkatubusang plano! Ang dakilang pag-asa ng lahat sangkatauhan ay ang di-nagbabago, mapagbiyaya, mahabagin, mapagmahal na katangian ni YHWH (e.g., Exodo 34:6; Malakias 3:6). Tingnan ang mga tala sa 4:31 at 10:17.

▣ **“ng makapangyarihang kamay”** Ang pariralang ito at “nakabukang bisig” ng v. 29 ay kapwa matatagpuan sa Ehipsyong mga teksto na tumutukoy sa Ehipsyong hari. Pinili ni Moises ang mga parirala na narinig ng Israel sa nakalipas na may kaugnayan kay Faraon. Si YHWH ay kanilang tunay na hari!

9:27 Pansinin ang katangian ng Israel:

1. “ang katigasan ng ulo ng bayang ito” - BDB 904, cf. vv. 6,7,13,24,27
2. “kanilang kasamaan” - BDB 957, cf. Jeremias 14:20; Ezekiel 3:19; 33:12
3. “kanilang kasalanan” - BDB 308, cf. Exodo 32:30; Deuteronomio 9:18; Mga Awit 32:5; 51:5;

Kawikaan 5:22; 13:6; 14:34; 21:4; 24:9 (Deuteronomio shares ang talasalitaan of ang sages)

9:28 “Baka sabihin ng mga taga lupaing pinaglabasan mo sa amin” Ang Diyos, dahil sa Iyong karangalan at malaganap na layunin ng katubusan, kaawaan ang Israel. Isa pang parirala na ginamit sa katulad na kaunawaan ay, “alang-alang sa kapakanan ng Diyos” (cf. Isaias 48:9-11; Ezekiel 20:9,14,22,44; 36:21-23; Daniel 9:17-19).

9:29 “iyong dakilang kapangyarihan at ng iyong unat na bisig” Tingnan ang buong tala sa 4:34.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit pinili ng Diyos ang Israel?
2. Ang v. 14 ba ay isang tunay na aninag ng kalikasan ng Diyos? Kung hindi, ano ito?
3. Itala at talakayin ang tatlong dahilan na binigay ni Moises upang huwag pinsalain ni YHWH ang Israel.

DEUTERONOMIO 10

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|------------------------------------|---|---|---|
| Ang Pangalawang Tapyas ng mga Bato | Ang Tukso ng Sariling Katuwiran (9:1-10:11) | Muling Tinanggap ni Moises ang mga Kautusan | Ang Arko ng Kasunduan, ang Pinili ni Levi |
| 10:1-5 | 10:1-5 | 10:1-5 | 10:1-5 |
| 10:6-11 | 10:6-9 | 10:6-9 | 10:6-9 |
| | 10:10-11 | 10:10-11 | 10:10-11 |
| Ang Diwa ng Kautusan | Kung Ano ang Hinihingi ng Panginoon (10:12-11:32) | Kung Ano ang Hinihingi ng Diyos | Ang Pagtutuli ng Puso |
| 10:12-22 | 10:12-22 | 10:12-22 | 10:12-13 |
| | | | 10:14-22 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:1-5

¹Nang panahong yaon ay sinabi ng PANGINOON sa akin, Humugis ka ng dalawang tapyas na bato, na gaya ng una, at sampahin mo ako sa bundok, at gumawa ka ng isang kaban na kahoy; ²At aking isusulat sa mga tapyas ang mga salita na nasa unang mga tapyas na iyong binasag, at iyong isisilid ang mga iyan sa kaban. ³Sa gayo'y gumawa ako ng isang kaban na kahoy na akasia, at ako'y humugis ng dalawang tapyas na bato na gaya ng una, at ako'y sumampa sa bundok na aking dala sa aking kamay ang dalawang tapyas. ⁴At kaniyang isinulat sa mga tapyas, ang ayon sa unang sulat, ang sangpung utos na sinalita ng PANGINOON sa inyo sa bundok mula sa gitna ng apoy nang kaarawan ng kapulungan: at ang mga yaon ay ibinigay

sa akin ng PANGINOON. ⁵At ako'y pumihit at bumaba mula sa bundok, at aking isinilid ang mga tapyas sa kaban na aking ginawa, at nangandoon, na gaya ng iniutos sa akin ng PANGINOON.

10:1 “sa bundok” Ito ay tumutukoy sa Bundok ng Horeb/Bundok ng Sinai. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:2.

▣ Inihahanday ni Moises ang kanyang pangalawang pakikitagpo kay YHWH:

1. “Humugis ka ng dalawang tapyas na bato” - BDB 820, KB 949, *Qal* PAUTOS, cf. Exodo 34:1,4
2. “sampahin mo Ako” - BDB 748, KB 828, *Qal* PAUTOS
3. “gumawa ka ng isang kaban” - BDB 793, KB 889, *Qal* GANAP, cf. Exodo 25:10

Ang ng kasunduang Heteo ay kailangan ding ng dalawang kopya ng mga kasunduan. Ang isa ay ibinibigay sa mas mababang hari upang basahin bawat taon at ang isa pa ay inilalagay sa templo ng Diyos ng mas dakilang hari. Tingnan ang Panimula sa aklat, VII.

▣ **“gumawa ka ng isang kaban na kahoy”** Exodo 37:1 ay nagsabing si Bezalel ang gumawa ng Kaban ng Kasunduan. Si Rashi ay nagsabing ang mga detalye ng Kaban (Arko) ay hindi ibinigay hanggang sa bumama si Moises sa pangalawang pagkakataon mula Bundok ng Sinai. Samakatuwid, si Moises kailangang gumawa muna ng isang magaspang na kaban at samakatuwid pagkatapos, si Bezalel ay gumawa ng isa pang mas detalyado (cf. Exodo 25:10- 22). Ang unang kabang ito, na ginawang mabilis ni Moises, ang tanging nagtaglay ng Sampung Utos (cf. I Mga Hari 8:9). Ang sumunod na isa: ang Sampung Utos, isang halimbawa ng mana, at ang umusbong na tungkod ni Aaron. Para sa isang mabuting maikling pagtalakay, tingnan si Roland de Vaux, *Ancient Israel*, tomo 2, pp. 292-303.

10:2 “aking isusulat” Si YHWH ang nagsulat ng kautusan, sa talata 4 at Exodo 34:1. Gayunman, Exodo 34:27 ay nagsasabi ng pagsusulat ni Moises. Maaaring ang Diyos ang nagsulat ng Sampung Utos, ngunit si Moises ang nagsulat ng paglalarawan at pagpapahayag na materyal, na nagpapaliwanag at nag-aangkop nito. Hindi ito kaisipan ni Moises o ang kanyang pangkulturang impluwensiya, ngunit ang Diyos na pinagmulan ng Kautusan. Ginamit ng Diyos ang mga pangkulturang halimbawa at binuo kay Moises ang pamilyar sa kanya. Sa maraming mga paraan ang anyo ng Kautusan ay katulad ng kautusan sa Babilonya, ngunit ang nilalaman ay naiiba.

▣ **“sa kaban”** Ang paglalagak na ito ng natatanging mga kasulatan sa harapan ng diyos ay katangian ng Near East. Ihambing ang *Egyptian Book of the Dead* (sa isang kahon sa ilalalim ng paa ni Thot) at ang mga Kasunduan ng Heteo Suzerain ng pangalawang sanlibong taon B.C. Tingnan ang Panimula sa aklat, VII.

10:3 “kahoy na akasia” Ito ay isang matigas, kulay kayumanggi-dalandang kahoy (BDB 1008) na lumalago sa disyerto. Ito ay isang pangkaraniwan maliit ng disyertong puno (cf. Isaias 41:19). Ng kahoy na ito ay maiuugnay sa lahat ng kasangkapan ng tabernakulo. Ito makikitang tanging dito sa labas ng aklat ng Exodo.

10:4 “ang Sampung Utos” Sa literal ito ay “ang sampung mga salita” (BDB 796 NA KAYARIAN BDB 182). Ang pangunahing katangian, sandigan kautusan ay lubhang maikli at ipinahayag sa pangkalahatang mga prinsipyo. Sila ay nag-uutos ng isang napakalapit, pantanging pakikipag-ugnayan kay YHWH (cf. v. 20), na naglalarawan ng natatanging pagsamba at pagsunod, na samakatuwid ay nag-uutos ng isang nararapat nakikiramay na pakikipag-ugnayan sa ibang mga kasapi (miyembro) ng kasunduan (at gayundin sa mga hindi kasapi, cf. 10:17-19). Ang pagkakilala kay YHWH ay nakakaapekto ng lahat ng buhay at kanyang mga inuuna (prayoridad)!

▣ **“sa bundok mula sa gitna ng apoy”** Ito ay tumutukoy sa presenya ng Diyos sa Bundok ng

Horeb/Sinai, na naitala sa Exodo 19:16-20. Ang kanyang presensya ay inilarawan bilang isang “namumugnaw na apoy sa bundok” (cf. Exodo 24:17). Ang pariralang ito ay ginamit nang maraming beses sa Deuteronomio (cf. 4:12,15,33,36; 5:4,24,26).

Ang apoy (BDB 77) ay isang sagisag ng maluwalhating presensya ni YHWH:

1. Isang tanglaw sa Genesis 15:17
2. ang nagniningas na kahoy sa Exodo 3:2
3. apoy sa Bundok ng Horeb, Exodo 19:18; Deuteronomio 4:11,12,15,33,36
4. ang *Shekinah* na haligi ng apoy sa Exodo 13:21,22; 14:24; Mga Bilang 9:15,16; 14:14; Mga Awit 78:14
5. uling ng apoy sa pangitain in Ezekiel na natatanggal na tronong karwahe ni YHWH sa Ezekiel 1:13; 10:2

Ang Sampung Utos ay sinasabing inuulit-ulit na sinasabi mula sa gitna ng isang apoy (cf. 4:12,15,33; 5:4,22,24,26; 9:10; 10:4). Ang mga kautusan ay personal, pangkasunduang mga kapahayagan mula kay YHWH, hindi ang kaisipan ni Moises.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:6-9

⁶(At ang mga anak ni Israel ay naglakbay mula sa Beerot Bene-ja-acan hanggang sa Mosera: doon namatay si Aaron, at doon siya inilibing; at si Eleazar na kaniyang anak ay nangasiwa sa katungkulang saserdote na kahalili niya. ⁷Mula roon ay naglakbay sila hanggang Gudgod; at mula sa Gudgod hanggang sa Jotbatha, na lupain ng mga batis ng tubig. ⁸Nang panahong yaon ay inihiwalay ng PANGINOON ang lipi ni Levi, upang magdala ng kaban ng kasunduan ng PANGINOON, upang tumayo sa harap ng PANGINOON na mangasiwa sa kaniya, at upang magbasbas sa kaniyang pangalan hanggang sa araw na ito. ⁹Kaya't ang Levi ay walang bahagi ni mana sa kasamahan ng kaniyang mga kapatid; ang Panginoo'y siyang kaniyang mana, ayon sa sinalita ng PANGINOON mong Diyos sa kaniya.)

NATATANGING PAKSA: MGA HULING KARAGDAGAN SA DEUTERONOMIO

Ang talatang ito (10:6-9) ay nakikita ng maraming makabagong mga iskolar isa sa maraming nahuling pag-editoryal na karagdagan sa mga sulat ni Moises. Kahit na ito ay hindi mapapatunayan ang buod na ito ay hindi mula sa Mosaikong yugto, ito ay malinaw na mayroong maraming pang-editoryal na pagsisingit. Ang Israel ay nasa Ehipto ng maraming siglo at Ehipsyong mga manunulat, di tulad ng mga manunulat sa Mesopotamya, ay sinanay upang baguhin ang mga teksto at nais. Para sa ating paniniwala sa inspirasyon at pangangalaga ng maka-Diyos na ang kapahayagan ay nagbibigay-diin na paggabay ng Espiritu OT kaugnay kaugnay sa mga inaasahang karagdagan. Sila ay hindi makakaapekto sa pangunahing mga doktrina o pagtawag sa katanungang ng pagkamakasaysayan ng mga nakapalibot na mga teksto. Ito kailangang tanggapin ng mga makabago na hindi natin natataman:

1. ang panahon
2. ang may-akda
3. ang paraan ng pagtitipon

ng OT sa kanyang pinakamaagang yugto. Ipinagpapalagay nating tinatanggap ang MT bilang pagpapanatili ng mga salita ng Diyos!

Isang bagong teoriya para sa ilang inaakalang pang-editoryal na karagdagan ay iminumungkahi ni R. H. Polzin, “Deuteronomio” sa *The Literary Guide to the Bible*. Ipinagpapalagay nito na ang pagdaragdag ng mga puna ay mula sa isang tagapagsalaysay, hindi sa isang patnugot. Minumungkahin niya na ang mga mga punta ng tagapagsalaysay ay maaaring makita sa 1:1-5; 2:10-12, 20-23; 3:9, 11, 13b-14; 4:4-5:1a; 10:6-7, 9; 27:1a, 9a, 11; 28:69; 29:1; 31:1, 7a, 9-10a, 14a, 14c-16a, 22-23a, 24-25, 30; 32:44-45, 48; 33:1; 34:1-4a, 5-12. Binibigyang-diin ni Polzin na nag pinapalagay na tagapagsalaysay ay nag-aangkin ng isang karapatan na mapagkakatiwalaan tulad ni Moises, na siyang tinatakda ang yugto para sa “Deuteronomikong kasaysayan” ng Josue - Mga Hari. Ang teoriyang ito ay maaaring

10:6 “Beerot Bene-ja-acan hanggang sa Mosera” Ang unang dalawang mga salita (BDB 91,122) ay naisalin sa literal, “ang mga balon ng mga anak ng Jaakan” (cf. Mga Bilang 33:31). Ang Mosera ay nangangahulugang “pagpapalo” (BDB 64). Ang osera (maaaring isang distrito), na maaaring magkasingkahulugan sa Bundok ng Hor (cf. Exodo 20:22-29; 33:38), ay ang pook na namatay si Aaron. Sila ay kapwa tumukoy sa heograpikong mga lugar kung saan naglalagag ang mga Israelita.

▣ **“namatay si Aaron doon”** Mga Bilang 20:27-28 ay nagsabing ito ay nangyari sa Bundok ng Hor. Si Aaron, tulad ng Moises, ay hindi nakapasok sa Ipinangakong Lupain dahil sa kanyang pagsuway (cf. Mga Bilang 20:8,12).

▣ **“Eleazar”** Ang Kanyang pangalan ay nangangahulugang “Diyos ay tumulong” (BDB 46). Siya ay ang pangatlong anak ng Aaron (cf. Exodo 6:23). Ang una dalawang mga anak ay pinatay dahil tinanggap nila ang kautusan ng Diyos nang may kagaanan (cf. Levitico 10:1-7; Mga Bilang 3:4). Ang mga rabbi ay nagsasabi na dahil ang Levitico 10:9 ay nagbabawal ng alak sa mga saserdote habang sila ay nasa tungkulin na sila Nadab at Abiku, ay nalasing.

Ang pagiging Punong Saserdote ay maipapasa sa pamamagitan ng pamilya ni Aaron (cf. Exodo 29:9; 40:15; Mga Bilang 3:5-10; 25:13).

10:7 “Gudgod” Ang kahulugan ng pangalan ay di-tiyak (BDB 151). Ito ay tila nakikilala kasama ang Hor-haggidgad sa Mga Bilang 32:33. Sila ay kapwa mga pangalan na kung saan sila ay nagkampo sa kanyang paglalakbay mula sa Bundok ng Horeb/Sinai hanggang sa Cades-barnea. Ang JPSOA ay mayroong “Gudgod.”

▣ **“Jotbatha”** Ang salita ay nangangahulugang “pagkawili-wili” (BDB 406, maaaring dahil sa pagkakaroon ng tubig). Ito ay nabanggit din sa isang kampo sa Mga Bilang 33:33-34. Ang JPSOA ay mayroong “Jotbath.”

10:8 “inihiwalay ng PANGINOON ang lipi ni Levi” Ang PANDIWANG “inihiwalay” (BDB 95, KB 110, *Hiphil* GANAP, cf. Mga Bilang 8:14; 16:9; I Cronica 23:13) ay nangangahulugang “hatiin.” Dito ang paghihiwalay ay para sa (1) natatanging pang-kultong paglilingkod kaugnay sa tabernakulo at pagkatapos ay sa templo; (2) mga pagpapala ng bayan (cf. 10:8; Levitico 9:22-23; Mga Bilang 6:22-27); (3) paghahatol sa mga pagtatalo sa bayan (cf. 21:5); at (4) paghatol sa pagitan ng malinis at madumi (cf. Levitico 10:10). Ang PANDIWANG ito ay kahalintulad sa “pagpili” (BDB 103, KB 119, cf. 18:5; 21:5).

Ang Israel ay kailangang mahiwalay mula ang ibang mga bansa (cf. Levitico 20:24-26; I Mga Hari 8:53; i.e., “isang banal bansa,” cf. Exodo 19:6), samakatuwid ang lahi ni Levi ay kailangang mahiwalay mula sa ibang mga lahi bilang natatanging mga pang-relihiyong lingkod ni YHWH.

Sila ay pinili dahil (1) kay Levi nagmula ang lahi ni Moises at Aaron; (2) ang mga Levita ang kumuha ng pook ng “panganay” para sa ang Hebreo (cf. Exodo 13; Mga Bilang 3:12; 8:14-19); o (3) ang mga levita ang matapat na tumugon sa panawagan ni Moises na parusahan ang Israel (cf. Exodo 32:25-29). Sa Genesis 29:34, tinawag ni Leah ang kanyang unang naka na Levi dahil ang kanyang asawang lalaki ay hindi siya inibig, ngunit ang pangalan ng bata ay nangangahulugang, “Si Jacob ay nakadikit (o pinagsama) sa akin” (BDB 532).

Bilang ang pangsaserdoteng lahi, sila ang:

1. magdadala ng kaban ng kasunduan
2. titindig sa harapan ng Panginoon upang maglingkod sa Kaniya (i.e., lahat ng mga tungkulin sa ang tabernakulo at pagkatapos, ang templo, sa Herusalem, cf 18:5; Mga Bilang 18:1-7)
3. magpala sa Kanyang pangalan (e.g., Mga Bilang 6:24-27)

Sa huli, makakabuo ng tiyak na mga gawain na ibinigay sa ilang mga pamilya ng Levi upang maging mga saserdote at ang iba ay gaganap bilang mga Levita. Gayunman, sa Deuteronomio ang lahat ng mga Levita ay maaaring gumanap bilang mga saserdote (compare 31:9 at 25). Tingnan si Roland deVaux, *Ancient Israel*, tomo 2, pp. 358-371.

10:9 “ang Levi ay walang bahagi ni mana” Kahit na ang lahi ni Levi ay hindi pinagkalooban ng kahitanong lupain, mga bahagi ng apatnapu’t-walong mga lungsod ay ibinigay sa kanila kasama ang kanilang nakapalibot na pastulang lupain (cf. Mga Bilang 35:1-8; Josue 21).

▣ **“ang PANGINOON ay siyang kaniyang mana”** Ito ay nagpapakilala ng kanilang natatanging pook ng paglilingkod (cf. Mga Bilang 18:20; Deuteronomio 10:9; 18:1,2; Josue 13:33; Ezekiel 44:28)! Ang kahanga-hangang pangakong ito sa lahi ni Levi ay naging isang pag-iyak mula sa puso ng bawat tunay na mananampalataya (cf. Mga Awit 16:5; 73:23-28; 119:57; 142:5; Panaghoy 3:24).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:10-11

¹⁰At ako'y nalabi sa bundok, gaya ng una, na apat na pung araw at apat na pung gabi; at ako'y dininig din noon ng PANGINOON; hindi ka lilipulin ng PANGINOON. ¹¹At sinabi ng PANGINOON sa akin, Tumindig ka, lumakad ka na manguna sa lungsod; at sila'y papasok at kanilang aariin ang lupain, na aking isinumpa sa kanilang mga magulang upang ibigay sa kanila.

10:10 “gaya ng una, na apat na pung gabi” Tingnan ang Exodo 34:28; Deuteronomio 9:18.

▣ **“hindi ka lilipulin ng PANGINOON”** Ito ay ang mapagpamagitan gawain ni Moises (cf. 9:2529; Exodo 32:9-14).

10:11 Inutusan ni YHWH ang Israel na kumilos sa kung ano ang Kanya nang naipangako—ang pagsakop sa Ipinangakong Lupain:

1. “tumindig” - BDB 877, KB 1086, *Qal* PAUTOS NA PANG-ISAHAN, cf. 2:13,24, na PANGMARAMIHAN at tumukoy sa Israel. Dito ang NA PANG-ISAHAN tumutukoy kay Moises.
2. “lumakad” - BDB 229, KB 246, *Qal* PAUTOS NA PANG-ISAHAN, sa literal ay nangangahulugang “umalis sa kuta at magsimula sa susunod na yugto ng paglalakbay” (cf. Exodo 17:1; 40:36,38; Mga Bilang 10:2,12; 33:1,2). Si Moises ay ang mamumuno sa bayan patuloy.
3. “sila’y papasok” - BDB 97, KB 112, *Qal* PAUTOS PANGMARAMIHAN, na maaaring gumanap bilang isang JUSSIVE
4. “at ariin ang lupain” - BDB 439, KB 441, *Qal* DI-GANAP PANGMARAMIHAN, na maaaring gumanap bilang isang JUSSIVE

Ang Israel ay tinawag na tumaparin ang sinumpaang ni YHWH sa mga Patriyarka (cf. 1:8; Josue 21:43). Ang Diyos ay gumagamit ng pantaong kaparaanan (e.g., Exodo 3:7-12)! Ito ay Kanyang kapangyarihan at layunin, ngunit ang Kanyang kasunduang bayan ay kailangang kumilos sa pananampalataya at pagtitiwala!

▣ **“hangang sa araw na ito”** Tingnan ang tala sa 3:14.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 10:12-22

¹²At ngayon, Israel, ano ang hinihingi sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, kundi matakot ka sa PANGINOON mong Diyos, lumakad ka sa lahat ng kaniyang mga daan, at ibigin mo siya, at paglingkuran mo ang PANGINOON mong Diyos, ng buong puso mo at ng buong kaluluwa mo. ¹³at na ganapin mo ang mga utos ng PANGINOON, at ang kaniyang mga palatuntunan, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito sa iyong ikabubuti? ¹⁴Narito, sa PANGINOON mong Diyos nauukol

ang langit, at ang langit ng mga langit, ang lupa, sangpu ng lahat na nangariyan. ¹⁵Ang PANGINOON ay nagkaroon lamang ng hilig sa iyong mga magulang na ibigin sila, at kaniyang pinili ang kanilang binhi pagkamatay nila, sa makatuwid baga'y kayo, *kahit na* sa lahat ng mga lungsod na gaya ng nakikita sa araw na *ito*. ¹⁶Tuliin nga ninyo ang balat ng inyong puso, at huwag ninyong papagmatigas ang inyong ulo. ¹⁷Sapagka't ang PANGINOON ninyong Diyos, ay siyang Diyos ng mga diyos, at PANGINOON ng mga panginoon, siyang dakilang Diyos, siyang makapangyarihan at siyang kakilakilabot, na hindi nagtatangi ng tao ni tumatanggap ng suhol. ¹⁸Kaniyang hinahatulan ng matuwid ang ulila at babaing bao, at iniibig ang taga ibang lupa, na binibigyan niya ng pagkain at kasuutan. ¹⁹Ibigin nga ninyo ang taga ibang lupa: sapagka't kayo'y naging taga ibang lupa sa lupain ng Ehipto. ²⁰Katatakutan mo ang PANGINOON mong Diyos; sa kaniya'y maglilingkod ka, at sa kaniya'y lalakup ka, at sa pamamagitan ng kaniyang pangalan susumpa ka. ²¹Siya ang iyong kapurihan, at siya ang iyong Diyos, na iginawa ka niya nitong mga dakila at kakilakilabot na mga bagay, na nakita ng iyong mga mata. ²²Ang iyong mga magulang ay lumusong sa Ehipto na may pitong pung tao *lahat*; at ngayo'y ginawa ka ng PANGINOON mong Diyos na gaya ng mga bituin sa langit ang dami.

10:12-13 Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

NATATANGING PAKSA: ANG PANGKASUNDUANG KINAKAILANGAN NI YHWH PARA SA ISRAEL

Ang kinakailangan ni YHWH (BDB 981, KB 1371, *Qal* TAHAS NA PANDIWAR) ay maliwanag na naihayag sa isang kalipunan ng

Qal PAWATAS NA MGA PAGKAKAYARI:

1. “matakot sa PANGINOON” - BDB 431, KB 432, cf. 4:29; 10:20
2. “lumakad sa lahat ng Kanyang mga paraan” - BDB 229, KB 246, cf. 4:29
3. “ibigin Siya” - BDB 12, KB 17, cf. 6:5; 10:15; tingnan ang buong tala sa 5:10
4. “paglingkuran ang PANGINOON mong Diyos ng buo mong puso at ng buo mong kaluluwa” - BDB 712, KB 773, cf. 4:29; 6:5; 10:12; 11:13; 13:3; 26:16; 30:2,6,10
5. “ingatan ang mga kautusan ng PANGINOON at Kanyang palatuntunan” - BDB 1036, KB 1581

Ang talatang ito ay katulad ng Mikas 6:6-8. Kapwa nagpapahayag ng pananampalataya na nakakaapekto sa pang-araw-araw buhay!

10:13 “sa iyong ikabubuti” Ang pagsunod ay nagbubunga ng pagpapala; pagsuway ay nagbubunga ng kahatulan (cf. mga kabanata 27-29).

10:14 Ang talatang ito ay nagpapahiwatig monoteismo. Ito ay tumutukoy sa himpapawid ng mundong it, ang kalawakan (mabituang kabilugan), at ang trono ng Diyos (i.e., ang tatlong mga langit).

10:15 Pansinin ang kahalintulad na mga paraan ng paglalarawan ng pagpili ni YHWH sa Israel bilang Kanyang natatanging bayan (i.e., “kahit na ikaw ay nasa itaas ng lahat ng mga tao,” cf. Exodo 19:5-6; Deuteronomio 7:6; 14:2):

1. “Kanyang ibigin” - BDB 365 I, KB 362, *Qal* GANAP, cf. 7:7. In 4:37 ang ibang salita para sa pag-ibig (BDB 12, KB 17) ay ginamit.
2. “Kaniyang pinili ang kanilang binhi” - BDB 103, KB 119, *Qal* DI-GANAP, cf. 4:37.

▣ “tulad sa araw na *ito*” Tingnan ang tala sa 3:14.

10:16 Ang Israel ay kailangang tumugon sa pagpili ni YHWH sa pamamagitan ng:

1. “pagtuli ng inyong puso” - BDB 557, KB 555, *Qal* GANAP. Ito ay isang talinghaga ng

pagbubukas sa Diyos (cf. Levitico 26:41; Deuteronomio 10:16; 30:6; Jeremias 4:4; 9:25-26). Ito ay naihayag sa maraming mga paraan:

- a. Pagtutuli ng inyong laman - Genesis 17:14 (tanda ng kasunduan)
 - b. Pagtutuli ng inyong labi - Exodo 6:12,30
 - c. Pagtutuli ng inyong tainga - Jeremias 6:10
 - d. tumutukoy sa isang tunay na puso, hindi lamang pangkatawan pagtutuli - 30:6; Jeremias 4:4; 9:25-26; Ezekiel 44:9; Roma 2:28-29
2. “huwag ninyong papagmatigas ang inyong ulo” - BDB 904, KB 1151, *Hiphil* DI-GANAP, cf. 9:6,7,13,24,27; 31:27. Tingnan ang tala sa 2:30.

10:17 Pansinin ang mga pagpuring ginamit upang ilarawan si YHWH:

1. Diyos ng mga diyos - BDB 43, cf. Mga Awit 136:2
2. Panginoon ng mga panginoon - BDB 10, cf. Mga Awit 136:3
3. ang dakilang Diyos - BDB 152, cf. 3:24; 5:24; 9:26; 11:2; 32:3; Nehemias 1:5; 9:32
4. ang makapangyarihang Diyos - BDB 150, cf. Nehemias 9:32; Mga Awit 24:8; Isaias 10:21
5. ang kahanga-hangang Diyos - BDB 431, KB 432, *Niphal* PANDIWARI, cf. 7:21; Nehemias 1:5; 9:32

▣ **“na hindi nagtatangi ng tao”** Ang Hebreong parirala ay nangangahulugang “na hindi nagtataas ng mga mukha” (BDB 669, KB 724, *Qal* DI-GANAP plus BDB 815). Ito ay kadalasang ginagamit sa mga hukom (cf. 1:17; 16:19; 24:17; Levitico 19:15). Ito ay nagpapahiwatig na ang Diyos ay isang Diyos ng makatarungang kahalatan.

▣ **“ni tumatangap ng suhol”** Ang katangian ni YHWH ay inilalarawan sa isang pangtaong legal na mga salita (cf. vv. 18-19). Ito ay kadalasang maiuugnay sa itaas ng parirala.

10:18-19 Pansinin kung paano ang legal na mga katangian ng Diyos sa v. 19 ay inilagay sa pagsasagawa:

1. “Kanyang (BDB 793 I, KB 889, *Qal* PANDIWARI) hinahatulang matuwid”:
 - a. ang mga ulila
 - b. ang mga balo (cf. 24:17; 26:12-13; 27:19; Mga Awit 68:4-5)
2. “nagpapakita ng Kanyang pag-ibig (BDB 12, KB 17, *Qal* PANDIWARI) sa mga dayuhan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kaniya” (BDB 678, KB 733, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI):
 - a. pagkain
 - b. damit

Ang mga Israelita ay ginagawa ang mga bagay na ito para sa dalawang kadahilanan:

1. Ito ay nagpapahayag ng katangian ng kanilang Diyos (v. 17; Isaias 58:6-7,10).
2. Alam nila kung papaano ang pakiramdam na hindi pinakikitunguhan ng mabuti (v. 19; 24:18,22; Exodo 22:21; 23:9).

Ang Exodo 22:22-23 ay binanggit din na ang Diyos ay diringgin ang mga panalangin ng mga walang lakas sa lipunan at kikilos para sa kanila (cf. Mga Awit 146:9; Malakias 3:5; bilang magiging Mesias, cf. Isaias 11:4).

10:20 Bilang mga kinakailangang ng Diyos ay nakita sa vv. 12-13 sa pamamagitan ng maraming PAWATAS NA PAGKAKAYARI, dito sila ay muling makikita sa *Qal* MGA DI-GANAP NA PANDIWA:

1. “pagkatakot ang PANGINOON” - BDB 431, KB 432, cf. 5:29; 6:13; 13:4
2. “maglingkod sa Kaniya” - BDB 712, KB 773, cf. 13:4
3. “kumapit sa Kaniya” - BDB 179, KB 209, cf. 11:22; 13:4
4. “mangako sa kanyang Kanyang pangalan” - BDB 989, KB 1396, cf. 5:11; 6:13. Tingnan ang buong tala sa 5:11.

Ang lahat ng ito ay nauugnay sa wastong mga motibo at mga pagkilos ng pagsamba.

10:21 “Siya ang iyong kapurihan” Ang wika ng Deuteronomio ay mayroong pagkakatulad sa Pangkarunungan Panitikan. Ang pariralang ito ay makikita sa Mga Awit 109:1. Walang PANDIWA ang nkasama sa pariralang ito o ang isang susunod. Sila ay malakas na mga pagbibigay-diin na ang pagkatubusang pagkilos ni YHWH sa panahon ng exodo at yugto ng paglalagalag sa ilang ay kapuri-puri:

1. Kanilang pagpuri (BDB 239)
2. Kanilang *Elohim* (BDB 43)

▣ **“na iginawa ka niya nitong mga dakila at kakilakilabot na mga bagay, na nakita ng iyong mga mata”** Ito ay tumutukoy sa mga pagkilos ni YHWH at mga pagtutustos sa panahon ng exodo mula sa Ehipto, ang yugto ng paglalagalag sa ilang (cf. 11:2), at siyang mauulit habang nasa pagsakop!

10:22 “pitong pung tao lahat” Ang pitumpu ay isang paikot na bilang na ginamit ng bayan. Tingnan ang Genesis 46:27; Exodo 1:5.

Isang teksto ng Exodo 1:5, na natagpuan sa Qumran (i.e., Dagat na Pula Scrolls) ay mayroong ang bilang 75, na tumutugma sa Mga Gawa 7:14-15. Para sa isang mabuti at maikling pagtalakay ng magkakaibang mga bilang, tingnan ang *Hard Sayings of the Bible*, p. 521 o Gleason L. Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, pp. 378-379.

▣ **“gaya ng mga bituin sa langit ang dami”** Ito ay isang katuparan ng Pangako ng Diyos kay Abraham. Tingnan ang buong tala sa 1:10.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang layunin ng kautusan ng Diyos (OT na kaunawaan)?
2. Nagpapahayag ba ng monoteismo ang kabanatang ito? Saan at paano?
3. Papanong naihayag ng Deuteronomio ang pag-ibig ng Diyos para sa sangkatauhan?

DEUTERONOMIO 11

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|---|--|--|
| Ang Pag-ibig at Pagsunod ay Ginantimpalaan | Kung Ano ang Hinihingi ng PANGINOON (10:12-13:32) | Ang Kadakilaan ng PANGINOON | Ang mga Nakalipas ng Karanasan ng Israel |
| 11:1-7 | 11:1-7 | 11:1-7 | 11:1-7 |
| | | Ang mga Pagpapala sa Ipinangakong Lupain | Mga Pagpapala at mga Babala |
| 11:8-12 | 11:8-12 | 11:8-12 | 11:8-9 11:10-17 |
| 11:13-17 | 11:13-17 | 11:13-17 | Paglalogom (Pangwakas) |
| 11:18-21 | 11:18-21 | 11:18-21 | 11:18-21 |
| 11:22-25 | 11:22-25 | 11:22-25 | 11:22-25 |
| 11:26-32 | 11:26-28 11:29-30 11:31-32 | 11:26-32 | 11:26-32 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:1-7

¹Kaya't iyong iibigin ang PANGINOON mong Diyos, at iyong susundin ang kaniyang bilin, at ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga kahatulan, at ang kaniyang mga utos

kailan man. ²At talastasin ninyo sa araw na ito: sapagka't hindi ko sinasalita sa inyong mga anak na hindi nangakakilala, at hindi nangakakita ng parusa ng PANGINOON ninyong Diyos ng kaniyang kadakilaan, ng kaniyang makapangyarihang kamay at ng kaniyang unat na bisig, ³At ng kaniyang mga tanda, at ng kaniyang mga gawa, na kaniyang ginawa sa gitna ng Ehipto kay Faraon na hari sa Ehipto, at sa kaniyang buong lupain; ⁴At ang kaniyang ginawa sa hukbo ng Ehipto, sa kanilang mga kabayo, at sa kanilang mga karo; kung paanong tinakpan niya sila ng tubig ng Dagat na Mapula nang kanilang habulin kayo, at kung paanong nilipol sila ng PANGINOON sa araw na ito; ⁵At kung ano ang kaniyang ginawa sa inyo sa ilang hanggang sa dumating kayo sa dakong ito; ⁶At kung ano ang kaniyang ginawa kay Dathan at kay Abiram, na mga anak ni Eliab, na anak ni Ruben; kung paanong ibinuka ng lupa ang kaniyang bibig, at nilamon sila, at ang kanilang mga sangbahayan, at ang kanilang mga tolda, at bawa't bagay na may buhay na sa kanila'y sumusunod sa gitna ng buong Israel: ⁷Nguni't nakita ng inyong mga mata ang lahat ng dakilang gawa ng PANGINOON na kaniyang ginawa.

11:1 Pansinin paanong ang dalawang MGA PANDIWA ng talatang ito ay may kaugnayan. Sila ay teolohikong pagkakakahalintulad. Ang isa ay dapat humantong sa iba!

1. “ibigin ang PANGINOON” - BDB 12, KB 17, *Qal* GANAP, cf. vv. 13,22. Tingnan ang buong tala sa 5:10.
2. “ingatan ang Kanyang utos” - BDB 1036, KB 1581, *Qal* GANAP

Ito ay isang pag-uulit ng 6:2,4-5; 10:12. Ang pag-ibig ay kapwa isang pagkilos (pagsunod) at isang damdamin (“ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa at ng iyong buong lakas,” cf. 13:3)

▣ “ang kaniyang bilin, at ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga kahatulan, at ang kaniyang mga utos” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

11:2 “talastasin ninyo sa araw na ito: sapagka't hindi ko *sinasalita* sa inyong mga anak na hindi nangakakilala, at hindi nangakakita” Si Moises ay sumasamo sa kanilang mga saksi (bilang mga Levita at mga anak na mababa sa edad ng panghukbong paglilingkod, mababa sa 20 mga taon gulang, cf. 1:6,9,14; 5:2,5; 11:2,7) sa pangyayari sa Exodo at mga paglalagalag sa ilang (cf. 4:34; 7:19).

▣ “talastasin” Tingnan ang buong tala sa 4:35.

▣ “ng parusa ng Panginoon” ang parusa ng Diyos (BDB 416) ay paayon, v. 3; at pasalungat, v. 6. Ang pagsasanay sa mga bata ay isang katangian ng ating amang Diyos (cf. Hebreo 12:5-13). Ito ay pangkarunungan salita na madalas gamiting sa Kawikaan.

▣ “kaniyang kadakilaan” Tingnan ang mga tala sa 10:17 at 4:31.

▣ “ng kaniyang makapangyarihang kamay at ng kaniyang unat na bisig” Ito ay isang antromorpikong parirala na ginamit para sa kapangyarihan ng Diyos (cf. 4:34; 5:15; 6:21; 9:29). Tingnan ang tala sa 4:34.

11:4 “tinakpan niya sila ng tubig ng Dagat na Mapula” Ang Hebreong salita dito ay “Dagat ng Tambo” (BDB 410 NA KAYARIAN 693 I). Tinakpan sa literal ay “agos sa kanilang mga mukha” (BDB 847, KB 1012, *Hiphil* GANAP, cf. Exodo 14:23-31), na isang kataga para sa pagkalunod.

11:5 Ito ay isang paalala ng nakakamanghang mga pagtustos ng Diyos sa panahon ng mga paglalagalag sa ilang. Tingnan ang buong tala sa 8:4.

11:6 “Dathan at Abiram” Tingnan ang Mga Bilang 16:1-35; 26:9-10; Mga Awit 106:16-18.

▣ “sa gitna ng buong Israel” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:1.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:8-12

⁸Kaya't inyong susundin ang buong utos na aking iniutos sa inyo sa araw na ito, upang kayo'y lumakas at kayo'y pumasok at ariin ninyo ang lupain, na inyong tatawirin upang ariin; ⁹At upang inyong maparami ang *inyong* mga araw sa ibabaw ng lupain na isinumpa ng PANGINOON sa inyong mga magulang na ibibigay sa kanila at sa kanilang binhi na lupaing binubukalan ng gatas at pulot. ¹⁰Sapagka't ang lupain na iyong pinaroroonan upang ariin, ay hindi gaya ng lupain ng Ehipto, na inyong pinanggalingan, na doo'y nagtatanim ka ng iyong binhi, at iyong dinidilig ng iyong paa, na parang taniman ng mga gulay; ¹¹Kundi ang lupain, na inyong tatawirin upang ariin, ay lupaing maburool at malibis, at dinidilig ng tubig ng ulan sa langit: ¹²Lupaing inaalagaan ng PANGINOON mong Diyos, at ang mga mata ng PANGINOON mong Diyos ay nandoong lagi, mula sa pasimula ng taon hanggang sa katapusan ng taon.

11:8 “Kaya” Ito ay tumutukoy sa lahat ng sumunod na pang-kasaysayan mga pagkabanggit sa kabanata 11 o maaaring kahit nakalipas na. Karamihan sa Deuteronomio, sa yugtong ito, ay mayroong muli at muling sinanay na katulad na mga babala.

11:9 “upang inyong maparami ang inyong mga araw sa ibabaw ng lupain” Ihambing ang v. 21 sa Deuteronomio 5:16. Ito ay hindi isang pansariling pangako ng mahabang buhay ngunit isang pangkulturang pangako ng katatagan sa isang lipunan na nagpaparantal sa Kautusan ng Diyos (cf. 4:1; 8:1) at sa gayon pinaparangalan ang pamilya (cf. 4:40; 5:16,33; 6:2). Tingnan ang buong tala sa 4:40.

▣ “na isinumpa ng PANGINOON sa inyong mga magulang na ibibigay sa kanila” Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangkasunduang Pangako sa mga Patriyarka at 9:5.

▣ “na lupaing binubukalan ng gatas at pulot” Hindi lang ito ang tanging pisikal paglalarawan ngunit isang teknikal na pagtatalaga para sa lupain ng Palestino sa Ugaritiko at Ehipsyong mga kasulatan. Tingnan ang tala sa 6:3.

11:10 “hindi gaya ng lupain ng Ehipto” Ang paglilinang ng mga pananim ay lubhang naiiba sa Ehipto kaysa sa Palestino. Ang Palestino ay may pana-panahong pag-ulan (cf. v.11), ang Ehipto ay kailangang umasa sa patubig na mula sa Nile at kanyang taunang pagbabaha.

▣ “iyong dinidilig ng iyong paa” Ito ay maaaring tumutukoy sa (1) isang sistemang patubig na ang bukirin ay babahain at samakatuwid ang paa ay ginagamit upang gumawa ng butas sa dike upang dumaloy ang tubig palabas o (2) isang gilingang ginamit upang itaas ang tubig para sa patubig.

11:11 “ang lupain... dinidilig ng tubig ng ulan sa langit” Para sa mga tao sa disyerto, walang kasing halaga ang pagpapala ng pagkakaroon ng sapat at palagiang tubig (cf. 8:7-9). Ang mabuting lupaing ito ay may pasubali sa kasunduang pagsunod (cf. vv. 16-17; Levitico 26:14-20; Deuteronomio 28:12,23-24; I Mga Hari 8:35; 17:1; II Cronica 7:11-14; Isaias 5:6; Jeremias 14; Amos 4:7-8).

11:12 “ang mga mata ng PANGINOON” Ito ay isang antromorpikong paglalarawan ng Panginoon tulad ng v. 2. Ito ay nagpapahayag ng Kanyang natatanging pangangalaga at presensya sa Ipinangakong Lupain. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:15.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:13-17

¹³At mangyayari, na kung inyong didingging maigi ang aking mga utos na aking iniutos sa inyo sa araw na ito, na ibigin ang PANGINOON ninyong Diyos at siya'y paglingkuran ng buo ninyong puso, at ang buo ninyong kaluluwa, ¹⁴Ay ibibigay ko ang ulan ng inyong lupain sa kaniyang kapanahunan, ang una at huling ulan upang iyong makamalig ang iyong trigo, at ang iyong alak, at ang iyong langis. ¹⁵At aking bibigyan ng damo ang iyong mga hayop sa iyong mga bukid, at ikaw ay kakain at mabubusog. ¹⁶Mangagingat kayo, baka ang inyong puso ay madaya, at kayo'y maligaw, at maglingkod sa ibang mga diyos, at sumamba sa kanila; ¹⁷At ang galit ng PANGINOON ay magalab laban sa inyo, at kaniyang sarhan ang langit, upang huwag magkaroon ng ulan, at ang lupa'y huwag magbigay ng kaniyang bunga; at kayo'y malipol na madali sa mabuting lupain na ibinibigay sa inyo ng PANGINOON.

11:13 Pansinin ang may pasubali (“kung” BDB 49, cf. v. 22; at “sundin” BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN at *Qal* DI-GANAP mula ang katulad na salitang-ugat, na nagpapakita ng pagbibigay-diin at nangangahulugang “makinig at pagkatapos sa gawin!” na kalikasan ng pagpapala ni YHWH’s pagpapala ay:

1. “sa pag-ibig” - BDB 12, KB 17, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI
2. “sa paglilingkod” - BDB 712, KB 773, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI. Sa Arabe, ang salitang-ugat ay nangangahulugang sa pagsamba at pagsunod sa Diyos, cf. Exodo 3:12; 4:3; 7:16; 8:1
3. “ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa,” cf. 4:29; 6:5; at lalo na sa 10:12.

Si Moises ay inuulit-ulit ang pangaral na ito para sa pagbibigay-diin.

▣ **“puso”** Para sa ang sinaunang Hebreo ang “puso” ay tumutukoy sa kaisipan at adhikain, ang talino at motibo ng isang tao. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:30.

▣ **“kaluluwa”** Ang salitang ito ay nangangahulugang “ang buhay ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng Diyos” (BDB 659). Ito ay maaaring tumukoy sa mga tao o mga hayop sa Genesis.

11:14 “ibibigay ko ang ulan” “Kanyang ibibigay” (BDB 678, KB 733) ay naglalarawan ng kasunduan mga pagpapala at mga sumpa ni YHW:

1. v. 9 - *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI
2. v. 14 - *Qal* GANAP (pagpapala)
3. v. 15 - *Qal* GANAP (pagpapala)
4. v. 17 - *Qal* DI-GANAP (sumpa)
5. v. 17 - *Qal* GANAP (sumpa)
6. v. 21 - *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI
7. v. 25 - *Qal* DI-GANAP (pagpapala)
8. v. 26 - *Qal* PANDIWARI (pagpapala/sumpa)
9. v. 29 - *Qal* GANAP (pagpapala/sumpa)
10. v. 31 - *Qal* PANDIWARI (pagpapala)
11. v. 32 - *Qal* PANDIWARI (pagpapala/sumpa)

Nais ni YHWH na magpala, ngunit kasunduang pagsunod ng Israel ang magpapasiya ng pagtugon (pagpapala o pagsusumpa, cf. mga kabanata 27-29) na kanyang matatanggap.

Ang Diyos ay hiwalay sa kalikasan ngunit Siya ang nakakapangyari dito. Ginagamit niya ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa sangkatauhan (cf. Deuteronomio ; Mga Awit 19:1-6; Roma 1:19-25; 2:14-15).

▣ **“una”** Palestino ay mayroong dalawang beses na taunang pag-ulan. Ang maagang mga ulan (para

sa pagtanim) ay dumadating ng Oktubre - Nobyembre (BDB 435, cf. Jeremias 5:24; Osea 6:2; Joel 2:23).

▣ **“huling ulan”** Ang huling mga ulan (para sa lumalagong mga pananim) ay dumarating ng Marso - Abril (BDB 545, cf. Jeremias 3:3; Joel 2:23). At sa ibang pagkakataon, ang mabigat na hamog ay ang tanging pinanggalingan ng kahalumigmigan. Ang Osea 6:3 gumagamit nito bilang isang talinghaga ng huling-panahon pagbabagong espirital.

▣ **“iyong trigo, at ang iyong alak, at ang iyong langis”** Ito ay pangunahin sa kanilang mga kinakain (cf. 7:13).

11:15 “ng iyong mga hayop” Ang salitang ito “hayop” (BDB 96) ay tumutukoy sa:

1. lahat nabubuhay na nilalang maliban sa mga tao, Genesis 8:1; Exodo 9:9,10,22
2. maamong mga hayop, Genesis 47:17; Exodo 20:10; Levitico 19:19; 26:22; Mga Bilang 3:41,45; Deuteronomio 2:35

▣ **“kaw ay kakain at mabubusog”** Ang PANDIWANG ito ay isang inuulit na pangako sa Deuteronomio (cf. 6:11; 8:10; 11:15; 14:29). Ito ay binubuo ng dalawang MGA PANDIWA:

1. “kumain” - BDB 37, KB 46, *Qal* GANAP
2. “mabusog” - BDB 959, KB 1302, *Qal* GANAP

11:16-17 Ang mga talatang ito ay isang babala (“mag-ingat,” BDB 1036, KB 1581, *Niphal* PAUTOS, cf. 4:9,15,23; 6:12; 8:11; 11:16; 12:13,19,28,30; 15:9; 24:8, tingnan ang tala sa 6:12) patungkol sa pagsamba sa diyus-diyusan at kanyang mga kahihinatnan.

NATATANGING PAKSA: MGA KAHIHINATNAN NG PAGSAMBA SA DIYUS-DIYOSAN

- A. “mga ay hindi nalinlang” - BDB 834, KB 984, *Qal* DI-GANAP, cf. Job 31:27
1. “tumalikod” - BDB 693, KB 747, *Qal* GANAP, cf. Exodo 32:8; 9:12; 17:11,17; Jeremias 5:23
 2. “naglingkod sa ibang mga diyos” - BDB 712, KB 773, *Qal* GANAP, cf. 7:4,16; 8:19; 11:16; 13:6,13; 17:3; 28:14,36,64; 29:26; 30:17; 31:20; Josue 23:16; 24:2,16; Jeremias 11:10; 13:10; 16:11,13; 22:9; 25:6; 35:15
 3. “sumamba” - BDB 1005, KB 295, *Hithpael* (Owens, p. 805) at *Hishtaphel* (Parsing Guide, p. 146)
- Maliwanag na ito ay isang nauulit na pagkahilig sa bahagi ng Israel! Ang mga kahihinatnan para sa pagsamba sa diyus-diyusan ay malubha.
- B. “ang galit ng PANGINOON ay magniningas laban sa inyo” - BDB 354, KB 351, *Qal* GANAP, cf. Exodo 4:14; 22:24; 32:10; Mga Bilang 11:1,10; 12:9; 32:10; Deuteronomio 6:15; 7:4; 11:17; 29:27; Josue 23:11
1. “Kaniyang tatakpan ang mga langit, samakatuwid ay hindi magkakaroon ng ulan.” Ito ay bahagi ng sumpa para sa pagsuway sa kasunduan, cf. 28:24; II Cronica 6:26-28; 7:13
 2. “ang lupa ay hindi magbibigay ng kanyang bunga” - mga bunga ng walang ulan
- C. “kayo madaling mapupukso mula sa mabuting lupain” - BDB 1, KB 2, *Qal* GANAP, cf. 4:26; 7:4; 8:19,20; 28:20,22; 30:18; Josue 23:13,16

Walang panggitnang pamimilian! Ipinakilala ng Diyos ang Kanyang kasunduan bilang lubusang pagsang-ayon o sa kakulangan. Ang nalugmok na sangkatauhan ay hindi makakamtam ang ganitong antas ng pananatili o lubusang pagsunod (cf. Josue 24:19). Samakatuwid, mayroong isang pangangailangan para sa isang bagong kasunduan na nakabatay sa kahabagan ng Diyos at Kanyang pagsasakatuparan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38; Roma 3:9-18,23; Galacia 3)!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:18-25

¹⁸Kaya't inyong ilalagak itong aking mga salita sa inyong puso, at sa inyong kaluluwa; at inyong itatali na pinakatanda sa inyong kamay at magiging pinakatali sa inyong noo. ¹⁹At inyong ituturo sa inyong mga anak, na inyong sasalitain sa kanila, pagka ikaw ay nauupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga, at pagka ikaw ay bumabangon. ²⁰At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay, at sa iyong mga pintuang-daan: ²¹Upang ang inyong mga araw ay dumami at ang mga araw ng inyong mga anak, sa lupain na isinumpa ng PANGINOON sa inyong mga magulang na ibibigay sa kanila, gaya ng mga araw ng langit ay *mananatili* sa ibabaw ng lupa. ²²Sapagka't kung inyong susunding masikap ang buong utos na ito na aking iniutos sa inyo upang gawin, na ibigin ang PANGINOON ninyong Diyos, lumakad sa lahat ng kaniyang daan, at makilalip sa kaniya: ²³Ay palalayasin nga ng PANGINOON ang lahat ng mga bansang ito sa harap ninyo, at kayo'y magaari ng mga bansang lalong malaki at lalong makapangyarihan kay sa inyo. ²⁴Bawa't dakong tutuntungan ng talampakan ng inyong paa ay magiging inyo: mula sa ilang, at sa Libano, mula sa ilog, sa ilog Eufrates, hanggang sa dagat kalunuran ay magiging inyong hangganan. ²⁵Walang lalaking makatatayo sa harap ninyo: sisidlan ng PANGINOON ninyong Diyos ng takot sa inyo at ng sindak sa inyo sa ibabaw ng buong lupain na inyong tutuntungan, gaya ng kaniyang sinalita sa inyo.

11:18-20 Ang mga talatang ito ay isang paglalagom ng kabanata 6:6-9. Sila ay nangangahulugang itanim ang matapat ang pangangailangan na mabuhay ng buhay sa liwanag ng mga salita ng Diyos!

▣ **“Kaya't inyong ilalagak itong aking mga salita”** Ito ay matalinghaga, BDB 962, KB 1321, *Qal* GANAP, cf. 32:46. Ito ay kung ano ang kahulugan ng mga talinghaga ng 6:8 at Exodo 13:9,16. Palaging ingatan ang salita ng Diyos sa kaunahan ng iyong pag-iisip. Balikan ang bawat pagkilos sa liwanag nila!

11:19 “inyong ituturo sa inyong mga anak” Tingnan ang tala sa 4:9.

11:20 “isusulat” Sa nakalipas ang ilang mga nag-aaral ay tinatanong ang kakayahan ni Moises at ang naunang mga Israelita na magsulat. Habang ang mga katibayan sa arkeolohiya ay dumadami, wala ngayon ang makakatangi nito. Tingnan ang “The Question of Israelite Literary” sa *Approaches to the Bible*, tomo 2, pp. 142-53 (mula sa The Biblical Archaeology Society, 1995).

11:21

NASB “gaya ng mga araw ng langit ay *mananatili* sa ibabaw ng lupa”

NKJV “tulad ng mga araw ng langit sa ibabaw ng lupa”

NRSV “habang ang langit ay nasa ibabaw ng lupa”

TEV, NJB “habang ang himpapawid ay nasa ibabaw ng mundo”

Ito ay isang kahalintulad pahayag sa “nagpapatuloy na kautusan” (e.g., Exodo 12:14,17,24,25; 13:10). Ito ay isang talinghaga ng pamamalagi.

11:22 Ang may pasubali kalikasan ng kasunduan (cf. v. 13) at kanyang mga kinakailangan ay inuulit:

1. ang kalagayan ay katulad ng v. 13, ngunit maliit na pagkakaiba:
 - a. “sapagkat kung” at, BDB 49
 - b. “sundin” BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN at *Qal* DI-GANAP PANDIWA (pang-gramatikong kayariang ginamit upang magdulot ng pagbibigay-diin)
2. ang mga kinakailangan (kalipunan ng *Qal* PAWATAS NA MGA PAGKAKAYARI, tulad ng v. 13):
 - a. “gawin” - BDB 793, KB 889
 - b. “ibigin” - BDB 12, KB 17

- c. “lumakad” - BDB 229, KB 246, cf. 8:6
- d. “makilakip” - BDB 179, KB 209, cf. 10:20; 13:4

11:23-25 Ito ay ang mga ipinangakong bunga (i.e., “gaya ng Kaniyang sinabi sa inyo,” v. 25) ng may pasubaling kasunduan:

1. “Palalayasin nga ng PANGINOON ang lahat ng mga bansang ito sa harap ninyo,,” v. 23, BDB 439, KB 441, *Hiphil* GANAP, cf. Exodo 34:24; Mga Bilang 32:21; Deuteronomio 4:37-38; 9:4-5; Josue 23:5,13
2. “kayo’y magaari ng mga bansang lalong malaki at lalong makapangyarihan kay sa inyo,” v. 23, BDB 439, KB 441, *Qal* GANAP, cf. 7:17; 9:3; Mga Bilang 33:52
3. “Bawa’t dakong tutuntungan ng talampakan ng inyong paa ay magiging inyo,” v. 24, BDB 201, KB 231, *Qal* DI-GANAP, cf. Josue 1:3. Ang kanilang mga hangganan ay inilarawan sa Genesis 15:18; Exodo 23:31; Deuteronomio 1:7; 3:12-17; Josue 1:1-4; 13:8-12
4. “Walang lalaking makatatayo sa harap ninyo,” v. 25, BDB 426, KB 427, *Hithpael* DI-GANAP, cf. 7:24; Josue 1:5; 10:8; 23:9
5. “Sisidlan ng PANGINOON ninyong Diyos,” BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP
 - a. “pagkatakot” - BDB 808, cf. 2:25
 - b. “sindak” - BDB 432, cf. Genesis 9:2
 Ang katulad ng katotohanang ito, ngunit sa ibang mga salita ay nasa Exodo 23:27 at Josue 2:9.

11:24 Para sa buong mga tala ng mga hangganan ng pinangakong Lupain tingnan ang 1:8.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:26-28

²⁶Narito, inilalagay ko sa harap ninyo sa araw na ito ang pagpapala at ang sumpa; ²⁷Ang pagpapala, kung inyong didinggin ang mga utos ng PANGINOON ninyong Diyos, na aking iniutos sa inyo sa araw na ito; ²⁸At ang sumpa, kung hindi ninyo didinggin ang mga utos ng PANGINOON ninyong Diyos, kundi kayo lilihis sa daan na aking iniutos sa inyo sa araw na ito, upang sumunod sa ibang mga diyos, na hindi ninyo nangakilala.

11:26-28 Ang mga talatang ito ay ipinagpapatuloy ang ang mga kahihinatnan ng may pasubaling kasunduan sa pagitan ni YHWH at Kanyang bayan. Sila ay pinalawak sa Deuteronomio 27-29. Ang mga talatang ito ay nagpapaliwanag ng maraming kasaysayan ng mga Hudyo.

Ang talatang ito ay nagsimula sa isang pangkaraniwang panawagan para sa paggalang, “Tingnan ang” - BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS, cf. 1:8,21; 2:24; 4:5; 11:26; 30:15; 32:39. Ang salita “ngayon” (BDB 398) ay isang paraan ng paghihimok ng tiyak, kagyat na pagkilos (cf. 4:39).

1. “pagpapala” - BDB 139
 - a. “kung kayo ay makikinig” - BDB 1033, KB 1570, *Qal* DI-GANAP, “pagkinggan pagkatapos ay gawin,” cf. ipinag-uutos sa 4:1; 5:1; 6:3,4; 9:1; 20:3; 27:10; 33:7; pinasubali sa 7:12; 11:13(na dalawang beses); 15:5(na dalawang beses); 28:1(na dalawang beses),13; 30:10,17
2. “sumpa” - BDB 887
 - a. “kung kayo ay hindi makikinig,” katulad bilang sa itaas, *Qal* DI-GANAP
 - b. “tumalikod” - BDB 693, KB 747, *Qal* GANAP
 - c. “sumusunod sa ibang mga diyos” - BDB 229, KB 246, sa literal, “lumakad,” cf. 6:14; 8:19; 11:28; 13:2; 28:14; Mga Hukom 2:12; Jeremias 7:6,9; 11:10; 13:10

Ang pagkakaiba sa mga kahihinatnan ay kadalasang tinatawag na “ang dalawang mga paraan” (cf. kabanata 28 at 30:1,15-20; Mga Awit 1; Jeremias 21:8; Mateo 7:13-14).

11:28 “sumusunod” Sa literal, ito ay “makilala.” Tingnan ang buong tala sa 4:35.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 11:29-32

²⁹At mangyayari, na pagka ikaw ay ipapasok ng PANGINOON mong Diyos sa lupain na iyong pinaroroonan upang ariin, na iyong ilalagay ang pagpapala sa bundok ng Gerizim, at ang sumpa sa bundok ng Ebal. ³⁰Di ba sila'y nasa dako pa roon ng Jordan, sa dakong nilulubugan ng araw, sa lupain ng mga Cananeo na tumatahan sa Araba, sa tapat ng Gilgal na kasiping ng mga encina sa More? ³¹Sapagka't kayo'y tatawid sa Jordan upang inyong pasukin na ariin ang lupain na ibinibigay sa inyo ng PANGINOON ninyong Diyos, at inyong aariin, at tatahan kayo roon. ³²At inyong isasagawa ang lahat ng mga palatuntunan at mga kahatulan na aking iginagawad sa inyo sa araw na ito.

11:29 “ang pagpapala. . .ang sumpa” Ang talatang ito ay naglalarawan ang kasunduang pagbabago pagdiriwang ang pinapangasiwaan sa pamamagitan ni Josue sa Shechem (cf. mga kabanata 27-28 at Josue 8:30-35). Tila ang dalawang mga pangkat of Levitang mang-aawit ay umaawit o kumakanta ng pagpapala mula Bundok ng Gerezim at ng mga sumpa mula sa Bundok ng Ebal. Ang dalawang bundok na ito ay umaagapay sa Shechem (i.e., na ang kahulugan ay mga paypay, BDB 1014). Ang arkeolohiyong ay mayroong natagpuang isang malaking batong sa Bundok ng Ebal na umaakma sa paglalarawan ng altar na ito sa Talmud. Tingnan ang Panimula sa aklat VII.

Ito ay sumusunod sa mga kasunduan ng Suzerain Heteo, na nauugnay sa hari at kanyang mga pinamumunuan (cf. Deuteronomio 27: Josue 24 para sa katulad na tularan).

11:30 “Araba” Ito ay ang Lambak ng Jordan sa timog ng Dagat na Pula. Tingnan ang tala sa 1:1.

▣ **“Gilgal”** Ito ay nangangahulugang isang “paikot ng mga bato” (BDB 166 II), na siyang pangalan ng unang lugar ng kuta ng mga Israelita sa Canaan (cf. Josue 4:19). Gayunman, ang isa ay maaari sa malayong hilaga na malapit sa Shechem (tingnan ang *The IVP Bible Background Commentary, OT*, p. 181).

▣ **“encina sa More”** Ito ay isang sagradong puno o halaman. Alam natin na ito ay isang sagradong lugar na malapit sa Shechem dahil sa Genesis 12:6 at 35:4. Ang Moreh ay nangangahulugang “guro” (BDB 435).

11:31-32 Ito ay buod ng mga talatang isinasalaysay nang maraming beses noong una.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit inuulit nang lubha ng Deuteronomio ang katulad na parirala at pang-kasaysayan mga pangyayari?
2. Paano binigyang-diin ang mga may pasubali o pagkusang mga sangkap ng Kasuduan?
3. Paano binigyang-diin ang kapangyarihan (pagiging soberano) ni YHWH?

DEUTERONOMIO 12

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|---|---|---|
| Isang Iniatas ng Lugar ng Pagsamba | Ang Sentralisasyon ng Pagsamba | Ang Isang Lugar para sa Pagsamba | Ang Alituntunin (Kodigo) ng Deuteronomio (12:1-26:15) |
| 12:1-28 | 12:1 | 12:1-3 | 12:1 |
| | 12:2-7 | | Ang Lugar ng Pagsamba 12:2-3 |
| | | 12:4-7 | 12:4-7 |
| | 12:8-12 | 12:8-14 | 12:8-12 |
| | | | Mga Pamamalakad sa Pag-aalay |
| | 12:13-14 | | 12:13-14 |
| | 12:15-19 | 12:15-19 | 12:15-16 |
| | | | 12:17-19 |
| | 12:20-27 | 12:20-28 | 12:20-28 |
| | 12:28 | | |
| Mag-ingat sa mga Bulaang Diyus-diyosan | | Babala Laban sa Pagsamba sa Diyus-diyosan (12:29-13:18) | Laban sa mga Kulto ng Canaan |
| 12:29-32 | 12:29-32 | 12:29-31 | 12:29-13:1 |
| | Babala Laban sa Pagsamba sa Diyus-diyosan (12:32-13:18) | 12:32 | |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi) *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PANIMULA

- A. Ito ay nagsisimula sa pagpapalaki ng Sampung Mga Salita sa pang-araw-araw na mga alituntunin (i.e., mga kabanata 12-26), na sumasaklaw sa sekular at sagradong buhay ng Israel. Kung ang isa ay sumusunod sa mga balangkas ng mga kasunduan ng Heteo, samakatuwid (1) 4:1- 11:32 ay naglalaman ng saligan mga kautusan at (2) 12:1-26:19 ang katangian ng pagpapalawak at pagpapaliwanag ng mga kautusang ito.
- Ang mga iskolar ay nagsasalaysay ng apat na “Kautusang Kodigo” sa Pentateuch:
1. Aklat ng kasunduan, Exodo 20:22-23:33
 2. Makasaserdoteng Kodigo, Exodo 25-31 at 34:29 sa pamamagitan ng Levitico 16
 3. Kodigo ng Kabanalan, Levitico 17-26
 4. Deuteronomikong Kodigo, mga kabanata 12-26 at 28 sa Deuteronomio
- Gayunman, ang mga talang ito ay mas apektado ni Julius Wellhausen (tingnan ang *Approaches To the Bible*, p. 13) na pinanggalingan ng kritikal na pagsisiyasat (i.e., J=YHWH; E=Elohim; D=Deuteronomio; at P=pangsaserdoteng manunulat) sa Pentateuch kaysa sa kapanahon, pangalawang sanlibong taon B.C. na mga pagkakatulad (cf. R. K. Harrison, *Old Testament Times* at John H. Walton, *Ancient Israelite Literature In Its Cultural Context*).
- B. Ito ang mga kabanata kung saan ang pagtatalo patungkol sa petsa ng Deuteronomio ay nagngangalit. Ito ay sumesentro sa vv. 1-7 na tumatawag para sa isang pangunahing altar na pagsamba (sa huli ay Herusalem).
- C. Ito ay tila na ang tekstong ito ay nag-uugnay sa dalawang magkahiwalay na yugto at mga layunin: (1) sa ilang (i.e., tabernakulo) at (2) sa Ipinangakong Lupain. Ang layunin ng lahat ng kautusan ay wastong pagsamba kay YHWH sa pook, motibo at anyo. Ang pagsamba sa diyus-diyosan at kanyang mga pook ng pagsamba ay tinanggihan. Ang pag-igting ay tila sa pagitan ng lehitimong lokal na mga pangalan ng pagsamba (Exodo 20:24; Deuteronomio 16:21) at isang punong pook ng pagsamba ng Israel. Ang lokal at natatanging mga altar (cf. Deuteronomio 27) ay pinahihintulutan (e.g., I Mga Hari 3:3-5), ngunit ang Kaban, tabernakulo, at sa huli ang Templo ay binibigyang-diin.
- D. Sa kasaysayan, ito ay maitatala na ang reproma ni Hezekiah’s reform ay may nakatuon patungo sa isang lugar ng punong pagsamba kaysa sa reporma ni Josiah, na karaniwang ginamit bilang ang inaakalang pang-kasaysayan pagkakataon para sa pagsulat ng Deuteronomio (i.e., 621 B.C., cf. II Mga Hari 18:22; II Cronica 32:12 at Isaias 36:7). Ang reproma ni Josiah ay pangunahing tumutuon sa pagsamba sa diyus-diyusan hindi sa punong pagsamba! Hindi ko tinatanggap ang JEDP na teoriya of ng pinanggalingang kritisismo ng Pentateuch (cf. Joshua McDowell *More Evidence That Demands A Verdict*).

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:1-7

¹Ito ang mga palatuntunan at mga kahatulan na inyong isasagawa sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON, ng Diyos ng iyong mga magulang upang ariin, sa lahat ng mga araw na inyong ikabubuhay sa ibabaw ng lupa. ²Tunay na gigibain ninyo ang lahat ng mga dako, na pinaglilingkuran sa kanilang diyos ng mga bansang inyong aariin, sa ibabaw ng matataas na bundok, at sa ibabaw ng mga burol, at sa lilim ng bawa't punong kahoy na sariwa: ³At iyong iwawasak ang kanilang mga dambana, at inyong pagpuputol-putulin ang kanilang mga haliging pinakaalaala, at susunugin ang kanilang mga Asera sa apoy; at inyong ibubuwal ang

mga larawang inanyuan na kanilang mga diyos; at inyong papawiin ang kanilang pangalan sa dakong yaon. ⁴Huwag kayong gagawa ng ganito sa PANGINOON ninyong Diyos. ⁵Kundi sa dakong pipiliin ng PANGINOON ninyong Diyos sa lahat ng inyong mga lipi na paglalagyan ng kaniyang pangalan, sa makatuwid baga'y sa kaniyang tahanan ay inyong hahanapin, at doon kayo paroroon: ⁶At doon ninyo dadalhin ang inyong mga handog na susunugin, at ang inyong mga hain, at ang inyong mga ikasangpung bahagi, at ang handog na itataas ng inyong kamay, at ang inyong mga panata, at ang inyong mga kusang handog, at ang mga panganay sa inyong mga bakahan at sa inyong mga kawan: ⁷At doon kayo kakain sa harap ng PANGINOON ninyong Diyos, at kayo'y mangagagalak sa lahat na kalagyan ng inyong kamay, kayo at ang inyong mga sangbahayan kung saan ka pinagpala ng PANGINOON mong Diyos.

12:1 “ang mga palatuntunan at mga kahatulan” Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

▣ **“na inyong isasagawa”** Ito ay isang pagsasama ng isang PANDIWA, “manatiling nagmamasid” (BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP) at isang *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI, (BDB 793, KB 889). Ito ay isang inuulit na paksa (e.g., Exodo 23:13,21; 34:11-12; Levitico 18:4-5,26,30; Deuteronomio 4:6,9,15,23,40; at mas marami lalo na sa Deuteronomio at Pangkarunungan Panitikan).

▣ **“a lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON, ang Diyos ng iyong mga magulang”** Ang PANDIWA ay nagpapakita buong pagkilos (BDB 678, KB 733, *Qal* GANAP), ngunit ang pangyayari ay sa hinaharap. Ito ay isang Hebreong paraan ng pagpapakita ng katiyakan (i.e., Prophetic Perfect). Ito ay isang inuulit paksa sa Deuteronomio (cf. 1:8,20,21,25,35,36,39; 2:29; 3:18,20; 4:1,21,38,40; 5:16,31; 6:10,23; 7:13,16; 8:10; 9:6,23; 10:11; 11:9,17,21,31; 12:1,9; 15:4; 17:14; 18:9; 19:1,2,8,14; 21:23; 24:4; 25:15,19; 26:1,2,3,6,9,10,15; 27:3; 28:8,11,52; 31:7; 32:49; 34:4). Ito ay nagpapakita na mapagbiyayang pagpili at pagtustos ni YHWH para sa Israel.

▣ **“upang ariin”** Ang PANDIWA (BDB 439, KB 441, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI) ay isang inuulit na pangako. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ariin ang Lupain sa 8:1.

▣ **“sa ibabaw ng lupa”** “sa ibabaw ng mundo” ay isa pang paraan ng pagsasabing “sa Lupain” (cf. v. 19). Gaya ng mahabang bilang ang mga Israelita na iningatan ang mga kautusan ng Diyos, sila ay maaaring manirahan (mabuhay) sa Ipinangakong Lupain. Tingnan ang tala sa 4:40.

Ang talatang ito ay mayroong dalawang magkaibang mga salita para sa “lupain”:

1. “sa lupain” - BDB 75
2. “sa ibabaw ng mundo” - BDB 9

Sila kapwa tumukoy sa buong mundo o sa lupain ng Canaan. Sila ay karaniwang mga magkasingkahulugan (cf. 4:38-40; 11:8-9; 12:1; 26:2,15).

12:2 “Tunay na gigibain ninyo ang lahat ng mga dako” “Lubusang gibain” ay nagmula sa isang Hebreong salita na nangangahulugang “magdulot ng pagkawasak” (BDB 1, KB 2, *Piel* PAWATAS NA LUBUSAN at *Piel* DI-GANAP, na nagpapakita nang kasidhian, cf. v. 3; Mga Bilang 33:52 [na dalawang beses]; II Mga Hari 21:3). Ang Diyos ay nagpapaalala sa mga Israelita na gibain ang mga paganong altar na sa gayon ay hindi maging bahagi ng kanilang pagpapayabong na pagsamba (cf. Exodo 23:24; 34:13).

▣ **“sa ibabaw ng mga burol, at sa lilim ng bawa't punong kahoy na sariwa”** Ang mga pook na ito ay ang lokal na *Ba'al* at mga altar ng *Asera* kung saan ang mga ritwal ng pagpapayabong ay isinasagawa (cf. Jeremias 2:20; 3:2,6; 17:2; Isaias 57:5,7; Osea 4:13).

12:3 “mga sagradong dambana” Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANG INUTOS NA PAGTUNGON NG ISRAEL SA PAGPAPAYABONG NA PAGSAMBA NG CANAANEOS

Ang talatang ito ay mga tala maraming pang-kultong mga bagay sa pagsamba kay *Ba'al* at kung paano sila wawasakin ng Israel.

1. “Inyong wawasakin ang kanilang mga altar”
 - a. ang PANDIWA, BDB 683, KB 736, *Piel* GANAP, cf. Deuteronomio 7:5; II Cronica 31:3; 34:4
 - b. ang bagay, “mga altar,” BDB 258, ang mga altar ni *Ba'al* ay tinaas na mga entablado ng pinutol sa bato na may isang pataas na bato (haligi) at isang butas na tataniman ng isang puno o mapatibay ang isang kahoy, inukitang tulos (*Asera*)
2. “durugin ang kanilang mga sagradong haligi”
 - a. ang PANDIWA, BDB 990, KB 1402, *Piel* GANAP, cf. Deuteronomio 7:5; II Mga Hari 3:2; 10:27
 - b. ang bagay, “mga haligi,” BDB 663. Ito ay pinataas na mga bato na ginamit bilang isang phallikong sagisag para sa lalaking pagpapayabong na diyos (cf. 16:22).
3. “tupukin ang kanilang *Asherim* ng apoy”
 - a. ang PANDIWA, BDB 976, KB 1358, *Qal* DI-GANAP, cf. Deuteronomio 7:5, in II Cronica 31:1 at 34:4; sila ay dapat “tadtarin.”
 - b. ang bagay, *Asherim*, BDB 81. Ito ay sumasagisag sa puno ng buhay. Ang *Asera* (cf. ABD, tomo 1, pp. 483- 87, kahit na sa patulang panitikan mula sa Ugarito, si Anath na asawa ni *Ba'al*, cf. ABD, tomo 1, pp. 225-27), ay ang babaing kasama ni *Ba'al*. Ito ay maaring isang buhay na puno o isang inukitang tulos.
4. “inyong ibubuwal ang inukitang mga larawan ng kanilang mga diyos”
 - a. ang PANDIWA, BDB 154, KB 180, *Piel* DI-GANAP, cf. Deuteronomio 7:5; II Cronica 14:2; 31:1; 34:4,7
 - b. ang bagay, “mga inukitang larawan ng kanilang mga diyos,” BDB 820 NA KAYARIAN 43. Deuteronomio 7:5; at II Cronica 34:7 ay gumagawa ng pagkakaiba sa pagitan ng *Asherim* at mga larawan.
5. “papawiin ang kanilang pangalan mula sa pook na yaon”
 - a. ang PANDIWA, BDB 1, KB 2, *Piel* GANAP, cf. Deuteronomio 12:2(na dalawang beses)
 - b. ang bagay, “pangalan,” BDB 1027. Ito ay tila kumakatawan sa pangalan ng diyos bilang may-ari ng pook, na ngayon ay nawasak at, samakatuwid, ang kanilang mga pangalan ay mapuksa. Ito ay ang pangalan ni YHWH na mayroong isang pangalan/pagsamba lugar ngayon (cf. Deuteronomio 12:5,11).

12:5 “sa dakong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos” Pinili ng Diyos (BDB 103, KB 119, *Qal* DI-GANAP, cf. vv. 11,14,18,21,26; 14:25; 15:20; 16:2,6,11,15; 17:8,10; 18:6; 26:2; 31:11) ang lugar ng pagsamba (cf. Exodo 20:24).

Ang tabernakulo (kaban) ay naglakbay kasama ang Israel:

1. Gilgal, Josue 4:19; 10:6,15
2. Shechem, Josue 8:33
3. Shiloh, Josue 18:1; Mga Hukom 18:31; I Samuel 1:3
4. Bethel, (maaaring) Mga Hukom 20:18,26-28; 21:2
5. Kiriath-jearim, kaban, I Samuel 6:21; 7:1-2 (mga saserdote sa Nob, cf. I Samuel 21-22)
6. Herusalem
 - a. Nabihag ni David ang muog ng Jebus (cf. II Samuel 5:1-10)
 - b. Dinala ni David ang kaban (arko) sa Herusalem (cf. II Samuel 6)
 - c. Binili ni David ang lugar ng templo (II Samuel 24:15-25; II Cronica 3:1)

Maraming makabagong nag-aaral (iskolar) ay nagtangkang ipahayag na ang Deuteronomio ay huling naisulat upang mailagay ang mga reporma nina Hezekiah at Josiah sa pagiging pangunahin ng

pagsamba ng Israel. Gayunman, ang Deuteronomio ay hindi pinangalanan ang Herusalem bilang tiyak lugar na pipiliin ng YHWH. Sa konteksto ang teolohikong pagkakaiba ay sa pagitan ng:

1. ang lokal mga dambana ni *Ba'al* at ang isang dambana ng Israel
2. ang monoteismo ng Israel laban sa polyteismo ng Canaan (at ang natitirang bahagi ng sinaunang Near East)



NASB “na paglalagyan ng kaniyang pangalan, kaniyang tahanan ay inyong hahanapin”

NKJV “ilagay ang Kanyang pangalan para sa Kanyang tahanan”

NRSV “na ang kanyang tahanan nag paglalagyan ng kanyang pangalan”

TEV “kung saan ang bayan ay darating sa kanyang harapan”

NJB “dito upnag ilagak ang kanyang pangalan at bigyan ito ng tahanan”

Ang salin ng talatang ito ay naimpluwensyahan ng v. 11. Ang talata 5 ay mayroong “para sa kanyang tirahan” (BDB 1015), habang ang 11 ay mayroong “gawing tirahan” (BDB 1014, KB 1496, *Piel* PAWATAS NA PAGKAKAYARI). Sa kahulugan sila ay lubhang magkatulad at walang teolohikong pagkakaiba o karagdagan.

Ang mga Hudyo ay ipinalit ang pangalan ng Diyos para sa presensya ng Diyos. Ito ay isang tiyak na sangunian sa Tabernakulo sa mga unang araw.

NATATANGING PAKSA: “ANG PANGALAN” NI YHWH

Ang paggamit ng “pangalan” bilang isang kapalait para kay YHWH sa Kanyang sarili ay kahalintulad sa paggamit ng Exodo 23:20-33 sa “anghel,” na tinatawag na “Ang Aking pangalan ay sa Kaniya.” Ang katulad na kapalit na ito ay maaaring makita sa panggamit ng “Kanyang kaluwalhatian” (e.g., Juan 1:14; 17:22). Ang lahat ay pagtatanggka na palambutin ang personal na antropomorpikong presensiya ni YHWH (cf. Exodo 3:13-16; 6:3). YHWH ay walang alinlangan nagsalita sa isang pantaong mga wika, ngunit gayundin ito, na Siya ay imiiral sa espiritu sa lahat ng yugto ng paglilikha (cf. I Mga Hari 8:27; Mga Awit 139:7-16; Jeremias 23:24; Mga Gawa 7:49 ay sinipi ang Isaias 66:1).

Maraming mga halimbawa ng “pangalan” na kumakatawan sa maka-Diyos diwa at personal na presensya ni YHWH:

1. Deuteronomio 12:5; II Samuel 7:13; I Mga Hari 9:3; 11:36
2. Deuteronomio 28:58
3. Mga Awit 5:11; 7:17; 9:10; 33:21; 68:4; 91:14; 103:1; 105:3; 145:21
4. Isaias 48:9; 56:6
5. Ezekiel 20:44; 36:21; 39:7
6. Amos 2:7
7. Juan 17:6, 11, 26

Ang konsepto ng “pagtawag” (i.e., pagsamaba) sa pangalan ni YHWH ay maliwanag na makikita sa Genesis:

1. 4:26, ang linya ni Seth
2. 12:8, Abraham
3. 13:4, Abraham
4. 16:13, Hagar
5. 21:33, Abraham
6. 26:25, Isaac

at sa Exodo:

1. 5:22, magwika sa Kanyang pangalan
2. 9:16, ipakita ang Aking pangalan sa pamamagitan ng lahat ang mundo (cf. Roma 9:17)
3. 20:7, huwag mong babanggitin sa walang kabuluhan ang pangalan ng Panginoon mong Diyos (cf.

Levitico 19:12; Deuteronomio 5:11; 6:13; 10:20)

4. 20:24, kung saan idinudulot na ang aking pangalan ay maalala (cf. Deuteronomio 12:5; 26:2)
5. 23:20-21, isang anghel (“dahil ang Aking pangalan ay ay nasa kanya”)
6. 34:5-7, Si Moises ay nanawagan (o “tinatawag sa”) ang pangalan ng Panginoon. Ito ay isa sa mga kakaunting mga teksto na naglalarawn ng katangian ni YHWH (cf. Nehemias 9:17; Mga Awit 103:8; Joel 2:13).

Ang pagkakakilala sa sinuman sa pamamagitan ng pangalan ay nagpapahiwatig isang malapit na ugnayan (cf. Exodo 33:12), nalalaman ni Moises ang pangalan ni YHWH at sa 33:17, nalalaman ni YHWH ang pangalan ni Moises. This ay ang konteksto where Moises wants to tingnan ang Diyos’s kaluwalhatian (cf. v. 18), ngunit Diyos ay nagpapahintulot him to tingnan ang “Kanyang mabuti” (v. 19), which ay kahalintulad to “ang pangalan” (v. 19).

Ang mga Israelita ay kailangang wasakin “ang mga pangalan” ng mga diyos ng Canaan (cf. Deuteronomio 12:3) at tumawag sa Kaniya (cf. Deuteronomio 6:13; 10:20; 26:2) sa natatanging pook na Kanyang idinulot na ang Kanyang pangalan ay manahan (cf. Exodo 20:24; Deuteronomio 12:5,11,21; 14:23,24; 16:2,6,11; 26:2).

Si YHWH ay mayroong isang pangkalahatang layunin na nakapaloob sa Kanyang pangalan:

1. Genesis 12:3
2. Exodo 9:16
3. Exodo 19:5-6
4. Deuteronomio 28:10,58
5. Mikas 4:1-5

12:6 Ang talatang ito ay maraming itinalang uri ng mga handog:

1. **“mga handog na susunugin”** Ito ay nangangahulugan ng buong mga handog na susunugin (BDB 750 II). Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng pagkalahatan, buong paglalaan sa Diyos. Ito ay isang kusang handog (cf. Levitico 1).
2. **“mga hain”** Ito ay tumutukoy sa bahagyang nasunog, bahagyang naubos na handog (BDB 257). Ito ay mga handog sa kasalanan, handog sa kapayapaan, handog sa pasasalamat, atbp. Ito ay anumang mga handog na kinapapalooban ng dugo (cf. Levitico 7).
3. **“mga ikapu”** Ang ikapu ay ang paraan ng Israel ng pagtataguyod sa mga saserdote, na hindi pinagkalooban ng lupainng mana.
Mayroong tila dalawang mga ikapu (BDB 798):
 - a. para sa punong sambahan
 - b. para sa lokal na mga Levita, ng may posibilidad ng isa
 - c. bawat tatlong taon para sa ang lokal na mahihirap (Levitico 27:30-33; Mga Bilang 19:21-22)
4. **“mga ambag sa inyong kamay”** Ito ay ang Hebreo salita para sa “mga handog na itinaas” (BDB 929, cf. Levitico 7:32). Ito ay tumutukoy sa isang handog kung saan ang ilang baghagi ng hayop ay itinaas para sa mga saserdote upang kumain.
5. **“mga panata”** This (BDB 623) ay isang halimbawa of a may pasubali vow to Diyos, “I’ll do this, kung You will do that.” This ay ang mga Hudyo keeping their bahagi of ang vow (Levitico 7:16-18).
6. **“mga kusang handog”** Ito ay (BDB 621) tumutukoy sa isang handog ng pasasalamat o pagpuri mula sa isang napuspos ng kabutihan ng Diyos (cf. Levitico 22:18ff).
7. **“panganay”** Ito (BDB 114) ay isang sangunian sa Anghel ng Kamatayan na kumilos sa Ehipto sa pagpatay sa mga panganay na hayop at sangkatauhan. Sa liwanag ng pangyayaring ito, ang lahat ng panganay ng hayop at mga tao ay natatanging pag-aari ng Diyos (cf. Exodo 13; Levitico 27:26-27)!

12:7 “At doon kayo kakain sa harap ng PANGINOON” Ito ay tumutukoy sa isang pagsasamang pagkain, na siyang teolohikong pasimula ng kapwa Paskwa at Komunyong (cf. vv. 12,18; 14:26; Pahayag

3:20). Ang Diyos ay linha ang bayang upang to magalak (BDB 970, KB 1333, *Qal* GANAP) sa Kaniya ang ang pagka-pisikal ng mga linikha at ang malapi na pakikipag-ugnaya ng pagsamba (cf. Levitico 23:40; Mga Bilang 10:10; Deuteronomio 12:7,12,18; 14:26; 16:11; 26:11; 27:7; 28:47).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:8-12

⁸Huwag ninyong gagawin ang ayon sa lahat ng mga bagay na ating ginagawa dito sa araw na ito, na ang magalingin ng bawa't isa *na gumagawa sa kaniyang paningin*; ⁹Sapagka't hindi pa kayo nakararating sa kapahingahan at sa mana, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON ninyong Diyos. ¹⁰Datapuwa't pagtawid ninyo ng Jordan, at pagtahan sa lupain na ipinamamana sa inyo ng PANGINOON ninyong Diyos, at pagkabigay niya sa inyo ng kapahingahan sa lahat ng inyong mga kaaway sa palibot, na ano pa't kayo'y tumahang tiwasay; ¹¹Ay mangyayari nga, na ang dakong pipiliin ng PANGINOON ninyong Diyos na patatahanan sa kaniyang pangalan ay doon ninyo dadalhin ang lahat na aking iniutos sa inyo; ang inyong mga handog na susunugin, at ang inyong mga hain, ang inyong mga ikasangpung bahagi, at ang handog na itataas ng inyong kamay, at ang lahat ng inyong piling panata na inyong ipinananata sa PANGINOON: ¹²At kayo'y magagalak sa harap ng PANGINOON ninyong Diyos, kayo at ang inyong mga anak na lalake at babae, at ang inyong mga aliping lalake at babae, at ang Levita na nasa loob ng inyong mga pintuang-daan, sapagka't siya'y walang bahagi ni mana na kasama ninyo.

12:8 “Huwag ninyong gagawin ang ayon sa lahat ng mga bagay na ating ginagawa dito sa araw na ito” Ang mga bagay ay mas lalong magiging natatangi sa Ipinangakong Lupain. Ang pang-relihiyong mga gawain habang nasa yugto ng paglalagalag sa ilang ay mas payak kaysa mas naitatag na mgaa sa Ipinangakong Lupain at, lalo na sa templo, na sa huli ay makikita sa Herusalem.

▣ “**na ang magalingin ng bawa't isa *na gumagawa sa kaniyang paningin***” Ang pariralang ito ay mayroong walang kinikilingang kahulugan dito, ngunit sa Mga Hukom ito ay kukuha ng isang nakakatakot na kahuugan ng isang taon na naghahangad ng kalayaan mula sa pananagutan ng kasunduan alinman sa makasalanang pagpili o kasunduan kamangmangan (cf. 17:6; 21:25).

12:9 Tingnan ang tala sa 12:1

12:10 “**pagkabigay niya sa inyo ng kapahingahan. . . tiwasay**” Si YHWH ang nagbibigay ng pahinga (BDB 628, KB 679, *Hiphil* GANAP) mula sa inyong mga kaaway. Ang kasiguraduhan (BDB 442, KB 444, *Qal* GANAP) na ito ay maisasakatuparan, hindi sa dakilang lakas panghukbo ng Israel, ngunit dahil presenya ni YHWH.

12:11 “**ang dakong pipiliin ng PANGINOON ninyong Diyos na patatahanan**” Ito ay isang sangunian sa punong pook ng pagsamba (i.e., ang tabernakulo at ang kaban (arko), cf. vv. 5,13), na una sa Shiloh.

12:12 “**kayo'y magagalak**” Ito ang layunin ng kautusan ng Diyos (cf. vv. 7,18; 14:26; 28:47).

▣ “**kayo at**” Pansinin kung paano ang bawat-isa sa pamilya kasama ang mga tagapaglingkod at mga lokal na Levita (cf. v. 19) ay isinama! Sa kaunawaang ito silang lahat ay myembro ng pinalawig na miyembro ng pamilya. Sila ay inibig at tinustusan, kapwa sa pangangailangan ng buhay at para sa susunod buhay (i.e., pagsamba).

12:12, 19 “**Levita na nasa loob ng inyong mga pintuang-daan**” Ang lahat ng mga saserdote ay mga Levita, ngunit hindi lahat ng mga Levita ay mga saserdote. Dito ang “Levita” tumutukoy sa ang mga hindi saserdote na nasa pamilya ng Levi na sumasagisag sa mga mahihirap at nangangailangan (cf. vv. 18,19; 14:27,29; 16:11,14; 26:12-13), dahil ang mga Levita ay hindi pinagkalooban ng mga lupain. Sila ay

mga iginagalang na gurong lokal ng Kautusan.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:13-14

¹³Magingat ka na huwag mong ihahandog ang iyong handog na susunugin sa alinmang pangkultong dakong iyong makikita: ¹⁴Kundi sa dakong pipiliin ng PANGINOON sa isa sa iyong mga lipi ay doon mo ihahandog ang iyong mga handog na susunugin, at doon mo gagawin ang lahat na aking iniutos sa iyo.

12:13 “Magingat ka na huwag mong ihahandog ang iyong handog na susunugin sa alinmang pangkultong dakong iyong makikita” Ang Diyos ang magpapakita sa inyo ng natatanging mga pangalan para sa paghahandog (cf. vv. 5,11,14). Huwag gagamitin ang maraming lokal na Cananeong altar hindi dahil sila ay nandito lang. Huwag maghahandog ng hain kay YHWH sa mga altar na itinayo para kay *Ba'al*. Gayunman, may ilang mga lokal na mga altar na ginawa para kay YHWH (cf. Deuteronomio 16:21; I Mga Hari 3:4).

Ang talatang ito ay mayroong tatlong MGA PANDIWA:

1. “Mag-ingat” - BDB 1036, KB 1581, *Niphal* PAUTOS
2. “huwag mong ihandog” - BDB 748, KB 828, *Hiphil* DI-GANAP
3. “makikita” - BDB 906, KB 1157, *Qal* DI-GANAP

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:15-19

¹⁵Gayon ma'y makapapatay ka at makakakain ka ng karne sa loob ng lahat ng iyong mga pintuang-daan, ayon sa buong nasa ng iyong kaluluwa, ayon sa pagpapala ng PANGINOON mong Diyos na kaniyang ibinigay sa iyo: ang marumi at ang malinis ay makakakain niyaon, gaya ng maliit na usa, at gaya ng malaking usa. ¹⁶Huwag lamang ninyong kakanin ang dugo; iyong ibubuhos sa lupa na parang tubig. ¹⁷Hindi mo makakain sa loob ng iyong mga pintuang-daan ang ikasangpung bahagi ng iyong trigo, o ng iyong alak, o ng iyong langis, o ng mga panganay sa iyong bakahan o sa iyong kawan, ni anoman sa iyong mga panata na iyong ipananata, ni ang iyong mga kusang handog, ni ang handog na itataas ng iyong kamay: ¹⁸Kundi iyong kakanin sa harap ng PANGINOON mong Diyos sa dakong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos, kakanin mo, at ng iyong anak na lalake at babae, at ng iyong aliping lalake at babae, at ng Levita na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan: at kagagalakan mo sa harap ng PANGINOON mong Diyos, ang lahat ng kalagayan ng iyong kamay. ¹⁹Ingatan mong huwag mong pabayaang ang Levita samantalang nabubuhay ka sa iyong lupain.

12:15, 20-24 “Gayon ma'y makapapatay ka” Ito ay nagpapakita ng isang pagpapaalpad ng Kautusan (cf. Levitico 17:1ff). Kung ang isang hayop ay pinatay (BDB 256, KB 261, *Qal* DI-GANAP) para sa pagkain at hindi sa paghahandog, ito ay maaaring patayin kahit saan.

12:15 “ang marumi at ang malinis” Ito ay hindi tumukoy sa maduming mga hayop bilang pagkain (cf. vv. 20-22; Levitico 11), ngunit madumi bilang handog. Ang may bahid na tupa ay maaaring kainin ng mga tao bilang na tulad ng mga ligaw na hayop tulad ng usa, ngunit hindi ng mga baboy, atbp.

12:16 “Huwag lamang ninyong kakanin ang dugo” Ito ay nauugnay sa paggalang ng Hebreo para sa dugo bilang sagisag para sa buhay. Kahit na kanilang pinatay ang mga hayop, maging para sa pagkain o paghahandog, kanilang pinapaagos ang (cf. 15:23; Levitico 17:13) at hindi to kakainin, dahil ang buhay ay pag-aari ng Diyos. Ang dugo ay kumakatawan buhay, ang buhay ay pag-aari ng Diyos (cf. 23-25; Genesis 9:4; Levitico 7:11-12; 17:10-11)!

12:17-18 Ito ay isa pang babala patungkol sa tanging paggamit ng pangulong dambana para sa pagsamba (cf. v. 26).

12:17 “ang ikasangpung bahagi” Ang talatang ito ay nagtala ng maraming mga bagay na dapat ipagkaloob bilang ikapu (BDB 798 cf. 14:23; 18:4; Mga Bilang 18:12):

1. “trigo” - BDB 186
2. “alak” - BDB 440
3. “langis” - BDB 850

Ito ay isang pang-agrikulturang lipunan.

12:19 Tingnan ang tala sa v. 12.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:20-27

²⁰Pagka palalakihin ng PANGINOON mong Diyos ang iyong hangganan, gaya ng kaniyang ipinangako sa iyo, at iyong sasabihin, Ako'y kakain ng karne, sapagka't nasa mong kumain ng karne; ay makakakain ka ng karne, ayon sa buong nasa mo. ²¹Kung ang dakong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos na paglalagyan ng kaniyang pangalan ay totoong malayo sa iyo, ay papatay ka nga sa iyong bakahan at sa iyong kawan, na ibinigay sa iyo ng PANGINOON, gaya ng iniutos ko sa iyo, at makakakain ka sa loob ng iyong mga pintuang-daan, ayon sa buong nasa mo. ²²Kung paano ang pagkain sa maliit at malaking usa, ay gayon kakanin; ang marumi at ang malinis ay kapuwang makakakain niyaon. ²³Lamang ay pagtibayin mong hindi mo kakanin ang dugo: sapagka't ang dugo ay siyang buhay; at huwag mong kakanin ang buhay na kasama ng laman. ²⁴Huwag mong kakanin yaon; iyong ibubuhos sa ibabaw ng lupa na parang tubig. ²⁵Huwag mong kakanin yaon; upang ikabuti mo, at ng iyong mga anak pagkamatay mo, kung iyong gagawin ang matuwid sa paningin ng PANGINOON. ²⁶Ang iyo lamang mga itinalagang bagay na tinatangkilik mo, at ang iyong mga panata, ang iyong dadalhin, at yayaon ka sa dakong pipiliin ng PANGINOON: ²⁷At iyong ihahandog ang iyong mga handog na susunugin, ang laman at ang dugo, sa ibabaw ng dambana ng PANGINOON mong Diyos: at ang dugo ng iyong mga hain ay ibubuhos sa ibabaw ng dambana ng PANGINOON mong Diyos; at iyong kakanin ang karne.

12:20 “Ako'y kakain ng karne” Ang PANDIWANG ito (BDB 37, KB 46) ay naulit nang tatlong beses:

1. *Qal* COHORTATIVE
2. *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI
3. *Qal* DI-GANAP

Kung sila ay magnanais na kumain ng karne sa Ipinangakong Lupain sila ay walang alinlangan magagawa ito:

1. Tamang uri ng karne (vv. 17,22)
2. pinatay at ang tamang pook (vv. 15,18,21,27)
3. pinatay sa tamang paraan (vv. 16,23-25)

12:23 “pagtibayin mo” Ang PANDIWANG ito (BDB 304, KB 302, *Qal* PAUTOS) ay nangangahulugang “maging malakas” (cf. 31:6,7,23) sa kaunawaan ng matibay na pagpipigil mula sa ano mang bagay (cf. I Cronica 28:7).

12:26 “mga itinalagang bagay” Ito ay tumutukoy sa mga bagay na nabanggit sa v. 17.

12:28 “Iyong sundin” Ang PANDIWANG ito (BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAUTOS) ay ginamit nang paulit-ulit sa Deuteronomio (cf. 4:9,15,23; 6:12; 8:11; 11:16; 12:13,19,28,30; 15:9; 24:8) upang pasiglahin ang pagsunod sa kasunduan ni YHWH.

▣ “upang magpakailan man ay ikabuti mo, at ng iyong mga anak pagkamatay mo” Ang PANDIWA

(BDB 405, KB 408, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit nang maraming beses sa Deuteronomio (cf. 4:40; 5:16,29,33; 6:3,18; 12:25,28; 22:7) at sa Jeremias (cf. 7:23; 38:20; 42:6) at tumutukoy sa pinagpalay, masaya, kapaki-pakinabang na buhay ng bayan ni YHWH. Muli, ang kasunduang pagsunod ay nauugnay sa pagpapala at mahabang buhay sa lupain. Ang buong pagsunod na ito ay ipinapaalala sa mga susunod pang (i.e., magpakailanman). Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanman (*'Olam*) sa 4:40.

■ **“pagka iyong ginawa ang mabuti at matuwid”**

1. “mabuti” BDB 373 II
 - a. Sa mata ng Diyos, 6:18; 13:18; II Cronica 14:2
 - b. Sa mata ng tao, Josue 9:25; Mga Hukom 19:24; Jeremias 26:14
2. “matuwid” BDB 449, katulad ng sa itaas, ngunit gayundin sa Deuteronomio 12:25; 13:18; I Mga Hari 11:38; 14:8; 15:11; 22:43; II Mga Hari 12:2 (para sa isang kahalintulad sa 1. b. sa itaas, tingnan ang 12:8).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:29-31

²⁹Pagka naihiwalay ng PANGINOON mong Diyos sa harap mo, ang mga bansa na iyong pinapasok upang ariin, at iyong halinhan sila, at nakatahan ka sa kanilang lupain, ³⁰Ay mag-ingat ka na huwag masilong sumunod sa kanila, pagkatapos na sila'y malipol sa harap mo; at huwag kang magusisa ng tungkol sa kanilang mga diyos, na magsabi, Paanong naglilingkod ang mga bansang ito sa kanilang mga diyos? na gayon din ang gagawin ko. ³¹Huwag mong gagawing gayon sa PANGINOON mong Diyos: sapagka't bawa't karumaldumal sa PANGINOON, na kaniyang kinapopootan, ay kanilang ginagawa sa kanilang mga diyos; sapagka't pati ng kanilang mga anak na lalake at babae ay kanilang sinusunog sa apoy sa kanilang mga diyos.

12:29 “Pagka naihiwalay ng PANGINOON mong Diyos sa harap mo, ang mga bansa” Ang PANDIWA (BDB 503, KB 500, *Hiphil* DI-GANAP) ay nangangahulugang inaalis ni YHWH ang bayan sa pamamagitan ng pagpatay sa kanila (cf. 19:1; Josue 23:4; II Samuel 7:9; Jeremias 44:8). Ipinapahiwatig nito an si YHWH ay ang lumalaban sa mga digmaan ng Israel.

12:30 “mag-ingat” Tingnan ang tala sa v. 28.

■ **“na huwag masilo”** Ang PANDIWA (BDB 669, KB 723, *Niphal* DI-GANAP), sa kanyang *Qal* tangkay, sa literal ay nangangahulugang, “sirain sa pamamagitan ng patpat” (cf. Mga Awit 9:16). Ang *Niphal* tangkay, na tanging ginamit dito, ay isang matalinghagang pagpapatuloy na nagpapahiwatig ng “pagtapon ng isang patpat sa isang pinatatamaan.”

■ **“huwag kang magusisa ng tungkol sa kanilang mga diyos”** Ang PANDIWA (BDB 205, KB 233, *Qal* DI-GANAP) ay nangangahulugang “maghanap”:

1. YHWH sa 12:5; 4:29; Jeremias 10:21; 29:13
2. Mga Cananeong diyos sa 12:30; II Cronica 25:15,20; Jeremias 8:2

12:31 Si YHWH ay maliwanag na nagsasabi sa Israel na kung sila ay magsasagawa ng katulad na kasuklam-suklan na pagpapayabong na seremonya, tatanggalin Niya sila mula sa lupain (cf. 7:4; Levitico 18:24-30) katulad ng Kanyang ginawa sa mga Cananeo (cf. Genesis 15:16-21). “Napopoot” si YHWH (BDB 971, KB 1338, *Qal* GANAP) sa pagsamba sa diyus-diyusan (cf. 12:31; 16:22; tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Diyos na Inilarawan bilang isang Tao [Antromorpikong Wika] at 2:15). Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: MOLECH

Ipinagbabawal ni YHWH ang pagsamba kay *Molech* (BDB 574), ang Cananeong (Ammon) apoy na diyos, na sinasamba sa pamamagitan ng pag-aalay ng panganay na bata sa bawat pamilya sa komunidad upang matiyak ang pagpapayabong. Ang kanyang pangalan (na ginamit ng mga Israelita) ay isang Hebreo patudyong salita sa mga katinig para sa “hari” at ang mga patinig para sa “kahihyan.” Ang Israel ay binalaan nang maaga at madalas patungkol sa diyos na ito (cf. Levitico 18:21; 20:2,3,4,5; I Mga Hari 11:7; II Mga Hari 23:10; Jeremias 32:35; Mikas 6:7). Ang pagsambang ito ay kadalasang ay maitatangi sa pariralang, “pagdaan sa apoy” (cf. 12:31; 18:10; II Mga Hari 16:3; 17:17,31; 21:6; Mga Awit 106:37; Jeremias 7:31; 19:5).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 12:32

³²Kung anong bagay ang iniutos ko sa iyo, ay siya mong isasagawa: huwag mong dadagdagan, ni babawasan.

12:32 “huwag mong dadagdagan, ni babawasan” Ang Diyos ay mataimtim patungkol sa pagsunod ng Kanyang salita (tingnan ang tala sa 4:2). Gayunman, ang Deuteronomio ay nagpapakita ng ilang pag-aangkop sa mga kautusan sa disyertong yugto. Kailangan nating isabuhay ang mga katotohanan ng Bibliya para sa bawat bagong panahon at kultura. Inihahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura sa isang partikular na panahon. Ang ilan dito ay tanging kaugnay sa panahong iyon at bayan (e.g., banal na pakikidigma, maraming asawa, pagkaalipin, paglupig sa mga kababaihan), ngunit higit dito ay walang hanggang katotohanan na dapat isabuhya sa bawat panahon (para sa isang pagtalakay kung papaano mapag-iiba ang walang-hanggan at ang pangkultura, tingnan sina Fee at Stuart, *How To Read the Bible for All Its Worth*, pp. 149- 164 at Gordon Fee, *Gospel and Spirit*, pp. 1-36).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit may napakalaking pagbibigay-diin sa pangunahing lugar ng pagsamba?
2. Bakit ang ilang mga utos ay nabago?
3. Bakit lubhang mahalaga ang dugo sa mga Hebreo?
4. Bakit lubhang detalyado ang mga alitutuning ito?

DEUTERONOMIO 13

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|--|
| Kaparusahan ng mga Tumalikod sa Pananampalataya | Mga Babala Laban sa Pagsamba sa Diyus-diyosan (12:32-13:19) | Mga Babala Laban sa Pagsamba sa Diyus-diyosan (12:32-13:18) | Laban sa mga Kulto ng Canaan (12:29-13:1) |
| 13:1-5 | 13:1-5 | 12:32-13:5 | Laban sa mga Pang-aakit ng Pagsamba sa Diyus-diyosan |
| 13:6-11 | 13:6-11 | 13:6-11 | 13:2-6 |
| 13:12-18 | 13:12-18 | 13:12-18 | 13:7-12 |
| | | | 13:13-19 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG KALIGIRAN

- A. Ito ay isang mahirap talata sa Banal na Kasulatan na maipaliwanag at maunawaan. Ito ay hindi isang talata na magagamit upang ilarawan ang pag-ibig ng Diyos.
- B. Ang kabanatang ito ay isang polemiko (pakikipagtalos) laban sa pagsamba sa diyus-diyusan at lahat ng antas ng pang-relihiyon, gayundin ang pangmamamayang buhay.
 1. Ang mga talatang 1-5 ay nagpapahayag patungkol sa bulaang mga propeta (cf. 18:20).
 2. Ang mga talatang 6-11 ay nagpapahayag patungkol sa mga miyembro ng pamilya na umaakit sa ibang miyembro ng pamilya sa pagsamba sa diyus-diyusan.
 3. Ang mga talatang 16-18 ay nasasalita patungkol sa ang buong lungsod o komunidad na tumatanggap sa pagsamba sa diyus-diyusan (cf. 29:18).

- C. Mayroong tila isang pagkakaiba sa OT sa pagitan ng isang propeta at isang mapanaginipin. Ang isang pangitain ay nararanasan ng isang tao na gising at nasa pamamahala ng kanyang mga pangangatwuran sa isip. Si Ezekiel, sa Ilog ng Kebar, ay isang halimbawa of ng isang pangitain (vision). Si Daniel ay isang halimbawa ng isang nakakapagpaliwanag ng mga panaginip. Kapwa ay mga kapahayagan mula sa Diyos. Ang karaniwang paraan para sa Diyos ay magpahayag sa bayan ngayon, hindi sa pamamagitan ng mga pangintain o mga panaginip, gayunman Siya ay mayroong ang kapangyarihan na gawin ang alinman.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:1-5

¹Kung may bumangon sa gitna mo na isang manghuhula, o isang mapanaginipin ng mga panaginip, at kaniyang bigyan ka ng isang tanda o kababalaghan, ²At ang tanda o ang kababalaghan ay mangyari, na kaniyang pagsalitaan ka, na sabihin, Sumunod tayo sa ibang mga diyos, na hindi mo nakikilala, at ating paglingkuran sila; ³Ay huwag mong didinggin ang mga salita ng manghuhulang yaon, o ng mapanaginiping yaon ng mga panaginip: sapagka't sinusubok kayo ng PANGINOON ninyong Diyos, upang maalaman kung iniibig ninyo ang PANGINOON ninyong Diyos ng inyong buong puso at ng inyong buong kaluluwa. ⁴Kayo'y lalakad ayon sa PANGINOON ninyong Diyos, at matatakot sa kaniya, at gaganap ng kaniyang mga utos, at susunod sa kaniyang tinig at maglilingkod sa kaniya at lalakip sa kaniya. ⁵At ang manghuhulang yaon o ang mapanaginiping yaon ng mga panaginip, ay papatayin, sapagka't siya'y nagsalita ng panghihimagsik laban sa PANGINOON ninyong Diyos na naglabas sa inyo sa lupain ng Ehipto, at tumubos sa iyo sa bahay ng pagkaalipin, upang iligaw ka sa daan na iniutos sa iyong lakaran mo ng PANGINOON mong Diyos. Ganito mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo.

13:1 Hindi lahat ng mga taong nag-aangkin na nagpapahayag para sa pagka-Diyos ay maaaring makapagkatiwalaan Kailangan nating silang subukan (cf. Deuteronomio 18:20-22; Mateo 7; 24:24; I Juan 4:1-6; II Pedro 3:15-16).

13:1,3 “propeta” Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG LUMANG TIPAN

I. PANIMULA

A. Pambungad na mga Pangungusap

1. Ang naniniwalang komunidad ay hindi sumasang-ayon sa kung paano ipapaliwanag ang propesiya. Ang ibang mga katotohanan ay naitayo sa isang ortodoks na posisyon sa loob ng ilang mga siglo, ngunit hindi ang isang ito.
2. Mayroong ilang mga malilinaw na antas sa Propesiya sa OT
 - a. Bago ang pagtatatag ng kaharian (pre-monarkyal)
 - (1) ang mga taong tinatawag na mga propeta
 - (a) Abraham – Genesis 20:7
 - (b) Moses – Bilang 12:6-8; Deuteronomio 18:15; 34:10
 - (c) Aaron – Exodo 7:1 (tagapagsalita para kay Moses)
 - (d) Miriam – Exodo 15:20
 - (e) Medad at Eldad – Bilang 11:24-30
 - (f) Deborah – Hukom 4:4
 - (g) di-pinangalanan – Hukom 6:7-10
 - (h) Samuel – I Samuel 3:20

- (2) sanggunian sa mga propeta bilang isang grupo – Deuteronomio 13:1-5; 18:20-22
- (3) makapropetang grupo o samahan – I Samuel 10:5-13; 19:20; I Hari 20:35,41; 22:6,10-13; II Hari 2:3,7;4:1,38; 5:22; 6:1, atbp.
- (4) Ang Mesias ay tinawag na propeta – Deuteronomio 18:15-18
- b. hindi-sumusulat na monarkyal (sinasabihan nila ang hari):
 - (1) Gad – I Samuel 22:5; II Samuel 24:11; I Cronica 29:29
 - (2) Nathan – II Samuel 7:2; 12:25; I Hari 1:22
 - (3) Ahijah – I Hari 11:29
 - (4) Jehu – I Hari 16:1,7,12
 - (5) unnamed – I Hari 18:4,13; 20:13,22
 - (6) Elijah – I Hari 18 - II Hari 2
 - (7) Milcaiah – I Hari 22
 - (8) Elisha – II Hari 2:8,13
- c. klasikal na sumusulat na mga propeta (sinasabihan nila ang bansa at gayon din ang hari):
Isaiah-Malakias (maliban kay Daniel)

B. Biblikal na mga Termino

1. *Ro'eh* = “propeta,” I Samuel 9:9. Ang sariling sangguniang ito ay nagpapakita ng paglilipat patungo sa salitang *nabi*. *Ro'eh* ay nagmula sa pangkalahatang salita “makita.” Ang taong ito ay nauunawaan ang paraan at plano ng Diyos at sinasangguni ang katiyakan ng kalooban ng Diyos sa bagay na iyon.
2. *Hozeh* = “propeta,” II Samuel 24:11. Ito ay karaniwang kasingkahulugan ng *Ro'eh*. Ito ay mula sa bihirang salitang “makita.” Ang pantukoy na anyo ay ginamit ng pinakamadalas upang tukuyin ang mga propeta (i.e., “pagmasdan”).
3. *Nabi'* = “propeta,” mula sa Akkadian na PANDIWA *Nabu* = “tawagin” at Arabic *Naba'a* = “ihayag.” Ito ay pinakakaraniwang salita sa Lumang Tipan na nagtatalaga sa propeta. Ito ay ginamit ng higit ng 300 beses. Ang partikular na etimolohiya ay hindi tiyak ngunit ang “tawagin” sa kasalukuyan ang pinakamahusay na pagpipilian. Maaaring ang pinakamahusay na pagkakaunawa ay nagmula sa paglalarawan ni YHWH sa kaugnayan ni Moses kay Paraon sa pamamagitan ni Aaron (cf. Exodo 4:10-16; 7:1; Deuteronomio 5:5. Ang propeta ay isang tao na nagsasalita para sa Diyos sa Kanyang bayan (Amos 3:8; Jer. 1:7,17; Ezekiel 3:4.)
4. Ang tatlong mga salita ay ginamit para sa tanggapan ng propeta sa I Cronica 29:29; Samuel - *Ro'eh*; Nathan - *Nabi'* and Gad-*Hozeh*.
5. Ang talatang, *'ish ha - 'elohim*, “Tao ng Diyos,” ay isa ring malawak na katawagan para sa tagapagsalita ng Diyos. Ito ay ginamit ng 76 beses sa OT sa pakahulugan ng “propeta.”
6. Ang salitang “propeta” ay sa Griyegong pinagmulan. Ito ay nagmula sa: (1) *pro* = “bago” o “para” at (2) *phemi* = “magsalita.”

II. ANG PALIWANAG SA PROPESIYA

- A. Ang salitang “PROPESIYA” ay mayroong mas malawak na semantikong larangan sa Hebreo kaysa sa Ingles. Ang kasaysayan ng mga aklat ni Josue hanggang sa Mga Hari (maliban sa Ruth) ay pinangalanan ng mga Hudyo bilang “ang mga dating mga propeta.” Kapwa sina Abraham (Genesis 20:7; Awit 105:5) at Moses (Deuteronomio 18:18) ay itinalagang mga propeta (at saka si Miriam, Exodo 15:20). Samakatwid, mag-ingat sa pag-aakala ng Ingles na paliwanag!
- B. “Propetisismo ay lehitimong maipapaliwanag bilang isang pagkakaunawa sa kasaysayan na tumatanggap lamang ng kahulugan sa pamamagitan ng banal na pag-aalala, banal na layunin, at banal na pakikilahat,” *Interpreter's Dictionary of the Bible*, vol. 3, p. 896.

- C. “Ang propeta ay hindi alinman na isang pilosopo o sistematikong teolohiko, ngunit isang pangkasunduang tagapamagitan na nagdadala ng salita ng Diyos sa Kanyang nga tao upang hubugin ang kanilang hinaharap sa pamamagitan ng pagrereporma sa kanilang pangkasalukuyan, “Ang mga propeta at propesiya,” *Encyclopedia Judaica* vol. 13 p. 1152.

III. ANG LAYUNIN NG PROPESIYA

- A. Ang propesiya ay paraan ng Diyos para magsalita sa Kanyang mga tao, nagtutustos ng paggagabay sa kanilang pangkasalukuyang tagpuan at pag-asa sa Kanyang pamamahala sa kanilang mga buhay at mga pangyayari sa mundo. Ang mensaheng ito ay pangunahing pangkalahatan. Ito ay para, pagsabihan, palakasin, patatagin ang pananampalataya, at bigyan ng kaalaman ang mga tao ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili at sa Kanyang mga plano. Hinawakan nila ang mga tao ng Diyos sa pagiging tapat sa tipanan ng Diyos. Dapat idagdag dito ang madalas na paggamit nang malinaw na pagpapahayag sa pagpili ng Diyos ng Kanyang tagapagsalita (Deuteronomio 13:1-3; 18:20-22). Kapag, ito ay inunawa ng sukduhan, ay tumutukoy sa Mesias.
- B. Madalas, ang propeta ay kinukuha ang isang makasaysayan o teolohikong krisis sa kanyang panahon at ibinabato sa ekastolohikong tagpuan. Itong pagwawakas ng panahong pananaw ng kasaysayan ay natatangi sa Israel at ang pakahulugan nito sa banal na eleksyon at tipanan mga pangako.
- C. Ang katungkulan ng propeta ay para pagtitimbang (Jer. 18:18) at agawin ang katungkulan ng Punong Saserdote nilang paraan sa pagkilala ng kalooban ng Diyos. Ang Urim at Thummim ay nasasaklawan ang pasalitang mensahe mula sa tagapagsalita ng Diyos. Ang katungkulan ng propeta ay parang nawawala na rin sa Israel pagkatapos ng Malakias. Hindi na ito muling bumalik hanggang sa makalipas ang 400 na taon hanggang kay Juan na Bautista. Hindi tiyak kung paano ang Bagong Tipan na kaloob ng “PROPESIYA” ay naiuugnay sa Lumang Tipan. Ang mga Bagong Tipan na mga propeta (Mga Gawa 1:27-28; 13:1; 15:32; I Corinto 12:10,28-29; 14:29,32,37; Efeso 4:11) ay hindi mga tagapamahayag ng mga bagong Kapahayagan o Kasulatan, ngunit mga tagapag-alala at tagapagbigay babala ng mga kalooban ng Diyos sa mga tipanang tagpuan.
- D. Ang propesiya ay hindi natatangi o pangunahing likas na hula. Ang hula ay isang paraan upang pagtibayin ang kanyang katungkulan at ang kanyang mensahe, ngunit dapat na pansining “mababa sa 2% ng OT na propesiya ay maka-Mesyas. Mababa sa 5% sa partikular ay naglalarawan sa Bagong Tipanang Panahon. Mababa sa 1% ay nagmamalasakit sa mga darating ng mga pangyayari.” (Fee at Stuart, *How to Read the Bible for All Its Worth*, p. 166)
- E. Ang mga propeta ay kumakatawan sa Diyos sa mga tao, habang ang mga Saserdote ay kumakatawan sa mga tao para sa Diyos. Ito ay pangkalahatang pangungusap. Mayroon mga hindi kasama gaya ng Habakkuk, na tumutugon sa mga katanungan sa Diyos.
- F. Isang dahilan na mahirap na maunawaan ang mga propeta ay dahil hindi natin alam kung paano ang balangkas ng kanilang mga aklat. Hindi sila kronolohiko o sunod-sunod. Sila ay parang may paksa ngunit hindi lagi sa paraan na ating inaasahan. Madalas, walang kapansin-pansing makasaysayang tagpuan, balangkas ng panahon o malinaw paghahati-hati sa pagitan ng mga orakulo. Ang mga aklat na ito ay mahirap (1) na basahin sa isang upuan lamang; (2) na ibanghay sa mga paksa; at (3) na matiyak ang sentrong katotohanan o layunin ng may-akda sa bawat orakulo.

IV. MGA KATANGIAN NG PROPESIYA

- A. Sa Lumang Tipan mayroong parang pagbabago sa konsepto ng “propeta” at “propesiya.” Sa sinaunang Israel mayroong nabuong isang pagsasama-sama ng mga propeta, na pinangungunahan ng matibay at karismatik na pinuno gaya nina Elijah o Elisha. Minsan ang talatang, “mga anak ng propeta,” ay ginamit sa pagtatalaga sa grupong ito (II Hari 2). Ang mga propeta ay kinikilala sa pamamagitan ng hubog ng labis na kaligayahan (I Samuel

10:10-13; 19:18-24).

- B. Gayumpaman, ang panahong ito ay lumipas ng mabilis patungo sa mga indibidwal na propeta. Mayroong mga propeta (parehong totoo at huwad) na nakikila kasama ng Hari, at namumuhay sa palasyo (Gad, Nathan). At saka, mayroong mga nagsasarili, minsan ay lubusang hindi maka-ugnay sa katayuan ng lipunan ng Israel (Amos). Sila ay parehong lalake at babae (II Hari22:14.)
- C. Ang propeta ay madalas na tagahayag ng hinaharap, may pasubali sa kagyat ng pagtugon ng tao. Madalas ang gawain ng propeta ay ilatag ang pangkalahatang plano ng Diyos para sa Kanyang nilalang na hindi apektado ng pagtugon ng tao. Ang pangkalahatang ekastolohikong plano ay natatangi sa mga propeta ng Sinaunang Near East. Ang Hula at Tipananang katapatan ay kambal na pagtuon ng mga mensahe ng Propeta (cf. Fee at Stuart, p. 150). Ito ay nagpapahiwatig na ang mga propeta ay unang-una na pangsama-sama ang pagtuon. Sila ay madalas, ngunit, hindi natatangi, na tumutugon sa bansa.
- D. Karamihan sa mga makapropetang sangkap ay pasalitang ipinakita. Sa kalaunan ito ay pinagsama sa pamamagitan ng paksa, kronolohiya o ibang mga huwaran ng panitikan ng Near Eastern na wala na sa atin ngayon. Sapagkat ito ay pasalita hindi ito naibalangkas na gaya ng isinulat na tuluyan. Ito ang naging dahilan kung bakit ito mahirap basahin na tuloy-tuloy at mahirap na maunawaan ng walang partikular na makaysaysayang tagpuan.
- E. Ang mga propeta ay gumagamit ng ilang mga paraan upang ipahayag ang kanilang mga mensahe.
 - 1. Tagpuan sa Korte – Ang Diyos ang nagdadala sa Kanyang mga tao sa korte, madalas ito ay isang kaso ng dibosyo na kung saan si YHWH ay itinatakwil ang Kanyang asawa (Israel) dahil sa kanyang pagtataksil (Hosea 4; Micah 6).
 - 2. Paglalamay na Panambitan – ang natatanging sukat ng tanyong ito ng mensahe at ang mga katangian nito na “pighati” ang naghihiwalay nito bilang natatanging anyo (Isaiah 5; Habakkuk 2).
 - 3. Tipanang Pagpapalang Pagpapahayag - ang likas na may pasubaling tipanan ay binigyan diin at ang kahihinatnan, kapwa paayon at pasalungat, ay binaybay para sa panghinaharap (Deuteronomio 27-28).

V. MAKAKATULONG NA MGA ALINTUTUNIN PARA SA PAGBIBIGAY-KAHULUGAN NG PROPESIYA

- A. Hanapin ang layunin ng orihinal na propeta (patnugot) sa pamamagitan ng paglista ng makasaysayang tagpuan at ang kontekstong pampanitikan ng bawat orakulo. Madalas ito ay nagsasangkot ng pagsuway ng Israel sa Mosaikong Tipanan sa ilang mga paraan
- B. Basahin at bigyan pakahulugan ang buong orakulo, hindi lamang ang isang bahagi; bangyahin ito gaya ng sa nilalaman. Tigna kung paano ito nauugnay sa sa nakapaligid na mga orakulo. Subuking banghayin ang buong aklat.
- C. Isipin ang literal na pakahulugan ng talata hanggang sa ang isang bagay sa teksto ang magturo sa iyo sa matalinghangang pagkakagamit; pagkatapos ay ilagay ang matalinghangang wika sa tuluyan.
- D. Pag-aralan ang simbolikong pagkilos sa liwanag ng makasaysayang tagpuan at mga kahanay na mga talata. Siguraduhing tandaan na ang panitikan ng Sinaunang Near Eastern ay hindi kanluranin o makabagong panitikan
- E. Ituring ang hula ng may pag-iingat.
 - 1. Sila ba ay natatanging sa panahon lamang ng may-akda?
 - 2. Sila ba ay natupad sa loob ng kasaysayan ng Israel?
 - 3. Sila ba ay mga pangyayari sa hinaharap?
 - 4. Mayroon silang mga pangkasalukuyang pagkakatupad ngunit may inaasahang panghinaharap na katuparan pa?
 - 5. Hayaan ang mga may-akda ng Bibliya, hindi ang mga modernong may-akda, ang

maggabay sa iyo sa kasagutan.

F. Mahahalagang pagpapaalala

1. Ang hula ba ay natatakdaan ng may pasubaling pagtugon?
2. May katiyakan ba kung kanino ipinapahayag ang propesiya (at bakit)?
3. Mayroon bang posibilidad na ang katulad na Biblikal at/o pangkasaysayan ay para sa pangmaramihang pagkakatupad?
4. Ang mga NT na may-akda na nasa ilalim ng inspirasyon ay nagawang makita ang Mesias sa ibat-ibang lugar ng OT na hindi halata sa atin. Sila marahil ay gumamit ng tipolohiya o paglalaro ng salita. Dahil sa tayo ay hindi inspirado pinakamainam na iwanan natin ang paraan na ito sa kanila.

VI. MAKATUTULONG NA MGA AKLAT

- A. *A Guide to The Biblical Prophecy* nina Carl E. Amending at W. Ward Basque
- B. *How to Read the Bible for All Its Worth* nina Gordon Fee at Douglas Stuart
- C. *My Servants the Prophets* ni Edward J. Young
- D. *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of the Biblical Prophecy and Apocalyptic* ni Brent Sandy
- E. *New International Dictionary of Lumang Tipan Theology and Exegesis*, vol. 4, pp. 1067-1078



NASB, NKJV,

NJB

“isang mapanaginipin ng mga panaginip”

NRSV

“silang nakakapaghula sa panaginip”

TEV

“taga-pagpaliwanag ng mga panaginip”

JPSOA

“taga-paghula ng mga panaginip”

Ang salitang ito ay isang kayarian ng PANDIWA (BDB 321, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI) at ang PANGMARAMIHAN PANGNGALAN (BDB 321). Ang panghuhula (cf. 18:14-15) o ang tangkang maunawaan, malaman sa una pa lamang, o maapektuha ang kalooban ng diyos/mga diyos ay pangkaraniwan sa sinaunang Near East. Mayroong maraming mga paraan upang manghula:

1. Mga panaginip/kawalan ng malay (mga antas ng pag-iisip)
2. sapalaran, mga patpat (mga bagay na ginawa ng tao)
3. mga ulap/mga ulan/mga tagtuyot (panahon)
4. mga ibon (lipad ng at uri ng)
5. pangyayari sa kalingitan (paggalaw ng mga butuin, mga kometa, mga eklipse, atbp.)
6. kalagayan ng atay ng tupa (ibang mga hayop na hinahandog)

13:1, 2 “tanda” Ito na tila sa akin ay ang salitang “katibayan” (BDB 16) sa Bibliya ay ginamit kapag pinag-uusapan ang patungkol sa isang bagay hinulaan at samakatuwid ay natupad. Ang salitang ito ay ginamit sa maraming maraming mga kaunawaan sa Deuteronomio:

1. Ang mga himala/mga salot na ginawa ni YHWH sa pamamagitan ni Moises sa Ehipto kay Faraon ay upang ang Israel ay makalaya, 4:34; 6:22; 7:18-19; 11:3; 26:8; 29:2-3; 34:11.
2. Mga maliliit na sisidlan na naglalaman ng mga teksto ng Banal na Kasulatan, 6:8; 11:8
 - a. Sa kaliwang bisig
 - b. Sa noo
 - c. Sa haligi ng pintuan
3. Ang mga himala/mga hula ng bulaan mga propeta ay maglalayo sa Israel mula sa natatanging pagsamba kay YHWH, 13:1-2.
4. Ang mga kahatulan ni YHWH sa isang masuwaying Israel ay gaganap bilang isang panghinaharap na babala sa mga salin-lahi ng mga Israelita, 28:46.

▣ **“o kababalaghan”** “Kababalaghan” (BDB 65) ay tila tumukoy sa isang mahimalang ginawa sa gitna ng mga saksi. Ito ay ay kadalasang ginamit na kasunod ng “mga tanda.”

13:2 “At ang tanda o ang kababalaghan ay mangyari” Ang mga himala ay hindi kusang mula sa Diyos (cf. Exodo 7:11,22; Mateo 24:24; II Tesalonica 2:9). Ito ay rin totoo sa wastong panghuhula (cf. 18:22).

Kung “ang Propeta” ng Deuteronomio 18:18-19 ay isang pagpapauna ng Mesias, samakatuwid ang bulaan propeta ay isang pagpapauna ng Anti-Kristo (cf. 18:20). Ang “kabulaanan” ay mahahayag kung:

1. ang salita ay hindi dumating na totoo
2. ang salita ay hindi kay YHWH

▣ **“Sumunod tayo. . . ating paglingkuran sila”** Ang dalawang MGA PANDIWA ay nagtatala ng pinanukalang pagbabago mula sa natatanging pagsamba kay YHWH:

1. “sumunod” - BDB 229, KB 246, *Qal* COHORTATIVE. Ito ay isang naulit na babala, cf. 6:14; 8:19; 11:28; 13:2,6,13; 28:14; 29:18,26
2. “paglingkuran” - BDB 712, KB 773, *Hophal* DI-GANAP, ginamit sa isang COHORTATIVE na kaunawaan. Ito ay is pang naulit babala, cf. 5:9; 7:4,16; 8:19; 11:16; 13:2,6,13; 17:3; 28:14,36,64; 29:18,26; 30:17; 31:20.

Ang pariralang “Tayo sa sumunod sa ibang mga diyos” ay isang naulit babala, hindi lamang sa Deuteronomio, ngunit sa Jeremias.

▣ **“mga diyos (na hindi mo nakikilala)”** Ang isyu dito ay hindi ang kakayahang magpamalal ng makapangyarihang mga tanda, ngunit ang natatanging pagsamba kay YHWH. Tingnan ang Natatanging Paksa: Makilala sa 4:35.

13:3 “Ay huwag mong didinggin ang mga salita ng manghuhulang yaon” Ang PANDIWA (BDB 1033, KB 1570, *Qal* DI-GANAP) ay ang kadalasang naulit *shema*, na nangangahulugang “pakinggan pagkatapos ay gawin.” Tingnan ang tala sa 4:1.

▣ **“sapagka't sinusubok kayo ng PANGINOON”** Ang PANDIWA (BDB 650, KB 702, *Piel* PANDIWARI) ay nagpapahayag ng katotohanan na ang Diyos ay naglagay sa mga tao sa mga pagkakataon ng pagsubok o tukso upang malaman at palakasin ang kanilang pananampalataya/pagtitiwala/pagsunod sa Kaniya (cf. Genesis 22:1-12; Exodo 15:25; 16:4; 20:20; Deuteronomio 8:2,16; Mga Hukom 2:22; 3:1,4; II Cronica 32:31). Kahit na ang presensya ng bulaang mga propeta sa gitna ng bayan ay isang maka-Diyos paraan na maihiwalay ang totoong mga mananampalataya mula sa mga panlabas na mananampalataya. Ang Diyos ay gumagamit ng masama para sa Kanyang sariling mga layunin (cf. Genesis 3)!

▣ **“ng inyong buong puso at ng inyong buong kaluluwa”** Tingnan ang tala sa 4:29. Ito ay isang talinghaga para sa buo at lubos na debosyon. Ang Israel ay paulit-ulit tinatawag sa pag-ibig ni YHWH na may lubos na debosyon (cf. 6:5; 7:9; 10:12; 11:1,13,22; 13:3; 19:9; 30:6,16,20).

13:4 Ang talatang ito ay naglalamang ng isang kalipunan ng *Qal* MGA DI-GANAP, na nagsisilbing mga gabay para sa natatanging pagsamba kay YHWH:

1. “sumunod,” BDB 229, KB 246, cf. 8:6
2. “matakot,” BDB 431, KB 432
3. “ingatan,” BDB 1036, KB 1581, cf. 5:29; 6:2
4. “makinig,” BDB 1033, KB 1570
5. “maglingkod,” BDB 712, KB 773
6. “kumapit,” BDB 179, KB 209

Ang talatang ito ay katulad ng 6:13 at 10:20.

13:5 “ang manghuhulang yaon o ang mapanaginiping yaon ng mga panaginip, ay papatayin” Si YHWH ay nababahala sa karumihan sa Kanyang panambahan na tulad sa Deuteronomio 12 na maliwanag na ipinapakita. Kung ang pagsamba kay YHWH ay naging marumi dito, ang NT ay hindi maaaring isang katotohanan. Ang Diyos ay inaalala ang Kanyang bayan na magsasakatupara ng kanilang pagsamba sa wastong paraan na Kanyang pinag-utos (cf. 4:2; 12:32). Kung ito ay hindi dalisay na pagsamba, ang kahihinatnan ay kamatayan, kasama ang mga Cananeo at bulaan mga propeta sa loob Israel (cf. 13:5,9,15). Ang pag-aakit sa masama ay maaaring para sa mga tao na nasa loob ng komunidad (cf. 4:19; 13:5,10).

▣ **“tumubos”** Ang salitang ito (BDB 804, KB 911, *Qal* PANDIWARI) ay isang paraan ng pagpapahayag ng halaga na ibinayad sa sinuman na mula pagkaalipin o bilangguan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 7:8.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:6-11

⁶Kung ang inyong kapatid na lalake, na anak ng iyong ina, o ang iyong anak na lalake o babae, o ang asawa ng iyong sinapupunan, o ang iyong kaibigan, na parang iyong sariling kaluluwa, ay humimok sa iyo ng lihim, na magsabi, Tayo'y yumaon at maglingkod sa ibang mga diyos, na hindi mo nakilala, ninyo o ng iyong mga magulang; ⁷Sa mga diyos ng mga lungsod na nasa palibot ninyo na malapit sa iyo, o malayo sa iyo, mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa; ⁸Ay huwag mong papayagan siya ni didinggin siya; ni huwag mong kahahabagan siya ng iyong mata, ni patatawarin, ni ikukubli: ⁹Kundi papatayin mo nga; ang iyong kamay ang mangunguna sa kaniya upang patayin siya, at pagkatapos ay ang kamay ng buong lungsod. ¹⁰At iyong babatuhin siya ng mga bato upang siya'y mamatay, sapagka't kaniyang pinagsikapang ihiwalay ka sa PANGINOON mong Diyos, na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto, sa bahay ng pagkaalipin. ¹¹At maririnig ng buong Israel, at matatakot, at hindi na gagawa ng anomang kasamaan pa na gaya nito sa gitna mo.

13:6, 8 “Kung ang inyong kapatid na lalake. . . ng iyong anak na lalake. . . anak na babae. . . ang asawa. . . ang iyong kaibigan” Kung sinuman sa lubhang malapit na mahal sa buhay, kamag-anak, o kaibigan na magtangkang akitin ka sa pagsamba sa isa pang diyos, ang matapat na Israelita ay kailangang silang batuhin sa pamamagitan ng komunidad (cf. vv. 9-10). Ito ay ang puso ng pansariling kasunduan pananagutan. Ito ay isang radikal na pahayag sa konteksto ng pangkulturang kayarian na ang pamilya ay ang pinakamahalaga (cf. Mateo 10:34-39; Lucas 14:25-27).

13:6 “Tayo'y yumaon at maglingkod sa ibang mga diyos” Ang MGA PANDIWANG ito ayy kapwa *Qal* COHORTATIVES:

1. “yumaon” - BDB 229, KB 246
2. “maglingkod” - BDB 712, KB 773

Sila ay nagsisibling sama-samang talinghaga para sa pagsamba.

13:7 “Sa mga diyos ng mga bayan na nasa palibot ninyo na malapit sa iyo, o malayo sa iyo, mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa” Ang teksto ay mayroong maraming maaaring pagpapaliwanag. Ang parirala ay maaaring tumukoy sa:

1. ang Cananeo mga diyos, alinman sa hilaga o timog ng Canaan (“mundo” = “lupain”)
2. dayuhang mga diyos, alinman sa Mesopotamia o Palestino (“malapit sa iyo o malayo sa iyo”)
3. partikular na babala laban sa ang pagsamba ng mga astral na diyos, alinman sa araw, buwan, mga bituin, mga planeta, mga konstelasyon, mga kometa, mga bulalakaw, maga nova, mga eklipse, atbp. (mga bagay na sumisikat at lumulubog)

13:8 Ang talatang ito mga tala (isang kalipunan ng pasalungat na *Qal* MGA DI-GANAP) paano ang isang tagasunod ni YHWH ay isaalang-alang ang tagasunod ng isang dayuhang diyos (mga):

1. Huwag kang lumapit sa kanya - BDB 2, KB 3
2. Huwag mo siyang pakinggan - BDB 1033, KB 1570
3. Ang iyong mata ay hindi maaawa sa kanya - BDB 299, KB 298, cf. 7:2,16
4. Huwag mo siyang paglaanan - BDB 328, KB 328, cf. I Samuel 15:3
5. Huwag mo siyang ikubli - BDB 491, KB 487 (sa literal “takpan”)

Isang maikling pagpuna sa #3. Ang anyong ito ay isang kataga para sa “huwag hayaan ang iyong pantaong damdamin na makaapekto sa mga kilos na kailangan ng Diyos.” Ito ay matatagpuan ng maraming beses sa Deuteronomio 7:16; 13:8; 19:13,21; 25:12 (cf. NIDOTTE, tomo 2, p. 50).

13:9 “Kundi papatayin mo nga; ang iyong kamay ang mangunguna sa kaniya” Ang MT ay walang salitang “bato” sa talatang ito, kahit na walang alinlangan na ang paraan ng kamatayan ay mababanggit (cf. v. 10). Ang MT ay mayroong *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN at ang *Qal* DI-GANAP ng PANDIWANG “papatay” BDB 246, KB 255 (i.e., “walang alinlangan papatayin”), na nagpapakilala ng pagbibigay-diin.

Ang isa na sumaksi laban sa isang tao ay ang isa na magpupukol ng unang bato (cf. v. 10; 17:7). Kung ang isang ay nagsinunganling patungkol sa pinaratangang, siya samakatuwid ay nakagawa ng pinaghandaang pagpatay (cf. 5:20).

13:10 “iyong babatuhin siya ng mga bato upang siya’y mamatay” Ang MT ay mayroong PANDIWA para sa “pagbato hangang kamatayan” (BDB 709, KB 768, *Qal* GANAP) at ang salita para sa “bato” (BDB 6), na sa literal ay magiging “batuhin siya ng mga bato.” Ang pagbato ay isang parusang kamatayan na isinasagawa pamamagitan ng ang buong pangkasunduang komunidad (cf. Levitico 20:2,27; 24:13-23; Mga Bilang 15:32-36; Deuteronomio 13:10; 21:21; Josue 7:22-26).

Ito ay hindi pangkaraniwang salita na ginagamit para sa panghukumang parusang kamatayan. Ang salitang ito ay nagsasabi ng pagmamadali ng kagyat, sukdulang paglilinis ng masama (cf. Exodo 32:27; Levitico 20:15,16; Mga Bilang 25:5; Deuteronomio 13:10; Ezekiel 9:6).

Ang mga tao ay binabato sa pamamagitan ng komunidad para sa:

1. pagsamba sa diyus-diyusan, Levitico 20:2-5 (gayundin maaaring 6-8); Deuteronomio 13:1-5; 17:2-7
2. pamumusong (paglapastangan sa pangalang ng Diyos), Levitico 24:10-23; I Mga Hari 11-14; Lucas 4:29; Mga Gawa 7:58 (kapwa ipinapakilala ang Exodo 22:28); gayundin, pansinin ang Juan 8:59; 10:31; 11:8
3. pagtangi sa kapangyarihan ng mga magulang, Deuteronomio 21:18-21 (maaaring Levitico 20:9)
4. kawalang katapatan sa asawa, Deuteronomio 22:22,23-27 (maaaring Levitico 20:10-16)
5. kataksilan (kilala sa pagsuway kay YHWH), Josue 7



| | |
|------|-----------------------|
| NASB | “ihiwalay” |
| NKJV | “hikayatin” |
| NRSV | “sinubukang ihiwalay” |
| TEV | “sinubukang ilayo” |
| NJB | “subukang ilihis ka” |

Ang PANDIWANG ito (BDB 623, KB 673, *Hiphil* PAWATAS NA PAGKAKAYARI) ay nangangahulugang “itulak.” Ang mga bulaang propeta (v. 1) at inaakalang mga miyembro ng kasunduan (v. 6) ay sinusubukang itaboy mga mananampalataya palayo kay YHWH papunta sa ibang pambansang mga diyos. Ang PANDIWANG ito (cf. vv. 5,12; 4:19; II Mga Hari 17:21) ay kahalintulad sa “manghikayat” (BDB 694, KB 749, *Hiphil* DI-GANAP) of v. 6.

Ito ay nakakawili na ang katulad itong Hebreo na salitang-ugat ay ginamit upang ilarawan ang pagpapatapon (i.e., pagkakalat).

13:11 Sila ay mas sangkot sa kaparusahan kay sa aspeto ng pagpaparusa sa tao. Ang isang nakagawa ng paghihimagsik ay pagdudusahan ang mga kahihinatnan (i.e., pagbato), ngunit mayroong ding isang isang nagpapaudlot para sa kanilang nakasaksi o nakarinig patungkol sa ang kaparusahan (cf. 17:12-13; 19:15-21; 21:18-21; Roma 13:4).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 13:12-18

¹²Kung iyong maririnig saysayin ang tungkol sa isa sa iyong mga lungsod, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos upang tumahan ka roon, na sasabihin. ¹³Ilang hamak na tao ay nagsialis sa gitna mo, at iniligaw ang mga nananahan sa kanilang lungsod, na sinasabi, Tayo'y yumaon at maglingkod sa ibang mga diyos, na hindi ninyo nangakilala; ¹⁴Ay iyo ngang sisiyasatin at uusisain, at itatanong na mainam; at, narito, kung magkatotoo at ang bagay ay tunay, na nagawa sa gitna mo ang gayong karumaldumal; ¹⁵Iyo ngang susugatan ng talim ng tabak, ang mga nananahan sa bayang yaon, na iyong lubos na lilipulin, at ang lahat na nandoon at ang mga hayop doon ay iyong lilipulin ng talim ng tabak. ¹⁶At iyong titipunin ang buong nasamsam doon, sa gitna ng lansangan niyaon, at iyong susunugin sa apoy ang lungsod, at ang buong nasamsam doon, na bawa't putol, ay sa PANGINOON mong Diyos; at magiging isang bunton ng dumi magpakailan man; hindi na muling matatayo. ¹⁷At huwag kang magsasagi ng bagay na itinalaga sa iyong kamay: upang talikdan ng PANGINOON ang kabagsikan ng kaniyang galit, at pagpakitaan ka niya ng kaawaan, at mahabag sa iyo at paramihin ka, na gaya ng isinumpa niya sa iyong mga magulang; ¹⁸Pagka iyong didinggin ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, na iyong gaganapin ang lahat ng kaniyang mga utos na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, na iyong gagawin ang matuwid sa paningin ng PANGINOON mong Diyos.

13:13 “hamak na tao” Sa literal ito ay nangangahulugang “mga anak ni *Belial*” (BDB 116). Ang Hebreong salita ay nangangahulugang “isang walang halaga” o “mabuting pang wala” (cf. Mga Hukom 19:22; 20:13; I Samuel 10:27; 30:22; I Mga Hari 21:10,13; Kawikaan 6:12). Sa panahon ng NT, si *Belial* ay naging kasingkahulugan kay Satanas (cf. II Corinto 6:15).

▣ “iniligaw” Tingnan ang tala sa v. 10.

13:14 Ang talatang ito ay nagtala ng kalipunan ng MGA PANDIWA pagsisiyasat (lahat *Qal* MGA GANAP):

1. NASB “pag”
NKJV, NRSV “mag-uusisa”
NJB “titingnan ang bagay na ito”

Ang PANDIWA BDB 205, KB 233, na nangangahulugang “siyasatin,” cf. 17:4,9; 19:18

2. NASB, NKJV “maghanap”
NJB “suriin ito”

Ang PANDIWA ay BDB 350, KB 347, nangangahulugang “maghanap,” cf. Mga Awit 139:1,23; Kawikaan 18:17

3. NASB “maghanap nang lubusan”
NKJV “magtanong nang masigasig”
NJB “maghanap nang may pag-iingat”

Ito ay isang pagsasama ng BDB 981, KB 1371, *Qal* GANAP, “maghanap” at BDB 405, KB 408, *Hiphil* PAWATAS NA LUBUSAN, “lubusan,” cf. 17:4; 19:8

13:15 “Iyo ngang. . . lubos na lilipulin” Ang pariralang ito “lubusang lipulin” (BDB 355) ay

nangangahulugang “buong pagtatalaga sa Diyos para sa pagkawasak.” Tingnan ang buong tala sa 3:6. Ang katulad na kahihinatannan na iginawad sa mga pagano ay magdurusa ng mga Hudyo kung sila ay sasamba sa ibang mga diyos.

13:16

NASB “at magiging isang bunton ng dumi magpakailan man”

NKJV “at magiging isang tambak ng dumi magpakailan man”

NRSV “ito ay mananatiling nagpapatuloy na pagkawasak”

TEV “ito ay kailangang maiwan sa magpawasak magpakailan man”

NJB “kailangan mong ilagak ito sa ilalim ng sumpa ng pagkawasak”

Ang huling pariralang ito ay isang Hebreong pangsumpang kataga (e.g., Josue 8:28; Jeremias 49:2). Para sa ang konsepto ng “magpakailanman” tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:40.

13:16 “huwag kang magsasagi” Ito ay ang Hebreong konsepto paghahandog ng mga nasamsam sa “banal na pakikidigma” sa Kaniya (BDB 356). Ang tiyak na bagay ginamit dito (at v. 17), makikita sa Josue 6-7!

13:17-18 Pansinin ang daloy ng kaisipan:

1. Ang pagsamba sa diyos-diyosan ay karapatdapat sa kahatulan (i.e., banal na pakikidigma, lahat nang may hininga, ay mamamatay), vv. 12-15.
2. Ang lahat ng mga nasamsam sa lungsod ay ibinigay kay YHWH bilang isang buong hain (i.e., sa banal na pakikidigma, lahat ng may halagang bagay ay binigay kay YHWH), vv. 16-17
3. Ang pagsunod ay nagbubunga ng pagpapala, vv. 17-18:
 - a. Siya ay liliko mula sa Kanyang naglalagablab na galit
 - b. Siya ay nagpapakita ng awa, cf. 30:3
 - c. Siya ay mayroong kahabagan (katulad na salitang-ugat sa itaas, BDB 933)
 - d. Siya ay magdudulot ng kasaganahan
 - e. Siya ang tutupad sa sinumpaang mga ninuno
4. Ang pagpapala ay may pasubali sa pagsunod, v. 18

▣ **“na iyong gagawin ang matuwid sa paningin ng PANGINOON mong Diyos”** Ang pariralang ito ay makikita nang maraming beses sa Deuteronomio (cf. 6:18; 12:28; 13:18). Ito rin ay makikita sa I Mga Hari 11:38; 14:8; 15:11; 22:43; II Mga Hari 12:3. Si YHWH ay ang pamantayang ng katarungan at katuwiran na kung saan ang lahat ay hahatulan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Katuwiran sa 1:16.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugan dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang kabanatang ito ay lubhang mabagsik sa kanyang pakikitungo sa ibang mga pananampalataya?
2. Ang kabanata bang ito ay magiging batayan ng ating pakikitungo sa ibang mga pananampalataya sa ating panahon?

3. Paano mo makikilala ang isang bulaang tagapagsalita para sa Diyos? Ano patungkol sa ang himala?
4. Ipaliwanag ang OT konsepto ng panglahatan, na sumasagot sa maraming mga tanong patungkol sa NT.

DEUTERONOMIO 14

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--------------------------------|-------------------------------------|--|--|
| Ang Di-wastong Paghihinagpis | Ang Pamumuhay ng isang Banal na Tao | Isang Ipinagbabawal na Gawaing Paghihinagpis | Laban sa Isang Pang-diyus-diyosang Gawain |
| 14:1-2 | 14:1-2 | 14:1-2 | 14:1-2 |
| Malinis at Di-malinis na Laman | | Malinis at Di-malinis na mga Hayop | Malinis at Di-malinis na mga Hayop |
| 14:3-8 | 14:3-8 | 14:3-8 | 14:3-8 |
| 14:9-10 | 14:9-10 | 14:9-10 | 14:9-10 |
| 14:11-20 | 14:11-20 | 14:11-18 14:19-20 | 14:11-20 |
| 14:21 | 14:21a 14:21b | 14:21a 14:21b | 14:21a 14:21b |
| Ang mga Prinsipyo ng Ikapu | | Ang Kautusan ng Ikapu | Ang Taunang Ikapu |
| 14:22-27 | 14:22-27 | 14:22-26 14:27-29 | 14:22-23 14:24-27 Ang Pangatlong Taon na Ikapu |
| 14:28-29 | 14:28-29 | | 14:28-29 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi) *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA 14:1-16:17

- A. Ang Deuteronomio 14:1-2 ay isang panimulang paninindigan na ang Israel, bilang natatanging bayan ni YHWH (cf. Exodo 19:5-6), kailangang mabuhay tulad nito!
- B. Ang Deuteronomio 14:3-16:17 ay isang paglalagom ng ilang pangunahing pangkasunduang mga pangangailangan ng bayan ng Diyos na ipanapahayag sa Exodo - Mga Bilang
1. Ang malinis laban sa maduming pagkain sa 14:1-21, sa orihinal, ay matatagpuan sa Levitico 11:1-23.
 2. Ang mga ikapu sa 14:22-29, sa orihinal, ay ibinigay sa Mga Bilang 18:21-29.
 3. Ang pagkakaltas ng utang sa 15:1-11 ay sa orihinal binigay sa Levitico 28:8-38.
 4. Ang pagpapalaya sa mga Hebreong alipin sa 15:12-18 ay sa orihinal binigay sa Levitico 25:38-55.
 5. Ang pagtubos sa panganay sa 15:19-23 ay sa orihinal binigay sa Exodo 13:1-16.
 6. Ang tatlo taunang mga pista ng paglalakbay sa 16:1-17 ay sa orihinal binigay sa Levitico 23:4-8 at gayundin sa Mga Bilang 28:16-29:40. (Balangkas mula sa *Old Testament Theology*, ni Paul R. House, p. 184)
 7. Ang likas ng buod ng Deuteronomio ay maliwanag na makikita. Kadalasan, ang mga kautusan ay bahagyang nagbabago para sa ang bagong tagpo.
Ito ay kailangang muling mahayag na ang mga makabago ay hindi nalalaman ang paano, kailan, o bakit na kayarian ng mga aklat sa OT.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:1-2

¹Kayo'y mga anak ng PANGINOON ninyong Diyos: huwag kayong magkukudlit, ni magpapakalbo sa pagitan ng inyong mga mata, ng dahil sa patay. ²Sapagka't ikaw ay isang banal na lungsod sa PANGINOON mong Diyos, at ikaw ay pinili ng PANGINOON upang maging lungsod sa kaniyang sariling pag-aari, na higit sa lahat ng mga lungsod na nasa ibabaw ng balat ng lupa.

14:1 “Kayo'y mga anak ng PANGINOON ninyong Diyos” Pansinin ang pampamilyang talinghaga na ginamit bilang kasunduang terminolohiya (cf. 1:31; 8:5; 32:5). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pagkaama ng Diyos sa 8:5. Pansinin ang tatlong natatanging mga titulo para sa ang mga Israelita na ginamit sa vv. 1-2.

▣ **“kayong magkukudlit”** Ang PANDIWA ay BDB 151, KB 177, *Hithpoel* (isang di-karaniwang pag-iiba ng *Hithpael* tangkay) DI-GANAP at kadalasang matatagpuan sa “naglalaslas” o “humihiwa” na mga teksto. Ito ay isang paganong pagsasagawang pagsamba (kahit ano upang kunin ang pansin ng pagka-Diyos o magdulog ng pakiramdam ng pagdadalamhati para sa patay, cf. Levitico 19:28; 21:5; I Mga Hari 18:28; Jeremias 16:6; 41:5; 47:5; 48:37).

NATATANGING PAKSA: MGA KAGAWIAN SA PAGDADALAMHATI

Ang mga Israelita ay naghahayag ng kalungkutan para sa namatay na mahal sa buhay, para sa personal na pagsisi guyundin sa mga karumaldumal an mga krimen, sa maraming mga kaparaanan:

1. pagpunit ng panglabas na damit, Genesis 37:29,34; 44:13; Mga Hukom 11:35; II Samuel 1:11; 3:31; I Mga Hari 21:27; Job 1:20

2. pagsuot ng kayong magaspang, Genesis 37:34; II Samuel 3:31; I Mga Hari 21:27; Jeremias 48:37
3. pagtanggap ng sapatos, II Samuel 15:30; Isaias 20:3
4. pagpatong ng kamay sa ulo, II Samuel 13:9; Jeremias 2:37
5. paglagay ng alikabok sa ulo, Josue 7:6; I Samuel 4:12; Nehemias 9:1
6. pag-upo sa lupa, Panaghoy 2:10; Ezekiel 26:16 (lay on ang ground, II Samuel 12:16) Isaias 47:1
7. pag-suntok ang dibdib, I Samuel 25:1; II Samuel 11:26; Nahum 2:7
8. paghiwa sa katawan, Deuteronomio 14:1; Jeremias 16:6; 48:37
9. pag-aayuno, II Samuel 1:16,22; I Mga Hari 21:27
10. pag-awit ng panaghoy, II Samuel 1:17; 3:31; II Cronica 35:25
11. pagkalbo (pagtanggap sa buhok o pag-ahit), Jeremias 48:37
12. pagputol sa bigote, Jeremias 48:37
13. pagtakip sa ulo at mukha, II Samuel 15:30; 19:4

▣ **“magpapakalbo”** Ito (“pagpapakalbo, BDB 901) ay tumutukoy din sa mga kagawian sa pagdadalamhati ng nakapalibot na mga bansa (cf. Jeremias 16:6; 41:5; Ezekiel 27:31; 44:20). Sa kabaliktaran (1) ang Israelitang saserdote ay hindi pinapahintulutang to mag-ahit (cf. Levitico 21:5) at (2) ang mga Israelita ay hindi rin pinahihintulutang putulin ang bigote (cf. Levitico 19:27). Marami sa mga kautusan ng Israel ay binigay sa tiyakang pagsalungat sa karaniwang mga kagawian ng Cananeo!

▣ **“dahil sa patay”** Ang mga kagawian sa pagdadalamhati na inilarawan ay kaugnay sa:

1. pagsamba ng mga ninuno
2. pagsamba kay *Ba'al* (ang pagkamatay [taglamig] at pagsilang [tagsibol] na kalikasan ng diyos ng Cananeo pantheon)

14:2 “banal na bayan” Ang konsepto ay nauugnay sa gawain ng Israel sa paghahayag kay YHWH at Kanyang Mesias (cf. Exodo 19:6; Deuteronomio 7:6). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:6.

Ang Deuteronomio ay naglalarawan ng kasunduang wika, na naglalarawan ng pagka-Diyos bilang “ang PANGINOON mong Diyos” at Kanyang “banal,” “pinili,” “natatanging kayamananang” bayan (cf. 4:20; 7:6; 14:2; 26:18; 28:9; 29:12-13). Pansinin din ang Jeremias (cf. 7:23; 11:4; 13:11; 24:7; 30:22; 31:1,33; 32:38). At higit sa lahat, sinong makakalimot sa Osea 1-3!

▣ **“ikaw ay pinili ng PANGINOON”** Ang PANDIWA (BDB 103, KB 119, *Qal* GANAP) ay ginamit sa makapangyarihang pagpili ng Diyos kina:

1. Abraham, Genesis 12:1; Nehemias 9:7
2. ang mga Patriyarka, Deuteronomio 7:8
3. ang inaanak ng mga Patriyarka, Deuteronomio 4:37; 10:15
4. Israel, Deuteronomio 7:6; Mga Awit 135:4; Isaias 44:1,8; 43:10; Ezekiel 20:5
5. Jeshurun (Israel o Herusalem), Deuteronomio 32:15; 33:5,26; Isaias 44:2
6. isang hari ng Israel (isang sagisag ng pamumuno ni YHWH, na pagpapauna kay David [cf. I Samuel 10:24; 16:8,9,10; II Samuel 6:21], na naging isang pang-Mesiyas na anyo), Deuteronomio 17:14-17
7. pook para sa Kanyang pangalan upanng manahan (i.e., punong dambana), Deuteronomio 12:5,11,14,18,21,26; 14:24; 15:20; 16:2,6,7,11,15; 17:8,10; 31:11

Ang Kapangyarihan ng Diyos at layunin ay ay nahahayag sa Kanyang pagpili ng Israel. Ang “pagpili” ng Diyos sa OT ay palaging kaugnay sa paglilingkod, hindi kinakailangang sa kaligtasan, na gaya ng sa NT. Ang Israel ay ay maghahayag kay YHWH sa buong mundo, samakatuwid ang lahat sa mundo ay

maaaring maligtas(cf. Genesis 12:3; sinipi sa Tito 2:14 at I Pedro 2:9). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:6.

■ **“maging bayan sa kaniyang sariling pag-aari, na higit sa lahat ng mga bayan na nasa ibabaw ng balat ng lupa”** Ang salitang “pag-aari” (BDB 688) ay nangangahulugang isang natatanging kayamanan (cf. Exodo 19:5; Mga Awit 135:4; Malakias 3:17). Ang pariralang ito ay inuulit sa Deuteronomio (cf. 7:6; 14:2; 26:18). Pakibasa ang Natatanging Paksa: Ang Pag-ebanghelikong Pagkatig ni Bob sa 4:6! Mula dito, makikita mo ang aking paraan sa pagpapaliwanag ng Banal na Kasulatan! Ito ay nagpapakita nagsasamasamang kalagitnaan ng aking pananaw sa mundo (i.e., ang Dakilang Komisyon)!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:3-8

³Huwag kang kakain ng anomang karumaldumal na bagay. ⁴Ito ang mga hayop na inyong makakain: ang baka, ang tupa, at ang kambing, ⁵Ang malaking usa, at ang maliit na usa, at ang lalaking usa, at ang mabangis na kambing, at ang pigargo, at ang antilope, at ang gamuza. ⁶At bawa't hayop na may hati ang paa, at baak, at ngumunguya sa mga hayop, ay inyong makakain. ⁷Gayon ma'y ang mga ito ay hindi kakanin sa mga ngumunguya, o sa baak ang paa: ang kamelyo, at ang liebre, at ang koneho, sapagka't sila'y ngumunguya, nguni't walang hati ang paa; mga marumi sa inyo; ⁸At ang baboy, sapagka't may hating paa, nguni't hindi ngumunguya, ito'y marumi sa inyo: ang laman nila'y huwag ninyong kakanin, at ang kanilang bangkay ay huwag hihipuin.

14:3 “Huwag kang kakain” Ang mga talatang 3-21 ay nagpapaliwanag ng Levitico 11:2-19, ngunit may kaibahan. Ang mga kaibahan na katulad nito ay lubhang mahirap maipaliwanag na nagdudulot ng mga haka-haka ng maraming mga pinanggalingan. Pansinin ang PANDIWANG “kumain” (BDB 37, KB 46) ay ginamit ng 17 beses sa kabanatang ito. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANG MGA KAUTUSAN NG PAGKAIN SA OT

Sa aking palagay, ang kautusan sa pagkain (Levitico 11; Deuteronomio 14) ay hindi binigay una sa lahat para sa kalusugan o pangkalinisang dahilan (i.e., Maimonides, *Guide* 3:48; *Kiddushin* 49b [Talmudikong traktado]), ngunit para sa teolohikong mga kadahilanan. Ang mga Israelita ay hindi dapat magkaroon ng kaugnayan sa mga Cananeo (cf. Isaias 65:4; 66:3,17). Marami sa mga pamamlakad na ibinigay sa pamamagitan ni Moises ay kaugnay sa pagkain, pakikisalamuha at mga gawaing pagsamba ng mga Cananeo (e.g., Exodo 8:23).

Sa katanungan na “ang mga kautusan sa pagkain ba ay patuloy na umiiral kahit na makakatulong para sa mga mananampalataya ng NT,” Ang aking sasabihin ay Hindi! Hindi! Hindi! Ito ang aking mga kadahilanan:

1. Itinanggi ni Hesus ang kautusan sa pagkain bilang isang paraan sa paglapit at pagbibigay-lugod sa Diyos, Marcos 7:14-23 (walang alinlangan ang pang-editorial na puna alinman kina Pedro o Juan Marcos sa v. 19 ay kapwa kinasihan)
2. Ang partikular na tanong na ito ay ang isyu sa Konseho sa Herusalem sa Mga Gawa 15, na ito ay pinagpasyahan na ang mga Hentil ay hindi kailangang sundin ang OT pang-kultong mga kautusan (cf. lalo na sa v. 19). Ang talata 20 ay hindi isang kautusan sa pagkain, ngunit isang pagbibigay-loob sa pakikipang-ugnayan ng mga mananampalatayang mga Hudyo na maaaring nasa kanilang mga Hentil na iglesia.
3. Ang karanasan ni Pedro sa Mga Gawa 10 sa Joppa ay hindi patungkol sa pagkain, ngunit patungkol sa pagtanggap ng lahat sa bayan, gayunman ang Espiritu gumamit ng kawalang ugnayan ng pagkaing kautusan bilang sagisag sa pagtuturo kay Pedro!
4. Ang pagtalakay ni Pablo ng “manina” at “malakas” mga mananampalataya ay nagbababala sa

atin na huwag ipilit ang personal na pagpapaliwanag, lalo na sa mga kautusan sa OT, sa lahat ng ibang mga mananampalataya (cf. Roma 14:1-15:13; I Corinto 8-10).

5. Ang mga babala ng Pablo patungkol sa legalismo at paghuhusga sa kaugnayan nito sa Gnostikong bulaang mga mangangaral na nakatala sa Colosas 2:16-23 ay dapat sa isang babala sa lahat ng mga mananampalataya sa bawat panahon!

NATATANGING PAKSA: MGA KARUMALDUMAL

“Ang mga karumaldumal” (BDB 1072) ay maaaring tumukoy sa maraming mga bagay:

1. Mga bagay na kaugnay sa mga Ehipsiyo:
 - a. Sila ay nasusuklam na kumain kasama ang mga Hebreo, Genesis 43:32
 - b. Sila ay nasusuklam sa mga pastol, Genesis 46:34
 - c. Sila ay nasusuklam sa mga hain ng Hebreo, Exodo 8:26
2. Ang mga bagay na kaugnay sa mga damdamin ni YHWH sa mga pagkilos ng Israel:
 - a. maduming pagkain, Deuteronomio 14:2
 - b. mga diyus-diyosan, Deuteronomio 7:25; 18:9,12; 27:15
 - c. mga paganong espiritista, Deuteronomio 18:9,12
 - d. pagsunog ng mga anak kay *Molech*, Levitico 18:21-22; 20:2-5; Deuteronomio 12:31; 18:9,12; II Mga Hari 16:3; 17:17- 18; 21:6; Jeremias 32:35
 - e. Cananeong pagsamba sa diyus-diyusan, Deuteronomio 13:14; 17:4; 20:17-18; 32:16; Isaias 44:19; Jeremias 16:18; Ezekiel 5:11; 6:9; 11:18,21; 14:6; 16:50; 18:12
 - f. Paghahandog ng mga hayop na may dungis, Deuteronomio 17:1 (cf. 15:19-23; Malakias 1:12-13)
 - g. Paghahain sa mga diyus-diyosan, Jeremias 44:4-5
 - h. Muling pag-aasawa sa isang babaing na dati nang nadiborsyo, Deuteronomio 24:2
 - i. mga kababaihang nagsusuot ng panglalaki (maaaring Cananeong pagsamba), Deuteronomio 22:5
 - j. salapi mula pang-kultong prostitusyon (Cananeong pagsamba), Deuteronomio 23:18
 - k. pagsamba ng Israel sa diyus-diyusan, Jeremias 2:7
 - l. kabaklaan (maaaring Cananeong pagsamba), Levitico 18:22; 20:13
 - m. paggamit ng mga bulaang timbang, Deuteronomyo 25:16; Kawikaan 11:1; 20:23
 - n. paglabag sa kautusan sa pagkain (maaaring Cananeong pagsamba), Deuteronomio 14:3
3. Mga halimbawa sa Pangkarunungan Panitikan:
 - a. Kawikaan 3:32; 6:16-19; 11:1,20; 12:22; 15:8,9,26; 16:5; 17:15; 20:10,23; 21:27; 28:9
 - b. Mga Awit 88:8
 - c. Job 30:10
4. Mayroong isang inuulit na eskatolohikong parirala “kasuklamsuklam na naninira,” na ginamit sa Daniel (cf. 9:27; 11:31; 12:11). Ito ay tila tumukoy sa tatlong magkakaibang pagkakataon (maramihang katuparan ng propesiya):
 - a. Si Antiochus IV Epiphanes ng interbiblical na yugo ng Maccabean (cf. I Macc. 1:54,59; II Macc. 6:1-2)
 - b. Ang Romanong heneral (sa huli ay Emperador), na si Tito, na sinakop ang Herusalem at winasak ang templo noong A.D. 70 (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14; Lucas 21:20)
 - c. isang huling-panahong pinuno ng mundo na tinatawag na “ang tao ng kawalang kautusan” (cf. II Tesalonica 2:3-4) o “ang Anti-Kristo” (cf. I Juan 2:18; 4:3; Pahayag 13)

■ “karumaldumal na bagay” Ang pariralang ito (BDB 481 NA KAYARIAN 1072) ay ginamit din sa

Deuteronomio 14:3.

14:5 “Ang malaking usa, at ang maliit na usa, at ang lalaking usa” Ito ay mga mababangis na hayop na madumi sa pagkain ngunit hindi para sa pagkain. Sila ay hindi nabanggit sa Levitico 11 dahil sila ay di-kilala sa Ehipto. Maramin ay mahirap para sa mga makabago na kilalanin ng tiyakan.

14:6 “bawa't hayop na may hati ang paa at... ngumunguya” Ito ay isang panimulang gabay para sa isang panghandog na malinis na hayop na binigay sa Levitico 11:4.

Ang pariralang, “may hati ang paa,” ay isang pinatinding anyo (PANDIWA BDB 828, KB 969, *Hiphil* GANAP NA KAYARIAN na may PANGNGALAN BDB 828) na tulad sa v. 7. Sa paglalarawang ito ay pinagsama ang pangalawang pinatinding anyo (PANDIWA BDB 1042, KB 1608, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI NA KAYARIAN na may PANGNGALAN (BDB 1043). Ang paglalarawang ito ay lubhang tiyak at malinaw.

▣ Ang ilang mga hayop na tanging bahagyang nakatupad ng dalawang mga kinakailangan (“may hati ang paa” at “ngumunguya”) ay nakatala sa v. 7.

14:7

NASB “koneho”

NKJV “batong hyrax”

NRSV, TEV “batong badger”

LXX, NJB,

NJB, NIV “ang koni”

JPSOA “ang daman”

Ang mga hayop na ito (BDB 1050 I) ay tila nabanggit sa Levitico 11:6 bilang “liyebre” o “koneho.” Ito ay nakakawili ang ang Levitico ay nagsabing (bilang ipinalagay dito) na ang koneho ay ngumunguya. Ito ay isang mabuting lugar upang ipaalala sa mga mambabasa na ang mga Israelita nakabatay ang kanilang kaalaman sa kalikasa sa mga nakikitang katangian (phenomenolohikong wika). Ang mga koneho, sa katotohanan, ay ngumunguya, ngunit ang mabilis na paggalaw ng kanilang mga ilong ay mapagmamasadang ginagawa nila ito. Hindi ito isang kamalian sa Bibliya, ngunit pagkilala na ang mga sinauna ay nakabatay kanilang kaalaman sa pagmamasid, hindi samakabagong, siyentipikong pamamaraan.

14:8 “baboy” Ang baboy ay kinakain at ginamit sa ritwal sa paghahandog ng mga Cananeo (cf. Isaias 65:4; 66:3,17). Ito ay maiuuri bilang madumi dahil sa kanyang mga kagawian sa pagkain (katulad din sa mga aso) at gustong pahingahan (mga putikang butas). Ang mga baboy ay palaging iniaaaly ng Hetheo, Griyego, at Romanong mga kultura. Sila ay kinakain din (ng ilang mga pangkat) sa lahat ng mga kultura sa Mediterranean. Para sa isang pinahabang pagtalakay ng pagkain at mga hain ng ang sinaunang Near East tingnan ang ABD, tomo 6, “Zoology,” pp. 1109-1167, para sa mga baboy, tingnan ang pp. 1130-1135.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:9-10

⁹At ang mga ito'y inyong makakain sa lahat ng nasa tubig: anomang may mga kaliskis at mga palikpik, ay inyong makakain: ¹⁰At anomang walang kaliskis at palikpik, ay huwag ninyong kakanin; marumi nga ito sa inyo.

14:9 “anomang may mga kaliskis at mga palikpik” Ito ay ang panimulang gabay ng Levitico 11:9-12. Muli ang mga wastong dahilan para sa mga pagbabawal ay hindi ibinigay kahit saan sa OT. Tingnan ang

tala sa 14:3.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:11-20

¹¹Sa lahat ng ibong malinis ay makakakain kayo. ¹²Ngunit ang mga ito'y hindi ninyo makakain: ang aguila, at ang aguilang dumudurog ng mga buto, at ang aguilang dagat; ¹³At ang ixio, at ang halkon, at ang lawin ayon sa kaniyang pagkalawin; ¹⁴At lahat na uwak ayon sa kanilang pagkauwak; ¹⁵At ang avestruz, at ang chotacabras, at ang graviota, at ang lawin ayon sa kaniyang pagkalawin; ¹⁶Ang munting kuwago, at ang malaking kuwago, at ang kuwagong tila may sungay; ¹⁷At ang pelikano, at ang buitre, at ang somormuho; ¹⁸At ang ciguena at ang tagak, ayon sa kanilang pagkatagak; at ang abubilla, at ang kabagkabag. ¹⁹At lahat ng may pakpak na umuusad, ay marumi sa inyo: hindi kakanin. ²⁰Sa lahat ng ibong malinis ay kayo'y makakakain.

14:11 Ito ay katulad ng Levitico 11:13-19. Ang dahilan para sa “pagiging marumi” ay hindi naihayag, ngunit ito ay tila maliwanag na mga nakatalang ibon ay kumakain ng nabubulok na hayop.

14:18 “arubilla” Ang uring ito ng ibon (BDB 189) ay kumakain ng lahat ng uri ng mga insekto, kahit na ang mga salagubang na nasa dumi. Ito ay naging kilala para sa kanyang pagkain ng maduming mga pangalan at pagkakaroon ng isang pugad na puno ng dumi (tae), samakatuwid, ito ay naging isang “maduming” ibong gala.

14:19 “may pakpak na umuusad” Ang pariralang ito (BDB 481 NA MAY KAYARIAN 1056 & 733, cf Genesis 7:14,21) ay tumutukoy sa mga lumilipad na mga insekto. Ito ay ay katulad ng Levitico 11:20-23, kung saan ang ilang mga insekto ay malinis na kainin (i.e., mga balang, cf. Mateo 3:4; Marcos 1:6). Ang mga insektong ito ay pagkain para sa maraming sa maduming mga ibon na nakatala.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:21

²¹Huwag kayong kakain ng anomang bagay na namatay *sa sarili*: iyong maibibigay sa taga ibang bayang nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, upang kaniyang kanin; o iyong maipagbibili sa taga ibang lungsod: sapagka't ikaw ay isang banal na lungsod sa PANGINOON mong Diyos. Huwag mong lulutuin ang guyang kambing sa gatas ng kaniyang ina.

14:21 “Huwag kayong kakain ng anomang bagay na namatay sa sarili: Ito ay maaaring magpaliwanag ng Exodo 22:31. Ang isang dahilan ay ang dugo ay nananatili dito (cf. 12:16,23-25; Genesis 9:4). Ang kautusang ito ay hindi maipapatupad sa bawat-isa sa Ipinangakong Lupain (i.e., ang mga dayuhan at mga banyag ay hindi saklaw, ngunit pansinin ang Levitico 17:15). Ang mga kautusan sa pagkaing ito ay nangangahulugang ng paghihiwalay ng Israel mula Cananeong mga gawain sa lipunan at pagsamba.

▣ **“Huwag mong lulutuin ang guyang kambing sa gatas ng kaniyang ina”** Ang *Ras Shamra* (tingnan ang Cyrus H. Gordon, *Ugartic Handbook*, p. 174) na mga teksto ay nagpapakita na ito ay ginagawa sa ibang mga kultura bilang isang sagisag ng pagpapayabong. Ang Judaismo ay nakapagpaunlad nang mahigpit na mga alituntunin sa pagkain (paghihiwalay ng mga panlutong sisidlan at mga pinggan para sa karne at mga produktong galing sa gatas) na nakabatay sa talatang ito. Gayunman, ang katuturan ay tila may kaugnayan sa pagsambang paghahandog ng mga Cananeo (cf. Exodo 23:19; 34:26). Ito ay mayroong maliit o walang kinalaman sa karamdam o pangangalaga sa kalusugan.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:22-27

²²Iyo ngang pagsasangpuing bahagi ang lahat na bunga ng iyong binhi na nanggagaling

taontaon sa iyong bukid. ²³At iyong kakanin sa harap ng PANGINOON mong Diyos, sa dakong kaniyang pipiliin na patatahanan sa kaniyang pangalan, ang ikasangpung bahagi ng iyong trigo, ng iyong alak at ng iyong langis, at ang mga panganay sa iyong bakahan at sa iyong kawan; upang magaral kang matakot sa PANGINOON mong Diyos na palagi. ²⁴At kung ang daan ay totoong mahaba sa ganang iyo, na ano pa't hindi mo madadala *ng ikapu*, sapagka't totoong malayo sa iyo ang dako, na pipiliin ng PANGINOON mong Diyos na paglalagyan ng kaniyang pangalan, pagka ikaw ay pagpapalain ng PANGINOON mong Diyos: ²⁵Ay iyo ngang sasalapiin, at iyong itatali ang salapi sa iyong kamay at paroroon ka sa dakong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos: ²⁶At iyong gugulin ang salapi sa anomang nasain mo sa mga baka, o sa mga tupa, o sa alak, o sa matapang na inumin, o sa anomang nasain ng iyong kaluluwa: at iyong kakanin doon sa harap ng PANGINOON mong Diyos, at ikaw ay magagalak, ikaw at ang iyong sangbahayan; ²⁷At ang Levita na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, ay huwag mong pababayaang: sapagka't siya'y walang bahagi ni mana na kasama mo.

14:22 “ikapu” Ang Mga Bilang 18 ay tumatalakay sa mga ikapu para sa lokal na mga Levita gayundin sa mga saserdote sa punong dambana. Gayunman, ang talatang ito ay tumutulad sa kabanata 12 at tumutukoy sa karamihan na may lokal na pang-agrikulturang mga isyu sa ikapu. Tingnan ang mga tala sa kabanata 12.

14:26 “At iyong gugulin ang salapi sa anomang nasain mo” Ito ay tumutukoy sa mga bagay na kailangang ibigay na ikapu sa punong sambahan (dambana). Ito ay kahalintulad sa 12:20. Ang pariralang ito ay naghahatid nang kabaliwan sa mga “legalista”! Ninais ni YHWH ang ating kaligayahan! Nais niya itong ibahagi sa atin (cf. 12:7,18; 16:14; 27:7; I Cronica 29:22; Mga Awit 104:15; Ecclesiastes 2:24; 3:12,13,22; 5:18; 8:15; 9:7-9; Isaias 22:13). Ang NT ay pinalawak ang konseptong ito sa pamamagitan ng maliwanag na paghahayag na wala sa pisikal na paglilikha ay madumi sa at ng kanyang sarili (e.g., Mga Gawa 10:15; Roma 14:2,14,20; I Corinto 6:12; 10:23-26; I Timoteo 4:4). Hindi ito nangangahulugan ng pagbibigay ng lisensya sa mga tao sa kasalanan, ngunit upang palakasin ang Kristiyanong kalayaan mula legalismo at maling paghahatol (cf. Colosas 2:16-23). Gayunman, ang malagong mananampalataya ay mag-iingat habang sa nalugmok na mundon ito, huwag gagawa na maaaring ikatisod ng mas mahinang kapatid kung saan si Kristo ay namatay (cf. Roma 14:1- 15:13)!

▣ **“matapang na inumin”** Ito (BDB 1016) ay alak kung saan ang ibang likas na maaasim na katas ay idinagdag upang tumaas ang bahagdan ng alkohol (i.e. mas nakakalasing). Tingnan ang Natatanging Paksa sumusunod.

NATATANGING PAKSA: ALKOHOL (PAGPAPAASIM) AT ALKOHOLISMO (PAGKAGUMON)

I. Biblikal na mga Salita

A. Lumang Tipan

1. *Yayin* - Ito ang pangkalahatang salita para sa alak (BDB 406), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
2. *Tirosh* - Ito ay “bagong alak” (BDB 440). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
3. *Asis* - Ito ay halatang isang alkohol na inumin (“matamis na alak,” BDB 779, e.g. Joel

1:5; Isaias 49:26).

4. *Sekar* - Ang Salitang ito ay “malakas na alak” (BDB 1016). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang “lasing” o “lasenggero.” Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).

B. Bagong Tipan

1. *Oinos* - ang Griyegong katumbas *Yayin*
2. *Neos oinos* (bagong alak) - ang Griyegong katumbas ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang mga yugto ng pagpapaasim (cf. Mga Gawa 2:13).

II. Biblikal na Pagkagamit

A. Lumang Tipan

1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noah – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8; Hosea 4:11).
6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Hosea 7:5).
7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. Interbiblical

1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo, “Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot” (BB 58b).

C. Bagong Tipan

1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng “bagong alak” sa Pentecost (Gawa 2:13).
4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I Corinto 5:11-13; 6:10; Galacia 5:21; I Pedro 4:3; Roma 13:13-14).

III. Teolohikong pagkakaunawa

A. Dalawahang pag-iigting (tensyon)

1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.

3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I Corinto 8-10; Roma 14).
- B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan
 1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
 2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.
 - C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (cf. Marcos 7:18-23; Roma 14:14,20; I Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4; Tito 1:15).
- IV. Unang Siglong MakaHudyong Kultura at Pagpapaasim
- A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.
 - B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyong na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw (tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na “bagong alak” o “matamis na alak.”
 - C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang lingo.
 - D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalgayan ityo itinuturing na “pnatandang alak” at maaring ialay sa altar (*Edhuyyoth* 6:1).
 - E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.
 - F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton “matandang alak” at kailangan na haluan ng tubig.
 - G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.
- V. Pangwakas na Paglalalahad
- A. Siguraduhing ang iyong karanasan, teolohiya, at biblikal na interpretasyon ay hindi nakakapagpababa kay Hesus at sa kultura ng unang siglong Hudyong/Kristyano. Sila ay kapansin-pansin hindi buong lakas na umiiwas.
 - B. Hindi ko itinataguyod ang panlipunang gamit ng alkohol. Gayunman, marami ang nagbibigay diin sa posisyon ng Biblia sa paksang ito at ngayon ay nag-aangkin na mataas na antas ng kabanalan batay sa kultura/denominasyonal na pagkiling.
 - C. Para sa akin, ang Roma 14 at I Corinto 8-10 ay nagbigay ng mga kaunawaan at patnubay batay sa pag-ibig at respeto para sa kapwa mga mananampalataya at ang pagkalat ng ebanghelyo sa ating kultura, hindi personal na kalayaan o kritisismong paghuhusga. Kung ang Biblia ang tangin pinagmumulan ng ating paniniwala at kaugalian, kung gayon marahil dapat lahat tayo ay muling isaisip ang usaping ito.
 - D. Kung patuloy nating pagtutulakan ang tahasang pag-iwas bilang kalooban ng Diyos, anu ang ipinahihiwatig natin kay Hesus, at sa ilang mga modernong kultura na regular na gumagamit ng alak (e.g., Europa, Israel, Argentina)?

▣ **“iyong kakanin doon sa harap ng PANGINOON”** Ito ay tumutukoy sa ang handog ng kapayapaan upang Diyos at ang naghandog at kanyang pamilya ay simbolikong kumain na magkasama. Sa sinaunang Silangan, ang pagkain nang magkasama ay isang tanda ng kasunduan.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 14:28-29

²⁸Sa katapusan ng bawa't tatlong taon ay iyong kukunin ang buong ikasangpung bahagi ng

iyong bunga ng taong yaon, at iyong ilalagay *ito* sa loob ng iyong mga pintuang-daan: ²⁹At ang Levita, sapagka't siya'y walang bahagi ni mana na kasama mo, at ang taga ibang lungsod, at ang ulila, at ang babaing bao, na nangasa loob ng iyong mga pintuang-daan, ay magsisiparoon at magsisikain at mangabubusog; upang pagpalain ka ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng gawa ng iyong kamay sa iyong ginagawa.

14:29 “ang taga ibang lungsod, at ang ulila, at ang babaing bao” Ang Deuteronomio ay nagbibigay-diin sa kanyang pangangalaga sa lahat ng naninirahan sa Ipinangakong Lupain (cf. 10:18; 26:12-15)! Ang pangatlong-taong ikapu ay para sa ang Levita at sa mahihirap sa lokal.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Anong pamantayan ang ginamit upang pagpasyahan kung ano ang malinis at hindi malinis?
2. Ang mga kautusan bang ito ay galing Diyos? Kung magkagayon nga, bakit hindi natin isinasagawa sila ngayon?
3. Ano ang layunin ng ikapu?

DEUTERONOMIO 15

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|--|---------------------------------|---------------------|
| Ang mga Utang ay Inaalis sa Bawat Pitong Taon | Ang Pamumuhay ng isang Banal na Tao (14:1-15:23) | Ang Pang-pitong Taon | Ang Taon ng Sabbath |
| 15:1-6 | 15:1-6 | 15:1-3 | 15:1-6 |
| Kagandahang-loob sa Mahihirap | | 15:4-6 | |
| 15:7-11 | 15:7-11 | 15:7-11 | 15:7-11 |
| Ang Kautusan patungkol sa Nakabigkis ng mga Alipin | | Ang Pakikisama sa mga Alipin | Mga Alipin |
| 15:12-18 | 15:12-17a | 15:12-15 | 15:12-5 |
| | | 15:16-18 | 15:16-17 |
| | 15:17b | | |
| | 15:18 | | 15:18 |
| Ang Kautusan Patungkol sa mga Panganay ng mga Hayop | | Ang Panganay na mg Baka at Tupa | Ang mga Panganay |
| 15:19-23 | 15:19-23 | 15:19-23 | 15:19-23 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi) *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL SA KABANATA 15

- A. Ang Kabanata 15 ay isang pagpapatuloy ng tiyak na mga kautusan na gumaganap sa mga natatanging pang-agrikulturang pangangailangan at simbolikong mga pang-ugnayang katotohanan na si YHWH ay nagnanais na itayo ang Kanyang bayan.

- B. Ang kabanatang ito ay mahusay na nahati sa tatlong maliwanag na bahagi:
1. Ang mga talatang 1-11 ay tumutukoy sa pagpapalawak ng taon ng Sabbath sa pagpapahinga ng Exodo 23:10-13 at Levitico 25:1-7 sa mga may utang at sa mahihirap sa lokal. II Cronica 36:21 ay nagsabing ang pagpapatapon ay isang bunga ng kabiguan ng mga Hudyo na ingatan ang Kautusang ito.
 2. Ang mga talatang 12-18 ay tumutukoy sa mga kamag-anak na alipin, ang Hebreo (lalaki o babae) na nagtatrabaho para sa sinuman upang mabayaran ang pagkakautang.
 3. Ang mga talatang 19-23 ay tumutukoy sa panganay ng mga kawan, o ang hain ng panganay na mga hayop.
- C. Ang kabanatang ito ay naitatangi sa pamamagitan ng paggamit ang dalawahang MGA PANDIWA:
1. Ang ilan ay PAWATAS NA LUBUSAN at MGA DI-GANAP NA PANDIWA na katulad na salitang-ugat (na isang pang-gramatikong anyo para sa pagpapatindi ng kahulugan):
 - a. “walang alinlangan pagpapala,” v. 4, *Piel* ng BDB 138, KB 159
 - b. “masunuring pakikinig,” v. 5, *Qal* ng BDB 1033, KB 1570
 - c. “malayang pagbukas,” v. 8, *Qal* ng BDB 834 I, KB 986
 - d. “bukas-palad na pagpapahiram,” v. 8, *Hiphil* ng BDB 716, KB 778
 - e. “mabuting-loob na pagkakaloob,” v. 10, *Qal* ng BDB 678, KB 733
 - f. “malayang pagbukas,” v. 11, *Qal* ng BDB 834, KB 986
 - h. “masaganang pagkakaloob,” v. 14, *Hiphil* ng BDB 778, KB 858
 2. Ang ilan ay ang katulad na PANDIWA, ginamit nang dalawang beses:
 - a. “humiram. . .huwag humiram,” v. 6, isang *Hiphil* GANAP at isang *Qal* DI-GANAP ng BDB 716, KB 778
 - b. “manguna. . .huwag manguna,” v. 6, isang *Qal* GANAP at isang *Qal* DI-GANAP ng BDB 605, KB 647
 - c. “gawing malaya. . .malaya. . .hindi pinadala,” vv. 12,13, lahat na tatlo *Piel* MGA DI-GANAP ng BDB 1018, KB 1511
 - d. “kumain. . .huwag kumain,” vv. 22,23, kapwa *Qal* MGA DI-GANAP ng BDB 37, KB 46 Pansinin ang pangalawang kaurian ay isang paayon na sinusundan ng pasalungat na paggamit.
 3. Mayroong isa pang-uulit ng PANGNGALAN at ang *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN ng katulad na salitang-ugat sa v. 2
 - “pagpapatawad. . .pagpapalaya,” kapwa mula sa BDB 1030, KB 1557

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:1-6

¹Sa katapusan ng *bawa't* pitong taon ay magpapatawad ka ng iyong *mga pautang*. ²At ito ang paraan ng pagpapatawad: *bawa't* may pautang ay magpapatawad ng kaniyang ipinautang sa kaniyang kapuwa; huwag niyang sisingilin sa kaniyang kapuwa, at sa kaniyang kapatid; sapagka't ang pagpapatawad ng PANGINOON ay ipinahayag. ³Sa isang taga ibang lupa ay iyong masisingil *ito*; nguni't anomang tinatangkilik mo na nasa iyong kapatid ay ipatatawad ng iyong kamay. ⁴Nguni't hindi magkakadukha sa iyo (sapagka't pagpapalain ka nga ng PANGINOON sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos na pinakamana upang iyong ariin), ⁵Kung iyong didinggin lamang na masikap ang tinig ng PANGINOON mong Diyos, na isagawa ang buong utos na ito na aking iniutos sa iyo sa araw na ito. ⁶Sapagka't pagpapalain ka ng PANGINOON mong Diyos, na gaya ng ipinangako niya sa iyo: at ikaw ay magpapautang sa maraming bansa, nguni't hindi ka mangungutang; at ikaw ay magpupuno sa maraming bansa, nguni't hindi ka nila pagpupunuan.

15:1 “Sa katapusan ng *bawa't pitong taon*” Dalawang bagay ang nangyari: (1) ang lupain ay matatalaga ng lugar na hindi tataniman bilang bilang sagisag ng pagmamay-ari ng Diyos sa lupain gayundin ang Kanyang pagkalinga para sa mahihirap (cf. Exodo 23:10-13; Levitico 25:1-7). Sa *Ang Antiquities of the Jews*, XIII.8.1 ni Josephus, matatagpuan natin ang sangunian sa gawi ng mga Hudyo sa pagpapahintulot na mamahinga ang lupain at (2) dito ang kapwa mga Israelita ay mapapalaya sa kanilang mga utan (cf. v. 2; 31:10). Ang pito ay nakita bilang ganap na bilang dahil sa anim na araw paglilikha at ang ikapitong araw ng pahinga sa Genesis 1:1-2:3.

15:2 “pagpapatawad” Ang salitang ito (BDB 1030) ay nangangahulugang “hayaang bitawan.” Sa Exodo 23:10-11 ang PANDIWA ay ginamit para sa lupain na kinatitirikan ng hindi tatamnan kada pitong taon. Ang PANGNGALAN ay ginamit tangin sa OT nang dalawang beses, dito at 31:10. Dito, ito ay ginamit na patalinghaga sa pagpapatawad ng utang, since ang nagbahaging mang-aani ay maaaring hindi makapagbayad ng kanyang utang sa isang taon na kung saan ang pagtatanim ay pinagbabawal at gayundin, walang trabaho para sa mga binabarayang manggagawa. Ang dayuhan, sa kabilang banda, ay maaaring gumawa sa kanyang bukirin at magbayad ng kanyang mga utang.

▣ **“bawa't may pautang ay magpapatawad”** Maging ito ay nangangahulugan ng palagiang pagpapalaya o pansamantalang ay hindi tiyak. Ang konteksto ay tila kumakatig sa palagiang pagpapalaya, ngunit naniniwala ako na ito ay maaari na tangi para sa taon ng lupain sa pagtalaga ng di tatamnan, na ang utang ay pinatawad (cf. NET Bible, p. 368 #16). Ang pagpapatawad ng Diyos ay ang batayan para sa mga may-ari ng mga lupaing ito na magpatawad ng utang (simboliko, pansamantala).

15:3 “taga ibang lupa” Ito ay tumutukoy sa isang di-Israelita na palagiang naninirahan sa Palestino (BDB 648, cf. 14:21; 15:3; 17:15; 23:20; 29:22), na pinagkalooban ng tinakdaang karapatang pagkamamamayan at legal na pangangalaga sa pamamagitan ng Mosaikong pagsasabatas.

Ang ibang salita “dayuhan” (BDB 158) ay ginamit sa mga bagong salta o mga manlalakbay na pinagkalooban din ng tinakdaang mga karapatan at pangangalaga (cf. 1:16; 5:14; 10:18,19 [na dalawang beses]; 14:21,29; 16:11,14; 23:7; 24:14,17,19,20,21; 26:11,12,13; 27:19; 28:43; 29:11; 31:12).

Ang pangangalaga para sa di-Israelita ay maliwanag na ipinapakita:

1. ang katangian ni YHWH
2. ang maaaring pagkakasama
3. ang nakalipas na karanasan ng Israel sa Ehipto

15:4 “hindi magkakadukha sa iyo” Ang mga talatang 4-6 ay nagpapahayag ng ulirang kalagayan (sumasagisag sa mga pangangailangan ng Taon ng Sabbath at Taon ng Kagalakan). Ang uliran ay bihirang pang-kasaysayan. Maraming mga Israelita ay nawalan ng kanilang pangpamilyang mga lupain. Palagiang may mga mahihirap sa gitna ng mga Hudyo (cf. Mateo 26:11).

15:5 Ito ay isang inuulit babala patungkol sa pagsunod sa kasunduan.

1. “Kung tanging inyong pakikinggan nang may pagsunod” - ang *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN at ang *Qal* DI-GANAP ng BDB 1033, KB 1570 (na nagpapakita nang pagtindi)
2. “Na tuparin nang maingat ang lahat ng mga kautusang ito” - dalawang *Qal* PAWATAS NA MGA PAGKAKAYARI ng BDB 1036, KB 1581 at BDB 793, KB 889

Ang pangkasunduang mga pangako ni YHWH ay may pasubali sa nagpapatuloy na masunuring pagtugon.

15:6 Ang ipinangako/isinawika ni YHWH (BDB 180, KB 210, *Piel* GANAP) na mga pagpapala ay gumuguhit ng balangkas:

1. “Ang PANGINOON mong Diyos ay pagpapalain ka,” *Piel* GANAP ng BDB 138, KB 159, cf. v. 4

(na dalawang beses); 1:11; 2:7; 7:13 (na dalawang beses); 12:7; 14:24,29; 15:10,14,18; 16:10,15.

2. “Ikaw ay magpapahirap sa maraming mga bansa, ngunit hindi ka manghihirap.” This ay ang *Hiphil* GANAP at ang pasalungat na *Qal* DI-GANAP ng BDB 716, KB 778.
3. “Ikaw ay mamumuno sa maraming mga bansa, ngunit hindi sila mamumuno sa sa iyo.” Ito ay ang *Qal* GANAP at ang pasalungat na *Qal* DI-GANAP ng BDB 605, KB 647.

Ang mga pangakong ito ay mayroong have pandaigdigang eskatolohikong mga kahihinatnan (cf. Isaias 9:6-7; 11:1-10; Mikas 5:1-5a).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:7-11

⁷Kung magkaroon sa iyo ng isang dukha, na isa sa iyong mga kapatid, na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan sa iyong lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, ay huwag mong pagmamatigasin ang iyong puso, ni pagtitikuman ng iyong kamay ang iyong dukhang kapatid: ⁸Kundi iyo ngang bubukhin ang iyong kamay sa kaniya, at iyo ngang pauutangin siya ng sapat sa kaniyang kailangan sa kaniyang kinakailangan. ⁹Pagingatan mong huwag magkaroon ng masamang pagiisip sa iyong puso, na iyong sabihin, Ang ikapitong taon, na taon ng pagpapatawad, ay malapit na; at ang iyong mata'y magmasama laban sa iyong dukhang kapatid at hindi mo siya bigyan; at siya'y dumaing sa PANGINOON laban sa iyo, at maging kasalanan sa iyo. ¹⁰Siya nga'y bibigyan mo, at ang iyong puso'y huwag magdamdam pagka binibigyan mo siya; sapagka't dahil sa bagay na ito'y pagpapalain ka ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng iyong gawa, at sa lahat ng hipuin ng iyong kamay. ¹¹Sapagka't hindi mawawalan ng dukha sa lupain kailan man: kaya't aking iniutos sa iyo, na aking sinasabi, Bubukhin mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa nagkakailangan sa iyo, at sa dukha mo, sa iyong lupain.

15:7 “Kung magkaroon sa iyo ng isang dukha” Ang katotohanan ay naipahayag sa v. 11. Ang kahirapan ay maaaring mabigyang kahulugan bilang kakulangang sa paggalang at parangal. Dito ang kakulangan ay nagdudulot ng pagkawala ng lupain ng pamilya ay magdudulot ng paghirap na salapi, ito bilang garantiya.

▣ **“na isa sa iyong mga kapatid”** Ang Mosaikong Kautusan ay nagpapakita ng natatanging malasakit ni YHWH at kahabagan sa:

1. ibang mga mahihirap na pangkasunduang kapatid na lalaki/babae
2. mga balo
3. mga ulila
4. mga naninirahang dayuhan
5. mga banyaga

Ang kahabagang ito sa mga pang-sosyo-economikong linya ay ginagawang natatangi ang legal ng kodigo ng Israel. Ang ibang sinaunang kautusan mga kodigo ay kumikiling sa mga elitista, ang mayayaman, at ang maharlika. Ang Israel ay pumapanig sa mahihina, napabayaang sa lipunan at ekonomiya, mahihina sa batas, at mga nawalan ng karapatan!

▣ **“na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan sa iyong lupain”** Pansinin na ito ay hindi lamang mahihirap sa lokal, ngunit kung paano pakitunguhan ng lipunan ang mahihirap. Nais ni YHWH na ang Kanyang bayan ay kumilos para sa mga nangangailangan tulad nang kung paano Siya kumilos para sa kanila!

▣ **“huwag mong pagmamatigasin ang iyong puso, ni pagtitikuman ng iyong kamay ang iyong dukhang kapatid”** Kapwa ang motibo at gawa ay kalahok (cf. II Corinto 9:7):

1. “huwag mong pagmamatigasin ang iyong puso,” *Piel* DI-GANAP, BDB 54, KB 65, cf. II Cronica

36:13

2. “ni pagtitikuman ng iyong kamay,” *Qal* DI-GANAP, BDB 891, KB 1118

15:8 Pansinin ang PAWATAS NA LUBUSAN ay katugma ng kanilang kaukulang MGA DI-GANAP para sa pagbibigay-diin:

1. “iyo ngang bubukhin ang iyong kamay sa kaniya” - *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN at *Qal* DI-GANAP ng BDB 834, KB 986. Ang talinghagang ito ay kahalintulad ng v. 7.
 - a. Buksan ang iyong puso (huwag maging matigas ang puso)
 - b. Buksan ang iyon kamay (huwag maging masikip ang kamao) cf. vv. 11,13
2. “iyo ngang pauutangin siya ng sapat” - *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN at *Hiphil* DI-GANAP ng BDB 716, KB 778

▣ **“pauutangin siya ng sapat sa kaniyang kailangan”** Ito ay BDB 191 NA KAYARIAN kasama ang 341, na nagpapahayag na sapat upang matugunan ang pangangailangan ng kapatid, hindi lamang isang kaloob na lumilipas (cf. Santiago 2:15-26; I Juan 3:16-17).

15:9 “Pagingatan” Ito ay isang *Niphal* PAUTOS (BDB 1036, KB 1581), na isang inuulit na paksa (cf. 4:9,15,23; 6:12; 8:11; 11:16; 12:13,19,28,30; 15:9; 24:8). Mayroong mga pangkasuduang kahihinatnan para sa pagsunod at pagsuway.

▣ **“masamang pagiisip”** Ang salitang “masama” ay mula ang katulad na salitang-ugat (BDB 116) na *Belial*. Ito tumutukoy sa isang “walang halaga,” “walang pagpapahalaga,” “masama person” (cf. Kawikaan 6:12). Tingnan ang tala sa 13:14.

▣
NASB “mata’y magmasama”
NKJV “mata’y maging masama”
NRSV “pagtanaw. . .na may pagkagalit”
TEV -----
NJB “pagsimangot”

Ang salita “magmasama” (BDB 949, KB 1269, *Qal* GANAP) ay nangangahulugang “sira” o “masama.” Isang katulad kataga ay ginamit sa 28:54,56. Ang katulad na PANDIWA ay naulit sa v. 10, kung saan ito ay isinalig “masakit.” Ang katagang ito ay nauugnay sa isang ugali na lumalaki sa isang tao sa isang tiyak na mga pangyayari at/o patungo sa tiyak na mga tao. Ang motibo ay napakahalaga sa kapwa ang OT at NT. Ang Diyos ay tumitingin sa puso!

15:9 “siya’y dumaing sa PANGINOON laban sa iyo, at maging kasalanan sa iyo” Ang panalangin ng mahirap na tao ay hindi ito ginagawang kasalanan (i.e., ilegal), ngunit ito ay ipinapakita kay YHWH ang kasalanan sa puso ng isang makasarili, nagsabwatang tao (cf. 24:18; Exodo 22:23). Ang mga pagpapala ni YHWH ay may pasubali sa angkop na pangkasunduan mga motibo at mga kilos. Ang Kanyang bayan ay tutularan ang Kanyang katangian!

15:10 Ito ay isang buod ng konteksto mula sa v. 7.

▣ **“Siya nga’y bibigyan mo”** Tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstwal, C, 1, e.

15:11 “Bubukhin mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid” Tingnan ang Mga Kaunawaang Kontekstwal, C, 1, f.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:12-17

¹²Kung ang iyong kapatid, na Hebreong lalake o babae, ay ipagbili sa iyo, at maglingkod sa iyong anim na taon; sa ikapitong taon nga ay iyong papagpapaalaming laya sa iyo. ¹³At pagka iyong papagpapaalaming laya sa iyo, ay huwag mo siyang papagpapaalaming walang dala: ¹⁴Iyo siyang papagbabaunin na may kasaganaan ng bunga ng iyong kawan, at ng iyong giikan, at ng iyong pisaan ng ubas, kung paano ang ipinagpala sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, ay bibigyan mo siya. ¹⁵At iyong aalalahanin na ikaw ay alipin sa lupain ng Ehipto, at tinubos ka ng PANGINOON mong Diyos: kaya't iniutos ko sa iyo ngayon ang bagay na ito. ¹⁶At mangyayari, na kung sabihin niya sa iyo, Hindi ako aalis sa iyo; sapagka't iniibig ka niya at ang iyong bahay, sapagka't kinalulugdan mo siya; ¹⁷At kukuha ka nga ng isang pangbutas at ibutas mo sa kaniyang tainga sa pintuan, at siya'y magiging iyong alipin magpakailan man. At sa iyong aliping babae man ay gayon din ang iyong gagawin.

15:12 Sa literal, ito ay “kapatid” (BDB 26), ngunit ginamit sa pambansang kaunawaan ng “kasunduang kasamahan” o “kamag-anak” (cf. Levitico 19:17; 25:25,35,36,39,47; Deuteronomio 15:12; 17:15). Ito ay nagbibigay-diin sa pambansang pagkakaisa laban sa isang pang-tribong o pampamilya pagkakilanlan. Ang kataga at teolohiyang ito ay katulad ng Galacia 6:10.

▣ **“Hebreo”** Ang salita “Hebreo” (BDB 720, KB 782) ay isang di-karaniwang salita sa OT. Ito ay tumutukoy sa alinmana sa (1) panliping mga inaanak ni Eber, ang apo ni Shem (cf. Genesis 10:21; (2) isang salita na naglalarawan isang malaking pangkat ng mga Semita (*Habiru*) sa Sinaunang Near East, na nangibang-bayan mula sa Mesopotamia bilang mga lagalag noong pangalawang sanlibong taon; o (3) isang naihiwalay na pangkat ng mga mahirap na dayuhang manggagawa (ang salita ginamit sa mga banyaga upang ilarawan ang pamilya nina Abraham, Jacob at Jose).

▣ **“lalake o babae”** Ito ay nagpapakita ng legal na pagkakapantay-pantay (cf. v. 17, gayundin pansinin ang Genesis 1:26-27). Ang mas naunang kautusang kodigo ay hiwalay sa kanila (i.e., men - Exodo 21:2-6; mga kababaihan - Exodo 21:7-11). Ito ay isang sukdulang paglayo mula sa Kodigo ni Hammurabi, isang legal na kasulatan sa Babilonya bago pa si Moises, at ang pangkulturang sistema ng mga bansa ng Canaan. Ang bayan ng Diyos ay naiiba!

▣ **“ay ipagbili sa iyo”** Ang PANDIWA (BDB 569, KB 581, *Niphal* DI-GANAP) na tumutukoy sa sinuman na naipagbili ang kanyang sarili/herself sa isang kasunduang paglilingkod (cf. Levitico 25:39,47,48,50; ang kapwa Hebreo ay natalakay sa vv. 39- 46; Exodo 21:2-6).

▣ **“maglingkod sa iyong anim na taon”** Ito ay tila hindi kaugnay sa kronolohiya ang Sabbatikong taon na nabanggit sa vv. 1-11, ngunit kung gayun nga, samakatuwid ang kahulugan ng v. 9 ay di-tiyak.

▣ **“sa ikapitong taon nga ay iyong papagpapaalaming laya sa iyo”** Ang PANDIWANG ito (BDB 1018, KB 1511, *Piel* DI-GANAP) ay napakahalaga na ito ay naulit nang tatlong beses sa vv. 12-13.

15:14 Kapag ang alipin ay napalaya pagkatapos ng kanyang anim na mga taon ng paglilingkod, siya ay kailangang bigyan ng lahat na kaniyang kailangan upang magtatag ng kanyang pamilya.

1. “iyo siyang papagbabaunin na may kasaganaan,” Ito ay isa pang PAWATAS NA LUBUSAN at DI-GANAP NA PANDIWA. Ito ay isang Hebreong kataga, sa literal, “ikaw ay walang alinlangan gagawa ng kuwintas para sa kanya.” Tingnan ang Kaunawaang Kontekstuwal C, 1, g.
2. Pansinin ang mga bagay in ibinigay:
 - a. mula sa kawan
 - b. mula sa giikan
 - c. mula sa lalagyan ng alak

- d. ang idinagdag na mga gabay ay binigay sa Exodo 21:3-4; Levitico 15:41
3. Ang pagkakaloob na ito ay isasakatuparan sa espiritu at dami na ipinakita ni YHWH sa Israel, cf. vv. 4,6,10,18 at bakit partikular sa v. 15 at Levitico 25:41.

15:15 “At iyong aalalahanin na ikaw ay alipin sa lupain ng Ehipto” Ang batayan para sa kagandahang-loob ng may-ari ng alipin ay ang katotohanang ang kanyang pamilya ay dating alipin sa Ehipto at ang Diyos ay mapagbigay sa kanila. Tingnan ang buong tala sa 5:15.

▣ **“tinubos ka ng PANGINOON mong Diyos”** Ang PANDIWANG ito (BDB 804, KB 911, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit nang maraming beses sa Deuteronomio, ay palaging tumutukoy sa mapagbiyayang pagkilos ni YHWH sa pagpapalaya ng Israel mula sa Ehipsyong pagkaalipin (cf. 7:8; 9:26; 13:5; 15:15; 21:8; 24:18). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 7:8. Ang OT ay bilang isang saksi sa pasimulang pag-ibig at kahabagan ng Diyos gaya ng sa NT! Ang mga tao ay hindi humahanap sa Diyos, Siya humanap at nagtubos sa kanila! Ang kanyang panimulang mga gawa at hindi nagbabagong katangian ay ang ating dakilang pag-asa! Ang mga pagkilos ng Mesias para sa lahat ay pinasimulan sa ang mga pagkilos ni YHWH para sa Israel!

15:16 Ang talatang ito ay kahalintulad sa Exodo 21:5. Ito ay naglalarawan ng isang kusang pagpapasakop na pakikipag-ugnayan na nagpapahayag ng pananampalataya/pag-ibig/pagsunod na kasunduang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng YHWH at Israel. Ang layunin ng kasunduan ay isang umiibig, mapagpalang buhay sa mundo na sinusundan ng nagpapatuloy nang mag higit na malapit na pakikipag-ugnayan sa espiritwal na nasasakupan. Ang mga pagpapala ay palaging bunga ng pakikipag-ugnayan, hindi kailanman ang layunin!

15:17 “ibutas mo sa kaniyang tainga sa pintuan” Ito ay mayroong dalawang mga sagisag: (1) ang tainga ay sagisag ng pagsunod at (2) ang pintuan ay sagisag ng pag-ibig para sa ang tahanan (TEV). Ang seremonyang ito ay ginagawa sa tahanan hindi sa dambana o pintuan ng lungsod, na nakabatay sa kung sinong *Elohim* ng Exodo 21:6 ang tinutukoy. Ang Septuagint, Peshitta, at ang mga Aramaikong Targum ay maunawaan bilang “mga hukom”, na isang pagbabago mula isang naunang seremonya (cf. Exodo 21:1-6). Gagawin siya nitong palagiang alipin.

▣ **“magpakailan man”** Ang Hebreong salita ay *'olam* (BDB 761). Ang paggamit nito ay nagpapakita na ang Hebreong salita ay kailangang bigyang kahulugan sa pamamagitan ng kanyang konteksto. Ito ay maaaring mangahulugang “magpakailanman” o “para sa isang mahabang panahon na may tinakdang hangganan.” Ang mga rabbi ay nagsabing ito ay nangangahulugang “hanggang sa Taon ng Kasiyahan (Jubilee),” ngunit sa kontekstong ito, ito ay nangangahulugang ang habang-buhay ng alipin. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:40.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:18

¹⁸Huwag mong mamabigatin, pagka iyong papagpapaalaming laya sa iyo: sapagka't ibayo ng kaupahang magpapaupa ang kaniyang ibayong ipinaglingkod sa iyo sa anim na taon: at pagpapalain ka ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng iyong ginagawa.

15:18 “Huwag mong mamabigatin, pagka iyong papagpapaalaming laya sa iyo” Ito ay nangangahulugang ang isa ay hindi dapat magreklamo kapag ang isang alipin ay napalaya pagkatpos ng anim na taon ng paglilingkod.

▣
NASB “ibayong ipinaglingkod”
NKJV “siya ay may halagang pandalawahang paglilingkod”

NRSV “halaga ng binayad sa mga upahang alipin”
 TEV “sa kalahati ng halaga ng upahang mga alipin”
 NJB “siya ay may halagan ng dalawang beses sa ibinabayad sa isang alipin”
 NET Bible “doble ng panahon ng isang upahang manggagawa”

Mayroog ilang pagduruda sa kung ano ang tamang salin (sa literal, “para sa kalahating halaga ng,” BDB 1041 NA KAYARIAN 969 I). Mayroong tatlong posibilidad:

1. Ang isang alipin ay lingkod araw at gabi
2. Ang isang alipin ay nagtatrabaho nang libre, habang isang upahan ay pinabayaran
3. Ang Isaias 16:14 ay nagtala na tatlong taon bilang yugto of paggawa para sa isang inupahang tao (gayundin sa Kodigo ni Hammurabi), samakatuwid, ang isang alipin ay nagtatrabaho ng dalawang beses na mas mahaba.

▣ “at pagpapalain ka ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng iyong ginagawa” Ang kasunduang pagpapala ay susunod sa kasunduang pagsunod, lalo na kapag ang angkop nag pag-ibig, mapagpatawad, matulunging ugali ay makikita!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 15:19-23

¹⁹Lahat ng panganay na lalake na ipinanganak sa iyong bakahan, at sa iyong kawan ay iyong itatalaga sa PANGINOON mong Diyos: huwag mong pagagawin ang panganay ng iyong baka, ni huwag mong gugupitan ang panganay ng iyong kawan. ²⁰Iyong kakanin sa harap ng PANGINOON mong Diyos taontaon sa dakong pipiliin ng PANGINOON, kakanin mo, at ng iyong mga sangbahayan. ²¹At kung may anomang kapintasan, na *tulad ng pilay o bulag*, anomang masamang kapintasan, ay huwag mong ihahain sa PANGINOON mong Diyos. ²²Iyong kakanin sa loob ng iyong mga pintuang-daan: ang marumi at ang malinis ay *kapuwa kakain*, na gaya ng maliit na usa at gaya ng malaking usa. ²³Huwag mo lamang kakanin ang dugo niyaon; iyong ibubuhos sa ibabaw ng lupa na parang tubig.

15:19-23 Ang mga talatang ito ay tumutukoy sa angkop at di-angkop na paggamit ng panganay ng mga baka. Ito ay bumabalik sa Exodo 13:2, na ang konteksto ng salot ng kamatayang anghel ay pumapatay ng panganay ng sangkatauhan at mga hayop sa Ehipto at Goshen na ang mga bahay ay hindi natatakan ng dugo. Ito ay isang simbolikong paraan ng pagpapakita ng pagiging may-ari ng Diyos sa bawat bagay (cf. Exodo 13:2; Levitico 2:14-16).

15:19 “iyong itatalaga. . . Lahat ng panganay na lalake na ipinanganak. . . sa iyong bakahan, at sa iyong kawan” Ang Exodo 13 ay nagbibigal sa ating ng biblikal na pinagmulan, gayundin pansinin ang Mga Bilang 18:15-16. Ito ay naging isang paraan upang dagdaga ang kita ng mga Levita.

15:20 Ito ay bumabalik sa 12:17-19; 14:23.

15:21 “At kung may anomang kapintasan. . . huwag mong ihahain sa PANGINOON mong Diyos” Ang isang hayop na may kapintasan (kaalanganan) ng anumang uri, i.e., pagkabulag, kawalan ng kulay, pagkakasakit, pagkapilay, kapangitan, atbp. ay hind maaaring ihain, ngunit maaaring kainin kasama ang pamilya at mga kaibigan sa isang lokal na tagpuan (cf. 12:15-16).

15:22

NASB “ang marumi at ang malinis ay *kapuwa kakain*”
 NKJV “ang marumi at ang malinis na tao din ay *kapuwa kakain*”
 NRSV “ang marumi at ang malinis din”
 TEV “lahat tayo, whether ritually clean o madumi, may eat them”
 NJB “ang clean at ang madumi”

Sa Hebreo ito ay maaaring tumukoy sa:

1. Silang mga kumain nito
2. Ang mga kinain

Tila ang #1 na pagpipilian ang pinakamainam (LXX).

15:23 “Huwag mo lamang kakanin ang dugo niyaon” Ang dugo ay ang sagisag ng buhay at buhay pag-aari ng Diyos (cf. Genesis 9:4-6; Levitico 1:17; 7:26-27; 17:10-16; 19:26; Deuteronomio 12:16, 23-25; I Samuel 14:32-34). Ang mga sagisag mga naunang talata ay nagpapakita ng pagkamay-ari ng Diyos sa lahat ng nilikha, lalo na sa mga nabubuhay.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Mayroon bang pang-kasaysayan katibayan para sa pagdaraos ng taon ng Sabbath?
2. Ano ang pangunahing layunin ng mga kautusang ito sa kabanata 15?
3. Ano ang mga maaaring pinagmulan ng salitang “Hebreo”?

DEUTERONOMIO 16

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|--|--|--|
| Ang Pagbabalik-Tanaw sa Paskwa | Isang Kalendaryo ng mga Pagdiriwang | Ang Paskwa | Ang Mga Pagdiriwang: Ang Paskwa at Ang Walang Libadurang Tinapay |
| 16:1-8 | 16:1-8 | 16:1-4 16:5-8 | 16:1-8 |
| Ang Pagbabalik-Tanaw sa Pista ng mga Sanlinggo | | Ang Pista ng Ani | Ibang mga Pista |
| 16:9-12 | 16:9-12 | 16:9-12 | 16:9-12 |
| Ang Pagbabalik-Tanaw sa Pista ng mga Tabernakulo | | Ang Pista ng mga Kalungan | |
| 16:13-17 | 16:13-15 16:16-17 | 16:13-15 16:16-17 | 16:13-15 16:16-17 |
| Ang Katarungan ay Kailangang Maipatupad (16:18-17:13) | Ang Mga Kautusang may Kaugnayan sa Katarungan at Relihiyon (16:18-17:20) | Ang Pagpapatupad ng Katarungan (16:18-17:13) | Mga Hukom |
| 16:18-20 | 16:18-20 | 16:18-20 | 16:18-20 Ang Mga Pag-aabusosa Pagsamba (16:21-17:7) |
| 16:21-17:1 | 16:21-17:1 | 16:21-17:1 | 16:21-17:1 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi) *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:1-8

¹Magdidiwang ka sa buwan ng Abib, at ipangingilin ang paskua sa PANGINOON mong Diyos: sapagka't sa buwan ng Abib inilabas ka ng PANGINOON mong Diyos sa Ehipto sa gabi. ²At iyong ihahain ang paskua sa PANGINOON mong Diyos, ang sa kawan at sa bakahan, sa dakong pipiliin ng PANGINOON na patatahanan sa kaniyang pangalan. ³Huwag kang kakain sa paskua ng tinapay na may lebadura; pitong araw na kakanin mo sa paskua ang tinapay na walang lebadura, ang tinapay ng pagkapighati; sapagka't umalis kang madalian sa lupain ng Ehipto: upang iyong maalaala ang araw na inialis mo sa lupain ng Ehipto sa lahat ng mga araw ng iyong buhay. ⁴At pitong araw na walang makikitang lebadura sa iyo, sa lahat ng iyong mga hangganan; ni sa anomang karne na iyong ihahain sa unang araw sa paglubog ng araw ay walang maiiwan sa buong gabi, hanggang sa umaga; ⁵Hindi mo maihahain ang paskua sa loob ng alin man sa iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos: ⁶Kundi sa dakong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos na patatahanan sa kaniyang pangalan, ay doon mo ihahain ang paskua sa pagtatakip silim, sa paglubog ng araw, sa panahon na iyong inialis sa Ehipto. ⁷At iyong iihawin at kakanin *ito* sa dakong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos; at ikaw ay babalik sa kinaumagahan, at uuwi sa iyong mga tolda. ⁸Anim na araw na kakain ka ng tinapay na walang lebadura: at sa ikapitong araw ay magkakaroon ka ng takdang pagpupulong sa PANGINOON mong Diyos: huwag kang gagawa ng anomang gawa sa araw *na iyan*.

16:1 “Magdidiwang” Ito ay isang umuulit na salita (BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAWATAS NA LUBUSAN) sa Deuteronomio— 73 beses! Ang kabanatang ito ay naisulat sa katulad na Hebreong pamamaraan tulad ng Sampung Utos sa kabanata 5.

▣ **“buwan”** Ito ay katulad na salitang-ugat ng “bagong buwan” (BDB 294 I). Tingnan ang Natatanging Paksa: Kalendaryo ng Sinaunang Near East sa 1:3.

▣ **“Abib”** Ang salitang ito ay nangangahulugang “bagong butil” (BDB 1), na maaaring mangahulugang ang unang nahinog na kalo ng barley. Ito ay isang pang-Canaan na katawagan para sa yugto ng panahon ng Marso-Abril. Sa pagsulat sa huli ng Babilonyang salita na *Nisan* ay ginamit din sa yugto ng panahong ito. Ang Exodo 21:1,6 ay nagbibigay ng tiyak na mga petsa na nabanggit dito sa pangkalahatan.

16:1 “ipangingiling” Ang pangkaraniwan PANDIWANG ito, “tuparin,” “gawin” (BDB 793, KB 1581) ay ginamit nang maraming beses sa kabanata 16 at ay isinalin sa maraming kaparaanan:

1. “ipangingiling,” vv. 1,10,13
2. “magkakaroon,” v. 8
3. “gaganapin at gagawin ang mga palatuntunang ito,” v. 12
4. “Huwag kang . . .gagawin,” v. 21

NATATANGING PAKSA: ANG PASKWA

- I. Mga Panimulang Pananalita
 - A. Ang banal na gawa ng paghuhukom sa mga taga Ehipto at ang pagpapalaya sa Israel ay ang pagsaubok sa pagmamahal ni YHWH at ang pagtataguyod sa Israel bilang isang bansa (i.e., lalo na para sa mga Propeta).
 - B. Ang exodo o pag-aalisan ay isang partikular na kaganapan sa pangako ni YHWH kay Abraham sa Genesis 15:12-21. Ang Paskwa ay umaalala sa exodo.

C. Ito ang huli at pinakamalaganap (heograpikal, i.e, Ehipto at Goshen) at makapangwasak (unang anak ng tao at hayop ay pinatay) ng sampung salot na ipinadala ni YHWH sa Ehipto sa pamamagitan ni Moises.

II. Ang Salita Mismo (BDB 820, KB 947)

A. Ang Kahulugan ng PANGNGALAN ay di-tiyak

1. Kaugnay sa “salot,” sa gayon “humampas ng isang suntok” (i.e., Exodo 11:1); ang anghel ni YHWH’s ay pumalo sa mga panganay ng tao at mga baka

B. Ang kahulugan ng PANDIWA:

1. “pumilay ” or “umika-ika” (cf. II Samuel 4:4), ginamit sa kahulugan ng “lundagan ang Markadong tahanan” (i.e., Exodo 12:13,23,27, BDB 619, isang kilalang etimolohiya)

2. “sumayaw” (cf. I Mga Hari 18:21)

3. Akkadian - “palubagin”

4. Ehipsiyo - “paluin” (tingnan ang A. 1.)

5. Katulad na MGA PANDIWA sa Isaias 31:5, “manindigan sa pagbantay” (cf. REB of Exodo 12:13)

6. Ang sinaunang Kristiyanong sikat na paglalaro ng tunog sa pagitan ng Hebreong *pasah* at Griyegong *paschō*, “magdusa”

C. Maaaring makasaysayang pagkakasunod:

1. sakripisyo ng mga pastol para sa bagong taon

2. Sakripisyo ng Bedouin at taimtimang kainan sa panahon ng pagagalaw ng mga tolda patungo sa tagsibol na pastulan upang itaboy ang masasama

3. sakripisyo upang itaboy ang masasama mula sa lagalag na mga tao

D. Ang mga dahilan ay lubhang mahirap hindi lamang sa di sigurado sa mismong kahulugan ng salita, ngunit maging mismo sa pinanggalingan nito dahil sa maraming mga katangian ng Paskwa ay matatagpuan din sa ibang mga sinaunang mga ritwal:

1. petsa ng tagsibol

2. etimolohiya ng PANGNGALAN ay di-tiyak

3. kaugnay sa mga pagmamatyag sa gabi

4. paggamit ng dugo

5. larawan ng mga anghel/demonyo

6. natatanging pagkain

7. pang-agrikultural na sangkap (walang libadurang tinapay)

8. walang mga saserdote, walang altar, lokal na pangtuon

III. Ang Pangyayari

A. Ang pangyayari mismo ay naitala sa Exodo 11-12.

B. Ang taunang pista ay inilarawan sa Exodo 12 at isinama sa walong araw na kasiyahan sa Pista ng Di-pinaalsang Tinapay.

1. orihinal nito ay ito ay lokal na pangyayari, cf. Exodo 12:21-23; Deuteronomio 16:5 (cf. Mga Bilang 9)

a. walang saserdote

b. walang natatanging altar

c. mga natatanging paggamit ng dugo

2. ito ay naging pangyayari sa sentrong dambana

3. ang pagsasamang ito ng lokal na sakripisyo (i.e., dugo ng tupa para alalahanin ang paglagpas ng anghel ng kamatayan) at ang kapistahang pag-ani sa sentrong santwaryo ay naganap sa pamamagitan ng malapit na pagitan ng mga petsang *Abib* o *Nisan* 14 at 15-21

C. Ang simbolikong pagmamay-ari ng lahat ng panganay ng mga tao at baka at ang kanilang pagtutubos ay inilarawan sa Exodo 13.

IV. Makakasaysayang Pagtatala at ang Pagdiriwang Nito

- A. Ang unang Paskwa na ipinagdiwang sa Ehipto, Exodo 12
 - B. Sa Bundok ng Horeb/Sinai, Mga Bilang 9
 - C. Ang unang Paskwa na pinagdiwang sa Canaan (Gilgal), Josue 5:10-12
 - D. Sa panahon ng paghahandog ni Solomon sa Templo, I Hari 9:25 at II Cronica 8:12 (marahil, ngunit di tahasang binanggit)
 - E. ang isa sa panahon ng pamamahala ni Hezekiah, II Cronica 30
 - F. ang isa sa panahon ng reporma ni Josiah, II Hari 23:21-23; II Cronica 35:1-18
 - G. Pansinin ang II Mga Hari 23:22 at II Cronica 35:18 binanggit ang pagkaligta ng Israel na tupdin ang taunang pista
- V. Ang kahalagahan
- A. Isa ito sa tatlong kailangang mga araw ng pista (cf. Exodo 23:14-17; 34:22-24; Deuteronomio 16:16):
 1. Paskwa/Walang libadurang tinapay
 2. Pista ng mga Linggo
 3. Pista ng mga kubol
 - B. Si Moises ay nagpaunang anino sa pagdating ng araw na ito ay ipagdiriwang sa sentro ng santwaryo (sa gaya ng ibang dalawang mga pista) sa Deuteronomio.
 - C. Si Hesus ay ginamit ang pagdiriwang ng taunang Paskwa sa kainan (o ang araw bago nito) para ipahayag ang Bagong Tipan sa simbolo ng tinapay at alak, ngunit hindi gumamit ng tupa:
 1. taimitimang kainan
 2. sakripisyong pagtutubos
 3. at patuloy na kabuluhan sa mga sumunod na mga salinlahi

▣ **“sa gabi”** Nang ang Anghel ng Kamatayan nagpalampas sa gabi(BDB 538), sinabi ng Faraon, “yumaon” (cf. Exodo12:33). Ang mga Israelita ay nagmamadaling lumisan.

16:2 “ang sa kawan at sa bakahan” Ihambing ang Exodo 12:5 sa II Cronica 30:24; 35:7, na nagbukas ng pag-aalay mula sa isang tupa o isang kambing patungo sa kabuuan ng saklaw ng mga maamong hayop.

▣ **“sa dakong pipiliin ng PANGINOON na patatahanan sa kaniyang pangalan”** Sa Ehipto ito ay isang paglilingkod sa pamilya; sa Deuteronomio ito ay inilaan para sa pangunahing sangtwayong pagsamba (cf. 12:5,11,13,14, 18,21,26; 14:23,25; 15:20; 16:2,6,7,11,15,16; 17:8,10; 18:6; 23:16; 26:2; 31:11).

16:3 “tinapay na walang lebadura” Ang mga Israelita ay hindi makahintay hangang sa umaga upang umalsa ang tinapay. Ang detalye ng gabi ng exodo ay siyang nagbigay-daan sa pista ng Paskwa ng Exodo na isinasama sa isang pang-agrikulturang pista (cf. Exodo 12:15-20; 23:14-17; 34:18).

Ang libadura, na siyang karaniwang ginagamiw na pag-aalay na mga gamit (cf. Levitico 7:13; 23:17), ay naging sagisag ng kasalanan at paghihimagsik. Ang pagbuburo ay tinitingnan sa pangsagisag na pista bilang pagkakataon ng Israel sa pansariling batayan na suriin ang kanilang mga buhay para sa kahit anong pahiwatig ng paghihimagsik o di pagsunod kay YHWH. Kung ang Araw ng Katubusan (Levitico 16) ay gumaganap sa isang pambansang antas, ang Pista ng Walang Libadurang Tinapay ay gumaganap sa isang to o antas ng pamilya.

Ang taunang kailangang pista na isinasama sa pista ng Paskwa ay itinago ang mapagbiyayang pagpapalaya ni YHWH sa gitna ng mga isipan at mga puso ng Kanyang bayan. Bilang ang biyaya at pangako na nagkaloob ang pagpapalaya mula sa Ehipto, ang Israel ay nagtiwala sa mga di-nagbabagong maka-Diyos na mga katangian na nagligtas sa kaniya sa pagdaan ng panahoon (cf. 4:9).

▣ **“tinapay ng pagkapighati”** Tingnan ang Exodo 12:8.

▣ **“(sapagka't umalis kang madalian sa lupain ng Ehipto)”** Ang mga Hudyo ay umalis nang madalian sa pakiusap ng Faraon (cf. Exodo 12:33).

▣ **“upang iyong maalaala. . .Ehipto”** Ang Paskwa ay may pang-kasaysayan at teolohikong kahalagahan. Sa Ehipto ang karanasang sa Paskwa ay naaangkop sa pamilya; sa Deuteronomio ito ay pagpapauna ng darating na punong dambang paglilingkod; sa panahon ni Hesus, ito ay naging isang pagsasama ng kapwa (bahagi at ang templo at bahagi at tahanan o kung saan namamalagi ang mga manlalakbay habang nasa Herusalem).

16:4 Tandaan, si Moises ay nagsasalit, para sa ang karamihang bahagi, ang mga anak ng exodong salin-lahi. Ang talatang ito ay nagpapahiwatig na ang bawat salin-lahi ay kailangang ilagay sa pook na unang naranasan ng salin-lahi ang kapangyarihan at presensya ng Diyos, gayunpaman, sila ay naghimagsik at namatay sa ilang. Bawat mga taunang pista ay tumutulong sa Israel na mas lalong magtiwala s presensya at pagtutustos ni YHWH. Siya ay kasama nila at para sa kanila, gayundin Siya sa kanilang mga ninuno.

16:5 “a loob ng alin man sa iyong mga pintuang-daan” Sa literal, ito ay “mga pintuang-bayan” (BDB 1044, cf. 12:15,17,21), sa gayon ay tumutukoy sa isang panghinaharap na panahon pagkatapos na masakop ng Israel ang Canaan (cf. v. 18).

16:6 “sa pagtatakip silim, sa paglubog ng araw” Para sa ang mga Israelita, ito ang pagsisimula ng isang bagong araw (cf. Genesis 1, cf. Exodo 12:6).

16:7 At iyong iihawin at kakanin” Ang Hebreo ay maaaring mangahulugang “pakuluan” o “lutuin” (BDB 143, KB 164, *Piel* GANAP), ngunit dahil sa Exodo 12:8-9, ito kailangang mangahulugang lutuin.”

▣ **“uuwi sa iyong mga tolda”** Ito ay maaaring mangahulugang: (1) ang tagpuan sa paglalagala sa ilang (o kahit na sa mga lambak ng Moab); (2) ang mga manlalakbay na papunta sa Herusalem ay tumira sa mga tolda sa panahon ng pitong pistang mga araw; o (3) ito ay isang kataga na ang kahulugan ay “bumalik sa inyong mga tahanan.”

16:8 “takdang pagpupulong sa PANGINOON mong Diyos” Ang pista ay nagtatapos sa isang tagpuan ng pangkalahatang pagsamba (cf. Exodo 12:16, “isang banal na kapulungan”). Ang isang layunin para sa ang punong santwaryo ay upang lumago ang isang kaunawaan ng pangkalahatang pagkakilanlan at komunidad.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:9-12

⁹Pitong sanglinggo ang iyong bibilangin sa iyo: mula sa iyong pagpapasimulang isuot ang panggapas sa mga nakatayong trigo ay magpapasimula kang bumilang ng pitong sanglinggo.

¹⁰At iyong ipagdidiwang ang pista ng mga sanglinggo sa PANGINOON mong Diyos na may dulot ng kusang handog ng iyong kamay, na iyong ibibigay, ayon sa ipinagpala sa iyo ng PANGINOON mong Diyos: ¹¹At ikaw ay magagalak sa harap ng PANGINOON mong Diyos, ikaw at ang iyong anak na lalake at babae, at ang iyong aliping lalake at babae, at ang Levita na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, at ang taga ibang lungsod, at ang ulila, at ang babaing bao, na nasa gitna mo, sa dakong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos na patatahanan sa kaniyang pangalan.

¹²At iyong aalalahanin na ikaw ay naging alipin sa Ehipto: at iyong gaganapin at gagawin ang mga palatuntunang ito.

16:10 “ang pista ng mga sanglinggo” Ito rin ay tinatawag na (1) ang Pista ng Ani sa Exodo 23:16) at (2) ang Pista ng mga Unang Bunga sa Mga Bilang 28:26. Sa huli, ito ay naging Pentecost (rabinikong

maiuugnay sa pagkakaloob ng Kautusan sa Bundok ng Sinai), na nangangahulugang “limampung araw.” Ito ay ang Mayo-Hunyong pagdiriwang ng ani o ang panahon ng pag-aani ng trigo. Si YHWH, hindi si *Ba'al*, ay ang nagkakaloob!

▣ **“kusang handog”** Pinahihintulutan nito ang bayan na magdala ng isang handog sang-ayon sa kung gaano karami ang pinagpala ng Panginoon sa bawat isa (cf. v. 17). Ito ay isang pangkalahatang prinsipyo ng pagbibigay (cf. II Corinto 8-9).

16:11 Nais ni YHWH na ang bawat-isa ay malaman ang Kanyang nakalipas na mga gawa para sa Israel at Kanyang natatanging pagkalinga para sa kanilang nangangailangan (cf. v. 14; 12:12,18, 19; 14:27,29; 26:11-13).

16:12 “At iyong aalalahanin” Ang teolohikong dahilan para sa ang Pista ng mga Lingo (pang-agrikulturang pang-aani) ay ang karanasan ng pagkaalipin ng Israel sa Ehipto.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:13-15

¹³Iyong ipagdidiwang na pitong araw ang pista ng mga tabernakulo, pagkatapos na makamalig mo ang aning mula sa iyong giikan at sa iyong pisaan ng ubas: ¹⁴At ikaw ay magagalak sa iyong pagpipista, ikaw, at ang iyong anak na lalake at babae, at ang iyong aliping lalake at babae, at ang Levita, at ang taga ibang lungsod, at ang ulila, at ang babaing bao, na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan. ¹⁵Pitong araw na ipagdidiwang mo ang pista sa PANGINOON mong Diyos sa dakong pipiliin ng PANGINOON: sapagka't pagpapalain ka ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng iyong kinikita, at sa lahat ng gawa ng iyong mga kamay, at ikaw ay lubos na magagalak.

16:13 “pista ng mga tabernakulo” Ang Pista ng mga Tabernakulo ay nagsimilo sa taglagas at habang sa panahon ng pagtitipon (cf. Exodo 23:16; 34:22). Para sa teolohikong dahilan para sa pistang ito, tingnan ang Levitico 23:33-43.

Ang kaligiran sa “mga tabernakulo” ay sinasabing nagpapahayag ng karanasan ng mga Israelita sa:

1. pang-agrikulturang buhay sa Ehipto, na ang mga kubol ay ginawa sa mga taniman at panahon ng pag-aani
2. paninirahan sa pansamantalang pabahay (i.e., mga tolda) sa panahon ng exodo at yugto ng paglalaglag sa ilang
3. ang pansamantalang kublihan na kinakailangan para sa para sa pagtira ng mga manlalakbay at ang punong dambana (mas hindi maaari)

16:15 Nais ni YHWH na pagpalain ang Kanyang bayan samakatuwid sila ay maaaring magalak (BDB 970, KB 1333, *Qal* GANAP) sa sarili, bilang isang pamilya, at bilang ang bayan ng Diyos (cf. 12:7,12,18; 14:26; 16:11,14; 26:11; 27:7).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:16-17

¹⁶Makaitlo sa isang taon na ang iyong mga lalake ay magsisiharap sa PANGINOON mong Diyos, sa dakong kaniyang pipiliin; sa pista ng tinapay na walang lebadura, at sa pista ng mga sanglinggo, at sa pista ng mga tabernakulo: at huwag silang haharap na walang dala sa PANGINOON: ¹⁷Bawa't lalake ay magbibigay ng kaniyang kaya, ayon sa pagpapala na ibinigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos.

16:16 “Makaitlo sa isang taon na ang iyong mga lalake ay magsisiharap” Ang mga talatang 16 at 17 ay buod mga talatang na tumutukoy sa lahat na tatlong pista (cf. Exodo 23:14,17). Tandaang nga mga pagkain ay natatanging pagkakataon ng pagkakaibigan at pamilyang pagkikipag-ugnayan. Ang mga

pistang ito ay nagpahintulot sa Israel na:

1. lumago ang kaunawaan ng pambansang komunidad
2. ituro ang mapagbiyang mga pagkilos ng Diyos sa bagong mga salin-lahi
3. tulungan ang mga mahihirap at nangangailangan
4. magalak sa kabutian ng Diyos ng Israel at Kanyang katuparan ng kasunduang mga pangako/mga pagpapala

Bakit tanging mga lalaki? Nangangahulugan ba ito nang pagpapasakop na tungkulin ng mga kababaihan? Tiyak na ang sinaunang Near East ay hindi magkapanatay (egalitarian), ngunit ang mga kababaihan ay binibigyang parangal sa loob ng Israel (e.g., Kawikaan 31).

Sa aking palagay, ay may dalawang mabuting posibilidad:

1. ang mga kababaihan ay kailangan sa tahanan sa isang paghahayupan at pang-agrikulturang tagpuan, lalo na sa kung wala ang mga lalaki
2. ang gawain ng mga lalaki ay may tanging kapansin-pansing tanda ng pagsamba ng Israel bilang naiiba mula sa Cananeong pagpapayabong na pagsamba, na ang mga kababaihan ay inaasahan

Para sa isang mabuting, maikling pagtalakay ng tatlong taunang pistang paglalakbay, tingnan si Roland de Vaux, *Ancient Israel*, tomo 2, pp. 484-502.

▣ **“pista”** Ang Hebreong salita (BDB 290, KB 290), kapwa ang PANDIWA at ang PANGNGALAN, ay tumutukoy sa isa sa tatlong taunang pagsambang araw at ang punong dambana (santwaryo). Ito ay maaaring isinalin na “paglalakbay-pista.”

16:17 “agbibigay ng kaniyang kaya” Ito ay tumutukoy sa pangkalahatang prinsipyo ng pagkakaloob—ang bawat isa ay magkaloob ayon sa kaniyang ikakaya (cf. 10; II Corinto 8-9).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:18-20

¹⁸Maghahalal ka sa iyo ng mga hukom at ng mga pinuno sa lahat ng iyong mga pintuang-daan, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, ayon sa iyong mga lipi: at sila'y hahatol sa lungsod ng matuwid na paghatol. ¹⁹Huwag kang magliliko ng paghatol; huwag kang tatangi ng mga pagkatao: ni kukuha ng suhol; sapagka't ang suhol ay bumubulag ng mga mata ng marunong, at nagliliko ng mga salita ng matuwid. ²⁰Katarungan at katarungan lamang ang inyong susundin, upang mabuhay ka at manahin mo ang lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos.

16:18-20 Ito ay isang hiwalay na bahagi na kadugtong sa kabanata 18. Ito ay tumatalakay sa mga gabay para sa mamumunong sibil (pang-tribong mga hukom, Levitang mga hukom, mga hari, mga saserdote, at mga propeta).

16:18 “Maghahalal ka sa iyo ng mga hukom at ng mga pinuno sa lahat ng iyong mga pintuang-daan” Ito ay katulad ng sa lokal na mga matatanda ng mga pintuang-bayan (e.g., 21:19; 22:15; Amos 5:10,12,15). Si Moises ay punong hukom, ngunit siya ay naghirang ng mga tutulong (cf. Deuteronomio 1:9-18; Exodo 18:13-27).

16:19 “Huwag kang magliliko” Ang talatang ito ay nagtala ng tatlong mga gabay para sa mga hukom, mga katuwang ni Moises:

1. Huwag kang magliliko ng paghatol (BDB 639, KB 692, *Hiphil* DI-GANAP, cf. Exodo 23:6; 27:19; Deuteronomio 16:19; 24:17; 27:19)
2. huwag kang tatangi ng mga pagkatao (BDB 647, KB 699, *Hiphil* DI-GANAP, ang literal na Hebreo ay “huwag kang tititngin sa isang mukha”)
3. ni kukuha ng suhol (BDB 542, KB 534, *Qal* DI-GANAP, cf. Deuteronomio 27:25).

▣ **“suhol”** Ang suhol ay ginagawa ang dalawang bagay:

1. “ang suhol ay bumubulag ng mga mata ng marunong” - BDB 734, KB 802, *Piel* DI-GANAP, cf. Exodo 23:8; ito ay talinhaga para sa kapangyarihan ng salapi
2. “nagliliko (sa literal ay ‘binabaluktot’) ng mga salita ng matuwid” - BDB 701, KB 758, *Piel* DI-GANAP, cf. Exodo 23:8; tandaang ang salitng “makatuwiran” o “matuwid” ay mula ang salita, “panukat na tambo” o “tuwid na gilid” (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:16). Karamihan sa mga salita para sa kasalanan sa Bibliya ay isang paglalaro ng salita sa konseptong ito.

16:20 “Katuwiran” Ang mga salitng “katarungan” sa v. 20 at “katuwiran” sa v. 18 ay mula ang katulad Hebreo na salitang-ugat (BDB 841), na nagsasabi ng isang pamantayan. Ang isang hukom ay tumahatol sang-ayon sa pamantayan na nahayag na kalooban ng Diyos (“katarungan, *at tanging* katarungan”). Ang pinuno (lokal na at pangsaserdoteng mga hukom) ay kailangang ipakita ang kahabagan, gayunman ang pagkamakatarungan, ni YHWH (cf. Exodo 23:6-8).

▣ **“Susundin mo”** Ang PANDIWANG ito (BDB 922, KB 1191, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit na literal sa Deuteronomio 11:4; 19:6, ngunit dito, ito ay talinhaga ng sistemang panghukuman ng Israel. Ang ibang matalinhagang paggamit ay matatagpuan sa Mga Awit 34:14; Kawikaan 21:21; Isaias 51:5; at Osea 6:3.

▣ **“upang”** Ang pag-aangkin ng lupain at ang mga pangako/mga pagpapala ni YHWH ay may pasubali (cf. 4:1,25- 26,40; 5:16,29,33; 6:18; 8:1; 11:8-9,18-21; 16:20; 32:46-47).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 16:21-22

²¹Huwag kang magtatanim sa iyo ng Asera ng anomang kahoy sa siping ng dambana ng PANGINOON mong Diyos, na gagawin mo para sa iyo. ²²Ni magtatayo ka para sa iyo ng pinakaalaalang haligi; na kinapopootan ng PANGINOON mong Diyos.

16:21 Ang Deuteronomio 16:21, 22 at 17:1 ay isang talataan. Ang talata ay pumapatungkol sa naaangkop sa mga paraan ng paghahandog ng mga hain. Para sa isang maikling paglalarawan ng Cananeong pagsamba, tingnan sina Alfred J. Hoerth, *Archaeology and the Old Testament*, pp. 219-222 at William Foxwell Albright, *Archaeology and the Religion of Israel*, pp. 67- 92.

▣ **“Huwag kang magtatanim. . . ng Asera ng anomang kahoy”** Ang “kahoy” o Asera ay nagpapahiwatig alinman isang punong kahoy o mga butas na itinataas sa pagsamba entablado ng mga Cananeo kung saan ang mga inukitang tungkod, o buhay na mga puno ay kumakatawan sa isang babaeng na inilalagay kasama ng lalaking mga diyos ng pagpapayabong mga diyos. Ito ay sumasagisag sa pagpapayabong pagsamba. Tingnan ang tala sa 12:3.

16:22 “Ni magtatayo ka para sa iyo ng pinakaalaalang haligi” Tingnan ang tala sa 12:3.

▣ **“kinapopootan ng Diyos”** Tingnan ang tala sa 12:31.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit nais ng Panginoon na magkaroon ng tatlong taunang pagpupulong?
2. Ang lahat ng tatlong pista ba ay kaugnay sa agrikultura? Ipinapahiwatig ba nito sa kinuha ni Moises ang mga umiiral na pista at binago ang kanilang mga layunin?
3. Itala at ilarawan ang mga kapistahang ito.
4. Itala ang tatlong mga alituntunin sa mga Hukom.
 - a.
 - b.
 - c.
5. Papanong ang 16:21-22 ay kaugnay sa 17:1?

DEUTERONOMIO 17

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|--|--|---|
| Ang Katarungan ay Kailangang Maipatupad (16:18-17:13) | Ang Mga Kautusang may Kaugnayan sa Katarungan at Relihiyon (16:18-17:20) | Ang Pagpapatupad ng Katarungan (16:18-17:13) | Ang Mga Pag-aabusa sa Pagsamba (16:21-17:7) |
| 16:21-17:1 | 16:21-17:1 | 16:21-17:1 | 16:21-17:1 |
| 17:2-7 | 17:2-7 | 17:2-7 | 17:2-7 |
| | | | Mga Pang-Leviticong Mga Hukom |
| 17:8-13 | 17:8-13 | 17:8-13 | 17:8-13 |
| Mga Prinsipyong Ipinatupad sa mga Hari | | Mga Alituntuning Patungkol sa Isang Hari | Ang Mga Hari |
| 17:14-17 | 17:14-20 | 17:14-20 | 17:14-15 |
| | | | 17:16-20 |
| 17:18-20 | | | |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan ang p. vii sa panimulang bahagi) *PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:1

¹Huwag kang maghahain sa PANGINOON mong Diyos ng baka o tupa, na may dungis o anomang kapintasan; sapagka't yao'y isang karumaldumal sa PANGINOON mong Diyos.

17:1 “may dungis o anomang kapintasan” Ang talatang ito sa konteksto ay nauugnay sa 16:21-22, na

mayroon ding kaugnayan sa nararapat na mga lugar at uri ng mga pag-aalay. Sa OT “may dungis” (BDB 548) ay tumutukoy sa alinmang uri ng pisikal na karamdaman (cf. 15:21; Levitico 22:20-25). Ang Malakias 1:6-8 ay tinala ang isang halimbawa ng Israel sa pagkakaloob sa Diyos ng mas mababa sa pinakamainam.

| | |
|------|-------------------------------|
| ▣ | |
| NASB | “karumaldumal” |
| NKJV | “isang nakakasuklam” |
| NRSV | “kasuklam-suklam” |
| TEV | “napopoot ang PANGINOON dito” |
| NJB | “kapoot-poot” |

Ang salitang ito (BDB 1072) ay tinalakay sa 14:3.

▣ “ang PANGINOON mong Diyos” Ito ay ang karaniwang pang-kasunduang parirala na gumagamit ng YHWH at *Elohim*. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 1:3.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:2-7

²Kung may masusumpungan sa gitna mo, sa loob ng alin man sa iyong mga pintuang-daan, na ibinigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, ang lalake o babae na gumagawa ng kasamaan sa paningin ng PANGINOON mong Diyos, sa pagsalangsang sa kaniyang kasunduan, ³At yumaon at naglingkod sa ibang mga diyos, at sumamba sa kanila, o sa araw, o sa buwan, o sa anomang natatanaw sa langit na hindi ko iniutos; ⁴At maisaysay sa iyo, at iyong mabalitaan; ay iyo ngang sisiyasating masakap; at, narito, kung totoo, at ang bagay ay tunay, na ang gayong karumaldumal ay nagawa sa Israel, ⁵Ay iyo ngang ilalabas ang lalake o babaing yaon, na gumawa nitong bagay na kasamaan, sa iyong mga pintuang-daan, *sa makatuwid baga'y* ang lalake o babae; at iyong babatuhin sila ng mga bato, hanggang sila'y mamatay. ⁶Sa bibig ng dalawang saksi, o ng tatlong saksi ay papatayin ang dapat mamatay; sa bibig ng isang saksi ay hindi siya papatayin. ⁷Ang kamay ng mga saksi ay siyang unang papatay sa kaniya at pagkatapos ang kamay ng buong lungsod. Ganito mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo.

17:2-13 Ang mga talatang ito ipinapahayag na may pamamahalang katarungan. Ang mga talatang 2-7 ay tumutukoy sa pagsamba sa diyus-diyusan at pang-kautusang mga saksi. Ang mga talatang 8-13 ay tumutukoy sa praktikal na kaayusan sa mga hukuman.

17:2

| | |
|------|-----------------------------|
| NASB | “na gumagawa ng kasamaan” |
| NKJV | “na gumagawa ng kalikuan” |
| NRSV | “na gumagawa ng kabuktutan” |
| TEV | “nagkasala” |
| NJB | “na gumawa ng kamalian” |

Ang pariralang ito ay isang *Qal* DI-GANAP NA PANDIWA (BDB 793 I, KB 889) at isang TAHAS NA LAYON (BDB 948). Ito ay ang karaniwang dalawang-katinig na ugat na ׀, na nangangahulugang “hindi mabuti,” “masama,” “pagkabagabag,” “kahirapan,” “kapinsalaan,” o “sakuna.” Dito, ang konteksto ay biniigyang kahulugan ito bilang (1) “paglabag sa Kanyang kasunduan,” v. 2 (BDB 716, KB 778, sa literal ay “pagliban”) at (2) “lumayo at naglingkod sa ibang diyus-diyosan at sinamba sila,” v. 3:

1. “lumayo” - BDB 229, KB 246, *Qal* DI-GANAP
2. “naglingkod” - BDB 712, KB 773, *Qal* DI-GANAP
3. “sinamba” - BDB 1005, KB 295, *Hishtaphel* DI-GANAP

▣ **“sa pagsalangsang sa kaniyang kasunduan”** Ang PANDIWANG ito (BDB 716, KB 778, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI) ay may panimulang kahulugan na “lalampanan” o “dadaanan.” Ito ay pinakamadala sa gamitin sa isang literal na kaunawaan, ngunit minsan sa isang teolohikong kaunawaan. Sa orihinal, ito ay maaaring tumukoy sa isang gawain ng paghahati ng isang hayop bilang isang pangkasunduan pagkilos at paglakad sa pagitan ng mga bahagi (e.g., Genesis 15:17). Ang paglabag sa kasunduan ay magbubunga ng kamatayan o pagkawasak (i.e., tulad ng paghati sa hayop). Ito pumapatungkol sa paglabag sa maliwanag na mga itinalagang pagkilos (i.e., mga tadhana ng kasunduan, cf. 26:13; Josue 7:11,15; Mga Hukom 2:20; II Mga Hari 18:12; Jeremias 34:18-19; Osea 6:7; 8:1).

17:3 “sa araw, o sa buwan, o sa anomang natatanaw sa langit” Ang sinaunang mga taga-Babilonya ay nauna, at hindi ang huli, na makakita ng mga bagay sa langit bilang mga kinatawan ng mga diyus-diyosan. (cf. 4:19; II Mga Hari 17:16; 21:3,5; 23:4-5; II Cronica 33:3,5; Jeremias 8:2; 19:13). Ipinagpapalagay nila na ang mga liwanag sa kalangitan ang namamahala sa kahihinatnan ng sangkatauhan (sa pisikal at espirituwal).

17:4 Ang talatang ito ay katulad ng 13:14. Ang PANDIWANG ito “iyo ngang sisiyasating masikap” (BDB 205, KB 233, *Qal* GANAP) ay nagpapahiwatig ng isang lubusang pagsisiyasat (cf. 13:14; 17:4,9; 19:18; Levitico 10:16; Mga Hukom 6:29). Ang mga pagpapatang at kaalaman na galing sa iba ay hindi sapat upang mahatulan. Ang sistemang panghukuman ng Israel ay mabagsik (“batuhin hanggang sa kamatayan,” v. 5), ngunit puspusan.

▣
NASB, TEV **“kung ito ay totoo”**
NKJV **“kung ito ay talagang totoo”**
NRSV **“ang pananagutan ay napatunayang totoo”**
NJB **“ito ay natagpuang totoo at at napatunayan”**

Ang Hebreong katagang ito (pinagpapalagay na KATAGA, BDB 243 II, b at PANGNGALAN BDB 54) ay inulit sa Deuteronomio ng tatlong beses (i.e., 13:14; 17:4; 22:20).

▣
NASB **“karumaldumal na bagay na ito”**
NKJV **“na siyang isang kasuklam-suklam”**
NRSV **“isang kasuklam-suklam na bagay”**
TEV **“ang masamang ito”**
NJB **“ang mamuhi-muhing bagay na ito”**

Ang katulad na salitang ito (BDB 1072) ay ginamit sa 17:1, na ito ay tumutukoy sa isang nadungisang alay. Dito, ito ay tumutukoy sa pagsamba sa diyus-diyosan (i.e., “ang hukbo ng kalangitan”).

▣ **“Israel”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:1.

17:5 “sa iyong mga pintuang-daan” Ang pariralang ito ay nangangahulugang “sa iyong hukumang lokal.” Ito ang lugar na inuupuan ng mga pinunong lokal.

▣ **“babatuhin sila ng mga bato, hanggang sila'y mamatay”** Ito ay isang anyo ng parusang kamatayan (cf. v. 7). Bawat nakakatandang miyembro ng komunidad ay kumikilos upang alisin ang masama sa kanyang sarili (tingnan ang buong tala sa 13:10).

▣ Ang Hebreong teksto ay mayroong kalipunan ng MGA PANDIWA na pumapatungkol sa kamatayan sa vv.

5-7:

1. “batuhin hanggang mamatay” - BDB 709, KB 768, *Qal* GANAP, v. 5
2. kamatayan - BDB 559, KB 562
 - a. v. 5, *Qal* GANAP
 - b. v. 6, *Hophal* DI-GANAP
 - c. v. 6, *Qal* PANDIWARI
 - d. v. 6, *Hophal* DI-GANAP
 - e. v. 7, *Hiphil* PAWATAS NA PAGKAKAYARI

Ang mga paglabag sa kasunduan ay nagtataglay ng mabagsik na mga kahihinatnan (cf. Deuteronomio 27-29)! Ang kasamaan sa loob ng komunidad ay kailangang puksain.

17:6 “Sa bibig ng dalawang saksi” Ito ay kinakailangan sa Kautusan ni Moises (cf. Mga Bilang 35:30 at Deuteronomio 19:15; gayundin ang tala sa Mateo 18:16; Juan 8:7; II Corinto 13:1; at I Timoteo 5:19).

▣ **“sa bibig ng isang saksi ay hindi siya papatayin”** Tingnan ang 19:15-21 at Mga Bilang 35:30.

17:7 “Ang kamay ng mga saksi ay siyang unang papatay sa kaniya” Ang isa na sumaksi laban sa isang tao ay siyang magtatapo ng unang mga bato (cf. 13:9; Levitico 24:14). Samakatuwid, kung ang mga saksi ay nagsisinungaling, ang Diyos ang magpaparusa sa kanila sa pagpatay sa isang walang kasalanan (i.e., pagpatay).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:8-13

⁸Kung magkakaroon ng totoong mahirap na bagay sa iyo sa paghatol, na dugo't dugo, usap at usap, at bugbog at bugbog, na bagay na pagkakaalit sa loob ng iyong mga pintuang-daan, ikaw nga'y titindig at sasampa sa dakong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos; ⁹At ikaw ay paroroon sa mga saserdote na mga Levita, at sa magiging hukom *na nasa tanggapan* sa mga araw na yaon: at iyong sisiyasatin *sila*; at kanilang ipakikilala sa iyo ang hatol ng kahatulan. ¹⁰At iyong gagawin ayon sa tinig ng hatol, na kanilang ipakikilala sa iyo mula sa dakong yaon na pipiliin ng PANGINOON; at iyong isasagawa ayon sa lahat na kanilang ituturo sa iyo: ¹¹Ayon sa tinig ng kautusan na kanilang ituturo sa iyo, at ayon sa kahatulan na kanilang isasaysay sa iyo, ay gagawin mo: huwag kang liliko sa hatol na kanilang ipakikilala sa iyo, maging sa kanan o sa kaliwa man. ¹²At ang tao na gumawa ng pagpapalalo, sa di pakikinig sa saserdote na tumatayo upang mangasiwa doon sa harap ng PANGINOON mong Diyos, o sa hukom, ay papatayin nga ang taong yaon: at iyong aalisin ang kasamaan sa Israel. ¹³At maririnig ng buong lungsod at matatakot, at di na gagawa pa ng pagpapalalo.

17:8 Ang lubhang mahihirap na (BDB 810, KB 927, *Niphal* DI-GANAP) na mga kaso ay isinasangguni sa mga saserdote sa punong banal na lugar (cf. 12:5,11,13).

Ang uring ito ng panghukumang mga kahirapan ay inilalarawan bilang:

1. “dugo sa dugo” (BDB 196), na nangangahulugang pagpatay sa kapwa
2. “kahatulan sa kahatulan” (BDB 192)
 - a. NRSV, “isang uri ng pagkautusang karapatan at iba”
 - b. TEV, “tiyak na mga kaso ng karapatan sa ari-arian”
 - c. NJB, “di-tugmang mga pag-aangkin”
 - d. REB, “karapatang sibil”
 - e. JPSOA, “kautusang sibil”
 - f. NET Bible, “pagkautusang pag-aangkin”
 - g. NIV, “mga asunto”
3. “pagtama to pagtama” (BDB 619), nangangahulugan na isang uri ng pagsalakay (cf. 21:5)

The Jewish Study Bible, p. 405, ay nagbibigay-diin na ang mga mahihirap na kaso ay kinapapalooban ng kakulangan ng katibayan. Sa pagsasangguni sa mga saserdoteng ito sa punong banal na lugar, ipinagpapalagay ni Moises na ang maka-Diyos na pang-unawa ang magpapasya ng kasalanan o kawalang kasalanan ng mga kasangkot na panig.

▣ **“sa dakong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos”** Ang pandiwang ito (BDB 103, KB 119) ay ginamit sa Deuteronomio para sa maraming mga bagay:

1. Ang pagpili ni YHWH sa mga ninuno ng Israel, 4:37
2. Ang pagpili ni YHWH sa Israel, 7:6,7; 10:15; 14:2
3. Ang pagpili ni YHWH sa lugar ng isang punong santuwaryo, 12:5,11,14,18,21,26; 14:23,24, 25; 15:20; 16:2,6,7,11,15,16; 17:8,10; 18:6; 26:2; 31:11
4. Ang pagpili ni YHWH ng isang hari, 17:15
5. Ang pagpili ni YHWH ng isang pagkasaserdote mula kay Aaron (Levitico), 18:5; 21:5

17:9 “ang saserdote na mga Levita” Ang Tekstong Masoretiko (Hebreo), ang Septuagint (Griyego), at ang Peshitta (Aramaiko) ay may pangmaramihang, “mga saserdote.” Ipinapahiwatig nito ang isang kapulungan o kapisanan ng mga saserdote (cf. 19:17). Ito ay ang rabinikong pagpapatunay sa teksto para sa Sanhedrin (na itinatag ni Ezra).

▣ **“ang hukom”** Ang Tekstong Masoretiko ay may pang-isahan. Ito ay tumutukoy sa iisang hukom (cf. II Cronica 19:11 para sa pangkasaysayang halimbawa nito) o pinuno ng isang pangkat ng mga hukom.

17:9-12 Ang Israel ay kailangang maging magalang at masunurin sa mga panghukumang pagtalakay dahil kanilang inaaninag ang kapamahalaan ni YHWH. Pansinin ang MGA PANDIWANG ginamit:

1. “ipapakilala” - BDB 616, KB 665
 - a. v. 9, *Hiphil* GANAP
 - b. v. 10, *Hiphil* DI-GANAP
 - c. v. 11, *Hiphil* DI-GANAP
2. “gagawin” - BDB 793, KB 889
 - a. v. 10, *Qal* GANAP
 - b. v. 10, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI
 - c. v. 11, *Qal* DI-GANAP
 - d. v. 12, *Qal* DI-GANAP
3. “ituturo” - BDB 434, KB 436
 - a. v. 10, *Hiphil* DI-GANAP
 - b. v. 11, *Hiphil* DI-GANAP
4. “di pakikinig” - BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAWATAS NA PAGKAKAYARI

17:11 “huwag kang liliko sa hatol. . . maging sa kanan o sa kaliwa man” Ito ay isang Hebreong kataga para sa hindi pagbabago ng hatol at kaparusahan na itinalaga sa mga hukom na Levita. Ang katulad na talinghaga ay ginamit ng mga salita ni YHWH sa 4:2; 12:32. Minsang ang kalooban ni YHWH ay nahayag, ang pagliko sa kanan o kaliwa ay nangangahulugang pagsuway (cf. 5:32; 17:20; 28:14; Josue 1:7; 23:6; II Mga Hari 22:2; Kawikaan 4:27).

17:12 “saserdote na tumatayo upang mangasiwa doon sa harap ng PANGINOON” Ito ay isang talinghaga para sa isang Levitang saserdote.

▣ **“pagpapalalo”** Ang salitang ito (BDB 268) ay ginamit sa kinusang pagsuway (cf. 1:43; 17:12,13;

18:20,22). Ang hukom at saserdote ay mga kinatawan ng kapamahalaan ni YHWH. Samakatuwid, ang tanggihan ang kanilang mga kapasiyahan ay pagtangga kay YHWH! Sa 18:20-22, ang mga propeta na hindi alam na si YHWH na nagsasalita sa Kanyang pangalan, ay gumagamit ng Kanyang kapamahalaan!



NASB, NRSV “iyong aalisin ang kasamaan sa Israel”
NKJV “iyong alisin ang masamang *tao* sa Israel”
TEV “iyong tatanggalin ang masamang ito sa Israel”
NJB “itataboy mo ang masamang ito sa Israel”

Ang PANDIWA (BDB 128, KB 145, *Piel* GANAP) ay nangangahulugang sunugin o tupukin (cf. Mga Bilang 11:3). Dito, ito ay ginamit nang patalinghaga gaya ng sa 13:5; 17:7,12; 19:13,19; 21:21.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:14-17

¹⁴Pagka ikaw ay dumating sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, at iyong aariin, at iyong tatahanan; at iyong sasabihin, Ako'y maglalagay ng isang hari sa akin gaya ng lahat ng mga bansang nasa palibot ko; ¹⁵Ay ilalagay mo ngang hari sa iyo, yaong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos: na isa sa iyong mga kapatid ang ilalagay mong hari sa iyo: hindi mo mailalagay sa iyo ang isang taga ibang lungsod, na hindi mo kapatid. ¹⁶Huwag lamang siyang magpaparami ng mga kabayo, ni pabalik niya ang lungsod sa Ehipto, upang siya'y makapagparami ng mga kabayo: sapagka't sinabi sa inyo ng PANGINOON, Huwag na ninyong babalikan mula ngayon ang daang yaon. ¹⁷Ni huwag siyang magpaparami ng mga asawa, upang huwag maligaw ang kaniyang puso: ni huwag siyang magpaparami ng pilak at ginto.

17:14-20 Ito ay ilan sa pinagtatalunang mga talata sa OT, lalo na sa Pentateuch. Ang mga talatang ito ay nagpapahayag ng patungkol sa isang darating na hari. Maraming mga nag-aaral (iskolar) ng ating panahon ay nagsasabing ang Deuteronomio ay ang aklat na natagpuan sa panahon ng pagpapanibago ni Josiah maraming daang taon ang nakalipas sa panahon ng yugto ng mga hari, at ito ay isinulat ng mga saserdote upang pag-isahin ang panambahan sa Herusalem (cf. II Mga Hari 22:8; II Cronica 34:14-15). Ipinapahayag nila na ito ay katibayan na hindi ito isinulat ni Moises dahil wala saanman sa Pentateuch ay nabanggit ang isang hari. Ito ay isang anakronismo na tumutukoy kay Solomon, na maliwanag na ito ay naisulat nang mas huli. Hindi ko pinaniniwalaan ang kahit anumang mga ito! Ang ilang mga talatang na nagpapakita na ang vv. 14-20 ay hindi natatangi sa Pentateuch ay Genesis 17:6, 35:11; 36:31; Mga Bilang 24:7; Mga Hukom 8:22,23; 9:6. Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA: ANG PAGKAMAY-AKDA NI MOISES SA PENTATEUCH

I. Genesis

- A. Ang Bibliya mismo ay walang pangalan ng may-akda. Ang Genesis ay walang “ako” na mga bahagi tulad ng Ezra, Nehemias o “tayo” na mga bahagi tulad ng sa Mga Gawa.
- B. Tradisyong pang-Hudyong:
 1. Ang mga sinaunang Hudyong manunulat ay nagsabing si Moises ang sumulat nito:
 - a. Ben Sirach, Ecclesiasticus 24:23, naisulat noong 185 B.C.
 - b. Ang *Baba Bathra* 14b, isang bahagi ng Talmud
 - c. Philo ng Alexandria, Ehipto, isang pilosopong Hudyong, ay sumulat bago mismo ang ministeryo ni Hesus.
 - d. Flavius Josephus, isang Hudyong manunulat ng kasaysayan, ay sumulat pagkatapos ng ministeryo ni Hesus.
 2. Ang Torah ay isang pinag-isang tala ng kasaysayan. Pagkatapos ng Genesis ang bawat aklat ay nagsisimula sa pangatnig na “at” (maliban sa Mga Bilang).

3. Ito ay isang kapahayagan kay Moises
 - a. Moises ay sinasabing isinulat ang:
 - (1) Exodo 17:14
 - (2) Exodo 24:4, 7
 - (3) Exodo 34:27, 28
 - (4) Mga Bilang 33:2
 - (5) Deuteronomio 31:9, 22, 24-26
 - b. Ang Diyos ay sinasabing nagsalita sa pamamagitan ni Moises:
 - (1) Deuteronomio 5:4-5, 22
 - (2) Deuteronomio 6:1
 - (3) Deuteronomio 10:1
 - c. Moises ay sinasabing nagpahayag ng mga salita ng Torah sa mga tao:
 - (1) Deuteronomio 1:1, 3
 - (2) Deuteronomio 5:1
 - (3) Deuteronomio 27:1
 - (4) Deuteronomio 29:2
 - (5) Deuteronomio 31:1, 30
 - (6) Deuteronomio 32:44
 - (7) Deuteronomio 33:1
 4. OT authors attribute ito to Moises:
 - a. Josue 8:31
 - b. II Mga Hari 14:6
 - c. Ezra 6:18
 - d. Nehemias 8:1; 13:1-2
 - e. II Cronica 25:4; 34:12; 35:12
 - f. Daniel 9:11
 - g. Malakias 4:4
- C. Tradisyong pang-Kristiyano
1. Ipinapalagay ni Hesus ang mga sipi sa Torah kay Moises:
 - a. Mateo 8:4; 19:8
 - b. Marcos 1:44; 7:10; 10:5; 12:26
 - c. Lucas 5:14; 16:31; 20:37; 24:27, 44
 - d. Juan 5:46-47; 7:19, 23
 2. Ang iba pang mga may-akda sa NT ay ipinapalagay ang mga sipi ng Torah kay Moises:
 - a. Lucas 2:22
 - b. Mga Gawa 3:22; 13:39; 15:1,15-21; 26:22; 28:23
 - c. Roma 10:5, 19
 - d. I Corinto 9:9
 - e. II Corinto 3:15
 - f. Hebreo 10:28
 - g. Pahayag 15:3
 3. Karamihan sa mga naunang mga Ama ng Iglesia ay tinatanggap ang pagka-may-aka ni Moises. Sina Ireneo, Clemente ng Alexandria, Origen at Tertullian ay mayroong mga katanungan patungkol sa kaugnayan ni Moises sa kasalukuyang anyo ng Genesis.
- D. Makabagong Pag-aaral
1. Mayroong maliwanag na ilang pag-editorial na karagdagan sa Torah (tila upang gawing mas nauunawaan ang sinaunang gawa sa mga pagkasalukuyang mambabasa):
 - a. Genesis 12:6; 13:7; 14:14; 21:34; 32:32; 36:31; 47:11
 - b. Exodo 11:3; 16:36

- c. Mga Bilang 12:3; 13:22; 15:22-23; 21:14-15; 32:33ff
 - d. Deuteronomio 3:14; 34:6
 - e. Ang mga sinaunang manunulat (eskriba) ay may mataas na pagsasanay at pinag-aralan. Ang kanilang pamamaraan ay nag-iiba sa bawat bansa
 - (1) Sa Mesopotamia sila ay lubhang maingat na hindi mabago ang anumang, at noon pa man ay sinisiyasat ang their mga gawa para sa ganap sa kawastuhan. Ito ay isang sinaunang Sumeriang pang-eskribang tala sa ibaba, (“ang gawain ay tapos na mula sa simula hanggang sa katapusan, kung ito sinipi, iniwasto, inihalintulad at pinatunayan, sagigag sa sagisag” mula noong 1400 B.C.)
 - (2) Sa Ehipto, sila ay may kalayaang iwasto ang naunang mga teksto upang baguhin sila para sa mga pangkasalukuyang mambabasa. Ang mga eskriba at Qumran ay sinunod ang ganitong pamamaraan.
2. Ang mga nag-aaral (iskolar) ng ika-19 na Siglo ay nagpanukala na ang Torah ay isang pinagsama-samang mga kasulatan mula sa maraming pinanggalingan sa loob ng pinalawig na yugto ng panahon (Graft-Wellhausen). This ay nakabatay on ang sumusunod:
- a. Ang mga magkakaibang pangalan para sa Diyos
 - b. Ang mga maliwanag na pag-uulit ng teksto
 - c. Ang anyo ng mga salaysay
 - d. Ang teolohiya ng mga salaysay
3. Mga inaakalang pinanggalingan at mga petsa:
- a. J na pinanggalingan (ang paggamit ng YHWH), 950 B.C.
 - b. E na pinanggalingan (ang paggamit ng Elohim), 850 B.C.
 - c. JE na pinagsama, 750 B.C.
 - d. D na pinanggalingan (“Ang Aklat ng Kautusan,” 22:8, na natuklasan sa panahon ng pagbabago ni Josiah habang binabago ang ayo ng Templo na tila ang aklat ng Deuteronomio, na isinulat ng isang di-kilalang saserdote ng panahon ni Josiah upang itaguyod ang kanyang reporma.), 621 B.C.
 - e. P na pinanggalingan (lahat ng pang-saserdoeng kagamitan lalo na ang ritwal at pamamaraan), 400 B.C.
 - f. Mayroong maliwanag na mga pagdadagdag sa Torah. Ang mga Hudyo ay ipinahayag na iyo ay:
 - (1) Ang Punong Saserdote sa panahon ng pagsulat
 - (2) Jeremias ang Propeta
 - (3) Ezra ang Eskriba - IV Esdras ay nagsasabing kanya muling isinulat ito dahil ang mga orihinal ay nawasak sa Pagbagsak ng Herusalem noong 586 B.C.
 - g. Gayunman, ang teoriya ng J. E. D. P. ay nagsasabing mas higit patungkol sa ating makabagong pampanitikang mga teoriya kay sa mga katibayan na mula sa Torah (R.K. Harrison, *Introduction to the Old Testament*, pp. 495-541 at *Tyndale Commentary Series*, “Leviticus,” pp. 15-25).
 - h. Mga katangian ng Hebreong Panitikan
 - (1) Mga inuulit, tula ng Genesis 1 & 2, ay pangkaraniwan sa Hebreo. Kadalasang isang pangkalahatang paglalarawan ay ibinibigay at susundan ng isang partikular na salaysay. Ito ay maaaring isang paraan na idiin ang mga katotohanan o pantulong sa pasalitang pag-alaala.
 - (2) Ang sinaunang mga rabbi ay nagsabing ang dalawang pinaka-karaniwang pangalan para sa Diyos ay may teolohikong kahalagahan:
 - (a) YHWH – ang pang-Kasunduang pangalan para sa Pagka-Diyos tulad ng Kanyang pakikipag-ugnayan sa Israel bilang Tagapagligtas at

Manunubos (cf. Mga Awit 103)

(b) Elohim - Pagka-Diyos bilang Manlilikha, Tagataguyod, at Tagapagpatuloy ng lahat ng buhay sa mundo (cf. Mga Awit 104)

(3) Ito ay pangkaraniwan sa di-biblikal na Panitikang Near Eastern para sa isang pagkakaiba sa mga anyo at talasalitaan na makikita sa isang pinag-isang pampanitikang mga gawain (Harrison, pp. 522-526).

E. Ang katibayan mula sa panitikang Near Eastern panitikan ay nagpapahiwatig na si Moises ay gumamit na mga kasulatang nakasulat sa cuneiform o pamamaraang Mesopotamia sa pasalitang mga tradisyon sa pagsulat ng Genesis. Ito ay hindi upang ipahiwatig ang nababawasang ng inspirasyon ngunit ay isang pagtatangka na ipaliwanag ang pampanitikang palatandaan ng aklat ng Genesis. Simula sa Genesis 37 isang may tanda ng impluwensiya ng Ehipto sa paraan, anyo at talasalitaan ay tila nagtuturo ng paggamit ni Moises ng alinman sa mga pampanitikang paglilimbang o pagsalitang tradisyon mula sa kapanahunan ng mga Israelita sa Ehipto. Ang pormal na edukasyon ni Moises ay lahat sa Ehipto! Ang tiyak na pampanitikang pagkakaayos ng Pentateuch ay di-tiyak. Naniniwala akong si Moises ang tagatala at may-akda ng malawak na karamihan ng Pentateuch, gayunman, siya ay maaaring gumamit ng mga eskriba (tagasulat) at/o pasulat at pasalitang mga tradisyon. Ang pagka-makasaysayan at pagiging mapagkakatiwalaan ng mga unang iilang aklat ng OT ay may katiyakan.

II. Exodo

A. Ang Torah ay isang pinagkaisang salaysay. Ang Exodo ay nagsimula sa pangatnig na “at.” Tingnan ang mahabang pagtalakay sa balangkas ng Genesis.

B. Mayroong maraming lugar sa Exodo na sinasabi nitong si Moises ang sumulat:

1. 17:14
2. 24:4, 12
3. 34:27, 28

C. Sinipi ng Josue 8:31 ang Exodo 20:25 at ipinalagay ito kay Moises. Sinipi ni Hesus ang Exodo 20:12,17 at ipinalagay ito kay Moises, Marcos 7:10.

III. Mga Bilang

A. Ito ang unang aklat ng Torah upang bigyang pangalan ang nakasulat na pinanggalingan, “*The Book of the Wars of the Lord*,” 21:14-15. Ito ay maliwanag na ipinapakita na si Moises ay gumamit nga ng ibang nakasulat ng mga kasulatan.

B. Ang aklat na ito ay nagpapahayag na si Moises ay maaari at ginawa ang pagtatala ng mga pangyayari sa Yugto ng Paglalakbay sa Ilang.

C. Ang Mga Bilang ay nagbibigay din ng maraming mga halimbawa sa maliwanag ng mga pang-editorial na karagdagan (maaaring si Josue o Samuel):

1. 12:1,3
2. 13:22
3. 15:22-23
4. 21:14-15
5. 32:33ff
6. 32:33ff

D. Sa kadalasang mga pagkakataon si Moises ay tinutukoy sa pangatlong panauhan maliban sa mga tuwirang pagsipi. Ipinapahiwatig ni na si ay gumagamit ng mga pagtulong ng eskriba sa pagtatala ng mga kagamitang ito.

E. Ito ay nakakawiling tandaan na ang Mga Bilang ay isinasama ang dalawang di-Israelitang pampanitikang mga paglilimbag: (1) ang Amorrheong paghamak na tula sa 21:27-30 (maaaring ang v. 30 ay isang pang-Israelitang karagdagan); at (2) at ang pakikipag-usap ni Balaam kay Balak, Hari ng Moab sa 23-24. Sila ay nagpapakita ng paggamit ng pasulat at

pasalitang mga kagamitan na naisama sa pagtitipon ng aklat (cf. *The Book of the Wars of the Lord*).

IV. Deuteronomio

A. Pang-hudyong tradisyon:

1. Ang sinaunang tradisyon ay nagkakaisa na ang may-akda ay si Moises.
2. Ito ay naipahayag sa:
 - a. Talmud - Baba Bathra 14b
 - b. Mishnah
 - c. Ben Sirach's Ecclesiasticus 24:23 (naisulat noong 185 B.C.)
 - d. Philo ng Alexandria
 - e. Flavius Josephus
3. Ang Banal na Kasulatan mismo:
 - a. Mga Hukom 3:4 at Josue 8:31
 - b. "Nagwika si Moises":
 - (1) Deuteronomio 1:1, 3
 - (2) Deuteronomio 5:1
 - (3) Deuteronomio 27:1
 - (4) Deuteronomio 29:2
 - (5) Deuteronomio 31:1, 30
 - (6) Deuteronomio 32:44
 - (7) Deuteronomio 33:1
 - c. "Nagwika si YHWH kay Moises":
 - (1) Deuteronomio 5:4-5, 22
 - (2) Deuteronomio 6:1
 - (3) Deuteronomio 10:1
 - d. "Isinulat ni Moises":
 - (1) Deuteronomio 31:9, 22, 24
 - (2) Exodo 17:14
 - (3) Exodo 24:4, 12
 - (4) Exodo 34:27-28
 - (5) Mga Bilang 33:2
 - e. Sinipi o binanggit ni Hesus ang Deuteronomio at ipinahayag na si "Moises ang nagwika"/"Moises ang nagsulat":
 - (1) Mateo 19:7-9; Marcos 10:4-5 - Deuteronomio 24:1-4
 - (2) Marcos 7:10 - Deuteronomio 5:16
 - (3) Lucas 16:31; 24:27, 44; Juan 5:46-47; 7:19, 23
 - f. Ipinahayag ni Pablo sa si Moises ang may-akda:
 - (1) Roma 10:19 - Deuteronomio 32:21
 - (2) I Corinto 9:9 - Deuteronomio 25:4
 - (3) Galacia 3:10 - Deuteronomio 27:26
 - (4) Mga Gawa 26:22; 28:23
 - g. Ipinahayag ni Pedro si Moises bilang may-akda sa kanyang pangangaral sa Pentecost - Mga Gawa 3:22
 - h. Ang may-akda ng Hebreo ipinapahayag Moises bilang may-akda - Hebreo 10:28 - Deuteronomio 17:2-6

B. Makabagong Pag-aaral

1. Maraming mga ika-18 at ika-19 na siglong teologo, na sumusunod sa teoriyang Graf-Wellhausen teoriya ng maraming pagkamay-akda (J.E.D.P.), ay nagpapahayag na ang Deuteronomio ay isinulat ng isang saserdote/propeta sa panahon ng paghahari ni

Josiah sa Judah upang itaguyod ang kanyang repormang pang-espirituwal. Ito ay nangangahulugan na ang aklat ay isinulat sa pangalan ni Moises noong 621 B.C.

2. Binatay nila ito sa:

- a. II Mga Hari 22:8; II Cronica 34:14-15, “Aking natagpuan ang aklat of ang kautusan sa bahay ng PANGINOON”
- b. Ang kabanata 12 ay tinalakay ang nag-iisang pook para sa Tabernakulo at sumunod sa Templo
- c. Ang kabanata 17 ay tinalakay ang susunod na hari
- d. Ito ay totoo na ang pagsulat sa isang aklat sa pangalan ng isang sikat na tao mula sa nakalipas ay pangkaraniwan sa Sinaunang Near East at sa mga kalipunang pang-Hudyong
- e. Maraming pagkakatulad sa anyo, talasalitaan at gramatika sa pagitan ng Deuteronomio at Josue, Mga Hari at Jeremias
- f. Itinala ng Deuteronomio ang kamatayan of Moises, kabanata 34
- g. Mayroong maliwanag na nahuling pang-editorial na mga pagdadagdag sa Pentateuch:
 - (1) Deuteronomio 3:14
 - (2) Deuteronomio 34:6
- h. Minsan, di-maipaliwanag na pagkakaiba sa paggamit ng mga pangalan ng pagka-Diyos: El, El Shaddai, Elohim, YHWH, sa tila pinag-isang mga konteksto at mga yugtong pangkasaysayan

V. Paglalagom

Ang sinaunang tradisyon at arkeolohiya ay nagbibigay ng kapani-paniwalang katibayan na si Moises ang patnugot/may-akda sa likod ng Genesis - Deuteronomio. Maaaring siya ay gumamit ng mga pasalita at pasulat ding mga pinanggalingan, gayundin mana ang mga eskriba upang mailimbag ang biblikal na panitikang ito. Ito ay maliwanag ang ang mga huling eskriba o mga propeta ang nagpabago ng teksto para sa kanilang mga salin-lahi.

17:14 “at iyong sasabihin, Ako’y maglalagay ng isang hari sa akin gaya ng lahat ng mga bansang nasa palibot ko” Ang PANDIWA ay isang *Qal* COHORTATIVE (BDB 962, KB 1321). Ito ay inulit ng apat na beses sa vv. 14 at 15. Ang pangalawa (*Qal* PAWATAS NA LUBUSAN) at pangatlong (*Qal* DI-GANAP) pagkagamit ay magkasama bilang isang paraan ng pagtindi:

1. NASB, NKJV “tiyak mong ilalagay”
2. NRSV “tunay mong ilalagay”
3. TEV “tiyakin mo”

Ang suliranin ay hindi isang hari, ngunit isang hari na “tulad ng lahat na mga bansa na nasa palibot ko”! Ang hari ay kumakatawan kay YHWH (cf. v. 8), hindi mga Silangang hukuman ng nga pagago. Ang mismong isyung ito ay tinalakay nang ang Israel ay humiling kay Samuel para sa isang hari sa I Samuel 8.

17:15 “yaong pipiliin ng PANGINOON mong Diyos” Ang Diyos ay makapangyariha, Siya (hindi ang Israel, cf. v. 14) ang pipili ng isang tao, ngunit ang Israel ang magpapatunay ng Kanyangpagpili sa pamamagitan ng kanilang pagsang-ayon (e.g., Mga Hukom 11:11; Osea 1:11).

Pansinin ang mga patnubay para sa pagka-hari:

1. Kapag ang Israel ay inaari na ang lupain, v. 14
2. Ang isa na pinili ni YHWH, v. 15
3. Hindi isang dayuhan, v. 15
4. Hindi siya magtitiwala sa pang-militar na sandata (“maraming mga kabayo”), v. 16

5. Hindi siya hihingi ng tulong sa Ehipto, v. 16
6. Hindi siya magtitiwala sa mga pampulitikang alyansa (“maraming mga asawa”), v. 17
7. Hindi siya magtitiwala sa mga kayamanan (“pagdagdag ng pilak at ginto”), v. 17

Mga Bilang 4-7 ay nagpapakita ng pagmamalabis ni Solomon! Ito ay natatangi sa sinaunang Near East na kautusan na ang hari ay may tinakdang kapangyarihan, ngunit sa Diyos ng Israel:

1. Pagtatalaga ng lugar at mga panuntunan sa paghatol
2. Pagtatalaga ng huwaran sa pagsamba
3. Pagtatalaga ng mga takda (limitasyon) sa kapangyarihan, paghalili at kayamanan ng hari
4. Ang hari ay isa sa maraming mga kasama sa kasunduan (cf. v. 20)
5. Ang hari ay kailangang pag-aralan ng maigi at ipatupad (sa sarili at sa tanggapan) ang mga kautusan ng Diyos (cf. vv. 18-19)

17:16 “Huwag lamang siyang magpaparami ng mga kabayo” Ang mga kabayo ay pag-aari lamang ng mga pinuno, hindi ng pangkaraniwang tao. Ang isang kabayo ay isang sandatang pangdigma. Sa ibang salita, “Huwag kang magtiwala sa iyong sandatahang lakas. Ako, ang Diyos, ang magtatanggol sa iyo.”

▣ **“Huwag na ninyong babalikan mula ngayon ang daang yaon”** Ito ay maaaring tumukoy sa isang huling kasanayan sa pangangalakal ng mga Hebreong bumibili ng mga kabayo. Ang isang pangkasaysayang halimbawa ay ang komunidad ng Elephantino. Gayunman, sa konteksto, inulit nitong ipahayag ang pagdating ng hari kailangang magtiwala lamang kay YHWH nang lubusan!

17:17 “Huwag siyang magpaparami ng mga asawa” Ito ay tumutukoy sa (1) masakim na paggamit ng kapangyarihan o mas higit na maaaring (2) pampulitika at pang-relihiyong mga kasunduan. Ito ang sinaunang Near Eastern na paraan upang bumuo ng “walang pagsalakay” na mga kasunduan.

▣ **“huwag siyang magpaparami ng pilak at ginto”** Inilagay ng Diyos ang hari bilang Kanyang mas mababang pastol. Ang isang mas mababang pastol ay hindi kailanman dapat maghangad ng pansariling kayamanan o kapangyarihan.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 17:18-20

¹⁸At mangyayari, na pagka siya'y luluklok sa luklukan ng kaniyang kaharian, ay kaniyang susulatin ang isang salin ng kautusang ito sa isang aklat, na nasa harap ng mga saserdote na mga Levita: ¹⁹At mamamalagi sa kaniya, at kaniyang babasahin sa lahat ng mga araw ng kaniyang buhay: upang siya'y magaral na matakot sa PANGINOON niyang Diyos, upang isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito at ng mga palatuntunang ito; ²⁰Upang ang kaniyang puso ay huwag magmataas sa kaniyang mga kapatid at siya'y huwag maligaw sa utos, maging sa kanan, o sa kaliwa: upang kaniyang maparami ang kaniyang mga araw sa kaniyang kaharian, niya, at ng kaniyang mga anak sa gitna ng Israel.

17:18-20 Ang mga talatang ito ay ang paglalagom sa kaugnayan hari sa nahayag na kalooban ng Diyos (i.e., ang Kautusan).

17:18 “kaniyang susulatin ang isang salin ng kautusang ito” Ito ay maaaring tumukoy sa kaninuman (i.e., isang Levitang saserdote) na gumagawa ng sipi para sa kanya (cf. II Mga Hari 11:12). Ito ang talata kung saan nakuha ng Septuagint titulo ng aklat ng Deuteronomio (i.e., ang Pangalawang Kautusan), ngunit sa konteksto ng talatang ito ay tumutukoy sa isang pangawalang kopya (sipi) ng Kautusan, hindi isang pinagong salin ng Kautusan.

17:19 Ang talatang ito ay may isang kalipunan ng *Qal* MGA PAWATAS NA PAGKAKAYARI, na nanggagaling mula sa pagbabasa (BDB 894, KB 1128, *Qal* GANAP) at pagkatuto (BDB 540, KB 531, *Qal* DI-GANAP) ng hari mula sa kapahayagan ng kalooban ni YHWH sa pamamagitan ni Moises (i.e., Pentateuch):

1. “matakot” (BDB 431, KB 432)
2. “mag-ingat” (BDB 1036, KB 1581)
3. “gawin” (BDB 793, KB 889)
4. “ang puso ay hindi maitaas ng higit sa kanyang mga kababayan” (BDB 926, KB 1202, cf. 8:14)
5. “hindi tatalikod sa kautusan” (BDB 693, KB 747)

Ang siping ito ng kautusan ng Diyos ay kailangang manatili sa hari (tumutukoy ito sa unang PANDIWA sa v. 19, BDB 224, KB 243, *Qal* GANAP). Ito ay nag-aaninag ng pagkakatulad sa mga kasunduan ng mga Heteo, na kung saan ang dalawang sipi ng kasunduan ay ginawa. Ang isa ay inilagak sa templo ng Diyos ng kasama sa kasunduan (dito ay ang tabernakulo ni YHWH) at ang isa pa ay mananatili sa nasasakupang hari (i.e., babasahing nang palagian bilang pagtupad).

▣ **“kautusang ito at ng mga palatuntunang ito”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1.

17:20 “maging sa kanan, o sa kaliwa” Ito ay isang Hebreong kataga ng pagsunod. Ang kalooban ng Diyos ay inilalarawan bilang isang “dadaanan” o “landas.” Ito ay maliwanag na tinatakan (sa pamamagitan ng Kautusan). Ang mga Israelita ay kailangang manatili sa landasin (e.g., Mga Awit 119:105), na tumutukoy sa pamumuhay (e.g., Kawikaan 6:23).

▣ **“upang kaniyang maparami ang kaniyang mga araw sa kaniyang kaharian, niya, at ng kaniyang mga anak”** Ang pagiging hari, tulad ng pagiging punong saserdote, ay isang isinasaling mana. Ang pagkahari (i.e., sa huli ay konsepto ng Mesias) ay hinulaan sa linya ni Judah (cf. Genesis 49:10; II Samuel 7).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Papanong ang 16:21-22 ay kaugnay ng 17:1?
2. Paano pinapangasiwaan ang paghatol??
3. Bakit ang vv. 14-20 ay lubhang pinagtatalunan?
4. Ang ang kaugnayan ng Hari ng Israel sa kautusan?

DEUTERONOMIO 18

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|-------------------------------|---|------------------------------|
| Ang Bahagi ng mga Saserdote at mga Levita | Ang Wastong Pagsamba sa Diyos | Ang Bahagi ng mga Saserdote | Ang Levitang Pagka-saserdote |
| 18:1-5 | 18:1-2 18:3-5 | 18:1-2 18:3-5 | 18:1-2 18:3-5 |
| 18:6-8 | 18:6-8 | 18:6-8 | 18:6-8 |
| Iwasan ang Masamang Kaugalian | | Babala laban sa mga Paganong Kasanayan | Mga Propeta |
| 18:9-14 | 18:9-14 | 18:9-13 Ang Pangakong Pagpapadala ng isang Propeta | 18:9-12 18:13-20 |
| Isang Bagong Propeta katulad ni Moises | | 18:14-15 | |
| 18:15-22 | 18:15-22 | 18:16-20 18:21-20 | 18:21-20 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi) **PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA**

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL — ang 16:18 - 18:22 ay tumutukoy sa pamumuno ng Israel

- A. Mga Hukom - 16:18-20; 17:8-13
- B. Hari - 17:14-20
- C. Mga Levita/Mga Saserdote - 18:1-8

- D. Mga Propeta - 18:9-22
1. bulaan - mga kabanata 9-13
 2. tunay - mga kabanata 14-22
 - a. kasalukuyan (Moises)
 - b. panghinaharap (bago at pagkatapos ng pagkatapon)
 - c. eskatolohiko (Mesias)

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:1-2

¹Ang mga saserdote na mga Levita, ang buong lipi ni Levi, ay hindi magkakaroon ng bahagi ni mana na kasama ng Israel; sila'y kakain ng mga handog sa PANGINOON na pinaraan sa apoy, at ng kaniyang mana. ²At sila'y hindi magkakaroon ng mana na kasama ng kanilang mga kapatid; ang PANGINOON ang kanilang mana, gaya ng sinalita niya sa kanila.

18:1 “Ang mga saserdote na mga Levita, ang buong lipi ni Levi,” Ayon kay Roland de Vaux, *Ancient Israel*, tomo 2, p. 358, ang pangalang Levi ay may tatlong maaaring etimolohikong mga pinagmulan:

1. “magpaikot-ikot,” ipinapalagay ang isang pang-ritwal na sayaw o pamamaraan (katulad sa sayaw ng mga propeta ni *Ba'al* sa I Mga Hari 18:26)
2. “samahan ang isang tao” o “may kaugnayan sa isang tao,” maaaring ang kilalang etimolohiya ay binigay sa Genesis 29:34, tingnan din ang Bilang 18:2,4
3. “magpahiram,” “magkaloob bilang isang pangako,” maaaring tumukoy sa at katulad ng “ipinagkaloob” na tumutukoy sa unang isinilang kay YHWH (Bilang 3:12; 8:16) o kay Samuel na ipinagkaloob kay YHWH sa I Samuel 1:28

Mayroong maraming kinapapaloobang mga umuuntad na yugto:

1. sa Exodo, ito ay ang unang ipinanganak (panganay) mula sa bawat pamilya na ipinagkaloob kay YHWH, upang paglingkuran Siya (cf. Exodo 13)
2. ito ay nabago (Mosaikong Kasunduan) sa isang tiyak na angkan (i.e., Levi) na gaganap iblang natatanging mga lingkod ni YHWH (cf. Bilang 3:12; 8:16)
3. ito ay iniba sa kasaysayan ng Israel:
 - a. ang ilang mga Levitang pamilya ay naglingkod sa punong dambana
 - b. ang iba ay naglingkod sa lokal
 - c. sa huli ang rabinikong Judaismo ay pinalawak ang konsepto ng lokal na mga Levitang mga guro sa lokal na mga rabi o eskriba, ngunit hindi kailangang mula sa angkan (lipi) ni Levi
4. para sa isang mabuting pagtalakay ng iba pang teoriya, tingnana ang (1) *The Language and Imagery of the Bible*, ni G. B. Caird, p. 70 at (2) *Ancient Israel* ni Roland de Vaux, tomo 2, pp. 360-371

■ **“hindi magkakaroon ng bahagi ni mana”** Ang minana ng mga Levita ay ang Diyos mismo (cf. 10:9; 12:12; 14:27, 29; Mga Awit 16:5; 73:23-26; Panaghoy 3:24; Ezekiel 28). Sa Josue 20-21 ang mga Levita ay pinagkalooban ng mga bahagi ng 48 na lungsod at nakapalibot na lupain bilang isang pagmamay-ari. Sa 48 mga lungsod mayroon ding anim na mga Lungsod ng Kanlungan, tatlong sa bawat ng panig ng Jordan, kung saan ang isang tao ay maaaring magtago kung siya ay hindi sinasadyang nakapatay ng isang kasama sa kasunduan upang makatakas sa “tagapaghiganti sa dugo” (cf. 19:1-13; Bilang 35:9-15).

■ **“sila'y kakain ng mga handog sa PANGINOON”** Sa orihinal ang lahat ng mga Levita lumalahok sa isang bahagi ng mga paghahandog sa Israel (cf. vv. 6-8). Sa huli, ang mga saserdote ay tinutulungans sa pagkain mula sa altar at maliit na piraso ng pribadong lupain na nakapalibot sa Levitikong mga lungsod. Gayundin, ang mga Levita ay itinataguyod ng isang ikatlong-taong lokal na ikapu (cf. 14:27; Bilang 18:

25-29; Nehemias 10:37, 38).

Mayroong ilang mga pagkakaiba kung paano ang buong angkan ng Levi ay maitataguyod. Sila ay hindi mga kasalungatan, ngunit mga paglagong nauugnay sa punong dambana.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:3-5

³At ito ang magiging karampatan ng mga saserdote sa lungsod, sa kanila na naghahandog ng hain, maging baka o tupa, na kanilang ibibigay sa saserdote ang balikat, at ang dalawang pisngi, at ang sikmura. ⁴Ang mga unang bunga ng iyong trigo, ng iyong alak, at ng iyong langis, at ang unang balahibo ng iyong mga tupa, ay ibibigay mo sa kaniya. ⁵Sapagka't pinili siya ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng iyong mga lipi, upang tumayong mangasiwa sa pangalan ng PANGINOON, siya at ang kaniyang mga anak magpakailan man.

18:3 Tandaang ang Levitico 7:28-36; Bilang 18:8-19, kung saan ang iba't-ibang bahagi ng mga paghahandog, ay pinagkaloob sa mga saserdote.

▣ **“pisngi”** Ito (BDB 534 I) ay tumutukoy sa mga panga (mga panga at lamat na nakalawi, na bumubuo ng pisngi).

▣ **“ang sikmura”** Ang terminong ito (BDB 867) ay karaniwang nangangahulugang “guwang” o “lukab” at sa kontekstong ito, ay tumutukoy sa isang sa mga tiyan, maaaring ang ikaapt ng mga hayop na ngumunguya ng pagkain. Ang *Webster's Third International Dictionary*, p. 1922, ay nagsasabing ang lapad ng ikaapat ng tiyan ng mga hayop ay ginamit para sa pagbubuo ng gatas. Ang malaway na balamban ay ginagawa hanggang ito ay naging isang madilaw na pulbos na ginagamit para sa paggawa ng keso.

18:4 “ang unang balahibo ng iyong mga tupa” Ang kinakailangang ay nabanggit lamang dito.

▣ **“Ang mga unang bunga ng iyong langis”** Ang unang pagpiga ng unang hinog ng mga olibo ay isang kaloob ng bayan kay YHWH at mula sa Kanya sa mga Levita/mga saserdote (cf. Bilang 18:12; Deuteronomio 12:17; 14:23; 18:4).

18:3-5 Silang mga naglilingkod sa altar ni YHWH ang tumatanggap ng bahagi ni YHWH. Ang mga makabago ay kailangang maalala na:

1. ang Sabbath
2. ang mga unang bunga
3. ang panganay
4. ang ikapu

ay lahat mga Hebraikong paraan ng pagbibigay-diin sa pagmamay-ari ni YHWH. Hindi ito nangangahulugang ang mga tao ay makakakuha ng anim na arawa, lahat ng nalalabing mga tanim, o siyam na ikapu na kanilang mga kita! Ang mga tao ay nagmamay-ari ng wala at mga kaliwala ng lahat ng bagay! Ang mundo at ang kaloob ng buhay ay pag-aari sa kanyang Tagapaglikha at Tagapagpatuloy.

▣ **“pinili ng Diyos”** Sa 10:8 ang katulad na pagkilos ay tinatawag na “inihiwalay” (NIDOTTE, tomo 1, p. 604). Ang mga uri ng pagkakatulad ay nakakatulong sa mga makabago na bigyang kahulugan ang mga sinaunang makadiwang pakahulugan at semantikong pagpapatong.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:6-8

⁶At kung ang isang Levita ay umalis sa alinman sa iyong mga pintuang-daan ng buong Israel na kaniyang pinakikipamayanan at pumaroon ng buong nasa ng kaniyang kaluluwa sa dakong pipiliin ng PANGINOON; ⁷Ay mangangasiwa nga siya sa pangalan ng PANGINOON niyang

Diyos, na gaya ng ginagawa ng lahat ng kaniyang mga kapatid na mga Levita, na tumatayo roon sa harap ng PANGINOON. ⁸Sila'y magkakaroon ng magkakaparehong bahagi na kakanin, bukod sa *natanggap nila na magmumula sa pinagbilhan sa pamana ng kaniyang ama.*

18:6 Sila ang kahalili ng “unang bunga” ng Exodo 13. Ito ay nakabatay sa pagpili ng Diyos, hindi sa pantaong kagalingan, na maliwanag mula sa mga kasalana nina Levi, Moises, at Aaron.

18:6-7 Pinahihintulutan nito ang mga Levita/mga saserdote na mamuhay sa labas ng Herusalem at kailangang matatagpuan upang magturo at maghatol sa bawat bayan. Ngunit sila rin ay may karapatan sa punong dambana.

18:8

NASB “bukod sa *natanggap nila na magmumula sa pinagbilhan sa pamana ng kaniyang ama*”
NKJV “bukod sa kung ano ang *natanggap mula sa pinagbilhan ng kanyang minana*”
NRSV “kahit na sila ay may kita mula sa *pinagbilhan ng ari-arian ng pamilya*”
TEV “at maaari niyang itago kung ano man ang *ipapadala na kanyang pamilya sa kanya*”
NJB “kung anong mayroon siya mula sa *pinagbilhan ng kanyang man sa kabila ng lahat*”
JPSOA “walang pagsasa-alang-alang sa mga *pansariling na kaloob o mga mana*”
LXX “bukod sa *pinagbilhan ng kanyang minanang ari-arian*”
REB “bukod sa kung ano ang *kanyang maaaring manahin mula sa pamilya ng kanyang ama*”

Ang iba't-ibang mga salin ay nagpapakita ng mga pagpipilian. Ito ay tumutukoy sa pinagbilhan ng mga ari-arian ng pamilya (ngunit hindi lupain).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:9-14

⁹Pagpasok mo sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, ay huwag kang magaaral gumawa ng ayon sa mga karumaldumal ng mga bansang yaon. ¹⁰Huwag makakasumpong sa iyo ng sinomang nagpaparaan sa apoy ng kaniyang anak na lalaki o babae, o isa na gumagamit ng panghuhula o nagmamasid ng mga pamahiin o enkantador, o manggagaway, ¹¹O enkantador ng mga ahas, o nakikipagsanggunian sa mga masamang espiritu, o espiritista, o sumasangguni sa mga patay. ¹²Sapagka't sinomang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumaldumal sa PANGINOON: at dahil sa mga karumaldumal na ito ay pinalalayas sila ng PANGINOON mong Diyos sa harap mo. ¹³Ikaw ay magpapakasakdal sa PANGINOON mong Diyos. ¹⁴Sapagka't ang mga bansang ito, na iyong aariin, ay nakikinig sa kanila na nagmamasid ng mga pamahiin, at sa mga manghuhula: nguni't tungkol sa iyo, ay hindi pumayag ang PANGINOON mong Diyos *na gawin mo.*

18:10-11 Mayroong isang kalipunan ng MGA PANDIWARI, na nagpapakilala ng pagsamba sa diyus-diyusan ng mga Cananeo:

1. NASB, “sinomang nagpaparaan sa apoy ng kaniyang anak na lalaki o babae” - BDB 716, KB 778, *Hiphil* PANDIWARI
2. NASB, “isa na gumagamit ng panghuhula” - BDB 890, KB 1115, *Qal* PANDIWARI (gumagamit ng kapwa PANDIWA at PANGNGALAN)
NKJV, NET, “isa na may kasanayan sa pangkukulam”
NRSV, NJB, NIV, “may kasanayan sa panghuhula”
JPSOA, “isang awgur”
3. NASB, “nagmamasid ng mga pamahiin” - BDB 778 II KB 857, *Poel* PANDIWARI

NKJV, NRSV, NJB, JPSOA, “manghuhula”
NIV, “pangkukulam”
NET, “isang tagabasa ng pangitain”

4. NASB, NKJV, NIV, “enkantador” - BDB 638 II, KB 690, *Piel* PANDIWARI
NRSV, NJB, “isang augur”
JPSOA, “isang manghuhula”
NET, “isang nanghuhula”
5. NASB, NKJV, NRSV, NJB, JPSOA, NET, “manggagaway” - BDB 506, KB 503, *Piel* PANDIWARI
NIV, “nagsasawa ng pangkukulam”
6. NASB, “enkantador ng mga ahas” BDB 287, KB 287, *Qal* PANDIWARI (gumagamit ng PANDIWA at PANGNGALAN)
NKJV, “isang nagsasalamangka ng mga gayuma”
NRSV, JPSOA, NIV, NET, “isang gumagawa ng mga gayuma”
NJB, “naghahabi ng mga gayuma”
7. NASB, NKJV, “nakikipagsanggunian” (i.e., mga masamang espiritu) BDB 981, KB 1371, *Qal* PANDIWARI
NRSV, JPSOA, “nangungusap sa mga kaluluwa”
NJB, “nakikipag-usap sa mga kaluluwa”
NIV, “espiritu”
NET, “isang nananawagan sa mga espiritu”
8. NASB, NKJV, NIV, “sumasangguni” [ipinagpapalagay] (i.e., isang espiritista) BDB 981, KB 1371, *Qal* PANDIWARI (ipinagpapalagay)
NRSV, “sumasangguni sa mga kaluluwa”
NJB, “mga espiritu”
JPSOA, “kilalang mga espiritu”
NET, “isang may kasanayan sa okulto”
9. NASB, NKJV, “sumasangguni sa mga patay”
 - a. BDB 205, KB 233, *Qal* PANDIWARI
 - b. BDB 559, KB 562, *Qal* PANDIWARINRSV, “isang naghahanap ng mga orakulo sa mga patay”
NJB, NET, “nigromante”
JPSOA, “isang kumakausap sa mga patay”
NIV, “isang sumasangguni sa mga patay”

Gaya nang nakikita niyo mula sa mga magkakaibang salin sa Ingles translations, ang mga salitang ito ay may ilang pagpapatong. Ang mga terminong ito ay tila tumutukoy sa iba't-ibang mga uri ng kasanayan sa paganong pagsamba, ngunit ang kanilang tamang mga kahulugan ay di-tiyak sa mga makabagong mag-aaral ng Bibliya. Tingnan ang isang maikling pagtalakay sa (1) *Dictionary of Biblical Imagery*, pp. 524-528 at 608-610 at gayundin sa *Synonyms of the Old Testament* ni Robert B. Girdlestone, pp. 296-302. Ang pagkalahatang larawan isang pagtatangkang malaman at patakbuhan ang hinaharap para sa pansariling pakinabang. Ang bayan ni YHWH ay kailangang pagkatiwalaan Siya at paglingkuran Siya. Ang lumang orihinal na kasalanan ng “ako muna” ay ang ugat ng lahat mga suliranin ng sangkatauhan!

18:10 “sinomang nagpaparaan sa apoy ng kaniyang anak na lalaki o babae” Ito ay isang sanggunian

sa pagsamba ng diyos ng pagpapayabong, si *Molech*. Sa Israel ang panganay (cf. Exodo 13) ay ipagkakaloob kay YHWH upang paglingkuran Siya. Sa Canaan, ang panganay ay kailangang ihandog sa pamamagitan ng apoy kay *Molech* upang matiyak ang pagpaparami ng lahi (cf. Deuteronomio 12:31; Levitico 18:21). Mayroon ngang isang tala sa II Mga Hari 21:6 kung saan ang bayan ng Diyos ay sumamba sa bulaang diyos na ito! Ito rin ay maaaring kahit papaano ay nag-uugnay sa pagkaalam ng hinaharap (cf. II Mga Hari 3:26:27). Tingnan ang Natatanging Paksa: *Molech* sa 12:31.

▣ **“nanghuhula”** Ito ay galing sa Hebreong ugat para sa “pagka-Diyos” (BDB 890, cf. Bilang 22:7; 23:23; Ezekiel 21:21; II Mga Hari 17:17). Ito ay ang pangkalahatang terminong naglalarawan sa maraming iba’t-ibang mga paraan, ngunit lahat ay sa nais ma malaman ang kalooban ng isang diyos sa pamamagitan ng mekaniko o natural na mga paraan, tulad ng pagsisiyasat sa mga atay ng tupa o pagpukol ng mga palaso. Ito ay nakabatay sa paganong pananaw sa mundo na mayroong kaalaman patungkol sa hinaharap na nakatago sa mga likas na pangyayari at ng mga may kakahayang tao (i.e., bulaan mga propeta, e.g., Jeremias 27:9; 29:8; Ezekiel 13:9; 22:28) na nakakaalam nito at nakakapagpabago ng hinaharap.

▣ **“nagmamasid ng mga pamahiin”** Ang terminong ito (BDB 778 II, KB 857) ay nauugnay sa terminong “ulap” (BDB 777). Ang mga lingwistiko ay iniisip na ang terminong ay nauugnay sa tunog:

1. ang ugong ng mga insekto
2. tunog ng hangin sa mga puno
3. di-kilalang etimolohiya (kung ulap, samakatuwid ay nauugnay sa pagtingin)

Ang magkatulad na talata sa mga sulat ni Moises na nagbabawal sa mga kagayang paganong kasanayan ay nasa Levitico 19:26-20:8 (tingnan lalo na sa 19:26). Ang katulad na terminong ito ay matatagpuan din sa Mga Hukom 9:37; II Mga Hari 21:6; II Cronica 33:6; Isaias 2:6; 57:3; Jeremias 27:9; Mikas 5:12.

▣ **“mga enkantador”** Ang kahulugan ng terminong ito (BDB 638 II, KB 690) ay di-tiyak. Sa Syria, ito ay nangangahulugang “bumulong-bulong ng isang malabong bulong” (KB 690). Ang ugat ay may maraming pinaggagamitan:

1. serpente (ahas) - BDB 638 I
2. PANDIWA sa *Piel* lamang, (BDB 638 II) ay nangangahulugang :
 - a. Kasanayan sa panghuhula
 - b. Pagpansin sa mga tanda/mga babala
3. tanso - bronce - BDB 638 III
4. di-kilala - BDB 638 IV

▣ **“isang manggagaway”** Ang terminong ito (BDB 506, KB 503) sa karaniwan ay nangangahulugang “putulin paitaas” (1) tulad ng paggugutay ng mga sangkap para sa isang mahiwagang gayuma o (2) pagsusugat sa sarili bilang isang paraan ng pagkuha ng pansin ng isang diyos (i.e., Syrianong pagkagamit, cf. I Mga Hari 18:28). Ang terminong ito ay ginamit upang ilarawan ang mga pantas na lalaki ni Faraon sa Exodo 7:11 at mga pantas na lalaki ni Nebuchadnezzar sa Daniel 2:2.

18:11 “enkantador ng mga ahas” Ito sa literal ay “magbuhol ng tali,” “umanib sa,” o “pagtugtungin” (BDB 287, KB 287). Sa Mga Awit 58:5 at Ecclesiastes 10:11 ito ay tumutukoy pagpapaakit sa mga ahas. Ang isang bahagyang iba’t-ibang pagsasa-tinig ay naglalarawan ng isang bulaang bulaang pantas na lalaki ng Babilonya sa Isaias 47:8-11.

▣ **“nakikipagsanggunian sa mga masamang espiritu”** Ang karaniwang kahulugan ng PANDIWAR (BDB 981, KB 1371) ay “magtanong” o “magsiyasat.” Dito ay upang magsiyasat sa nasasakupan ng espiritu (e.g., YHWH, Josue 9:14 o mga diyus-diyosan, Osea 4:12).

Ang unang PANGNGALANG, “pakikipagsangguni” (BDB 15) ay isang terminong na mahirap bigyang kahulugan. Ang ilan ay tinitingnan ang ang terminong ito gaya ng pagkagamit nito sa Levitico 19:31;

20:6,27 bilang (1) isang hukay o libingan kung saan mga espiritu ay naaakit, (2) anyo ng “ama” na tumutukoy sa pagsamba mga ninuno. Ito ay isinasalin ng LXX sa Isaias 8:19 as “nagsisibulong.” Dahila dito at Isaias 29:4, ang ilang ay nag-iisip na ito ay nangangahulugang “humuhuni” o “umuungol.” Ito ay maaaring nagpapahiwatig na “magsalita ng iba’t-ibang tinig.” Gayunman, mula sa I Samuel 28:7-9, ito ay nauugnay sa kakayahan na tumawag o magsalita sa kaninuman sa lupa o makipag-usap sa mga patay o mga espiritu sa ilalim ng mundo, i.e., nigromante.

Ang pangalawang PANGNGALAN, “espiritista” (BDB 396) ay isang anyo ng Hebreong salita “makaalam” (BDB 395). Ito ay tumutukoy sa isa na may kaalaman sa espritwal na mundo o may pakikitungo sa kanilang nasa espritwal na na mundo na mayroong kaalaman (cf. Isaias 8:19; 19:3).

▣ **“sumasangguni sa mga patay”** Ang pariralang ito ay isang pagsasama ng dalawang *Qal* MGA PANDIWARI (BDB 205, KB 233, “magtanong” at BDB 559, KB 562, “ang mga patay”). Sa konteksto, ito ay tumutukoy sa mga sumasangguni at “mga espiristista.” Ang mga piling tao, na ipinagpapalagay na may kakayahan, ang mga tao ay sumasangguni sa patay para sa kaalaman patungkol sa ang hinaharap at ang kapangyarihan na makakaapekto nito.

Ang lahat ng sinaunang mga kultura ay naniniwala sa isang susunod na buhay. Para sa marami sa sinaunang Near East ay may dalawang posibilidad:

1. ang pagsamba sa mga ninuno kung saan ang mga espiritu ng mga miyembro ng pamilya ay maaaring makaapekto sa kasalukuyan at hinaharap
2. ang kapangyarihan ng pisikal (mga bituin, mga pwersa ng kalikasan) o espritwal (mga demonyo, mga kalahating diyos) may magamit upang malaman at makaapekto sa mga pansariling tadhana

18:12 “karumaldumal” Ang termino (BDB 1072) ay ginamit ng lubhang madalas sa Deuteronomio, Kawikaan, at Ezekiel. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 14:3.

▣ **“pinalalayas sila ng PANGINOON mong Diyos sa harap mo”** Ito ay isang aspeto ng “banal na pakikidigma.” Ito ay nahayag kay Abraham bilang isang pangako sa Genesis 15:16 at ang kanilang mga kasalanan ay inilarawan sa Levitico 18:24-28.

18:13 “magpapakasakdal” Ito ay isang terminong paghahandog (BDB 1071) para sa isang malinis na hayop na “sakdal,” walang kapintasan, at samakatuwid, katanggap-tanggap para sa paghahandog (cf. Exodo 12:5; 29:1; Levitico 1:3,10; 3:1,6,9; 4:3,23,28,32; 5:15,18; 6:6; atbp.). Ito ay naging isang talinhaga para sa kanila na tinanggap Diyos na nakabatay sa pagpapatupad ng mga tadhana ng kasunduan (cf. Genesis 6:9; 17:1; II Samuel 22:24,26; Job 1:1,8; 2:3; 12:4; Mga Awit 15:2; 18:23,25; Ezekiel 28:15). Tingnan ang Natatanging Paksa: Walang Kasiraan na sususunod.

NATATANGING PAKSA: WALANG KASALANAN, INOSENTE, WALANG SALA, WALANG KASIRAAN

A. Mga Panimulang Pahayag

1. Sa teolohiya, ang konseptong ito ay naglalarawan ng orihinal na kalalagayan ng sangkatauhan. ((i.e., Genesis 1, ang Hardin ng Eden).
2. Ang kasalanan at paghihimagsik ay winasak ang kalalagayang ito ng ganap na pakikipag-ugnayan (i.e., Genesis 3).
3. Ang sangkatauhan (lalaki at babae ay nag-aasam ng pagpapanumbalik ng pakikipag-ugnayan sa Diyos dahil sila ay nilalang sa Kanyang larawan at wangis (i.e., Genesis 1:26-27).
4. Ang Diyos ay nakitungo sa sangkauha nang maraming paraan
 - a. Maka-Diyos na mga pinuno (i.e., Abraham, Moises, Isaias)
 - b. Sistema ng paghahandog (i.e., Levitico 1-7)

- c. Maka-Diyos na mga halimbawa (i.e., Noah, Job)
- 5. Sa katapusan, ang Diyos ay nagkaloob ng Mesias
 - a. Bilang isang lubos na kapahayagan ng Kanyang sarili
 - b. Binag isang ganap na paghahandog para sa kasalanan
- 6. Ang mga Kristiyano ay ginawang walang kasalanan
 - a. Sa kautusan, sa pamamagitan ng itinuring na katuwiran ni Kristo
 - b. Nagpapatuloy, sa pamamagitan ng gawa ng Espiritu
 - c. Ang layunin ng Kristiyanismo ay ang pagiging katulad ni Kristo (cf. Roma 8:28-29; Efeso 1:4), na sa katotohanan, ay nag pagpapanumbalik ng larawan ng Diyos na nawala sa pagkahulog nina Adan at Eba
- 7. Ang langit ay isang pagpapanumbalik ng ganap na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden. Ang langit ay ang Bagon Herusalem na bababa mula sa presensya ng Diyos (cf. Pahayag 21:2) patungo sa isang malinis na mundo (cf. II Pedro 3:10). Ang Bibliya ay nagsimula at magtatapos sa magkatulad ng tema (paksa).
 - a. Napakalapit, pansariling pakikipag-ugnayan sa Diyos
 - b. Sa isang pang-harding tagpuan (Genesis 1-2 at Pahayag 21-22)
 - c. Sa pamamagitan ng kapahayagan ng propesiya, ang presensya at pagsasama ng mga hayop
- B. Lumang Tipan
 - 1. Mayroong napakaraming iba't-ibang Hebreong salita na magdadala ng konsepto ng kalubusan, kawalang kapintasan, kawalang-sala; na ito may maging mahirap na pangalanan at ipakita ang masakot na mga kaugnayan.
 - 2. Ang pangunahing terminong ito na nagdadala ng konsepto ng kalubusan, kawala ng kasalanan, o kawalang-sala (ayon kay Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Lumang Tipan*, pp. 94-99) ay:
 - a. *Shalom*
 - b. *Thamam*
 - c. *Calah*
 - 3. Ang Septuagint (i.e., ang Bibliya ng unang iglesiya) ay isinalin ang maraming mga konseptong ito sa terminong ginamit nito sa Koine Griyegong sa NT.
 - 4. Ang susing konsepto ay maiuugnay sa sistemang paghahandog
 - a. *amōmos* (cf. Exodo 29:1; Levitico 1:3,10; 3:1,6,9; Bilang 6:14; Mga Awit 26:1,11)
 - b. *amiantos* at *aspilus* ay mayroon pang-kultong pagpapakahulugan
- C. Bagong Tipan
 - 1. ang legal na konsepto
 - a. Hebreong legal na pang-kultong kahulugan ay isinasalin sa *amōmos* (cf. Efeso 5:27; Filipos 2:15; I Pedro 1:19)
 - b. Griyegong legal na kahulugan (cf. I Corinto 1:8; Colosas 1:22)
 - 2. Kristo ay ang Isang walang kasalanan, walang kapintasan, walang-sala (*amōmos*) (cf. Hebreo 9:14; I Pedro 1:19)
 - 3. Ang mga taga-sunod ni Kristo ay kailangang tularan Siya (*amōmos*) (cf. Efeso 1:4; 5:27; Filipos 2:15; Colosas 1:22; II Pedro 3:14; Judas 24; Pahayag 14:5)
 - 4. Ito konsepto ay na ginagamit din sa mga pinuno ng iglesiya
 - a. *aneglētos*, “walang maipaparatang” (cf. I Timoteo 3:10; Tito 1:6-7)
 - b. *anepileptos*, “angat sa mga puna” o “hindi matatanganan sa kasiraan” (cf. I Timoteo 3:2; 5:7; 6:14; Tito 2:8)
 - 5. Ang konsepto ng “walang dungis” (*amiantos*) ay ginamit
 - a. Kay Kristo mismo (cf. Hebreo 7:26)
 - b. Sa mga minana ng Kristiyano (cf. I Pedro 1:4)
 - 6. Ang konsepto ng “pagiging-buo” o “katumpakan” (*holoklēria*) (cf. Mga Gawa 3:16; I

Tesalonica 5:23; Santiago 1:4)

7. Ang konsepto ng “walang kapintasan,” walang kasalanan ay ipinabatid sa pamamagitan ng *amemptos* (cf. Lucas 1:6; Filipos 2:15; 3:6; I Tesalonica 2:10; 3:13; 5:23)
 8. Ang konsepto ng “hindi sa ilalalim ng pagpaparatang” ay ipinabatid sa pamamagitan ng *amōmētos* (cf. I Pedro 3:14)
 9. Ang konsepto ng “walang dungis,” “walang-sala” ay kadalasang ginagamit din ng mga talata na mayroon nito sa mga termino sa itaas (cf. I Timoteo 6:14; Santiago 1:27; I Pedro 1:19; II Pedro 3:14)
- D. Ang bilang ng mga salita sa Hebreo at Griyego na nagpabatid ang konseptong ito ay nagpapakita ng kanyang kahalagahan. Ang Diyos ay nagtustos sa ating pangangailangan sa pamamagitan ni Kristo at ngayon ay tumatawag sa atin na maging katulad Niya.
- Ang mga mananampalataya sa kalalagayan, ayon sa kaulusan, ay ipinapahayag na declared “makatuwiran,” “matuwid,” “walang kasalanan” sa pamamagitan ng ang gawa ni Kristo. Ngayon, ang mga mananampalataya ay kailangang angkinin ang kanilang kalalagayan. “Lumakad sa liwanag gaya nang Siya ay nasa liwanag” (cf. I Juan 1:7). “Lumakad nang karapat-dapat sa panawagan” (cf. Efeso 4:1,17; 5:2,15). Ipinanumbalik ni Hesus ang larawan ng Diyos. Ang napakalapit na pakikipag-ugnayan ay ngayon ay maaari na, ngunit tandaang ang Diyos ay nanganganilangan ng isang isang bayan na maglalarawan ng Kaniyang katangian, tulad ng ginawa ng Kanyang anak. Tayo ay tinatawag, hindi bababa sa kabanalan (cf. Mateo 5:20,48; Efeso 1:4; I Pedro 1:13-16). Ang kabanalan ng Diyos, hindi lamang pangkautusan, ngunit pang-pamumuhay!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 18:15-22

¹⁵Palilitawin sa iyo ng PANGINOON mong Diyos ang isang propeta sa gitna mo, sa iyong mga kapatid, na gaya ko; sa kaniya kayo makikinig; ¹⁶Ayon sa lahat ng iyong ninasa sa PANGINOON mong Diyos sa Horeb, sa araw ng kapulungan, na sinasabi, Huwag mong iparinig uli sa akin ang tinig ng PANGINOON kong Diyos, ni ipakita pa sa akin itong dakilang apoy, upang huwag akong mamatay. ¹⁷At sinabi ng PANGINOON sa akin, Mabuti ang kanilang pagkasabi ng kanilang salitain. ¹⁸Aking palilitawin sa kanila ang isang propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya, at kaniyang sasalitain sa kanila ang lahat ng aking iutos sa kaniya. ¹⁹At mangyayari, na sinomang hindi makikinig sa aking mga salita na kaniyang sasalitain sa aking pangalan, ay aking sisiyasatin yaon sa kaniya. ²⁰Nguni't ang propeta na magsasalita ng salitang may pagpapalalo sa aking pangalan, na hindi ko iniutos sa kaniyang salitain o magsasalita sa pangalan ng ibang mga dios, ay papatayin nga ang propetang yaon. ²¹At kung iyong sasabihin sa iyong puso: Paanong malalaman namin ang salita na hindi sinalita ng PANGINOON? ²²Pagka ang isang propeta ay nagsasalita sa pangalan ng PANGINOON, kung ang bagay na sinasabi ay hindi sumunod ni mangyari, ay hindi sinalita ng PANGINOON ang bagay na yaon: ang propetang yaon ay nagsalita ng kahambugan, huwag mong katatakutan siya.

18:15-22 Ang Deuteronomio 18:9-14 ay nagpapakita ng hindi wastong paraan ng paghahanap ng kalooban ng Diyos para sa buhay ng isang tao. Ang mga talatang 15-22 ay naglalarawan ng wastong paraan upang matiyak ang kaalaman patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin.

18:15 “ang isang propeta sa gitna mo” Ito ay naging isang titulo para sa Mesias (cf. Juan 1:21, 25, 45; 5:46; 6:14; 7:40; Mga Gawa 3:22; 7:37). Si Hesus ay gumaganap bilang “bagong” Moises:

1. Ipinagkaloob ang kautusan ng bagong kasunduan (cf. Mateo 5-7)
2. pinakain ang bayan gaya nang inaasahan nila (cf. Juan 6)
3. tinagpo ang Diyos sa isang bundok (cf. Mateo 17)

4. namagitan para sa kasunduang bayan (cf. Juan 17)

Para sa isang mahusay na pagtalakay ng tungkulin ng propesiya sa Israel tingnan ang *How To Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Douglas Stuart, pp. 184-189. Ang pangtulong na pagtalakay na ito ay nagpapatuloy sa pagtalakay sa mga pagpapaliwanag ng mga talata at mga aklat ng propesiya, pp. 189-204.

18:16 Ito ay nagpahahayag ng pagtatagpo ng Israel at niYHWH sa Bundok Sinai (cf. Exodo 19- 20). Ang tuwirang kapahayagan mula sa Diyos ay isang nakakasindak na bagay (cf. Exodo 20:18-21)! Ang bayan ay nangangailangan ng tagapamagitan!

Ang kontekstong ito ay, sa isang kaunawaan, isang maramihang pagkakatupad ng propesiya. Ito ay maliwanag na tumutukoy sa inuulit na gawain ng propeta sa pambansang buhay ng Israel (cf. TEV). Ang hari at saserdote ay mula sa isang pamilya, ngunit ang mga propeta ay isa-isang tinatawag ng Diyos upang mamagitan sa Kanyang kasunduan sa bawat bagong salin-lahi. Gayunman, ito rin ay nagtuturo sa natatanging tagapagsalita ni YHWH (Hebreong PANG-ISAHAN, vv. 15,18 at ang puna sa 34:10, i.e., ang Nagdurusang Tagapaglingkod, ang Mesias). Ito ay isa tagapagsalita sa Genesis 3:15; 49:10; II Samuel 7:12-13,16; Isaias 7:14; 9:1-7; 11:1-5; Daniel 7:13; 9:25; Mikas 5:2-5a; Zacarias 9:9. Pansinin din ang Juan 1:45 at 5:46.

18:17 Ang katulad na kataga, “sila ay nakapagsalita nang mainam,” ay matatagpuan din sa 5:28, ngunit hindi sa Exodo 19-20. Kaya nga ito ay di-naitalang kapahayagan. Dapat nating tandaan na ang Bibliya ay bahagi lamang ng salita sa Diyos. Sa pamamagitan ng pananampalataya, ang mga mananampalataya ay nagpapahayag na ang lahat ay kailangan para sa buhay at doktrina ay isinama, ngunit ito ay hindi lubusan. Sa kaunawaang ito, ito ay katulad ng mga salita ni Hesus (cf. Juan 20:30; 21:25).

18:18 “Aking palilitawin sa kanila ang isang propeta” Ang PANDIWA (BDB 877, KB 1080, *Hiphil* DI-GANAP) ay madalas gamitin sa panglayunin, pangkasunduang mga pagkilos ni YHWH sa kasaysayan (e.g., Genesis 6:18; 9:9,11,17; 17:7,19,21; Exodo 6:4; Deuteronomio 18:15,18; 28:9; Mga Hukom 2:16,18; 3:9,15; I Samuel 2:35; I Mga Hari 9:5; 11:14,23; 14:14; II Cronica 7:18, atbp.).

Si YHWH ay nakapangyayari sa kasaysayan, gaya ng mga hinulaang propesiya, tulad ng isa na tumutukoy kay Hesus (pansinin din ang Mikas 5:2) ay maliwanag na ipinapakita. Ang Bibliya lamang ang “banal na aklat” na naglalaman ng propesiya!

▣ **“Aking ilalagay ang aking mga salita sa bibig niya”** Ito ay tumutukoy sa kanya na nagsasalita ng mensahe ni YHWH! Siya ay magsasabi lamang ng mga ipinapahayag sa kaniya ni YHWH (na pinagtibay ni Hesus, cf. Juan 3:34; 12:49; 14:10; 17:8).

18:19 Tayo ay may pananagutan na kumilos sang-ayon sa kalooban ng Diyos nang minsang malaman natin ito. Ang tunay na tanong ay kung papaano natin malalaman ang totoong nagsasalita para sa Diyos (cf. v. 21)? Ang mga talatang 20-22 ay isang bahagyang sago. Mayroong iba pang pamantayan (cf. Deuteronomio 13:1- 2; 18:20-22; Mateo 7; I Juan 4:1-6). Ang talatang ito ay sinipi sa Mga Gawa 3:32-23!

18:20-22 Ang mga tagapagsalita ng Diyos ay makikilala sa pamamagitan ng (1) pagsasalita sa pangalan ni YHWH, not ang mga pangalan ng ibang diyos (cf. 20); (2) ang pagiging tama ng kanyang mga pahayag (cf. v. 22); at (3) ang Deuteronomio 13:1-2 ay kailangan ding maisaalang-alang ang sapagkat ang pakikitungo ng Diyos sa Israel ay nakabatay sa kanilang espritwal na pagtugon.

Ang isa ay namamangha kung papaanong ang mga makabagong tagapakinig ay hahatulan ang isang propeta kung ang kanilang prediksyon ay lagpas sa kanilang panahon. Gayundin, ano ang patungkol sa propesiyang may pasubali na nakabatay sa isang nagsisising pananampalatayang pagtugon ng bayan ng panahon kung saan ito ay ipinapahayag (i.e., Jonas)?

Ang pasubok sa kanilang nag-aangkin na nagsasalita para sa Diyos ay hindi madali. Ito ang ilan sa

pamantayan:

1. ang nilalaman ng mensahe
2. ang pamumuhay ng tagapagsalita
3. ang kaugnayan ng mensahe sa iba pang talata ng Bibliya

Ang mga bulaang propeta, mga bulaang mangangaral, ay kadalasang lubhang masigla, nakapag-aral, lohikal at kaakit-akit ng mga tao. Sa ating panahon ang mga tanda ng isang bulaang mangangaral may:

1. ang pagbibigay-diin sa salapi
2. isang seksuwal na pagpapahintulot
3. isang pag-aangking ng natatanging pagpaparating sa Diyos

(tingnan ang *A General Introduction to the Bible* nina Norman Geisler at William Nix, pp. 241-242)

MGA AKLAT NA MAKAKATULONG SA KATOTOHANAN NG ISANG MASAMANG ESPIRITWAL NA MUNDO

1. *Christian Counseling and the Occult* ni Kurt Kouch
2. *Demons in the World Today* ni Merrill F. Unger
3. *Principalities and Powers* ni John Warwick Montgomery
4. *Demons, Demons, Demons* ni John Newport
5. *Biblical Demonology* ni Merrill F. Unger
6. *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare* ni Clinton E. Arnold

DEUTERONOMIO 19

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|-------------------------------------|---------------------------|--------------------------------------|--|
| Tatlong Lungsod ng Kanlungan | Ang Pamamahala ng Hukuman | Tatlong Lungsod ng Kanlungan | Ang Pagpatay at mga Lungsod ng Kanlungan |
| 19:1-3 | 19:1-3 | 19:1-7 | 19:1-4a |
| 19:4-10 | 19:4-7 | | 19:4b-6 19:7-10 |
| | 19:8-10 | 19:8-10 | |
| 19:11-13 | 19:11-13 | 19:11-13 | 19:11-13 |
| Mga Hangganan ng Ari-arian | | Mga Sinaunang Hangganan ng Ari-arian | Mga Hangganan |
| 19:14 | 19:14 | 19:14 | 19:14 |
| Ang Kautusan patungkol sa mga Saksi | | Patungkol sa mga Saksi | Mga Saksi |
| 19:15-21 | 19:15-21 | 19:15-21 | 19:15 19:16-21 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayong. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:1-3

¹Pagka ihihiwalay ng PANGINOON mong Diyos ang mga bansa, na lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, at hahalili ka sa kanila, at iyong tatahanan ang kanilang mga lungsod, at ang kanilang mga bahay; ²Ay maghihiwalay ka para sa iyo ng tatlong lungsod sa

gitna ng iyong lupain, na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos upang ariin. ³Ikaw ay maghahanda sa iyo ng daan, at pagtatluhin mong bahagi ang mga hangganan ng iyong lupain, na ipinamamana sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, upang matakasan ng bawat nakamatay tao.

19:1 “ihihwalay” Ang PANDIWANG ito (BDB 503, KB 500, *Hiphil* DI-GANAP) ay ginamit sa maraming pagkakaunawa:

1. gumawa (“hatiin”) ang isang kasunduan, 4:23; 5:2,3; 7:2; 9:9; 29:1,12,14,25; 31:16
2. tanggalin, wasakin, 12:29; 19:1
3. putulin (sa literal, i.e., isang puno), 19:5; 20:19,20

▣ **“na lupaing ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos”** Tingnan ang tala sa 1:8.

▣ **“tatahanan ang kanilang mga lungsod”** Ang paglalarawan ng pagkilos ng Diyos sa pagsasakatuparan ng kanyang gawain sa silangang panig ng Ilog Jordan ay makikita sa Deuteronomio 4:41-43.

19:2,7 “tatlong lungsod” Ang mga ay Levitang mga lungsod ng kanlungan, ay tinatalakay sa Bilang 35; Josue 20, kung saan ang sinuman ay sinakdal sa pagpatay (i.e., “pagpatay ng tao”) may tumakas upang ipagtanggol ang kanyang sarili mula sa mga kamag-anak ng namatay (i.e., “tagapaghiganti sa dugo”). Ang mga pinuno ng mga lungsod na ito ay magdadaos ng isang pagdinig (cf. vv. 11-13) upang malaman ang mga katotohanan ng asunto.

Isang tala ng mga lungsod ng kanlungan ay matatagpuan sa Josue 20:7-8:

1. Trans-jordan
 - a. Bezer sa Reuben
 - b. Ramoth-Gilead sa Gad
 - c. Golan sa Manasseh (Bashan)
2. Canaan
 - a. Kadesh sa Naphtali (Galilea)
 - b. Shechem sa Ephraim
 - c. Hebron sa Judah

Ang ideya ng isang lugar ng kaligtasan o kanlungan ay hindi natatangi sa Israel. Karamihan ng sinaunang mga kultura ng Near East at Mediterranea ay nagtatakda ng mga natatanging lugar na ito. Kadalasan, sila ay matatagpuan sa mga pangrelihiyong dambana. Ang Israel ay may ganito ring konsepto ng pagsungkab ng isa sa mga “mga sungay ng altar” (cf. Exodo 27:2; 30:10) at ang punong dambana (cf. Exodo 21:14; I Mga Hari 1:50-53; 2:28-34). Gayunman, ang mga natatanging mga lungsod ay tangi sa Israel. Si YHWH ay nagmamalasakit sa kamatayan ng mga mamamatay tao na walang kasalanan.

19:3 “maghahanda sa iyo ng daan” Ang PANDIWA (BDB 465, KB 464, *Hiphil* DI-GANAP) dito ay nangangahulugang “ihanda ang isang daan.” Mayroong tatlong maaaring kahulugan ito:

1. Magkakatumbas na habang pagitan
2. Madaling paglalakbay
3. “magtakda ng mga tanda sa daan na nagtuturo ng daraanan” (sinipi ni Rashi ang isang kasulatang Macabeo)

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:4-7

⁴At ito ang bagay ng nakamatay tao, na tatakas doon at mabubuhay: sinomang makapatay sa kaniyang kapuwa ng di sinasadya, at hindi niya kinapopootan ng panahong nakaraan; ⁵Gaya ng isang tao na yumaon sa gubat na kasama ang kaniyang kapuwa upang pumutol ng kahoy, at sa kamay niya na pumapalakol upang pumutol ng kahoy, ay humagpos ang patalim sa tatangnan, at bumagsak sa kaniyang kapuwa, na anopa't mamatay; ay tatakas siya sa isa sa

mga bayang yaon at siya'y mabubuhay: ⁶Baka habulin ng tagapanghiganti sa dugo ang nakamatay, samantalang ang puso'y nagaalab, at siya'y kaniyang abutan, sapagkat ang daan ay mahaba, at siya'y saktan ng malubha; na siya'y di marapat patayin, sapagkat hindi niya kinapopootan nang panahong nakaraan. ⁷Kaya't iniuutos ko sa iyo, na sinasabi, Maghihiwalay ka para sa iyo ng tatlong lungsod.

19:4 “bagay ng nakamatay tao” Ito ay isang pagpapalawak ng Exodo 21:12-14, na nag-uugnay sa punong sambahan (dambana). Pinapalawak nito ang kaligtasan ng punong dambana sa anim na Levitang lungsod ng kanlungan.

▣ **“na tatakas doon at mabubuhay”** Kung ang isang nakapatay ng sinuman ay tumakas (BDB 630, KB 681, *Qal* DI-GANAP) sa isa sa mga itinalagang mga lungsod at kung ang humantong na pagdinig ay hindi natagpuang pinaghandaan, siya ay dapat mabuhay (BDB 310, KB 309, *Qal* GANAP) sa lungsod ng kaligtasan hanggang sa kamatayan ng kasalukuyang Punong Saserdote (cf. Josue 20:6).

▣ **“ng di sinasadya”** Tingnan ang tala sa 4:42. Ito ay ang kasalungat ng “pinaghandaang pagkilos.”

19:6 “tagapanghiganti sa dugo” Ang parirala ay isang kayarian (BDB 145 I, KB 169, *Qal* PANDIWARI at BDB 196, cf. Bilang 35:9-28). Ang taong ito ay kilala rin bilang “kapatid na tagatubos.” Ito ay isang halimbawa ng may katakdaang paghihiganti sa v. 21 (cf. Exodo 21:23-25; Levitico 24:19-22).

▣ **“na siya'y di marapat patayin”** Ito ay isang teolohikong paglago sa Genesis 9:5-6. Dito ang motibo ng pagkilos ay isinaalang-alang. Ang hindi sinasadya at hindi pinaghandaan ay ipagpapaliban mula sa “mata-para sa-mata” paghihiganti. Mayroong ito mga kahihinatnan (kailangang manirahan sa lungsod ng kanlungan hanggang mamatay ang kasalukuyang Punong Saserdote).

Ang Israel, tulad ni YHWH, ay kailangang isaalang-alang ang katarungan at paghihiganti!

19:7 Ibinigay ni Moises ang salita ni YHWH sa vv. 1-3; ipinaliwanag niya ang mga ito sa vv. 4-6 at muli niyang binigyang-diin ang kautusan ni YHWH sa v. 7.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:8-10

⁸At kung palakihin ng PANGINOON mong Diyos ang iyong hangganan gaya ng kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, at ibigay niya sa iyo ang buong lupain na kaniyang ipinangakong ibibigay sa iyong mga magulang—⁹Kung iyong maingat na isasagawa ang buong utos na ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, na ibigin ang PANGINOON mong Diyos, at lumakad kailan man sa kaniyang mga daan—ay magdadagdag ka pa nga ng tatlong lungsod sa iyo, bukod sa tatlong ito: ¹⁰Upang huwag mabubo ang dugong walang sala sa gitna ng iyong lupain, na ibinibigay sa iyo na pinakamana ng PANGINOON mong Diyos, at sa gayo'y maging salarin ka sa iyo.

19:8 “Kung” Ang ipinagpapalagay na KATAGA (BDB 49) ay nagpapahayag ng may pasubaling kalikasan ng kasunduan ni YHWH sa Israel (cf. v. 9). inagkalooban Niya sa kanila ang lugar ng trans-jordan at ngayon kung sila ay susunod ay maaari Niyang ipagkaloob sa kanila ang Canaan.

19:9 “maingat na isasagawa” Mayroong isan PANDIWA “maingat” (BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP, tingnan ang tala sa 6:12) na sinusundan ng PAWATAS NA MGA KAYARIAN:

1. “gawin” - BDB 793, KB 889
2. “umibig” - BDB 12, KB 17
3. “lumakad” - BDB 229, KB 246, cf. 10:12; 11:1,13,22; 30:16

▣ **“ang buong utos na ito”** Ito ay PANG-ISAHANG termino (BDB 846, tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:1) na ginagamit upang ilarawan ang buong kasunduan ni YHWH (cf. 4:2; 6:1; 11:8; 15:5; 19:9).

▣ **“magdadagdag ka pa nga ng tatlong lungsod”** Ang mga tatlo na dinagdagan ng tatlo pa sa v. 2 ay nagpapakita ng anim ng mga lungsod ng kanlungan na nabanggit sa Josue 20. Ito ay tumutukoy sa (1) ang hinaharap na tatlong mga lungsod s kanlurang panig ng Jordan, na hindi pa nasasakop o (2) ang pagpapalawak ng Israel sa huli pagkatapos ng pagsakop ni Josue (pang-editorial na pagbabago).

19:10 Si YHWH ay nagmamalasakit patungkol sa kamatayan ng taong hindi nararapat mamatay (i.e., “dugo ng walang kasalanan,” cf. II Mga Hari 21:16; 24:4; Jeremias 22:17). Sa OT walang pagkakaiba sa pagitan ng panlahi at pangritwal na kalinisan. Ang buhay ay mahalaga! Ang pagkawala nito ay may kahahantungan (“pagkakasala sa dugo,” cf. Bilang 35:33-34). Ito ang kahihinatnan nito at iba pang ritwal na di-malinis ay isinasalang-alang (1) nang taunan sa Araw ng Katubusan, na inilarawan sa Levitico 16 at (2) pang-lokal na paghahandog ng isang dalagang baka (cf. 21:1-9). Tulad ng mga lungsod sa kanlungan na naninirahan kasama ang mga tao, ang Deuteronomio 21:1-9 ay isinasaalang-alang ang ritwal ng pagkakasala ng mga komunidad.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:11-13

¹¹Nguni't kung ang sinoman ay mapoot sa kaniyang kapuwa, at pag-abangan niya siya, at siya'y tumindig laban sa kaniya, at saktan niya siya ng malubha, na anopa't mamatay; at siya'y tumakas sa isa sa mga bayang ito: ¹²Ay magsusugo nga ang mga matanda sa kaniyang bayan at kukunin siya roon, at ibibigay siya sa kamay ng tagapanghiganti sa dugo, upang siya'y mamatay. ¹³Ang iyong mata'y huwag mahahabag sa kaniya; kundi aalisin mo sa Israel ang dugong walang sala, upang ikabuti mo.

19:11 Pansinin ang kalipunan ng MGA PANDIWA na naglalarawan ang pinaghandang pagpatay:

1. “pagkapoot” - BDB 971, KB 1338, *Qal* PANDIWARI, cf. 4:42
2. “pag-abang” - BDB 70, KB 83, *Qal* GANAP
3. “pagtinding” - BDB 877, KB 1086, *Qal* GANAP
4. “pagpalo” - BDB 645, KB 697, *Qal* GANAP

19:12 “ang mga matanda sa kaniyang lungsod” Ito ay tumutukoy sa alinman sa lungsod na pinakamalapit sa krimen o ang lungsod ng tahanan ng tao.

19:13 “Ang iyong mata'y huwag mahahabag sa kaniya” Ito (BDB 299, KB 298, *Qal* DI-GANAP) ay isang inuulit na paksa sa Deuteronomio (cf. 7:16; 13:8; 19:13,21; 25:12). Ang pagkahabag ng tao o pambansang damdamin ay hindi makakapagpabago ng kautusan ni YHWH. Ang Israel ay kailangang maging bahal! Ang panghinaharap na kasaganahan ng Israel (at kahit na nanatili sa Ipinangakong Lupain) ay nakabatay sa kanyang pagsunod.



NASB “aalisin mo sa Israel ang dugong walang sala”

NKJV “aalismo no ang kasalanan sa walang-salang dugo mula sa Israel”

NRSV “lilinisin mo ang kasalanan ng walang-salang dugo mula sa Israel”

TEV “ang Israel ay kailangang alisin sa kanyang sarili ang mga mamamatay-tao”

NJB “Kailangang mong tanggalin ang pagdanak ng walang-salang dugo mula sa Israel”

Ang PANDIWA (BDB 128, KB 145, *Piel* GANAP) nangangahulugang “sunugin” ay ginamit dito na patalinghaga sa buong pagtanggap (cf. 13:8; 17:7,12; 19:13,19; 21:21; 22:21,22,24; 24:7).

Ang pagpatay ay nakakaapekto sa pakikipag-ugnayan at mga pagpapala ni YHWH sa bawat tao (cf. Genesis 4) at mga komunidad (cf. 21:1-9). Ang kasalanan at sarili ay winawasak ang bawat bagay na mahawakan nila!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:14

¹⁴Huwag mong babaguhin ang lindero ng iyong kapuwa, na kanilang inilagay ng una, sa iyong mana na iyong mamanahin, sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos upang ariin.

19:14 “Huwag mong babaguhin ang lindero ng iyong kapuwa,” Sa ang sinaunang mudo, ang mga nayon ay nagsasaka ng lupain na magkasama (i.e., pag-aararo, pagtanim, pag-aani). Mula sa isang pagmamasid ng isang napadaan, ito ay nagmumukhang tulad ng isang malaking bukid. Gayunman, bawat pamilya ay may sariling bukid, na tinatandaaan sa pamamagitan ng mga puting bato. Ang pamilyang ito, kahit na gumagawa sa buong bukid kasama ang nayon, ay tumatanggap ng mga bunga ng kanilang lupain. Kung ang sinuman ay gumalaw ng mga bato, samakatuwid ay magbibigay ng masmalaking lupain (i.e., ani), ito ay isang krimen laban sa buong komunidad at kay YHWH, dahil Kanyang ipinagkaloob ang lupain bilang isang mana para sa bawat angkan at pamilya (cf. 27:17; Kawikaan 22:28; 23:10; Osea 5:10).

▣ **“na kanilang inilagay ng una”** Ang ganitong uri ng pahayag ay nagdulot sa maraming nag-aaral na itanggi ang pagkamay-akda ng Deuteronomio kay Moises. Ito ay tila tumutukoy sa paglalaan ng lupain sa pamamagitan ng palabunutan, na nangyari pagkatapos ng pananakop ni Josue (cf. Josue 13-19). Ang mga manunulat sa Ehipto ay binabago ang kanilang mga teksto, habang ang mga manunulat sa Mesopotamia ay hindi. Ang mga manunulat sa Israel ay sinanay sa Ehipto.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 19:15-21

¹⁵Isang saksi ay huwag titindig laban sa kanino man sa anomang kasamaan, o sa anomang kasalanang kaniyang pinagkasalahan: sa bibig ng dalawang saksi, o sa bibig ng tatlong saksi ay pagtitibayin ang usap. ¹⁶Kung ang isang sinungaling na saksi ay tumindig laban sa kanino man upang sumaksi laban sa kaniya ng isang masamang gawa, ¹⁷Ang dalawang taong naguusapin ay tatayo sa harap ng PANGINOON, sa harap ng mga saserdote at ng mga magiging hukom *na nasa tanggapan* ng mga araw na yaon; ¹⁸At sisiyasating masikap ng mga hukom: at, narito, kung ang saksi ay saksing sinungaling, at sumaksi ng kasinungalingan laban sa kaniyang kapatid; ¹⁹Ay gagawin mo nga sa kaniya, ang gaya ng kaniyang inisip gawin sa kaniyang kapatid: sa gayo'y iyong aalisin ang kasamaan sa gitna mo. ²⁰At maririnig niyaong mga natitira at matatakot, at hindi na sila magkakamit pa ng gayong kasamaan sa gitna mo. ²¹At ang iyong mata'y huwag mahahabag: buhay kung buhay, mata kung mata, ngipin kung ngipin, kamay kung kamay, paa kung paa.

19:15 Ang talatang ito ay nagpapakita kung paano sila dapat nag-iingat sa kanilang paghukumang kaparaan (cf. 17:6; Bilang 35:30). Ang PANDIWANG “titindig” (BDB 877, KB 1086, *Qal* DI-GANAP) ay ay ginamit nang tatlong beses sa vv. 15 at 16.

19:16 “sang sinungaling na saksi” Ang PANGNGALANG “masamang-budhi” (BDB 329) sa karaniwan ay nangangahulugang “karahasan,” ngunit dito, ito ay nangangahulugang isang makalayuning, bulaang saksi sa hukuman (cf. Exodo 23:1; Mga Awit 27:12; 25:11), sila ay nagsasalita sa pangalan ni YHWH (sinumpaang salaysay), ngunit sinasadyang baluktutin ang katotohanan. Ang talata 19 ay nagpapakita ng mga kahihinatnan ng isang bulaang saksi (cf. Deuteronomio 5:20 at kabanata 11).



NASB, NKJV,

NRSV

TEV

“masamang gawa”

“mga bulaang pagpapatang”

NJB “isang pagsasakdal ng kawalang-pananampalataya”

Ang Hebreong termino (BDB 694 II) ay kadalasang nangangahulugang “isang mapanghimagsik na saloobin na naging isang pagkilos,” cf. 13:5; Jeremias 28:16; 29:32. Dito, ang konteksto ay nagpapahiwatig ng may layunin, pinaghandaang pagsisinungaling.”

19:17 “mga saserdote at ng mga magiging hukom” Ito ay tumutukoy sa:

1. Mga pang-lokal na hukom, 16:18-20; 17:8-13
2. Levitang mga saserdote ng punong sambahan (dambana), 18:1-8

Pansinin ang pagharap sa mga itinalagang hukom ay katulad ng pagharap kay YHWH (cf. 17:9,12).

19:18 “sisiyasating masikap ng mga hukom” Tingnan ang tala sa 13:15. Ito ay katulad nasalita (BDB 405, KB 408, *Hiphil* PAWATAS NA TIYAK) na ginamit din sa 17:4.

19:19 “gagawin mo nga sa kaniya, ang gaya ng kaniyang inisip gawin sa kaniyang kapatid” Ito ay isang halimbawa ng “ating inaani kung ano ang ating itanim (ihahasik)” o “isang mata-para sa-isang mata” na katarungan (cf. Levitico 24:19).

19:20 “maririnig niyaong mga natitira at matatakot” Mayroong panlipunang pagpapahinto ng pansariling kaparusahan ng komunidad (cf. 13:11; 17:13).

19:21 Tingnan ang tala sa v. 13. Ang “mata-para sa-mata” katarungan ng Israel, na tila lubhang marahas (i.e., *Lex taliomis*, na katangian din ng Kodigo ni Hammurabi, tingnan ang *Old Testament Times*, ni R. K. Harrison, pp. 57) ay sa katotohanan ay nangangahulugang ihinto ang “mga paghihiganting away” sa pagitan ng mga pamilya at mga angkan gayundin ang pagpapanatili ng pangritwal na kalinisan ng pangkasunduang bayan ng Diyos.

Ang isa ay nagtataka patungkol sa kung paaano maipapatupad na literal ang kautusang ito. Tila ang pisikal na pagsira ay napalitan ng karampatang kabayaran. Ito ay nakabatay sa nakapalibot na konteksto na katulad sa Exodo 21:23-25. Ang madaliang pagpapauna at pagsunod sa konteksto ay isinasaalang-alang ang kabayaran. Ang huli, ang mga rabi ay nagtalaga ng karampatang kabayaran para sa mga pagkilos na nagbubunga ng pansariling pagkawasak, Gayunman, ang pagpatay ng tao, ay nananatiling ipinagbabawal sa relihiyon. Ito ay may salungat na epekto sa kasunduan ng mga pagpapala mula kay YHWH at kailangang isaalang-alang nang nararapat!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit itinatag ng Diyos ang mga lungsod ng kanlungan?
2. Ipaliwanag ang konsepto ng “tagapaghiganti ng dugo.”
3. Paano tinatanganan ng mga Hebreo ang panunumpang walang katotohanan?
4. Ano ang layunin ng “mata-para sa-mata” na katarungan?

DEUTERONOMIO 20

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|--|----------------------------|--|
| Mga Panunutanang Namamahala sa Pakikidigma | Mga Alituntunin para sa Banal na Pakikidigma | Patungkol sa Digmaan | Digmaan at mga Panlaban |
| 20:1-9 | 20:1-9 | 20:1-4 20:5-7 20:8-9 | 20:1-4 20:5 20:6 20:7 20:8 20:9 Mga Nasakop na Bayan |
| 20:10-18 | 20:10-18 | 20:10-15 20:16-18 | 20:10-14 20:15-18 |
| 20:19-20 | 20:19-20 | 20:19-20 | 20:19-20 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG KALIGIRAN

- A. Ang kabanata 20 ay isang paglalarawan kung paano nagsagawa ng banal na pakikidigma ang Israel, na isang pakikidigma na ginagawa sa pangalan ng Diyos, inutos ng Diyos, ang mga alituntunin ay pinamamahalaan ng Diyos, para sa ang kaluwalhatian ng Diyos (cf. 20:1-20; 21:10-14; 23:9-14; 24:5; 25:17-19).

- B. Ang suliranin ng mga makabago ay nasa uri ng teksto na kadalasang kinapapalooban ng isang etikong pagmamalupit. Gayunman, ito ay hindi tamang iakma sa mga makabagong pagkaunawa ng etika at digmaan sa sinaunang panghukbong mga kasanayan.

Ang isa pang isyu ay ang suliranin ng mga makabagong Kristiyano na nagtatangkang iakma ang bawat teksto sa OT sa kanilang panahon. Hindi kalooban ng Diyos na ang bawat salin-lahi sa bawat lugar ay tumulad sa kultura ng sinaunang Near Eastern, ngunit upang tayo ay maghanap ng mga walang hanggang katotohanan na inuugnay sa mga pangkulturang pagkilos, ang mga walang-hangang katotohanan na nakabalot sa pangkulturang pagkilos, pagkatapos, ay iakma ang mga pagkalahatang katotohanang ito sa ating kultura. Isang mabuting aklat sa puntong ito ay *How To Read the Bible For All Its Worth* nina Fee at Stuart.

Dahil ito ay nagyari at nakatala sa Bibliya hindi ito nangangahulugang kalooban ng Diyos para sa sa bawat panahon at bawat kultura (e.g., kautusan sa pagkain, banal na pakikidigma, pag-aasawa nang higit sa isa, pagkaalipin, pagsupil sa mga kababaihan, atbp.).

- C. Ang kabanatang ito ay paghahalo ng kahabagan at kabagsikan!
- D. Para sa isang mabuting maikling pagtalakay tingnan si Roland de Vaux, *Ancient Israel*, tomo 1, pp. 258-267.

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:1-9

¹Pagka ikaw ay lalabas upang makibaka laban sa iyong mga kaaway at makakita ka ng mga kabayo, at mga karo, at ng isang bayang higit kay sa iyo, ay huwag kang matatakot sa kanila: sapagkat ang PANGINOON mong Diyos ay sumasaiyo, na siyang naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto. ²At mangyayari paglapit ninyo sa pakikibaka, na ang saserdote ay lalapit at magsasalita sa lungsod. ³At magsasabi sa kanila, Dinggin mo, Oh Israel, kayo'y lumapit sa araw na ito sa pakikibaka laban sa inyong mga kaaway: huwag manglupaypay ang inyong puso; huwag kayong matakot, ni manginig, ni maduwag dahil sa kanila. ⁴Sapagka't ang PANGINOON ninyong Diyos ay siyang yumayaong kasama ninyo, upang ipakipaglaban kayo sa inyong mga kaaway, upang kayo'y iligtas. ⁵At ang mga pinuno ay magsasalita sa lungsod, na sasabihin, Sinong tao ang nagtayo ng isang bagong bahay, at hindi pa niya natatalagahan? siya'y yumaon at bumalik sa kaniyang bahay, baka siya'y mamatay sa pakikibaka at ibang tao ang magtalaga. ⁶At sinong lalaki ang may itinanim na isang ubasan at hindi pa niya napapakinabangan ang bunga niyaon? siya'y yumaon at bumalik sa kaniyang bahay, baka siya'y mamatay sa pakikibaka at ibang lalaki ang makinabang ng bunga niyaon. ⁷At sinong lalaki ang nagasawa sa isang babae at di pa niya nakukuha? siya'y yumaon at bumalik sa kaniyang bahay, baka siya'y mamatay sa pakikibaka, at ibang lalaki ang kumuha sa kaniyang asawa. ⁸At muling magsasalita ang mga puno sa lungsod, at kanilang sasabihin, Sinong lalaki ang matatakutin at mahinang loob? siya'y yumaon at bumalik sa kaniyang bahay, baka ang puso ng kaniyang mga kapatid ay manglupaypay na gaya ng kaniyang puso. ⁹At mangyayari, pagka ang mga pinuno ay natapos nang makapanalita sa lungsod, na sila'y maghahalal ng mga kapitan ng mga hukbo sa unahan ng lungsod.

20:1 “mga kabayo, at mga karo” Ang mga Cananeo ay mayroong maraming mga kabayo at mga karwahe (i.e., ang panghuling panghukbong sandata sa panahong at lugar na iyon); ang mga Israelita ay wala (cf. Josue 11:4; 17:16; Isaias 31:1-3; Osea 14:3). Ang mga Israelita ay kailangang magtiwala kay YHWH upang pagkaloobang ng tagumpay, hindi nang mas mabisang sandata (cf. Isaias 30:15-17; 31:1-9).

■ **“huwag kang matatakot sa kanila”** Ang PANDIWANG ito (BDB 431, KB 4387, *Qal* DI-GANAP) ay isang inuulit na paksa sa mga konteksto ng banal na pakikidigma (cf. 1:21,29; 3:2,22; 7:18; 20:1,3; 31:6,8). Hindi dapat sila matakot sa kapangyarihan o bilang ng kanilang mga kaaway na Cananeo, ngunit sila ay dapat matakot kay YHWH (cf. 4:10; 5:29; 6:2,13,24; 10:12,20; 13:4; 14:23; 17:19; 28:58; 31:12,13), dahil Siya ay isang kamangha-manghang Diyos (katulad ng Hebreong termino, cf. 7:21; 10:17; 28:58).

■ **“sapagkat ang PANGINOON mong Diyos, na siyang naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto”** Tingnan ang Exodo 14:26-28 para sa isang sanggunian sa pagpapalaya ng Diyos sa Kanyang bayan mula sa Faraon. Ang pagtitiwala ay nakabatay sa:

1. Nakalipas na kapahayagan sa mga Patriyarka
2. Mahimalang pagpapalaya mula sa Ehipto
3. Mahimalang mga pagtutustos sa paglalagalag sa ilang
4. Mga tagumpay sa silangang panig ng Jordan

20:2 “ang saserdote ay lalapit at magsasalita sa bayan” Ang mga rabbi ay tawag sa taong ito na “ang piniling saserdote ng digmaan.” Bago ang digmaan, ang saserdote ay nagpaalala sa kanila na maging matapang dahil ang Diyos ay kasama nila. Kahit ang ilang ay namatay sa digmaan, ay Diyos may patuloy na kakalingain sila at ang kanilang mga pamilya.

20:3-4 Pansinin ang kalipunan ng mga pagpapaalala (“pagkingggan” BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS) ng ang saserdote sa talata 3:

1. “huwag manglupaypay ang inyong puso” - BDB 939, KB 1236, *Qal* DI-GANAP, ngunit JUSSIVE sa kahulugan, cf. Isaias 7:4; Jeremias 51:46
2. “huwag kayong matakot” - BDB 431, KB 432, *Qal* DI-GANAP, ngunit JUSSIVE sa kahulugan, tingnan ang tala sa v. 1
3. “huwag kayong manginig” - BDB 342, KB 339, *Qal* DI-GANAP, ngunit JUSSIVE sa kahulugan, cf. Job 40:23 (examples: I Samuel 23:26; II Mga Hari 7:15; Mga Awit 48:5)
4. “huwag kayong maduwag dahil sa kanila” - BDB 791, KB 888, *Qal* DI-GANAP, ngunit JUSSIVE sa kahulugan, cf. 1:29; 7:21; 31:6; Josue 1:9

Ang dahilan ng tiwala ay inihayag sa v. 4:

1. “Sapagka't ang PANGINOON ninyong Diyos ay siyang yumayaong kasama ninyo” - BDB 229, KB 246, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI
2. “upang ipakipaglaban kayo” - BDB 535, KB 526, *Niphal* PAWATAS NA KAYARIAN
3. “upang kayo'y iligtas” - BDB 446, KB 448, *Hiphil* PAWATAS NA KAYARIAN

20:5-8 “ang mga pinuno” Ito ay isang natatanging Hebreong salita (BDB 1009) na minsan ay ginagamit na may kinalaman sa mga lokal na hukom o pinunong panghukbo. Ito ay nangangahulugang “ang mga kinatawan mula sa bawat angkan” (cf. 1:15; 29:10; 31:28). Ang mga pinuno ay gumagawa ng mga paghatol sa kahit anong mga pasubali.

Ito ay isang tala ng mga pasubali na hindi ipinapahintulot ang isang Israelita na hindi sumama sa digmaan:

1. Ang isa na nagtayo ng isang bagong bahay at hindi pa ito natatalaga, v. 5 (maliwanag na isang hinaharap pangyayari; walang tala ang kalikasan o layunin ng pamamaraang ito na nakatala sa OT, ngunit ang termino ay katulad ng isa na itinatalaga ang templo, BDB 335 II).
2. Ang isa na nagtatamin sa ubasan at hindi pa nagagamit ang bunga nito, v. 6 (maliwanag na isang hinaharap pangyayari, ang ubasan ay tumatagal ng tatlong taon upang mamunga, cf. Levitico 19:23-25).
3. Ang isa na may kasunduan sa pagpapakasala, ngunit hindi pa kinakasal, v. 7, cf. 24:5.
4. Ang isa na natatakot o nanlulupaypay ang puso, v. 8, sapagkat ito ay maaaring magdulot sa iba na matakot, cf. Mga Hukom 7:3; I Macc. 3:56.

Mga Bilang 1, 2, at 3 ay nauugnay sa mga isyu ng man. Ngunit sila rin ay maaaring makita sa liwanag

ng Deuteronomio 28:30. Ang mga naturang bagay ay nabanggit bilang mga kalalabasan ng pagsuway sa kasunduan.

▣ **“siya’y yumaon at bumalik sa kaniyang bahay”** Ang pariralang ito ay binubuo ng MGA PANDIWA:

1. “yumaon” - BDB 229, KB 246, *Qal* DI-GANAP na ginamit bilang isang JUSSIVE
2. “bumalik” - BDB 996, KB 1427, *Qal* JUSSIVE

Ito ay nauulit kasama ng maaaring pasubali na nakatala (cf. vv. 5,6,7,8). Ito ay hindi ang laki ng hukbo ng, ngunit ang kapangyarihan ng Diyos ng Israel na gumagawa ng pagkakaibang ito! Mas maliit at kulang sa armas na hukbo, mas lalong napapalaki ang tagumpay ng Diyos (cf. Mga Hukom 7).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:10-18

¹⁰Pagka ikaw ay lalapit sa isang lungsod upang makipaglaban, ay iyo ngang ihahayag ang kapayapaan doon. ¹¹At mangyayari, na kung sagutin ka ng kapayapaan, at pagbuksan ka, ay mangyayari nga, na ang buong bayang masusumpungan sa loob ay magiging sakop mo, at maglilingkod sa iyo. ¹²At kung ayaw makipagpayapaan sa iyo, kundi makikipagbaka laban sa iyo, ay kukubkubin mo nga siya: ¹³At pagka ibinigay ng PANGINOON mong Diyos sa iyong kamay ay iyong susugatan ang bawat lalaki niyaon ng talim ng tabak: ¹⁴Nguni't ang mga babae, at ang mga bata, at ang mga hayop, at ang buong nasa lungsod, pati ng buong nasamsam doon, ay kukunin mong pinakasamsam; at kakanin mo ang samsam sa iyong mga kaaway na ibinigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos. ¹⁵Gayon ang iyong gagawin sa lahat ng bayang totoong malayo sa iyo, na hindi sa mga lungsod ng mga bansang ito. ¹⁶Nguni't sa mga lungsod ng mga taong ito na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos na pinakamana, ay huwag kang magtitira ng may buhay sa anomang bagay na humihinga: ¹⁷Kundi iyong lubos na lipulin sila; ang Hetheo, at ang Amorrheo, ang Cananeo, at ang Pherezeo, ang Heveo, at ang Jebuseo; gaya ng iniutos sa iyo ng PANGINOON mong Diyos. ¹⁸Upang huwag kayong turuan nilang gumawa ng ayon sa lahat nilang karumaldumal, na kanilang ginawa sa kanilang mga dios; na anopa't kayo'y magkasala laban sa PANGINOON ninyong Diyos.

20:10-15 Ito ay mga alituntuning pagsuko patungkol sa mga malalayong lungsod, mga lungsod na nasa paligid o nasa labas nang hangganan ng Ipinangakong Lupain na ipinagkaloob ng Diyos (i.e., nasa labas ng minana ng Israel, cf. v. 15).

20:11 “magiging sakop mo, at maglilingkod sa iyo” Ito ay nagpapakita ng isang karaniwang sangkap ng sinaunang pakikidigma ng Near East.

20:13 “talim ng tabak” Ang literal na Hebreo ay “sa bibig ng tabak.” Ang implikasyon ay ang lahat ng lalaki ng isang partikular na edad ay pinatay.

20:14 Sa sinaunang mundo, ang mga sundalo ay hindi binabayaran ng sahod, ngunit ang kanilang gatimpala ay ang mga naiwan ng pagtatagumpay sa digmaan. Sa Israel, lalo na sa “banal na pakikidigma,” ang mga naiwan ay para kay YHWH upang ipakita na ang tagumpay ay Kanyang tagumpay at ang lupain ay Kanyang lupain. Ang mga talata ay mga pasubali sapagkat ang mga lungsod na ito ay nasa labas ng Ipinangakong Lupain.

▣ **“ang mga babae”** Kahit na ang mga nabihag na alipin ay may ilang mga karapatan (cf. 21:10-14).

20:16-18 Ang mga talata ay tumutukoy sa mga lungsod sa loob ng Ipinangakong Lupain. Ang mga lungsod ay lubusang nasa ilalim ng pagbabawal ng pagkawasak (cf. vv. 16-17).

20:16 “huwag kang magtitira ng may buhay sa anomang bagay na humihinga” Ito ay nangangahulugang maliliit na bata, mga buntis na babae, lumang bayan, mga hayop. . . anumang bagay na

humihinga (cf. Josue 10:40; 11:11,14).

20:17 “lubos na lipulin” Ang salita dito ay *herem* (BDB 355, KB 353, *Hiphil* PAWATAS NA TIYAK at *Hiphil* DI-GANAP, na isang pang-gramatikong paraan ng pagpapakita ng pagtindi), na kaisipan ng lubusan at buong pagkawasak sapagkat ito itinalaga sa Diyos (cf. 2:34; 7:1-5).

▣ **“ang Hetheo at ang Amorrheo, ang Cananeo at ang Pherezeo, ang Heveo at ang Jebuseo”**

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang mga Naninirahan sa Palestino bago pa Dumating ang mga Israelita sa 1:4.

20:18 Paaano ito magagawa ng isang mapagmahal na Diyos? Ang isang sagot ay matatagpuan sa v. 18 - isang teolohikong dahilan. Kung hindi mo sila lilipulin, dudumihan ka nila sa teolohiya. Ang isa pang sagot ay matatagpuan sa Deuteronomio 9:4 at ang isang-katlo ng Genesis 15:12-21. Ang mga kasalanan ng tao ay mayroong kahihinatnan!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 20:19-20

¹⁹Pagka iyong kukubkubing mahabang panahon ang isang lungsod sa pakikibaka upang sakupin, ay huwag mong sisirain ang mga punong kahoy niyaon, na pagbubuhatan ng palakol; sapagkat makakain mo, at huwag mong ipagbubuwal; sapagkat tao ba ang kahoy sa parang na kukubkubin mo? ²⁰Ang mga punong kahoy lamang na iyong kilala na hindi mga kahoy na nakakain, ang iyong sisirain at ibuwal; at iyong itatayong mga kuta laban sa bayang nakikibaka sa iyo, hanggang sa maibuwal mo.

20:19-20 Ang mga pinaderang mga lungsod sa sinaunang Near East ay linulusob sa pamamagitan ng mga makinaryang kahoy na pagkubkob. Ang kahoy ay kunuha mula sa punong di-namumunga, maaaring sapagkat ito ay hindi nagbubunga na maaaring kailanganin ng mga naninirahang Israelita sa natalong lungsod.

20:19

NASB, NJB “tao ba ang kahoy sa parang”

NKJV “ang para sa puno ng bukid ay *pagkain* ng tao”

NRSV “mga puno sa bukid, mga tao”

TEV “ang mga puno ay hindi mo kaaway”

Ang Hebreong teksto ay napakahirap dito. Ito ay tila nangangahulugang ang mga puno ay hindi kaaway! Ito ay mga paraan ni YHWH sa pagtutustos ng kagyat at hinaharap na pagkain para sa Kanyang bayan.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paaano pinakikitunguhan ang pagkatakot ng Israel sa madaming bilang at teknolohiya?

2. Itala ang apat na mga pasubali mula sa paglilingkod ng hukbo:
3. Itinataguyod ba ng Diyos pagkaalipin (v. 11)?
4. Paano maipagkakasundo ng sinuman ang vv. 16-17 sa ating pananaw sa Diyos?
5. Itala ang lahat ng makataong aspeto ng kabanatang ito.

DEUTERONOMIO 21

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|--------------------------------------|--|---|
| Ang Kautusan patungkol sa Di-nalutas na Pagpatay | Sari-raing mga Kautusan (21:1-23:14) | Patungkol sa Di-nalutas ng Pagpatay | Ang Di-makilalang Pumatay |
| 21:1-9 | 21:1-9 | 21:1-9 | 21:1-9 |
| Mga Babaeng Bilanggo ng Digmaan | | Patungkol sa mga Babaeng Bilanggo ng Digmaan | Mga Babaeng Kinuha sa Digmaan |
| 21:10-14 | 21:10-14 | 21:10-14 | 21:10-14 |
| Mga Karapatan sa Mana ng Panganay | | Patungkol sa Mana ng Panganay | Karapatan ng Unang Isinilang |
| 21:15-17 | 21:15-17 | 21:15-17 | 21:15-17 |
| Ang Mapaghimsik na Anak na Lalaki | | Patungkol sa Masuwaying Anak na Lalaki | Ang Mapaghimsik na Anak na Lalaki |
| 21:18-21 | 21:18-21 | 21:18-21 | 21:18-21 |
| Sari-saring mga Kautusan (21:22-22:12) | | Iba't-Ibang mga Kautusan (21:22-22:12) | Iba't-Ibang mga Alituntunin (21:22-22:12) |
| 21:22-23 | 21:22-23 | 21:22-22:3 | 21:22-22:2 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

MGA KAUNAWAANG KONTEKSTWAL

- A. Pansinin ang inuulit na halimbawa ng “kung. . . pagkatapos.” Ito ay isang uri ng sinaunang Near Eastern na kautusan (i.e., kalagayang kautusan o palakasuistang kautusan), na naiiba mula sa apodiktang kautusan (e.g., ang Sampung Salita/Sampung Utos).

- B. Ang kodigo ng kautusan sa Deuteronomio ay mayroong maraming natatanging katangian:
1. inuulit na mga pagbibigay-diin sa pang-kasunduang pag-ibig
 - a. ni YHWH sa Israel
 - b. ng mga Israelita sa kapwa Israelita
 - c. ng mga Israelita sa mga banyaga
 - d. ng mga Israelita sa mga hayop
 2. natatanging pagkalinga para sa mahirap, tinanggalan ng karapatan, at mahihina
- C. Tinuturuan ni YHWH ang Kanyang bayan na tuwirin ang daan (mga landas). Nais Niya silang makaunawa at kumilos nang nararapat. Ang kanilang pagkios ay magpapakilala ng Kanyang katangian bilang isang kaparaan ng pag-abot sa kanila na hindi pa nakakakilala sa Kanya (pansarili at pambansang pananampalatang pakikipag-ugnayan). Ang Kautusan ay kaloob ng Diyos sa nalugmok na sangkatauhan, hindi isang paiba-ibang pagganap ng pamamahala! Sila ay maipapakita sa maraming praktikal at partikular na mga paraan kung paano ang isang “makasalanang bayan” ay maaaring magpatuloy sa pakikipag-ugnayan sa banal na Diyos!

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:1-9

¹Kung may masumpungang pinatay sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos upang ariin, na nabubulagta sa parang, *at* hindi maalaman kung sinong sumugat sa kaniya: ²Ay labas nga ang iyong mga matanda at ang iyong mga hukom, at kanilang susukatin *ang layo* ng mga bayang nasa palibot ng pinatay: ³At mangyayari, na ang mga matanda sa bayang yaon, na bayang malapit sa pinatay, ay kukuha ng isang dumalagang baka sa bakahan, na hindi pa nagagamit at hindi pa nakakapagpasan ng pamatok; ⁴At ibababa ng mga matanda ang dumalagang baka sa isang libis na may agos ng tubig, na di pa nabubukid, ni nahahasikan, at babaliin ang leeg ng dumalagang baka doon sa libis: ⁵At ang mga saserdote na mga anak ni Levi ay lalapit, sapagkat sila ang pinili ng PANGINOON mong Diyos na mangasiwa sa kaniya, at bumasbas sa pangalan ng PANGINOON; at ayon sa kanilang salita ay pasisiyahan ang bawat pagkakaalit at bawat awayan: ⁶At lahat ng mga matanda sa bayang yaon, na malapit sa pinatay, ay maghuhugas ng kanilang kamay sa ibabaw ng dumalagang baka na binali ang leeg sa libis: ⁷At sila'y sasagot at sasabihin, Ang aming kamay ay hindi nagbubo ng dugong ito, ni nakita ng aming mga mata *ito*. ⁸Patawarin mo, Oh PANGINOON, ang iyong bayang Israel, na iyong tinubos, at huwag mong tikising matira sa gitna ng iyong bayang Israel, ang dugong walang sala. At ang dugo'y ipatatawad sa kanila. ⁹Gayon mo aalisin ang dugong walang sala sa gitna mo, pagka iyong gagawin ang matuwid sa paningin ng PANGINOON.

21:1-9 Ito ay isang kontekstong patungkol sa kung paano linisin ang lupain kapag ang isang napatay na tao ay natagpuan sa isang maluwag na parang, na malayo sa anumang lungsod. Ang pagpatay ng tao ay dumudungis sa lupain ni YHWH (e.g., 7:13; 11:9,21; 28:11; 30:20) at kailangang tratuhin sa isang nararapat na paraan (i.e., pag-aalay).

21:2 “mga matatanda at mga hukom” Mayroong mga lokal na itinalagang namumuno na umuupo sa mga pintuan ng lungsod at dinidinig ang mga suliranin ng komunidad. Yamang kung mayroong silang isang suliranin, dinadala nila ang pagdinig sa isang mas mataas na kapangyarihan (i.e., Levitang mga saserdote, cf. v. 5). Sinusukat nila ang layo mula sa natagpuang katawan patungo sa mga lungsod na nakapaligid. Ang pinakamalapit na bayan ay kailangang maisakatuparan ang mga tiyak na ritwal (cf. vv. 3-8). Ipinapakilala nito ang kanilang pag-unawa ng pagkakasala sa pamamagitan ng kalapitan. Ang pinakamalapit na lungsod ay ang may pananagutan para sa pagkakasalang-dugo, na maaaring makaapekto sa mga pagpapala ni YHWH sa buong rehiyon (cf. 19:13).

21:3 “dumalagang baka. . . na hindi pa nagagamit at hindi pa nakakapagpasan ng pamatok” Ito nangangahulugang isang dalagang baka na hindi pa nagagamit para sa pang-agrikulturang gawain.

21:4 “isang libis na may agos ng tubig, na di pa nabubukid, ni nahahasikan” Ang libis, din, ay hindi dapat madudumihan ng mga pagkilos ng tao o sa isang likas na kalagayan. Ang tubig ay sumasagisag sa pag-aalis ng kasalanan (katulad sa kambing ng Levitico 16).

▣ **“babaliin ang leeg ng dumalagang baka”** Sa huli, sinabi ng mga rabbi na “tagpasin ang ulo ng palakol” sapagkat ang pagbabali ng leeg ay isang napakahirap na gawain (cf. Exodo 13:13; 34:20). Gayunman, ang dugo ay tila hindi kasangkol sa ritwal, ngunit sa konsepto ng paghahalili. Ang walang kasalanang baka, sa seremonya, ay humahalili sa isang di-kilalang mamamatay-tao. Ang layunin ay upang tanggalin ang kasalanan ng lupain sa walang kasalanang dugo (cf. Bilang 35:33-34).

21:5 “ang mga saserdote” Sila ay maaaring tumukoy, sa huli, sa mga Levita.

▣ **“bumasbas sa pangalan ng PANGINOON”** Ang pagbabasbas ay isa sa mga tungkulin ng mga saserdote/mga Levita (cf. 10:8; I Cronica 23:13). Ang isang halimbawa ng makasaserdoteng pagpapala ay ay nakatala sa Bilang 6:22-26. Ito ay pagpapala na nauugnay sa pagpapanatili ng kasunduan ng Israel (cf. Bilang 6:27; Deuteronomio 28:3-6). Ang pansariling presensya ni YHWH (i.e., pangalan) ay iginagalang o itinatangi sa pamamagitan ng pagsunod o kusang pagsuway ng Israelita sa kapahayagan ni YHWH (i.e., kasunduan). Ang pagpapala ng Israel, kapwa pansarili (cf. Exodo 19:5-6) at pangkalahatan, ay natutukoy hindi sa pamamagitan ng nagkataon o paiba-ibang pagpili, ngunit sa pamamagitan ng pansariling pananampalatay kay YHWH, na isinasakatuparan sa pamamagitan ng pagsunod sa kasunduan (pamumuhay). Nais ni YHWH na magpala (cf. Exodo 20:24; II Cronica 30:27).

▣ **“ayon sa kanilang salita ay pasisiyahan ang bawat pagkakaalit at bawat awayan”** Ang PANDIWA ay ang karaniwang isa, “na maging” (BDB 224, KB 243, *Qal* DI-GANAP). Ang saling “maging palagian” ay nagmula sa naunang PANGNGALAN na parirala, “sa kanilang salita” (BDB 804).

Mayroong dalawang uri ng mga legal na suliranin ang nabanggit:

1. “pagkakaalit” (i.e., kaso) - BDB 936, cf. 1:12; 19:17; 21:5; 25:1; Exodo 23:2,3,6
2. “awayan” - BDB 619, cf. 17:8. Dito, ito ay tumutukoy sa pisikal na paglusob, ngunit ang termino may mangahulugang sakit, cf. 24:8 (maraming beses sa Levitico).

21:6 “maghuhugas ng kanilang kamay sa ibabaw ng dumalagang baka” Ito ay sumasagisag sa paglilinis (cf. Mga Awit 26:6; 73:13) mula sa pagkakasala sa kalapitan ng bangkay. Ang mga pinuno ay kumakatawan sa buong komunidad habang sila, sa pangkalahatan ay naghuhugas ng kasalanan mula sa nayon at lugar.

21:7 “Ang aming kamay ay hindi nagbubo ng dugong ito, ni nakita ng aming mga mata” Ang mga rabbi ay inuugnay ito upang makatulong sa mga tagaibang-bayan, mahirap, ulila, o balo. Yamang ang mga taga-nayon ay hindi nakita ang pangangailangan ng tagaibang-bayan, sila ay hindi kasama sa pagpupuno ng pangangailangang iyon. Ito ay maaaring isang paraan upang pigilin ang pamilya ng biktima (i.e., tagapaghiganti sa dugo) mula sa pagpatay ng isang walang kasalanan na miyembro ng pinaka malapit na nayon sa pagganti.

21:8

NASB, TEV,

NJB

NKJV

REB

“patawarin”

“magkaloob ng katubusan”

“tumanggap ng kabayaran”

Ito ay ang Hebreong PANDIWA “takpan” (BDB 497, KB 493, *Piel* PAUTOS). Ito ay ginamit nang dalawang beses sa talatang ito(ang pangalawang gamit ay isang *Nithpael* GANAP). Ang terminong ito, na lubhang karaniwang sa Levitico at Mga Bilang, ay ginamit lamang nang tatlong beses sa Deuteronomio (21:8[dalawang beses]; 32:43). Ang karaniwang kahulugan nito ay “pang-ritwal na pagtatakip sa pamamagitan ng isang hain.”

▣ “**tinubos**” Ang PANDIWANG ito (BDB 804, KB 911, *Qal* DI-GANAP, ngunit JUSSIVE sa kahulugan) ay katulad ng “pinatawad” (i.e., takpan). Tingnan ang Natatanging Paksa: Panubos/Pagtubos sa 7:8.



NASB “**huwag mong tikising matira sa gitna ng iyong bayan, ang dugong walang sala**”

NKJV “**huwag mong ilatag ang walang-salang dugo sa pagbabayad ng Iyong bayan**”

NRSV “**huwag mong hayaan ang kasalanan sa walang-kasalang dugo na manatili sa iyong bayan**”

TEV “**huwag mong itaglay sa amin ang pananagutan para sa pagpatay ng isang walang-salang tao**”

NJB “**huwag hayaan ang walang kasalananang dugo ay dumaloy sa ating bayan**”

Ang PANDIWA (BDB 678, KB 733, *Qal* DI-GANAP, ngunit sa isang JUSSIVE na kaunawaan) ay isang panalangin para sa pang-ritwal na pagpapawalang-sala mula sa mga kahihinatnan ng isang hindi nalutas na pagpatay. Pansinin kung paano isinalin ng NJB ang parirala bilang isang JUSSIVE.

21:9 Ang ritwal (cf. vv. 1-8) ay nakikita bilang “paglilinis” (BDB 128, KB 145, *Piel* DI-GANAP) na nakakaapekot sa pangkalahatang kasalanan (i.e., mga hindi nalutas na pagpatay) mula sa ang buong komunidad (katulad ng mga ritwal sa “ang Araw ng Katubusan” sa Levitico 16). Ang kasalanan, kahit na ang hindi sinasadyang pangkalahatang, ay nakakaapekto sa pagpapala ni YHWH at nagdudulot ng samasamang pagkapoot (i.e., mga sumpa, cf. Deuteronomio 27-29).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:10-14

¹⁰Pagka ikaw ay lalabas upang makipagbaka laban sa iyong mga kaaway, at ibibigay sila ng PANGINOON mong Diyos sa iyong mga kamay, at dadalhin mo silang bihag, ¹¹At makakakita ka sa mga bihag ng isang magandang babae, at magkaroon ka ng nasa sa kaniya, at iibigin mo siyang kuning asawa, ¹²Ay iyo nga siyang dadalhin sa iyong bahay; at kaniyang aahitan ang kaniyang ulo, at gugupitin ang kaniyang mga kuko; ¹³At kaniyang huhubarin ang suot na pagkabihag sa kaniya, at matitira sa iyong bahay, at iiyakan ang kaniyang ama at ang kaniyang ina na isang buong buwan: at pagkatapos noo'y sisiping ka sa kaniya, at ikaw ay magiging asawa niya, at siya'y magiging iyong asawa. ¹⁴At mangyayari, na kung di mo kalugdan siya, ay iyo ngang pababayaang siyang yumaon kung saan niya ibig; nguni't huwag mo siyang ipagbibili ng salapi, huwag mo siyang aalipinin, sapagkat iyong pinangayupapa siya.

21:10-14 Ang mga talata ay nagpapahayag kung paano nararapat na makitungo sa mga kababaihan (i.e., hindi sa mga Cananeo, ngunit sa iba, cf. 20:10-15) na nabihag sa pakikidigma, kahit na sila ay may mga karapatan sa lupain ni YHWH. Ang pagkalingang nito sa mahirap at mahina ay natatangi sa mga sinaunang kodigo ng kautusan sa mundo.

21:11 “babae” Ito ay hindi isang babaeng Cananeo, isang dayuhan, marahil, ngunit hindi Cananeo.

▣ Pansinin ang makadiwang pagpapatuloy:

1. “makikita” - BDB 906, KB 1157, *Qal* GANAP
2. “iibigin” - BDB 365 I, KB 362, *Qal* GANAP, ginammit sa pag-ibig ni YHWH para sa Israel sa 7:7; 10:15
3. “kunin” - BDB 542, KB 534, *Qal* GANAP. Dito, ito hindi nagpapahiwatig na isang pagsasamang

sekswal, ngunit isang dinadala sa isang bahay (cf. v. 12).
Ito ay katulad na pagkakasunod na matatagpuan sa Genesis 3:6!

21:12 “kaniyang aahitan ang kaniyang ulo, at gugupitin ang kaniyang mga kuko” Ito ay isang (1) pagtatapos (cf. Bilang 6:9,18-19); (2) paglilinis (cf. Levitico 13:33; 14:8-9); o (3) pamimighating (cf. 14:1; Levitico 21:5; Jeremias 41:5; Ezekiel 44:20) ritwal. Dito, ito ay sumasagisag sa isang bagong araw, isang bagong buhay, isang bagong pamilya. Ito ay nakakawili na ang kanyang pagbabalik-loob kay YHWH ay pinagpalagay, ngunit hindi pinahayag. Ang pananampalataya ng asawang lalaki ay ang pananampalataya ng pamilya!

21:13 “at iiyakan ang kaniyang ama at ang kaniyang ina” Bagaman ang teksto ay hindi tiyakang ipinahahayag na ang babaeng ito ay kailangang walang asawa, ito ay ipinahiwatig. Walang nabanggit na pagluluksa na nawalang asawang lalaki o ang pagbanggit ng mga anak.

▣ **“pagkatapos noo'y sisiping ka sa kaniya”** Ito ay isang Hebreong kataga para sa sekswal na pagtatalik (i.e., na nalulubos sa pag-aasawa). Pansinin na ang pagnanais para sa mga sekswal na pakikipag-ugnayan, kahit na sa isang di-Israelita, ay hindi ipinagbabawal, ngunit mayroong isang nararapat na panahon. Ang buwang ito ng pamimighati na nagbibigay ng panahon sa lalaking Hebreo na makilala ang kaniyang maaaring maging asawa. Kung ang mga bagay ay hindi naging maganda, mayroong paraang pag-iwas na walang paghihiwalay (diborsyo).

Tandaan din na ang tila kapawan ng isang aktwal na seremonya ng kasalan (cf. Genesis 24:67).

21:14 “pababayaang siya” Ito ay isang teknikal na salita para sa paghihiwalay (diborsyo) (BDB 1018, KB 1511, *Piel* GANAP). Siya ay hindi maaaring ipagbili (*Qal* PAWATAS NA TIYAK at *Qal* DI-GANAP ng BDB 569, KB 5181, na isang pang-gramatikong paraan ng paghahayag ng diin) tulad ng isang alipin, ngunit siya may hiwalayan. Tingnan ang tala sa 24:1-4.

▣
NASB “huwag mo siyang aalipinin”
NKJV “huwag mo siyang pagmamalupitan”
NRSV, TEV “huwag mo siyang tratuhin bilang isang alipin”
NJB -----

Ang PANDIWA (BDB 771 II, KB 849, *Hithpael* DI-GANAP) ay nangangahulugang “pakitunguhan nang may kalupitan” o “piliting magpailalim sa kalooban ng isang mas makapangyarihang tao” (cf. 24:7). Si YHWH ay nagnanalinga para sa pantay na pakikitungo kahit na sa nabihag na kababaihan!

▣
NASB, NKJV “sapagkat iyong pinangayupapa siya”
NRSV “sapagkat iyong winalang-puri siya”
TEV “sapagkat pinilit mo siyang makipagtalik sayo”
NJB “sapagkat pinagsamantalahan mo siya”
REB “sapagkat mayroon kang nais gawin sa kanya”

Ang PANDIWANG ito (BDB 776, KB 853, *Piel* GANAP), sa kontekstong ito, ay ang pinakamainam na isinasalin tulad ng TEV (e.g., Genesis 34:2; Deuteronomio 22:24,29; Mga Hukom 19:24; 20:5; II Samuel 13:12,14,22,32). Ang mga babae may may dinaranas na:

1. Pagkabihag sa pakikidigma
2. Pagkawala ng pamilya
3. Sapilitang pagsasama sa pagkasal, na ipinagpapalagay na isang pangrelihiyong pagbabalik-loob
4. Sapilitang pagpapatanggal ngayon mula sa tahanan (na may pahiwatig na kasalanan, cf. Deuteronomio 24:1-4) na walang lugar na pupuntahan

Pansinin na ang talatang ito, at ang susunod din dito, ay nagtatakda ng pangkulturang kapangyarihan

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:15-17

¹⁵Kung ang isang lalaki ay may dalawang asawa, na ang isa'y sinisinta, at ang isa'y kinapopootan, at kapuwa magkaanak sa kaniya, ang sinisinta at ang kinapopootan; at kung ang maging panganay na lalaki ay sa kinapopootan: ¹⁶Ay mangyayari nga sa araw na kaniyang pagmanahin ang kaniyang mga anak ng kaniyang tinatangkilik, ay hindi niya magagawang panganay ang anak ng sinisinta na higit kay sa anak ng kinapopootan, na siyang panganay; ¹⁷Kundi kaniyang kikilalaning panganay, ang anak ng kinapopootan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kaniya ng dalawang bahagi sa buong kaniyang tinatangkilik; sapagkat siya ang pasimula ng kaniyang lakas; ang karapatan nga ng pagkapanganay ay kaniya.

21:15 Ang talataang ito ay kinikilala ang pangkulturang pag-aasawa nang marami. Ang unang halimbawa sa OT ay si Lamech (Genesis 4:23). Ang pinakasikat na sinaunang maraming asawa ay si Jacob sa Genesis 29. Ang pag-aasawa nang marami ay ginagawa na mayayaman o makapangyarihang bayan, hindi kadalasan sa karaniwang bayan (bagaman ang vv. 10-14 may ay tumukoy sa pag-aasawa ng dalawa).

Ang tiyak na motibo para sa gawain ay di-tiyak:

1. sekswal
2. pampag-anak (isang tagapagmana)
3. ekonomiko
 - a. pagtulong sa mahirap na pamilya
 - b. isang paraan upang makakuha ng kayamanan at kapangyarihan
 - c. isang paraan ng paghahawak na mga naiwan ng digmaan
4. pagsasanib pampulitika upang tulungan ang mga karatig na mga bansa na mapanatili ang kapayapaan (i.e., David, Solomon)

▣ **“kinapopootan”** Ito sa literal ay “kinasusuklaman” (BDB 971, cf. vv. 15[dalawang beses],16,17). Ngunit ito ay gumaganap dito bilang isang Hebreong kataga ng paghahambing—inibig laban sa di-inibig (cf. Genesis 29:30-31; Malakias 1:2-3; Roma 9:13 [quotes Malakias 1:2-3]; Lucas 14:26).

▣ **“panganay na lalaki”** Ang karapatan ng panganay ay natatag kahit na kung siya ay anak ng di-inibig (cf. v. 17; Exodo 13:14-15; Levitico 3:12-13).

21:17 “dalawang bahagi” Ang Hebreong kataga (BDB 804, “bibig” at BDB 1040, “dalawa”) ay ginamit din sa pagnanais nauugnay ni Eliseo kay Elias sa II Mga Hari 2:9. Ito ay ang tanging lugar sa OT na ang dalawang bahaging ito ay tiyakang binanggit. Kung may dalawang anak, ang mag nakakatanda may makatanggap ng dalawang-ikatlo at ang nakakabata ay isang-ikatlo; kung tatlong mga anak, samakatuwid, 50%, 25%, 25%, atbp.

Ito ay nakakawili na ang pagkamakasaysayan ng mga kautusan ay naipakita sa pamamagitan ng mga arkeolohikong pagsusuri ng mga kodigo ng sinaunang kautusan:

1. Si Jacob sa Genesis 49 ay nagkaloob sa lahat ng kanyang labindalawang mga anak na magkakatumbas na mana. Ito ay ipinahayag sa Kodigo ni Hammurabi
2. Dito, ang pagkabanggit ng isang dalawang bahagi para sa panganay ay katulad ng mga tableta sa Nuzi at Mari.
3. Ang mga pagkakaibang natala sa Banal na Kasulatan ay nagpapahayag ng mga pagkakaiba kanilang pagkasalukuyang kultura (tingnan *ang The Old Testament Documents* ni Walter C. Kaiser, Jr., p. 86).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:18-21

¹⁸Kung ang isang lalaki ay may matigas na loob at mapanghimagsik na anak, na ayaw makinig ng tinig ng kaniyang ama, o ng tinig ng kaniyang ina, at bagaman kanilang parusahan siya ay ayaw makinig sa kanila: ¹⁹Ay hahawakan nga ng kaniyang ama at ng kaniyang ina at dadalhin sa mga matanda sa kaniyang lungsod, at sa pintuang-lungsod ng kaniyang pook; ²⁰At kanilang sasabihin sa mga matanda sa kaniyang lungsod. Itong aming anak ay matigas na loob at mapanghimagsik, na ayaw niyang dinggin ang aming tinig; siya'y may masamang pamumuhay, at manglalasing. ²¹At babatuhin siya ng mga bato, ng lahat ng mga lalaki sa kaniyang lungsod upang siya'y mamatay: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo; at maririnig *ito* ng buong Israel, at matatakot.

21:18-21 Ang bahaging ito ay tumatalakay sa mga mapanghimagsik na anak na lalaki at kung paaano sila pakikitunguhan ng mga magulang (cf. Exodo 21:15,17; Levitico 20:9). Ang mga magulang ay walang karapatan sa buhay o kamatayan ng isang anak, ngunit ginagawa ito ng mga hukuman. Ito ay patungkol sa paglabag ng 5:16; (2) ang minana sa loob ng pamilya; at (3) pagkakaisa ng komunidad.

21:18 Ang uring ito ng mga kabataang laban sa lipunan ay maitatangi bilang:

1. “sutil” - BDB 710, KB 770, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI
2. “mapanghimagsik” - BDB 598, KB 632, *Qal* TAHAS NA PANDIWARI
3. Kapwa ang mga bagay na ito ay ginamit na magkasama sa Mga Awit 78:8 at Jeremias 5:23

Ang limang MGA PANDIWARI sa talatang ito ay nagpapakita ng nagpapatuloy na pagkilos. Ang natatabing bahagi ng talata ay naglalarawan ng kanilang mga pagkilos:

1. Hindi susunod sa kanyang mga magulang, vv. 18,20
2. Hindi niya sila pakikinggan, v. 18
3. masiba, v. 20 - BDB 272 II
4. lagenggero, v. 20 - BDB 684

Tingnan ang *Hard Sayings of the Bible*, pp.174-175.

21:19 “hahawakan nga ng kaniyang ama at ng kaniyang ina” Ito nangangahulugang alinman sa (1) kapwa hahawakan ng bawat-isa (BDB 1074, KB 1779, *Qal* GANAP) o (2) ang pangangailangan para sa dalawa saksi (cf. 17:6; 19:15; Bilang 35:10).

▣ “pintuang-bayan” Ang lokal na lugar ng pagghahatol ay ang pintuan ng lungsod, kung saan ang mga pinuno ay nakaupo (e.g., 19:12; 22:15; 25:7).

21:21 “babatuhin siya ng mga bato, ng lahat ng mga lalaki sa kaniyang bayan” Pansinin ang makataong aspeto na ang mga magulang batuhin ang kanilang sariling anak. Ang komunidad (cf. Levitico 20:2,27; 24:14-23; Bilang 15:35) ang kikilos upang tanggalin ang sarili nito sa masama, at kusang-loob na matigas na ulong miyembro.

NATATANGING PAKSA: ANG PARUSANG KAMATAYAN SA ISRAEL

Ang sinaunang Israel ay naglalarawan ng katangian ni YHWH sa mundo (cf. Genesis 12:3; 22:18; Exodo 19:5-6). Kapag ang sinasadyang pangkasunduan paghihimagsik ay sumira sa pang-misyong layunin nito, mabigat na mga kahihinatnan ang mangyayari (i.e., parusang kamatayan).

Ang Pentateuch ay nagtala ng maraming mga kaurian:

1. mga kasalanan laban kay YHWH
 - a. mga kasanayan sa pagsambang Cananeo - Exodo 22:18; Levitico 20:2-3,27; Deuteronomio 18:10-11
 - b. pagsamba sa diyus-diyos (mga bagay sa himpapawid) - Exodo 22:20; Deuteronomio

17:2-7

- c. pamumusong - Exodo 22:28; Levitico 24:15-16
 - d. bulaan propesiya - Deuteronomio 13:1-11; 18:20-22
 - e. mga paglabas sa Sabbath - Exodo 31:14-15; 35:2
2. mga kasalanang sekswal
 - a. kahalayan - Levitico 20:11-21
 - b. pakikiapid - Levitico 19:29; 21:19; Deuteronomio 22:13-21; 23:17-18
 - c. pangangalunya - Exodo 20:14; Levitico 20:10; Deuteronomio 22:23-24
 - d. sodomya - Levitico 18:22; 20:13
 - e. makahayop - Exodo 22:19; Levitico 20:15-16
 3. paglabag sa mga pangkasunduang alituntunin laban sa mga kapwa Israelita
 - a. pagpatay - Exodo 20:13; 21:12-14; Levitico 24:17; Bilang 35:16-21; Deuteronomio 5:17
 - b. pagdukot (upang ipagbili) - Exodo 21:16; Deuteronomio 24:7 at maaaring Exodo 20:15; Deuteronomio 5:19
 - c. paghihimsik laban sa mga magulang - Deuteronomio 21:18-21
 - d. bulaang saksi
 - e. pagkula sa mga naiwan ng banal na pakikidigma - Josue 7

Ang mga paraan ng kaparusaan ay nagbabago din:

1. pagbato - pinakakaraniwan
2. pagsunog - Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9
3. pagbitin/pagtusok - Deuteronomio 21:22-23
4. tabak - Deuteronomio 13:15

Mga hindi kasama para sa mga natatanging katayuan:

1. mga lungsod ng kanlungan at sumusunod na pagdinig - Josue 20
2. mga mahigpit na pagsisiyasat ng mga paratang - Deuteronomio 13:15; 17:4; 19:18
3. pangangailangan para sa dalawa mga saksi - Bilang 35:36; Deuteronomio 17:6; 19:15

Ang parusang kamatayan ay kailangang maging:

1. isang paraan ng paglilinis ng lupain - Deuteronomio 13:5; 17:12; 19:13,19; 21:9,21; 22:21,22,24; 24:7
2. isang pagpipigil sa iba - Deuteronomio 17:13; 19:20; 21:21
3. isang paraang ng pagpapahinto ng pang-angkang karahasan (i.e., walang pansariling paghihiganti, maliban sa mga alituntuning itinakda para sa tagapaghiganti ng dugo)

Tingnan ang *Ancient Israel*, tomo 1, pp. 147-163).



NASB “gayon mo aalisin”

NKJV “iyong aalisin”

NRSV “iyong lilinisin”

TEV “iyong tatanggalin”

NJB “iyong kailangang itaboy”

Ang Hebreong PANDIWA (BDB 128, KB 145, *Piel* GANAP) ay nangangahulugang sunugin sa kaunawaan ng lubusang pagtanggap (cf. 13:5; 17:7,12; 19:13,19; 21:9,21; 22:21,22,24; 24:7).



“at maririnig ng buong Israel *ito*, at matatakot” Ang kaparusahan sa lipunan ay gumaganap bilang isang pagpipigil. Tingnan ang tala sa 13:11.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 21:22-23

²²Kung ang isang lalaki ay magkasala ng kasalanang marapat sa kamatayan, at siya'y patayin, at iyong ibitin siya sa isang punong kahoy; ²³Ay huwag maiiwan buong gabi ang kaniyang bangkay sa punong kahoy, kundi walang pagsalang siya'y iyong ililibing sa araw ding

yaon; sapagkat ang bitin ay sinumpa ng Diyos; upang huwag mong ihawa ang iyong lupa na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Diyos, na ipinamana.

21:22 “iyong ibitin siya sa isang punong kahoy” Tingnan ang Natatanging Paksa na sumusunod.

NATATANGING PAKSA: PAGBITIN

Ang PANDIWA “pagbitin” (BDB 1067, KB 1738) ay may dalawang kaunawaan:

1. sa literal, ibitin sa pamamagitan ng isang lubid
 - a. Arabe, “hayaang ihulog ang lubid”
 - b. isang Hebreong kasanayan, II Samuel 17:23 at NT, Mateo 17:5
 - c. isang kasanayan sa Babilonya, Kodigo ni Hammurabi
 - d. isang Persyanong kasanayan, cf. Ezra 6:11; Esther 5:14; 7:9-10; 9:13,25
2. tusukin ang tao ng isang matulis na sibat
 - a. isang Ehipsiyong pamamaraan, cf. Genesis 40:19; 41:13
 - b. isang pamamaraan ng Babilonya, cf. Kodigo ng Hammurabi
 - c. isang pamamaraan ng Assirya

Kadalasang ito ay ginagawa pagkatapos na ang isa ay pinatay sa pamamagitan ng ibang paraan bilang isang kaparaanan ng pagpapahiyang pangmadla. Ang karampatang paglilibing ay napakahalaga sa sinaunang bayan at nakakaapekto sa kanilang pananaw ng isang malugod na pagkatapos ng buhay (e.g., Deuteronomio 21:23).

Sa ang Bibliya mismo, ito ay mahirap malamang may katiyakan kung ang #1 o #2 sa itaas ang tama. Maliwanag sa Deuteronomio 21:22-23; Josue 10:26-27; I Samuel 31:10,12; II Samuel 4:12; 21:12, ang mga taong na nalalantad sa lahat ay patay na, ngunit ano ang patungkol sa Josue 8:29 at II Samuel 21:9?

Ang mga rabbi ng panahon ni Hesus ay nakita ang tekstong ito na pumapatungkol sa pagpapapako sa krus. Ang mga pinunong pang-relihiyon ay nagnais sa ipako sa krus si Hesus upang, bilang isang nagpapanggap na Mesias, Siya ay maaaring sumpain ni YHWH (cf. Deuteronomio 21:23). Ang karaniwang kamatayan para sa pamumusong ay pagbato. Madalas kong naririnig ito na sinasabing ang mga Hudyo pinuno ng kapanahunan ni Hesus ay walang legal na karapatan sa parusang kamatayan sa ilalim ng pamumuno ng Roma, kaya kanilang dinala si Hesus kay Pilato upang Siya ay patayin. Gayunman, binato nila si Esteban (cf. Mga Gawa 7) na walang pahintulot sa Roma. Bakit hindi kay Hesus? Nais nilan mapako Siya sa krus upang ipahayag, hindi lamang kamatayan at kahihiyang pangmalda, ngunit ang sumpa ng Diyos!

21:23 “walang pagsalang siya’y iyong ililibing” Ito pinatinding balangkas ay pinagsama ang PAWATAS NA TIYAK at *Qal* DI-GANAP ng “paglilibing” (BDB 868, KB 1064). Ang poot ni YHWH ay nangangailangan ng kamatayan may sala bilang kabayaran sa kanyang sutil na paghihimagsik. Gayunman, ang kawalang kasiyahan ni YHWH ay maaaring mailipat sa komunidad kung ang katawan ng binitay na lumabag sa kasunduan violator ay hindi pinakitunguhan nang wasto at sa isang napapanahong paraan.

▣ **“(sapagkat ang bitin ay sinumpa ng Diyos)”** Tingnan ang Galacia 3:13 para sa paggamit ni Pablo ng pariralang ito. Nakita ni Pablo ang panghaliling kamatayan ni Hesus bilang pagpataw sa Kanyang sarili ng sumpa ng Mosaikong kautusan. Sa orihinal ang sumpang ito ay nauugnay sa mga wastong pamamaraan ng paglilibing sa banal na lupain.

NATATANGING PAKSA: SUMPA

Ang Hebreong terminong “sinumpas” (BDB 887, KB 1105) ay ginamit sa dalawang kaunawaan:

1. ang mga sumpa ng bayan laban sa bayan (karaniwan sa sinaunang mundo) - Mga Hukom 9:57; II Samuel 16:12; I Mga Hari 2:8; Mga Awit 109:17-18; Kawikaan 27:14

2. ang kasalungat ng pagpapala ng Diyos
 - a. pang-patriarka - Genesis 27:12,33
 - b. YHWH - Deuteronomio 11:26,28; 21:23; 23:5; 28:15,45; 30:1; Josue 8:34; II Mga Hari 22:19; Jeremias 24:9; 25:18; 26:6; Zacarias 8:13 (nauugnay sa pagkasunduang pagsunod)

Ang susing teksto sa teolohiya ay Deuteronomio 11:26,28. Ito ay nagtatakda ng pakusang yugto para sa mga kahihinatnan ng kasunduang pagsuway upang maging isang katotohanan. Ninanais ni YHWH na ang lahat ng mga tao ay makakilala at mapapurihan Siya upang Siya ay magpala at magpayabong sa Kanila na nasa mundo. Gayunman, ang pagsuway ay nagbubunga sa kakulangan o kahit sa pag-aalis ng pisikal na pagpapala. Ang mga pagpapala ay palaging nauugnay sa isang napalapit, pansariling, at pagsunod na pakikipag-ugnayan sa Diyos.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakay ang walang-kasalang taong-bayan at may kasalanan para sa di-kilalang pagpatay?
2. Ano ang di-pangkaraniwan patungkol sa bakang dalaga at kamatayan nito?
3. Bakit ang mga bihag na babae ay inahit ang kanilang mga ulo?
4. Itala ang natatanging karapatan ng unang-isinilang (panganay):
 - a.
 - b.
 - c.
 - d.
5. Paaanong ang v. 23 naiiba mula sa kamatayan ni? Paaano sila nauugnay?

DEUTERONOMIO 22

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|--|
| Sari-saring mga Kautusan (21:22-22:12) | Sari-saring mga Kautusan (21:22-22:14) | Iba't-ibang mga Kautusan (21:22-23:12) | Iba't-ibang mga Alituntunin (21:22-22:12) |
| | | 21:22-22:3 | |
| 22:1-3 | 22:1-3 | | 22:1-2 22:3 |
| 22:4 | 22:4 | 22:4 | 22:4 |
| 22:5 | 22:5 | 22:5 | 22:5 |
| 22:6-7 | 22:6-7 | 22:6-7 | 22:6-7 |
| 22:8 | 22:8 | 22:8 | 22:8 |
| 22:9 | 22:9 | 22:9 | 22:9 |
| 22:10 | 22:10 | 22:10 | 22:10 |
| 22:11 | 22:11 | 22:11 | 22:11 |
| 22:12 | 22:12 | 22:12 | 22:12 |
| Mga Kautusan sa Sekswal na Moralidad | | Mga Kautusan Patungkol sa Sekswal na Kalinisan | Kapurihan ng Isang Batang Asawang Babae |
| 22:13-21 | 22:13-19 | 22:13-14 22:15-19 | 22:13-19 |
| | 22:20-21 | 22:20-21 | 22:20-21 Pangangalunya at Pakikipid |
| 22:22 | 22:22 | 22:22 | 22:22 |
| 22:23-24 | 22:23-24 | 22:23-24 | 22:23-27 |
| 22:25-27 | 22:25-27 | 22:25-27 | |
| 22:28-29 | 22:28-29 | 22:28-29 | 22:28-23:1 |
| 22:30 | 22:30 | 22:30 | 22:30 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:1-4

¹Huwag mong makikitang naliligaw ang baka ng iyong kapatid o ang kaniyang tupa, at ikaw ay magkukubli sa mga yaon: iyo ngang ibabalik sa iyong kapatid. ²At kung ang iyong kapatid ay hindi malapit sa iyo, o kung hindi mo siya nakikilala, ay iyo ngang iuuwi sa iyong bahay, at mapapasaiyo hanggang sa hanapin ng iyong kapatid, at iyong isasauli sa kaniya. ³At gayon ang iyong gagawin sa kaniyang asno; at gayon ang iyong gagawin sa kaniyang damit, at gayon ang iyong gagawin sa bawat nawalang bagay ng iyong kapatid, na nawala sa kaniya at iyong nasumpungan: huwag kang magkukubli sa *kanila*. ⁴Huwag mong makikitang napahiga sa daan ang asno ng iyong kapatid o ang kaniyang baka at ikaw ay magkukubli sa mga yaon; iyo ngang tutulungan siya upang itindig *silá* uli.

22:1 “Huwag mong makikita...at ikaw ay magkukubli sa mga yaon” Ang may pakay o walang malasakit na pagbabaliwala (“pagkukubli ng sarili,” BDB 761, KB 834, cf. 22:1,3,4; Levitico 20:4; Kawikaan 28:27; Ezekiel 22:26) ng isang nangangailangang pagmamay-ari ng kapatid sa kasunduan ay ipinagbabawal (cf. v. 3; Exodo 23:4-5).

▣ **“iyo ngang ibabalik”** Ito ay karaniwang PANDIWA (BDB 996, KB 1427, *Hithapel*) na ginamit nang tatlong beses sa vv. 1-2. Ang pangunahin nitong kahulugan ay “bumalik” o “pabalikin.” Ang Israel ay kailangang gumanap bilang isang mapagkalingang yunit ng pamilya. Ang mga talataan na katulad nito ay nagpapahayag ng kung anong kahulugan ng Levitico 19:18 sa praktikal, partikular na paraan. Ang mga kapatid ay nag-iingat ng kapwa mga kapatid!

Ito unang pagkagamit ay pinapatindi ng paggamit ng PAWATAS NA TIYAK at ang DI-GANAP PANDIWA ng katulad na ugat, “iyo nga silang tiyakang ibabalik!” Ito ay katulad na uri ng pagpapatindi na ginamit sa v. 4, “iyo ngang tutulungan siya upang itindig *silá* uli” (i.e., PAWATAS NA TIYAK at DI-GANAP na pandiwa ng BDB 877, KB 1086).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:5

⁵Ang babae ay huwag mananamit ng nauukol sa lalaki, ni ang lalaki ay magsusuot ng pananamit ng babae; sapagkat sinomang gumagawa ng mga bagay na ito ay karumaldumal sa PANGINOON mong Diyos.

22:5 Ang talatang ito naging patunay-na-teksto upang mag-atas ng nararapat na damit para sa makabagong pagsamba (i.e., ang mga babae ay hindi maaaring magsuot ng *slacks* sa iglesiya). Ito ay kailangang matandaan na ang kapwa lalaki at babae ay nagsusuot ng mga balabal sa sinaunang Near East. Ang tanging pagkakaiba ay ang mga balabal ng kababaihan sa Israel ay may asul na palamuti na nakapaikot sa mga balikat.

Ang pangunahing kahulugan ng teksto ay hindi pang-patriarka, ngunit ang pagtangi ng mga kasanayang Cananeo sa pagsamba (i.e., “kasuklam-suklam,” cf. Levitico 18:26,27,29,30). Kailangang magkaroon ng isang nararapat na pagkakaiba sa pagitan ng pagkakaibang ipinagkaloob ng Diyos sa pagitan ng mga lalaki at mga babae (i.e., ang inilikhang kaayusan). Ito ay hindi nangangahulugan ng isang

pasalungat, nagtatakdang pagkakaiba, ngunit isang pag-amin ng mga iba't-ibang kalakasan at pangkulturang pagganap ng kapwa mga kasarian!

Ito ay tiyak na maaaring ang tekstong ito ay kaugnay sa pagtuligsa sa Mosaikong kasunduan ng *homosexuality* (pagiging bakla o tomboy) (cf. Levitico 18:22; 20:13) na isinasagawa sa tagpuang pagsamba ng mga Cananeo.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:6-7

⁶Kung ang isang pugad ng ibon ay magkataong masumpungan mo sa daan, sa anomang punong kahoy, o sa lupa, na may mga inakay, o mga itlog at humahalimhim ang inahin sa mga inakay, o sa mga itlog, ay huwag mong kukunin ang inahin na kasama ng mga inakay: ⁷Sa anomang paraan, ay iyong pawawalan ang inahin, nguni't ang inakay ay makukuha mong sa iyo; upang ikabuti mo at upang tumagal ang iyong mga araw.

22:6-7 Ang mga talala ay tila nauugnay sa pag-iimbak ng mga pagkain na nagmula sa maraming mga salin-lahi ng mga Israelita. Pagkatapos ng Genesis 3, ang sangkatauhan ay maaari nang kumain ng karne, ngunit kailangan nilang bantayan laban sa ang pagkawasak ng pinagmulan ng karne para sa pakinabang ng mga hinaharap na salinlahi ng mga kapatid sa kasunduan (i.e., “pang tumagal ang iyong mga araw,” cf. 4:40). Ang mga mababangis na hayop ay kaloob ng Diyos na protein para sa Kanyang bayan. Maraming mga tiyak na detalye mga mga pamamalakad ang nagdulot sa mga Israelita na mag-isip patungkol sa kanilang pangkasunduang pananagutan na magmahal, kumalinga, at magkaloob para sa kalusugan at paglago ng kasunduang bayan.

22:7 “**Sa anomang paraan, ay iyong pawawalan ang inahin**” Ang katulad na uri ng pagbibigay-diin na matatagpuan sa vv. 1 at 4 (i.e., PAWATAS NA TIYAK at DI-GANAP PANDIWA ng katulad na ugat, BDB 1018, KB 1511) ay inulit.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:8

⁸Pagka ikaw ay magtatayo ng isang bagong bahay, ay igagawa mo nga ng isang halang ang iyong bubungan, upang huwag kang magtaglay ng sala ng dugo sa iyong bahay, kung ang sinomang tao ay mahulog mula roon.

22:8 “**isang halang ang iyong bubungan**” Isang sanggalang (BDB 785, sa Arabe ay nangangahulugang “harangang”) ay isang pananggalang na harang na nakaikot sa pantay na bubong ng mga bahay upang maingat ang mga tao sa pagbagsak. Muli, ang Israel ay nag-iisip patungkol sa kung paano pangangalagaan ang pangkasunduan mga kapatid na lalaki, kapatid na babae, at mga miyembro ng pamilya!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:9

⁹Huwag mong tatamnan ang iyong ubasan ng dalawang magkaibang binhi: baka ang buong bunga ay masira, ang binhi na iyong inihasuk at ang bunga ng ubasan.

22:9 “**Huwag mong tatamnan ang iyong ubasan ng dalawang magkaibang binhi**” Ito ay tila hindi tiyakang tumutukoy sa mga uri ng ubasan sa bukid, ngunit ipinagpapalagay nito ang prinsipyo na maaaring mag-atas lamang ng isang uri kada ubasan. Ito ay tumutukoy sa mga napapanahong panananim na inihasuk sa pagitan ng mga ubasan.

Ito ay maaaring magpahayag ng (1) isang Cananeong kasanayan upang palubagin ang mga diyos o (2) ang kaisipan na ang paghahalo ng mga bagay ay nagdudulot ng pagkawala ng kadalisayan (cf. Levitico 19:19).

▣ “**masira**” Kadosh (BDB 872, KB 1073, *Qal* di-ganap) ay nangangahulugang italaga para sa Diyos (cf.

15:19). Ito may mangahulugang (1) ito ay kailangang wasakin o (2) pinagkaloob sa mga saserdote. Ang prinsipyong ito ay umiiral pa rin ba ngayon? Ipinapahayag ko na ang mga OT kautusan ay kailangang ulitin sa NT na umiiral sa mga mananampalataya ng Bagong Kasunduan (cf. Mga Gawa 15; I Corinto 8-10; Galacia 3). Si Hesus, sa Kanyang sarili ay tinanggihan ang kapwa sistemang pag-aalay at mga kautusan sa pagkain (cf. Marcos 7:17-23). Tingnan ang buong pagkakayari ng NT na aklat ng Hebreo (i.e., ang kapanaigan ng NT sa OT). Ang dalawang aklat na nakatulong sa aking mag-isip sa isyung ito ay:

1. *How To Read the Bible For All Its Worth* ni Gordon Fee at Doug Stuart
2. *Gospel and Spirit* ni Gordon Fee

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:10

¹⁰Huwag kang mag-aararo na may isang baka at isang asno na magkatuwang.

22:10 “Huwag kang mag-aararo na may isang baka at isang asno” Ang mga baka ay malinis, ang mga asno ay madumi, ngunit sa pagbabawal na ito, na sinabi ng mga rabbi, ay gagawin tulad ng isang makataong pagkumpas sa mga hayop ng iba’t-ibang mga lakas at mga katangian. Gayunman, sa konteksto, ito ay isa pang halimbawa ng “huwag maghahalo ng mga bagay!”

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:11

¹¹Huwag kang magbibihis ng magkahalong kayo, ng lana at lino na magkasama.

22:11 “Huwag kang magbibihis ng magkahalo” Ito ay pang pagtatangi ng mga magkakahalong bagay (cf. Levitico 19:19). Ito ay maaaring maging isang talinghaga ng paghahalo ng mga kasanayan ng maka-YHWH at Cananeo. Ang ilan ay tinitingnan ito (1) na kaugnay ng mga damit pangmahika (i.e., mga tularad ng mga magkakahalong sangkap) o (2) ang Dead Sea Scrolls (i.e., 4QMMT) ay binanggit na tanging tiyak na mga uri ng damit ang maaaring ihalo (i.e., mga damit ng saserdote na gawa mula sa lana at lino, na maaaring managhulugang isang sagradong pagkaunawa. Marahil ay kung bakit ang hindi pinapahintulot na paghahalo ay ipinagpapalagay na “madumi.”

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:12

¹²Gagawa ka sa iyo ng mga tirintas sa apat na laylayan ng iyong balabal, na ipinangbabalabal mo sa iyo.

22:12 Sa kontekstong ito, ito may nagpapatuloy na pagtangi sa anumang bagay na Cananeo. Ang Israel ay magkakaroon ng iba’t-ibang pagsamba, iba’t-ibang Diyos, iba’t-ibang kasuotan! Sa Bilang 15:37-42 ang mga palawit na ito may dagdag na kahulugan ng pagpapaalala sa mga Israelita upang ingatan at mahalin ang kautusan. Ito na katulad na uri ng simbolismo ay naglalarawan sa *tallith* (pampanalanging balabal) sa panahon ni Hesus. Ang kasuotan ay tumutukoy sa isang parihabang tela na ginamit upang takpan ang itaas na bahagi ng isang tao, lalo na sa panahon ng pagsamba, panalangin, at pagbabasa ng Banal na Kasulatan. Ito ay di-tiyak kung ang mga palawit ay kakailanganin din (o pinapayagan) sa damit pambabae. Ito may isa pang bagay na nauugnay sa pagpapalitan ng damit (cf. v. 5).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:13-19

¹³Kung ang sinoman ay magasawa, at sumiping sa kaniya, at pagkatapos kaniyang kapootan siya, ¹⁴At kaniyang bintangan ng mga kahiyahiyang bagay, at ikalat ang isang masamang dangal niya, at sabihin, Aking kinuha ang babaing ito, ngunit nang sipingan ko siya, ay hindi ko nasumpungan sa kaniya ang mga tanda ng wala pang karanasan: ¹⁵Kung magkagayo'y ang ama ng dalaga at ang kaniyang ina ay kukuha at maglalabas ng mga tanda ng wala pang karanasan ng dalaga sa harap ng mga matanda sa lungsod, sa pintuang-lungsod; ¹⁶At sasabihin ng ama ng dalaga sa mga matanda, Ibinigay ko ang aking anak sa lalaking ito na maging asawa at

kaniyang kinapootan siya; ¹⁷At, narito, kaniyang binibintangan ng mga kahiyahiyang bagay, na sinasabi, Hindi ko nasumpungan sa iyong anak ang mga tanda ng wala pang karanasan: at gayon ma'y ito ang mga tanda ng wala pang karanasan ng aking anak. At kanilang ilaladlad ang kasuutan sa harap ng matatanda sa lungsod. ¹⁸At kukunin ng mga matanda sa bayang yaon ang lalaki at parurusahan siya; ¹⁹At kanilang sisingilin siya ng isang daang *siklong* pilak at ibibigay sa ama ng dalaga sapagkat kaniyang ikinalat ang isang masamang dangal ng isang donselya sa Israel: at siya'y magiging kaniyang asawa; hindi niya mapalalayas siya sa lahat ng kaniyang kaarawan.

22:13 “sumiping sa kaniya” Ito ay isa sa tatlong euphemismo para sa sekswal na pagtatalik na ginamit sa kontekstong ito:

1. “sumiping sa kaniya,” v. 13 (BDB 97)
2. “nang sipingan ko siya,” v. 14 (BDB 897)
3. “sumisiping sa,” vv. 22,23,25,28,29 (BDB 1011)

▣ **“kaniyang kapootan siya”** Ito ay ang Hebreong salitang “napopoot” (BDB 971, KB 1338). Ito ay ang katulad na salita na ginamit sa 21:15, na isinasalin na “hindi minahal” at ay isang Hebreong kataga ng paghahalintulad, na isang konsepto ng “mas inibig,” “mas gusto.” Gayunman, dito ito ay kumukuha ng kahulugan ng “pagtanggap” o “ay hindi masaya kay.”

22:14

NASB, NJB “kalat ang isang masamang dangal niya”
NKJV, REB “nagdadala ng isang masamang pangalan sa kaniya”
NRSV “paninirang-puri sa kanya”
TEV “gumagawa ng mga bulaang pagsakdal laban sa sa kanya”

Sa literal ito ay “nagdulot sa kanya ng isang masamang pangalan” (PANDIWA - BDB 422, KB 425, *Hiphil* GANAP at PANGNGALAN - BDB 1027, at PANG-URI - BDB 948). Ito ay katulad sa Deuteronomio 24:1-4, na ang isang katibayan ng paghihiwalay ay inilathala para sa “ilang kasagwaan,” na ipinagpapalagay na sekswal na anyo. Ang inaakusahang babae ay may maliit o walang pagdulog para sa pagkawala ng kanyang (at ng kanyang pamilya) reputasyon. Ang kanyang mga hinaharap na pagkakataon na magpakasal at ang minana sa kanyang kabataan (kung ang isa ay naipanganak nang maaga) ay nakataya. Ito ay isang napakabigat na isyu sa Near Eastern na bayan!

▣ **“hindi ko nasumpungan sa kaniya ang mga tanda ng wala pang karanasan”** Ang Hebreong lipunan ay naglalagay ng malaking halaga sa pagka-birhen (cf. 19). Ang mamanahin ay isang napakahalagang isyu at ang kawalang delikadesa ay maring tinutuligsa!

Ang PANDIWA “maghanap” (BDB 592, KB 619) ay ginamit nang maraming beses sa kontekstong ito:

1. maghanap, makatuklas
 - a. sa legal, vv. 14,17,20
 - b. sa pisikal, vv. 23,27,28
2. mahuli sa isang pagkilos, vv. 22,23

22:15 “Kung magkagayo'y ang ama ng dalaga at ang kaniyang ina ay maglalabas” Ito ay alinman sa (1) ang Deuteronomiong konsepto ng pagtutulungan sa pagpapalaki ng mga babae na isasama sa Kautusan o (2) dalawang mga saksi na kailangan.

▣ **“mga tanda ng wala pang karanasan ng dalaga”** Ito ay maaring tumukoy sa:

1. ang mga magulang na bumasag ng *hymen* bago nila ibigay ang kanilang anak na babae upang ikasal at itago ang pagdaloy ng mga likido sa isang damit
2. ang panakip sa kama sa panahon ng panimulang pagkalubos ng kasalan ay pinagkaloob at iningatan ng mga magulang

3. katibayan na ang babae ay palagiang nagkakaroon ng regla bago ang kasalan upang patunayan na hindi siya buntis

Ang bilang 2 ay tila dapat tanggalin sapagkat ang asawang lalaki ay maaaring hindi nalalaman na tiyakan kung kailan ito ginawa.

▣ **“sa harap ng matatanda sa lungsod”** Ito ay maaaring tumukoy sa mga itinalagang mga tagahatol na nagdadaos ng pagdinig sa pinto ng lungsod gate o sa isang itinalagang lugar (i.e., malaking puno, natatanging muhon, o pangunahing lansangan).

22:18 “kukunin ang lalaki at parurusahan siya” Ito ay maaaring mangahulugang papaluin ang isang lalaki ng apatnapung hagupit (cf. 25:2-3), ngunit kung ito nga na ginagamit lamang sa terminong ito (BDB 415, KB 418) sa OT, kung saan ito ay kadalasang tumutukoy sa pagtuturo (cf. 21:18, NIDOTTE, tomo 2, pp. 479-481).

22:19 “sisingilin siya” Ang lalaki ay parurusahan at pagmumultahin sapagkat kanyang sinira (sa literal, “nagdala ng isang masamang pangalan”) sa isang birhen ng Israel. Ang multa ay tila doble ng kung anong ibabayad (dote) para sa isang babae bilang isang ikakasal (cf. 22:29). Ang pahiwatig may payak na nais niyang makuha pabalik ang salapi mula sa ama ng dalaga.

▣ **“isang donselya sa Israel:”** Ito ay isang pamitagan (ngunit inaasahan) na paglalarawang titulo ng lahat ng mga magiging asawang babae sa teokrasiya ng Diyos.

22:19, 29 “siya’y magiging kaniyang asawa; hindi niya mapalalayas siya sa lahat ng kaniyang kaarawan” Ito ay isang hangganan sa karapatan ng mga lalaki. Ang mga babae sa Israel ay walang karapatang makipaghiwalay (diborsyo). Ang kautusang ito ay nagtatanggol sa karapatan sa mga mamanahin ng mga anak ng babae (cf. 21:15-17).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:20-21

²⁰Ngunit kung ang bagay na ito ay totoo na ang mga tanda ng wala pang karanasan ay hindi masumpungan sa dalaga; ²¹Ay kanila ngang ilalabas ang dalaga sa pintuan ng bahay ng kaniyang ama, at babatuhin siya ng mga bato, ng mga lalaki sa kaniyang lungsod upang siya'y mamatay: sapagkat nagkasala siya ng isang kaululan sa Israel, na nagpatutot sa bahay ng kaniyang ama: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo.

22:20, 21 Kadalasan, ang pagbato ay ginagawa sa labas ng pinto ng lungsod. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Parusang Kamatayan sa Israel sa 21:21. Dahil sa Hebreong konsepto ng pangkalahatan, ang ama ay may pananagutan para sa pagkilos ng kanyang anak na babae at, samakatuwid, ang kaparusahan ay nagaganap sa kanyang pinto!

Ang parusa para sa isang bulaan saksi ay kadalasang kamatayan. Isang maliwanag dalawahang pamantayan ang makikito dito, kung saan, ang paratang ng asawang lalaki ay totoo, ang babae ay babatuhin, ngunit kung ito ay bulaan (kahit na masamang budhi) siya ay pinaparusahan at pinagbabayad, ngunit hindi binabato (cf. 19:19). Ang mga kababaihan ay hindi nagtataglay ng katulad na legal na mga karapatan at pangangalag sa mga lalaki sa OT. Ang kahabagan ay ipinakita, ngunit hindi mga karapatan!

22:21 “isang kaululan” Ang terminong ito (BDB 615) ay ginamit sa mga di-nararapat na gawaing sekswal:

1. Genesis 34:7 (ang isang di-Israelita ay ipinilit ang kanyang sarili sa babaeng anak ni Jacob)
2. Deuteronomio 22:21 (pagkawala ng pagiging birhen)
3. Mga Hukom 19:23; 20:6,10 (ang mga pagano ay linusob ang isang kerida ng Levita)
4. II Samuel 13:12-13 (Ammon, Ang unang anak ni David, ay ginahasa ang kanyang kalahating kapatid na babae)

▣ **“na nagpatutot”** Ang terminong ito ay ang *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN ng isang terminong (BDB 275, KB 275), na nangangahulugang di-nararapat na mga gawaing sekswal na kasama ang pakikiapud (pagtatalik bago ang kasalan), pangangalunya (pagtatalik pagkatapos ng kasalan sa ibang tao pagkatapos ng iyong asawa), at pagpuputa (prostitusyon) (pagpapabayad sa pagtatalik).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:22

²²Kung ang isang lalaki ay masumpungan, na sumisiping sa isang babaing may asawa, ay kapuwa nga sila papatayin, ang lalaki na sumiping sa babae, at ang babae: gayon mo aalisin ang kasamaan sa Israel.

22:22 “Kung ang isang lalaki ay masumpungan, na sumisiping sa isang babaing may asawa” Kahit na kung may paghihinala, mayroon itong pagdulog (cf. Bilang 5:11-31).

Ang pariralang “isang kinasal na babae” ay sa literal “ang asawang babae ng isang lalaki,” na isang dalawahang paggamit ng terminong *b’l* (BDB 127, KB 142, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI at PALAGYONG PANGLALAKING PANG-ISAHAN PANGNGALAN anyo). Ang terminong ito, kasalanan ay isinasaling “panginoon” o “asawang lalaki,” ay may katulad na ugat sa *Ba’al*, ang lalaking Cananeong diyos ng pagpapayabong. Ang lalaking asawa ay “panginoon” sa kanyang tahanan. Ang kanyang asawa at mga anak ay, sa isang legal kaunawaan, pagmamay-ari. Sa katotohanan, ang mga paglabag na sekswal ay nakikita bilang isang kasalanan laban sa Diyos (cf. Genesis 39:9; II Samuel 12:13). Nilalabag nito ang kaayusan at katatagang ipinagkaloob ng Diyos sa lipunan at nakakaapekto sa mga pinagkaloob na mana ng Diyos sa mga pamilya at mga angkan.

▣ **“kapuwa nga sila papatayin”** Ang mga huling rabbi ay naunawaan ito na mangahulugan sa bata din, kung ang babae ay buntis, dahil sa ideya ng pangkalahatang kasalanan. Pansinin ang pagkakapantay ng kaparusahan, na hindi karaniwan sa OT.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:23-24

²³Kung ang isang dalagang magaasawa sa isang lalaki, at masumpungan siya ng isa pang lalaki sa lungsod, at sumiping sa kaniya; ²⁴Ay inyo ngang ilalabas kapuwa sila sa pintuan ng bayang yaon, at inyong babatuhin sila ng mga bato upang sila’y mamatay; ang babae, sapagkat di siya sumigaw, ay nasa lungsod; at ang lalaki, sapagkat pinangayupapa ang asawa ng kaniyang kapuwa: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo.

22:23 “masumpungan” Sa Israel, ang pagiging ipinagkasundo (BDB 76, KB 91) ay legal na umiiral tulad ng pagiging kasal (i.e., Jose at Maria, cf. Mateo 1:18-19).

22:24 “inyong babatuhin sila ng mga bato. . . ang babae, sapagkat di siya sumigaw, ay nasa lungsod” Kapwa may batuhin hangang mamatay (cf. Levitico 20:10); ang lalaki sapagkat siya ay lumabag sa asawa ng kasama, ang babae sapagkat hindi siya sumigawa (BDB 858, KB 1042, *Qal* GANAP) para humingi ng tulong.

▣ **“ayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo”** Tingnan ang tala sa 13:5.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:25-27

²⁵Nguni’t kung masumpungan sa parang ng lalaki ang isang dalagang magaasawa, at dahasin ng lalaki siya, at sumiping sa kaniya; ang lalaki nga lamang na sumiping sa kaniya ang papatayin: ²⁶Nguni’t sa babae ay huwag kang gagawa ng anoman, wala sa babaing yaon ang anomang kasalananang marapat ikamatay: sapagkat gaya ng kung ang isang lalaki ay bumabangon laban sa kaniyang kapuwa, at pinapatay niya siya, ay gayon din ang bagay na ito:

²⁷Sapagka't nasumpungan niya siya sa parang, ang dalagang magaasawa ay sumigaw, at walang magligtas sa kaniya.

22:25-27 Ang pagbabatas sa Israel ay naghahangad na maging patas, hindi lamang legalismo. Mayroong mga panig na walang kasalanan sa mga makasalang gawain!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:28-29

²⁸Kung masumpungan ng isang lalaki ang isang dalagang donselya na hindi pa naipangangako, at ihiga niya siya, at sipingan niya siya, at sila'y masumpungan; ²⁹Ang lalaki nga na sumiping sa kaniya ay magbibigay sa ama ng babae ng limang pung *siklong* pilak, at siya'y magiging kaniyang asawa, sapagkat kaniyang pinangayupapa siya; hindi niya mapalalayas sa lahat ng kaniyang kaarawan.

22:28 “Kung masumpungan ng isang lalaki ang isang dalagang donselya na hindi pa naipangangako, at ihiga niya siya, at sipingan niya siya” Isaalang-alang sa maaagang edad ng mga Hudyong babae na kadalasang ipinagkakasundo, ito ay tila sa aking palagay ay maaaring tumutukoy sa (1) pang-aabuso sa mga bata o (2) ang pang-aabuso sa mga mahirap na pamilya. Ang Mosaikong kasunduan ay nagtatanggol sa mga kapos sa buhay at mahihina sa lipunan!

22:29 “Ang lalaki nga na sumiping sa kaniya ay magbibigay sa ama ng babae ng limang pung *siklo*. . . hindi niya mapalalayas siya” Kung ang isang ama ay lubhang mahirap upang maipagkasundo ang kanyang anak na babae o ang babae ay may kahinaan sa pag-iisip at isang tao dinungisang-puri siya, pagkatapos kailangan niyang magbayad para sa kanya (babae) at siya ay pakasalan habang-buhay (cf. Exodo 22:16).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 22:30

³⁰Huwag kukunin ng isang lalaki ang asawa ng kaniyang ama, at huwag ililitaw ang balabal ng kaniyang ama.

22:30 “Huwag kukunin ng isang lalaki ang asawa ng kaniyang ama” Ito maaaring nangangahulugang ang isang lalaki ay hindi maaaring pakasalan ang kanyang madrasta (maaaring isa sa maraming asawa), kahit kung ang ama ay natamat na o ang babae ay hiniwalayan na (diborsyo).

▣ “balabal ng kaniyang ama” Ito ay isang pangwikaing paraan ng pagtukoy sa mga gawaing pangmag-asawa ng ama (cf. Ruth 3:9; Ezekiel 16:8). Ang maging napakalapit sa isang babae na sa nakalipas ay naging napakalapit (sekswal) sa kanyang ama ay, sa isang kaunawaan, isang paglabag sa ama (cf. 27:20; Levitico 18:8; 20:11).

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Gaano kalaki ang iyong masasabing gagamitin sa kabanatang ito sa iyong kultura? Paano mo pagpapasyahan ang inyong paghatol?
2. Ano ang mga kaligiran ng mga kautusang ito?

DEUTERONOMIO 23

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|--|---|---|
| Silang mga Natanggal sa mga Pagtitipon ng Tao | Sari-saring mga Kautusan (21:1-23:14) | Pagpapalayas mula sa Bayan ng Panginoon | Pangangalunya at Pakikipid (22:22-23:1) 22:28-23:1 |
| 23:1 | 23:1 | 23:1 | Pakikilahok sa Pangmadlang Pagsamba |
| 23:2 | 23:2 | 23:2 | 23:2-7 |
| 23:3-8 | 23:3-6 23:7-8 | 23:3-6 23:7-8 | 23:8-9 |
| Kalinisan sa Lugar ng Kampo | | Pag-iingat na maging Malinis ang Panghukbong Kuta | Kalinisan sa Kampo |
| 23:9-14 | 23:9 23:10-11 23:12-14 | 23:9-11 23:13-14 | 23:10-12 23:13-15 |
| Sari-saring mga Kautusan | Mga Kautusang Patungkol sa Pantao at Pang-relihiyong Katungkulan (23:15-25:19) | Iba't-ibang mga Kautusan | Sari-sari |
| 23:15-16 | 23:15-16 | 23:15-16 | 23:16-17 |
| 23:17-18 | 23:17-18 | 23:17-18 | 23:18-19 |
| 23:19-20 | 23:19-20 | 23:19-20 | 23:20-21 |
| 23:21-23 | 23:21-23 | 23:21-23 | 23:22-24 |
| 23:24-25 | 23:24 23:25 | 23:24-25 | 23:25-26 |
| | | | [Sumusunod sa Bilang ng MT] |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:1-6

¹Ang nasaktan sa mga iklog, o ang may lihim na sangkap na putol ng katawan ay hindi makapapasok sa kapisanan ng Panginoon. ²Isang anak sa ligaw ay huwag papasok sa kapisanan ng Panginoon; hanggang sa *mga inaanak ng ikasangpung salin ng lahi* ay walang sa kaniya’y makapapasok sa kapisanan ng Panginoon. ³Huwag papasok ang isang Ammonita o Moabita sa kapulungan ng Panginoon; hanggang sa *mga inaanak ng ikasangpung salin ng lahi* ay walang nauukol sa kanila na makapapasok magpakailan man sa kapisanan ng Panginoon: ⁴Sapagka’t hindi kayo sinalubong nila ng tinapay at ng tubig sa daan, nang kayo’y umalis sa Ehipto; at sapagkat kanilang inupahan laban sa iyo si Balaam na anak ni Beor mula sa Pethor ng Mesopotamia upang sumpain ka. ⁵Gayon ma’y hindi dininig ng Panginoon mong Diyos si Balaam; kundi pinapaging pagpapala ng Panginoon mong Diyos, ang sumpa sa iyo; sapagkat iniibig ka ng Panginoon mong Diyos. ⁶Huwag mong hahanapin ang kanilang kapayapaan o ang kanilang ikasusulong sa lahat ng iyong araw magpakailan man.

23:1 “nasaktan sa mga iklog” Ito Ingles salita isinasalin dalawa Hebreong terminong ito:

1. “sa pamamagitan ng pagdurog” - BDB 194
2. “sugatan o galusan” - BDB 822, KB 954, *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI

Ito ay tumutukoy sa (1) mga bayag ng lalaki na tinanggal o (2) ang pagputol ng daluyan ng punlay cord (maaaring sa pamamagitan ng pagdurog).

▣ **“o ang may lihim na sangkap na putol ng katawan”** Ito ay tumutukoy sa isang pinutol na ari ng lalaki (BDB 1050, “isang lugar ng pagbuhos ng likido”). Ito ay maaaring isa pang paraan ng naglalarawan sa isang bating (kinapon) (cf. Mateo 19:12). Ang mga dalawang naputulan ay ang unang sa kalipunan ng mga hindi ibibilang mula sa pagdalo at mga pagpupulong sa Israel (i.e., mga pangyayari at ang tabernakulo). Ang kanilang hindi pagkabilang ay sumasagisag sa kadalisayan at pagkabuo ng bayan ng Diyos na nakikita bilang isang kaharian ng mga saserdote (cf. Exodo 19:6 at Levitico 21:17-23; 22:17-25). Sa huli, marami sa mga di-kasama sa OT ay isinama (e.g., si Ruth, ang Moabita at ang bating ng Isaias 56:3-5 at Mga Gawa 8:26-40).

Ito ay maaari din na ang kasanayang ito ng pagputol sa pagnanais na sekswal ay bahagi ng mga kasanayan ng mga Cananeo. Maraming tila di-karaniwang pagbabawal sa Mosaikong kautusan ay natuturo sa isang buong pagkawasak ng Cananeong lipunan at mga kasanayan sa pagsamba.

▣ **“makapapasok”** Ito PANDIWA (BDB 97, KB 112) ay ginamit nang maraming beses sa kabanatang ito:

1. “pumasok,” vv. 1, 2(dalawang beses), 3(dalawang beses), 8, 11(dalawang beses), 20, 24, 25
2. “dalhin sa loob,” v. 18

Karamihan ng mga paggamit ay maiuugnay sa:

1. Mga taong hindi maaaring makapasok (o makadalo sa mga pagpupulong ng tabernakulo) sa kapisanan of Israel:
 - a. Napinsalang mga lalaki
 - b. Mga di-lehitimong mga tao o kanilang mga inaanak
 - c. mga Amorrheo, mga Moabita, o kanilang mga inaanak
2. mga tao na maaaring pumasok:
 - a. mga Edomita
 - b. mga Ehipsio
3. ang mga taong dapat lumisan ng kuta ng Israel para sa isang yugto ng panahon:
 - a. mga lalaking naglabas ng punlay sa gabi
 - b. lahat mga Israelita na humalili sa kanila

▣ **“sa kapisanan ng PANGINOON (YHWH)”** Ang pariralang “ang kapisanan ng PANGINOON” ay ginamit sa tinipong kasunduang bayan ni YHWH para sa pagsamba simula sa Bundok Horeb/Sinai:

1. Exodo 12:6, “ang buong kapulungan ng kapisanan ng Israel”
2. Levitico 16:17, “lahat ng kapisanan ng Israel”
3. Bilang 16:3, “lahat ng kapisanan,” “ang kapisanan ng PANGINOON” Bilang 20:4, “ang kapisanan ng PANGINOON”
4. Deuteronomio 5:22, “lahat ng iyong kapisanan”
Deuteronomio 9:10; 10:4; 18:16, “sa araw ng kapisanan” Deuteronomio 23:1,2,3,8, “kapisanan ng PANGINOON”
Deuteronomio 31:30, “lahat ng kapisanan ng Israel”
5. Josue 8:33, “lahat ang kapisanan ng Israel”

Ang pariralang ito ay nagpapakilala ng:

1. Nananambahang Israel
 - a. Bundok Sinai/Horeb
 - b. ang tabernakulo
2. *The Jewish Study Bible*, p. 418, na nakabatay sa Mga Hukom 20:2, ay nagbibigay-diin na ito ay tumutukoy isang konsehong pamunuan o namumunong kapulungan (cf. Bilang 16:3; 20:4)

Ang mga di-kasama ay mayroon pa ring mga legal na karapatan bilang “mga dayuhang naninirahan” na binanggit sa Exodo 22:21; Levitico 19:9- 10,33-34; 23:22; Deuteronomio 1:16; 5:14; 27:19.

Ang Septuagint ay isinasalin ang Hebreong terminong *qahal* (BDB 874) bilang *ekklesia*, kung saan nakuha nating ang salitang Ingles na, “iglesiya.” Si Hesus at ang mga may-akda ng NT ay pinili ang terminong ito upang ipahayag na ang Bagong Kasunduang bayan ng Diyos ay dapat makilala bilang isang karugtong ng Lumang Kasunduang bayan ng Diyos (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38; Galacia 6:16; I Pedro 2:9; Pahayag 1:6).

23:2 “Isang anak sa ligaw” Ito (BDB 561) ay binigyang-kahulugan bilang alinman sa (1) isang batang naipanganak mula sa kasalan; (2) isang insidente ng kahalayan (cf. Levitico 18:6-18); o (3) isang bata ng isang magkahalong kasalan (Hudyo at pagano, cf. Ezra 9:2; Nehemias 13:23-25; Zacarias 9:6). Ang Hebreong salita ay pinakamaiman na umaakma sa opsyon #2.

23:2,3 “ikasangpung salin ng lahi” Tandaang ang magkatulad na kayarian sa pariralang, “(huwag) kailanman papasok” in v. 2 at 3. Ang bilang sampu ay pangkataga para sa kalubusan o walang-hanggan (tingnan ang Natatanging Paksa sa 4:40).

NATATANGING PAKSA: SIMBOLIKONG MGA BILANG SA BANAL NA KASULATAN

- A. Ang tiyak ng mga bilang na kapwa gumaganap bilang isang pamilang o simbolo:
 1. Isa - Diyos (e.g., Deuteronomio 6:4; Efeso 4:4-6)
 2. Anim - pantaong kakulangang (mas mababa ng isa sa 7, e.g., Pahayag 13:18)

3. Pito - maka-Diyos na kalubusan (ang pitong araw ng paglalang). Pansinin ang sumasagisag na pagkakagamit sa Pahayag:
 - a. pitong kandelerero, 1:13,20; 2:1
 - b. pitong bituin, 1:16,20; 2:1
 - c. pitong iglesiya, 1:20
 - d. pitong mga espiritu ng Diyos, 3:1; 4:5; 5:6
 - e. pitong sulo, 4:5
 - f. pitong tatak, 5:1,5
 - g. pitong sungay at pitong mata, 5:6
 - h. pitong anghel, 8:2,6; 15:1,6,7,8; 16:1; 17:1
 - i. pitong pakakak (trumpeta), 8:2,6
 - j. pitong kulog, 10:3,4
 - k. pitong libo, 11:13
 - l. pitong ulo, 13:1; 17:3,7,9
 - m. pitong salot, 15:1,6,8; 21:9
 - n. pitong mangkok, 15:7
 - o. pitong hari, 17:10
 - p. pitong mangkok, 21:9
4. Sampu - kalubusan
 - a. Ginamit sa mga Ebanghelyo:
 - (1) Mateo 20:24; 25:1,28
 - (2) Marcos 10:41
 - (3) Lucas 14:31; 15:8; 17:12,17; 19:13,16,17,24,25
 - b. Ginamit sa Pahayag:
 - (1) 2:10, sampung araw ng mga pighati
 - (2) 12:3; 17:3,7,12,16, sampung sungay
 - (3) 13:1, sampung putong (korona)
 - c. Pagpaparami ng 10 sa Pahayag:
 - (1) $144,000 + 12 \times 12 \times 10$, cf. 7:4; 14:1,3
 - (2) $1,000 = 10 \times 10 \times 10$, cf. 20:2,3,6
5. Labindalawa – pantaong samahan
 - a. labindalawang anak ni Jacob (i.e., labindalawang angkan ng Israel, Genesis 35:22; 49:28)
 - b. labindalawang haligi, Exodo 24:4
 - c. labindalawang bato sa sakbat ng Punong Saserdote, Exodo 28:21; 39:14
 - d. labindalawang tinapay, para sa hapag ng Banal na Lugar (sumasagisag sa pagtutustos ng Diyos para sa labindalawang mga angkan), Levitico 24:5; Exodo 25:30
 - e. labindalawang espiya, Deuteronomio 1:23; Josue 3:22; 4:2,3,4,8,9,20
 - f. labindalawang mga apostol, Mateo 10:1
 - g. gamit sa Pahayag:
 - (1) labindalawang libong natatakan, 7:5-8
 - (2) labindalawang bituin, 12:1
 - (3) labindalawang pintuan, labindalawang anghel, labindalawang mga angkan, 21:12
 - (4) labindalawang sandigang-bato, pangalan ng labindalawang mga apostol, 21:14
 - (5) Bagong Herusalem ay labindalawang libong stadyang kwadrado, 21:16
 - (6) labindalawang pintuan na gawa sa labindalawang perlas, 21:12
 - (7) ang puno ng buhay na may labindalawang uri ng bunga, 22:2
6. Apatnapu = bilang para sa panahon:

- a. Minsan ay literal (exodo at mga paglalagalag sa ilang, e.g., Exodo 16:35); Deuteronomio 2:7; 8:2
 - b. Maaaring maging literal o sumasagisag sa
 - (1) baha, Genesis 7:4,17; 8:6
 - (2) Moises sa Bundok Sinai, Exodo 24:18; 34:28; Deuteronomio 9:9,11,18,25
 - (3) Mga pagkakahati sa buhay ni Moises:
 - (a) apatnapung taon sa Ehipto
 - (b) apatnapung taon sa disyerto
 - (c) apatnapung taon sa pangunugna sa Israel
 - (4) Si Hesus ay nag-ayuno ng apatnapung araw, Mateo 4:2; Marcos 1:13; Lucas 4:2
 - c. Tandaang (sa pamamagitan ng isang *Concordance*) ang bilang ng beses na ang bilang na ito ay nakita sa pagtatalaga ng panahon sa Bibliya!
7. Pitumpu – paikot na bilang para sa bayan:
- a. Israel, Exodo 1:5
 - b. Pitumpung mga matatanda (pinuno), Exodo 24:1,9
 - c. eskatolohiko, Daniel 9:2,24
 - d. pangkat pangmisyon, Lucas 10:1,17
 - e. pagpapatawad (70x7), Mateo 18:22
- B. Mga mabuting sanggunian
1. John J. Davis, *Biblical Numerology*
 2. D. Brent Sandy, *Plowshares at Pruning Hooks*

23:3 “Walang Ammonita o Moabita” Ang mga bansa ay bunga ng kahalayang binanggit sa v. 2. Ang ilang mga rabbi ay sinabing ang Genesis 19:30-38 (mga bansa mula sa mahalay ng ugnayan ni Lot sa kanyang mga anak na babae) ay nagpapakita na ito ay tumutukoy lamang sa mga lalaki, samakatuwid hindi ibinibilang si Ruth na isang Moabita at isang ninuno ni Haring David. Gayunman, lampa sa kahalayan, ang ibang tiyak na mga dahilang para sa kanilang hindi pagkatanggap ay ipinahayag sa vv. 4-6.

23:4 “Balaam” Ito ay propeta na hindi nanggaling kay Abraham, ngunit kilala si YHWH, gaya ni Melchizedek at Job, na hindi rin mga nanggaling kay Abraham. Ang kasaysayn ni Balaam ay muling naisalaysay sa Mga Bilang 22-24.

23:5 “iniibig ka ng PANGINOON mong Diyos” Ito ay isang inuulit na paksa sa Deuteronomio:

1. 4:37, “kaniyang inibig ang iyong mga magulang”
2. 7:7-8, “inibig kayo ng PANGINOON, at dahil sa kaniyang tinupad ang sumpa na kaniyang isinumpa sa inyong mga magulang:
3. 7:12-13, “kaniyang iibigin ka, at pagpapalain ka, at padadamihin ka” (kung masunurin)
4. 10:15, “Ang PANGINOON ay nagkaroon lamang ng hilig sa iyong mga magulang na ibigin sila”
5. 33:3, “kaniyang iniibig ang bayan (mga)”

Ang pagkilos ni YHWH ay nakabatay sa Kanyang pagpili, hindi sa kabutihan ng Israel (cf. 7:7-8). Pinili Niya si Abraham upang piliin ang isang mundo (tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pang-Ebanghelikong Pagkiling ni Bob sa 4:6).

23:6 “kanilang kapayapaan o ang kanilang ikasusulong” Ito ay maaaring isang sanggunian sa (1) mga kasunduan o mga pag-aanib (e.g., Ezra 9:12) o (2) mga panalangin para sa kanila (e.g., Jeremias 14:11).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:7-8

⁷Huwag mong kasusuklaman ang Idumeo; sapagkat siya'y iyong kapatid: huwag mong

kasusuklaman ang taga Ehipto; sapagkat ikaw ay nakipamayan sa kaniyang lupain. ⁸Ang mga anak ng ikatlong salin ng lahi nila na ipinanganak sa kanila ay makapapasok sa kapisanan ng Panginoon.

23:7 “kasusuklaman” Ang PANDIWANG ito (BDB 1073, KB 1765, *Piel* DI-GANAP, ginamit nang dalawang beses) ay nangangahulugang “napopoot,” mula sa PANGNGALAN “pagkasuklam” (e.g., 7:26). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Kasuklaman sa 14:3.

▣ **“Idumeo; sapagkat siya'y iyong kapatid”** Si Rashi ay nagsasabing ang pagkakaiba sa pagitan ng vv. 3 at 7 ay ang mga bansa na nakatala sa v. 3 na nagdulot sa Israel upang magkasala (cf. Genesis 36). Ang bansang Edom ay nagmula kay Esau na kapatid na lalaki ni Jacob (cf. Genesis 25:24-26; 36:1).

23:8 “Ang mga anak ng ikatlong salin ng lahi nila” Ang paghihintay ay maaaring dahil sa panahon na kinakailangan upang lubusang maisama sa lipunang Israeli at mga kasanayan sa pagsamba.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:9

⁹Pagka ikaw ay lalabas sa kuta laban sa iyong mga kaaway, ay magbabawa ka nga sa iyo sa bawat masamang bagay.

23:9 Ang Israel ay nasasangkot sa “banal na pakikidigma” (cf. kabanata 20). Si YHWH ang nakipagdigma para sa kanila, ngunit sila ay kailangang manatili “sa pag-seremonya” na dalisay upang ang presensya ni YHWH ay manatili sa kanila (cf. v. 14; Josue 5:13-15).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:10-11

¹⁰Kung magkaroon sa iyo ng sinomang lalaki, na hindi malinis dahil sa anomang nangyari sa kaniya ng kinagabihan, ay lalabas nga sa kuta, hindi siya papasok sa kuta: ¹¹Nguni't mangyayari kinahapunan, na siya'y maliligo sa tubig: at pagka ang araw ay nakalubog na, ay papasok siya sa kuta.

23:10 “nangyari sa kaniya ng kinagabihan” Ang Hebreo ay “isang nagaganap o pangyayari sa gabi” (BDB 899 NA KAYARIAN 538). Ito ay maaaring isinama ang ibang uri ng mga likido sa katawan katulad ng pag-ihi at at diarrhea, atbp. Ang anumang pagtagas ng mga likido sa katawan ay ginagawang madumi, sa seremonya (cf. Levitico 15). Tandaang, ito ay tumutukoy sa pang-seremonyong kalinisan, hindi kasalanan.

▣ **“ang araw ay nakalubog na”** Ang Israel ay nagsisimula ng bagong araw sa paglubog ng araw, na sumusunod sa huwaran ng Genesis 1.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:12-14

¹²Ikaw ay magkakaroon naman, ng isang pook sa labas ng kuta, na iyong lalabasan: ¹³At ikaw ay magkakaroon din ng isang pala sa kasamahan ng iyong mga kasangkapan; at mangyayari, na pagka ikaw ay palilikod sa labas ay huhukay ka, at ikaw ay babalik at tatabunan mo ang ipinalikod mo: ¹⁴Sapagka't ang PANGINOON mong Diyos ay lumalakad sa gitna ng iyong kuta, upang iligtas ka, at ibigay ang iyong mga kaaway sa harap mo; kaya't ang iyong kuta ay magiging banal: upang huwag siyang makakita ng anomang maruming bagay sa iyo, at baka humiwalay sa iyo.

23:12 “isang pook” Ang Hebreo ay may terminong “kamay” (BDB 388), na maaaring tumukoy sa isang tanda upang magtalaga ng isang karamiwang lugar para sa layuning pagdumi (BDB 844).

23:13

NASB “isang pala”
NKJV “isang kasangkapan”
NRSV, NJB “isang timba”
TEV “isang patpat”

Ang Hebreong termino (BDB 450) ay tumutukoy sa ilang uri ng kasangkapan sa paghuhukay. Maging ito ay isang pang-hukbong sandata na ginamit para sa dalawa layunin o isang hiwalay na bagay tulad ng isang pang-ipit ng tolda na dinadala carried para sa layuning ito ay di-tiyak.



NASB “mga kasangkapan”
NKJV, TEV,
NJB “kagamitan”
NRSV “kasangkapan”

Ang (BDB 24) kahulugan ng termino ayy di-tiyak. Ang Arabe ay nangangahulugang “mga pagmamay-ari,” habang ang Aramaiko ay nangangahulugang “mga sandata.” Sa konteksto, ito ay tila isang pang-hukbong sandata na ginamit din bilang isang gamit sa paghuhukay na kasama sa pang-seremonya at panakip sa panganganlaga ng katawan sa pagdumi. Ito ay ginamit lamang dito sa buong OT.

23:14 “at PANGINOON mong Diyos ay lumalakad sa gitna ng iyong kuta” Ito ay isang maaaring sanggunian sa Mga Levita na nagdadala ng Kaban ng Kasunduan (cf. Exodo 25:10-22), na siyang pumalit sa *shekinah* na ulap (e.g., Exodo 13:21-22; 14:19-20; 16:10; 19:9,16; Levitico 16:2,13) bilang isang sagisag ng Presensya ng Diyos pagkatapos na tumawid sa Jordan. Ang mga rabbi pagkatapos, ay kinuha ang talatang ito sa literal at nagpasyang na walang pataba ang maaaring magamit sa mga hardin ng lungsod ng Herusalem.

▣ “anomang maruming bagay” Ito ay isang KAYARIAN ng “salita” (BDB 182 IV, #6) na may “kahubaran” (BDB 788, #2, cf. 24:1). Sa konteksto, ito ay tumutukoy pang-seremonyang kalinisan na nauugnay sa mga likido ng katawan (cf. Levitico 15). Ito ay tila isang paraan ng pagtuturo sa Israel na ang presensya at kapangyarihan ni YHWH na nasa kanila ay kailangang umugma sa kanilang “kabanalan” at palagiang pagbabantay.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:15-16

¹⁵Huwag mong ibibigay sa kaniyang panginoon ang isang aliping nagtanan sa kaniyang panginoon na napasa iyo: ¹⁶Siya'y tatahang kasama mo, sa gitna mo, sa dakong kaniyang pipiliin sa loob ng isa sa iyong mga pintuang-daan na kaniyang magalingin: huwag mo siyang pipighatiin.

23:15 “Huwag mong ibibigay sa kaniyang panginoon ang isang alipin” Ang pangunahing pangkahulugang tanong ay ang pagkabansa ng isang alipin at ng kanyang panginoong. Kanino ito tiyakang tumutukoy? Ito kailangang tumukoy sa isang dayuhang alipin o isang dayuhang panginoon ng alipin (o kapwa). Maliwanag nitong ipinapakita ang pagkakaunawa ng Israel na ang isang alipin ay mas higit kay sa buhay na kasangkapan. Pinahihintulutan ni YHWH ang paglilingkod sa ilalim ng mga pagtatakda at hangganan, ngunit Siya rin ay kumakalinga para sa walang kapangyarihan, walang magawa, at walang lakas!

23:16 Pansinin ang mga inuulit na kalayaan na hinihingi ni YHWH para sa nakatakas na dayuhang alipin:

1. “tatahang kasama mo” - BDB 442, KB 444
2. “sa dakong kaniyang pipiliin” - BDB 103, KB 119, *Qal* DI-GANAP
3. “na kaniyang magalingin” - BDB 373 II
4. “huwag mo siyang pipighatiin” - BDB 413, KB 416, *Hiphil* DI-GANAP

Ang kalayaan at pangangalaga! Ang lahat ng ibang sinaunang mga kodigo ng Near Eastern ay humuhingi na kabayaran (at kasama nito ay maaaring kamatayan) ng mga nakatakas na alipin. Ang Mosaikong kasunduan ay tumutuon sa karapatan at pangangalaga ng mahihina, walang lakas, itinatakwil ng lipunan, at mahirap. Ang tawag-pansing parirala ay “ang balo, ang ulila, at ang dayuhan” (cf. 10:18; 14:29; 16:11; 24:17,19; 26:12,13; 27:19).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:17-18

¹⁷Huwag kang magkakaroon ng masamang babae sa mga anak ng Israel, ni magkakaroon ng sodomita sa mga anak ng Israel. ¹⁸Huwag mong dadalhin ang bayad sa isang masamang babae, o ang kaupahan sa isang aso, sa bahay ng PANGINOON mong Diyos sa anomang panata: sapagkat ang mga ito ay kapuwa karumaldumal sa PANGINOON mong Diyos.

23:17 “masamang babae” Ito ay isang pambabaeng terminong “banal na isa” (BDB 873 I). Ito ay nagpapakita ng presensya ng pagkultong prostitusyon sa Canaan (cf. Exodo 34:15-16; II Mga Hari 23:7). Gayunman, mayroong kaunting kahirapang arkeolohikong katibayan nito sa Canaan (cf. NIDOTTE, tomo 1, p. 1124, #6). Kung mayroong pangkultong prostitusyon at ang mga kasuklam-suklam na lumago din sa lupain ng Israel, ginagawa nitong silang lahat na mas masama (cf. Osea 4:11-14; Lucas 12:48).

▣ **“masamang babae”** Ito ay isang panglalaking terminong “banal na isa” (BDB 873 I). Sa yugot ito, isang lalaking patutot ay tinatawag na “isang aso” (cf. v. 18).

23:18 “at bayad sa isang masamang babae” Ito ay isang iba’t-ibang salita mula sa v. 17 (cf. Osea 9:1). Ito ay ang karaniwang termino para sa isang katambal sa pagpapayabong na pagsamba (BDB 1072). Mayroong ilang pagtatalo kung ang terminong ito para sa kultong prostitusyon sa 17 ay magkatulad sa termino ng v. 18 o kung ang v. 18 ay tumutukoy sa hindi kultong prostitusyon (BDB 1072). Sa maraming mga teksto, mayroong isang pagkakaiba, ngunit pagkakatulad dito ay tila may layunin. Ang mga kabayaran siningil ay tinatangkang ibalik muli sa diyos (cf. Mikas 1:7). Tinatanggihan ni YHWH ang lahat ng kita na mula sa sekswal na mga bayad!

▣ **“ang kaupahan sa isang aso”** Ito ay ang singil ng isang lalaking patutot. Tinatanggi ni YHWH ang lahat ng pagpapayabong na pagsamba at kita nito!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:19-20

¹⁹Huwag kang magpapahiram na may tubo sa iyong kapatid; tubo ng salapi, tubo ng kakanin, o tubo ng anomang bagay na ipinahihiram na may tubo: ²⁰Sa isang taga ibang lupa ay makapagpapahiram ka na may tubo; nguni’t sa iyong kapatid ay huwag kang magpapahiram na may tubo: upang pagpalain ka ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng pagpapatungan mo ng iyong kamay, sa lupain na iyong pinapasok upang ariin.

23:19 “Huwag kang magpapahiram na may tubo” Ang Hebreo sa literal ay “anumang kaunting pagod” (BDB 675). Ito ay tinatalakay din sa Exodo 22:25 at Levitico 25:35-37.

23:20 Mayroong iba’t-ibang takdang mga pamantayan sa pagitan ng mga kasama sa kasuduan at mga Hentil (BDB 648, cf. 14:21; 15:3).

▣ **“upang pagpalain ka ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng pagpapatungan mo ng iyong kamay”** Pansinin ang pagpapala ni YHWH, na nangangahulugang maging isang tanda na nagpapalapit sa mundo sa Kanya, ay may pasubali sa pagsunod ng kasunduan ng Israel. Ang lumang kasunduan, tulad ng bagong kasunduan, ay nakabatay sa biyaya, ngunit ang pagsasagawa sa mga pananagutan ng

kasunduan ay inaasahan sa pagitan ng Diyos at Kanyang bayan sapagkat ang Diyos ay nagnanais na mailarawan ang Kanyang katangian sa pamamagitan ng Kanyang bayan sa isang nalugmok sa espirital at nangangailangang mundo. Ang kaligtasan sa Bagong Kasunduan kaligtasan ay lubusang walang-bayad sa natapos na gawain ni Kristo, ngunit ito rin ay may mga pasubali (kondisyon) at mga inaasahan (i.e., pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, pagtitiyaga). Ang layunin ang pagkakilala sa Diyos ay ang pamumuhay sa Kanyang naihayag kalooban at katangian. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pang-Ebanghelikong Pagkilig ni Bob sa 4:6.

Ito ay nakakatuwa na maraming sa mga “pagpapalang teksto” ay makikita sa konteksto ng pagtulong ng Israel sa mahirap at nangangailangan (e.g., 14:29; 24:19).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:21-23

²¹Pagka ikaw ay magpapanata ng isang panata sa PANGINOON mong Diyos, ay huwag kang magluluwat ng pagtupad: sapagkat walang pagsalang uusisain sa iyo ng PANGINOON mong Diyos; at magiging kasalanan sa iyo. ²²Nguni't kung ikaw ay magbawang manata, ay hindi magiging kasalanan, sa iyo: ²³Ang nabuka sa iyong mga labi ay iyong gaganapin at gagawin; ayon sa iyong ipinanata sa PANGINOON mong Diyos, na isang kusang handog, na ipinangako mo ng iyong bibig.

23:21 “isang panata” Ang mga kautusan sa mga panata (BDB 623, KB 674, *Qal* DI-GANAP, cf. 12:11,17) ay tinalakay sa Levitico 27 at Mga Bilang 30 (ang mga panatang Nazareto ay inilarawan sa Mga Bilang 6). Ito ay isang pangakong binigay kay YHWH na nakabatay sa mga tiyak na pangyayari at mga kahihinatnan.

Ito parirala ay may:

1. isang pagsalungat *Piel* DI-GANAP of BDB 29, KB 24
2. isang *Piel* PAWATAS NA KAYARIAN of BDB 1023, KB 1532

Kung ikaw ay isang gumawa ng isang panata, tutuparin mo ito sa isang napapanatong paraan!

■ **“huwag kang magluluwat ng pagtupad”** Ang mga rabbi sa huli ay binigyang-kahulugang ang panahong ito bilang “hindi lilipas ng tatlong mga pista” (i.e., isang taon).

■ **“sapagkat walang pagsalang uusisain sa iyo”** Ito parirala ay nagbibigay-diin (PAWATAS NA TIYAK at DI-GANAP NA PANDIWA ng katulad na ugat, BDB 205, KB 233). Tinatanganan ni YHWH ang mga panata sa Kanyang pangalan nang mataimtim (cf. Ecclesiastes 5:1-7).

23:22 Ito ay nagpapakita ng karunungan sa hindi paggagawa ng padalos-dalos na mga panata (e.g., Mga Hukom 11). Hindi nito ipinapakita ang pananaw ng Hebreo sa kapangyarihan at kahalagahan ng isinawikang salita (e.g., Genesis 1; Isaias 55:11; Juan 1:1).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:24

²⁴Pagka ikaw ay pumasok sa ubasan ng iyong kapuwa, ay makakakain ka nga ng mga ubas sa iyong kagustuhan hanggang sa ikaw ay mabusog; nguni't huwag kang maglalagay sa iyong sisidlan.

23:24-25 “ikaw” Ito ay tumutukoy sa nangangailangan ng lupain, ang ulila, ang balo, ang dayuhan, at ang mahirap. Ito ay bahagi ng kautusan sa pag-iipon. Ito ay nabanggit sa maraming mga teksto (cf. Levitico 19:9-10; 23:22; Deuteronomio 24:21; Mga Hukom 8:2; 20:45; Ruth 2; Isaias 17:6; 24:13; Jeremias 6:9; 49:9; Mikas 7:1). Ito ay nagpapakita ng pagkalinga ng Diyos kapwa para sa ang mahirap at sa Kanyang pagmamay-ari ng ani.

23:24 “hanggang sa ikaw ay mabusog” Ito ay isang pagsasama ng “sang-ayon sa iyong pagnanais”

(BDB 659) at “iyong kabusugan” (BDB 959, cf. Exodo 16:3; Levitico 25:19; Ruth 2:18; Mga Awit 78:25; Kawikaan 13:25). Ito ay nagsasabi, hindi sa pagkain ng tama lamang, ngunit ang pagkain ng lahat ng gusto mo. Anong kamangha-manghang panustos para sa ang mahirap, nangangailangan, at dayuhang dumaraan. Wala ring hangganan kung gaano kadaming beses ang isa ay maaaring bumalik.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 23:25

²⁵Pagka ikaw ay pumasok sa nangakatayong trigo ng iyong kapuwa, ay makikitil mo nga ng iyong kamay ang mga uhay; nguni't huwag mong gagalawin ng karit ang nakatayong trigo ng iyong kapuwa.

23:25 Ang mga talatang 24 at 25 ay kapwa nagpapakita na ang nangangailangan ay makakakain ng lahat na kanilang nais, ngunit hindi nila makukuha ang anumang mga pananamin para sa kanilang kinamayang paggamit o pagtinda (e.g., Mateo 12:1-8; Marcos. 2:23-28; Lucas 6:1-5). Si YHWH ay nangangalaga para sa kapwa mahirap at ang mga karapatan ng mga magsasaka.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit maaaring tanggihan ng Diyos ang sinuman na nagnanais na maging bahagi ng Kanyang bayan mula sa pagiging ganito?
2. Bakit gumawa ang Diyos ng pagkakaiba sa pagitan ng mga ilang bansa?
3. Papaano ay pagritwal na kalinisan ay nauugnay sa kasalanan sa OT?
4. Paano tinitimbang ng vv. 24-25 ang karapatan ng mga may ari-arian sa mahirap at nangangailangan?

DEUTERONOMIO 24

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|------------------------------------|---|-------------------------------------|-------------------|
| Kautusan Patungkol sa Paghihiwalay | Kautusan na Pumapatungkol sa Pantaong mga Pananagutan (23:15-25:19) | Paghihiwalay at muling Pagpapakasal | Paghihiwalay |
| 24:1-4 | 24:1-4 | 24:1-4 | 24:1-4 |
| Sari-saring mga Kautusan | | Iba't-Ibang mga Kautusan | Pagkalinga sa Tao |
| 24:5 | 24:5 | 24:5 | 24:5 |
| 24:6-7 | 24:6 | 24:6 | 24:6 |
| | 24:7 | 24:7 | 24:7 |
| 24:8-9 | 24:8-9 | 24:8-9 | 24:8-9 |
| 24:10-13 | 24:10-13 | 24:10-13 | 24:10-13 |
| 24:14-16 | 24:14-15 | 24:14-15 | 24:14-15 |
| | 24:16 | 24:16 | 24:16 |
| 24:17-18 | 24:17-18 | 24:17-18 | 24:17-18 |
| (24:19-25:4) | 24:19-20 | 24:20-22 | 24:19 |
| 24:19-25:3 | | | 24:20 |
| | 24:21-22 | | 24:21 |
| | | | 24:22 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. vii sa panimulang bahagi)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Pangalawang Talata
3. Pangatlong Talata
4. At iba pa

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:1-4

¹Pagka ang isang lalaki ay kumuha ng isang babae at pinakasalan, ay mangyayari nga, na kung ang babae ay hindi kalugdan ng kaniyang mga mata, sapagkat kinasumpungan niya ng isang kahiyahiyang bagay, ay lalagda siya ng isang kasulatan ng paghihiwalay, at ibibigay niya *ito* sa kaniyang kamay, at papagpapaalamin niya siya sa kaniyang bahay. ²At pagkaalis niya sa bahay ng lalaki, ay makayayaon siya at makapagaasawa sa ibang lalaki. ³At kung kapootan siya ng huling asawa, at lagdaan siya ng isang kasulatan ng paghihiwalay, at ibigay sa kaniyang kamay, at papagpaalamin siya sa kaniyang bahay; o kung mamatay ang huling asawa, na kumuha sa kaniya upang maging asawa niya; ⁴*Pagkatapos*, hindi na siya makukuhang muling maging asawa ng kaniyang unang asawa na humiwalay sa kaniya, pagkatapos na kaniyang mapangayupapa siya; sapagkat yao'y karumaldumal sa harap ng PANGINOON: at huwag mong papagkakasalahin ang lupain na ibinibigay na pinakamana sa iyo ng PANGINOON mong Diyos.

24:1 “Pagka. . . mangyayari nga” Ang kayariang ito ay isang *Qal* GANAP (BDB 224, KB 243) “naganap nga” na may ipinapalagay na KATAGA (BDB 49). Ang ipinapalagay na katayuan ay magpapatuloy para sa ang unang tatlong talata. Ang mga talatang 1-4 ay isang pangungusap na may pagwawakas na ipinahayag sa v. 4. Pansinin na ito ay hindi isang pagkalahatang pagtalakay sa paghihiwalay (diborsyo), ngunit isang natatanging kaso ng paghihiwalay, muling pag-aasawa, at paghihiwalay/kamatayan at muling pag-aasawa sa orihinal na kabiyak. Napakahirap dito na maglabas ng lubhang maraming panglahatang katotohanan sa kontekstong ito. Kahit na si Hesus sa pagtalakay patungkol sa talatang ito at sa isyu ng paghihiwalay na binigyang-kulay ng mga pinunong pang-relihiyon ay nagtatangka Siyang siluin sa pagtatalo para sa ang layuning pagbawag ng mga nagtataguyod sa Kanya sa gitna ng bayan at upang hanapan ng mga legal/teolohikong batayan upang kasuhan Siya. Ang paghihiwalay ay hindi kailanman naging pinakamainam na pagpipilian!

▣ **“kung ang babae ay hindi kalugdan”** Ang karaniwang PANDIWANG ito (BDB 592, KB 619) ay ginamit nang dalawang beses sa talatang ito (una, *Qal* DI-GANAP at ang pangalawa *Qal* GANAP). Ito ay ginamit sa kaunawaang “kilalanin ang isang umiiral na kalalagayan” (cf. 22:14,17).

Ang terminong “kalugdan” (BDB 336) ay ginamit sa kapwa sa pagtatangi ng Diyos (e.g., Genesis 6:8; Exodo 33:17) at sangkatauhan (e.g., Genesis 30:27; 33:8,10,15; Ruth 2:2,10,13). Ito ay nangangahulugan na isang tanging pagtanggap o saloobin ng pagtugon. Dito, ito ay sinalungat. Kinikilala nito ang nalugmok na katatayuan ng pantaong pag-ibig, na minsan ay pabago-bago at madaling lumipas.

Ang tekstong ito ay naging isang pinagmulan ng dakilang pagtatalo sa gitna ng mga rabbi. Ang Shammai (ang konserbatibong pangkat ng mga rabbi) ay nagsabing ito lamang ay tumukoy sa pangangalunya, habang ang Hillel (ang liberal na pangkat ng mga rabbi) ay nagsabing ito ay maaring tumukoy sa anumang bagay, kahit na ang mga hindi mahalagang bagay (i.e., masamang pagkain, masamang pakikipag-ugnayan sa mga pinagbiyanan, pagkakita ng mas magantang babae). Sa Israel tanging ang asawang lalaki lamang ang may karapatang legal sa paghihiwalay.

▣
NASB “isang kahiyahiyang bagay”
NKJV “ilang karumihan”
NRSV “ilang bagay na di-pagsasang-ayunan”
TEV “ilang bagay na patungkol sa babae na hindi niya gusto”
NJB “ilang kawalang-angkupan”
JPSOA “ilang bagay na nakakasuya”

Sa literal ito ay “ang kahubaran ng isang bagay” (BDB 788). Sa 23:14 ang katulad na termino ay

ginamit sa isang kaunawaang hindi pang-moral. Ito ay hindi maaaring tumukoy sa napatunayang pangangalunya sapagkat ang kusang kabayaran ay kamatayan (cf. 22:22). Si Hesus, nang sinipi ang tekstong ito, ay tila binigyang-kahulugan ito sa pamamagitan ng pariralang “pakikiapid” sa Mateo 19:9, na isang Griyegong termino (*porneia*) na kinapapalooban ng anumang pang-sekswal na kawalang-kaangkupan o kasamaan. Ang termino ay may kalabuan ang kahulugan at, samakatuwid ay sumasakop sa pinakamalawak na maaaring mga kahihinatnan.

Si Moises ay sumulat sa tekstong ito upang pangalagaan ang tinanggihan, mahinang asawang babae. Ito ay nakakagulat sa akin na si Hesus ay nagpapahayag na ang legal na proteksyon ng paghihiwalay at muling pag-aasawa ay hindi kailanman layunin ng Diyos (cf. Mateo 5:27-32; 19:7-12; Marcos 10:2-12; Lucas 16:14-18), ngunit palagay ni Moises, dahil sa katigasan ng mga puso ng mga Israelita. Gaano karami pang ibang mga bagay ang nakatala sa Pentateuch ay hindi layong kalooban ng Diyos? Si Hesus, bilang Panginoon ng Banal na Kasulatan, ay ipinakita ang Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng pagtatama ng mga teksto sa OT at kanilang mga kahulugan (cf. Mateo 5:17-48; Marcos 7:1-23). Ito ay nakakabalisa sa ating makabagong ebangheliko na naglalagay ng diin sa Bibliya bilang “salita ng Diyos” (at ito ay tiyak na totoo!), ngunit kailangan nating tandaan na si Hesus ay ang Buhay na Salita at mayroon lamang tayong isang bahagdan ng lahat ng lahat ng mga bagay na Kanyang ginawa at sinabi (cf. Juan 20:30). Ang Bibliya una sa lahat ay binuo upang unang magbigay sa ating ng kaligtasan (cf. Juan 20:31; II Timoteo 3:15) at pagkatapos ay gabayan tayo sa pamumuhay Kristiyano (cf. II Timoteo 3:16-17). Taglay natin lahat ng kaalaman na ating kailangan upang maligtas at maipamuhay ang isang buhay na kalugod-lugod sa Diyos. Hindi natin kailangang ang mga karagdagang alituntunin at mga kautusan. Ang mga teksto na ating taglay at ang pananahanan ng Espiritu ay gumagabay sa mga tekstong mayroon tayong mga bahagi ng kawalang katiyakan. Naaalala ko na si Hesus ay nagbigay ng puna na ang lahat mga turo ng Banal na Kasulatan kung paano mabuhay para sa Diyos ay mailalagom sa dalawang napakahalagang mga pahayag (cf. Mateo 22:34-40; Marcos 12:28-34; Lucas 10:25-28):

1. Deuteronomio 6:4 - ibigin ang Diyos ng lubusan
2. Levitico 19:18 - ibigin ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili

▣ **“kasulatan ng paghihiwalay”** Ito ay isang legal kasulatan ng paghihiwalay. Ito ay maaaring kinapapalooban ng pagbabalik ng dote. Sa huli, ito ay kinapapalooban ng legal na pamamaraan na nagbibigay para sa mga kabiyak na magkasundo, ngunit dito, ito ay tila dapat isulat sa pamamagitan ng aswang lalaki o kanyang kinatawan (i.e., isang Levita).

Ang paghihiwalay (diborsyo) at muling pag-aasawa ay tinatalakay din na may kaugnayan sa mga saserdote sa Levitico 21:7,14 at 22:13. Ito ay karaniwan (cf. Bilang 30:9).

24:2 “makapagaasawa sa ibang lalaki” Ang karapatan sa muling pag-aasawa ay ipinalagay at ipinahayag. Ito ay talagang layunin ng pamamaraan.

24:3 “ung kapootan siya ng huling asawa” Ang salitang “kung” ay wala sa Hebreong MSS. Ito ay inaakalang isa pang ipinapalagay na kalagayan (tulad ng v. 1).

Ang PANDIWANG “kinapootan” sa literal “gait” (BDB 971, KB 1338, *Qal* GANAP) at ginamit sa Aramaiko para sa “paghihiwalay.”

▣ **“ung mamatay ang huling asawa”** Ito ay maaaring isa pang tagpo.

24:4 “kaniyang unang asawa. . . Hindi na siya makukuhang muling maging asawa” Ang orihinal na mag-asawa ay hinihimok na magkasundo (legal na pamamaraan ng sulat ng paghihiwalay), ngunit minsang nahiwalay at ang asawang babae ay muling ikinasal, ang pagkakasundo ay ipinagbabawal! Ito ay layunin ng lahat ng mga pasubali na matatagpuan sa vv. 1-3. Ito ay maaaring isang paraan upang ipagtanggol ang pangalawang pagpapakasal.

▣ **“mapangayupapa siya”** Ang karungisan ay tila nauugnay sa pagkakaalam sa dalawang magkaibang

lalaki sa pagtatalik, na maaaring gawin ng orihinal na asawang lalaki sa pagkuhang muli sa kanya sa isang uri ng pangangalunya!

Ang kalabuan ng mga salita sa talataang ginagawa ito mas mahirap na isalaysay bilang isang pangkalahatang espiritwal na mga prinsipyo. Ito ay hindi isang konteksto sa kasamaan ng paghihiwalay (diborsyo) at muling pag-aasawa, ngunit sa unang asawang lalaki na kukunin ang kanyang hiniwalayang asawa pagkatapos ng pangalawang pag-aasawa. Ang paghihiwalay at muling pag-aasawa ay karaniwan at hindi pinaparusahan sa sinaunang Near East.

Ang IVP Bible Background Commentary ay mayroong isang nakakawiling puna:

“Ang lubhang di-karaniwang anyo ng Hebreong pandiwa na ginamit sa talata 4 ay ginagawa itong maliwanag na ang babae sa kasong ito ay ang biktima, hindi ang maysalang panig. Siya ay pinilit na ihayag ang kanyang karumihan sa pamamagitan ng ang walang habag na pagkilos ng unang asawa, at ang pangalawang pag-aasawa ay nagpapakita na ang ibang asawang lalaki ay may kakayahang tanggapin ang kung anumang ‘karumihan’ na kaniyang taglay. Ang pagbabawal ay nakatuon sa pagpigal sa unang asawang lalaki sa muling pagpapakasal sa babae, (sa pagkakataong ito, ay siya maaaring makakita ng ilang pakinabang sa pananalapi), kung saan ang babae ay may marumihan, ang pagbabawal ay maaaring laban sa kaniya at maaaring pagsasara sa isang pangkasalang pakikipag-ugnayan sa kaninuman” (p. 198).

▣ **“huwag mong papagkakasalahin ang lupain”** Ninanais ng Diyos ang malakas, maka-Diyos na mga pag-aasawa at mga pamilya. Sila ang nagtatakda ng kalakasan, katibaya, at edukasyon para sa susunod na salin-lahi ng kasunduang bayan. Ang pag-aasawa ay tinutularan kaysa tinuturo! Ang paghihiwalay ay hindi kasalanan, ngunit ang unang asawang lalaki na kukunin pabalik ang kanyang asawang babae pagkatapos ng isa pang asawang lalaki!

Dalawang propeta ang gumamit ng talatang ito na palalinghaga upang ilarawan ang pakikitungo ng Diyos sa kawalang pananampalataya ng Israel (Isaias 50:1; Jeremias 3:1,8). Ang pagsamba sa ibang diyos ay itinuturing na “espiritwal na pangangalunya.”

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:5

⁵Pagka ang isang lalaki ay bagong kasal, ay huwag lalabas na sasama sa hukbo ni mamamahala ng anomang katungkulan; siya'y magiging laya sa bahay na isang taon at kaniyang pasasayahin ang kaniyang asawa na kaniyang kinuha.

24:5 “Pagka ang isang lalaki ay bagong kasal” Ang bagong asawang lalaki ay hindi kinakailangang maglingkod sa hukbo o magsakatuparan ng iba pang mga katungkulang pang-sibiko para sa isang taon. Ito ay para sa layuning pagtitiyak ng magmamana (cf. 20:7).

▣ **“kaniyang pasasayahin ang kaniyang asawa”** Ang PANDIWANG ito (BDB 970, KB 1333, *Piel* GANAP) ay nangangahulugang “sumaya” o “malugod.” Ito ang layunin ni YHWH para sa Kanyang kasunduang bayan. Ang mga kautusan ng Deuteronomio ay tumutulong sa nalugmok na sangkatauhan na magtamo at panatilihin ang isang masaya, nalulugod na lipunan.

Ang NIDOTTE, tomo 3, p. 1252, ay may isang mabuting sipi sa paksang ito:

“Ang kagalakan ay kailangan ding maging tanyag sa mga pampamilyang pakikipag-ugnayan. Pinapayuhan ni Moises ang bagong asawang lalaki na ituon ang kanyang sarili upang maging maligaya ang kanyang asawa (Deuteronomio 24:5) at ang pantas ay nagpapayo sa asawang lalaki na magalak sa kanyang asawa sa kanyang kabataan (Kawikaan 5:18). Bagaman ang ama ng isang mangmang ay hindi magagalak (Kawikaan 17:21), isang marunong na anak na lalaki ay nagdudulot ng dakilang kaligayahan at tuwa sa kanyang ama (10:1; 15:20; 23:24-25; 27:11; 29:3).”

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:6

⁶Walang taong kukuha ng gilingan o ng batong nasa itaas ng gilingan na pinakasangla: sapagkat parang kaniyang kinuhang pinakasangla ang buhay ng tao.

24:6 “gilingan o ng batong nasa itaas ng gilingan” Ito ay tumutukoy sa mas mataas na bato sa dalawahang-batong gilingan (BDB 932, 939, cf. Exodo 11:5; Mga Hukom 9:53; II Samuel 11:21), na ginamit upang ihanda ang pang-araw-araw na tinapay. Ang mas mataas na bahagi ay walang gamit kung wala ang katambal na mas mababang piraso.

▣ **“pinakasangla”** Ang terminong ito, “sa pangako,” (BDB 286, KB 285) sa karaniwan ay nangangahulugang “bigkisin.” Kapag ang isa ay nanghiram, siya ay may katungkulang magbayad. Upang tiyakin ang muling pagbabayad na ito (walang tubo sa isang kapwa Israelita) ang nagpautang maaaring kumuha ng isang bagay na may halaga at tanganan ito:

1. Gilingang bato, 24:6
2. Mga damit, 24:17; Exodo 22:25-27; Job 24:7,10
3. Lupain at mga bahay ng mga ninuno, Nehemias 5:3 (maaaring Job 24:2)
4. Isang kailangang hayop, Job 24:3
5. Kailangang tulong, ang mga anak, Exodo 21:7; Levitico 25:39-43; II Mga Hari 4:1; Job 24:9

Ang bawat-isa sa mga bagay na ito ay kailangang bahagi sa pang-araw-araw na pang-agrikulturang pamumuhay. Ang tanggalin ang anuman sa mga ito ay magsasapanganib ng pamilya, kahit na ang sariling buhay. Ang kahabagan at pagkalinga ni YHWH para sa Israel ay dapat tularan ng mga Israelita na may mga kayamanan. Sila ay pinagpala ng Diyos dahil sa kanilang kahabagan. Sila ay maaaring pagkalooban ng mas higit upang sila ay mas higit pang mapakapagbahagi (cf. v. 13; II Corinto 9:6-10).

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:7

⁷Kung ang sinoman ay masumpungang nagnanakaw ng sinoman sa kaniyang mga kapatid, sa mga anak ni Israel, at kaniyang inalipin siya, o ipinagbili siya; ang magnanakaw ngang yaon ay papatayin: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo.

24:7 “nagnanakaw” Ang Hebreong PANDIWA dito ay “pagnanakaw” (BDB 170, KB 198, *Qal* GANAP). “ang pagdukut” ay nakikita bilang pagnanakaw ng isang buhay (sa literal, “pangnanakaw ng *nephesh*, BDB 659). Marami ang naniniwala na ito ay kung ano ang tinutukoy ng Sampung Utos sa kautusan na “Huwag kang magnanakaw.” Ang kabayaran para dito ay kamatayan, na tila malubha para sa payak na pagnanakaw (cf. Exodo 21:16; Deuteronomio 5:19).



| | |
|------|------------------------------|
| NASB | “inalipin siya” |
| NKJV | “abusuhin” |
| NRSV | “alipinin” |
| TEV | “gawin mo silang mga alipin” |
| NJB | “ginawa niya siang alipin” |

Ang ugat (BDB 771) ay may maraming kahulugan:

1. bungkos, Deuteronomio 24:19 o gumawa ng bingkis, Mga Awit 129:7
2. omer - BDB I, Exodo 16:18,22,32,33
3. malupit na pakikitungo - BDB II, Deuteronomio 21:14; 24:7
4. mabuhay nang mahaba (Arabeng ugat) - BDB III

Ang pagkakabigkas at konteksto ay nagtatalaga ng kahulugan ay ninanais para sa tatlong panig na ugat na ito. Ang opsyon #3 ay ay matatagpuan lamang nang dalawang beses sa OT, kapwa sa Deuteronomio.

▣ **“gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo”** Ito ay isang inuulit na kataga. Tingnan ang tala sa

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:8-9

⁸Mag-ingat ka sa salot na ketong, na iyong isagawang masakap at gawin ang ayon sa lahat na ituturo sa iyo ng mga saserdote na mga Levita: kung paanong iniutos ko sa kanila ay gayon mo isasagawa. ⁹Alalahanin mo ang ginawa ng PANGINOON mong Diyos kay Miriam sa daan nang kayo'y lumalabas sa Ehipto.

24:8 “Mag-ingat” Ang PANDIWA (BDB 1036, KB 1581) ay ginamit nang tatlong beses sa talatang ito:

1. *Niphal* PAUTOS, “mag-ingat”
2. *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN, na may PANG-ABAY “lubha” (BDB 547) at ang PANDIWA “gawin” (BDB 793, KB 889, *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN)
3. *Qal* di-ganao, “mag-ingat na gawin” na dinagdagan ng PANDIWANG “gawin” (BDB 793, KB 889, *Qal* DI-GANAP)

Ang karaniwang kahulugan ay “mag-ingat,” “magmasid,” o “magpanatili.” Ang maingat na pagsunod sa patnubay ni YHWH ay binigyang-diin sa pamamagitan ng ang tatlong-patong na pag-uulit.

▣ **“ketong”** Ito (BDB 863) ay hindi ang makabagong sakit na kilala natin ngayon. Ang terminong ito ay nasasakop ang iba't-ibang mga bagay (i.e., balat, mga damit, yari sa balat, mga bahay). Ang mga patnubay at mga pamamaraan ay tinalakay sa Levitico 13-14. Ito ay nagpapahiwatig na mayroon nang Levitico sa panahong ito. Ang Pentateuch ay isang pinag-isang kabuuan.

24:9 Ang pangyayaring tinutukoy ay nakatala sa Mga Bilang 12, kung saan kapwa sina Aaron at Miriam ay nagrereklamo patungkol sa pamumuno ni Moises at kanyang pagpapakasal sa isang Cusitang babae (maitim na babae). Bilang pagtugon, pinagtibay ni YHWH ang pamumuno ni Moises at pinahirapan si Miriam ng ketong (nawala ang kulay sa balat ni Miriam), ngunit sa pamamagitan ni Moises, ibinalik Niya ang kanyang kulay.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:10-13

¹⁰Pagka ikaw ay magpapahiram sa iyong kapuwa ng anomang bagay na hiram, ay huwag kang papasok sa kaniyang bahay upang kumuha ng kaniyang sangla. ¹¹Ikaw ay tatayo sa labas, at ang taong iyong pinahihiram ay maglalabas ng sangla sa iyo. ¹²At kung siya'y taong mahirap ay huwag kang matutulog na may sangla niya: ¹³Iyo ngang isasauli sa kaniya ang sangla paglubog ng araw, upang siya'y matulog sa kaniyang damit, at pagpalain ka: at magiging katuwiran mo sa harap ng PANGINOON mong Diyos.

24:10 “kaniyang bahay upang kumuha ng kaniyang sangla” Ang karangalan at pagiging sarili ng isang tahanan ay ikinakanlong. Ang taong ito ay maaari ding piliin kung anong damit ang gagamiting bilang isang sangla (pangako).

Ang PANDIWA (BDB 716, KB 778, *Qal* PAWATAS NA KAYARIAN) ay pinapaigting sa pamamagitan ng ng paggamit ng katulad na PANGNGALAN (BDB 716) “sangla.” Ang isang sangla ay isang pisikal na bagay, sa kontekstong ito, isang panlabas na damit na ginagamit bilang isang panagot sa isang utang (cf. vv. 11-13).

Ang mga damit ay hindi lubhang mamahalin, ngunit kinakailangan sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mahirap. Ang pagkuha ng damit ng isang tao ay mas higit na panagot para sa isang pagkakautang. Ito ay isang kapahayagan ng paghamak para sa mahirap na tao. Sa paningin ng Diyos, ang lahat ng mga tao ay mahalaga sapagkat kanilang inilalahad ang Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang kasunduang bayan ng Diyos ay kailangang makilala ang halaga at pakinabang na Kanyang inilalagay sa mga tao at tumutugod nang nararapat!

24:12 “kung siya’y taong mahirap ay huwag kang matutulog na may sangla niya” Ito tumukoy sa panlabas na balabal na ginagamit ng mahirap bilang isang panakip sa pagtulog (cf. Exodo 22:26-27).

24:13 “Iyo ngang isasauli ang sangla” Ito ay ang PAWATAS NA TIYAK na isinama sa DI-GANAP NA PANDIWA ng katulad na ugat (BDB 996, KB 1427), na nagpapakita ng katindihan.

▣ **“at pagpalain ka”** Ipinagtatangol ni YHWH ang mahirap, balo, dayuhan, at mga karapatan ng ulila at tao. Ang pagmalabisan ang mga ito ay nagdudulot ng isang reaksiyon mula mismo kay YHWH (e.g., Exodo 22:23; Deuteronomio 15:9; 24:15)!

▣ **“magiging katuwiran mo”** Ang Septuagint ay nauunawaan ang terminong ito bilang ginamit dito na tumukoy sa panghudyong “pagbibigay-limos” (cf. 6:25; 15:7-11; Mateo 6:1-4).

NATATANGING PAKSA: PAGBIBIGAY NG LIMOS

- I. Ang termino mismo
 - A. Ang terminong ito ay lumago sa loob ng Judaismo (i.e., ang yugto ng Septuagint).
 - B. Ito ay tumutukoy pagkaloob sa mahirap at/o nangangailangan.
 - C. Ang Ingles na salitang “pagbibigay-limos” ay nagmula sa isang pagdadaglat ng Griyegong terminong eleēmosunē.
- II. Konsepto sa Lumang Tipan
 - A. Ang konsepto ng pagtulong sa mahirap ay ipinapahayag nang una sa Torah (mga sulat ni Moises, Genesis- Deuteronomio).
 1. karaniwang konteksto, Deuteronomio 15:7-11
 2. “pag-iipon,” pag-iiwan ng bahagi ng ani para sa mahirap, Levitico 19:9; 23:22; Deuteronomio 24:20
 3. “ang taon ng sabbath,” pagpapahintulot sa mahirap na kumain ng bunga ng ikapito taon, na hindi natamnan ang lupa, Exodo 23:10- 11; Levitico 25:2-7.
 - B. Ang konsepto ay lumago sa Karunungan Panitikan (mga piling halimbawa)
 1. Job 5:8-16; 29:12-17 (ang masamang inilarawan sa 24:1-12)
 2. ang Mga Awit 11:7
 3. Kawikaan 11:4; 14:21,31; 16:6; 21:3,13
- III. Paglago sa Judaismo
 - A. Ang unang pangkat ng Mishnah tinatalakay kung paano pakikitunguhan ang mahirap, nangangailangan, at mga lokal na Levita.
 - B. Mga piling sipi
 1. “gaya ng tubig na pumapatay ng isang nagliliyab na apoy, sa gayon, ang pagbibigay- limos ay nakapagbabayad ng kasalanan” (Ecclesiasticus [kilala rin bilang Karunungan ni Ben Sirach] 3:30, NRSV)
 2. “mag-ipon ng pagbibigay-limos sa iyong imbakan at ito ang magsasalba siyos mula sa bawat sakuna” (Ecclesiasticus 29:12, NRSV)
 3. “para sa kanila na kumikilos na sang-ayon sa katotohanan ay mananagana sa lahat ng ginagawa. Sa lahat ng sinumang tumutupad sa katuwiran⁷ magbigay ng limos mula sa yong mga ari-arian, at huwag hayaan ang iyong mata ay mainggit sa kaloob kung ginawa mo ito. Huwag mong ikiling ang iyong mukha palayo sa kaninuman na mahirap, at ang mukha ng Diyos ay hindi ikikiling palayo sa iyon. ⁸Kung ikaw ay maraming ari-arian, gawin mong may sukat ang kaloob para sa kanila; kung kaunti, huwag kang matako ng magkaloob sang-ayon sa kaunting mayroon ka. ⁹Upang ikaw ay makapag-ipon ng isang mabuting kayamanan para sa iyong sarili laban sa araw ng pangangailangan. ¹⁰Dahil ang

pagbibigay-limos ay magtutubos mula sa kamatayan at mag-iingat sa iyo mula sa pagpunta sa Kadiliman. ¹¹Samakatuwid, ang pagbibigay-limos, para sa lahat na tumutupad nito, ay isang pinakamainam sa paghahandog sa harapan ng Kataas-taasan.” (Tobit 4:6-11, NRSV)

4. ⁸“Ang panalangin at pag-aayuno ay mabuti, ngunit mas higt sa dalawa ay pagbibigay-limos na may katuwiran. Ang kaunting katuwiran ay mas higit sa kayamanang may maling gawa. Mas mabuting magbigay ng limos kaysa sa mag-ipon ng ginto. ⁹Dahil ang pagbibigay-limos ay nagliligtas mula sa kamatayan at naglilinis ng bawat kasalanan. Silang nagbibigay ng limos ay matatamsa isang hustong buhay.” (Tobit 12:8-9, NRSV)

- C. Ang huling sipi mula sa Tobit 12:8-9 ay nagpapakita ng umuunlad na suliranin. Ang paggawa ng tao/mga kagalingan ng tao ay makikita bilang isang kaparaan para sa kapwa pagpapatawad at kasaganahan.

Ang konseptong ito ay mas lalong lumago sa Septuagint, kung saan ang Griyegong termino para sa pagbibigay-limos (*eleēmosunē*) ay naging isang kasingkahulugan para sa katuwiran (*dikaiosunē*). Sila ay maaaring pamalit para sa isa’t-isa sa pagsasalin ng Hebreong terminong *hesed* (Pangkasunduang pag-ibig at katapatan ng Diyos, cf. Deuteronomio 6:25; 24:13; Isaias 1:27; 28:17; 59:16; Daniel 4:27).

- D. Ang mga pagkilos ng kahabagan ng mga tao ay naging isang layunin sa kanilang sarili upang maisakatuparan ang isang pansariling kasaganahan dito at kaligtasan at kamatayan. Ang pagkilos mismo, sa halip na ang motibo sa likod ng pagkilos, ay naging kaunahan sa teolohiya. Ang Diyos ay tumitingin sa puso, pagkatapos ay humahatol sa mga gawa ng kamay. Ito ang pagtuturo ng mga rabbi, ngunit ito, kahit papaano, ay nawala sa paghahangad ng pansariling katuwiran ng tao (cf. Mikas 6:8).

IV. Ang Reaksyon ng Bagong Tipan

- A. Ang terminong ay matatagpuan sa

1. Mateo 6:1-4
2. Lucas 11:41; 12:33
3. Mga Gawa 3:2-3,10; 10:2,4,31; 24:17

- B. Ipinapahayag ni Hesus ang tradisyonal na pang-Hudyong kaunawaan ng katuwiran (cf. II Clemente 16:4) sa Kanyang Pangangaral sa Bundok (cf. Mateo 5-7) na tumutukoy sa

1. Pagbibigay-limos
2. Pag-aayuno
3. panalangin

Ang ilang mga Hudyo ay nagtiwala sa kanilang mga pagkilos. Ang mga pagkilos ay nangangahulugang pagdaluyin ang isang pag-ibig para sa Diyos, sa Kanyang salita, at mga kapatid sa kasunduan at kapatid na babae, hindi sariling pakinabang o sariling katuwiran! Ang pagpapakumbaba ay isang patnubay para sa nararapat na pagkilos. Ang puso ay mahalaga. Ang puso ay mapanganib na masama. Kailangang baguhin ng Diyos ang puso. Ang bagong puso ay tumutulad sa Diyos!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:14-15

¹⁴Huwag mong pipighatiin ang isang nagpapaupang lingkod *na dukha at salat, maging siya'y sa iyong mga kapatid, o sa mga iyong taga ibang lungsod na nangasa iyong lungsod sa loob ng iyong mga pintuang-daan: ¹⁵Sa kaniyang kaarawan ay ibibigay mo sa kaniya ang kaniyang kaupahan, ni huwag lulubugan ng araw (sapagkat siya'y mahirap, at siyang inaasahan ng kaniyang puso); baka siya'y dumaing sa PANGINOON laban sa iyo at maging kasalanan sa iyo.*

24:14 “o sa mga iyong taga ibang bayan na nangasa iyong bayan” Ang pagkalinga ng Diyos para sa balo, ulila, at dayuhan ay maliwanag na makikita sa Deuteronomio (cf. 10:18; 14:29; 16:11,14;

24:17,19,20,21; 26:12,13; 27:19).

24:15 “Sa kaniyang kaarawan ay ibibigay mo sa kaniya ang kaniyang kaupahan” Ang mahirap ay nangangailangan ng (i.e., “itinakda ang kanyang puso dito”) arawang suweldo upang makabili ng pagkain para sa kanyang sarili at kanyang pamilya. Ang may-ari ng lupa ay nagnanais na mapanatili ito upang matiyak na ang manggagawa ay maaaring bumalik upang magtrabaho sa susunod na araw (cf. Levitico 19:13; Malakias 3:5; Santiago 5:4).

▣ **“baka siya’y dumaing sa PANGINOON laban sa iyo”** Ang Diyos ay nangangalinga at dumidinig ng hikbi ng mahirap, inilayo at itinakwil! Tingnan ang tala sa 24:13.

▣ **“maging kasalanan sa iyo”** Sa konteksto, ito ay ang kasalungat na may pasubali ng “katuwiran” sa v. 13.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:16

¹⁶Hindi papatayin ang mga magulang dahil sa *kanilang* mga anak, ni ang mga anak ay papatayin dahil sa *kanilang* mga magulang; bawat tao’y papatayin dahil sa kaniyang sariling kasalanan.

24:16 Ang talatang ito ay lubhang katulad sa Ezekiel 18:1-33; 17:12-20; Jeremias 31:29-30; at II Mga Hari 14:6. Ito ay tumutuon sa di-karaniwang OT konsepto ng pansariling pananagutan. Ito ay isang pagtitimbang ng Exodo 20:5; 34:7; Bilang 14:18. Ang OT ay kadalasang tumutuon sa pangkalahatan (cf. Deuteronomio 5:9).

Pansinin ang tatlong-ulit na paggamit ng PANDIWANG “ilagay sa kamatayan” (BDB 559, KB 562, lahat *Hophal* MGA DI-GANAP). Ang paghihimagsik ay isang napakalubhang bagay! Ang pagsuway ay may mga kahihinatnan!

Ang kautusang ito ay hindi tumukoy sa paghihimagsik laban sa Diyos (e.g., pagsamba sa diyus-diyosan), ngunit sa mga pagkilos sa itinalagang lingkod-bayan (e.g., mga pagkilos laban sa natatag na namumuno sa lipunan o mga pagkilos laban sa isang kasama sa kasunduan).

Ang mga tao ay may tinatangang pananagutan para sa pansariling mga kasalanan, ngunit kadalasang ang mga kasalanang ito ay nauugnay sa pamilya o pangkulturang mga kasanayan. Ang bawat isa sa atin ay may pangkasaysayan at pang-kulturang may pasubali. Tayo ang gumagawa ng mga pagpili, ngunit ang mga pagpiling ito ay may hanganan sa pagpapauna. Ang lipunan, pamilya, at mga tao ay magkasamang di-mapaghihiwalay ang bigkis! Ang lahat ay naapektuhan ng ng mga magulang, kultura, at pansariling mga pagpili! Ang Diyos ang humahatol sa lipunan, mga pamilya, at mga tao. Ang kalayaang pantao ay isang kahanga-hanga/kakila-kilabot na kaloob!

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:17-18

¹⁷Huwag mong ililiko ang matuwid ng taga ibang lungsod, ni ng ulila; ni huwag mong kukuning sangla ang damit ng babaing bao: ¹⁸Kundi aalalahanin mo na ikaw ay naging alipin sa Ehipto, at tinubos ka ng PANGINOON mong Diyos mula roon: kaya’t iniutos ko sa iyong gawin mo ang bagay na ito.

24:17 “huwag mong ililiko ang matuwid ng taga ibang bayan” Ang PANDIWA (BDB 639, KB 692) sa karaniwan ay nangangahulugang “iunat,” “ibuka” o “ipihit.” Kadalasan itong ginamit nang patalinghaga sa “pagpihit sa kanan o kaliwa at paglisan mula sa maliwanag na naihayag na kautusan ng Diyos” (cf. Deuteronomio 5:32; 17:11,20; 28:14; Josue 1:7; 23:6).

Mayroong maraming lugar kung saan ang paksa ng pagpihit/paglikong ito ay “katarungan” (BDB 1048, cf. Exodo 23:6; Deuteronomio 16:19; 24:17; 27:19; I Samuel 8:3; Kawikaan 17:23; Panaghoy 3:35; at Amos 2:7). Ang katarungang ay kalooban ni YHWH para sa bawat-isa sa lipunan ng Israelita sapagkat

ito ay nagpapahayag ng Kanyang katangian at pakikitungo sa kanila (cf. 32:4).

▣ **“taga ibang bayan, ni ng ulila; ni huwag mong kukuning sangla ang damit ng babaing bao”**

Tingnan ang 10:18 at Exodo 22:22-24. Ang Kodigo ng Kautusan ni Moises ay iba't-ibang sa ibang mga r sinaunang Kodigo ng Kautusan sa Mesopotamiya sa kanyang pagkalinga para sa mahirap, nangangailangan, at mahihina sa lipunan!

24:18 “Kundi aalalahanin mo” Pansinin na ang pagbibigay-diin sa pag-ala-ala (BDB 269, KB 269, *Qal* GANAP) ay nabangging nang tatlong beses sa kabanatang ito (24:9,18,22). Ang nakalipas ay nakakaapekto sa hinaharap. Ang Israel ay kailangang makatanda at pagkatapos ay kumilos nang nararapat ngayon!

▣ **“tinubos”** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 7:8.

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:19-20

¹⁹Pagka iyong aanihin ang iyong ani sa bukid, at nakalimot ka ng isang bigkis sa bukid, ay huwag mong pagbabalikang kunin: magiging sa taga ibang lupa, sa ulila, at sa babaing bao: upang pagpalain ka ng PANGINOON mong Diyos sa lahat ng gawa ng iyong mga kamay. ²⁰Pagka iyong papaspasan ang iyong puno ng olibo, ay huwag mong pagbabalikan ang mga nalagpasan; magiging sa taga ibang lungsod, sa ulila, at sa babaing bao.

24:19-21 Ang mga pang-agrikulturang pamamalagad ay upang magtustos ng pagkain para sa mahirap at nangangailangan (tingnan ang Levitico 19:9- 10; 23:22; Ruth 2). Ito ay tinatawag na “pag-iipon.”

Mayroong maraming mga kautusan sa Deuteronomio na patungkol sa pagkakaloob ng pagkain para sa ang nangangailangan:

1. ang ikatlong-taon na ikapu para sa mahihirap, 14:28-29; 26:12-15
2. pinagkaloob na pagkain at ang pagdiriwang ng Pista ng mga Linggo/Pista ng mga Balag, 16:9-17
3. ang taunang pagtitipon mula sa mga ani sa isang taon, 24:19-21

TEKSTO SA NASB (BINAGO): 24:21-22

²¹Pagka ikaw ay namimitas sa iyong ubasan, ay huwag mong pupulutin ang nasa likuran mo; magiging sa taga ibang lungsod, sa ulila, at sa babaing bao. ²²At iyong aalalahanin na naging alipin ka sa lupain ng Ehipto: kaya't iniuutos ko sa iyong gawin ang bagay na ito.

24:22 Ang mga Israelita ay kailangang magkaroon ng kahabagan sa mga lingkod at mga dayuan sapagkat minsan sila rin ay nakaranas ng ganitong kalagayan sa Ehipto. Ang Diyos ay mapag-biyaya sa kanila; sila, rin, ay kailangang maging mapag-biyaya sa iba!

Maraming beses sa Deuteronomio na ang panawagan na alalahanin ang yugto ng pagkaalipin ng Israel ay ginamit upang pasiglahin ang kasalukuyang pagkilos:

1. lahat ng nasa komunidad ay kailangang tuparin ang Sabbath, 5:12-15
2. magpalaya ng mga alipin ng Israelita sa ikapitong taon, 15:12-18
3. lahat ng nasa komunidad ay kailangang lumahok sa Pista ng mga Linggo, 16:9-17
4. huwag baluktutin ang katarungan na ukol sa isang dayuhan o isang ulila, o kunin ang damit ng isang balo na ipinangako, 24:17-18
5. huwag anihin ang lahat ng mga sulok ng bukid at huwag gagawing ang pangalawang pag-ani, 24:19-22
6. paggamit ng ibang mga salita, ngunit may katulad na pagbibigay-diin, pagsunod, 6:10-15; 8:2,18

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paano inuugnay ng Deuteronomio 24:1-4 ang paghihiwalay at muling pag-aasawa?
2. Paano ito maiuugnay sa mga salita ni Hesus sa paghihiwalay?
3. Itala ang mga makataong sangkap ng kabanatang ito.
4. Bakit napakahalaga ng v. 16? Iugnay ito sa Deuteronomio 5:9.

DEUTRONOMIO 25

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|--|--|---|
| Sari-Saring mga Kautusan (24:5-25:4) 25:4 | Mga Kautusang Tumatalakay sa Pantao at Panrelihiyong mga Obligasyon (23:15-25:19) 25:1-3 25:4 | Ibat-ibang mga Kautusan (24:5-25:4) 25:1-3 25:4 | Proteksyon sa Bawat Indibidwal (24:5-25:4) 25:1-3 25:4 |
| Pang-asawang Tungkulin Nabubuhay na Kapatid na Lalake 25:5-10 | 25:5-10 | Katungkulan sa Namatay na Kapatid na Lalake 25:5-10 | Ang Leviritkong Kautusan 25:5-10 |
| Sari-Saring mga Kautusan 25:11-12 | 25:11-12 | Ibang mga Kautusan 25:11-12 | Kahinhinan sa Kaguluhan 25:11-12 |
| Lupigin ang mga Amalekites 25:17-19 | 25:17-19 | Ang Kautusan na Patayin ang mga Amalekites 25:17-19 | 25:17-19 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbp.

MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO

- A. Ibat-bang lugar na saklaw ng Mosaik na Lehisasyon
 1. Pang-krimen na kautusan
 2. Pang-sibil na kautusan
 3. pampamilyang kautusan
 4. pangkultong kautusan
 5. pangkawang-gawa na kautusan

B. Para sa isang mabuting talakayan sa dyanra ng kautusan at paano ito magagamit sa ngayon tignan:

1. *Introduction to Biblical Interpretation* by Klein, Blomberg, at Hubbard, pp. 278-283
2. *How To Read the Bible for All Its Worth* by Fee at Stuart, pp. 163-180
3. *Cracking Old Testament Code*, chapter 6, “Law” ni Richard E. Everbeck, pp. 113-138

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO):25:1-3

1“Kung magkaroon ng pagkakaalit ang mga tao, at sila'y dumating sa hukuman, at sila'y hatulan ng mga hukom; ay kanila ngang mamatuwirin ang may matuwid at hahatulan ang salarin, ²at mangyayari, na kung ang salarin ay marapat paluin, ay padadapain siya ng hukom sa lupa, at papaluin sa kaniyang harap, ayon sa kaniyang sala na may bilang, ³Apat na pung palo ang maibibigay niya sa kaniya, huwag niyang lalagpasan: baka kung siya'y lumagpas, at paluin niya ng higit sa mga ito ng maraming palo, ay maging hamak nga sa iyo ang iyong kapatid.”

25:1 “**Kung magkaroon ng pagkakaalit**” Ito ay tumutukoy sa isang legal na kaso sa pagitan ng tipanang magkakapatid na lalake (BDB 936, cf. 17:8-13; 19:17; 21:5). Ang legal na mga kaso ay ginusto upang itigil ang personal na paghihigante.

▣ “**mamatuwirin ang may matuwid**” Ang korte ay nagdedesisyon ng patas at tumpak (cf. 1:16-17). Ang PANDIWA (BDB 842, KB 1003, *Hiphil* GANAP) at ang PANG-URI (BDB 843) ay mula sa kaparehong ugat. Tignan Natatanging Paksa: Katuwiran sa 1:39.

▣ “**hahatulan ang salarin**” Gaya ng naunang pares, ito ay nagsasangkot ng PANDIWA (BDB 957, KB 1294, *Hiphil* GANAP at ang PANG-URI (BDB 957) mula sa kaparehong ugat.

25:2 “**ng hukom**” Ito ay alinman sa (1) ang nag-oobserbang Levita o (2) ang humahampas na Levita. Sa kalaunay ang Judaismo ay naghahangad ng tatlong mga saksi sa isang pagpalo. Ang tagapalo, ang tagabilang, at ang tagabasa ng mga pangangailangang Kasulatan.

▣ “**sa kaniyang harap**” Sa literal ito ay, “sa harap ng kanyang mukha,” na ibig sabihin ay ang hukom ay dapat na tumingin upang siguraduhin ang pagbibigay ng sintensya. Ang pariralang ito ay binigyan kahulugan sa kalaunan ng Judaismo na tumutukoy sa posisyon ng isa sa paparusahan, “hampasin sa dibdib ng ikatlong bahagi ng mga paghampas at sa likod ng dalawa sa tatlong bahagi ng paghampas.”

▣ “**ayon sa kaniyang sala na may bilang**” Ang kaparusahan ay nangangailangan na tumugma sa krimen. Ang bilang ng mga hampas ay nagbabago (cf. Nehemias 13:25).

25:3 “**Apat na pung**” Ito ang pinakamaraming bilang ng hampas na alinmang may kasamang pamalo (cf. Exodo 21:20; Middle Assyrian Laws, A18) o isang latigo na gawa sa balat. Sa NT na panahon tatlumpot-siyam na latay ang pinakamarami (cf. Mishnah Makkoth, III, 13-14; II Cor. 11:24).

▣ “**palo**” Ang terminong ito (BDB 912 I) ay nangangahulugang marka ng mga latigo. Ito ay may malawak na semantikong larangan at maaring tumukoy sa (1) isang sugat (cf. Isa. 1:6) o (2) isang karamdaman (cf. 28:61).

▣ “**ay maging hamak nga sa iyo ang iyong kapatid**” Maging sa kaparusahan isang makataong espiritu ang nangingibabaw. Ang pagpapanumbalik at binagong karakter ang laging tunguhin.

TALATA SA NASB (BINAGO):25:4

4"“Huwag mong lalagyan ng pugong ang baka pagka gumigiik.”

25:4 “Huwag mong lalagyan ng pugong ang baka” Ito ay nagpapakita ng kabutihan sa mga hayop (cf. 22:6-7; Kawikaan 12:10). Ito ay ginamit ni Pablo sa NT upang suportahan ang mga sahod ng mga Kristyanong pinuno (cf. I Corinto 9:9; I Timoteo 5:18). Si Pablo ay gumagamit ng (1) mga salita ni Hesus sa Lucas 10:7 (cf. I Timoteo 5:18) at (2) isang rabinikal na pamamaraan ng pagiinterpret at aplikasyon na tinawag na “higit na maliit tungo sa mas malaki.” Kung ang pananalitang ito ay totoo para sa baka, tunay na ito ay totoo para sa mga taong manggagawa. Tignan *Expository Hermeneutics* ni Elliott E. Johnson, pp. 235-236.

TALATA SA NASB (BINAGO): 25:5-10

5" Kung ang magkapatid ay tumahang magkasama, at isa sa kanila'y mamatay, at walang anak, ang asawa ng patay ay huwag magkasama ng iba sa labas: ang kapatid ng kaniyang asawa ay sisiping sa kaniya, at kukunin siya niyang asawa, at tutuparin sa kaniya ang tungkulin ng pagkakapatid ng asawa. 6At mangyayari, na ang panganay na kaniyang ipangananak ay hahalili sa pangalan ng kaniyang kapatid na namatay, upang ang kaniyang pangalan ay huwag mapawi sa Israel. 7At kung ayaw kunin ng lalake ang asawa ng kaniyang kapatid, ay sasampa nga ang asawa ng kaniyang kapatid sa pintuang-bayan sa mga matanda, at sasabihin, ‘Ang kapatid ng aking asawa ay tumatangging itindig ang pangalan ng kaniyang kapatid sa Israel; ayaw niyang tuparin sa akin ang tungkulin ng pagkakapatid ng asawa.’ 8Kung magkagayo'y tatawagin siya ng mga matanda sa kaniyang bayan at pangungusapan siya: at kung siya'y tumayo at sabihin niya, ‘Ayaw kong kunin siya’ 9Ang asawa nga ng kapatid ay paroroon sa kaniya sa harap ng mga matanda at huhubarin ang panyapak niya sa kaniyang mga paa, at luluran siya sa mukha; at siya'y sasagot at sasabihin, ‘Ganyan ang gagawin sa lalake, na ayaw magtayo ng sangbahayan ng kaniyang kapatid.’ 10At ang kaniyang pangala'y tatawagin sa Israel, ‘Ang bahay ng hinubaran ng panyapak.’”

25:5 “Kung ang magkapatid ay tumahang magkasama” Ito ang pasimula ng talakayan ng “Levirate na pag-aasawa” (cf. Genesis 38). Ang terminong “Levirate” ay nagmula sa Latin na termino para sa bayaw. Ang buong layunin ng lehislyong ito ay upang mapanatili ang pamana sa loob ng pamilya. Kung wala sa pamilya ang nagnanais na pakasalan ang biyuda magkagayon ang kapatid na lalake ay magpapalake ng tagapagmana para sa kanya (cf. Mateo 22:24; Marcos 12:19; Lucas 20:28).

Pansinin na ang mga teksto ay partikular na nagsaad ng dalawang mga kapatid na lalake “namumuhay ng magkasama.” Ang pananatili ng ninunong pamana mula kay YHWH, binigay sa pamamagitan kay Josue, ay ang isyu ng lehislyong ito.

Ang Deuteronio ay nakikita ang pagtatatag ng mga kanayunan at mga bayan. Ang mga kautusan ay nakatuon sa rural agrikultural na lipunang ito.

25:6 “ang panganay” Ang panganay na lalake ay dapat na magmana sa mga ari-arian ng namantay na kapatid na lalake (cf. Bilang 27:6-11).

25:7 “kung ayaw kunin” Ang motibo ay di-isinaad, ngunit ito ay maaring kasakiman sa bahagi ng nabubuhay na kapatid o posibleng paninibugho sa namatay na kapatid na lalake. Ang kahihinatnan ng isang di-taos na kapatid na lalake ay malinaw na iginuhit.

■ **“ang pintuang-bayan”** Ito ang lugar ng lokal na korte ng mga matatanda (e.g., 16:18-20; 19:12; 21:1-9,19; 22:15).

25:9-10 “huhubarin ang panyapak niya sa kaniyang mga paa,” Sa konteksto ito ay isang akto ng pagyurak (cf. Isaias 20:2). Ang NET Bible, p. 381, SN #16, ay nagbabanggit na ang pagtanggap ng panyapak ay maaaring magsimbolo na ang nabubuhay na kapatid na lalake ay tumatalikod sa lahat ng legal na mga karapatan sa mga pamana ng kapatid na lalake. Sa Awit 60:8 at 108:9 ang paghagis ni YHWH ng panyapak sa tapat ng Edom ay simbolong nagpakita ng Kanyang pagmamay-ari. Ito ay maaring magpaliwanag sa Ruth 4. Ang pagalis ng isang panyapak ay nakatala rin sa mga tableta ng Nuzi (Lacheman 53-56) ay may legal na simbolismo.

25:9 “luluran siya sa mukha” Ito ay isang simbolikong akot ng pagyurak (cf. Bilang 12:14). Ito gumagawa sa isa na maging marungis sa panseremonya (cf. Levitico 15:8).

TALATA SA NASB (BINAGO): 25:11-12

“Pag may dalawang lalaking nag-away, at ang asawa ng isa ay lumapit upang iligtas ang kaniyang asawa sa kamay ng nananakit sa kaniya, at iniunat niya ang kaniyang kamay at hinawakan niya ang mga sangkap na lihim, ¹²ay iyo ngang puputulin ang kaniyang kamay; ang iyong mata'y huwag manghihinayang ”

25:11 “sangkap na lihim” Muli, ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng mga pamanang karapatan sa sinaunang Israel!

25:12 “iyo ngang puputulin ang kaniyang kamay” Ito ang tanging partikular na pinsala na binaggit sa Mosaik na lehislyasyon. Eksaktong “mata sa mata” (*Lex talionis*) na hatol sa kasong ito ay hindi posible. Sa kalaunan ang Judaismo ay binigyan kahulugan ito bilang “magbigay ng bayad pinsala para sa,” na maaring maiaplay sa maraming Mosaik na mga teksto.

▣ **“iyong mata'y huwag manghihinayang.”** Ang pariralang ito ay inulit sa ilang mga konteksto (cf. 7:16; 13:8; 19:13,21; 25:12; at isang kahawig na parirala sa 7:2). Ang kautusan ng Diyos, ay hindi pantaong emosyon, dapat itong maisagawa.

TALATA SA NASB (BINAGO): 25:13-16

¹³“Huwag kang magkakaroon sa iyong supot ng iba't ibang panimbang, ng isang malaki at ng isang maliit. ¹⁴Huwag kang magkakaroon sa iyong bahay ng iba't ibang takalan, ng isang malaki at ng isang maliit. ¹⁵Kung iyong didinggin lamang na masakap ang tinig ng Panginoon mong Dios, na isagawa ang buong utos na ito na aking iniutos sa iyo sa araw na ito. ¹⁶Sapagka't pagpapalain ka ng Panginoon mong Dios, na gaya ng ipinangako niya sa iyo: at ikaw ay magpapautang sa maraming bansa, nguni't hindi ka mangungutang; at ikaw ay magpupuno sa maraming bansa, nguni't hindi ka nila pagpupunuan.”

25:13 “iba't ibang panimbang” Sa literal “isang bato at isang bato,” isang sukat na bibilhin, isang sukat na ipagbibili (cf. Awit 11:1; 16:11). Ang pagkamakatarungan at pagkamarangal sa loob ng tipanang magkakapatid na lalake ay krusyal.

NATATANGING PAKSA: SINAUNANG NEAR EASTERN NA TIMBANG AT DAMI (METROLOHIYA)

Ang mga timbang at mga panukat na ginamit sa komersyo ay napahakalaga sa sinaunang ekonomiyang agrikultural. Ang Biblia ay hinihimok ang mga Hudyo na maging patas sa kanilang pakikitungo sa isa't isa (cf. Levitico 19:35-36; Deuteronomio 25:13-16; Kawikaan 11:1; 16:11; 20:10). Ang tunay na suliranin ay hindi lamang katapatan, ngunit ang mga kawalan ng pamantayan na mga tuntunin at sistema na ginamit sa Palestina. Mukhang mayroong dalawang set ng mga

timbang; isang "magaan" at isang "mabigat" ng bawat dami (tignan The Interpreter's Dictionary of the Bible, vol. 4, p. 831). At ang sistemang desimal (base of 10) ng Ehipto ay naisama sa sexagesimal (base of 6) ng Mesopotamia.

Marami sa mga "sukat" at "halaga" na ginagamit ay batay sa mga bahagi ng katawan ng tao, nadadala ng hayop, at lalagyan ng mga magsasaka, wala sa kung saan ay may tamang pamantayan. Samakatuwid, ang mga tsart ay pagtatantya lamang at ito ay pansamantala. Ang pinakamadaling paraan upang ipakita ang mga timbang at mga panukat ay sa pamanggit tsart.

I. Salitang dami ay madalas na ginagamit sa

A. Pagsukat sa mga Tuyong Bagay

1. Homer (BDB 330, posibleng sa "nakakarga ng asno," BDB 331), e.g., Levitico 27:16; Hosea 3:2
2. Letekh (or lethech, BDB 547, posibleng ipinapahiwatig kay Hosea 3:2)
3. Ephah (BDB 35), e.g., Exodo 16:36; Levitico 19:36; Ezekiel 45:10-11,13,24
4. Se'ah (BDB 684), e.g., Genesis 18:6; I Samuel 25:18; I Hari 18:32; II Hari 7:1,16,18
5. Omer (BDB 771 II, posibleng "isang tali" [isang hilera ng mga bumagsak na mga butil], BDB 771 I), e.g., Exodo 16:16,22,36; Levitico 23:10-15
6. 'Issaron (BDB 798, "1/10 na bahagi" ng ephah), e.g., Exodo 29:40; Levitico 14:21; Bilang 15:4; 28:5,13
7. Qav (or Kab, BDB 866), cf. II Hari 6:25

B. Tunaw na Panukat

1. Kor (BDB 499), e.g., Ezekiel 45:14 (maaring tuyong pagsukat, cf. II Cronika 2:10; 27:5)
2. Bath (BDB 144 II), e.g., I Hari 7:26,38; II Cronika 2:10; 4:5; Isaias 5:10; Ezekiel 45:10-11,14
3. Hin (BDB 228), e.g., Exodo 29:40; Levitico 19:36; Ezekiel 45:24
4. Log (BDB 528), cf. Levitico 14:10,12,15,21,24

C. Tsart (kinuha mula sa Roland deVaux, *Ancient Israel*, vol. 1, p. 201 at *Encyclopedia Judaica*, vol. 16, p. 379)

| | | | | | | |
|---------------------------|-----|----|----|----|---|-----|
| homer (tuyo) = kor (tunaw | 1 | | | | | |
| ephah (tuyo) = bath | 10 | 1 | | | | |
| se'ah (tuyo) | 30 | 3 | 1 | | | |
| hin (tunaw) | 60 | 6 | 2 | 1 | | |
| omer/issaron (tuyo) | 100 | 10 | - | - | 1 | |
| qav/kab (tuyo) | 180 | 18 | 6 | 3 | - | 1 |
| log (tunaw) | 720 | 72 | 24 | 12 | - | 4 1 |

II. Salitang Bigat na ginamit na

A. Ang tatlong pinakakaraniwan na timbang ay ang talent, ang shekel, at ang gerah.

1. Ang pinakamalaking timbang sa OT ay ang talent. Mula sa Exodo 38:25-26 nalaman natin na ang isang talent ay katumbas ng 3,000 shekels (i.e., "bilog na timbang," BDB 503).
2. Ang Salitang shekel (BDB 1053, "bigat") ay ginamit ng madalas na ito ay ipinalagay, ngunit hindi binanggit sa teksto. May ilang halaga ng shekel na binanggit sa OT.
 - a. "komersyong pamantayan" (NASB ng Genesis 23:16)
 - b. "ang shekel ng santuwaryo" (NASB ng Exodo 30:13)
 - c. "sa timbang nga hari" (NASB ng II Samuel 14:26), tinawag din na "maharlikang

timbang”sa Elephantine papyri.

3. Ang gerah (BDB 176 II) ay may halagan 20 sa bawat shekel (cf. Exodo 30:13; Levitico 27:25; Bilang 3:47; 18:16; Ezekiel45:12). Ang katumbasan ay nagiiiba mula sa Mesopotamia hanggan sa Egipto. Ang Israel ay sinundad ang paghuhusga na pinakakaraniwan sa Canaan (Ugarit)
4. Ang mina (BDB 584) ay may halagang alin man sa 50 o 60 shekels. Ang Salitang ito ay madalas na maatatagpuan sa huling OT na mga aklat (i.e., Ezekiel 45:12; Ezra 2:69; Nehemiah 7:71-72). Si Ezekiel ay gumamit ng 60 sa 1 na proporsyon, habang sa Canaan ay gumamit ng 50 sa 1 na proporsyon
5. Ang beka (BDB 132, “kalahati ng shekel,” cf. Genesis 24:22) ay ginamit lamang ng dalawang beses sa OT (cf. Genesis 24:22; Exodo 38:26) at may halagang kalahati ng shekel. Ang pangalan nito ay nangangahulugang “hatiin.”

B. Tsart

1. Batay sa

Pentateuch talent

| | | | | |
|--------|--------|-------|----|----|
| | 1 | | | |
| mina | 60 | 1 | | |
| shekel | 3,000 | 50 | 1 | |
| beke | 6,000 | 100 | 2 | 1 |
| gerah, | 60,000 | 1,000 | 20 | 10 |

2. Batay sa Ezekiel

| | | | | |
|--------|--------|-------|----|----|
| talent | 1 | | | |
| mina | 60 | 1 | | |
| shekel | 3,600 | 60 | 1 | |
| beke | 7,200 | 120 | 2 | 1 |
| gerah | 72,000 | 1,200 | 20 | 10 |

25:15 “upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupaing” Ito ay isang panlipunang pangako ng mahabang buhay (cf. 4:40; 5:16,33; 6:2; 11:9; 22:7; 25:15; 30:18; 32:47).

25:16 “yaong lahat ng gumagawa ng di matuwid ay kasuklamsuklam sa Panginoon mong Diyos” Ang mga pagpapala ay sumpa ay may kaugnayan sa tipan na pagsunod (cf. mga kabanata 27-29).

▣ **“kasuklamsuklam”** Tignan Natatanging Paksa sa 14:3.

TALATA SA NASB (BINAGO): 25:17-19

¹⁷Alalahanin mo ang ginawa sa iyo ng Amalec sa daan nang ikaw ay lumabas sa Egipto, ¹⁸Na kung paanong sinalubong ka niya sa daan, at sinaktan niya ang mga kahulihulihan sa iyo, yaong lahat na mahina sa hulihan mo, nang ikaw ay pagod at pagal; at siya'y hindi natakot sa Diyos. ¹⁹Kaya't mangyayari, na pagka binigyan ka ng Panginoon mong Diyos ng kapahingahan sa lahat ng iyong mga kaaway sa palibot, sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos na pinakamana upang ariin, ay iyong papawiin ang pagalaala sa Amalec sa silong ng langit; huwag mong lilimutin.”

25:17-19 Ang Deutronomio ay may ilang mga pasahe na may kaugnayan sa kung paano ang Israel ay dapat na umasal sa “banal na digmaan” (cf. 7:1-26; 20:1-10; 21:10-14; 25:17-19). Ang Banal na Digmaan ay digmaan ni YHWH. Ito ay may espesyal na mga alituntunin at mga kaparaanan!

25:17 “Amalek” Ang grupong ito ng mga inapu mula kay Esau (cf. Genesis 30:15-16), ay naging isang simbolo ng kasamaan dahil sa kanilang pananalakay na mga teknik (cf. v. 18-19; 17:8-16). Sila ay mga lagalag na grupo na nanirahan sa timog ng Dead Sea. Parehong sina Saul at David ay nakipaglaban sa kanila (cf. I Samuel 15:2; 27:8).

25:18 “kahulihulihan” Ang terminong ito (BDB 275) ay nangangahulugang “buntot.” Na kapag ginamit bilang isang PANDIWA (BDB 275, KB 274, *Piel* DI-GANAP) ito ay nangangahulugang umatake (1) sa likuran o (2) sa hulihang bantay. Ito ay natagpuan lamang dito at sa Josue 10:19.

25:19 “ay iyong papawiin ang pagalaala” Sa vv. 5-10 ang pagkawala ng kapatid na lalake na walang inapu ay tinalakay. Dito ang pagkawala ng salinlahi ay iniutos! Hindi sila natakot sa Diyos (v. 18); inatake nila ang Israel sa pinakamahina; dapat silang mamatay (cf. Exodo 17:14; I Samuel 15:2-4; 30:16-20; I Chronico 4:43)!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang talata 1 ay napakahalaga sa teolohiya?
2. Ang ang layunin ng Levirate na pag-aasawa?
3. Bakit ang vv. 11-12 ay isinama sa Pentateuch?
4. Sino si Amalek at bakit sila isinumpa?

DEUTRONOMIO 26

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|--|---------------------------------|--|
| Paghahandog ng Unang mga Bunga at Ikapu | Pagtatapos na Litrhuya at Masidhing Paghihikayat | Mga Aning Paghahandog | Unang mga Bunga |
| 26:1-11 | 26:1-11 | 26:1-3 26:4-10a 26:10b-11 | 26:1-3 26:4-10a 26:10b-11 Ang Ikatlong -Taon na Ikapu |
| 26:12-15 | 26:12-15 | 26:12-15 | 26:12-15 |
| Isang Espesyal na Bayan ng Diyos | | Ang Tanging Bayan ng Diyos | Ang Katapusan ng Ikalawang Diskursyo (26:16-28:68) |
| 26:16-19 | 26:16-19 | 26:16-19 | 26:16 26:17-19 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbp.

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO): 26:1-11

¹At mangyayari, pagka nakapasok ka sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos na pinakamana, at iyong inaari, at iyong tinatahanan, ²Na iyong kukunin ang mga una sa lahat ng bunga ng lupain, na iyong mga pipitasin sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos: at iyong isisilid sa isang buslo, at ikaw ay paroroon sa dakong pipiliin ng Panginoon mong Diyos, na patatahanan sa kaniyang pangalan. ³At paroroon ka sa saserdote sa mga araw na yaon, at sasabihin mo sa kaniya, 'Aking ipinahahayag sa araw na ito sa Panginoon mong Diyos, na ako'y nasok sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa aming mga magulang, upang ibigay sa amin.' ⁴At kukunin ng saserdote ang buslo sa iyong kamay at ilalagay sa harap ng dambana ng Panginoon mong Diyos. ⁵At ikaw ay sasagot, at magsasabi sa harap ng Panginoon mong Diyos, Isang taga Siria na kamunti nang mamatay ang aking ama; siyang bumaba sa Egipto, at nakipamayan doon, na kaunti sa bilang; at doo'y naging isang

bansang malaki, makapangyarihan, at makapal. ⁶ At kami ay tinampalasan ng mga taga Egipto, at pinighati kami at inatangan kami ng isang mabigat na pagkaalipin. ⁷ At kami ay dumaing sa Panginoon, sa Diyos ng aming mga magulang at dininig ng Panginoon ang aming tinig, at nakita ang aming kadalaman, at ang aming gawa, at ang aming kapighatian; ⁸ At inilabas kami ng Panginoon sa Egipto ng kamay na makapangyarihan, at ng unat na bisig, at ng malaking kakilabutan, at ng mga tanda, at ng mga kababalaghan; ⁹ At kaniyang dinala kami sa lupaing ito, at ibinigay sa amin ang lupaing binubukalan ng gatas at pulot. ¹⁰ At ngayon, narito, aking dala ang mga una sa bunga ng lupa, na ibinigay mo sa akin, Oh Panginoon.' At iyong ilalapag sa harap ng Panginoon mong Diyos, at sasamba ka sa harap ng Panginoon mong Diyos; ¹¹ At magagalak ka sa lahat ng magaling na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos, at sa iyong sangbahayan, ikaw, at ang Levita, at ang taga ibang lupa na nasa gitna mo."

26:1 “pagka nakapasok ka sa lupain” Ito ay nagdodokumento ng kaototohanan na ang Israel ay nasa kapatagan parin ng Moab sa silanganing bahagi ng Jordan nang ang mga salitang ito ni Moses ay ibinigay.

▣ **“Panginoon mong Diyos”** Tignan Natatanging Paksa sa 1:3.

▣ **“na pinakamana, at iyong inaari”** Ito ay isang idyoma ng pagpili sa Israel (cf. Exodo 6:4,8; 15:17; 23:30; 32:13; Deuteronomio 1:6-8; 4:38,40; 5:31; 7:13; 8:1-10; 9:4-6; 11:8-12,17; 26:1,9; 32:49,52; 34:4). Ang lupain (lahat ng lupain) ay nagmumula kay YHWH (cf. Exodo 19:5; Levitico 25:23). Kung ang Israel ay hindi naging masunurin sa tipan ni YHWH ipapatapon Niya ang mga ito (cf. Levitico 26:14-33; Deuteronomio 4:25-28; Josue 23:14-16), ngunit si YHWH ay magkakaroon parin ng awa (cf. Deuteronomio 4:29-31; 30:1-3,10).

26:2 “Na iyong kukunin ang mga una sa lahat ng bunga ng lupain” Ang tumpak na bilang para sa paghahandog ng unang mga bunga ay hindi dinetalye (ngunit ito ay maaring tumugma sa isang basket, cf. vv. 3,4). Ang tala na ito ay tila isahang pangyayari sa kapatagan ng Moab ngunit ito ay nagpapakita ng kalaunang regular na pag-aaning ritwal (cf. Exodo 22:29; 23:16,19). Ang praktis na ito ay isang metaporikal na paraan sa pagpapakita ng pagkamay-ari ng Diyos sa kabuunang ani. Ang kaparehong pagkamay-aring simbolismo ay binigyang halimbawa sa (1) ang panganay; (2) pagiikapu; (3) ang Sabbath; (4) ang taon ng sabbath; at (5) ang Taon ng Jubilee.

▣ **“sa dakong pipiliin ng Panginoon mong Diyos, na patatahanan sa Kaniyang pangalan”** Ito ay tumutukoy sa pagpili ng Diyos ng lokasyon at sentral na santwaryo, na isang naiibang Deuteronomikong pagbibigay-diin (cf. 12:5,11,14,18,21,26; 14:23,24,25; 15:20; 16:2,6,7,11,15,16; 17:8,10; 18:6; 26:2; 31:11). Ito ay sa orihinal ay sa Gilgal, pagkatapos sa Shechem, tapos sa Shiloh, pagkatapos sa Mizpah, at sa kalaunay, pagkatapos ng pagsakop ni David sa Jebus, Jerusalem (cf. II Samuel 5:6-7; I Chronico 11:5,7). Ang layunin ng sentral na santwaryo ay mangtribu at panrelihiyon na pagkakaisa. Ito rin ay upang mapanatili ang mga Israelita palayo mula sa lokal na dambana ni *Ba'al*.

26:3 “at paroroon ka sa saserdote sa mga araw na yaon” Sa una ito ay waring tumutukoy sa Punong Saserdote ng lahi ni Aaron (cf. The Tyndale OT Commentary, “Deuteronomio,” p. 254), ngunit ang kontekst ay naghahangad na ito ay tumutukoy sa magkaibang mga pamilya ng mga saserdoteng Aaron na nagpapalit-palit sa pagmiminesteryo sa sentral na altar.

▣ **“at sasabihin mo sa kaniya”** Lahat ng mga sumusunod ay isang liturhiya na dapat na uli-ulitin ng mga masunuring nagdadala ng kanilang mga unang mga bunga sa Tabernakulo o sa kalaunan ay sentral na santwaryo.

▣ **“Panginoon mong Diyos”** Ang MT ay may “iyong” Diyos. Ang pagkakaibang ito ay nasa PANGHALIP ay walang teolohikal na kahulugan. Ito ay simpleng isang Hebreong idyoma ng pagsasalita sa isang tao ng panrelihiyong awtoridad.

26:4 “At kukunin ng saserdote ang buslo sa iyong kamay at ilalagay sa harap ng dambana ng Panginoon mong Diyos” Marami ang nagkukumpara sa v.10 at inaangkin ang isang pagkakasalungat. Ang problema ay, wala tayong isang detalyadong tala ng ritwal.

26:5 “aking ama” Ito ay tumutukoy sa patriyarkang Jacob, kalaunay tinawag na Israel (cf. Genesis 32:28 at Natatanging Paksa: Israel sa 1:1). Ito ay isang teolohikal na pananalita patungkol sa kaning pagiging bayang pinili ng Diyos. Ito ay isang pangkredong pagsasang-ayon.



NASB, NRSV,

TEV, NJB “naglalagalag”

NKJV “malapit ng mapuksa”

REB “walang tahanan”

JPSOA “pugante”

Ito ay nangangahulugang “nalilipol” (BDB 1, KB 2, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI). Minsan ang terminong ito ay ginamit sa isang nawala o naglalagalag na hayop (I Samuel 9:3; Jeremias 50:6; Ezekiel 34:4,16).

▣ **“Aramean”** Ito ay tumutukoy sa Padan-Aram o Syria (BDB 74, cf. Genesis 25:20; 28:5; 31:20,24). Si Laban ay mula sa lugar na ito na naglalaman ng bayan ng Haran (cf. Genesis 31:40-42). Si Jacob ay nabuhay ng ilang mga taon at pagkatapos ay lumisan palayo kay Laban.

▣ **“nakipamayan”** Ang PANDIWA (BDB 157, KB 184, *Qal* DI-GANAP) ay nangangahulugang na manatili bilang isang baguhan o naninirahang dayuhan (cf. Genesis 47:4).

▣ **“na kaunti sa bilang”** Sa Genesis 46:27 at Exodo 1:5 ito ay nagsasabi na sila ay orihinal na 70 mga tao lamang. Nang sila ay lumisan sa Ehipto ang kanilang mga bilang ay mataas (cf. 1:10; 20:22; Exodo 1:9) sa pagitan ng 1,500,000 hanggang 2,500,000 na mga tao. Ang bilang ay nakadepende sa nararapat na interpretasyon ng Hebreong termino na “libo.” Ito ay maaring mangahulugan na (1) isang literal na 1,000; (2) isang lipi; o (3) isang militar na yunit (cf. Exodo 12:37). Tignan Natatanging Paksa sa 1:15.

26:7 “dumaing sa Panginoon. . . dininig ang aming tinig, at nakita ang aming kadalambhatian” Ang Diyos ay nangako at naghula kay Abraham patungkol dito (cf. Genesis 15:12-21; Exodo 3:7, 9).

▣ **“sa Panginoon, sa Diyos ng aming mga magulang”** Ito ay nagpapakila sa Diyos ng Patriyarka, El Shaddai (cf. Exodo 6:2-9), kay YHWH, na nagkompronta kay Moses (cf. Exodo 3:14). Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 1:3.

26:8 “kamay na makapangyarihan, at ng unat na bisig” Ito ay ipinahayag sa antropomorpikong wika ng kapangyarihan at tagumpay. Tignan puna sa 4:34. Posibleng na ang partikular na idyomang ito ay binili dahil ito ay madalas na ginamit sa panitikan at sining sa Ehipto para sa kapangyarihan ng Faraon

▣ **“ng malaking kakilabutan, at ng mga tanda, at ng mga kababalaghan”** Ito ay nag-uugnay sa sampung salot sa Ehipto (e.g., 4:34; 6:22; 7:19; 11:3; 26:8; 29:2; 34:11).

26:9 “ang lupaing binubukalan ng gatas at pulot” Ito ay parehong isang pisikal na paglalarawan at ang legal na designasyon para sa Palestina sa mga dokumento ng Assyrian. Ang Diyos ay nagbigay sa kanila ng isang kamangha-manghang produktibo at magandang pamana (i.e., Canaan o Palestina, cf. 6:3; 11:9; 26:9; 27:3; 31:20).

26:10 “na ibinigay mo sa akin, Oh Panginoon” Ito ay nagpapakita ng isang tunay na perspektibong relihiyon sa buhay (cf. v. 2; 8:11-20). Ang talatang ito ay nagpapahiwatig na ang isang lumalagong panahon ay dumaaan o ang mga Israelita inalay ang bunga na kanilang natagpuang lumalago.

▣ **“sasamba”** Sa literal ito ay “idinapa ang kanyang sarili” (BDB 1005, KB 295, *Hishtapael* GANAP).

26:11 “At magagalak ka sa lahat ng magaling na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos, at sa iyong sangbahayan” Pansinin ang kapistahang elemento ng pakikisalamuha ng Diyos sa Kanyang tipanang bayan (at ibang mga nakikitira sa kanila, i.e., mga dayuhan). Ang pagsamba ay dapat na masaya! Ang paggalang au hindi maaring ipaliwanag sa pamamagitan ng katahimikan at kapanglawan! Ang mga rabi ay sa kalaunay ginamit ang talatang ito upang tumukoy sa paggalak sa pagbibigay ng Kautusan (cf. v. 14).

TALATA SA NASB (BINAGO): 26:12-15

¹²“Pagkatapos mo ng pagbibigay ng buong ikasangpung bahagi ng iyong pakinabang sa ikatlong taon, na siyang taon ng pagbibigay ng ikasangpung bahagi, ay magbibigay ka nga rin sa Levita, sa taga ibang lupa, sa ulila, at sa babaing bao, upang sila'y makakain sa loob ng iyong mga pintuang-daan, at mabusog. ¹³At iyong sasabihin sa harap ng Panginoon mong Diyos, ‘Aking inalis ang mga pinapaging banal na bagay sa aking bahay, at akin ding ibinigay sa Levita, at sa taga ibang lupa, sa ulila at sa babaing bao, ayon sa iyong madlang utos na iyong iniutos sa akin: hindi ko sinalangang ang anoman sa iyong mga utos, ni kinalimutan ko. ¹⁴Hindi ko kinain sa aking pagluluksa, ni inilabas ko nang ako'y marumi, ni ibinigay ko upang gamitin sa patay: aking dininig ang tinig ng Panginoon kong Diyos; aking ginawa ayon sa buong iniutos mo sa akin. ¹⁵Tumungo ka mula sa iyong banal na tahanan, mula sa langit, at pagpalain mo ang iyong bayang Israel, at ang lupa na iyong ibinigay sa amin, gaya ng iyong isinumpa sa aming mga magulang, na isang lupang binubukalan ng gatas at pulot.’”

26:12 “ikasangpung bahagi” Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

NATATANGING PAKSA:

A. Mga Kasulatang Reperensiya:

| Para sa Saserdote at Sentral na Mahihirap | Para sa Lokal na Levita | Para sa Lokal Santwaryo |
|--|---|--------------------------------|
| 1. Levitico 27:30-32 | | |
| 2. Deutronomio 12:6-7,11,17 | Deutronomio 12:12 | |
| 3. Deutronomio 14:22-26 | Deutronomio 14:27 | Deutronomio 14:28-29 |
| 4. | | Deutronomio 26:12-15 |
| 5. Bilang 18:21-24 | Bilang 18:25-29 (Ang mga Levita ay dapat na mag-ikapu Mula sa kanilang ikapu sa Sentral na Santwaryo. | Bilang 18:21-29 |
| 6. | Nehemias 10:37,38 | Nehemias 12:44 |
| 7. Malakias 3:8,19 | | |

B. Mga Halimbawa ng Pag-iikapu bago pa ang Mosaik na Lehislasyon

1. Genesis 14:20, Abraham kay Melchizedek (Hebreo 7:2-9)
2. Genesis 28:22, Jacob kay YHWH

C. Ang mga ikapu ng Israel ay ginamit upang suportahan ang sentral na sanyrwaryo, ngunit sa bawat ikatlong taon ang pambansang mga ikapu ay direktang para sa mga lokal na mahihirap.

▣ **“sa ikatlong taon”** Ito ay tumutukoy sa “pangmahirap na ikapu,” na ipinangangasiwa ng lokal (cf. 14:28-29) ng nag-iikapu, ngunit pinatutunayan sa sentral na santwaryo (cf. v. 13).

26:13 “pinapaging banal na bagay” Ang ikapu ay nagmumula sa Panginoon at dapat, samakatuwid, ay banal (cf. Levitico 27:30).

26:14 “sa aking pagluluksa” Ilang mga nagluluksang mga seremonya ay mga pagano sa pinagmulan. Ang Hebreong salita ay inuugnay sa idolatriya (BDB 19, cf. Hosea 9:4 at Jeremias 16:5-7), na naglalaman ng ilang mga lokal na mga paganong kaugalian. Maraming mga iskolars ay naniwala na lahat ng mga pamamaraan na binanggit sa v. 14 ay nauugnay sa lokal na taunang praktis ng pagsamba ng taga-Canaan.

▣ **“nang ako'y marumi”** Ang Jerusalem Bible ay isinasalin ito na, “Wala akong nagamit na anumang bagay na marumi”; ang Septuagint ay may “para sa isang maruming layunin” (cf. Haggai 2:13), ngunit ang MT ay tumutukoy sa testimonya ng isang indibidwal na tagapaghandog.

▣ **“ni ibinigay ko upang gamitin sa patay”** Si Lamsa, sa isang talababa para sa The Peshitta, ay isinalin sa English, ay may “hindi ginamit upang ipakain sa mga kamag-anak pagkatapos ng lamay,” ngunit sa konteksto, ito marahil ay tumutukoy sa paganong ninunong praktis ng pagsamba.

▣ **“aking dininig aking ginawa ayon sa buong iniutos mo sa akin”** Ang indibidwal na tagapaghandog ay naninindigan sa kanyang pagsunod at pagkomporma sa (kapwa PANDIWA *Qal* GANAP) ipinahayag na batas ni YHWH sa pamamagitan ni Moses (“inuutos” BDB 845, KB 1010, *Piel* GANAP).

26:15 Ito ay naglalarawan kay YHWH sa transedental na mga termino (cf. 4:36; I Kgs. 8:27-30; Isaias 66:1). Siya ay nanatili sa langit. Ipinadala Niya ang isang anghel upang pamunuan ang Kanyang bayan (cf. Exodo 23:20,23; 32:34; 33:2). Dapat na balansehin ang banal na pagka-iba ng Diyos (transedensya) at Kanyang matalik na presensiyang pag-ibig (imanensiya).

Ang mga PANDIWA, “tumingin sa ibaba” (BDB 1054, KB 1645, *Hiphil* PAUTOS) at “pagpalain” (BDB 138, KB 159, *Piel* PAUTOS), ay mga pautos o mga pakiusap.

TALATA SA NASB (BINAGO): 26:16-19

¹⁶“Sa araw na ito ay iniutos sa iyo ng Panginoon mong Diyos, na tuparin mo ang mga palatuntunan at mga hatol na ito: iyo ngang gaganapin at tutuparin ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa. ¹⁷Iyong ipinahayag sa araw na ito na ang Panginoo'y iyong Diyos, at ikaw ay lalakad sa kaniyang mga daan, at iyong gaganapin ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang mga hatol, at iyong didinggin ang kaniyang tinig. ¹⁸At inihayag ka ng Panginoon sa araw na ito, na maging isang bayan sa kaniyang sariling pag-aari, gaya ng ipinangako niya sa iyo, upang iyong ganapin ang lahat ng kaniyang utos; ¹⁹ At upang itaas ka sa lahat ng bansa na kaniyang nilikha, sa ikapupuri, at sa ikababantog, at sa ikararangal; at upang ikaw ay maging isang banal na bayan sa Panginoon mong Diyos, gaya ng kaniyang sinabi.”

26:16 Ito ay isang buod na konklusyon at pangako (i.e., ratification) sa partikular na mga kautusan ng mga kabanata 12- 26. Ang tipan na paninindigan ay dapat na ulit-ulitin ng bawat henerasyon, ng indibidwal.

▣ **“palatuntunan at mga hatol na ito”** Tignan Natataging Paksa: Mga Termino Para sa Kapahayagan ni YHWH sa 4:1.

▣ **“iyo ngang gaganapin”** Ang pagsunod ay krusyal!

▣ **“ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa”** Ang pagsunod lamang ay hindi sapat. Ito ay dapat na magmula sa isang pagnanais na parangalan, mahalina, at paglingkuran si YHWH (cf. 4:29; 6:5; 10:12).

26:17

NASB “idiniklara”

NKJV “iprinoklama”

NRSV, NJB “nakamit”

TEV “kinilala”

Ang bihirang Hebreong termino (BDB 55, KB 65) sa *Hiphil* sanga, ay ginamit lamang dito sa v. 17 at sa v. 18. Ang tagapagsamba ay nagdeklara sa kanyang pagsunod at pagkampi kay YHWH at si YHWH ay nagdeklarang pabalik sa tagapagsamba ng kanyang pagpili at pagtawag upang maging Kanyang natatanging bayan (i.e., tipan).

26:18

NASB “isang pinagkakaingatang pag-aari”

NKJV “Kanyang natatanging bayan”

NRSV “Kanyang pinahalagahang bayan”

TEV, NJB “kanyang sariling bayan”

Ito rin ay isang bihirang Hebreong termino (BDB 688, cf. Exodo 19:5; Deuteronio 7:6; 14:2; Awit 135:4). Sapagkat ang liturhiya ng kabanatang ito ay hindi partikular na binaggit ang Bundok Sinai/Horeb na pangyayari, magkagayon ilang mga modernong mga iskolars ay itinanggi ang pagkamakasaysayan ng pangyayari. Gayunpaman, ang bihirang gamit ng terminong ito, kapwa sa Exodo 19:5 at Deuteronio (cf. 7:6; 14:2; at dito) ay nagmumungkahi na sa pamamagitan ng pinakagamit nito ito ay isang alusyon sa pangyayari!

Ang kredong ito ay hindi rin nagbanggit ng paglikha. Ito rin ay dapat na itakwil bilang isang makasaysayang pangyayari?

26:19 **“itaas ka sa lahat ng bansa”** Ito ay inulit sa 28:1,13, ngunit pansinin ang trahedya sa Jeremias 13:11 at 7:23-26! Ang NIDOTTE, bolyun 1, p. 1035, ay nakikita rin ang talata na ito bilang obligasyon ng Israel sa pagpapakita ng pagkamarapat na purihin ni YHWH sa buong mundo! Samakatuwid, ito ay isang “Dakilang Komisyon” na talata! Ang Israel ay mayroong isang “misyonaryong” tungkulin (e.g., Jeremias 3:17; 4:2; 12:14-17; 16:19; 33:9)! Tignan Natatanging Paksa sa 4:6!

▣ **“isang banal na bayan”** Sa literal ito ay “banal” (BDB 872), ibig sabihin ay “inihiwalay para sa paggamit ng Diyos.”

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong ang unang mga bunga ay nauugnay sa ikapu? Ilang mga pag-iikapu mayroon dito?
2. Bakit ang v. 5 ay lubhang napakahalaga?
3. Ipaliwanag ang makasaysayang kaligiran ng vv. 14ff.
4. Bakit at paanong ang mga Hudyo ay pinili?

DEUTRONOMIO 27

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|--|--|--|
| Ang Kautusang Nakaukit sa Bato 27:1-8 | Ang Shechem na Seremonya 27:1-8 | Ang mga Kautusan ng Diyos na Isinulat sa mga Bato 27:1-8 | Ang Pagsulat sa Kautusan at ang Panrelihiyon na mga Seremonya 27:1-3 27:4-8 27:9-10 |
| 27:9-10 | 27:9-10 | 27:9-10 | 27:9-10 |
| Mga Sumpang Inihayag sa Bundok Ebal 27:11-13 27:14-26 | 27:11-14 27:15 27:16 27:17 27:18 27:19 27:20 27:21 27:22 27:23 27:24 27:25 27:26 | Ang mga Sumpa ng Pagsuway 2:11-14 27:15 27:16 27:17 27:18 27:19 27:20 27:21 27:22 27:23 27:24 27:25 27:26 | 27:11-14 27:15 27:16 27:17 27:18 27:19 27:20 27:21 27:22 27:23 27:24 27:25 27:26 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbp.

MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO

- A. Si Moses ay binanggit sa ikatlong panauhan (v. 1). Ito ba ay nagpapahiwatig ng isang pampanitikang pagkakaiba o isang eskriba (pangkasalukuyan o kalaunan)? Ang mga moderno ay dapat na aminin na ang istruktura at proseso ng pagbuo ng OT na mga aklat ay lingid sa atin.

Tila mayroong tekstwal na ebidensya para sa isang patnugot (kasalukuyan o kalaunan). Ilang mga halimbawa sa Deutronomio ng patnugot na ito o ikatlong tinig (tagapagsalaysay) ay mga 1:1-5; 2:10-12,20-23; 3:9,11,13b-14; 4:41- 5:1a; 10:6-7,9; 27:1a,9a,11; 28:69; 29:1; 31:3,7a,9-10a,14a,14c-16a,22-23a,24-25,30; 32:44-45,48; 33:1; 34:1-4a,5-12 (tignan *An Introduction to the Old Testament* ni Raymond B. Dillard at Fremper Longman III, p. 100).

- B. Ang panimulang tipanang seremonya sa Shechem ay hindi tumutugma sa isang dapat na kalaunang petsa upang suportahan ang konsepto ng isang sentralisadong santwaryo sa Jerusalem. Marami sa Pentateuch ay kontemporarya sa panahon ni Moses. Ito halata na ang mga patnugot ay may bahagi sa pagbuo nito (isang malinaw na halimbawa ay Bilang 12:3).
- C. Mayroong halatang pampanitikang pagkakahayan sa pagitan ng Deutronomio 11:26-32 at Deutronomio 27. Ang tipan na pagpapanibagong seremonya ay nagbubuo ng isang pampanitikang istruktura na naghahati sa Deutronomio tungo sa lehislyasyon at salaysay at kinikilala ang mga pangaral ni Moses.
- D. Ang kabanatang ito ay naglalarawan ng isang maharlikang lupaing-kaloob na kasunduan na sumusunod sa tularan ng mga kasunduan ng mga Hittite (i.e., Deutronomio bilang kabuuan at Josue 24). Ang Ebal, ang pinakamataas na punto sa gitna ng lupain ng Canaan simbolikong nagpapakita ng paglipat ng lupain sa mga Israelita. Gayunpaman, upang mapanatili ang mga karapatan at mga pribelehiyo ng pag-ookupa, tipanang pagsunod at katapatan kay YHWH ang hinihingi.
- E. Ang mabagyong kasaysayan ng Israel sa pamamagitan ng lente ng Deutronomio 27-29. Ang kanyang paulit-ulit na pagsuway ay nag-ani ng kahatulan kay YHWH. Siya ay dapat na maging parola ng isang masaya at masaganang lipunan (matuwid na kapatiran), ngunit siya ay nag-ani ng ipo-ipong mga sumpa kay YHWH! Ang mga pangako ni YHWH ay magagamit lamang ng isang nagsisisi, nananampalataya, sumusunod, na tipang bayang. Eleksyon ay hindi pumapalit sa pagsunod (cf. Galacia 3).

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:1-8

¹At si Moises at ang mga matanda sa Israel ay nagutos sa bayan, na sinasabi, Ganapin mo ang lahat ng utos na iniutos ko sa iyo sa araw na ito. ²At mangyayaring sa araw na iyong tatawirin ang Jordan na patungo sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos, ay maglalagay ka ng malalaking bato, at iyong tatapalan ng argamasa ³at iyong isusulat sa mga ito ang lahat ng mga salita ng kautusang ito, pagka iyong naraan; upang iyong mapasok ang lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos, na isang lupaing binubukalan ng gatas at pulot, na gaya ng ipinangako sa iyo ng Panginoon, ng Diyos ng iyong mga magulang. ⁴At mangyayari na pagtawid mo ng Jordan, na iyong ilalagay ang mga batong ito, na iniutos ko sa iyo sa araw na ito, sa bundok ng Ebal, at iyong tatapalan ng argamasa. ⁵At doo'y magtatayo ka ng isang dambana sa Panginoon mong Diyos, ng isang dambana na mga bato; huwag mong pagbubuhatan ang mga ito ng kasangkapang bakal. ⁶Iyong itatayo na buong bato

ang dambana ng Panginoon mong Diyos, at maghahandog ka roon ng mga handog na susunugin, sa Panginoon mong Diyos; ⁷At ikaw ay maghahain ng mga handog tungkol sa kapayapaan, at iyong kakanin doon; at ikaw ay magagalak sa harap ng Panginoon mong Diyos. ⁸At iyong isusulat na malinaw sa mga batong yaon, ang lahat ng mga salita ng kautusang ito."

27:1 “ang mga matanda sa Israel” Alam ni Moses na kapag ang mga tao ay makarating sa Lupang Pangako at siya ay hindi maaring makakasama (cf. Bilang 20:12; 27:12-14; Deutronomio 3:26-27). Pilit niyang pinalalakas ang pamunuang grupo ng tribu.

▣ **“Ganapin mo ang lahat ng utos”** Ito ay pabalik-balik na tema (cf. v. 10) at kondisyon para sa pananatili ng Israel sa lupain.

27:2 “At mangyayaring sa araw na iyong tatawirin ang Jordan. . . maglalagay ka ng malalaking bato” Mayroong tatlong mga pulutong ng mga bato:

1. sa Gilgal (vv. 1-3, cf. Josue 4)
2. sa Shechem (vv. 4-8)
3. pagkatapos ng pananakop at paghihiwalay ng lupain ang kautusan ng Diyos ay naisulat sa isang malaking bato at sa isang aklat/balumbon (BDB 706, cf. Josue 24:26-27)

Posibleng na ang pariralang “sa araw ng” ay maaring maunawaan bilang “kapag,” ibig sabihin parehong tumutukoy sa Shechem.

Eksaktong anumang naisulat sa mga bato ay pinagdedebatehan. Sila ay malalaking mga bato upang sila ay makatanggap ng mas malaking bilang ng mga teksto. Marami ang nagpapalagay na ito ay Deutronomio 12-26 o 27-28 or 5:8-21 o maging Exodo 20:22-23:33.

▣ **“tatapalan ng argamasa”** Ang PANDIWA (BDB 966, KB 1319, *Qal* GANAP) ay matatagpuan lamang sa OT sa vv. 2 at 4. Ito ay isang Ehiptong paraan ng paghahanda para sa pagsusulat. Ito ay mas nagtatagal na paraan para sa kasulatan na manatiling nakikita. Ang dahilan para sa pagsusulat ng Kautusan upang ang bawat tao ay makabasa nito para sa kanilang mga sarili (cf. v. 8).

27:3 “isusulat sa mga ito” Mayroong ilang mga reperensiya sa Pentateuch na nagbabanggit ng kasulatan ni Moses:

1. Exodo - 17:14; 24:4; 34:27,28
2. Bilang - 33:2
3. Deutronomio - 27:3,8; 28:58; 29:21; 30:10; 31:9,22,24-26

▣ **“na gaya ng ipinangako sa iyo ng Panginoon, ng Diyos ng iyong mga magulang”** (cf. v. 12) Ang Shechem [Mt. Gerizim] ay ang lugar kung saan si Abraham (cf. Genesis 12:6-9) at Jacob (cf. Genesis 33:18-20) ay nagtayo ng mga altar. Ito ay nagpapakita ng katuparan ng naunang mga pangako ng Diyos sa kanila.

27:4 “Bundok Ebal” Mayroong dalawang mga bundok (i.e., 3,080 talampakang taas) sa alinmang mga bahagi ng bayan ng Shechem (i.e., balik na talas). Isa ito sa kanila. Ang Shechem ay ang unang lugar si Abraham ay unang nagtayo ng isang altar (cf. Genesis 12:6-7).

27:5 “huwag mong pagbubuhatan ang mga ito ng kasangkapang bakal” Ito ay posibleng kaugnay sa istruktura ng mga altar sa Canaan (cf. Exodo 20:24-25). Ang Diyos ay nag-aatas na ang Kanyang mga altar ay dapat na kakaiba mula sa gawa ng tao na mga taga-Canaan na mga altar (i.e., hiniwang mga bato, v. 6). Ang tala na ito ay nagpapakita ng Josue 8:30-35.

27:6 “mga handog na susunugin” Ang sinunog na handog ay yaong lubusang natupok (i.e., ibinigay ng lubusan kay YHWH, Levitico 1:1-7).

27:7 “mga handog tungkol sa kapayapaan” Ito ay bahagyang sinunog sa altar, bahagi ay ibinigay sa mga saserdote, bagahagi ay ibinigay pabalik sa tagapaghandog para sa isang komunal na pagkain (cf. Levitico 3:1-17).

▣ **“ikaw ay magagalak”** Ito ang tema sa Deuteronio (BDB 970, KB 1333, *Qal* GANAP, cf. 12:7,12,18; 14:26; 16:11,14; 26:11; 27:7). Si YHWH ay naghangad na pagpalain ang Israel upang maakit ang atensyon ng mga nakapaligid na mga bansa.

27:8

NASB “na may katiyakan”

NKJV “na malinaw”

NRSV “na malinaw”

TEV “isulat ng malinaw”

NJB “ubod ng ingat”

Ang Inglis na salin na ito ay binubuo ng dalawang Hebreong PAWATAS NA TIYAK:

1. BDB 91, KB 106, *Piel*
2. BDB 405, KB 408, *Hiphil*

Ito ay pagsasalita na ang mga salitang ito, kapwa at bawat isa, ay napakahalaga.

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:9-10

⁹At si Moises at ang mga saserdote na ang mga Levita ay nagsalita sa buong Israel, na sinasabi, Tumahimik ka at dinggin mo, Oh Israel; sa araw na ito ay naging bayan ka ng Panginoon mong Diyos. ¹⁰Iyo ngang susundin ang tinig ng Panginoon mong Diyos, at tutuparin mo ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan na aking iniutos sa iyo sa araw na ito.”

27:9-10 Sa mga talatang ito si Moses at mga saserdote ay nagsalita sa buong Israel. Ang mga tao ay inutusan na tumahimik (BDB 698, KB 756, *Hiphil* PAUTOS) at makinig (BDB 1033, KB 1570, *Qal* PAUTOS) na may pananaw tungo sa pagsunod (cf. v. 10).

27:9 “sa araw na ito ay naging bayan ka” Mayroong ilang mga talakayan sa kung kelan ang tumpak na pagsisimula ng tipan:

1. sa Israel na iniwan ang Ehipto, Exodo 6:6-7
2. sa Bundok Sinai/Horeb, Deuteronio 4:20; Exodo 19:5-6
3. sa Kapatagan ng Moab, v. 9; 28:1
4. sa pagtawid ng Jordan, Josue 4:19-24
5. sa Gilgal (unang lugar ng kampo)
6. sa Shechem (pagpapanibago ng tipan), Josue 8:30-35

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:11-14

¹¹At ibinilin ni Moises sa bayan nang araw ding yaon, na sinasabi, ¹²“Ang mga ito’y tatayo sa ibabaw ng bundok ng Gerizim, upang basbasan ang bayan, pagka inyong naraan na ang Jordan; ang Simeon, at ang Levi, at ang Juda, at ang Issachar at ang Jose, at ang Benjamin. ¹³At ang mga ito’y tatayo sa ibabaw ng bundok ng Ebal upang sumumpa; ang Ruben, ang Gad, at ang Aser, at ang Zabulon, ang Dan, at ang Nephtali. ¹⁴At ang mga Levita ay sasagot, at magsasabi ng malakas na tinig sa lahat ng mga lalake sa Israel.”

27:11 Ang talatang ito ay nagsisimula sa seksyon ng pagsusumpa at pagpapala. Ang mga pagpapala ay hindi partikular na inilista sa kabanatang ito, ngunit ito ay nasa kabanata 28.

27:12-13 Kalahati ng mga tribu ng Israel ay nasa Bundok Gerizim (nagsasalita ng pagpapala, cf. 28:1-14) ang ibang kalahati ay nasa Bundok Ebal (nagsasalita ng mga sumpa, cf. 28:15-68), Ang Gerizim bilang ang katimugang bundok, ang Ebal ang hilaga. Ang mga saserdote ay tumatayo sa pagitan ng dalawang mga bundok na kasama ang Arko ng Tipan (cf. Josue 8:30,35).

▣ **“Jose”** Pansinin ang pagkakahati ni Jose tungo sa Ephraim at Manesseh ay hindi pa nadodokumento (cf. Genesis 49:22-26; Exodo 1:5; Deutronomio 33:13-17).

27:14 “Ang mga Levita” Ito ay dapat na tumukoy sa tagapagtabi ng Arko. Lahat ng mga saserdote ay mga Levita, ngunit hindi lahat ng mga Levita ay mga saserdote. Halatang, ilang mga Levita (i.e., mula sa tribu ni Levi, v. 12) ay nasa taas ng bundok (cf. v. 12).

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:15

¹⁵“Sumpain ang taong gumagawa ng larawang inanyuan o binubo, bagay na karumaldumal sa Panginoon, na gawa ng mga kamay ng manggagawa, at inilagay sa dakong lihim. At ang buong bayan ay sasagot at magsasabi, ‘Siya nawa.’”

27:15-26 “Sumpain” “Sumpain” ay isang salita na ibig sabihin ay, “Sumpain ni YHWH” (BDB 76). Mayroong labindalawang mga sumpa (ang termino ay ginamit ng 39 na beses sa Deutronomio 27-29). Lahat ay nasa anyo ng *Qal* balintiyak na mga pandiwari (vv. 15,16,17,18,19,20,21,22,23,24,25,26;tignan rin 28:16-19). Ang una ay isang sumpa laban sa idolatrya (cf. Deutronomio 4:15- 18; 5:8-9; Exodo 20:3-4,23; 34:17). Karamihan, kung hindi lahat, ng mga kautusang Mosaik ay makikita sa kanilang pagkasalungat sa lipunan ng taga-Canaan.

27:15 “at inilagay sa dakong lihim” Ang PANDIWA (BDB 962, KB 1321 ay *Qal* GANAP, cf. v. 24). Madalas ito ay ginagamit sa masamang aktibidad.

▣ **“Siya nawa”** Ang paulit-ulit na liturhikal na pormulang ito ay nagpapakita pagtanggap ng mga tao sa mga kautusan. Pansinin ang Hudiyong konsepto ng pangkalahatan.

NATATANGING PAKSA: AMEN

I. Lumang Tipan

- A. Ang salitang “Amen” ay galing sa salitang Hebreo para sa “katotohanan” (*emeth*, BDB 49)“puno ng katotohanan” (*emun*, *emunah*, BDB 53) “pananampalataya” o “puno ng pananampalataya” “tiwala” (*dmn*, BDB 52)
- B. Ang etimolohiya ay galing sa tindig ng taong matibay. Ang kabaliktaran nito ay ang isang hindi matibay, dumudulas (cf. Awit 40:2; 73:18; Jeremias 23:12) or kakatisuran (cf. Awit 73:2). Mula sa literal na pagkagamit nabuo ang salitang metaporikal sa puno ng pananampalataya, pagtitiwala, katapatan, at maaasahan (cf. Genesis 15:6; Habakuk 2:4).
- C. Mga natatanging paggamit
 1. isang haligi, II Hari 18:16 (I Timoteo 3:15)
 2. katiyakan, Exodo 17:12
 3. maaasahan, Exodo 17:12
 4. katatagan, Isaias 33:6

5. katotohanan, I Hari 10:6; 17:24; 22:16; Kawikaan 12:22
 6. matatag, II Chronika 20:20; Isaias 7:9
 7. maaasahan (Torah), Awit 119:43,142,151,160
- D. Sa OT dalawa iba pang salitang Hebreo ay ginamit para sa aktibong pananampalataya.
1. *bathach* (BDB 105), tiwala
 2. *yra* (BDB 431), takot, paggalang, pagsamba (cf. Genesis 22:12)
- E. Mula sa pagkakagamit ng tiwala or katiwa-tiwala ay nabuo ang isang pagkakagamit na *liturhikal* upang tindigan ang katotohan at pagtitiwala ng pahayag ng iba (cf. Deuteronomio 27:15-26; Nehemiah 8:6; Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48).
- F. Ang susing teolohikal sa salitang ito ay hindi sa katapatan ng tao kundi ni YHWH (cf. Exodo 34:6; Deuteronomio 32:4; Awit 108:4;115:1; 117:2; 138:2). Ang tanging pag-asa ng sangkatauhang mapapahamak ay ang mahabagin, mapagkakatiwalaan, mapagkasundong katapatan ni YHWH at Kanyang mga pangako. Sa kanilang nakakakilala kay YHWH ay magiging katulad niya (cf. Habakuk 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at isang tala ng Diyos na ipinapanumbalik ang kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ay pinapanumbalik ang kakayahan ng taong magkaroon nang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kaya tayo nilikha.

II. Bagong Tipan

- A. Ang gamit ng salitang “amen” bilang isang paghuling *liturgical* na pagtindig sa katapatan ng isang pahayag ay karaniwan sa NT (cf. I Corinto 14:16; II Corinto 1:20; Pahayag 1:7; 5:14; 7:12).
- B. Ang gamit ng salitang ito bilang pagtapos ng panalangin ay karaniwan sa NT (cf. Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; Galacia 1:5; 6:18; Efeso3:21; Filipos 4:20; II Thesalonica 3:18; I Timoteo 1:17; 6:16; II Timoteo 4:18).
- C. Si Hesus lamang ang gumamit nito (madalas na pares sa Juan) upang pasimulan ang mga mahalagang pangungusap (cf. Lucas 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)
- D. Ito ay ginamit na isang pantawag kay Hesus sa Pahayag 3:14 (marahil isang pantawag kay YHWH sa Isaias 65:16).
- E. Ang kaisipang puno ng pananampalataaya o pananampalataya, pagtitiwala, o tiwala ay inihayag sa Griyegong salitang *pistos* o *pistis*, na naisalin sa Ingles bilang “tiwala,” “pananampalataya,” “paniniwala.”

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:16

¹⁶” Sumpain yaong sumira ng puri sa kaniyang ama o sa kaniyang ina. At ang buong bayan ay magsasabi, ‘Siya nawa.’”

27:16 “sumira ng puri” Gumawa ng maliit o kakaunting bigat (BDB 885 II, KB 1101, *Hiphil* PANDIWARI). Ito ang kabaligtaran ng Hebreong salita na “karangalan” (BDB 457, cf. 5:16; Exodo 20:12). Ito ay maaring partikular na tumutukoy sa isang bata “na sinusumpa” ang kanyang mga magulang (cf. Exodo 21:17; Levitico 20:9), ngunit ang termino mismo ay nangangahulugang kakulangan ng respeto at paggalang, na maaring magpakilala ng pagsuway. Ang relihiyosong tagubilin ay nagmumula sa mga magulang (cf. 4:9,10,20-25; 6:7; 11:19; 32:46). A ng pagtakwil sa mga magulang ay nagreresulta sa depektibong pananampalataya!

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:17

¹⁷” Sumpain yaong bumago ng muhon ng kaniyang kapuwa. At ang buong bayan ay magsasabi, ‘Siya nawa.’”

27:17 “bumago ng muhon ng kaniyang kapuwa” Ito ay isang seryoso sapagkat ito ay may kinalaman sa magnanakaw ng lupang pamana ng Diyos, na ibinigay sa pamamagitan ni Josue (cf. Josue 12-19; Deuteronio 19:14; Job 24:2; Kawikaan 22:28; 23:10; Hosea 5:10).

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:18

¹⁸“Sumpain yaong magligaw ng bulag sa daan. At ang buong bayan ay magsasabi, ‘Siya nawa.’”

27:18 “ng bulag sa daan” Ito ay maaring isang Hebreong metapora para sa isa na nagbibigay ng payo sa isang tao kung saan siya ay hindi dalubhasa at nagresulta ng isang masamang payo. Dahil sa mahabaging mga katangian ng Deuteronio, aking naisip na ito ay maaring simpleng pagsasabi na huwag magsamantala sa mga may kapansanan (cf. Levitico 19:14).

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:19

¹⁹“Sumpain yaong magliko ng matuwid ng taga ibang bayan, ng ulila at ng babaing bao. At ang buong bayan ay magsasabi, Siya nawa.”

27:19 Ito ay inihanay sa 24:17 at nagpapakita ng kawalang pagkiling o pagkuha ng suhol sa 1:17; 10:17; 16:19. Ang PANDIWA “magliko” (BDB 639, KB 692, *Hiphil* PANDIWARI) ay ibig sabihin “lumiko,” ngunit dito at sa 16:19; 24:17; at Exodo 23:6, ito ay nagpapakita ng isang pagligaw o pagbaluktot ng isang tama/tuwid.

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:20

²⁰ Sumpain yaong sumiping sa asawa ng kaniyang ama; sapagka't kaniyang inilitaw ang balabal ng kaniyang ama. At ang buong bayan ay magsasabi, ‘Siya nawa.’”

27:20 “yaong sumiping” Ang (BDB 1011, KB 1486, *Qal* PANDIWARI) ay isang pag-iinsulto para sa “sekswal na pakikipagrelasyon,” madalas ay pinagbabawal na kalikasan (i.e., inesto, kalupitan, o homoseksuwal, cf. Levitico 20:11,12,13,18,20; Deuteronio 27:20,21,22,23). Ang sekswalidad ng tao ay kapwa banal na kaloob at makapag-yarihang simbuyo. Ito ay dapat na ipaliwanag at pamunuan para sa isang mapayapa, mas tumatagal na lipunan. Para sa isang mabuting talakayan sa sekswal na regulasyon sa sinauang Israel tignan NIDOTTE, bolyum 4, pp. 1198-1211.

Inesto ay nakakaapekto sa katatagan ng tahahan at pamilya na gaya rin ng sa lipunan. Ang eksaktong mga tao kung saan ang pakikipag-asawa ay ipinagbabawal ay nagbabago sa ibat-ibang mga kultura, ngunit lahat ng mga kultura (maliban sa Ehiptong maharlikang pamilya) ay may mga alituntunin patungkol sa inesto!

- ▣ **“balabal ng kaniyang ama”** Ito ay isang simbolo ng akto ng pag-aasawa (cf. 22:30; Levitico 18:8). Ito ay isa na namang paglabag sa karangalan. Ito ay nagpapakita sa kasalanan bilang parami ng parami para sa akin sa anumang kabayaran!

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:21

²¹“Sumpain yaong sumiping sa alinmang hayop. At ang buong bayan ay magsasabi, ‘Siyana nawa.’”

27:21 “Sumpain yaong sumiping sa alinmang hayop” Ito ay ipinagbabawal sa Levitico 18:23; 20:15. Exodus 22:19 at Lucas 15:23 ay nagpapakita sa konteksto na ito ay may kinalaman sa idolatrya (i.e., ritwal na mahika mula sa Ugarit). Ang mga teksto ng Hittite ay nagpakita ng pakikipagtalik sa mga sagradong mga hayop na sinisimbolo ng pagkikiisa sa diyos.

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:22

²²"Sumpain yaong sumiping sa kaniyang kapatid na babae, sa anak ng kaniyang ama, o sa anak na babae ng kaniyang ina. At ang buong bayan ay magsasabi, 'Siya nawa.'"

27:22 Ang mga ito ay bahagi ng mga kautusan sa inesto (cf. Levitico 18).

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:23

²³"Sumpain yaong sumiping sa kaniyang biyanan. At ang buong bayan ay magsasabi, 'Siya nawa.'"

27:23 Ang pagbabawal na ito ay nakatala sa Levitico 18:8; 20:14.

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:24

²⁴"Sumpain yaong sumakit ng lihim sa kaniyang kapuwa. At ang buong bayan ay magsasabi, 'Siya nawa.'"

27:24-25 Ang mga talatang ito ay tumatalakay sa pagpatay (cf. 5:17; Exodo 20:13; 21:12; Levitico 24:17,21). Ang pagpatay ay nakarumi sa buong lupain (cf. 21:1-9).

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:25

²⁵"Sumpain yaong tumanggap ng suhol upang pumatay ng isang taong walang sala. At ang buong bayan ay magsasabi, 'Siya nawa.'"

27:25 Ito ay naitala sa Exodo 23:6-8. Ito ay maaring tumukoy sa (1) isang mamamaslang o (2) isang binayarang hukom upang ang isang tao ay mahatulan ng kamatayan.

TALATA SA NASB (BINAGO): 27:26

²⁶"Sumpain yaong hindi umayon sa mga salita ng kautusang ito upang gawin. At ang buong bayan ay magsasabi, 'Siya nawa.'"

27:26 "Sumpain... hindi umayon sa mga salita ng kautusang ito" Ito ay isang buod na talata na kapareho sa pagtatapos sa Dekalogo. Ito ay sinipi ni Pablo sa Galacia 3:10.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit si Moses ay binanggit sa ikatlong persona?
2. Bakit labis na pagpapahalaga ang ibinigay sa Shechem (Bundok Gerizim)?
3. Bakit ang mga pagpapala ay hindi binanggit sa pagsusumpa?

DEUTRONOMIO 28

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---------------------------------------|--|--|---|
| Ang Pagpapala ng Pagsunod 28:1-14 | Ang Konklusyon ng Ikalawang Talumpati ni Moses 28:1-2 28:3 28:4 28:5 28:6 28:7-14 | Ang Pagpapala ng Pagsunod 28:1-2 28:3 28:4 28:5 28:6 28:7 28:8 28:9-14 | Ang Ipinangakong Pagpapala 28:1-2 28:3-8 28:9-14 |
| Ang mga Sumpa ng Pagsuway 28:15-19 | 28:15 28:16 28:17 28:19 | Ang mga Kahihinatnan ng Pagsuway 28:15 28:16 28:17 28:19 | Mga Sumpa 28:15 28:16-19 |
| 28:20-46 | 28:20-24 | 28:20-24 | 28:20-26 28:27-29a 28:29b-35 28:29b-35 |
| | | 28:30-35 28:36-37 28:38-42 28:43-44 | 28:36-37 28:38-42 28:43-44 |
| | 28:45-46 | 28:45-52 | 28:45-46 |
| 28:47-57 | 28:47-57 | | Patungkol sa Labanan at Pagpapatapon 28:47-48 28:49-57 |
| | | 28:53-57 | |
| 28:58-63 | 28:58-63 | 28:58-63 | 28:58-62a 28:62b-68 |
| 28:64-68 | 28:64-68 | | |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Abpa.

KINALIGIRANG PAG-AARAL

Ito ay bahagi ng isang pampanitikang yunit, mga kabanata 27-28, na madalas na tinukoy bilang, ang “pagsumpa at pagpapala” na seksyon ng Tipan.

- A. Aking naisip na ang buong OT ay maaring makita bilang isang kunsekuwensya ng kawalang kakayahan ng Israel na isagawa ang mga itinakda ng Tipan, at samakatuwid, ay dinalaw ng mga sumpa 27:15-26; 28:15-68.
- B. Si YHWH ay ninaais ang Israel na maging kapahayagang daluyan para sa buong mundo na lumapit sa Kanya. Ninais Niya na pagpalain ang Israel upang makakamit ang atensyon ng mga bansa at magkagayon ay akitin ang mga bansa tungo sa Kanya. Tignan Natatanging Paksa: Ang Ebanghelikong Pagkiling ni Bob sa: 4:6.
- C. Ang mga sumpa para sa pagsuway ay mas marami kaysa sa ipinangakong mga pagpapala.
Ang kaparehong istruktura na ito ay kahilera sa mga kasunduan sa sinaunang Near East (tignan Meredith G. Kline, *Treaty of the Great Kings: The Covenant Structure of Deuteronomy* at D. Brent Sandy at Ronald L. Giese, Jr., *Cracking Old Testament Codes*, pp. 125-128.
- D. Ang pagsumpang ito at pagpapalang seksyon ay kahanay sa Levitico 26.
- E. Ito ang ikalawang sermon ni Moses (i.e., mga kabanata 5-28). Ang unang pangaral ay tumitingin pabalik sa mapagbiyaya, makapangyarihang pag-alis ni YHWH Israel mula sa Ehipto at ang Kanyang presensya at probisyon sa panahon ng paglalagalog sa ilang na periyod.
Ang ikalawang sermon ay nakapokus doon sa kalooban ni YHWH para sa bayan ng Israel sa Lupang Ipinangako. Itinatag Niya ang pagkakatangi ng Israel at upang ihayag ang Kanyang sarili sa mundo.
Ang ikatlong sermon (mga kabanata 29-32) ay tumatalakay sa tipanang pagpapanibago at paninindigan ng katapatan at pagsunod ng Israel kay YHWH lamang.

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:1-2

¹“At mangyayaring kung iyong didingging masakap ang tinig ng Panginoon mong Diyos, upang isagawa ang lahat niyang utos na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, ay itataas ka ng Panginoon mong Diyos sa lahat ng mga bansa sa lupa. ²At ang lahat ng pagpapalang ito ay darating sa iyo at aabot sa iyo, kung iyong didinggin ang tinig ng Panginoon mong Diyos:”

28:1,2,9,13 “kung iyong” Ito ay malinaw na nagpapakita ng kondisyonal na kalikasan ng Mosaik na Kautusan at para sa bagay na iyan, lahat ng mga OT na tipan (Tignan Natatanging Paksa: Tipan sa 4:13) maliban kay Noah (cf. Genesis 9:8-17). Ang kondisyonal na aspeto na ito ay makikita rin sa NT (cf. Marcos 1:15; Gawa 20:21 at Efeso 2:8-9 at 10). Ang “kung ikaw ay . . .Ako ay” kalikasan ng tipan ay

nagpapakita ng kinakailangang pagtugon na inaasahan sa bahagi ng mananampalataya. Ang traheyda ay ang makasalanang mga tao at ayaw at hindi makakatalima at makakapagsasagaw, samakatuwid, ang OT ay naghahangad ng pangangailangan para sa NT (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-32; Galacia 3:15-29).

28:1,2,13 “didingging masikap. . . isagawa ang lahat niyang utos na aking iniutos sa iyo” Ang unang PANDIWA “didingging masikap” ay isang PAWATAS NA TIYAK at *Qal* DI-GANAP ng kaparehong ugat (BDB 1033, KB 1570), na isang gramtikal na paraan ng pagpapakita ng pagbibigay diin. Ito ay sinundad ng dalawang *Qal* PAWATAS NA BANGHAY:

1. “maging maingat” - BDB 1036, KB 1581
2. “na gawin” - BDB 793, KB 889

Dapat na isaysay na ang nagpapatuloy na tipanang relasyon ng mga mananampalataya sa Diyos ay apektado ng liwanag at katotohanan na mayroon sila at ipinamumuhay.

▣ **“utos”** Tignan Natatanging Paksa sa 4:1.

▣ **“iniutos sa iyo sa araw na ito”** Ang PANDIWA (BDB 845, KB 1010, *Piel* PANDIWARI) na ito ay inulit sa buong kabanata (cf. vv.1,8,13,15,45). Si YHWH ay higit sa lahat. Siya ay laging nagtatakda ng mga limitasyon at nilalaman ng tipan at nagpapasimula ng engkwentro sa mga tao.

28:1 “itataas ka ng Panginoon mong Diyos sa lahat ng mga bansa sa lupa” Ang layunin ng pagtataas ay kapahayagan (cf. 26:19; 28:13)! Ang Diyos ay nais na ilapit ang mundo sa Kanyang sarili sa pamamagitan ng Israel (cf. Genesis 12:3; 22:18; Exodo 19:5- 6). Tignan Natatanging Paksa: Ang Ebanghelikong Pagkiling ni Bob sa 4:6.

28:2 “mga pagpapala” Ang terminong ito (BDB 139) ay kaugnay sa ugat “lumuhod” (BDB 138). Si YHWH ay nag-aalok sa Israel ng pagpili (cf. 11:26-31; 30:1,19). Ito ay umaayon sa tipanang mga kinakailangan ni YHWH at ito ay nagdedetermina ng kanilang kahahantungan!

▣ **“ay darating sa iyo”** Ang idyomatikong pariralang ito (BDB 97, KB 112, *Qal* GANAP) ay ginamit dito para sa pagpapala, ngunit sa v. 15 ay para sa mga sumpa.

▣ **“aabot sa iyo”** Ang PANDIWA (BDB 673, KB 727, *Hiphil*) ay ginamit sa:

1. pagpapala, pagtutugis, at pag-abot sa Israel dahil sa kanyang pag-sunod, v. 2
2. pagsumpa, pagtutugis, at paglagpas sa Israel dahil sa kanyang pagsuway, vv. 15,45

▣ **“obey”** Sa v. 1 ang terminong ito (BDB 1033, KB 1570) ay pinatinding *Qal* PAWATAS NA TIYAK at isang *Qal* DI-GANAP. Dito, ito ay isang *Qal* DI-GANAP (cf. vv. 15,49; 30:10,12,13,17; 31:12) at sa vv. 45, 62 a *Qal* GANAP (cf. 30:8).

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:3

³“Magiging mapalad ka sa bayan, at magiging mapalad ka sa parang.”

28:3 “mapalad ka sa bayan. . .sa parang” Ito ay isang metaporikal na paraan ng pagpapahayag ng pangkalahatang pagpapala (cf. v. 4-6, 8).

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:4

“Magiging mapalad ang bunga ng iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, at ang bunga ng iyong mga hayop, ang karagdagan sa iyong bakahan at ang mga anak ng iyong kawan.”

28:4 “**mapalad. . . bunga ng iyong katawan. . . ang bunga ng iyong lupa. . . ang bunga ng iyong mga hayop. . . sa iyong bakahan**” Marami at malulusog na mga baka at bata ay isang tanda ng pagpapala at kayamanan. Ang isang lalake na may malaking pamilya, malaking mga kawan, ay isang pinagpala ng Diyos (cf. 7:13; 28:4,11; 30:9). Ang mga ito ay pisikal na mga tanda ng mga pagpapala ng Diyos (cf. Genesis 1:22,28).

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:5

⁵“Magiging mapalad ang iyong buslo at ang iyong palayok.”

28:5 “**Mapalad. ..buslo**” Ang buslo na ito ay ginamit upang magdala ng prutas o mga butil (cf. 26:2). Ito ay nagsasalit ang kasaganaan sa agrikultura.

▣ “**Mapalad. . . palayok**” Ito ay isang palayok na ginamit upang maghanda sa pagkain ng (i.e., pang araw-araw na tinapay). Ito ay isang paraan ng pagsasabi ng, “mayroon laging pagkain sa hapag.” Ang kabaligtaran ay isinaad sa v. 17.

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:6

⁶“Magiging mapalad ka sa iyong pagpasok, at magiging mapalad ka sa iyong paglabas.”

28:6 “**Mapalad. . . sa iyong pagpasok. . . sa iyong paglabas**” Ito ay isang Hebraikong idyoma (cf. 31:2; Awit 121:8; Isaias 37:28) para sa isang pinagpalang buhay sa lahat ng bahagi (cf. kabaligtaran ay nasa v. 19).

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:7-14

⁷Pasasaktan ng Panginoon sa harap mo ang iyong mga kaaway na nagbabangon laban sa iyo: sila'y lalabas laban sa iyo sa isang daan at tatakas sa harap mo sa pitong daan. ⁸Igagawad sa iyo ng Panginoon ang kaniyang pagpapala sa iyong mga kamalig, at sa lahat ng pagpatungan mo ng iyong kamay at pagpapalain ka niya sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos. ⁹Itatag ka ng Panginoon na isang banal na bayan sa kaniya, gaya ng kaniyang isinumpa sa iyo; kung iyong gaganapin ang mga utos ng Panginoon mong Diyos, at lalakad ka sa kaniyang mga daan. ¹⁰At makikita ng lahat ng mga bayan sa lupa, na ikaw ay tinawag sa pamamagitan ng pangalan ng Panginoon at sila'y matatakot sa iyo. ¹¹At ikaw ay pasasaganain ng Panginoon, sa ikabubuti mo, sa bunga ng iyong katawan, at sa bunga ng iyong mga hayop, at sa bunga ng iyong lupa, sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa iyong mga magulang upang ibigay sa iyo. ¹²Bubuksan ng Panginoon sa iyo ang kaniyang mabuting kayamanan, ang langit, upang ibigay ang ulan sa iyong lupain sa kapanahunan, at upang pagpalain ang buong gawa ng iyong kamay; at ikaw ay magpapahiram sa maraming bansa, at ikaw ay hindi hihiram. ¹³At gagawin ka ng Panginoon na ulo at hindi buntot, at ikaw ay magiging sa ibabaw lamang, at hindi ka mapapasailalim; kung iyong didinggin ang mga utos ng Panginoon mong Diyos, na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, na iyong sundin at gawin; ¹⁴At huwag kang lilihis sa anoman sa mga salita na aking iniutos sa inyo sa araw na ito, sa kanan o sa kaliwa, upang sumunod sa ibang mga Diyos na paglilingkuran sila.”

28:7 “**mga kaaway**” Ang PANDIWARI (BDB 33, KB 38 *Qal* PANDIWARI) na ito ay ginamit ng walong beses sa kabanatang ito (cf. vv. 7,25,31,48,53,55,57,68). Ito ay tumutukoy sa aktibong kapootan ng isang tao o grupo laban sa isang tao o grupo. Si YHWH ay nangako na magiging isang kaaway sa mga kaaway ng Israel (cf. Exodo 23:22), ngunit dahil sa pagsuway sa tipan Siya ngayon ay ang kaaway ng Israel!

Kung ang Israel ay masunurin si YHWH ay lalabanan ang kanyang kaaway (cf. 30:7; 33:27-29).

▣ **“tatakas sa harap mo sa pitong daan”** Ang idyomang ito ay tumutukoy sa matatakutin, walang kaayusang pag-atras ng Israel (cf. vv. 20, 25). Tignan Natatanging Paksa: Simbolikong mga Bilang sa Kasulatan sa 23:3.

28:8 “pagpapala sa... mga kamalig” Ito tumutukoy sa butil ng mga kamalig (cf. Kawikaan 3:10). Kalunay ang Judaismo ay nagsasabi na ito ay tumutukoy sa pagpapala ni YHWH sa isang tao ng sekreto.

▣ **“sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos”** Ito ay mula pa sa pangako kaw Abraham sa Genesis 12:1-3. Ang lupain ay ang espesyal na pangako ng Diyos na natupad sa Exodus/pagsakop.

28:9 “Itatag ka ng Panginoon” Ang PANDIWA (BDB 877, KB 1086, *Hiphil* DI-GANAP) na ito ay karaniwang nangahulugan ng “itataas.” Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang mga pakahulugan sa Deuteronio sa *Hiphil* (i.e., [1] nagkumpirma ng isang tipan, cf. 8:18; [2] laging nasa eksena, cf. 18:15,18; [3] itaas ang bumagsak na baka, cf. 22:4; at [4] magtatag ng ala-alang mga bato, cf. 27:3). Ito ay ginamit dito sa isang metaporikal na pakahulugan ng “magtatag,” gaya ng sa 25:7 at 29:13.

▣ **“isang banal na bayan”** Ang salitang “banal” ay nangahulgan “inihiwalay para sa paglilingkod sa Diyos” (BDB 871 at 872, Tignan Natatanging Paksa sa 5:12, cf. Exodo 19:5-6). Ang Israel ay ninais na maging isang kaharian ng mga saserdote na magdadala sa lahat ng mga bansa kay YHWH.

▣ **“lalakad”** Ito ay isang biblikal na metapora para sa pamumuhay pananampalataya at pagsunod.

28:10 “At makikita ng lahat ng mga bayan sa lupa, na ikaw ay tinawag sa pamamagitan ng pangalan ng Panginoon” Ang pariralang “tinawag sa pamamagitan ng pangalan ng Panginoon” (BDB 894, KB 1128, *Niphal* GANAP) ay nagpapakita ng pagkamay-ari ni YHWH sa Israel (cf. II Samuel 6:2; Isaias 43:7; Jeremias 7:10-12; 14:9; 15:16; 32:34; Daniel 9:18,19; Amos 9:12).

Si YHWH ay nais ang Israel na maging kapahayagang daluyan para sa buong mundo na makilala Siya. Nais Niya na pagpapalain ang Israel upang makuha ang atensyon ng mga bansa at magkagayun ay maakit ang mga bansang ito tungo sa Kanya (cf. v. 25, 37). Tignan Natatanging Paksa sa 4:6.

▣ **“matatakot sa iyo”** Ang mga pagpapala ni YHWH, ay kapwa pangtahanan at militar na lugar, ay magdudulot ng takot/paggalang (BDB 431, KB 432, *Qal* GANAP, cf. 7:19; 17:13) sa bahagi ng mga mapamahiing mga pagano ng mga nakapalibot na mga bansa.

Ang Israel ay hindi dapat matakot (BDB 431, KB 432) si YHWH ay kasama nila, para sa kanila, at lalaban para sa kanila (e.g., 1:21,29; 3:2,22; 7:18; 20:1,3; 31:6,8).

28:11 Ito ay isang buod ng talata ng pagpapala ng Diyos sa isang masunurin sa tipan ng mga tao (e.g., 11:14).

28:12 “ang kaniyang mabuting kayamanan” Ito ay (BDB 373 II and 69) isang simbolo ng langit at ulan (cf. vv. 23-24; Awit 85:12; Malakias 3:10). Ito ay isang posibleng sarkastikong reperensiya sa pagsamba kay *Ba'al*. Si *Ba'al* ay ang taga-Canaan ng diyos ng kasaganaan (i.e., ulan, cf. I Hari 17-18). Subalit, si YHWH ang nagtutustos ng lahat ng mga pagpapala sa Kanyang bayan (cf.47; 11:14; Levitico 26:4).

▣ **“upang ibigay ang ulan sa iyong lupain sa kapanahunan”** Ang PANDIWA (BDB 678, KB 733) na ito ay ginamit ng palagian sa kabanatang ito para sa tipanang mga kaloob ng pagpapala ni YHWH (cf. vv. 1,7,8,11,12,13). Hindi lamang si YHWH ay bubuksan ang bintana ng langit at magpapadala ng ulan, ngunit gagawin Niya ito sa nararapat na panahon (i.e., naunan at kalaunang mga ulan, ang panahon ng

pagtatanim at ang oras ng paghinog ng mga pananim).

▣ **“at ikaw ay magpapahiram sa maraming bansa, at ikaw ay hindi hihiram.”** Ito ay isa na namang tanda ng pagpapala ng Diyos na sila ay magpapahiram ng pautang (cf. 23:20)! Ang mga resulta ng pagsuway ay matalim na kinontra sa v. 44!

28:13 Ang talatang ito ay may dalawang mga idyoma ng kasaganaan at kapanyarihan:

1. ang ulo at hindi ang buntot
2. ikaw ay tanging nasa itaas, hindi sa ibaba

Ngunit pansinin ang kondisyonal na elemento. Ang kaparehong idyoma ay ginamit sa v. 1, “maging maingat na gawin” (dalawang PAWATAS NA BANGHAY). Ang pagpapalit ay bunga ng pagsuway ay nakita sa v. 44.

28:14 “huwag kang lilihis. . . sa kanan o sa kaliwa” Ito ay ginamit ng literal sa Bilang 20:17; 22:26; Deuteronio 2:27, ngunit madalas ito ay isang Hebreong idyoma para sa “anumang paglayo mula sa pamantayan o sa malinaw na minarkahang pagdaraananan ay kasalanan” (cf. 5:32; 17:11,20; Josue 1:7; 23:6; II Hari 22:2). Pansinn dito, ang idolatrya ay partikular na tinukoy (cf. 5:7-9; 27:15; Exodo 20:23; 34:17).

▣
NASB, NRSV “na aking inuutos sa araw na ito”
NKJV “aking iniuutos sa inyo sa araw na ito”
TEV _____
NJB “ang mga salita na aking inilalatag para sayo sa araw na ito”

Ang pariralang ito ay tila nagpahiwatig ng isang espesyal na araw ng pagbibigay ng kautusan (cf. vv. 1,13,14,15). Gayunpaman, *'olam* ay maaring tumukoy sa isang periyod ng panahon. Tignan Natatanging Paksa sa 4:40. Ang dahilan para sa katanungan ay eksaktong ano ang tinutukoy ng “ang aklat” sa vv. 58 at 61 ?:

1. buong Deuteronio
2. isa sa mga sermon ni Moses sa Deuteronio
3. mas malaking bahagi ng lehislasyon kasama na ang mga bahagi ng Exodo, Levitico, at Bilang

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:15

¹⁵“Nguni't mangyayari, na kung hindi mo didinggin ang tinig ng Panginoon mong Diyos, na isasagawa ang lahat ng kaniyang mga utos at ang kaniyang palatuntunan na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, na ang lahat ng sumpang ito ay darating sa iyo at aabot sa iyo.”

28:15-37 Ang seksyon na ito ng pagsusumpa ay hindi naghahangad ng isang literal na interpretasyon. Sa halip, sila ay upang magtayo ng isang impresyon ng sakuna. Ang mga uri ng ito ng salanta ay susunod kung ang pagsuway ay magaganap. Ito ay isang paraan ng pagtatayo ng kaisipan ng kung ano ang mangyayari kung ang Israel ay lalabag sa kautusan ni YHWH.

28:15 “isasagawa” Ito ang eksaktong terminolohiya at gramatikal na anyo na matatagpuan sa vv. 1,13; 32:46. Ang kaparehong mga anyo ng kaparehong mga termino ay matatagpuan sa 28:58 at 29:8. Ang pagsunod ay krusyal. Ang pagsunod ay hindi pundasyon ng tipan, ngunit ito ay natural na lumalabas! Ang tipan ay itinatag sa pag-ibig at pagkadakila ni YHWH, ngunit ang pagpapatuloy nito at pamumunga ay pinanatili ng pagsunod. Kung mahal mo Ako, gagawin mo ang Aking mga kautusan!

- ▣ “Kaniyang mga utos at ang Kaniyang palatuntunan” Tignan Natatanging Paksa sa 4:1.
- ▣ “mga sumpa” Ito ay isang PANGALAN nabuo mula sa ugat na “maging maliit” (BDB 886-887, cf. 27:15-26, 28:15-68). Ang mga sumpa na ito ay ninais upang ang Israel bumalik kay YHWH.
- ▣ “aabot” Tignan puna sa v. 2.

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:16

¹⁶” Susumpain ka sa bayan, at susumpain ka sa parang.”

28:16-19 Ang mga talata ay humihilera ng lubusan. Ang mga talata 3-6 ay ang mga pagpapala; vv. 16-19 ay mga sumpa.

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:17

¹⁷” Susumpain ang iyong buslo at ang iyong palayok.”

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:18

¹⁸” Susumpain ang bunga ng iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, ang karagdagan ng iyong bakahan at ang mga anak ng iyong kawan.”

2:18

NASB, NJB “mga supling ng iyong katawan”

NKJV “bunga ng iyong katawan”

NRSV “bunga ng iyong sinapupunan”

TEV “mga anak”

Ang literal na parirala ay, “bunga ng iyong sinapupunan.” Marami malulusog, masayang mga bata ay isa sa mga pagpapala (cf. vv. 4,11), ngunit ang pagsuway ay magdadala ng kabaligtaran sa ipinangakong tipan!

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:19

¹⁹” Susumpain ka sa iyong pagpasok, at susumpain ka sa iyong paglabas.”

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:20-24

²⁰”Ibubugso ng Panginoon sa iyo ang sumpa, ang kalituhan, at ang saway, sa lahat ng pagpapatungan ng iyong kamay na iyong gagawin, hanggang sa ikaw ay mabuwal, at hanggang sa ikaw ay malipol na madali; dahil sa kasamaan ng iyong mga gawa, na sa gayo'y pinabayaan mo Ako. ²¹Ikakapit sa iyo ng Panginoon ang salot hanggang sa maubos ka sa lupa, na iyong pinapasok upang ariin. ²²Sasalutin ka ng Panginoon ng sakit na tuyo, at ng lagnat, at ng pamamaga, at ng nagaapoy na init, at ng tabak, at ng salot ng hangin, at ng sakit sa pagani; at kanilang hahabulin ka hanggang sa ikaw ay malipol. ²³At ang iyong langit na nasa itaas ng iyong ulo, ay magiging tanso, at ang lupa na nasa ilalim mo ay magiging bakal. ²⁴Ang ipauulan ng Panginoon sa iyong lupa ay abo at alabok; mula sa langit ay bababa sa iyo, hanggang sa ikaw ay magiba.”

28:20 “kalituhan” Ito ay isang salita (BDB 223) na ginamit sa pagkatalo sa labanan (cf. 7:23). Ito ay kasalungat ng vv. 7 at 25. Ang pagkalito ay dadating sa Israel kung siya ay susuway sa salita ng Diyos.

- ▣ “saway” Ang terminong ito (BDB 172) ay matatagpuan lamang dito sa OT.

▣ **“hanggang sa ikaw ay mabuwal, at hanggang sa ikaw ay malipol na madali”** Pansinin ang pararelismo:

1. “winasak” - BDB 1029, KB 1552, *Niphal* PAWATAS NA TIYAK, cf. 4:26; 6:15
2. “mamatay” - BDB 1, KB 2, *Qal* PAWATAS NA TIYAK, cf. Levitico 26:38; Deuteronio 4:26; 8:19-20; 11:17; 30:18-20; Josue 23:13,16 dagdag ang PANG-ABAY “madali” (BDB 555 II)

▣ **“dahil sa kasamaan ng iyong mga gawa, na sa gayo'y pinabayaan mo Ako”** Pansinin ang pagkakaiba mula sa mga kautusan ay nakita sa pagpapabaya kay YHWH!

28:21 “ang salot” Ito ay (BDB 184) tumutukoy sa isang salot (cf. Levitico 26:25; Bilang 14:12) gaya ng ipinadala ni YHWH sa Ehipto (cf. Exodo 5:3; 9:15).

▣ **“Ikakapit”** Ang PANDIWA (BDB 179, KB 209, *Hiphil*) ay nasa JUSSIVE na anyo. Ang paghahatol ni YHWH ay mananatiling nakadikit sa kanila hanggang sa matapos ang tungkulin nito (i.e., “uubusin ka,” BDB 477, KB 476, *Piel* PAWATAS NA TIYAK).

Ang termino ay ginamit para sa kung ano ang dapat na gawin ng Israel YHWH (i.e., kumapit sa Kanya, cf. 10:20; 11:22; 30:20).

28:22 “tabak” Pansinin ang listahan ng mga bagay na ipadadala ni YHWH laban sa masuwaying Israel:

1. pagkahapo (BDB 1006, cf. Levitico 26:16), isang sakit sa baga
2. lagnat (BDB 869, cf. Levitico 26:16)
3. pamamaga (BDB 196)
4. nag-aapoy na init (BDB 359, #2,3, at 4 lahat nagsasangkot ng init; tila ito ay nagpapahiwatig ng tagtuyot na mga kondisyon, cf. NRSV)
5. talim (BDB 352)
6. salanta (BDB 995 dumi sa mga pananim, cf. I Hari 8:37; II Cronico 6:28; Amos 4:9)
7. amag (BDB 439, cf. I Hari 8:37; II Cronico 6:28; Amos 4:9; Hag. 2:17; ang salita ay nangahulugang “luntian,” samakatuwid, isang “luntiang amag”)

Kapwa mga tao at agrikultura ay magdurusa at mamamatay! Pansinin ang simbolikong bilang ng pagdurusa (i.e. pito; mayroon din pitong mga pagpapala na inilista sa kabanatang ito). Tignan Natatanging Paksa sa 23:3.

28:23 “sakit na tuyo” Ang bakal ay madalas na isang metapora para sa paghihirap:

1. ang lupain ay hindi makapamunga, dahil walang ulan at ginagawa itong kasintigas ng bakal, v. 23, cf. Levitico 26:19
2. ang pamatok ng bakal ay iniligay sa leeg ng Israel, v. 48
3. Ehipto bilang isang bakal ng pagdurusa, cf. 4:20

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:25-26

²⁵“Pasasaktan ka ng Panginoon sa harap ng iyong mga kaaway; ikaw ay lalabas sa isang daan laban sa kanila, at tatakas sa pitong daan sa harap nila: at ikaw ay papagpaparoo't parituhin sa lahat ng mga kaharian sa lupa. ²⁶At ang iyong bangkay ay magiging pagkain sa lahat ng mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop sa lupa; at walang taong bubugaw sa kanila.”

28:25 “ikaw ay lalabas sa isang daan laban sa kanila, at tatakas sa pitong daan sa harap nila” Ito ay isang metapora na naglalarawan sa pangmilitar na pagpapalano ng Israel na naging walang kabuluhan. Pito ay numerikal na simbolo para sa “perpekasyon.” Ang Israel ay lubusang uurong. Ang mga pangako ng “banal na labanan” ay naging baligtad!

█ **“at ikaw ay papagpaparoo't parituhin sa lahat ng mga kaharian sa lupa”** Ang Israel ay gagamitin ni YHWH upang ihayag ang Kanyang sarili sa mundo; alinman sa posiibo (i.e., ang mga pagpapala) o negatibo (i.e., ang mga sumpa, cf. v. 37; II Cronico 29:8; Jeremias 15:4). Si YHWH ay nais na gamitin ang Israel upang abutin ang buong sangkatauhan (Tignan Natatanging Paksa: Ang Ebanghelikong Pagkiling ni Bob sa 4:6). Ito ay isang pagbaligtad sa Kanyang mga layunin!

28:26 “ang iyong bangkay ay magiging pagkain sa lahat ng mga ibon” Para sa Israel ito ay isang matinding trahedyang hindi mailibing at pulutin ng hiwahiwalay ng mga hayop (cf. I Samuel 17:44-46). Dahil sa pagbabanggit ng “mga ibon,” marami ang nakakita rito bilabg isang ekastolohikal na reperensiya (cf. Isaias 18:14; Jeremias 7:33; 16:4; 19:7; 34:20; Ezekiel 29:5; 32:4; 39:4).

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:27-37

²⁷“Sasalutin ka ng Panginoon ng bukol sa Egipto, at ng mga grano, at ng kati, at ng galis, na hindi mapagagaling. ²⁸Sasaktan ka ng Panginoon ng pagkaulol, at ng pagkabulag, at ng pagkagulat ng puso; ²⁹At ikaw ay magaapuhap sa katanghaliang tapat na gaya ng bulag na nagaapuhap sa kadiliman, at hindi ka ginhawa sa iyong mga lakad: at ikaw ay mapipighati at sasamsaman kailan man, at walang taong magliligtas sa iyo. ³⁰Ikaw ay magaasawa, at ibang lalake ang sisiping sa kaniya: ikaw ay magtatayo ng isang bahay, at hindi mo tatahanan: ikaw ay maguubasan, at hindi mo mapapakinabangan ang bunga niyaon. ³¹Ang iyong baka ay papatayin sa harap ng iyong mga mata, at hindi mo makakain yaon; ang iyong asno ay aagawin sa harap ng iyong mukha, at hindi na masasauli sa iyo: ang iyong tupa ay mabibigay sa iyong mga kaaway, at walang magliligtas sa iyo. ³²Ang iyong mga anak na lalake at babae ay magbibigay sa ibang bayan; at ang iyong mga mata ay titingin, at mangangalay ng paghihintay sa kanila sa buong araw: at ang iyong kamay ay walang magagawa. ³³Ang bunga ng iyong lupa, at lahat ng iyong gawa ay kakanin ng bansang di mo nakikilala; at ikaw ay mapipighati at magigipit na palagi. ³⁴Na anopa't ikaw ay mauulol dahil sa makikita ng paningin ng iyong mga mata. ³⁵Sasaktan ka ng Panginoon sa mga tuhod at sa mga hita, ng isang masamang bukol na hindi mo mapagagaling, mula sa talampakan ng iyong paa hanggang sa bao ng iyong ulo. ³⁶Dadalhin ka ng Panginoon, at ang iyong haring ilalagay mo sa iyo, sa isang bansang hindi mo nakilala, ninyo ng iyong mga magulang at doo'y maglilingkod ka sa ibang mga Diyos, na kahoy at bato. ³⁷At ikaw ay magiging isang kamanghaan, isang kawikaan, at isang kabiruan sa lahat ng bayang pagdadalhan sa iyo ng Panginoon..”

28:27 “bukol sa Egipto” Pansinin ang listahan ng mga salot at mga problema (salot ng Ehipto at pagbaligtad ng tipanang mga pagpapala) Si HWH ay bibisita sa Israel kung sila ay hindi susunod sa Kanyang tipan. Kung kanino nagbigay ng labis, labis din ang kinakailangan (e.g., Lucas 12:48).

1. NASB, NKJV, NRSV, TEV “mga pigsa,” cf. vv. 27,35
 NJB “Ehiptong mga ulsera”
 JPSOA “pamamaga”
 BDB 1006, cf. Exodo 9:9-11. Ito ay tumutukoy sa ilang hari ng naknak.

2. NASB, JPSOA “mga bulaid,” v. 27
 NKJV “mga tumor”
 NRSV “mga ulsera”
 TEV “galis”
 NJB “pamamaga sa singit”
 BDB 779 II, cf. I Samuel 5:6,9,12. Maraming mga iskolar ay binigyan kahulugan ito bilang mga sintomas ng salot (i.e., mga bubas, malaking pinaitim, na namanagang bahagi, cf. I Samuel 5:9-6:17, na, sa pagpapahiwatig, ay may asosasyon sa mga daga)

3. NASB, NKJV “ang langib,” v. 27
NRSV, NJB “maninilaw”
JPSOA “peklat ng pigsa”
BDB 173, cf. Levitico 21:20;
22:22
4. NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB “the itch,” v. 27
BDB 360 III. Ang terminong ito matatagpuan lamang dito sa OT at tumutukoy sa pangangati ng balat na bunga ng mga daga (cf. NIDOTTE, vol. 2, p. 278).
5. NASB, NKJV, NRSV, NJB “kabaliwan,” vv. 28,35
TEV “masira ang iyong pag-iisip”
BDB 993, cf. Zech. 12:4
6. NASB, NKJV, NRSV, TEV, NJB “pagkabalag, vv. 28,29
BDB 734, cf. Panaghoy 4:14; Zepania 1:17
7. NASB “pagkataranta ng puso,” v. 28
NKJV “pagkalito ng puso”
NRSV “pagkalito ng isipan”
TEV “pagkalito”
NJB “kaguluhan ng isipan”
BDB 1069, cf. Zech. 12:4
8. NASB, NKJV “patuloy na pinagmalupitan,” v. 29
NRSV “patuloy na inabuso”
TEV “palagiang pinagmalupitan”
NJB “pinagsamantalahan”
BDB 798, *Qal* BALINTIYAK PANDIWARI, cf. Levitico 6:2
9. NASB, TEV “patuloy na ninakawan,” v. 29
NKJV “patuloy na nilooban”
NRSV “patuloy naninakawan”
NJB “nilooban”
BDB 159, *Qal* BALINTIYAK PANDIWARI, cf. Levitico 6:2
10. NASB “sinuway ang asawa,” v. 30
NKJV, NRSV “sumiping sa kanya”
BDB 993, KB 1415, *Qal* DI-GANAP
11. ang iyong tahanan ay tinirhan ng iba, v. 30
12. ang iyong ubasan ay pinakikinabangan ng iba, v. 30
13. ang iyong mga kawan ay kinuha ng iba, v. 31
14. ang iyong mga anak ay kinuha, v. 32
15. ang iyong mga ani ay ibinigay sa iba, v. 33
16. ang iyong mga manggagawa ay pinakikinabangan ng iba, v. 33
17. NASB, NKJV “inapi,” v. 33
NRSV “inabuso”
TEV “pagmamalupit”

NJB “pinagsamantalahan”
BDB 798, KB 897, *Qal* BALINTIYAK PANDIWARI, cf. v. 29; I Samuel 12:4; Amos 4:1

18. NASB, NKJV, NRSV, NJB “dinurog,” v. 33
TEV “magaspang na pagtrato”
BDB 954, KB 1285, *Qal* BALINTIYAK PANDIWARI, cf. I Samuel 12:3-4; Amos 4:1

19. NASB, NKJV, NRSV, NJB “nagpakaloko,” v. 34
TEV “gawing masira ang iyong isipan”
BDB 993, KB 1415, *Pual* PANDIWARI, cf. v. 30

20. NASB “tamaan ka. . .ng mga namamagang pigs,” v. 35
NKJV “tamaan ka. . .ng matinding pigs”
NRSV “tamaan ka. . .na nakapandiring pigs boils”
TEV “balutan ka. . .masakit na sugat, pigs, boils”

NJB “pabagsakin ka ng mabahong ulsero”
BDB 645, KB 697, *Hiphil* DI-GANAP at dalawang mga LAYON, BDB 1006 at 948

21. ang iyong hari ay aalisin at papalitan ng paganong pinuno, v. 36

22. ikaw ay maglilingkod ng dayuhang mga diyos, v. 36

23. ikaw ay magiging:

a.

NASB “isang kasindakan,” v. 37

NKJV “isang katakhan”

NRSV “paksa ng pagkasindak”

NJB “ang katakhan”

BDB 1031 I, cf. II Hari 22:19; Jeremias 5:30; 25:9,11,18,38; 29:18; 42:18; 44:12,22; 49:13,17; 50:23; 51:37,41

b.

NASB, NKJV, NRSV “isang kawikaan,” v. 37

NJB “ang saliwakain”

BDB 605, cf. I Hari 9:7; Jeremias 24:9

c.

NASB “isang panunya,” v. 37

NKJV, NRSV “isang saliwikain”

NJB “ang katatawanan ”

BDB 1042, cf. I Hari 9:7; Jeremias 24:9

24. NASB “ang Panginoon ay magtutulak sa iyo”
NKJV, NRSV “ang Panginoon ay mangunguna sa iyo”
NJB “Yahweh ay magdadala sa iyo”

Ang PANDIWA (BDB 624 I, KB 675, *Piel* DI-GANAP) na ito ay ginamit sa pangunguna ng mga kawan (e.g., Exodo 3:1). Ito ay naging isang metapora ng (1) pangunguna sa mga tao sa paghuhukom (e.g., 4:27; I Samuel 30:2,22; Isaias 20:4) o (2) si YHWH na nangungua bilang isang mapag-arugang pastol (cf. Awit 48:14; 78:26,52; 80:1). Ang mga tao ay papangunahan (patol) o dadalhin (hukom) ng kanilang pananampalatayang pagsunod.

Ito ay nagpapaalala sa kanila ng salot ng pigs sa mga taga Ehipto (cf. Exodo 9:8ff). Ang mga ito dumalaw na sa masuwaring Israel (cf. 7:15; 28:60,61).

28:32 Pansinin ang kahihinatnan ng mga magulang na Israelita na ito:

1. ang mga anak ay ibinigay sa ibang mga tao (BDB 678, KB 733, *Qal* BALINTIYAK PANDIWARI)
2. nakita nila itong nangyayari (BDB 906, KB 1157, *Qal* AKTIBO PANDIWARI)
3. ang kanilang mga ay puno ng pag-aasam sa buong maghapon (ang termino, BDB 479, ay matatagpuan lamang dito sa OT)
4. wala silang kapangyarihan na mapatigil ito (BDB 34 II, BANGHAY BDB 43)

28:33 “mapipighati” Ang terminong ito ay ginamit ng regular sa mga mayayaman na nagsasamantala sa mga mahihirap at itinakwil ng lipunan, ngunit ito ay ginamit dito kay YHWH na binabale ang Kanyang masuwaring bayan.

28:35 “mula sa talampakan ng iyong paa hanggang sa bao ng iyong ulo” Ito ay isang metapora para sa malawak na karamdaman ng walang makapagpagaling (cf. Job 2:7; Isaias 1:5-6).

28:36 “iyong hari” Si Moses ay napagtanto na mayroong magiging isang hari balang araw (cf. 17:14-20). Ang mga Israelita ay isang pantribung lipunan. Walang naging hari hanggang kay Saul (cf. I Samuel 8).

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:38-44

³⁸“Kukuha ka ng maraming binhi sa bukid, at kaunti ang iyong titipunin; sapagka't uubusin ng balang. ³⁹Ikaw ay maguubasan at iyong aalagaan, nguni't ni hindi ka iinom ng alak, ni mamimitas ng ubas; sapagka't kakanin yaon ng uod. ⁴⁰Magkakaroon ka ng mga puno ng olibo sa lahat ng iyong mga hangganan, nguni't hindi ka magpapahid ng langis; sapagka't ang iyong olibo ay malalagasan ng buko. ⁴¹Ikaw ay magkakaanak ng mga lalake at mga babae, nguni't sila'y hindi magiging iyo; sapagka't sila'y yayaon sa pagkabihag. ⁴²Lahat ng iyong puno ng kahoy at bunga ng iyong lupa ay aariin ng balang. ⁴³Ang taga ibang lupa na nasa gitna mo ay tataas ng higit at higit sa iyo, at ikaw ay pababa ng pababa ng pababa. ⁴⁴Siya'y magpapahiram sa iyo, at ikaw ay hindi makapagpapahiram sa kaniya: siya'y magiging ulo, at ikaw ay magiging buntot.”

28:38-42 Muli pansinin ang listahan ng mga pagtatangka ng Israel sa kasaganaan, na hinadlangan ni YHWH:

| <u>Kanilang mga aksyon</u> | <u>Mga Resulta</u> |
|-------------------------------------|-----------------------------------|
| 1. higit na binhi, v. 38 | winasak ng balang |
| 2. nagtanim ng mga ubas, v. 39 | winasak ng uod |
| 3. nagtanim ng puno ng olibo, v. 40 | nagbagsakan ang mga olibo |
| 4. have children, v. 41 | ang mga anak ay ginawang bilanggo |
| 5. mga puno at bunga, v. 42 | winasak ng mga tipaklong |

Ang ipinangakong kasaganaan ni YHWH ay pinanegatibo ng mga sumuway sa tipan na Israel!

28:40 “magpapahid ng langis” Ang mga tao ng sinaunang Near East ay naglalagay ng langis ng olibo sa kanilang mga mukha bilang simbolo ng kasaganaan at kagalakan (e.g., Ruth 3:3; II Samuel 12:20; 14:2).

28:43-44 Ang dalawang mga talatang ito ay naglalarawan ng pagpapalit ng tungkulin ng Israelita at mga naninirahang dayuhan (manlalakbay, BDB 158):

1. ang mga dayuhan ay aangat ng mas mataas sa iyo
 - a. sila ay mas tataas ng tataas (BDB 751)
 - b. ikaw ay bababa ng mas bababa (BDB 641) [ang pagpapalit ng v. 13]

2. ang mga dayuhan ay magpapautang sa iyo [ang pagpapalit ng v. 12]
3. ang mga dayuhan ay magiging ulo [ang pagpapalit ng v. 13]

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:45-46

⁴⁵"At lahat ng mga sumpang ito ay darating sa iyo at hahabulin ka, at aabutan ka, hanggang sa magiba ka; sapagka't hindi mo dininig ang tinig ng Panginoon mong Diyos, upang tuparin ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan na kaniyang iniutos sa iyo. ⁴⁶At ang mga yao'y magiging isang tanda at isang kababalaghan sa iyo, at sa iyong lahi magpakailan man."

28:45-48 Pansinin ang sanhi at punga ng tipanang paghatol ni YHWH:

1. ang sanhi
 - a. Ang Israel ay ayaw makinig (BDB 1033, KB 1570, *Qal* GANAP) at sumunod (BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAWATAS NA TIYAK) sa mga kautusan at batas ni YHWH, v. 45
 - b. Ang Israel ay hindi naglingkod (BDB 712, KB 773, *Qal* GANAP [dalawang beses]) YHWH, v. 47:
 - (1) ng may kagalakan
 - (2) ng may masayang puso
 - (3) ng may pasasalamat para sa kasaganaan ng lahat ng bagay
2. ang bunga
 - a. mga sumpa
 - (1) ay darating sa inyo, v. 45, BDB 97, KB 112, *Qal* GANAP
 - (2) ay magtutugis sa inyo, v. 45, BDB 922, KB 1191, *Qal* GANAP
 - (3) ay aabot sa inyo, v. 45, BDB 673, KB 727, *Hiphil* GANAP
 - (4) hanggang sa ikaw ay mawasak, v. 45, BDB 1029, KB 1552, *Niphal* PAWATAS NA TIYAK, cf.4:25-26
 - b. mga kaaway
 - (1) ikaw ay maglilingkod sa iyong mga kaaway, v. 48
 - (a) sa kagutuman (BDB 944)
 - (b) sa kauhawan (BDB 854)
 - (c) sa kahubaran (BDB 735)
 - (d) kakulangan ng lahat ng bagay
 - (e) maglalagay ng bakal sa iyong pamatok
 - (f) hanggang sa mawasak (BDB 1029, KB 1552, *Hiphil* PAWATAS NA TIYAK, cf. 4:25-26)

28:46 "magpakailanman" Tignan Natatanging Paksa sa 4:40.

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:47-48

⁴⁷"Sapagka't hindi ka naglingkod sa Panginoon mong Diyos na may kagalakan, at may kasayahan ng puso, dahil sa kasaganaan ng lahat ng mga bagay; ⁴⁸Kaya't maglilingkod ka sa iyong mga kaaway na susuguin ng Panginoon laban sa iyo, na may gutom, at uhaw, at kahubaran, at sa kakulangan ng lahat ng mga bagay: at lalagyan ka niya ng isang pamatok na bakal sa iyong leeg hanggang sa maibuwal ka niya."

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:49-57

⁴⁹"Magdadala ang Panginoon ng isang bansang laban sa iyo mula sa malayo, mula sa katapusan ng lupa, na gaya ng lumilipad ang aguila; isang bansang ang wika'y hindi mo nababatid, ⁵⁰bansang mukhang mabangis, na hindi igagalang ang pagkatao ng matanda, ni

magpapakundangan sa bata. ⁵¹At kaniyang kakanin ang anak ng iyong hayop at ang bunga ng iyong lupa, hanggang sa maibuwal ka; na wala ring matitira sa iyong trigo, alak, o langis, ng karagdagan ng iyong bakahan, o ng anak ng iyong kawan, hanggang sa ikaw ay maipalipol. ⁵²At kaniyang kukubkubin ka sa lahat ng iyong mga pintuang-daan, hanggang sa ang iyong mataas at nakababakod na kuta ay malagpak, na siyang iyong inaasahan, sa iyong buong lupain; at kaniyang kukubkubin ka sa lahat ng iyong mga pintuang-bayan sa iyong buong lupain, na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos. ⁵³At kakain ka ng bunga ng iyong sariling katawan, ng laman ng iyong mga anak na lalake at babae, na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos, sa pagkakubkob at sa kagipitan, na igigipit sa iyo ng iyong mga kaaway. ⁵⁴Ang lalaking mahabagin sa gitna mo, at totoong maramdamin, ay magiging masama ang kaniyang mata sa kaniyang kapatid, at sa asawa ng kaniyang sinapupunan, at sa labis sa kaniyang mga anak na ititira, ⁵⁵na anopa't hindi niya ibinigay sa kaninoman sa kanila ang laman ng kaniyang mga anak na kaniyang kakanin, sapagka't walang natira sa kaniya, sa pagkubkob at sa kagipitan na igigipit sa iyo ng iyong mga kaaway sa lahat ng iyong mga pintuang-bayan. ⁵⁶Ang mahabagin at maramdaming babae sa gitna mo, na hindi pa natitikmang itungtong ang talampakan ng kaniyang paa sa lupa dahil sa kahinhinan at pagkamahabagin, ay magiging masama ang kaniyang mata sa asawa ng kaniyang sinapupunan, at sa kaniyang anak na lalake, at babae, ⁵⁷At sa kaniyang sanggol na lumalabas sa pagitan ng kaniyang mga paa at sa kaniyang mga anak na kaniyang ipangananak; sapagka't kaniyang kakanin ng lihim sila dahil sa kakulangan ng lahat ng mga bagay, sa pagkubkob at sa kagipitan, na igigipit sa iyo ng iyong mga kaaway sa iyong mga pintuang-bayan."

28:49-57 Ang mga konsekuwensya ng pagsuway ay nagpatuloy. Ang talataan na ito ay naglilista ng mga problema na kaugnay sa paglusod na labanan sa sinauang Near East:

1. Ang pagsakop ay inilarawan:
 - a. ang mananakop ay dinala ni YHWH, v. 49
 - b. isang bansa mula sa malayo, v. 49
 - c. isang bansa na may malakas at mabilis na hukbo, v. 49
 - d. isang bansa na may di-kilalang wika, v. 49
 - e. isang bansa na walang respeto sa kanilang mga nasakop, v. 50
 - f. isang bansa na uubos sa lahat ng mga ani at kawan ng Israel para maging pagkain, v. 51
 - g. isang bansa na lulusob sa bawat pinatibay na bayan sa Israel, v. 52
2. Ang konsekuwensya para sa Israel:
 - a. sila ay mamatay dahil sa kakulangan ng pagkain, v. 51
 - b. Israel ay kakainin ang kanilang mga batang anak, v. 53 (cf. Levitico 26:29) at hindi makikibahagi maging ang kanilang pagkain (cf. v. 57)
 - c. ang mahinahon (BDB 940) lalake at babae ay mawawalan ng kanilang likas na pampamilyang apeksyon at mauwi sa labanan, vv. 54,56
 - d. hindi nila ibabahagi ang kanilang mga anak bilang pagkain, v. 57

28:49 “Magdadala ang Panginoon ng isang bansang laban sa iyo” Ito ay tumutukoy sa Assyria (cf. Hosea 8:1) at/o Babylonia (cf. Jeremias 5:15).

28:50 “na hindi igagalang ang pagkatao ng matanda, ni magpapakundangan sa bata” Ang mga Assyrian lalo na, ngunit gayundin ang mga Babylonian, ay papatayin ang mga matatanda (kasalungat sa Levitico 19:32) at mga anak bilang paraan ng pagpapahina ng loob sa populasyon bago sila ipapatapon sa malayong rehiyon at makipamuhay sa ibang mga bahay.

28:51 Sa talatang ito ang nananakop na mga bansa ay inilarawan sa mga termino ng isang ganap na pagkawasak ng mga likas yaman kahawig sa mga salot na balang ng Joel, Amos, at Micah.

28:52 “mataas at nakababakod na kuta ay malagpak, na siyang iyong inaasahan” Ang Israel ay magtitiwala (BDB 105, KB 120, *Qal* AKTIBO PANDIWARI) sa kanilang hukbong paghahanda (cf. II Cronico 32:7-8)!

28:53-57 “kakain ka ng bunga ng iyong sariling katawan” Ito ay nagpapakita ng desperadong kalikasan ng isang paglusob (i.e., pagkain ng kapwa tao, cf. Levitico 26:29; II Hari 6:24-30; Jeremias 19:9; Panaghoy 2:20; 4:10; Ezekiel 5:10).

TALATA SA NASB (BINAGO): 28:58-68

⁵⁸“Kung hindi mo isasagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito na nasusulat sa aklat na ito, upang ikaw ay matakot dito sa maluwalhati at kakilakilabot na pangalang, Ang Panginoon Mong Diyos, ⁵⁹ kung magkagayo'y gagawin ng Panginoon na kamanghamangha ang salot sa iyo, at ang salot sa iyong binhi, malaking salot, at totoong malaon, at kakilakilabot na sakit, at totoong malaon. ⁶⁰At kaniyang pararatingin uli sa iyo ang lahat ng mga sakit sa Egipto, na iyong kinatakutan at kakapit sa iyo. ⁶¹Bawa't sakit din naman, at bawa't salot, na hindi nasusulat sa aklat ng kautusang ito'y pararatingin nga sa iyo ng Panginoon, hanggang sa ikaw ay maibuwal. ⁶²At kayo'y malalabing kaunti sa bilang, pagkatapos na kayo'y naging gaya ng mga bituin sa langit sa karamihan; sapagka't hindi ninyo dininig ang tinig ng Panginoon mong Diyos. ⁶³At mangyayari, na kung paanong ang Panginoon ay nagagalak sa inyo na gawin kayong mabuti at paramihin kayo: ay gayon magagalak ang Panginoon sa inyo na ipalipol kayo, at ibuwal kayo; at kayo'y palalayasin sa lupa na inyong pinapasok upang ariin. ⁶⁴At pangangalatin ka ng Panginoon sa lahat ng mga bayan, mula sa isang dulo ng lupa hanggang sa kabilang dulo ng lupa; at doo'y maglilingkod ka sa ibang mga Diyos, na hindi mo nakilala, ninyo ng inyong mga magulang, sa makatuwid baga'y sa mga Diyos na kahoy at bato. ⁶⁵At sa gitna ng mga bansang ito ay hindi ka makakasumpong ng ginhawa, at mawawalan ng kapahingahan ang talampakan ng iyong paa: kundi bibigyan ka ng Panginoon doon ng sikdo ng puso, at pangangalumata, at panglalambot ng kaluluwa: ⁶⁶At ang iyong buhay ay mabibitin sa pagaalinglangan sa harap mo; at ikaw ay matatakot gabi't araw, at mawawalan ng katiwalaan ang iyong buhay. ⁶⁷Sa kinaumagaha'y iyong sasabihin, ‘Kahi manawari ay gumabi na!’ at sa kinagabiha'y iyong sasabihin, ‘Kahi manawari ay umumaga na!’ dahil sa takot ng iyong puso na iyong ikatatakot, at dahil sa paningin ng iyong mga mata na iyong ikakikita. ⁶⁸At pabalikin ka ng Panginoon sa Egipto sa pamamagitan ng sasakyan, sa daan na aking sinabi sa iyo, ‘Hindi mo na uli makikita; at doo'y pabibili kayo sa inyong mga kaaway na pinaka aliping lalake, at babae, at walang taong bibili sa inyo.’”

28:58-68 “kung. . .magkagayon” Pansinin ang mga tipanang mga obligasyon at mga konsekuwensiya para sa pagsuway:

1. “kung ikaw”
 - a. “ay hindi maingat na susunod sa lahat ng mga salita sa kautusang ito” (BDB 1036, KB 1581, *Qal* DI-GANAP at BDB 793, KB 889, *Qal* PAWATAS NA TIYAK)
 - b. “na matakot sa marangal at kamangha-manghang pangalan na ito, ang Panginoon mong Diyos” (BDB 431, KB 432, *Qal* PAWATAS NA TIYAK, cf. 4:10; 5:29; 6:2,13,24; 10:12,20; 13:4; 14:23; 17:19; 28:58; 31:12,13)
 - c. pansinin vv. 1,13,15,58; 29:9; 31:12; 32:46. Ang pagsunod ay krusyal!

2. “magkagyon”
 - a. Si YHWH ay magdadala ng mga salot, v. 59
 - (1) kagila-gilalas (BDB 810, KB 927, *Hiphil* GANAP)
 - (2) marahas (BDB 152)
 - (3) nagtatagal (BDB 52, KB 63, *Niphal* GANAP)
 - (4) miserable, (BDB 948)
 - (5) talamak (BDB 52, KB 63, *Niphal* GANAP)
 - b. Si YHWH ay muling dadalhin ang mga salot (BDB 188, cf. 7:15), kung saan ang mga Israelita ay takot (BDB 388, KB 386, *Qal* GANAP), ng Ehipto na kumapit (BDB 179, KB 209, *Qal* GANAP) sa kanila, v. 60
 - c. Si YHWH ay magdadala ng bawat sakit (BDB 315) at bawat salot (BDB 646, cf. Levitico 26:21) hindi binanggit sa aklat ng kautusan, v. 61
 - d. Si YHWH ay babaliktarin ang Kanyang pangako ng kasaganaan at ginhawa, vv. 62-63
 - e. Si YHWH ay babaliktarin ang exodus mula Ehipto tungo sa Lupang Pangako at ipapakalat (BDB 806, KB 918, *Hiphil* GANAP) ang Kanyang tipanang bayan, v. 64
 - (1) maglilingkod sa ibang mga diyos, v. 64
 - (2) walang kapahingahan, v. 65
 - (3) magkakaroon ng nanginginig na puso, v. 65
 - (4) bagsak na mga mata, v. 65
 - (5) desperasyon ng kaluluwa, v. 65
 - (6) laging takot sa gabi at araw, vv. 66,67
 - (7) walang katiyakan sa buhay, v. 66
 - (8) pagkaalipin, v. 68

28:58

| | |
|-------------------|--|
| NASB | “ang marangal at kahanga-hangang pangalan na ito” |
| NKJV, NRSV | “dito sa maluwalhati at kakilakilabot na pangalang” |
| TEV | “dito sa kahanga-hanga at kamangha-manghang pangalan” |
| NJB | “ang maluwalhati at nakakasindak na pangalan” |

Ang “pangalan” ay kumakatawan para sa persona at karakter ni YHWH (e.g., Job 1:21; Isaias 48:9-11; Ezekiel 20:44; Amos 2:7). Siya ay inilarawan ng dalawang *Niphal* PANDIWARI:

1. BDB 457, KB 455, mula sa PANDIWA, “maging mabigat o matimbang,” ginamit ng metaporikal para sa karangal-rangal o maluwalhati (cf. Isaias 26:15; 66:5; Ezekiel 28:22; 39:13)
2. BDB 431, KB 432, mula sa PANDIWA, “matako,” ginamit sa pakahulugan na paggalang na pagkasindak kay YHWH at sa Kanyang pagtutubos na mga akto (e.g., 7:21; 10:17,21; Nehemias 1:5; 4:14; 9:32; Awit 145:6)

28:61 “sa aklat ng kautusang ito’y” Hindi tiyak kung ang tinutukoy nito ng partikular:

1. ang buong Torah
2. ang mga batas ng Exodo - Bilang
3. lahat ng Deutronomio (cf. 31:24)
4. bahagi ng Deutronomio
 - a. koda ng kautusan
 - b. pagsusumpa at pagpapala

Syempre ang “aklat” ay nangahulugang balumbon, ngunit hindi ito nagsasaad na si Moses ang nagsulat o ibang tao ang nagtala ng mga kautusan ni YHWH na idinekta sa kanya (cf. 27:3,8; 28:58; 29:21,29; 30:10).

28:62 “kaunti sa bilang” Ito ay isang pagpapalit ng mga makaAbraham na mga pangako. Ang Diyos ay nangako na sila ay magiging (1) gaya ng “bituin sa kalangitan” (cf. Genesis 15:5; 22:17; 26:4); (2) gaya ng “buhangin” (cf. Genesis 22:17; 32:12); at gaya ng “ang alikabok” (cf. Genesis 13:16; 28:14; Bilang 23:10).

28:63 “ang Panginoon ay nagagalak sa inyo” Ang PANDIWA (BDB 965, KB 1314) na ito ay ginamit sa dalawang paraan:

1. upang magpala (*Qal* GANAP, cf. 30:9)
 - a. pasaganain ka (BDB 405, KB 408, *Hiphil* PAWATAS NA TIYAK)
 - b. paramihin ka (BDB 915 I, KB 1176, *Hiphil* PAWATAS NA TIYAK)
2. upang magsumpa (*Qal* DI-GANAP)
 - a. mamatay (BDB 1, KB 2, *Hiphil* PAWATAS NA TIYAK)
 - b. mawasak (BDB 1029, KB 1552, *Hiphil* PAWATAS NA TIYAK)
 - c. masira mula sa lupain (BDB 650, KB 702, *Niphal* GANAP)

Si YHWH ay kapwa naggagantimpala at nagdidisiplina ng Kanyang mga anak. Ang disiplina ay para sa layunin ng pagpapanumbalik at inklusyon.

▣ **“at kayo'y palalayasin sa lupa”** Ang PANDIWA (BDB 650, KB 702, *Niphal* GANAP) ay madalas na ginamit sa paghahatol ni YHWH (cf. Awit 52:5; Pro. 15:25). Ito ay lubusang pagpapalit ng mga makaAbraham na mga pangako (cf. Genesis 12:1-3).

28:64 “pangangalatin ka ng Panginoon sa lahat ng mga bayan” Ito ay tumutukoy sa pagpapatapon, isa pagpapabaliktad na exodo (cf. v. 68.)

28:65 “pangangalumata” Ang kabanatang ito ay nagbabanggit ng pagkawala ng paningin ng ilang beses:

1. pagkabalag bilang paghuhukom ni YHWH sa pagsuway sa tipan, vv. 28-29
2. paghahatol na nasaksihan ng iyong mga mata, vv. 30-33
3. anoman ang iyong nakita at makakapagloko sa iyo, v. 34
4. isang metapora para sa napag-isipang kaguluhan laban sa ibang pamilya (i.e., “ang mata ay magiging masama tungo sa”), vv. 54-56
5. mga salot sa Ehipto, ang isa sa mga ito ay labis na kadiliman, vv. 60-61
6. “pangangalumata,” isang metapora para sa takot at desperasyon, labis na kawalang pag-asa, vv. 65-66
7. ang nakita ay nagdulot ng higit na pagkasindak, v. 67

▣ **“mawawalan ng kapahingahan”** Ito (BDB 629 I) ay ginamit rin ng dalawang beses para sa Genesis 8 tala ng pagbaha sa panahon ni Noe:

1. ang Arko ay sumadsad sa mga kabundukan ng Ararat, v. 4 ang kalapati ay ipinadala upang maghanap ng tuyong lupa ngunit walang natagpuang lugar na mapapahingahan, v. 9

Si YHWH ay nagnanais sa Kanyang bayan na magkaroon ng lugar ng kapahingahan (i.e., ang Lupang Pangako, cf. 3:20; 12:9-10; 25:19; Josue 1:13,15; 21:44), ngunit ang kanilang tahasang pagsuway sa tipan ay nagdala ng pagbaligtad na exodo (i.e., pagpapatapon, cf. Awit 95:11).

▣ **“pangangalumata”** Ang terminong ito (BDB 479) ay kaugnay sa v. 32; paghahatol na nagdulot ng pagkaubos at pagkawala ng kalakasan at kagalakan!

28:66-67

| | |
|------------|-----------------------|
| NASB, NRSV | “pangingilabot” |
| NKJV | “takot” |
| TEV | “sindak. . .takot” |
| NJB | “pangamba. . .sindak” |
| JPSOA | “sindak. . .kilabot” |

Ang terminong ito (BDB 808 I) ay nangahulugangans “panginginig,” o “pangangatal,” na dulot ng takot o kagalakan! Dito ito ay takot (e.g., Isaias 33:14). Si YHWH ay nagnais na magdulot ng “sindak” sa mga kaaway ng Israel (cf. 2:25; 11:25), ngunit dahil sa kanilang pagsuway sila ang natakot!

28:68 “At pabalikin ka ng Panginoon sa Egipto” Ang pagbabalik ng Exodo. Ang muling pagsakop sa Israel!

▣ “sa daan na aking sinabi sa iyo” Ang reperensiya ng pananalitang ito ni YHWH ay di-tiyak.

▣ “walang taong bibili sa inyo” Ang PANDIWA “bibili” (BDB 888, KB 1111, *Qal* AKTIBO PANDIWARI) ay madalas na ginamit ni YHWH sa pagbibili sa palabas sa pagkakaalipin ng Israel sa Ehipto (cf. Exodo 15:16; Awit 74:2), ngunit ito ay ginamit dito sa tadhana ng Israel kung saan maging ang Ehipto ay hindi na sila muling bibilhin bilang mga alipin. Sila ay tuluyang itinakwil ng Diyos at tao.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang seksyon ng pagsumpa ay mas mahaba kaysa sa pagpapala?
2. Ano ang layunin nag kabanatang ito?
3. Paanong ang gawa-katuwiran ay nauugnay sa pagpapala na itinagubilin dito?
4. Bakit ang paghahatol ng Diyos ay napakarahas?
5. Ang mga ito ba ay nangyari sa kasaysayan ng Israel?

DEUTRONOMIO 29

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---------------------------------------|---|--|---|
| Ang Tipan ay Muling Pinagbago sa Moab | Ang Ikatlong Talumpati ni Moses (29:1-30:20) | Ang Tipan ng Panginoon sa Israel sa Lupain ng Moab | Ang Ikatlong Diskursyo (28:69-30:20) Makasaysayang Panimula |
| 29:1 | 29:1 | 29:1 | 29:1-3 |
| 29:2-9 | 29:2-9 | 29:2-9 | 29:4-5 29:6-7 29:8 |
| 29:10-13 | 29:10-29 | 29:10-15 | Ang Tipan sa Moab 29:9-14 |
| 29:14-29 | | 29:16-21 | 29:15-16 29:17-20 |
| | | 29:22-28 | Isang Bantang Pagpapatapon 29:21-23 |
| | | 29:29 | 29:24-28 [MT na Pagtatalata] |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbp.

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO): 29:1

¹Ito ang mga salita ng tipan na iniutos ng Panginoon kay Moises na gawin sa mga anak ni Israel sa lupain ng Moab, bukod sa tipang kaniyang ginawa sa kanila sa Horeb.

29:1 “salita ng tipan na iniutos ng Panginoon kay Moises na gawin” Ito ang ikatlong talumpati ni Moses sa Deuteronio (mga kabanata 29-30). Pinaalalahanan niya tayo na ang mga kautusang ito ay mula kay YHWH, hindi sa kanyang sarili.

▣ **“bukod sa tipang”** Ito ay tumutukoy sa tipan sa Bundok Sinai/Horeb (tignan natatanging paksa sa 1:2, cf. 5:2ff; Exodo 19-24) at sa mga kapatagan ng Moab (cf. 1:5; 5:1,3,5-26). Ito ay binaybay ng malinaw sa Exodo 20-31. Ito ay muling pinambago sa Exodo 34; Deuteronio 29-30; at Josue 24. Para sa “Tipan” tignan natatanging paksa sa 4:13.

TALATA SA NASB (BINAGO): 29:2-9

²At tinawag ni Moises ang buong Israel, at sinabi sa kanila, “Inyong nakita yaong lahat na ginawa ng Panginoon sa harap ng inyong mga mata sa lupain ng Egipto, kay Faraon at sa lahat ng kaniyang lingkod at kaniyang buong lupain; ³Ang mga dakilang tukso na nakita ng iyong mga mata, ang mga tanda, at yaong mga dakilang kababalaghan. ⁴Nguni't hindi kayo binigyan ng Panginoon ng pusong ikakikilala at ng mga matang ikakikita, at ng mga pakinig na ikaririnig, hanggang sa araw na ito. ⁵At aking pinatnubayan kayong apat na pung taon sa ilang: ang inyong mga damit ay hindi naluma sa inyo, at ang inyong panyapak ay hindi naluma sa iyong paa. ⁶Hindi kayo kumain ng tinapay, ni uminom ng alak o inuming nakalalasing: upang inyong makilala na ako ang Panginoon ninyong Diyos. ⁷At nang kayo'y dumating sa dakong ito, ay lumabas si Sehon na hari sa Hesbon at si Og na hari sa Basan, laban sa atin sa pakikibaka, at ating sinugatan sila; ⁸At ating sinakop ang kanilang lupain at ating ibinigay na pinaka mana sa mga Rubenita, at sa mga Gadita, at sa kalahating lipi ni Manases. ⁹Ganapin nga ninyo ang mga salita ng tipang ito, at inyong gawin, upang kayo'y guminhawa sa lahat ng inyong ginagawa.”

29:2 “buong Israel” Ito ay madalas na tumutukoy lamang sa mga matatanda, ngunit dahil sa vv. 1-13, ito ay tila tumutukoy sa kabuuang bansa. Para sa “Israel” tignan natatanging paksa sa 1:1.

29:2-3 “Inyong nakita. . . sa harap ng inyong mga mata” Ito ay isang talinghaga (cf. 4:34; 7:19) sapagkat ang mga tao na ito ay mga anak ng mga yaong nakakita (cf. Bilang 14:29). Ang mga talata 2-8 ay nagbubuo ng isang makasaysayang repaso gaya ng mga kabanata 1-4, na isang karaniwang elemento ng Near Eastern mga kasunduan.

▣ **“ang mga tanda, at yaong mga dakilang kababalaghan”** Ang mga terminong ito “tanda” (BDB 16) at “mga kababalaghan” (BDB 68) ay binanggit ng madalas sa Deuteronio (cf. 4:34; 6:22; 7:19; 11:3; 26:8; 29:2; 34:11) upang tulungan ang kasalukuyang henerasyon ng mga Israelita na alalahanin ang makapangyarihan, mapangbiyaya na mga gawa ng pagpapalaya at probisyon ni YHWH (cf. vv. 5-7) sa panahon ng Exodo at Paglalagalag na Ilang na Periyod.

29:4 “hanggang sa araw na ito” Ang pagkabulag ng Israel sa kanilang espesyal na lugar sa eternal na planong pagtutubos ni YHWH ay hindi lamang isang sinaunang problema (i.e., v. 4), ngunit isa rin kasalukuyang problema (cf. Mateo 13:14-17; Marcos 4:10-12; Lucas 8:9-10; Juan 12:36b-43; Gawa 28:26-27; at lalo na sa Roma 11:25-32).

Ang ebanghelyo ay inilarawan bilang paunang nadetermina at kaalaman sa una pa lamang ng Diyos (cf. Gawa 2:23; pansinin rin 3:18; 4:28; 13:29). Tignan natatanging paksa : Ang Ebanghelikong Pagkiling ni Bob sa 4:6.

▣ **“hindi kayo binigyan ng Panginoon ng pusong ikakikilala at ng mga matang ikakikita, at ng mga pakinig na ikaririnig”** Ang mga Israelita ng Exodo at paglalagalag sa ilang ay nakita ang pisikal, ngunit hindi naunawaan na espiritwal na dimensyon ng mga aksyon ni YHWH (i.e., sila ay mga espesyal na tipanang bayan na bahagi ng isang eternal na planong pagtutubos). Ang pariralang ito ay naging isang metapora para sa espiritwal na pagkabalag at katigasan (cf. Isaias 6:9-10; Gawa 28:26-27; Roma 11:8).

Mayroong isang salitang paglalaro sa pagitan ng v. 2, “iyong nakita” at sa v. 4, kung saan dito ay nakasulat na sila ay hindi nakakita! Ito ay maaring tumukoy sa pagrebelde ng Israel na binanggit sa 9:7-24. Kung wala ang pananampalataya ang Diyos ay hindi makakikita sa kasaysayan, ngunit kapag may pananampalataya ang kasaysayan ay magiging talang ang lupain ng Diyos. Kinakailangan ang isang kaloob (i.e., “ibinigay,” BDB 678, KB 733, *Qal* GANAP) na biyaya ni YHWH para sa makasalanang mga tao upang maramdaman at maunawaan ang Kanyang presensya!

29:5 “mga damit ay hindi naluma. . . panyapak ay hindi naluma” Si Rashi ay nagsasabi na ang mga kasuutan at mga sapatos ay lumalaki habang ang mga anak ay lumalaki (cf. 8:4; Nehemias 9:21).

29:6 Ang mga talata 5 at 6 ay nagpapakita ng mula sa Diyos na pag-aaruga sa panahon ng kabuuang periyod ng paghuhukom kilala bilang ang Paglalagalag sa Ilang na Periyod (cf. 8:2-3). Ang mga Israelita ay dapat na mapanatili ang relasyon sa pamamagitan ng pagpopokus kay YHWH (hindi sa pagkain, inumin nagawa ng kamay ng tao, ngunit sa Kanyang probisyon). Ngunit ang mga talatang ito ay nagpapakita rin ng patuloy na espiritwal na pagkabalag ng bayan ng Diyos (cf. Isaias 6:9-10).

29:7 Ito ay nagpapakit ang presensyang militar ni YHWH alang-alang sa Israel (cf. Bilang 21:21-24, 33-35; at Deutronomio 2:26- 3:17).

29:8 Ang mga ito ay mga tribu na nakatira sa silanganing bahagi ng Jordan (cf. 3:12-13; Bilang 32:28-32).

29:9 “Ganapin nga ninyo ang mga salita. . . inyong gawin” Ang kondisyonal na kalikasan ng Tipan (i.e., “ganapin,” BDB 1036, KB 1581, *Qal* GANAP at “gawin,” BDB 793, KB 889, *Qal* GANAP) ay paulit-ulit sa Deutronomio (cf. 4:2,6,9,15,23,40; 5:1,10,12,29,32; 6:2,3,12,17,25; 7:9,11,12; 8:1,2,6,11; 10:13; 11:1,8,16,22,32; 12:1,28,32; 15:5; 16:12; 17:19; 19:9; 24:8; 26:16,17,18; 27:1; 28:1,9,13,15,45,58; 29:9; 30:10,16; 31:12; 32:46). Ang pagsunod ay isang nakikita na panukat para sa espiritwal na katapatan ng Israel. Ang mahalina si YHWH ay sundin si YHWH!

Ang talatang ito ay sa kalaunay binasa ng mga rabi kapag ilan sa mga tao ay hayagang nilalatigo (cf. 25:3). Ito ay naglalaman ng 13 mga salita katumbas ng 13 mga latay. Awit 78:38 ay binabasa rin.

▣ **“upang kayo'y guminhawa sa lahat ng inyong ginagawa”** Ang PANDIWA (BDB 968, KB 1328, *Hiphil* DI-GANAP) ay madalas na nangahulugang “maging matipid” o “mahinahon,” ngunit sa *Hiphil* na ugat ito ay maaring mangahulugan na “masagana,” “magkaroon ng tagumpay” (cf. Josue 1:7-8; I Samuel 18:5,14,15; I Hari 2:3; II Hari 18:7; I Cronico 22:13). Pansinin na ang tagumpay at kasaganaan ay nakasalalay sa pagsunod!

TALATA SA NASB (BINAGO): 29:10-13

10^o Kayo'y tumatayong lahat sa araw na ito, sa harap ng Panginoon ninyong Diyos; ang inyong mga pangulo, ang inyong mga lipi, ang inyong mga matanda, at ang inyong mga puno, sa makatuwid baga'y lahat ng mga lalake sa Israel, ¹¹Ang inyong mga bata, ang inyong mga asawa at ang iyong taga ibang lupa na nasa gitna ng iyong mga kampamento mula sa iyong

mangangahoy hanggang sa iyong mananalok, ¹² Upang ikaw ay pumasok sa tipan ng Panginoon mong Diyos, at sa kaniyang sumpa na ginagawa sa iyo ng Panginoon mong Diyos sa araw na ito, ¹³ Upang kaniyang itatag ka sa araw na ito na isang bayan, at upang siya'y maging iyong Diyos, na gaya ng kaniyang sinalita sa iyo, at gaya ng kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob.

29:10 “Kayo'y tumatayong” Pansinin ang magkakaibang mga paggrugrupo ng lipunan ng Israeli na binanggit sa vv. 10-11:

1. mga pinuno, BDB 910
2. mga miyembro ng tribu, BDB 986
3. mga matatanda sa tribu, BDB 278
4. mga opisyal ng tribu, BDB 1009, *Qal* AKTIBO PANDIWARI
5. lahat ng lalake sa Israel, BDB 481, 35, 975 (pareho sa #2)
6. mga anak, BDB 381
7. mga asawang babae, BDB 61
8. mga naninirahang dayuhan, BDB 158
9. tagapaglingkod, inilarawan sa kanilang tungkuling paglilingkod

Lahat ng mga magkakaibang mga grupong ito ay tinawag upang patunayan ang kanilang sumpang pangako sa tipan (cf. vv. 14-15). Ito ay isang pormal na tipanang pagpapanibagong seremonya!

Ang bilang ng mga grupong binanggit ay nagiiba-iba mula sa bawat salin. Ilang mga salin (REB) ay nagpalagay na ang #1 at 2 ay dapat na magkasama (e.g., KJV, “ang mga kapitan ng iyong mga tribu,” JPSOA, “ang mga pinuno ng iyong tribu”). Ang ASV, NASB, NIB ay lahat mayroong #1-4.

29:12-13 Ito ay isang tipanang pagpapanibagong teksto. Pansinin kung paano “ang Tipan” (BDB 136) at “ang panunumpa” (BDB 46) ay pinaghanay. Ang mga regulasyon ni YHWH ay nakadugtong sa Kanyang mga pangako!

Si YHWH ay nagnanais na humantong ang mga pangakong ginawa sa mga Patriyarka sa Genesis sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang bayan (cf. 28:9), isang bayan na nagpapakita ng Kanyang karakter!

29:12

NASB, NKJV,

NRSV, TEV

NJB

“Upang ikaw ay pumasok sa tipan”

“at ikaw ay makakapasok sa isang tipan”

Ang PANDIWA (BDB 716, KB 778, *Qal* PAWATAS NA BANGHAY) ay literal na nangahulugan na “palampasin.” Ito ay ginamit laam sa pakahulugan ng pagpasok sa isang tipan dito. Ito ay posibleng konektado sa ideya na “pagputol” ng isang tipan sa pamamagitan ng pagdaan sa pagitan ng mga bahagi ng sakripisyal na hayop gayan ng sa Genesis 15:17-18. Ang inperensiya ay ang kapalaran ng hayop ay maipapasa sa sinomang gumawa ng tipan kung sila ay susuway sa mga kondisyon.

TALATA SA NASB (BINAGO): 29:14-21

¹⁴At hindi lamang sa inyo ginagawa ko ang tipang ito at ang sumpang ito, ¹⁵Kundi doon sa nakatayo ritong kasama natin sa araw na ito sa harap ng Panginoon nating Diyos, at gayon din sa hindi natin kasama sa araw na ito ¹⁶(apagka't talastas ninyo kung paanong tumahan tayo sa lupain ng Egipto; at kung paanong tayo'y pumasok sa gitna ng mga bansang inyong dinaanan; ¹⁷At inyong nakita ang kanilang mga karumaldumal, at ang kanilang mga idolo, na kahoy at bato, pilak at ginto na nasa gitna nila); ¹⁸Baka magkaroon sa gitna ninyo ng lalake, o babae, o angkan, o lipi, na ang puso'y humiwalay sa araw na ito, sa Panginoon nating Diyos, na yumaong maglingkod sa mga Diyos ng mga bansang yaon; baka magkaroon sa gitna ninyo ng isang ugat na nagbubunga ng nakakalason at ng ajenjo. ¹⁹At mangyari, na pagka kaniyang

narinig ang mga salita ng sumpang ito, na kaniyang basbasan ang kaniyang sarili sa kaniyang puso, na magsabi, ‘Ako’y magkakaroon ng kapayapaan, bagaman ako’y lumalakad sa pagmamatigas ng aking puso upang ilakip ang paglalasing sa kauhawan.’ ²⁰Ay hindi siya patatawarin ng Panginoon, kundi ang galit nga ng Panginoon at ang kaniyang paninibugho ay maguusok laban sa taong yaon, at ang lahat ng sumpa na nasusulat sa aklat na ito ay hihilig sa kaniya, at papawiin ng Panginoon ang kaniyang pangalan sa silong ng langit. ²¹At ihihiwalay siya ng Panginoon sa lahat ng mga lipi sa Israel sa kasamaan, ayon sa lahat ng mga sumpa ng tipan na nasusulat sa aklat na ito ng kautusan.”

29:15 “at gayon din sa hindi natin kasama sa araw na ito” Ito ay tumutukoy sa panghinaharap na mga henerasyon (cf. vv. 22,29; 5:3-5; 12:25,28).

29:16-17 Ang mga talatang ito ay bumubuo ng isang buod na panaklong patungkol sa paganong mga bansa na nakasagupa ng Israel sa paglalakbay nito sa Lupang Pangako.

▣ **“kanilang mga karumaldumal”** Tignan natatanging paksa : Pagkasuklam sa 14:3.

29:18 Ang mga babala laban sa tipanang pagsuway (lalo na ang idolatrya) ay malinaw na binigkas para sa bawat miyembro at sosyal na grupo sa lipunan ng Israeli (i.e., indibidwal, mga pamilya, mga tribu).

▣ **“nagbubunga ng nakakalason at ng ajenjo”** Ang pariralang ito ay kahanay “na ang puso ay lumikong palayo” (BDB 815, KB 937, *Qal* AKTIBO PANDIWARI). Ang lason ay pagsuway at ang konsekuwensiya ay napakatindi!

1. Si YHWH ay kailanman ay hindi malugod na patawarin siya (v. 20, negatibo *Qal* DI-GANAP, BDB 2, KB 3) at isang *Qal* PAWATAS NA BANGHAY (BDB 699, KB 757).
2. Ang galit at paninibugho ni YHWH ay mag-aalab laban sa kanya (v. 20, BDB 798, KB 896, *Qal* DI-GANAP).
3. bawat sumpa ay hahantong sa kanya (v. 20, BDB 918, KB 1181, *Qal* GANAP). Ang kaparehong PANDIWA ay naglalarawan sa kasalanan bilang isang yumuyukyok na hayop sa Genesis 4:7.
4. Si YHWH ay aalisin ang kanyang pangalan mula sa ilalim ng langit (v. 20, BDB 562, KB 567, *Qal* GANAP).
5. Si YHWH ay pipiliin siya para sa paghihirap (v. 21, BDB 95, KB 110, *Hiphil* GANAP).

29:19 “basbasan ang kaniyang sarili na magsabi, ‘ko’y magkakaroon ng kapayapaan, bagaman ako’y lumalakad sa pagmamatigas ng aking puso” Ito ang pabalik-balik na saloobin ng mga makasalanan na ginagawang dahilan ang pasensya ng Diyos upang magpatuloy sa pagrerebelde. Ang Diyos paghahatol, bagamat madalas ay tila nababalam, ay tatawagin ang mga matitigas ang ulo sumusuwaysa tipan sa pagsusulit (i.e., inaani natin anuman ang ating itinatanim, cf. Job 34:11; Awit 28:4; 62:12; Kawikaan 24:12; Ecliaciastes 12:14; Jeremias 17:10; 32:19; Mateo 16:27; 25:31-46; Roma 2:6; 14:12; I Corinto 3:8; II Corinto 5:10; Galacia 6:7-10; II Timoteo 4:14; I Pedro 1:17; Pahayag 2:23; 20:12; 22:12).

▣

| | |
|-----------|---|
| NASB | “upang wasakin ang basang lupa ng tuyo” |
| NKJV | “upang ilakip ang paglalasing sa kauhawan” |
| NRSV | “(kaya magdadala ng sakuna sa parehong basa at tuyo)” |
| TEV | “Iyan ay magwawasak sa inyo lahat kayo, mabuti at masama” |
| NJB | “higit na tubig ay nakakapawi ng pagkauhaw” |
| JPSOA | “upang bigkasin ang pagkasira ng parehong basa at tuyo” |
| NET Bible | “Ito ay magwawasak sa tinubigan lupa na tigang” |

Ito ay isang kawikaan na ang eksaktong kahulugan ay hindi tiyak, ngunit ang konteksto ay naghahangad ng isang idyoma ng kompletong pagkawasak. Dahil sa ang isang matigas ang ulong sumusuway sa tipan ni YHWH lahat ng Israel ay magdurusa. Sa ngayon ay ating masasabi, “isang bulok na mansanas ay makakasira sa buong kaing” o “isang bugok na itlog ay makakasira sa torta.”

29:20 “hindi siya patatawarin ng Panginoon” Ang eksaherasyon na ito ay dapat na tignan laban sa kinaligirang pagpayag ni YHWH na magpatawad at tanggapin ang sinomang nagsisising mananampalataya. Ilang mga guro sa Bibliya ay idinugtong ang talatang ito sa Awit 103:9 at nagsaad na may limitasyon o hangganan ang biyaya ni YHWH. Hindi ko ito tinatanggap. Ang Awit 103:9 sa konteksto (i.e., vv. 8-14) ay nagpapakita na Siya ay magpatawad! Ang problema ay hindi sa kapatawaran ng Diyos, ngunit sa makasalanan, rebeldeng nagpapatuloy sa kasalanang mga tao! Ang relasyon ay nasira sa bahagi ng sangkatauhan at ito ay nanatiling putol sa bahagi ng mga tao. Ang kawalang pananampalataya at rebelyong isyu sa pagkawasak, kapwa temporal at eternal!

▣ **“panibugho”** Ang terminong ito (BDB 888) ay nagmula sa isang bagay na tinina ng matinding pula (i.e., kapag ang galit o kasigasigan ay nagdudulot sa dugo na umakyat sa mukha). Ang pantaong emosyon ay ginamit upang ilarawan ang mga emosyon ni YHWH (antropomorfismo). Siya ay masigasig para sa Kanyang bayan (cf. Isaias 26:11). Ang kasigasigan na ito ay maaring maging isang panibugho (cf. Ezekiel 5:13; 16:38,42; 23:25; 36:5,6; 38:19; Zephania 1:18; 3:8).

▣ **“papawiin ng Panginoon ang kaniyang pangalan sa silong ng langit”** Ang idyoma na ito ay nangahulugang (1) walang mga anak o (2) kamatayan (cf. Genesis 7:4; Exodo 17:14; 32:32; Deutronomio 9:14; II Hari 14:27; Awit 9:5-6).

29:21 “sa lahat ng mga sumpa ng tipan” Tignan vv. 27-28; 27:15-26; 28:15-19,20-26,27-37,38-48,49-

TALATA SA NASB (BINAGO): 29:22-28

22“At ang mga lahing darating, ang inyong mga anak na magsisibangon pagkamatay ninyo, at ang taga ibang bayan na magmumula sa malayong lupain, ay magsasabi, pagka nakita nila ang mga salot ng lupaing yaon, at ang sakit na inilagay ng Panginoon, na ipinagkasakit, ²³At ang buong lupaing yaon ay asupre, at asin, at sunog, na hindi nahahasikan, at walang ibubunga, ni walang tumutubong damo, na gaya ng nangyari sa pagkagiba ng Sodoma at Gomorra, ²⁴Na anopa't lahat ng mga bansa ay magsasabi, ‘Bakit ginawa ito ng Panginoon sa lupaing ito? ano ang kahulugan ng init nitong malaking kagalitan?’ ²⁵Kung magkagayo'y sasabihin ng mga tao, ‘Sapagka't kanilang pinabayaan ang tipan ng Panginoon, ng Diyos ng kanilang mga magulang, na kaniyang ginawa sa kanila, nang kaniyang kunin sila sa lupain ng Egipto.’ ²⁶At sila'y yumaon at naglingkod sa ibang mga Diyos, at sinamba nila, na mga Diyos na hindi nila nakilala, at hindi niya ibinigay sa kanila. ²⁷Kaya't ang galit ng Panginoon ay nagalab laban sa lupaing ito, upang dalhin sa kaniya ang buong sumpa na nasusulat sa aklat na ito; ²⁸At sila'y binunot ng Panginoon sa kanilang lupain, sa kagalitan, at sa pagiinit, at sa malaking pagkagalit, at sila'y itinaboy sa ibang lupain gaya sa araw na ito.”

29:22-23 Ang pagpapala ni YHWH, na ibig sabihin ay mag-aakit doon sa mga taong hindi Siya kilala, ay magbubunga ng mapagkutyang pagtatanong ng mga dayuhan:

1. mga salot sa lupain, v. 22
2. mga karamdaman, v. 22
3. ang lupaing ay may asupre, v. 23
4. ang lupaing ay asin, v. 23

5. ang lupain ay isang nasusunog na dumi, v. 23
6. ang lupain ay hinasakan, ngunit walang pagsibol, v. 23
7. ang lupain ay tigang, v. 23
8. ang lupain walang mga damo, v. 23
9. ang lupain gaya ng mga bayan sa Kapatagan (cf. Genesis 19:24) Lahat ng mga ito ay ipinadala ni YHWH (cf. vv. 22-28).

29:22 “At ang mga lahing darating. . . ay magsasabi” Ang panitikang anyo na ito (i.e., ang mga anak ay nagbibigay ng mga tanong) ay nakita ng una sa 6:20, na nagpapakita ng Exodo 13:8,14; 10:2; 12:26,27. Ang Deutronomio madalas na nagsasalita ng pagtuturo sa mga anak (e.g., 4:10; 6:7).

29:23 “t ang buong lupaing yaon ay asupre, at asin” Ang lupain ay magiging kagaya ng lugar ng Dead Sea, na lugar na Sodoma at Gomorrah (cf. Genesis 19:24-26).

29:24 “lahat ng mga bansa ay magsasabi” Ang Israel ay isang tanda sa lahat ng mga bansa patungkol kay YHWH. Ito ay ninais na maging pagpapalang tanda kahit na maging paghuhukom, ito pa rin ay isang tanda!

29:25 “Sapagka't kanilang pinabayaan ang tipan” Ito ang naging isang pangunahing kadahilanan para sa banal na mga sumpa (cf. II Hari 17:9-23; II Cronico 36:13-21).

29:26 “mga diyos. . .mga diyos” Sa literal ito ay *Elohim*. Ang terminong ito ay pangmaramihan. Ito ay madalas na isinalin “Diyos.” Ito rin ay maaring tumukoy sa malaanghel na nilalang at mga hukom. Tignan natatanging paksa : Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 1:3.



NASB, NRSV,

JPSOA

“Hindi siya naglaan para sa kanila”

NKJV

“Hindi Niya binigyan sila ”

NJB

“walang bahagi ng kanilang mga mana ay galing sa kanya”

Sa Septuagint na salin ng 32:8 ang terminong “*Elohim*” (i.e., “ayon sa bilang ng mga anghel ng Diyos”) ay wari tumutukoy sa mga bansang mga angel, gaya rito (cf. Isaias 24:21; Daniel 10:13,20).

29:27 “ang galit ng Panginoon ay nagalab laban sa lupaing” Ang lupain ay apektado ng kasalanan ng Israel (cf. Genesis 3:17) at kasalanan ng tao sa pangkalahatan (cf. Roma 8:18-22). Ang Diyos ay gumagamit ng natural na penomena upang muling idirekta ang kaisipan at mga priyoridad ng sangkatauhan.

29:28 “sila'y binunot ng Panginoon” Ang PANDIWA (BDB 684, KB 737, *Qal* DI-GANAP, cf. I Hari 14:15; II Cronico 7:20; Jeremias 12:14) ay ang kabaligtaran ng “itinanim”! Ang Tipan ay nabaligtad!

Pansinin kung paano ang mga aksyon ni YHWH ay inilarawan:

1. sa galit - BDB 60 I
2. sa bangis - BDB 404
3. sa matinding poot - BDB 893 at 152
4. ipinatapon sila sa iba na namang lupain (i.e., exile, BDB 1020, KB 1527, *Hiphil* DI-GANAP)

TALATA SA NASB (BINAGO): 29:14-21

29” Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Diyos: nguni't ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mga anak magpakailan man, upang ating magawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito.”

29:29 “Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Diyos” Ito ay tumutukoy sa (1) ang tadhana ng mga tao (cf. v. 19- 20; (2) kompletong kaalaman ng Diyos; o (3) sa Kanyang panghinaharap na mga plano.

▣ **“nguni't ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin”** Ang mga tao ay responsable para sa liwanag na meron sila. Kung wala silang kaalaman sa Bibliya o sa ebanghelyo, sila ay responsable para sa kapahayagan sa kalikasan (cf. Awit 19:1-6; Romans 1 at isang panloob na moral na kalikasan (cf. Roma 2). Kung sila ay nahayag sa Kasulatan, sila ay responsable para sa nilalaman nito! Ang mga mananampalataya ay malalaman ang katotohanan at responsable para dito!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit kailangan ng Diyos na pagpanibaguhin ang Tipan ng madalas (v. 1)?
2. Bakit binulag ng Diyos ang mga mata ng mga Hudyo sa Kanyang mga layunin (vv. 4-6)?
3. Ang Diyos ba ay kailanman ay naging hindi taos na patawarin ang tao (v. 20)?
4. Bakit ang ang lupain ang magdusa para sa kasalanan ng sangkatauhan (v. 27)?
5. Saan tumutukoy ang v.29?

DEUTRONOMIO 30

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|
| Ang mga Pagpapala sa Panunumbalik sa Diyos 30:1-10 | Ang Ikatlong Talumpati ni Moses 30:1-5 | Mga Kondisyon Para sa Pagpapanumbalik at Pagpapala 30:1-10 | Pagbabalik Mula sa Pagpapatapon at Pagbabagong Loob 30:1-5 |
| Ang Pagpili sa Buhay at Kamatayan 30:11-14 | 30:6-10 30:11-14 | 30:11-14 | 30:6-10 30:11-14 |
| 30:15-20 | 30:15-20 | 30:15-20 | Ang Dalawang mga Daan 30:15-20 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito’y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbp.

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO): 30:1-5

¹“At mangyayari, na pagka ang lahat ng mga bagay na ito ay darating sa iyo, ang pagpapala at ang sumpa na inilagay ko sa harap mo, at iyong mga didilidilihin sa gitna ng lahat ng mga bansa na pinagtabuyan sa iyo ng Panginoon mong Diyos, ²At magbabalik ka sa Panginoon mong Diyos, at iyong susundin ang kaniyang tinig ayon sa lahat na iniutos ko sa iyo sa araw na ito, ninyo at ng iyong mga anak, ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa, ³Ay babawiin nga ng Panginoon mong Diyos ang iyong pagkabiha, at mahahabag sa iyo, at ibabalik, at titipunin ka sa lahat ng mga bayang pinagkalatan sa iyo ng Panginoon mong Diyos. ⁴Kung ang biha sa iyo ay nasa kaduluduluhang bahagi ng langit, mula roo’y titipunin ka ng Panginoon mong Diyos, at mula roo’y kukunin ka. ⁵At dadalhin ka ng Panginoon mong Diyos sa lupain na inari ng iyong mga magulang, at iyong aariin, at gagawan ka niya ng mabuti at pararamihin ka niya ng higit kay sa iyong mga magulang.”

30:1 “pagka ang lahat ng mga bagay na ito ay darating sa iyo” Ang pang hinaharap ng Israel ay isa sa dalawang mga realidad batay sa kanilang tipanang pagsunod. Si YHWH ay nagnanais ng “mga pagpapala,” ngunit ang kanilang mga pagpipili ang makakadetermina kung alin sa mga realidad (i.e., pagpapala o mga sumpa) ang darating na mangyayari. Wala nang iba pang mga pagpipilian!

▣ **“ang pagpapala at ang sumpa”** Ito ay kilala bilang panitikang karunungan bilang “ang dalawang mga daan.” Sila ay inilarawan sa mga kabanata 27 at 28.

▣ **“na inilagay Ko sa harap mo”** Ang PANDIWA (BDB 678, KB 723, *Qal* GANAP, cf. vv. 15,19 at pansinin ang 11:26) ay isang metapora para sa pangangailangan ng Israel na pumili ng isa sa dalawang banal na mga kahihinatnan na may kinalaman sa Kanyang tipan.

▣ **“at iyong mga didilidilihin”** Ito ay isang idyoma “magdulot na bumalik sa iyong puso” (BDB 996, KB 1427, *Hiphil* GANAP, cf. 4:39; I Hari 8:47; Isaias 44:19; 46:8).

▣ **“sa gitna ng lahat ng mga bansa na pinagtabuyan sa iyo ng Panginoon mong Diyos”** Ito ay mahuhulaing propesiya ng mga pagpipili ng Israel na magdudulot ng pagpapatapon sa kanila. Pansinin na si YHWH ay ginawa ito dahil sa patuloy na pagsuway sa tipan ng Israel at paggagaya sa mga kinaugalian ng mga taga-Canaan.

30:2 “magbabalik” Ang parehong PANDIWA (BDB 996, KB 1427, *Qal* GANAP) ay ginamit sa v. 1 (*Hiphil* GANAP) sa reperensiya ng pagpapatawag muli sa Israel sa tipan ni YHWH. Dito ito ay ginamit sa pakahulugan ng pagsisisi.

NATATANGING PAKSA:PAGSISISI SA LUMANG TIPAN

Ang konseptong ito ay krusyal ngunit napakahirap na bigyan kahulugan. Karamihan sa atin ay may paliwanag na nagmumula sa ating denominasyonal na kaanib. Gayunpaman, madalas isang “nakatakda” teolohikal na paliwanag ay inaatasa sa ilang mga Hebreo (at Griyego) mga salitana hindi partikular na nagpapahiwatig na “nakatakda” kapaliwanagan. Dapat na tandaan na ang mga may-akda ng NT (maliban kay Lucas) ay mga Hebreong mang-iisip na gumagamit ng Koine Griyegong mga termino, kaya ang lugar na pagsisimulan ay ang mga Hebreong termino mismo, kung saan may dalawang mga pangunahin.

1. *nhm* (BDB 636, KB 688)
2. *swb* (BDB 996, KB 1427)

Ang una, *nhm*, na sa orihihan ay tila nangahulugan na humugot ng malalim na buntong hininga, ay ginamit sa ilang mga pakahulugan.

- a. “pahinga” o “ginhawa” (e.g., Genesis 5:29; 24:67; 27:42; 37:35; 38:12; 50:12; madalas ginamit sa mga pangalan, cf. II Hari 15:14; I Cronico 4:19; Nehemias 1:1; 7:7; Nahum 1:1)
- b. “pighati” (e.g., Genesis 6:6,7)
- c. “binagong isip” (e.g., Exodo 13:17; 32:12,14; Bilang 23:19)
- d. “pagkahabag” (e.g., Deutronomio 32:36)

Pansinin na ang lahat ng mga ito ay nagsasangkot ng malalim na emosyon! Narito ang susi: malalim na damdamin na nagdudulot ng aksyon. Ang pagbabagong ito ng aksyon ay madalas na ibinibigay sa ibang mga tao, ngunit ibinibigay din sa Diyos. Ang pagbabago ng saloobin na ito at aksyon tungo sa Diyos na naghahawa sa terminong ito na lubhang may teolohikal na kahalagahan. Ngunit dito ang pag-iingat ay dapat na isinasagawa. Ang Diyos ay sinasabi na “nagsisi” (cf. Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Samuel 15:11,35; Awit 106:45), ngunit hindi ito nagreresulta mula sa kalumbayan sa kasalanan o pagkakamali, ngunit isang pampanitikang paraan ng pagpapakita ng Diyos ng pagkahabag at pag-aaruga (cf. Bilang 23:19; I Samuel 15:29; Awit 110:4; Jeremias 4:27-28; Ezekiel 24:14). Ang nararapat na kaparusahan para sa kasalanan at rebelyon ay pinatawad kung ang

nagkasala ay tunay na tumalikod sa kanyang kasalanan at bumalik sa Diyos.

Ang terminong ito ay may malawak na semantikong larangan. Ang konteksto ay krusyal sa pagdedetermina ng ginustong kahulugan.

Ang ikalawang termino, *swb*, ay ibig sabihin “lumiko” (lumiko mula, lumiko pabalik, lumiko sa). Kung ito ay totoo na ang dalawang kinakailangan para sa tipan ay mga “pagsisisi” at “pananampalataya” (e.g., Mateo 3:2; 4:17; Marcos 1:4,15; 2:17; Lucas 3:3,8; 5:32; 13:3,5; 15:7; 17:3), magkagayon ang *nhm* ay tumutukoy sa matinding mga damdamin ng pagkikilala sa kasalanan ng isa at paglayo sa mga ito, habang ang *swb* ay maaring tumukoy sa pagtalikud sa kasalanan at pagharap sa Diyos (isang halimbawa ay yaong dalawang mga espiritwal na mga aksyon ni Amos 4:6-11, “hindi ka bumalik sa Akin” [limang beses] at Amos 5:4,6,14, “hanapin mo Ako. .hanapin mo ang Panginoon. .hanapin mo ang kabutihan hind ang kasamaan”).

Ang unang dakilang halimbawa ng kapangyarihan ng pagsisisi ay ang kasalanan ni David kay Bathsheba (cf. II Samuel 12; Awit 32, 51). Mayroong mga nagpapatuloy na konsekuwensiya para kay David, sa kanyang pamilya, ngunit si David ay pinanumbalik sa pakikisama sa Diyos! Maging ang masamang si Manasseh ay maaring magsisisi at patawarin (cf. II Cronico 33:12-13).

Parehong mga terminong ito ay ginamit na kahanay sa Awit 90:13. Mayroon dapat pagkilala sa kasalanan at isang puno ng layunin, personal na pagtalikod mula dito, at gayundin ang pagnanasang hanapin ang Diyos at Kanyang katuwiran (cf. Isaias 1:16-20). Ang pagsisisi ay may kognitibong aspeto, isang personal na aspeto, at isang moral na aspeto. Lahat ng tatlo ay kinakailangan, kapwa upang magsimula ng isang bagong relasyon sa Diyos at upang mapanatili ang bagong relasyon. Ang malalim na emosyon ng pagdadalamhati ay magiging nananatiling debosyon sa Diyos at para sa Diyos!

30:2-3 Ang kontekstong ito ay nagdadala ng isang kinakailangang teolohikal na balanse upang magbigay ng malinaw na paghahatol sa 29:19. Ang problema ay hindi ang rebelyon, ngunit ipinagpatuloy, nagpapatuloy na rebelyon. Ang pagsisisi ay laging posible sa bahagi ng Diyos, ngunit ang mga tao ay pinatitigas ang kanilang mga puso ng tahasang pagrebelde at pagsuway!

▣ **“Panginoon”** Ang YHWH ay ang tipan na pangalan ng Diyos na ang mga rabi ay sinasabi na nagpapakita ng Kanyang awa (cf. Exodo 3:13-14). Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 1:3.

▣ **“Diyos”** *Elohim* ay ang pagkalahatang pangalan para sa Diyos kung saan ay nagsasabi ng kapangyarihan, tapang at lakas. Ang mga rabi ay nagsabi na ito ay ginamit sa katarungan at katuwiran ng Diyos. Ang pagkakaibang ito sa pagitan ng dalawang mga pangalan ay maaring makita sa Awit 103, YHWH, at Awit 104, *Elohim*. Tignan Natatanging Paksa sa 1:3.

▣ **“sumunod”** Pansinin na ang “bumalik sa Panginoon” ay kahanay sa “sumunod sa Kanya” (BDB 1033, KB 1570, *Qal* GANAP).

Pagsunod ay inilawaran sa personal na mga termino:

1. sumunod sa kanyang tinig - BDB 876
2. nang iyong buong puso - BDB 523
3. nang iyong buong kaluluwa - BDB 659

Ito ay kahanay sa 4:29-30; 6:5; 10:12

Pansinin ang bilang ng beses at pagkakaiba ng pakahulugan ng terminong *shub* (BDB 996, KB 1427):

1. “ginisin ang *kanilang* mga isip” sa literal ay “magdulot sa kanila na bumalik sa iyong puso, v. 1
2. “ikaw ay magbalik sa Panginoon,” v. 2
3. “ang Diyos ay magpapanumbalik sa iyo mula sa pagkabihag,” v. 3

4. “muli,” vv. 3,8,9
5. “kung ikaw ay babalik sa Panginoon,” v.10

▣ **“ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa”** Ito ay isang idyoma para sa buong pagkatao (cf. vv. 2,6,10; 4:29; 6:5; 10:12; 11:13; 13:3; 26:16).

▣ **“ninyo at ng iyong mga anak”** Ang sinaunag tipan ay pinagbabago sa kasalukuyang henerasyon (cf. 29:1). Ang Israel ay tuturuan ang mga anak patungkol sa makasaysayang basehan ng kanilang pananampalata (cf. 4:9,10; 6:7,20-25; 11:19; 32:46).

30:3-4 “titipunin ka. . . pinagkalatan sa iyo” Pansinin na ang Diyos ay may kontrol sa kasaysayan. Gumagamit Siya ng mga bansa at mga indibidwal ngunit Siya ay Makapangyarihan (cf. Isaias 10:5; 44:28-45:1).

30:3-9 Pansinin kung ano ang ipinangako ni YHWH na gagawin para sa Israel (kung sila ay susunod, vv. 8,10):

1. Siya ay magpapanumbalik (v. 3, BDB 996, KB 1427, *Qal* GANAP)
2. Siya ay magkakaroon ng habag (v. 3, BDB 933, KB 1216, *Piel* GANAP)
3. Siya ay magkakalap sa iyo (BDB 867, KB 1062, *Piel* GANAP, dalawang beses, vv. 3 at 4)
4. Siya ay magdadala sa iyo pabalik (v. 4, BDB 542, KB 534, *Qal* IMGANAP)
5. Siya ay magdadala sa iyon sa lupain (v. 5, BDB 97, KB 112, *Hiphil* GANAP)
6. Siya ay magpapasagana sa iyo (v. 5, BDB 405, KB 408, *Hiphil* GANAP)
7. Siya ay magpaparami sa iyo (v. 5, BDB 915 I, KB 1176, *Hiphil* GANAP)
8. Siya ay magtutuli ng iyong puso (v. 6, BDB 557 II, KB 555, *Qal* GANAP)
9. Siya ay magdudulot ng mga sumpa sa iyong mga kaaway (v. 7, BDB 678, KB 733, *Qal* GANAP)
10. Siya siya ay magpapapasagana sa iyo ng labis labis (v. 9, BDB 451, KB 451, *Hiphil* GANAP)
 - a. ang gawa ng iyong kamay
 - b. ang binhi ng iyong katawan
 - c. ang supling ng iyong mga kawan
 - d. ang bunga ng iyong lupain (ang kabaliktaran ay nasa 28:38-42)
11. Siya ay muling magagalak para sa iyong kabutihan (v. 9, BDB 965, KB 1314 [dalawang beses], *Qal* PAWATAS NA BANGHAY at *Qal* GANAP)

30:4

NASB “sa kaduluduluhan ng daigdig”

NKJV “kaduluduluhang bahagi ng langit”

NKJV “sa mga kaduluhan ng mundo”

TEV “sa pinakamalayong bahagi ng daigdig”

Sa literal ito ay “sa hanganan ng mga kalangitan,” na isang eksaherasyon (cf. 4:32; 28:64; Jeremias 31:8). Ito ay tumutukoy sa pinakamalayong sibilisasyon na alam nila (i.e., ang sinaunang Near East at Mediterranean mga kultura).

30:5 “na inari ng iyong mga magulang” Ito ay maaring tumukoy sa:

1. ang mga Patriyarka (sa panahon ni Moses)
2. ang pagbabalik mula sa pagpapatapon (post-exilikong patnugot)

Mula sa aking pag-aaral ang #1 tila pinakamainam. Ang talata 9 ay nagsasaad ng kaparehong grupo.

▣ **“gagawan ka niya ng mabuti at pararamihin ka niya”** Ito bahaging ng pangako ng Diyos kay Abraham (cf. Genesis 12, 15, 17, atbp).

TALATA SA NASB (BINAGO): 30:6-10

“At tutuliin ng Panginoon mong Diyos ang iyong puso, at ang puso ng iyong binhi, upang ibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, upang ikaw ay mabuhay. ⁷At lahat ng mga sumpang ito ng Panginoon mong Diyos ay isasa iyong mga kaaway at sa kanila na nangapopoot sa iyo, na nagsiusig sa iyo. ⁸At ikaw ay babalik at susunod sa tinig ng Panginoon, at iyong gagawin ang lahat ng kaniyang mga utos na aking iniutos sa iyo sa araw na ito. ⁹At pasasaganain ka ng Panginoon mong Diyos sa lahat ng gawa ng iyong kamay, sa bunga ng iyong katawan, at sa anak ng iyong bakahan, at sa bunga ng iyong lupa, sa ikabubuti: sapagka’t pagagalakin ka uli ng Panginoon, sa ikabubuti mo, gaya ng kaniyang iginalak sa iyong mga magulang; ¹⁰Kung iyong susundin ang tinig ng Panginoon mong Diyos, upang tuparin mo ang kaniyang mga utos at ang kaniyang mga palatuntunan na nasusulat sa aklat na ito ng kautusan; kung ikaw ay manunumbalik sa Panginoon mong Diyos ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa.”

30:6 “tutuliin ng Panginoon mong Diyos ang iyong puso” Ito ay isang metapora para sa isang bukas at malalapitang pagdinig sa salita ng Diyos. Ang kasalungat ay nakasaad sa v. 17. Sa 10:16 at Jeremias 4:4; 9:25-26, ang Israelita ay tinawag upang magsagawa ng espirital na aksyon na ito (cf. Roma 2:28-29), ngunit dito ang Diyos ang dapat na gumawa nito. Ang kaparehong tensyon na ito sa pagitan ng dakilang kapang yarihan ng Diyos at aksyon ng tao ay makikita sa in Ezekiel 18:31 vs. 36:26. Dito ang pagtutuli ay isang metapora para sa isang nararapat na espirital na saloobin.

▣ **“puso”** Para sa mga Hebreo ito ay ang sentro ng intelektwal na aktibidad. Tignan Natatanging Paksa sa 2:30.

▣ **“binhi”** Ito ay literal na “binhi” (BDB 282). Ang terminong ito ay ginamit sa metaporikal na pakahulugan ng ilang beses sa Deutronomio (cf. 1:8; 4:37; 10:15; 11:9; 28:46,59; 30:6,19; 31:21; 34:4).

▣ **“kaluluwa”** Ito ang Hebreong salita na *nephesh* (BDB659). Tignan puna sa 11:13.

30:8-9 Ito ay nagpapakita ng kung ano ang nais ng Diyos na gawin para sa Israel at para sa buong mundo! Tignan Natatanging Paksa:Ang Ebanghelikong Pagkiling ni Bob sa 4:6.

30:10 “kung. . .kung” Ito ay nagpapakita ng kondisyonal na kalikasan ng tipan. Pansinin na nagpagsunod (makinig at gawin) ay inihanay ng may sinsero at buong pagtupad sa pangako (ng iyong buong puso at kaluluwa).

TALATA SA NASB (BINAGO): 30:11-14

¹¹“Sapagka’t ang utos na ito na aking iniutos sa iyo sa araw na ito, ay hindi totoong mabigat sa iyo, ni malayo. ¹²Wala sa langit, upang huwag mong sabihin, Sinong sasampa sa langit para sa atin, at magdadala niyaon sa atin, at magpaparinig sa atin, upang ating magawa?’ ¹³Ni wala sa dako roon ng dagat, upang huwag mong sabihin, ‘Sino ang daraan sa dagat para sa atin, at magdadala niyaon sa atin, at magpaparinig sa atin, upang ating magawa?’ ¹⁴Kundi ang salita ay totoong malapit sa iyo, sa iyong bibig, at sa iyong puso, upang iyong magawa.”

30:11-14 Ang kalooban ni YHWH para sa Israel ay posible (cf. 28:29). Ang talatang ito ay wari nagpapababa sa doktrina ng mga repormista ng “lubusang kasamaan.” Mayroong ilang mga lugar sa OT kung saan ang paglaban ng tao sa kasalanan ay posible (e.g., Genesis 4:7).

Ang iglesya ay pumupulot sa Genesis 3 bilang ang pinagmulan ng kasalanan ng sanlibutan, habang maraming mga rabi ay kumukuha sa Genesis 6 bilang ang pinanggalingan ng labanan. Habang ang

Kristyanismo ay nagsasaad na ang pagbagsak sa kasalanan ng lahat ng nilalang, kasama na ang mga tao, ang Judaismo naman ay nagsasaad na may pangunahing kabutihan ang sangkatauhan. Para sa kanila ang kasamaan ay nasa pagpili, hindi sa pangunahing kalikasan.

Gayunpaman, tila para sa akin ang moral na pananagutan ay batay sa tunay na posibilidad na maunawaan ang kalooban ng Diyos at sa abilidad na umakto ayon dito. Kapat walang posibilidad ng nararapat na aksyon, ang banal na pananagutan ay hindi nararapat! Ako ba ay may responsibilidad sa isang bagay na diko kayang gawin?

30:12 “Sinong sasampa sa langit” Si Pablo ay ginagamit ito sa Roma 10:6-9. Posibleng ito ay nagpapakita sa alamat ng Sumeria sa Etana, ngunit marahil ay nauugnay sa Hebreong pananaw sa dakilang kapangyarihan ng Diyos.

Mayroong ilang mga PANDIWA ang ginamit sa pautos na pakahulugan sa talatang ito (ayon sa OT Parsing Guide):

1. “upang kunin ito” - BDB 542, KB 534, *Qal* DI-GANAP, ngunit JUSSIVE sa kahulugan
2. “upang ating marinig” - BDB 1033, KB 1570, *Hiphil* DI-GANAP, ngunit JUSSIVE sa kahulugan
3. “upang ating maobserbahan ito” - BDB 793, KB 889, *Qal* DI-GANAP, ngunit COHORTATIVE sa kahulugan

30:13 “wala sa dako roon ng dagat” Ang ilan ay tinitignan ito bilang may kinalaman sa pagbahang tala sa Babylonia na tinawag na Gilgamesh Epic, ngunit ito ay marahil nauugnay sa pagkatakot ng mga Hudyo na maglayag o isang metapora ng hangganan ng daigdig.

30:14 “Kundi ang salita ay totoong malapit sa iyo, sa iyong bibig, at sa iyong puso” Ito ay tumutukoy sa ipinahayag na tipan ni YHWH. Ang mga sinaunang ay binabasa ang Kasulatan ng malakas! Sila ay kailangan na nararapat na tumugon ng panloob sa anumang kanilang mga narinig (i.e., binabasa sa kanilang mga sarili o binabasa ng malakas).

▣ **“that you may observe it”** Ang tao ay dapat na gumawa ng desisyon. Ito ay kanyang abilidad na gawin ito. Ang Diyos ang nagpapasimula ngunit ang sangkatauhan ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa pagsisisi, pananampalataya, at pagsunod!

TALATA SA NASB (BINAGO): 30:15-20

¹⁵“Tingnan mo, na inilagay ko sa harap mo sa araw na ito ang buhay at ang kabutihan, at ang kamatayan at ang kasamaan; ¹⁶Na iniutos ko sa iyo sa araw na ito na ibigin mo ang Panginoon mong Diyos, na lumakad ka sa kaniyang mga daan, at tuparin mo ang kaniyang mga utos, at ang kaniyang mga palatuntunan, at ang kaniyang mga kahatulan, upang ikaw ay mabuhay at dumami, at upang pagpalain ka ng Panginoon mong Diyos sa lupain na iyong pinapasok upang ariin. ¹⁷Nguni't kung ang iyong puso ay lumiko, at hindi mo didinggin, kundi maliligaw ka at sasamba ka sa ibang mga Diyos, at maglilingkod ka sa kanila, ¹⁸Ay aking pinatutunayan sa inyo sa araw na ito, na kayo'y tunay na malilipol; hindi ninyo palalaunin ang inyong mga araw sa ibabaw ng lupain na inyong ipinagtatawid ng Jordan, upang pumasok na ariin. ¹⁹Aking tinatawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi laban sa inyo sa araw na ito, na aking ilagay sa harap mo ang buhay at ang kamatayan, ang pagpapala at ang sumpa; kaya't piliin mo ang buhay, upang ikaw ay mabuhay, ikaw at ang iyong binhi, ²⁰Na iyong ibigin ang Panginoon mong Diyos, na sundin ang kaniyang tinig, at lumakip sa kaniya: sapagka't siya ang iyong buhay, at ang kalaunan ng iyong mga araw; upang matahanan mo ang lupain na isinumpa ng Panginoon sa iyong mga magulang, kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, na ibibigay sa kanila.”

30:15 “Tingnan” Ang (BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS) PANDIWA na ito ay ginamit bilang isang idyoma para sa “bigyan ng mas malapit na atensyon upang” (cf. Genesis 27:27; 31:50). Ito ay ginamit ng ilang beses sa Deutronomio (cf. 1:8,21,35; 2:24,31; 4:5; 11:26; 30:15; 32:39).

▣ **“inilagay ko sa harap mo sa araw na ito ang buhay at ang kabutihan, at ang kamatayan at ang kasamaan”** Maging ang tipanan Israel ay kailangang mamili! Ito ay tumutukoy sa pagpapala at pagsumpa (cf. Deutronomio 27-28). Tandaan na ang pagpili ay itinakda sa tipan ng biyaya. Ito ay napaka pareho sa idyoma ng Karunungan Panitikan ng “dalawang mga daan” (cf. Kawikaan 4:10-19; Jeremias 21:8; Mateo 7:13-14). Ang ating mga pinili ay nagpapakita kung sino tayo! Paano tayo tutugon sa hindi maipaliwanag na “loob at labas” ay nagpapahayag ng ating espiritwal na oryentasyon!

30:16-18 Ang mga talatang ito ay mga buod ng tipanang kondisyon at mga kahihinatnan:

1. ang responsibilidad (cf. 8:6; 19:9; 26:17; 28:9)
 - a. “na mahalin ang Panginoon,” v. 16 (BDB 12, KB 17, *Qal* PAWATAS NA BANGHAY)
 - b. “lumakad sa Kanyang mga daan,” v. 16 (BDB 229, KB 246, *Qal* PAWATAS NA BANGHAY)
 - c. “tupdin ang Kanyang mga Kautusan,” v. 16 (BDB 1036, KB 1581, *Qal* PAWATAS)
2. ang kahihinatnan ng pagsunod
 - a. “ikaw ay mabubuhay,” v. 16 (BDB 310, KB 309, *Qal* GANAP)
 - b. “ikaw ay dadami,” v. 16 (BDB 915, KB 1156, *Qal* GANAP)
 - c. “ang iyong Diyos ay pagpapalain ka,” v. 16 (BDB 138, KB 159, *Piel* GANAP)
3. ang mga kondisyon at mga kahihinatnan ng pagsuway
 - a. kung ang iyong puso ay liliko palayo,” v. 17 (BDB 815, KB 937, *Qal* DI-GANAP)
 - b. “kung ikaw ay hindi susunod,” v. 17; (BDB 1033, KB 1570, *Qal* DI-GANAP)
 - c. idolatrya
 - (1) hinila palayo (BDB 623, KB 673, *Niphil* GANAP)
 - (2) magsamba (BDB 1005, KB 295, *Hishtaphel* GANAP)
 - (3) maglingkod (BDB 712, KB 773, *Qal* GANAP)
 - d. “ikaw ay tunay na mapapahamak,” v. 18 (BDB 1, KB 2, *Qal* PAWATAS NA TIYAK at *Qal* DI-GANAP, na nagpapakita ng katindihan)
 - e. “hindi mo mapapahaba ang iyong mga araw,” v. 18 (BDB 73, KB 88, *Hiphil* DI-GANAP)

Pansinin kung paano ang v. 20 pinalalakas ang mga tipanang mga responsibilidad na mga ito upang ang Patriyarkal na pagpapala ay matupad! Ang terminolohiyang ito ay katangi-tangi sa Deutronomio.

30:19 “Aking tinatawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi” Ang mga saksi na ito ay hindi kakaiba sa tipan ng Israel, ngunit matatagpuan sa ilang mga sinauang Near Eastern na mga teksto. Ang dalawang mga permanenteng mga aspeto sa paglikha ng Diyos (cf. Genesis 1:1) ay gumaganap bilang dalawang kinakailangang saksi ng Diyos (cf. 17:6; 19:15; Bilang 35:30). Ang legal na pagbibigay diin na ito ay lumitaw ng ilang beses sa Deutronomio (cf. 4:26; 30:19; 31:28; 32:1).

▣ **“kaya’t piliin mo ang buhay, upang ikaw ay mabuhay”** Ang Diyos ay binigyan ang mga tao ng karapatan at responsibilidad na gumawa ng moral na pagpili. Ito ay bahagi ng Kanyang imahe at wangis sa sangkatauhan! Ang Hebreong PANDIWA, “na pumili” o “magtalaga,” ay gumamit ng mahigit 70% ng oras sa pagpili ng sangkatauhan (cf. NIDOTTE, vol. 1, p. 639). Dapat tayong mamili (cf. Ezekiel 18:30-32).

▣ **“ikaw at ang iyong binhi”** Ang Deutronomio ay katangi-tanging nagbibigay diin sa pangangailangan na ipasa ang tipanang kasasaysayan at mga responsibilidad sa mga sumusunod na mga henerasyon (cf. 4:9,10; 6:7,20-25; 11:19; 32:46).

Ang ating mga anak ay apektado ng ating buhay pamimili at mga kaatasan (cf. Exodo 20:5-6; Deutronomio 5:9-10; 7:9).

30:20 Mayroong isang serye ng mga *Qal* PAWATAS NA BANGHAY na nagbubuod sa tipan:

1. mga responsibilidad
 - a. pagmamahal
 - b. pagsunod
 - c. pagkapit ng matindi
2. mga kahihinatnan
 - a. upang ikaw ay makapanatili sa lupain

Tignan puna sa 30:16-18. Ang tipan ni YHWH ay naghahangad ng isang panimula at isang nagpapatuloy na pananampalataya, pag-ibig, pagsunod, at pagtitiis.

Si YHWH ay nangako na ang lupain ay sa patriyarka ng Israel (cf. Genesis 12:7; 13:14-17; Deutronomio 9:4-6), ngunit ang Israel ay dapat na sumunod sa Kanyang mga kinakailangan o ang lupain ay mawawalan ng saysay (cf. 11:31-32; 28:36,63-68; 30:19-20). Ang libreng kaloob ay dapat na tugunan at panatilihin!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang sentral na katotohanan ng kabanata na ito?
2. Ang kabanata ba na ito ay nagsasalita patungkol sa isang tao na nagiging isang mananampalataya o mga mananampalataya na tapat?
3. Ang kabanata ba na ito ay kumukontra sa teolohiya ni Pablo patungkol sa kawalan kakahayan ng tao na tupdin ang kautusan (i.e., Galacia 3; Roma 3)?

DEUTRONOMIO 31

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|--|---|--|
| Si Josue ang Panibagong Pinuno ng Israel 31:1-8 | Ang mga Pagtatapos na mga Pangyayari sa Buhay ni Moses 31:1-6 31:7-8 | Si Josue ang Naging Kahalili ni Moses 31:1-6 31:7-8 | Ang Pagtatalaga ni Josue 31:1-6 31:7-8 |
| Ang Kautusan ay Babasahin Tuwing Ikapitong Taon 31:9-13 | 31:9-13 | Ang Kautusan ay Dapat na Basahin sa Tuwing Ikapitong Taon 31:9-13 | Ang Ritwal na Pagbabasa Sa Kautusan 31:9-13 |
| Prediksyon ng Pagrebelde ng Israel 31:14-15 31:16-23 | 31:14-15 31:16-22 | Ang Huling Tagubilin ng Panginoon Kay Moses 31:14-15 31:16-18 31:19-21 31:22 31:23 | Ang mga Tagublin ng Panginoon 31:14-15 31:16-18 Ang ng mga Saksi 31:19-22 31:23 |
| 31:24-29 | 31:24-29 | 31:24-29 | Ang Kautusan ay Inilagay sa Tabi ng Arko 31:24-27 |
| Ang Awit ni Moses (31:30-32:47) 31:30 | 31:30 | Ang Awit ni Moses (31:30-32:47) 31:30 | Ang Israel ay Pinagtapon Upang Mapakinggan a ang Awitin (31:28-32:44) 31:30 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikaapat na Talata
4. Atbp.

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO): 31:1-6

¹At si Moises ay yumaon at sinalita ang mga salitang ito sa buong Israel. ²At kaniyang sinabi sa kanila, ‘Ako’y may isang daan at dalawang pung taon sa araw na ito; hindi na ako makapaglalabas at pumasok; at sinabi ng Panginoon sa akin, Huwag kang tatawid sa Jordang ito’ ³Magpapauna ang Panginoon mong Diyos at kaniyang lilipulin ang mga bansang ito sa harap mo, at iyong aariin: si Josue ay magpapauna sa iyo, gaya ng sinalita ng Panginoon. ⁴At gagawin sa kanila ng Panginoon ang gaya ng ginawa kay Sehon, at kay Og, na mga hari ng mga Amorrheo, at sa kanilang lupain na kaniyang nilipol. ⁵At ibibigay sila ng Panginoon sa harap mo, at iyong gagawin sa kanila ang ayon sa buong utos na aking iniutos sa iyo. ⁶Kayo’y magpakalakas at magpakatapang, huwag kayong matakot, ni mangilabot sa kanila; sapagka’t ang Panginoon mong Diyos ay siyang yumayaong kasama mo; hindi ka niya iiwan ni pababayaan ka niya.”

31:1 “sinalita ang mga salitang ito” Posibleng ito ay dapat na “natapos na pagsasalita,” sumusunod sa Septuagint at ilang manuskrito ng Dead Sea Scrolls, na nagbaligtad sa dalawang Hebreong katinig (cf. NRSV, REB). Ito ang wakas sa tatlong mga sermon ni Moses.

31:2 “Ako’y may isang daan at dalawang pung taon” Ang haba ng buhay ni Moses ay umabot ng 120 taon (cf. 34:7) ay maaring mahati sa tatlong mga 40 taon mga parte. Si Moses na 40 taon na inihanda sa maharlikang akademya ng Ehipto, 40 taon sa pagsasanay sa desyerto para sa kanyang pagkakatawag, at 40 mga taon mula sa panahon ng nag-aalab na palumpong hanggang sa kasalukuyan (cf. Exodo 7:7 at Gawa 7:23ff). Bakit kailangang banggitin ang kanyang edad? Ito ang mga posibleng mga dahilan: (1) sa Ehiptong panitikan ang 110 taon ang ang edad ng marunong na tao, ngunit sa Syria ito ay 120 na taon; (2) ang limit na edad sa Genesis 6:3; o (3) ay isa na namang dahilan ni Moses kung bakit hindi niya mapapangunahan ang mga ito sa Lupang Pangako.

▣ **“hindi na ako makapaglalabas at pumasok”** Ito ay isang Hebreong idyoma para sa kalakasan (Josue 14:11; NRSV, TEV, NJB, JPSOA)! Gayunpaman, ang katandaan ay kumuha sa lakas ni Moses, cf. Deuteronio 34. Posibleng ito ay isang dahilan (cf. 1:37) kaugnay sa pampublikong pagsuway ni Moses na naitala sa Bilang 20:11-12. Ang Deuteronio 3:23-29 ay nagtala sa pakikiusap ni Moses sa Diyos na pahintulutan siya na makapasok sa Lupang Pangako (cf. 32:48-52).

31:3 “Magpapauna ang Panginoon mong Diyos” Ang Diyos ang lumalaban para sa kanila, bagamat sila ay dapat na maghanda para sa labanan at makisalamuha (cf. vv. 3-6, i.e., banal na labanang terminolohiya). Si Moses ay ang instrumentong ginamit ng Diyos. Ang Diyos, mismo, ang Siyang nagpalaya sa mga tao. Sa realidad si YHWH, hindi si Josue, ang nauunang tumungo sa pakikilaban para sa Kanyang bayan!

▣ **“Si Josue ay magpapauna sa iyo,”** Isang bagong pinuno ang kinakailangan dahil sa pagsuway ni Moses. Ang Diyos ay makakasama ni Josue, ngunit siya rin ay dapat na gawin ang mga obligasyon sa tipan (cf. 1:38; 3:28).

31:6 “Kayo’y magpakalakas at magpakatapang” Ang talatang ito ay may ilang mga pautos na mga anyo:

1. “maging malakas” - BDB 304, KB 302, *Qal* PAUTOS, cf. vv. 7,23
2. “maging matapang” - BDB 54, KB 65, *Qal* PAUTOS, cf. vv. 7,23
3. “huwag matakot” - BDB 431, KB 432, pinanegatibo *Qal* DI-GANAP, ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan
4. “huwag manginig” - BDB 791, KB 888, pinanegatibo *Qal* DI-GANAP, ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan, cf. 1:29; 7:21; 20:3; Josue 1:9

Ang Bilang 1 at 2 ay inulit ni Moses kay Josue sa v. 7 at Bilang 3 at 4 ay inulit sa v. 8 (#4 ay kahilera, ngunit isang magkaibang PANDIWA, “mabagabag,” BDB 369, KB 365, *Qal* DI-GANAP).

Isang nararapat na saloobin at pananampalataya ay esensyal! Mayroong mga higante sa lupain, ngunit si YHWH ay kasama ng Kanyang bayan (cf. vv. 3,4,5,6).

▣ **“hindi ka niya iiwan ni pababayaan ka Niya”**

1. YHWH ay lumalakad ng kasama nila (i.e., “lumalakad,” BDB 229, KB 246, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI)
2. YHWH ay hindi sila bibiguin (i.e., “pababayaan,” BDB 951, KB 1276, *Hiphil* DI-GANAP)
3. YHWH ay hindi sila iiwanan (“lilisan,” BDB 736 I, KB 806, *Qal* DI-GANAP, cf. Genesis 28:15)

Ang pangakong ito ay inulit kay Josue sa Josue 1:5 at inulit bilang isang pangako sa NT na mga mananampalataya sa Hebreo 13:5! Ang ating pag-asa ay sa di-nagbabagong mapagbiyayang karakter ni YHWH (e.g., Exodo 34:6; Nehemias 9:17; Awit 103:8; 145:8; Joel 2:13)!

TALATA SA NASB (BINAGO): 31:7-8

⁷At tinawag ni Moises si Josue at sinabi sa kaniya sa paningin ng buong Israel, " Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang: sapagka't ikaw ay yayaong kasama ng bayang ito sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa kanilang mga magulang na ibibigay sa kanila; at iyong ipamamana sa kanila. ⁸At ang Panginoon, ay siyang nagpapauna sa iyo; siya'y sasa iyo, hindi ka niya iiwan, ni pababayaan ka: ikaw ay huwag matatakot ni manglulupaypay."

31:7 Ito ay isang pampumpalikong pagsasalin ng kapangyarihan! Ito ay ang katuparan ng 1:38 at 3:28!

31:8 “Siya'y sasa iyo” Ito ay muling isinaad, “Ako ay makakasama ninyo,” sa v. 23! Ang pangako ng personal na presensya ni YHWH ay ang pinakadakilang pagpapala na maaring ibigay (cf. Exodo 3:12; 4:12,15; 33:14-16; Deutronomio 4:37; Josue 1:5). Ito ang dahilan kung bakit ang Kanyang mga pinuno at bayan ay hindi dapat matakot sa kung sinoman o anoman!

TALATA SA NASB (BINAGO): 31:9-13

⁹At isinulat ni Moises ang kautusang ito, at ibinigay sa mga saserdote na mga anak ni Levi, na silang nagdadala ng kaban ng tipan ng Panginoon, at sa lahat ng matanda sa Israel. ¹⁰At iniutos sa kanila ni Moises, na sinabi, " Sa katapusan ng bawa't pitong taon, sa takdang panahon ng taon ng pagtubos, sa kapistahan ng mga balag, ¹¹Pagdating ng buong Israel upang pakita sa harap ng Panginoon mong Diyos sa dakong kaniyang pipiliin ay iyong babasahin ang kautusang ito sa harap ng buong Israel sa kanilang pakinig. ¹²Pisanin mo ang bayan, ang mga lalake at mga babae at mga bata, at ang iyong taga ibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang-daan, upang kanilang marinig, at upang kanilang pagaralan, at matakot sa Panginoon mong Diyos, at isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito. ¹³At upang ang kanilang mga anak, na hindi nakakilala, ay makarinig at magaral na matakot sa Panginoon ninyong Diyos, habang kayo'y nabubuhay sa lupain na inyong pinaroroonan, na inyong itinatawid ng Jordan upang ariin. "

31:9 “isinulat ni Moises ang kautusang ito” Ilang beses sa Pentateuch ito ay sinasabi na, “si Moses ay isinulat” (cf. Exodo 17:14; 24:4,22; 34:1,27,28; Bilang 17:2,3; 33:2; Deutronomio 4:13; 5:22; 31:9,22). Si Moses ang nagbigay ng Kautusan sa Israel upang ilagay sa pamantayan ang kalooban ng Diyos para sa panghinaharap na mga henerasyon.

▣ **“sa mga saserdote na mga anak ni Levi”** Nakakawili na mayroong pagkakalayo sa eksaktong sa kung sino ang “mga saserdote”:

1. tribu ni Levi (lagi)
2. mga anak na lalake ni of Aaron (madalas)

Lahat ng mga saserdote ay mga Levita, ngunit hindi lahat ng mga Levita ay mga saserdote.

▣ **“sa lahat ng matanda”** Ito ay tumutukoy sa mga matatanda sa tribu. Sa talatang ito si Moses ay inalalagak ang kautusan sa mga relihiyoso at sekular ng Israel (i.e., pantribung) mga pinuno. Gayunpaman, sa realidad, lahat ng mga pinuno ng Israel at mga kautusan ay kinakikitaan bilang relihiyoso (i.e., kalooban ni YHWH). Walang sekular laban sa sagradosa Israel. Lahat ay sagrado sapagkat lahat ay nagmumula kay YHWH! Mayroong mga espesyal na mga araw at espesyal na mga lugar, subalit lahat ng sa buhay ay pinaghaharian ng banal na mga atas!

31:10 Mayroong dalawang mga petsa ang tinukoy sa talatang ito:

1. ang isa ay bawat taon, ang Kapistahan ng Kubol
 - a. Exodo 23:16-17; 34:22
 - b. Levitico 23:33-43
 - c. Deutronomio 16:13-15
2. ang isa ay sa bawat ikapitong taon (i.e., ang taon ng Sabbath)
 - a. Exodo 23:10,11
 - b. Levitico 25:1-7
 - c. Deutronomio 15:1-6

Dito si Moses ay nagdadagdag ng regular na mga ritwal sa pagbabasa ng tipan.

Ang mga Kapistahan ng mga Kubol ay isang taunang pangyayari na nagnanais na ipaalala sa Israel ang mapagbiyaya at makapangyarihang mga gawa ng pagpapalaya ni YHWH mula sa Ehipto at Kanyang probisyon at presensya sa panahon ng paglalagalag sa ilang. Ang kapistahan na ito ng pasasalamat para sa pagtutubos/kalayaan, gayundin ang kalayaan mula sa utang na seremonya, ay nangyayari tuwing ikapitong taon (i.e., Sabbath na taon, cf. Levitico 25). Ang kombinayob ng dalawang mga kalayaang pangyayaring ito ay isang perpektong panahon upang repasuhin ang Mosaik na kautusang tipan kasama ng mapagbiyaya, at tipanang Diyos!

NATATANGING PAKSA: MGA KAPISTAHAN NG ISRAEL

- I. Ang Mosaik na Taunang mga Kapistahan (cf. Exodo 23:14-17; Levitico 23; Bilang 28; Deutronomio 16)
 - A. Lahat ng mga lalakeng Hudyo ay kinakailangan na makadalo ng tatlong taunang mga pista (cf. Exodo 23:14,17; 34:23) kung posible.
 - B. Ang mga kapistahan na ito ay may agrikultural, at gayundin ang pambansang kahalagahan.
 - C. Bawat isa ay araw ng pahinga, pagsamba, at pangkomunidad na pakikisama.
 - D. Ang tatlong kinakailanga taunang mga kapistahan
 1. Paskuwa (cf. Exodo 12:1-14,21-28; Levitico 23:4-14; Bilang 28:16-25; Deutronomio 16:1-8)
 - a. pasasalamat at dedikasyon sa pag-aani ng sebada
 - b. inaalala ang Exodus
 - c. ito ay sinusundan ng isang walong araw na Kapistahan ng Walang Asing Tinapay (cf. Exodo 12:15-20; 34:18-20)
 2. Pentekost (Kapistahan ng mga Linggo, cf. Exodo 23:16; 34:22)
 - a. pasasalamat at dedikasyon ng pag-aani ng trigo
 - b. inaalala ang pagbibigay ng Torah kay Moses sa Bundok Sinai sa pamamagitan ng rabinikal na pagtatiyanta

- c. Tignan Levitico 23:15-21; Bilang 28:26-31
3. Mga Tabernakulo/Kubol/Kubo (Sakot)
 - a. pasasalamat sa pangkalahatang pag-aani
 - b. pag-aalaala sa pagsisimula ng paglalagalag sa ilang na periyod
 - c. tignan Exodo 23:16; 34:22; Levitico 23:34-44; Deutromio 16:13-17
 - d. ito ay sinundan ng walang araw na Kapistahan (cf. Levitico 23:36; Bilang 29:35-38)
- E. Iba pang taunang mga kapistahan
1. Bagong Taon na Pagdiriwang (Rosh Hashanah)
 - a. tignan Levitico 23:23-25; Bilang 29:1-6
 - b. ang araw na ito ng kapahingahan at sakripisyo ay ginagawa sa unang araw ng Tishri
 2. ang Kapistahan aspeto sa panahon ngayon, ay napaka karaniwan sa panahon ng NT, ay hindi naging partikular sa Torah Araw ng Pagpapalubag Loob- “araw ng pagtatakip” o Yom Kippur (ang tanging araw ng pag-aayuno)
 - a. isang araw ng kapahingahan, pag-aayuno, at pagsisisi
 - b. isang ritwal para sa pag-aalis ng pangkalahatang karumihan (tabernakulo, mga saserdote, at mga tao)
 - c. tignan Exodo 30:10; Levitico 16; 23:26-32; 25:9; Bilang 29:7-11
 - d. napakahirap na hulihin kung kailan ang kapistahang ito ay muling itinalaga pagkatapos ng pagpapatapon
- II. Iba pang mga Mosaik Kapistahan na mga Araw
- A. ang Sabbath
 1. lingguhang araw ng kapahingahan at pagsamba
 2. tignan Genesis 2:1-3; Exodo 16:22-30; 20:8-11; 23:12; 31:12-16; Levitico 23:1-3; Bilang 28:9-10
 - B. Taon ng Sabbath
 1. bawat ikapitong taon ang lupa ay nagpapahinga (walang paghahasik)
 2. tignan Exodo 23:10-11; Levitico 25:1-7; Deutromio 15:1
 3. ito ay nagpapakita na si YHWH ay nagmamay-ari ng lupain at ibinigay ito sa Israel
 4. lahat ng mga alipin ay pinalalaya (cf. Exodo 21:2-6) lahat ng mga utang ay pinatatawad (cf. Deutromio 15:1-6)
 - C. Taon ng Jubilee
 1. bawat ikapitong taon ng Sabbath (i.e., 50th year)
 2. tignan Levitico 25:8-18; 27:17-24
 3. pagpapawala ng utang at pagbabalik ng mga lupain, pagpapalaya sa mga alipin (cf. Levitico 25:10,13, napakahawig sa Taon ng Sabbath)
 4. ang pagsisimula nito ay kailanman hindi naitala
 - D. Bagong Buwan
 1. espesyal na mga handog at araw ng kapahingahan
 2. tignan Bilang 10:10; 28:11-15
 3. posibleng inaalala ang pagtatayo ng tabernakulo (cf. Exodo 40:2,17)
 4. Hudyong kalendaryo ay batay sa lunar na mga siklo

III. Ang mga ritwal at mga regulasyon na ito ay nagpapakita ng isang pag-unlad sa paglipas ng panahon. Ang mga kapistahan at pag-aayuno ay maaring nagsimula sa paganong kalendaryo, ngunit nahubog ng natatangi sa Makahudyong pagpupuri at debosyon kay YHWH. Ang kalikasan (panahon), agrikultural (pagtanim, ulan, at pag-aani), at pambansang mga pangyayari (Exodus, pagbibigay ng Kautusan, atbp.) ay pinagsama upang pagliwanagin ang ilang mga taon para sa pagsamba.

31:11 “sa dakong Kaniyang pipiliin” Ang talatang ito sa panahon ni Moses ay tumukoy sa pagsasama ng lahat ng lalake tatlong beses sa isang taon (cf. Leviticus 23) sa tabernakulo (cf. Exodo 20:24; Deutronomio 12:5,11,13; 14:25; 15:20; 16:7,16; 17:8,10; 18:6; 26:2).

Sa kalaunan ito ay tumukoy sa sentral natemplo na matatagpuan sa Jerusalem.

▣ **“ay iyong babasahin ang kautusang ito sa harap ng buong Israel”** Ito ay isang tipan na pagpapanibagong pangyayari. Ang Kautusan ay malinaw na ipinahayag (i.e., binasa) at Israel ay nangako sa kanyang sarili sa pagtupad nito! Bawat isa sa lipunan ng Israel ay naroon (cf. 12-13), maging ang pinakabatang henerasyon (i.e., of Bar Mitzvah edad, e.g., Isaias 7:16).

Ang kautusan ay hindi lamang sa isang susunod na hari o kasalukuyang mga pinuno, ngunit para sa lahat ng tao sa pamamagitan ng kanilang henerasyon ay maging ang mga dayuhang naninirahan!

31:12 “upang marinig. . . pagaralan. . . matakot” Pansinin ang progreso ng mga PANDIWA:

1. “marinig” - BDB 1033, KB 1570, *Qal* DI-GANAP, karaniwan sa Deutronomio, ibig sabihin “making upang magawa”
2. “pag-aralan” - BDB 540, KB 531, *Qal* DI-GANAP
3. “matakot” - BDB 431, KB 432, *Qal* GANAP (tignan huling talataan sa ibaba)
4. “maging maingat na tupdin”
 - a. BDB 1036, KB 1581, *Qal* GANAP
 - b. BDB 793, KB 889, *Qal* BALINTIYAK NA BANGHAY

Pansinin na ang #1,2,3 ay inulit sa v. 13 upang makaugnay sa bagong henerasyon, na hindi pa na parang alam na (BDB 393, KB 390, *Qal* GANAP). Ang kautusan na ito ay ninais na malaman at matupad sa pamamagitan ng maramihang henerasyon ng Israel.

Sa ilang mga paraan ang progresyon ay nagpapaalala sa akin kay Ezra (cf. Ezra 7:10). Ang Israel ay dapat na matakot o gumalang (BDB 431) YHWH (cf. 4:10; 14:23; 17:19), ngunit hindi dapat matakot sa sinoman o sa anoman!

TALATA SA NASB (BINAGO): 31:14-18

¹⁴At sinabi ng Panginoon kay Moises, "Narito, ang iyong mga araw na ikamamatay ay nalalapit: tawagin mo si Josue, at magsiharap kayo sa tabernakulo ng kapisanan upang siya'y aking mapagbilinan. At si Moises at si Josue ay yumaon at humarap sa tabernakulo ng kapisanan. ¹⁵At ang Panginoon ay napakita sa Tolda, sa isang tila haliging ulap; at ang tila haliging ulap ay tumayo sa pintuan ng tabernakulo. ¹⁶At sinabi ng Panginoon kay Moises, "Narito, ikaw ay matutulog na kasama ng iyong mga magulang; at ang bayang ito'y babangon, at sasamba sa kakaibang mga Diyos sa lupain, na kanilang pinaroroonan upang sumagitna nila, at ako'y pababayaan, at sisirain ang aking tipan na aking ipinakipagtipan sa kanila. ¹⁷Kung magkagayo'y ang aking galit ay magaalab laban sa kanila sa araw na yaon, at aking pababayaan sila, at aking ikukubli ang aking mukha sa kanila, at sila'y sasakmalin, at maraming kasamaan at kabagabagan ang darating sa kanila; na anopa't kanilang sasabihin sa araw na yaon, Hindi ba ang mga kasamaang ito ay dumating sa atin dahil sa ang ating Diyos ay wala sa gitna natin?" ¹⁸At ikukubli ko nga ang aking mukha sa araw na yaon dahil sa buong kasamaang kanilang ginawa, sa paraang sila'y pumihit sa ibang mga Diyos"

31:14 “tawagin.... magsiharap” Ang mga ito ang dalawang mga PAUTOS.

1. “tawagin” - BDB 894, KB 1128, *Qal* PAUTOS
2. “magsiharap” - BDB 426, KB 427, *Hithpael* PAUTOS (ito ay tumutukoy sa isang opisyal na pagtatalaga ni YHWH, cf. I Samuel 10:19, o tipanang pagpapanibago, cf. Josue 24:1)

▣ **“sa tabernakulo ng kapisanan”** Tila mayroong naging dalawang espysal na mga tolda na may konektado kay YHWH:

1. ang tabernakulo ay inilarawan sa Exodus 25-27, na nagtatangi ng Arko ng Tipan at nakaposisyon sa sentro ng kampo ng Israelita
2. ang tolda ng pagpupulong ay inilarawan sa Exodo 33:7-11, itinayo sa labas ng kampo ng Israel, kung saan si Moses ay pumupunta upang katagpuin si YHWH
3. madalas ang ulap (i.e., na tinawag ng mga rabi na *Shekinah* Ulap ng Kaluwalhatian), na nagsisimbolo ng personal na presensiya ni YHWH, ay ipinakita ang Kanyang sarili sa #1, ngunit dito sa #2 (cf. v. 15; Exodo 33:9)
4. Posibleng ilang mga iba pang mga reperensiya ay kaugnay sa #2—Exodo 18:7-16; Bilang 11:16,24,26; 12:4

▣ **“upang siya'y aking mapagbilinan.”** Sa v. 7 si Moses ay ipinatawag si Josue sa harap ng mga tao. Dito si YHWH ay ipinatawag si Moses at si Josue sa Kanyang harapan.

31:15 “haliging ulap” Ang kaparehong haligi ng ulap na ito ay ang naghihiwalay sa anak ng Israel mula sa sundalo ng Ehipto (cf. Exodo 13:21-22). Ang haligi na ito ang siyang pumuno sa Temple nang nakita ni Isaias ang Diyos “matayog at mataas” sa Isaias 6. Ito ay isang pisikal na simbolo ng presensya ng Diyos. Ito ay nanatili sa mga Israelita sa kanilang buong paglalagalag sa ilang. Ito ay gumagawa sa ilang mga kaparaanan:

1. ito ay nagpakita ng presensya ng YHWH
2. ito ang nanguna sa mga Israelita mula sa lugar sa lugar
3. ito ang nagtatanging sa kanila sa araw
4. ito ang nagbibigay liwanag sa kanilang kampo sa gabi

Nang sila ay nakalagpas sa Jordan, ang presensya ni YHWH ay nakita sa itaas ng Arko ng Tipan, ngunit ang ulap ay nawala.

31:16 “at ang bayang ito'y babangon, at sasamba sa kakaibang mga Diyos sa lupain” Ito ay nagpapakita ng kaalaman sa unang una pa ni YHWH sa nagpapatuloy na kasalanan ng idolatrya ng Israel (cf. 4:15-28; 31:29). Pansinin ang progresyon ng idolatrya sa mga the PANDIWA:

1. “maghihimagsik” - BDB 877, KB 1086, *Qal* GANAP, e.g., Exodo 32:6
2. “makikipaglaro sa patutot” - BDB 275, KB 275, *Qal* GANAP
 - a. umakto bilang patutot
 - (1) Levitico 21:7,9,14
 - (2) Deutronomio 22:21; 23:18
 - b. metaphorikal sa Lupang Pangako, Levitico 19:29
 - c. metaphorikal ng dayuhang mga alyansa
 - (1) Isaias 23:17
 - (2) Jeremias 3:1
 - (3) Ezekiel 16:26,28
 - d. metaphorikal ng pagkamayabong na idolatrya
 - (1) Exodo 34:15,16
 - (2) Levitico 17:7; 20:5
 - (3) Deutronomio 31:16

3. “ay iiwanan Ako” - BDB 736, KB 806, *Qal* GANAP, cf. 28:20; Hukom 10:6,10; Jeremias 1:16
4. “babaliin ang Aking tipan” - BDB 830, KB 974, *Hiphil* GANAP, cf. 31:20; Levitico 26:15; Jeremias 11:10

31:17 “ang Aking galit ay magaalab” Ang PANDIWA (BDB 354, KB 351, *Qal* GANAP) na ito ay madalas ginamit sa galit ni YHWH:

1. laban kay Moses, Exodo 4:14
2. laban sa Israel, Exodo 22:24; 32:10; Bilang 11:1,10; 32:10; Deutronomio 6:15; 7:4; 11:17; 31:17
3. laban mga espiya, Bilang 12:9
4. laban kay Balaam, Bilang 22:22
5. laban sa lupain, Deutronomio 29:26

▣ **“Aking pababayaang sila, at Aking ikukubli ang Aking mukha sa kanila”** Ang dalawang mga PANDIWA na ito ay naglalarawan ng antropomorfikal na pagpapawalang bisa sa tipan ni. Ginawa ni YHWH kung anoman ang ginawa nila sa Kanya (cf. v. 16).

1. “Akin silang pababayaang” - BDB 736, KB 806, *Qal* GANAP
2. “ikukubli ko ang Aking mukha sa kanila” - BDB 711, KB 771, *Hiphil* GANAP, cf. v. 18; 32:20; Isaias 59:2; 64:7). Ito ay isang idyoma para sa pag-aalis ng tipanang pakikisama at pagpapala.

Ang mga kahihinatnan ay :

1. sila ay mauubos
 - a. PANDIWA, “magiging” - BDB 224, KB 243, *Qal* GANAP
 - b. mauubos/sasakmalin - BDB 37, KB 46, *Qal* BALINTIYAK NA BANGHAY
2. maraming kasamaan at mga gulo ang darating
 - a. “ay darating” - BDB 592, KB 619, *Qal* GANAP
 - b. kasamaan - BDB 949
 - c. mga kaguluhan - BDB 865 I

3. Ang presensya ni YHWH (cf. vv. 6,8) ay hindi nila makakasama (i.e., “ang ating Diyos ay hindi natin kasama”)

31:18 Ang banta mula sa v. 17 (i.e., “Aking ikukubli ang aking mukha sa kanila”) ay taos sa pusong inulit sa (*Hiphil* PAWATAS NA TIYAK at *Hiphil* DI-GANAP).

▣ **“ibang mga diyos”** Ang *Jewish Study Bible* ay nagsasaad na ang “ating Diyos” ng v. 17 ay dapat na isalin na “ating mga diyos” at kaugnay sa “ibang mga diyos” sa v. 18 (cf. P. 439).

Ang unang termino (BDB 43) ay tila isang pang-isahang anyo mula sa *Elohim* (BDB 43) sa v. 18. Ang unang termino ay maaring gamitin sa isang paganong diyos (cf. II Chronico 32:15; Daniel 11:37), ngunit gayundin para kay YHWH (cf. Deutronomio 32:15,17; Awit 50:22; 114:7; 139:19; Kawikaan. 30:5; Isaias 44:8).

TALATA SA NASB (BINAGO): 31:19-22

¹⁹“Ngayon nga'y sulatin ninyo sa ganang inyo ang awit na ito, at ituro mo sa mga anak ni Israel: ilagay mo sa kanilang mga bibig, upang ang awit na ito'y maging saksi sa akin laban sa mga anak ni Israel. ²⁰Sapagka't pagka sila'y naipasok ko na sa lupain na aking isinumpa sa kanilang mga magulang, na binubukalan ng gatas at pulot, at sila'y nakakain at nabusog at tumaba; ay pipihit nga sila sa ibang mga Diyos, at paglilingkuran nila, at ako'y lalabagin nila, at sisirain ang aking tipan. ²¹At mangyayari na pagka ang maraming kasamaan at kabagabagan ay dumating sa kanila, ay magpapatotoo ang awit na ito sa harap nila na pinakasaksi; sapagka't hindi malilimutan ng mga bibig ng kanilang binhi; sapagka't talastas ko ang

kanilang iniisip na kanilang inaakala ngayon pa, bago ko sila ipasok sa lupain na isinumpa ko."
²²Kaya't isinulat ni Moises ang awit na ito nang araw ding yaon, at itinuro sa mga anak ni Israel.

31:19 "sulatin ninyo sa ganang inyo ang awit na ito" Ito ay maaring isang saksi para sa Diyos laban sa panghinaharap na mga aksyon ng Israel. Ito, syempre, ay isang legal na metapora (cf. 4:26; 30:19; 31:28; Josue 24:22)! Ang Israel ay responsable na turuan ang bagong henerasyon sa mga kautusan ni YHWH!

31:20 "sila'y nakakain at nabusog at tumaba; ay pipihit nga sila sa ibang mga Diyos" Ang pinakamahirap na panahon para sa bayan ng Diyos ay sa panahon ng matinding kasaganaan! Madali tayong nakakalimot (cf. 6:10-15; 8:11-20; 32:15-18).

▣ Pansinin ang pababang progresyon tungo sa rebelyon:

1. sila ay sasamba sa ibang mga diyos - BDB 815, KB 937, *Qal* GANAP, cf. v. 18; 29:18; 30:17
2. maglilingkod sa kanila - BDB 712, KB 773, *Qal* GANAP, cf. 4:19; 7:4; 8:19; 11:16; 13:6,13; 17:3; 28:14,36,64; 29:18,26; 30:17
3. kakamuhian nila Ako - BDB 610, KB 658, *Piel* GANAP, cf. Bilang 14:11,23; Isaias 1:4
4. babaliin ang Aking tipan - BDB 830, KB 974, *Hiphil* GANAP, cf. v. 16; Levitico 26:15; Jeremias 11:10; 31:32

31:21 "pagka ang maraming kasamaan at kabagabagan ay dumating sa kanila" Ang mga kasamaan at kaguluhan na ito ay binanggit sa v. 17 at hinulaan sa 4:30.

▣ **"(sapagka't hindi malilimutan ng mga bibig ng kanilang binhi)"** Ito ay isang pangako ng isang matapat na natira at pinagpatuloy na kaalaman sa kautusan ni YHWH.

▣ **"kanilang iniisip"** Ang Hebreong salita ay *yetzer* na minsan ay isinalin sa "imahinasyon ng puso" (BDB 428 I, ito ay maaring nasa positibong pakahulugan, Isaias 26:3). Ito ang OT na paraan ng pagsasabi na si YHWH ay alam ang pagkahilig tungo sa rebelyon sa kaibuturan ng sangkatauhan (i.e., Genesis 6:5; 8:21; Awit 103:14; Jeremias 18:23).

TALATA SA NASB (BINAGO): 31:23

²³At kaniyang pinagbilinan si Josue na anak ni Nun, at sinabi "Ikaw ay magpakalakas at magpakatampang: sapagka't iyong ipapasok ang mga anak ni Israel sa lupain na isinumpa ko sa kanila; at ako'y sasa iyo."

31:23 Si Moses ay sinalita ang mga salitang ito sa Israel sa 31:6. Si Moses ay binigkas ang mga salitang ito kay Josue sa 31:7 (cf. 1:38; 3:28). Ngayon (v. 23) si YHWH ay binibigkas ang mga salitang ito ng direkta kay Josue (cf. Josue 1:6,7,9), na nakatayo kasama si Moses sa pintuan ng tabernakulo.

1. "maging malakas" - BDB 304, KB 302, *Qal* PAUTOS
2. "maging matampang" - BDB 54, KB 65, *Qal* PAUTOS

▣ **"Ako'y sasa iyo"** Ang pananalitang ito ay nagpapakilala sa PANGHALIP "siya" ng v. 23a. Ito ang dakolang kaloob ni YHWH (cf. Exodo 3:12; 4:12,15; 33:14-16; Deuteronio 4:37; 31:6,8; Josue 1:5)!

TALATA SA NASB (BINAGO): 31:24-29

²⁴At nangyari, nang matapos ni Moises na masulat ang mga salita ng kautusang ito sa isang aklat, hanggang sa natapos, ²⁵Na nagutos si Moises sa mga Levita, na may dala ng kaban ng

tipan ng Panginoon, na sinasabi, ²⁶"Kunin ninyo ang aklat na ito ng kautusan at ilagay ninyo sa siping ng kaban ng tipan ng Panginoon ninyong Diyos, upang doo'y maging pinakasaksi laban sa iyo. ²⁷ Sapagka't talastas ko ang iyong panghihimagsik, at ang iyong matigas na ulo: narito, nabubuhay pa akong kasama ninyo, sa araw na ito, kayo'y naging mapanghimagsik laban sa Panginoon: at gaano pa kaya pagkamatay ko? ²⁸Pulungin mo ang mga matanda sa iyong mga lipi at ang inyong mga pinuno upang masalita ko ang mga salitang ito sa kanilang pakinig, at matawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi laban sa kanila. ²⁹Sapagka't talastas ko na pagkamatay ko, kayo'y mangagsisisama at mangaliligaw sa daan na aking itinuro sa inyo; at ang kasamaan ay sasapit sa inyo sa mga huling araw; sapagka't inyong gagawin yaong masama sa paningin ng Panginoon, upang ipamungkahi niya kayo sa kagalitan sa pamamagitan ng mga gawa ng inyong mga kamay."

31:26 “sa siping ng kaban ng tipan” Ang KJV ay may “sa,” ngunit ang mas mainam na salin ay “katabi” (NKJV, NRSV, TEV, NJB, cf. Exodo 25:16; I Hari 8:9); at para sa “ang arko tignan Exodo 25:10-22.

Sa OT tila ang tanging dalawang mga tableta ng bato sa Sampung Kautusan ang isinulat ng Diyos (Exodo 31:18) ang nilalaman ng Arko Ark (gayundin ang mga piraso ng unang pulutong na binasag ni Moses, e.g., Exodo 32:19; 34:1). Mayroong tatlong iba pang mga bagay na nakalagay sa tabi ng Arko:

1. isang garapon ng manna, Exodo 16:33-34
2. ang tungkod ni Aaron na namumulaklak, Bilang 17:10
3. ang kopya ng kasulatan na isinulat ni Moses

Gayunpaman, mayroon dapat ilang mga pagkalito patungkol dito sa loob ng grupo ng mga rabi, dahil ang may-akda ng Hebreo ay nagsasabi na ang Arko ay naglalaman ng batong tableta at ang #1 at #2 (cf. Hebreo 9:4).

▣ “tipan” Tignan Natatanging Paksa sa 4:13.

31:27 “Sapagka't talastas ko ang iyong panghihimagsik, at ang iyong matigas na ulo” Si Moses ay may karanasan sa rebelyong pagkahilig ng Israel (cf. v. 21) sa panahon ng kanyang buong buhay (cf. 9:7-29).

▣

NASB “katigasan ng ulo”
NKJV “matigas ang leeg”
NRSV, TEV “masuwayin”
NJB “matigas ang leeg”

Ang termino ay isang kombinasyon ng “leeg” (BDB 791) at “naninigas” o “matigas” (BDB 904). Ang Israel ay madalas na inilarawan sa pamamagitan ng di-nakakapagbigay-puri na kombinasyon (cf. Exodo 32:8; 33:3,5; 34:9; Deuteronomio 9:6,13; 31:27). Ang PANDIWA ay ginamit sa Deuteronomio 10:16; II Hari 17:14; Nehemias 9:16,17,29; Jeremias 7:26; 17:23; 19:15. Ang kaparehong kaisipan ay ipinahayag sa Isaias 48:4 at Ezekiel 2:4; 3:7.

Sa isang pakahulugan ang vv. 27-29 ay propesiya, batay sa nakalipas na aksyon ng Israel. Ang kaparehong uri na ito ng propesiya ay matatagpuan rin sa Josue 24:19-20. Ang pinakamahusay na pagpupunyagi ng Israel ay hindi sapat. Ang unang tipan ay nabigong ipanumbalik ang ninais na pagkamatalik sa pagitan ni YHWH at sa Kanyang pinakamataas na nilikha (i.e., ang mga tao) sa Harden ng Eden. Kinakailangan ng Bagong Tipan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) batay sa mga aksyon ni YHWH. Ang sangkatauhan ay hindi malunas na rebelde (cf. Genesis 6:5; 8:21; Jeremias 17:9).

31:28 Ang talatang ito ay may tatlong pautos na mga PANDIWA:

1. “magsipagtipon” - BDB 874, KB 1078, *Hiphil* PAUTOS
2. “magsalita” - BDB 180, KB 210, *Piel* COHORTATIVE

3. “tumawag” - BDB 729, KB 795, *Hiphil* COHORTATIVE

Kinakausap ni Moses ang mga pinuno (i.e., elders and officers), na sumisimbolo sa lahat ng Israel, ng direkta. Ito ay maaring tumukoy sa isang kinatawang pambansang konseho (e.g., Hukom 21:16).

▣ **“matawag ang langit at ang lupa na pinakasaksi laban sa kanila”** Ang nagpapatibay na mga saksi ay madalas na binanggit sa tipanang konteksto (cf. 4:26; 30:19; 31:28; 32:1).

Sa kabanatang ito mayroon din dalawang mga iba pang saksi:

1. ang awit ni Moses, vv. 19,21
2. kautusang balumbon, v. 26

31:29 Pansinin ang pababang progresyon ng mga propesiya pagkatapos ng kamatayan ni Moses (cf. Josue 24:19-28):

1. ikaw ay aakto ng may kasamaan - BDB 1007, KB 1469, kapwa ang *Hiphil* DI-GANAP at ang PAWATAS NA TIYAK, cf. 4:16,25; 9:12
2. liliko mula sa daan - BDB 693, KB 747, *Qal* GANAP
3. gagawin mo yaong mga masasama (BDB 948 II) sa mata ng iyong Panginoon - BDB 793 I, KB 889, *Qal* DI-GANAP
4. pinupukaw mo ang Kanyang galit sa pamamagitan ng gawa ng iyong mga kamay (BDB 795 and 388, i.e., idolatry) - BDB 494, KB 491, *Hiphil* BALINTIYAK NA BANGHAY, cf. 4:25; 9:18; 32:16; I Hari 16:7; II Hari 17:7; 21:6; Jeremias 25:6,7; 32:30; 44:8

31:30 Ang talata na ito ay dapat na kasama ng kabanata 32.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang Diyos ay nagbabago ng mga pinuno?
2. Paanong ang kaalaman sa unang una pa ng Diyos at ang pagpili ng tao ay maiuugnay sa kabanatang ito?
3. Bakit ang Israel ay lumayo sa Diyos?

DEUTRONOMIO 31:30-32:20

MGA BAHAGING TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|------------------------------------|---|---|
| Ang Awit ni Moses (31:30-32:47) | Ang Awit ni Moses (31:30-32:47) | Ang Awit ni Moses (31:30-32:44) | Ang Israel ay Nagtipon Upang Pakinggan ang Awit ni Moses (31:28-32:44) |
| 32:1-14 (vv. 1-6) | 32:1-43 (vv. 1-3) | 32:1-43 (vv. 1-3) | 32:1-44 (vv. 1-3) |
| (vv. 7-9) | (vv. 4-9) | (vv. 4-6) | (vv. 4-9) |
| (vv. 10-12) | (vv. 10-27) | (vv. 7-9) | (vv. 10-11) |
| (vv. 13-14) | | (vv. 10-12) | |
| 32:15-18 | | (vv. 13-14) | |
| 32:19-22 | | (vv. 15-18) | (vv. 15-39) |
| 32:23-27 | | (vv. 19-22) | |
| 32:28-33 | (vv. 28-33) | (vv. 23-27) | |
| 32:34-43 | | (vv. 28-33) | |
| (vv. 34-35) | (vv. 34-38) | (vv. 34-38) | |
| (vv. 36-38) | | | |
| (vv. 39-42) | (vv. 39-43) | (vv. 39-42) | |
| (v. 43) | | | (vv. 40-42) |
| 32:44-47 | 32:44-47 | (v. 43) | (v. 43) |
| | | (v. 44) | (v. 44) |
| | | Ang Huling mga Tagubilin ni Moses 32:45-47 | Ang Kautusan, ang Pinagmumulan ng Buhay 32:45-47 |
| Si Moses na Mamamatay sa Bundok Nebo 32:48-52 | 32:48-52 | 32:48-52 | Ang Kamatayan ni Moses ay Isinalaysay 32:48-52 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbp.

MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO

- A. Ito ay maaring isang pampanitikang dyanra ng sinaunang Near East kung saan isang pinuno ay ibinibigay ang kanyang huling pagpapala, babala, at propesiya bago ang kanyang kamatayan:
1. Jacob - Genesis 49 (patulang anyo rin)
 2. Moses - Deutronomio 29:2-34:12
 3. Josue - Josue 23:1-24:33
 4. Samuel - I Samuel 12
 5. David - I Hari 2:1-9
- B. Ilang mga iskolar ay tinitignan ang tulang ito: (1) ayon sa kasunduang tularan ng Hittite, ngunit (2) ang iba ay tinitignan ito na gaya ng korteng pakahulugan. Sa konteksto ng aklat ng Deutronomio, ang opsyon 2 ay wari ang pinakamainam, bagamat ang buong aklat ng Deutronomio ay tumutugma sa ikalawang milenyong kasunduang tularan (na nagbibigay ng ebidensya para sa Mosaik na pagkamay-akda.
- C. Ang tulang ito ay sinauna (lipas na mga anyo). Halos lahat ng mga iskolar ay nagpalagay na ito ay mula pa sa sinaunang panahon ng kasaysayan ng Israel.
- D. Maroong maraming mga alusyon sa mga awit sa OT, partkular na ang mga Awit at Isaias. Sila ay inaawit sa panahon ng tagumpay:
1. ang Ehiptong palasyong bantay na winasak sa Red Sea, Exodus 15
 2. bago pumasok sa Jordan, Bilang 21:17
 3. ang hukbong taga-Canaan ni Hazor ay winasak, Hukom 5
 4. ang Babylonia ay winasak (Isaias 13) ng Mesyas ni YHWH (Isaias 11), Isaias 12:5
- E. Hebreong Patula

NATATANGING PAKSA: HEBREONG PANULAAN

I. PANIMULA

- A. Ang tipong ito ng panitikan ay bumubuo ng Lumang Tipan. Ito ay labis na karaniwan sa mga “Propeta” (lahat maliban sa Haggai at Malakias ay naglalaman ng panulaan) at “mga Sulat” na seksyon sa Hebreong kanoniko.
- B. Ito napakaiba sa Englis na panulaan. Ang Englis na panulaan ay nahubog mula sa Griyego at Latin na panulaan, na pangunahing nakabatay sa tunog. Ang Hebreong panulaan ay may higit na kapareho sa taga-Canaan na panulaan. Ito ay pangunahing ibinatay sa isipan sa balanse, kahilera na mga linya.
- C. Ang arkeolohikal na pagkatuklas sa hilaga ng Israel sa Ugarit (Ras Shamra) ay nakatulong sa mga iskolar na maunawaan ang OT panulaan. Ang panulaang ito mula sa 15thsiglong B.C. ay may halatang pampanitikang mga koneksyon sa biblikal na panulaan.

II. PANGKALAHATANG MGA KATANGIAN NG PANULAAN

- A. Ito ay napakasiksik.
- B. Ito ay nagsusubok na ipahayag ang katotohanan, damdamin o mga karanasan sa matalinghangang paglalarawan.
- C. Ito ay unang-una na pasulat hindi pasalita. Ito ay lubhang may kayarian. Ang istrukturang ito ay ipinahayag sa:
1. balanseng mga linya (pagkakahilera)
 2. salitang mga paglalaro

3. tunog na paglalaro

III. ANG ISTRUKTURA O KAYARIAN (R. K. Harrison, *Introduction to the Old Testament*, pp. 965-975)

- A. Si Bishop Robert Lowth sa kanyang aklat na, *Lectures on the Sacred Poetry of the Hebrews* (1753) ang unang nagpakilala biblikal na panulaan bilang balanseng linya ng isipan. Karamihan ng modernong Englis na mga salin ay inayos upang ipakita ang mga linya ng panulaan.
1. magkasingkahulugan – ang mag linya ay nagpapakita ng kaparihong kaisipan sa magkaibang mga salita:
 - a. Awit 3:1; 49:1; 83:14; 103:13
 - b. Kawikaan 19:5; 20:1
 - c. Isaias 1:3,10
 - d. Amos 5:24; 8:10
 2. antitetiko – ang mga linya ay nagpapakita ng kabaligtarang mga kaisipan sa pamamagitan ng kasalungat o pasasaad ng positibo at negatibo:
 - a. Awit 1:6; 90:6
 - b. Kawikaan 1:29; 10:1,12; 15:1; 19:4
 3. sintetiko – ang kasunod na dalawa o tatlong mga linya ay humubog sa kaisipan - Awit 1:1-2; 19:7-9; 29:1-2
 4. kiasmiko – isang tularan ng panulaan na nagpapakita ng mensahe sa isang pababa at mataas na pagkakasunod-sunod. Ang pangunahing punto ay matatagpuan sa gitna ng tularan.
- B. Si Charles A. Briggs sa kanyang aklat, *General Introduction to the Study of Holy Scripture* (1899) hinubog ang kasunod na baitang ng pag-aanalisa ng Hebreong panulaan:
1. emblematico – isang sugnay na literal at ang ikalawa ay metaporikal, Awit 42:1; 103:3
 2. klimatiko o gaya ng hagdan – ang mga sugnay ay nagpapakita ng katotohanan sa isang pataas na moda, Awit 19:7-14; 29:1-2; 103:20-22
 3. introverted – isang serye ng mga sugnay, madalas may apat pataas ay pinag-ugnay sa pamamagitan ng panloob na istruktura ng linya 1 hanggang 4 at 2 hanggang 3 - Awit 30:8-10a
- C. Si G. B. Gray sa kanyang aklat, *The Forms of Hebrew Poetry* (1915), hinubog ang konsepto balanse na mga sugnay ng mas higit pa sa pamamagitan ng:
1. kompletong balanse – kung saan bawat salita sa unang linya ay inulit o binalanse ng isang salita sa ikalawang linya, Awit 83:14 at Isaias 1:3
 2. di-kompletong balanse kung saan ang mga sugnay ay hindi magkasinghaba, Awit 59:16; 75:6
- D. Sa ngayon mayroong lumalagong pagkilala sa pampanitikang istrukturang tularan sa Hebreo na tinawag na kiasmo, na madalas na nagpapakita ng bilang ng magkahilera na mga linya (a,b,b,a; a,b,c,b,a) bumubuo ng hugis ng orasang babasagin, madalas ang sentrong linya ay binigyan diin.
- E. Tipo ng mga tunog na mga tularan ay matatagpuan sa panulaan sa pangkalahatan, ngunit hindi madalas sa silanganing panulaan
1. paglalaro sa alpabeto (akrostik, cf. Awit 9,34,37,119; Kawikaan 31:10ff; Panaghoy 1-4)
 2. paglalaro sa katinig (aliterasyon, cf. Awit 6:8; 27:7; 122:6; Isaias 1:18-26)

3. paglalaro sa mga patinig (rima, cf. Genesis 49:17; Exodo 14:14; Ezekiel 27:27)
 4. paglalaro sa pag-uulit ng kaparehong mga tumutunog na mga salita na may magkaibang mga kahulugan (paronomasia)
 5. paglalaro sa mga salita kung saan, kapag binigkas, ay gaya ng tunog ng kanilang pangalan (onomatopoeia)
 6. espesyal na pambungad at panghuli (inklusibo)
- F. Mayroong ilang mga tipo ng panulaan sa Lumang Tipan. Ilan ay mga pagksang magkakaugnay at ilang ay anyong magkakaugnay:
1. paghahandog na awitin - Bilang 21:17-18
 2. gawaing mga awitin - (ipinahiwatig ngunit hindi itinala sa Hukom 9:27); Isaias 16:10; Jeremias 25:30; 48:33
 3. mga balada - Bilang 21:27-30; Isaias 23:16
 4. umiinom na mga awitin - negatibo, Isaias 5:11-13; Amos 6:4-7, at positibo, Isaias 22:13
 5. pag-ibig na mga tula – Awit ng mga Awit, kasalang na mga bugtong - Hukom 14:10-18, kasalang awit - Awit 45
 6. panaghoy/punebre - (ipinahiwatig ngunit hindi itinala sa II Samuel 1:17 ar II Cronico 35:25)
II Samuel 3:33; Awit 27, 28; Jeremias 9:17-22; Panaghoy; Ezekiel 19:1-14; 26:17-18; Nahum 3:15-19)
 7. labanag mga awitin - Genesis 4:23-24; Exodo 15:1-18,20; Bilang 10:35-36; 21:14-15; Josue 10:13; Hukom 5:1-31; 11:34; I Samuel 18:6; II Samuel 1:18; Isaias 47:1-15; 37:21
 8. espesyal na mga basbas o pagpapala ng pinuno - Genesis 49; Bilang 6:24-26; Deuteronio 32; II Samuel 23:1-7
 9. mahikang mga teksto - Balaam, Bilang 24:3-9
 10. sagradong mga tula - Awit
 11. akrostikong mga tula - Awit 9,34,37,119; Prov. 31:10ff and Lamentations 1-4
 12. mga sumpa - Bilang 21:22-30
 13. mapangutyang mga tula - Isaias 14:1-22; 47:1-15; Ezekiel 28:1-23
 14. isang aklat para sa labanang mga tula (Jashar) - Bilang 21:14-15; Josue 10:12-13; II Samuel 1:18

IV. PATUNBAY SA PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA HEBREONG PANULAAN

- A. Hanapin ang sentral na katotohanan ng taludturan o estropa (ito ay gaya ng isang talataan sa isang prosa.) Ang RSV ay ang unang modernong salin na kinalala ang panulaan sa pamamagitan ng taludturan. Ikumpara ang modernong mga salin para sa mas makakatulong na mga kaunawaan.
- B. Kilalanin ang matalinghagang mga wika at ipahayag ito sa prosa. Tandaan na ang tipong ito na panitikan ay napakasiksik, labis ang iniwan sa mambabasa upang punan ito.
- C. Siguraduhin na iugnay ang mas mahabang isyung naangkop na mga tula sa kanilang pampanitikang konteksto (kadalasan ang buong aklat) at makasaysayang tagpuan.
- D. Hukom 4 & 5 ay napakanakakatulong sa pagtingin kung paano ang panulaan ay nagpapakita ng kasaysayan. Ang Hukom 4 ay prosa at ang Hukom 5 ay panulaan ng magkapareong pangyayari (ikumpara rin Exodo 14 & 15).
- E. Ang pagtatangka na kilalanin ang tipo ng pararelismong kasangkot, maging ito man ay magkasingkahuluga, antitetikal, o sentitekal. Ito ay napakahalaga.

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO): 31:30

³⁰ At sinalita ni Moises sa pakinig ng buong kapisanan ng Israel ang mga salita ng awit na ito, hanggang sa natapos.

31:30 “At sinalita ni Moises. . . ang mga salita ng awit na ito” Ang talatang ito ay dapat na kasama ng kabanata 32 ng Deutronomio. Pansinin na ang NASB minarkahan ito bilang ang panimula ng isang talataan na may isang katapusang kolon, hindi isang tuldok (cf. JPSOA).

▣ “**sa pakinig ng buong kapisanan ng Israel**” Ang isa ay magtataka kung gaano karaming mga tao ang bumubuo sa assemblyang ito. Ito ay maaring magsasama sa mga lalake, babae at matatandang mga anak o ang modelo ng 31:12. Ngunit ito ay tumutukoy sa isang siyudad o isang bayan. Gaano karaming mga tao ay maaring makarinig sa isang tao na nagsasalita? Madalas ang pinuno ay nagsalita sa:

1. ang mga pinunong tribu at ipinapasa nila ito (cf. 31:28)
2. sa mga Levita at ipinapasa nila ito

TALATA SA NASB (BINAGO):

¹ Makinig kayo, mga langit, at ako'y magsasalita;
pakinggan ng lupa ang mga salita ng aking bibig.

² Ang aking aral ay papatak na parang ulan,
Ang aking salita ay bababa na parang hamog,
Gaya ng ambon sa malambot na damo
At gaya ng mahinang ambon sa gugulayin.

³ Sapagka't aking ihahayag ang pangalan ng Panginoon;
Dakilain ninyo ang ating Diyos.

⁴ Siya ang Bato, ang kaniyang gawa ay sakdal,
Sapagka't lahat niyang daan ay kahatulan;
Isang Diyos na tapat at walang kasamaan,
Matuwid at banal Siya.

⁵ Sila'y nagpakasama,
sila'y hindi kaniyang mga anak, itong kanilang kapintasan;
Mga tampalasan at likong lahi.

⁶ Ganyan ba ninyo ginaganti ang Panginoon,
mangmang na bayan at hindi pantas?
Hindi ba siya ang iyong ama na tumangkilik sa iyo?
Kaniyang nilalang ka, at itinatag ka.

⁷ Alalahanin mo ang mga araw ng una,
Isipin mo ang mga taon ng lahi't lahi.
Itanong mo sa iyong ama at kaniyang ibabalita sa iyo,
Sa iyong mga matanda, at kanilang sasaysayin sa iyo.

⁸ Nang ibigay ng Kataastaasan sa mga bansa ang kanilang
mana, Nang kaniyang ihiwalay ang mga anak ng tao,
Kaniyang inilagay ang mga hangganan ng mga bayan
Ayon sa bilang ng mga anak ni Israel..

⁹ Sapagka't ang bahagi ng Panginoon ay ang kaniyang bayan;
Si Jacob ang bahaging mana niya.

¹⁰ Kaniyang nasumpungan sa isang ilang sa lupain,
At sa kapanglawan ng isang umuungal na ilang;

Kaniyang kinanlungan sa palibot,
Kaniyang iningatang parang salamin ng kaniyang mata.

¹¹Parang aguila na kumikilos ng kaniyang pugad,
Na yumuyungyong sa kaniyang mga inakay,
Kaniyang ibinubuka ang kaniyang mga pakpak, kaniyang kinukuha,
Kaniyang dinadala sa ibabaw ng kaniyang mga pakpak.

¹²Ang Panginoon na magisa ang pumatnubay sa kaniya,
At walang ibang Diyos na kasama siya.

¹³pinaari sa kaniya ang matataas na dako ng lupa,
At siya'y kumain ng tubo sa bukid;
At kaniyang pinahitit ng pulot na mula sa bato,
At ng langis na mula sa batong pinkian,

¹⁴Ng mantika ng baka, at gatas ng tupa,
Na may taba ng mga kordero,
At ng mga tupang lalake sa Basan, at mga kambing,
Na may taba ng mga butil ng trigo —
At sa katas ng ubas ay uminom ka ng alak."

32:1-3 Mayroong isang serye ng pautos na lenggwahe:

1. Sa v. 1 tatlo ay may kaugnayan sa pakikinig:
 - a. “pakinggan” - BDB 24, KB 27, *Hiphil* PAUTOS
 - b. “magsalita” - BDB 180, KB 210, *Piel* COHORTATIVE
 - c. “makinig” - BDB 1033, KB 1570, *Qal* DI-GANAP ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan
2. Sa v. 2 dalawa ay kaugnay sa kahalumigmigan:
 - a. “patak” - BDB 791, KB 887, *Qal* DI-GANAP ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan
 - b. “magdalisay” - BDB 633, KB 683, *Qal* DI-GANAP ginamit sa JUSSIVE na pakahulugan
3. Sa v. 3 “idahilan” - BDB 396, KB 393, *Qal* PAUTOS (posibleng “iproklama” bilang *Qal* DI-GANAP ay ginamit rin sa COHORTATIVE na pakahulugan, na nagbibigay ng isang balanseng istruktura gaya ng sa vv. 1 at 2)

32:1 “mga langit. . . ng lupa” Ang mga ito ang permanenting mga bagay (cf. Micah 6:1-2). Mayroong pangangailangan para sa dalawang mga saksi upang kompirmahin ang katotohanan (cf. 4:26; mga kabanata 4 at 31-32 [cf. 30:19; 31:28; 32:1] ay bumubuo ng isang pampanitikang braket). Ang “mga langit” ay kumakatawan sa ulap (cf. Genesis 1:1). Ang pariralang ito ay kahawig sa kung paano ipinakikila ni Isaias ang kaso sa korte ni YHWH (cf. Isaias 1:2).

32:2 Ang kahalumigmigan ay isang analohiya ng nagbibigay buhay na mga katangian ng salita ng Diyos. Apat na magkakaibang mga salita para sa ulan ang ginamit (BDB 564, 378, 973, 914). Ito rin ay isang posibleng alusyon kay YHWH bilang ang tagapagbigay ng pagkamayabong, hindi si *Ba'al* (cf. 11:14,17; 28:12,24; 33:28).

32:3 “ang pangalan ng Panginoon” Ang Hebreong mga pangalan ay napakaimportante bilang kumakatawan sa karakter. Ang mga rabi ay nagsabi na ang “Panginoon” ay ipinakita nag Diyos sa Kanyang pag-ibig, kabutihan, at awa. Tignan Natatanging Paksa sa 1:3.

▣ Pansinin sa vv. 3-4 ilang mga katangian ang ginamit upang ilarawan ang Diyos ng Israel:

1. “kadakilaan” - BDB 152, cf. 3:24; 5:24; 9:26; 11:2; 32:3; Bilang 14:19
2. “Kanyang gawa ay perpekto” - BDB 1071, ibig sabihin “malinis,” “may integridad”
 - a. paggamit sa gawa ng Diyos, Deuteronio 32:4

- b. paggamit sa paraan ng Diyos, Awit 18:31
- c. paggamit sa kautusan ng Diyos, Awit 19:8
- 3. “lahat ng Kayang mga paraan ay katarungan” - BDB 1048, cf Genesis 18:25; Awit 33:5; 37:28; 99:4; 111:7; Isaias 5:16; 28:17; 30:18; 61:8
- 4. “isang Diyos ng katapatan” - BDB 53, cf. Awit 36:5; 88:11; 89:1,2,5,8,24,33,49; 92:2, 119:90; Isaias 25:1; Hosea 2:22
- 5. “isang Diyos na walang kabuktutan” -BDB 732, cf. Job 34:10, ito ay kinokondena sa Kanyang bayan, Levitico 19:15,35; Deuteronio 25:16
- 6. “katuwiran ay Siya” - BDB 843, cf. Job 34:17; Awit 116:5; 119:137; 129:4; 145:17
- 7. “matuwid ay Siya” - BDB 449, cf. Awit 25:8; 92:15

▣ **“Diyos”** Ito ay mula sa Hebreong salita na *Elohim*. Tignan Natatanging Paksa sa 1:3.

32:4 “Siya ang Bato” Ang titulong ito (BDB 849) ay ginamit ng Diyos sa vv. 15,18,30, at Awit 18:1-2; 19:14; II Samuel 22:2ff; Awit 78:35; Isaias 44:8). Ito ay nagsasalita ng (1) ang lakas, katatagan, ang dinagbabagong kalikaan ng isang tunay na Diyos o (2) ang Diyos bilang isang malakas, di-natitinag na tanggulan.

▣ **“sakdal”** Ang Hebreong salita (BDB 1071) ay nangahulugang “nakapag-iisa,” “buo,” “kompleto” (cf. II Samuel 22:31; Awit 18:30).

Pansinin ang ibat-ibang mga paraan na si YHWH ay itinatangi (i.e., “ang kadakilaan ng Diyos,” v. 3):

- 1. Kanyang gawa ay perpekto - BDB 1071
- 2. lahat ng Kanyang mga pamamaraan ay matuwid - BDB 1048
- 3. isang Diyos ng katapatan - BDB 53
- 4. isang Diyos na walang labag sa katarungan - BDB 732
- 5. Siya ay matuwid - BDB 843
- 6. Siya ay mabuti - BDB 449

Anong napakamakapangyarihan paglalarawan sa Diyos ng nilikha at kaligtasan. Isang Diyos kung saan lahat ng mga tao ay maaring magtiwala at magdepende (e.g., para sa ibang pagpapakilala tignan Exodo 34:6; Bilang 14:18; Deuteronio 4:31; Nehemias 9:17; Awit 103:8; 145:8).

▣ **“Isang Diyos na tapat”** Ito ay kaparehong salita (BDB 53) ginamit sa v. 20 tumutukoy sa mga aksyon ng tao. Ito ay isinalin sa “pananampalataya” sa Habakkuk 2:4, “ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya.” Ito ay nagpapakita ng pagiging una na ang Diyos ay inalalagay ang Kanyang katapatan at v. 20 ay nagpapakita sa pagiging una Siya ay naglalarawan sa pananampalataya sa Kanyang mga anak. Pananampalataya at biyaya ay kapwa mga biblikal na konsepto kaysa NT mga konsepto. Ang tanging paraan upang tumugon sa biyaya ng Diyos ay sa pamamagitan ng pananampalataya.

NATATANGING PAKSA: PANANAMPALATAYA, MANIWALA, O PAGTITIWALA

(Pistis [PANGGALAN], Pisteuō, [PANDIWA], Pistos [PANG-URI])

- A. Ito’y tiyak na mahalagang kataga sa Bibliya (cf. Hebreo 11:1,6). Ito ay paksa ng naunang mga pangaral ni Hesus (cf. Marcos 1:15). Mayroong higit sa dalawang pangangailangan para sa bagong kasunduan: pagsisi at pananampalataya (Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21).
- B. Ang etimolohiya nito
 - 1. Ang salitang “pananampalataya” sa OT ay nangahulugang katapatan, matayog na katapatan, o mapagkakatiwalaan at siyang naglalarawan sa kalikasan ng Diyos at hindi sa atin.
 - 2. Ito’y nagsimula sa katagang Hebreo (*emun, emunah*), na nangahulugang “maging tiyak o

matatag.” Ang pananampalatayang nagliligtas ay pagsang-ayong mental (pangkat ng mga katotohanan), mabuting pamumuhay (isang pamumuhay), at higit sa lahat ay may pakikipag-ugnay (pagtanggap sa isang tao) at kusang pananagutan (isang pagpapasiya) sa isang tao.

C. Ang pagkagamit nito sa OT

Dapat na pagdiin na ang pananampalataya ni Abraham ay hindi sa paparating na Tagapagligtas, ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng anak at mga inapo (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14). Tumugon si Abraham sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala. Mayroon siyang mga ilang mga alinlangan at suliranin tungkol sa pangakong ito, na umabot ng higit sa labintatlong taon bago matupad. Ang kanyang di ganap na pananampalataya, sa kabila nito, ay tinanggap pa rin ng Diyos. Ang Diyos ay kusang-loob na gumagawa sa mga taong may bahid dungis na tumutugon sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa pamamagitan ng pananampalataya, kahit na kasing liit man ito ng buto ng mustasa. (cf. Mateo 17:20).

D. Ang pagkagamit nito sa NT

Ang salitang “maniwala” ay nagmula sa Greyigong salita (*pisteuō*) na maari ding isalin sa “maniwala,” “manampalataya,” o “magtiwala.” Halimbawa, ang PANGNGALAN hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginagamit. Sa Juan 2:23-25 may hindi pagkakatiyak sa sa pagiging totoo ng mga pananagutan ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang Mesias. Ilang mga halimbawa na may mababaw na gamit ng katagang “maniwala” ay sa Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong Biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sinusundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

E. Ang gamit nito kasama ng MGA PANG-UKOL

1. *eis* ay nangangahulugang “sa.” ng naiibang pagbuo nito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
 - a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
 - b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45,48; 17:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
 - c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
 - d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
 - e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)
 - f. sa Liwanag (Juan 12:36)
 - g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* ay nangangahulugang “nasa” gaya sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
3. *epi* ay nangangahulugang “sa” or sa ibabaw ng, gaya ng nasa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5,24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6
4. ang DATIBO na walang PANG-UKOL na nasa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti*, na ibig sabihin “paniwalaan na,” ay nagbibigay ng laman sa kung ano ang paniniwalaan
 - a. Si Hesus ay ang Kaisa-isang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
 - b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
 - c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
 - d. Si Hesus ay ang Tagapagligtas (Juan 11:27; 20:31)
 - e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
 - f. Si Hesus ay isinugo ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
 - g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
 - h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
 - i. Ipinakilala ni Hesus ang Kanyang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, “Ako nga” (Juan 8:24; 13:19)

- j. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Roma 6:8)
- k. Si Hesus ay namatay at muling nabuhay (I Tesalonica 4:14)

32:5 Samantalang si YHWH ay inilarawan sa vv. 3-4, ngayon ang Kanyang mga tipan na anak, na dapat na magpakita ng Kanyang karakter (cf. vv. 3-4), ngunit hindi, ay iniliarawan na:

1. “umakto ng may kasamaan tungo sa Kanya” - BDB 1007, KB 1469, *Piel* GANAP, cf. 4:16,25; 9:12; 31:29; Genesis 6:12; Exodo 32:7; inilarawan sa Awit 14:1-3, ito at madalas na nagpapakita ng idolatrya
2. “hindi Kanyang mga anak” - BDB 119 pinanegatibo
3. “dahil sa kanilang depekto” - BDB 548
 - a. pisikal na pagpinsala na nag-aalis sa isa sa mga pangsaserdoteng panglilingkod, cf. Levitico 21:17,18,21,23, at mga hayop upang huwag ma ihandog bilang sakripisyo, cf. Levitico 22:20-21; Deutronomio 15:21; 17:1
 - b. moral na karungisan, cf. Levitico 22:25; Job 11:15; Kawikaan 9:7
4. “tampalasan” - BDB 786 I, cf. v. 20, ang pangunahing kahulugan ay binaluktot, na nagsasaad ng isang pagkukulang mula sa pamantayan (rule) ng karakter ni YHWH (matuwid)
5. “mandaraya” - BDB 836, matatagpuan lamang dito, ang kahulugan ay kahilera ng #4

32:6 “Siya ang iyong ama” Ang NIDOTTE, vol. 1, p. 222, ay may nakakawiling komento sa metapora na ito para sa Diyos. Ito ay ginamit ng may pag-aatubili sa OT dahil sa posibleng asosasyon sa pagkamayabong na pagsamba (e.g., Jeremias 2:27). Ang awiting ito ni Moses ay isa sa pinakaunang pagkakagamit upang ilarawan ang Diyos (cf. Exodo 4:22; Deutronomio 1:31; 8:5 at sa kalaunan ay sa mga propeta, cf. Isaias 1:2; 63:16; Jeremias 3:19; Hosea 11:1-3; Malakias 1:6). Ang “pagka-ama” ng Diyos ay binanggit sa vv. 6,18 at 19-20.

Ang pagka-ama ng pangkalahatang Israel ay kinilala sa relasyon ng Diyos sa makaDavid na hari (cf. II Samuel 7:14; Awit 2:7; at 86:26).

Ang mga metaporang Pamilya (ama-anak; asawang lalake-asawang babae) ang pinakamakapangyarihang mga paraan upang ipahatid ang matalik na pakikipagrelasyon na ang Diyos ay nagnanais sa Kanyang taong nilika (ginawa ayon sa Kanyang imahe at wangis). Ang mga tao ay maaring maunawan ang lalim ng mga damdamin at pagtupad sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng analohiya sa sa mga pundasyonal na mga pantaong karananasang ito (i.e., pamilya, pag-aasawa, nga anak).

32:6-14 Ito ay nagpapatuloy sa paglalarawan sa Israel at nagsisimula sa legal na kaso laban sa kanila sa pamamagitan ng pag-isa isa sa lahat ng ginawa ni YHWH para sa kanila:

1. ang kanilang mga aksoyon tungo kay YHWH
 - a. “hangal” - BDB 614 I, cf. V. 21
 - b. “mangmang” - BDB 314, kabaligtaran sa v. 29; 4:6; Awit 107:43
2. ang mga aksyon ni YHWH tungo sa kanila:
 - a. Siya ay kanilang Ama, v. 6 - BDB 888 I, KB 1111, *Qal* GANAP
 - b. Siya ang gumawa sa kanila, v. 6 - BDB 793 I, KB 889, *Qal* GANAP, cf. Genesis 14:19,22 (ito ay maaring tumukoy sa unang paglikha, mas higit na maari sa kontekstong ito, Siya ang nagtatag sa kanila bilang isang bansa sa Exodus)
 - c. Siya ang nagtatag sa kanila, v. 6 - BDB 465, KB 464, *Polel* DI-GANAP, Job 31:15; Isaias 62:7
 - d. Natagpuan Niya sila, v. 10 - BDB 592, KB 679, *Qal* DI-GANAP
 - (1) sa isang desyertong lupain
 - (2) sa isang walang halagang ilang
 - e. Pinalibutan Niya sila, v. 10 - BDB 685, KB 738, *Polel* DI-GANAP, i.e., para sa proteksyom
 - f. Inaruga Niya sila, v. 10 - BDB 106, KB 122, i.e., para sa proteksyon, i.e., masigasig na

- inasikaso (dito lamang)
- g. Binantayan Niya sila, v. 10 - BDB 665, KB 718, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 25:21; 31:23; 41:11; 61:7; Isaias 26:3; 42:6; 49:8
 - h. nag-aruga para sa kanila na gaya ng inang agila, v. 11, cf. Exodo 19:4
 - (1) “inayos ang kanilang pugad” - BDB 734, KB 802, *Hiphil* DI-GANAP, i.e., upang umaktibidad
 - (2) “umaligid paitaas” - BDB 934, KB 1219, *Piel* DI-GANAP, cf. Genesis 1:2
 - (3) tinuruan ang mga bata na lumipad
 - (a) iunat ang mga pakpak - BDB 831, KB 975, *Qal* DI-GANAP
 - (b) hinuli sila - BDB 542, KB 534, *Qal* DI-GANAP
 - (c) dinala sila - BDB 669, KB 724, *Qal* DI-GANAP
 - i. Ginabayan Niya sila, v. 12 - BDB 634, KB 685, *Hiphil* DI-GANAP
 - j. Ginawa Niya na makasakay sila sa matataas na lugar sa daigdig, v. 13 - BDB 938, KB 1230, *Hiphil* DI-GANAP, cf. Isaias 58:14
 - k. Pinakain Niya sila, vv. 13-14
 - (1) “kumain” - BDB 37, KB 46, *Qal* DI-GANAP
 - (2) “sumuso” - BDB 413, KB 416, *Hiphil* DI-GANAP
 - (3) “uminom” - BDB 1059, KB 1667, *Qal* DI-GANAP

32:7 Mayroong ilang mga kautusan sa talatang ito na umaalala sa pag-aaruga at probisyon ni YHWH:

1. “alalahanin” - BDB 269, KB 269, *Qal* PAUTOS
2. “ikonsidera” - BDB 106, KB 122, *Qal* PAUTOS
3. “magtanong” - BDB 981, KB 1371, *Qal* PAUTOS
4. “ang mga matatanda ay magsasabi sa iyo” - BDB 616, KB 665, *Hiphil* JUSSIVE

Ang makasayasayang impormasyon na ito ay pinatunayan sa (1) sa pamanang tradisyong ipinasa mula sa henerasyon sa henerasyon (cf. 4:9-10; 6:7,20-25; 11:19; 32:46) at (2) ang Awit ni Moses na ito na nagsaksi laban sa Israel!

32:8 Ang talatang ito ay nagsasaad na ang Diyos ng Israel ay tanging Diyos (cf. 4:35,39; Isaias 54:5; Jeremias 32:27). Siya at Siya lamang ang nagtatakda ng hangganan ng lahat ng mga bansa (cf. 2:5,9,19; Genesis 10). Hindi ito henoteismo, kundi monoteismo!

▣ **“Kataastaasan”** Ang pangalang ito para sa Diyos (BDB 751) ay unang ginamit sa Bilang 24:16 (*Elyon*). Ito ay waring isang pagdadaglat para sa *El Elyon* (cf. Genesis 14:18,19,20,21; Awit 78:35). Ang pangalan para sa pagkadiyos ay ginamit na konektado sa “ang mga bansa” (cf. Awit 47:1-3). Tignan Natatanging Paksa sa: Mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 1:3.



NASB “ayon sa bilang ng mga anak na lalake ng Israel”
NKJV, NJB “Ayon sa bilang ng mga anak ni Israel.”
NRSV “ayon sa bilang ng mga diyos”
TEV “Nagtalaga Siya sa bawat bansa ng makalangit na nilalang”
REB “ayon sa bilang ng mga anak na lalake ng Diyos”

Ang Septuagint ay may “ang bilang ng mga anghel ng Diyos” (*El*). Ang salin na ito ay tila mas tumutugma (cf. *The Jewish Study Bible*, p. 441) sapagkat: (1) cf. 29:26; (2) ito ay sumusunod sa pagbababsa sa balumbon mula sa ikaapat na kuweba ng Qumran na mga balumbon; (3) ang mga pambansang anghel ay binanggit sa Daniel 10 at 12. Bawat bansa ay may nakatalagang anghel (cf. Daniel 10:13), ngunit ang Israel ay may YHWH (bagamat si Michael ay sinasabi rin anghel ng Israel, cf. Daniel 12:1).

32:9 “ang bahagi ng Panginoon ay ang kaniyang bayan” Sa kabaligtaran ang bahagi ng Kanyang bayan ay ang mismong Sarili ng Diyos (cf. Exodo 19:5; Awit 16:5; 73:26; Panaghoy 3:24). Ang mga Israelita ay isang natatanging pakahulugan ng espesyal na tipanang bayan ni YHWH (cf. 4:20; 7:6; 14:2; 26:18). Tignan Natatanging Paksa sa: Ang Ebanghelyon mga Pagkiling ni Bob sa 4:6.

32:10 “sa isang ilang sa lupain” Ito ay isang alusyon ng pagpili ni YHWH sa Israel sa romantikong mga termino (cf. Jeremias 2:23-; Hosea 2:14-15). Ang paglalarwan na ito ay nagdadaragdag sa paksa ng exodus (cf. 1:19). Ito ay nagpapahayag ng isang malakas na metapora sa nagpapasimulang pag-ibig ni YHWH para sa Israel (cf. 10:14-15; Amos 3:2).

Mayroong dalawang magkasalungat na mga paraan sa Mosaik na panitikan sa paghuhusga sa paglalagalag sa ilang na periyod:

1. isang panahon ng pananampalataya at katapatan
 - a. Deutronomio 32:10-14
 - b. Jeremias 2:1-3
 - c. Hosea 2:14-23
2. isang panahon ng kawalang pananampalataya
 - a. Bilang 14:1-17:11
 - b. Deutronomio 1:26-33
 - c. Awit 95:8-11
 - d. Hosea 9:10-14
 - e. Jeremias 2:4-13
 - f. Ezekiel 23

▣ **“salaming ng Kaniyang mata”** Sa Inglis ito ay maaaring “ang mansanas ng Kanyang mata.” Ito ay isa na namang metapora na nagsasabi sa Israel bilang espesyal na anak (cf. Awit 17:8). Sa literal ang Hebreo ay “maliit na tao sa Kanyang mata.”

32:11

NASB, NKJV “Gaya ng agila. . .na umaaligid sa kanyang supling”

NRSV “Parang aguila na kumikilos ng kaniyang pugad”

TEV “gaya ng agila na nakabantay sa kanyang pugad”

NJB “bilang isang agila na nakamasid sa kanyang supling”

Ito ay nagpapapakita sa Diyos bilang lubhang nagprotekta at makapangyarihang magulang (cf. v. 19). Ang konseptong ito ng Diyos bilang isang agila ay ang Diyos bilang isang inang ibon (cf. v. 18; Genesis 1:2; Exodo 19:4; Mateo 23:37; Lucas 13:34). Ang Diyos ay inilarawan na kapwa lalake (cf. v. 6) at babae (cf. v. 11). Ang NJB at REV na mga salin ay sumusunod sa Septuagint.

32:12 “Ang Panginoon na magisa ang pumatnubay sa kaniya” Ang terminong ito ay (BDB 94) ay ginamit upang italaga ang eksklusibong relasyon ni YHWH Israel. Siya at Siya lamang ang naggagabay sa kanila!

32:13 “ang matataas na dako ng lupa” Ito ay isang metapora para sa kasaganaan ni YHWH (na gaya ng sa lahat v. 14) ay ibinigay sa Israel (cf. Isaias 58:14; Hab. 3:19).

▣ **“pulot na mula sa bato”** Ito ay tumutukoy sa pulot ng ligaw na bubuyod, na madalas na namumuhay sa biyak ng mga bato (cf. Awit 81:16).

▣ **“langis na mula sa batong pinkian”** Ito ay tumutukoy sa ligaw na puno ng olibo na lumaki sa lugar na maging ang mga dami ay hindi lalaki. Ang mga talata 13 at 14 ay nagsasalita patungkol sa masaganang bunga ng Lupang Pangako.

TALATA SA NASB (BINAGO):

¹⁵"Nguni't tumaba si Jeshurun, at tumutol —

Ikaw ay tumataba, ikaw ay lumalapad, ikaw ay naging makinis —

Nang magkagayo'y kaniyang pinabayaan ang

Diyos na lumalang sa kaniya,

At niwalang kabuluhan ang Bato na kaniyang kaligtasan.

¹⁶Siya'y kinilos nila sa paninibugho sa ibang mga *Diyos*;

Sa pamamagitan ng mga karumaldumal,

minungkahi nila Siya sa kagalitan.

¹⁷Kanilang inihain sa mga demonio, na hindi Diyos,

Sa mga Diyos na hindi nila nakilala,

Sa mga bagong Diyos, na kalilitaw pa lamang,

Na hindi kinatakutan ng inyong mga magulang.

¹⁸Sa Batong nanganak sa iyo, ay nagwalang bahala ka,

At iyong kinalimutan ang Diyos na lumalang sa iyo.

32:15 “Jeshurun” Ang salitang ito ay nangahulugang “ang isang matuwid” (BDB 449), at isang patulang pangalan para sa Israel (cf. 33:5,26; Isaias 44:2, Tignan Natatanging Paksa sa: Israel ang Pangalan sa 1:1). Ito ay may hipo ng panunuya (i.e., vv. 15-16).

▣ **“tumutol”** Ang PANDIWA (BDB 127, KB 142, *Qal* DI-GANAP) ay ginamit lamang ng dalawang beses sa OT at tila isang metapora ng pagtakwil (cf. I Samuel 2:29). Gaya ng isang baka na sumipa sa kanilang mga amo gayundin ang Israel sumisipa sa kanyang Diyos!

32:15-18 “mataba” Nang ang Israel ay pinagpala (cf. 31:20) itinakwil niya si YHWH:

1. “tinalikdan ang Diyos na gumawa sa kanya” (cf. v. 6) - BDB 643, KB 695, *Qal* DI-GANAP, cf. 31:16,17; Hukom 10:6
2. “nilibak ang Bato ng kanyang kaligtasan” (cf. v. 4) - BDB 614, KB 663, *Piel* DI-GANAP, ito ang pandiwa PANDIWA na anyo ng PANG-URI “hangal,” na magtatagpuan sa v. 6 (cf. Awit 74:18) Paano ang Israel “tinalikdan” at “nilibak” si YHWH?
 1. pinagselos nila Siya sa pamamagitan ng kakaibang mga diyos, v. 16
 2. pinagselos nila Siya sa pamamagitan ng pagkasuklam, v. 16
 3. sila ay nagsakripisyo sa mga demonyo, v. 17
 - a. na hindi kilala
 - b. bagong mga diyos
 - c. lingid sa kanilang mga ninun
 4. pinabayaan nila ang bato, v. 18 - BDB 1009, KB 1477, *Qal* JUSSIVE ngunit sa isang DI-GANAP na pakahulugan (dito lamang)
 5. kinalimutan nila ang kanilang Diyos, v. 18 - BDB 1013, KB 1489, *Qal* DI-GANAP, cf. 4:23, ang paglimot sa tipan ay paglimot kay YHWH

32:17 “Kanilang inihain sa mga demonio, na hindi Diyos” Ang konseptong ito ay ginamit rin sa Awit 106:37. Ang OT ay pinag-uusapan ng napakakunit patungkol sa mga demonyo. Si Pablo ay nagpahiwatig sa talata ito sa I Corinto 10:20.

NATATANGING PAKSA: ANG DEMONYO SA LUMANG TIPAN

- A. Ang eksaktong relasyon sa pagitan ng mga makasalanang anghel at mga demonyo ay hindi tiyak. I Enoch ay nagsasaad na ang mga *Nephilim* ng Genesis 6:1-8 ay ang

pinanggagalingan ng kasamaan (ang mga rabi ay nakapokus rin sa tekstong ito at hind sa 3). Ang I Enoch ay nagsasabi na ang mga kalahating anghel/kalahating tao na nilalang na ito ay pinatay sa pamamagitan ng baha (ito ay nagsasaad pa na ang kanilang kamatayan ay ang layunin ng pagbaha), ngunit ang kanilang walang katawan na espiritu ay naghahanap ng katawan na paninirahan.

B. Mayroong ilang mga masasamang espiritu o mga demonyo sa OT:

1. *Satyrs* o “yaong mga mababalahibo,” posibleng mga kambing na demonyo (BDB 972 III) - Levitico 17:7; II Cronico 11:15; Isaias 13:21; 34:14
2. *Shedim* (BDB 993) - Deutronomio 32:17; Awit 106:37, kung saan ang mga sakripisyo ay ginawa (kahawig sa *Molech*)
3. *Lilith*, ang babaeng panggamang demonyo (BDB 539) - Isaias 34:14 (bahagi ng Babylonia at Ugarit na alamat)
4. *Azazel*, demonyo ng desyerto (pangalan ng pinunong demonyo sa I Enoch, cf. 8:1; 9:6; 10:4-8; 13:1-2; 54:5; 55:4; 69:2) - Levitico 16:8,10,26
5. Awit 91:5-6 ay mga pagsasatao ng mga salot (cf. v. 10), hindi mga espiritwal na mga nilalang (cf. Awit ni Solomon 3:8)
6. Isaias 13:21 at 34:14 ay naglista ng ilang mga desyertong mga hayop bilang isang paraan sa pagpapakita ng kapanglawan ng winasak na mga lugar. Ang ilan ay nagpalagay na ang listahan ay naglalaman ng mga demonyo upang ipakita na ang mga winasak na lugar na ito ay pinagmumultuhan (cf. Mateo 12:43; Lucas 11:24; Pahayag 18:2)

C. Ang OT na monoteismo ay pinatahimik at binago ang mga alamat ng mga paganong mga bansa, ngunit minsan ang mga pangalan at mga titulo ng kanilang mga pamahiin ang tinukoy (lalo na ang panulaang mga teksto). Ang realidad ng masasamang mga espiritu ay isang bahagi progresibong kapahayagan at hinubog sa NT bilang isang persona/anghel ni Satanas. Tignan Natatanging Paksa sa: Personal na Kasamaan sa sumusunod.

NATATANGING PAKSA: PERSONAL (PANSARILING) KASAMAAN

Ito ay isa sa pinakamahirap na paksa sa maraming mga kadahilanan.

1. Ang OT ay hindi naghahayag ng punong kaaway ng mabuti, ngunit isang lingkod ni YHWH na nagbibigay sa sangkatauhan ng isang kapalit at nagbibintang sa sangkatauhan sa kawalang katuwiran (A. B. Davidson, *Old Testament Ang teolohiya*, pp. 300-306).
2. Ang konsepto sa isang personal na punong kaaway ng Diyos ay lumago sa mga panitikang *inter-biblical* (wala sa kanon) sa ilalim ng inpluwensiya ng relihiyong Persiyano (*Zoroastrianism*). Ito, sa kabilang banda, ay malaki ang inpluwensiya sa rabinikong Judaismo.
3. Ang NT ay pinaunlad ang paksa ng OT sa nakakagulat na katapangan, ngunit sa mga piling, mga uri.

Kung ang isa ay lalapit sa pag-aaral ng kasamaan mula sa pananaw ng teolohiyang biblikal (bawat aklat o may-akda o genre ay may bukod na pag-aaral at pagbabalangkas) kung gayon ay may mga iba't-ibang mga pananaw sa kasamaan ay nahahayag.

Kung, subalit, ang isa ay lalapit sa pag-aaral sa kasamaan mula sa isang di-biblikal o labas sa bibliyang paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silangang mga relihiyon, kung gayon maraming pag-unlad sa NT ay anino sa Persyanong dualismo at espiritualismo ng *Greco-Roman*.

Kung ang isa ay may paunang-pagpapalagay ng pagtitiwala sa kapamahalaan ng Banal na Kasulatan, gayunman ang pag-unlad ng NT ay kailangang tingnan bilang isang lumalagong kapahayagan. Ang mga Kristiyano ay kailangang magbantay laban sa pagpayag na ang kwentong Hudyo o panitikang Ingles (i.e., Dante, Milton) na lalong malinawagan ang mga kaalaman. May mga tiyak sa hiwaga at kalabuan sa bahaging ito ng kapahayagan. Pinili ng Diyos na hindi ihayag ang lahat ng aspeto ng masama, ang panimula, ang layunin, ngunit kanyang inihayag ang pagkatalo nito!

Sa OT ang salitang Satanas (BDB 966) o tagapag-usig ay tila maiuugnay sa tatlong magkakaibang pangkat.

1. Mga taong tagapag-usig (I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,23,25; Awit 109:6)
2. Mga anghel na tagapag-usig (Bilang 22:22-23; Zacarias 3:1)
3. Mga demonyong tagapag-usig (I Cronika 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Noon lamang mga huling bahagi ng panahon sa pagitan ng dalawang tipan, ang ahas sa Genesis 3 ay naiugnay kay Satanas (cf. Aklat ng Karunungan 2:23-24; II Enoch 31:3), at sumunod na naging rabinikal na pamimilian (cf. *Sot* 9b and *Sanh.* 29a). Ang “mga anak ng Diyos” ng Genesis 6 ay naging masamang anghel sa I Enoch 54:6. Sila ang naging simula ng kasamaan sa rabinikal na teolohiya. Binanggit ko ito, hindi upang bigyang-diin ang katumpakang teolohikal, ngunit upang ipakita ang kanyang paglago. Sa NT ang mga pangyayari sa OT ay inuugnay sa mala-anghel, personal na kasamaan (i.e., Satanas) sa II Corinto 11:3; Pahayag 12:9.

Ang pinagmulan ng personal na kasamaan ay mahirap o imposibleng (nababatay sa iyong pananaw) malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay nag malakas na paniniwala ng Israel sa iisang Diyos (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Ang lahat ng sanhi ay inuukol sa Diyos upang maipakita ang Kanyang pagiging tangi at pagiging mataas (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Ang mga pinagmulan ng maaaring kaalaman ay (1) Job 1-2, kung saan si Satanas ay isa sa mga “anak ng Diyos” (i.e., mga anghel) o (2) Isaias 14; Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na mga haring nasa malapit na silangan (Babilonya at Tiro) ay ginamit upang ilarawan ang kayabangan ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Mayroon akong magkahalong damdamin patungkol sa paglapit na ito. Si Ezekiel ay gumagamit ng mga talinghaga ng Hardin ng Eden hindi lang sa hari ng Tiro bilang si Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit gayundin para sa hari ng Ehipto bilang Puno ng Pagkaalam ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Subalit, ang Isaias 14, partikular sa vv. 12-14, ay tila naglalarawan ng isang paghihimagsik ng mga anghel sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay nais na ihayag sa atin ang partikular na kalikasan at pinagmulan ni Satanas ito ay lubhang di-ganap na paraan o lugar na gawin ito. Kailangan nating magbantay laban sa pagpapasikat ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliliit, malabong mga bahagi ng iba't-ibang mga tipan, mga may-akda, mga aklat, at mga uri ng

panitikan at ang pagsasama nila bilang mga piraso ng isang palaisipang pang-Diyos.

Si Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, tomo 2, dagdag-dahon XIII [pp. 748-763] at XVI [pp. 770-776]) ang nagsabing na ang rabinikal na Judaismo ay lubhang naimpluwensiyahan ng Persyanong dualimso at mga demonyong pagpapalagay. Ang mga rabi ay hindi isang mabuting paggagalingan ng katotohanan para sa bahaging ito. Si Hesus ay radikal ang paghihiwalay sa mga katuruan ng Sinagoga. Sa aking pang-unawa ang rabinikal na pagkakaunawa sa pagpapagitan sa mga anghel at ang pagsalungat ng pagbibigay ng kautusan ka Moises sa Bundok ng Sinai ay nagbukas ng pintosa kaunawaanng isang punong anghel na kaaway ni YHWH gayundin ang sangkatauhan. Mayroong dalawang mataas na diyos ang Persyanong (*Zoroastrian*) dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, mabuti at masama. Ang dualismong ito ay umunlad sa isang may hangganang pang-Hudyong dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na nagpapatuloy na pahayag sa NT tulad ng paglago ng kasamaan, ngunit hindi upang ipaliwanag nang husto katulad ng sinasabi ng mga rabi. Isang magandang halimbawa nito ay ang “digmaan sa kalangitan.” Ang pagbagsak ni Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga detalye ay hindi binigay. Kahit na kung ano ang binigay ay may lambong ng genre na *apocalyptic* (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagaman si Satanas ay natalo na at ipinatapon sa mundo, siya pa rin ay gumaganap bilang isang lingkod ni YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Kailangan nating pigilin ang pagkasabik sa bahaging ito. May isang personal na lakas ng tukso at kasamaan, ngunit mayroon pa ring iisang Diyos at ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili. Mayroong isang Espirituwal na pakikidigma, kapwa bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maaari lamang dumating at manatili sa at pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at matatanggap!

TALATA SA NASB (BINAGO): 32:19-22

¹⁹“At nakita ng Panginoon, at kinayamutan *sila*

Dahil sa pamumungkahi ng kaniyang mga anak na lalake at babae.

²⁰At kaniyang sinabi, Aking ikukubli ang aking mukha sa kanila,

Aking titingnan kung anong *mangyayari* sa kanilang wakas;

Sapagka't sila'y isang napakasamang lahi,

Na mga anak na walang pagtatapat.

²¹Kinilos nila ako sa paninibugho doon sa *hindi* Diyos;

Kanilang minungkahi Ako sa galit sa kanilang mga walang kabuluhan.:

At akin silang kikilusin sa paninibugho sa mga hindi bayan;

Aking ipamumungkahi sila sa galit,

sa pamamagitan ng isang mangmang na bansa.,

²²Sapagka't may apoy na nagalab sa Aking galit,

At nagniningas hanggang sa Sheol,

At lalamunin ang lupa sangpu ng tubo nito,

At paniningasan ng apoy ang mga tungtungan ng mga bundok.

32:19-22 Ang talataan na ito ay paulit-ulit sa naunang mga tema. Ang panulaan ay labis na paulit-ulit. Ang tipanang bayan ng Diyos ay itinakwil Siya at itinakwil naman Niya sila (cf. Hosea 1:9; 2:23; Roma 9:25). Ang Kanyang pagtakwil (i.e., galit) ay para sa layunin ng pagkakasundo. Gagamit Siya ng “isang bayan” upang pukawin ang Israel sa paninibugho (at inaasahang sa pananampalataya, cf. Roma 11:11,14). Ito ay parang labis na kagaya para sa akin ng talakayan ni Pagblo sa Romans 9-11. Si Pablo ay sinipi pa ang v. 21

sa Roma 10:19!

Ang idinagdag na ironya ay ang Israel ay iniwan si YHWH para sa di-umiiral na mga diyos (i.e., mga banidad, cf. Jeremias 2:13). Oh, ang katangahan ng pantaong idolatrya (cf. Isaias 40:19-20; 44:9-20; Jeremias 10:3-5,14)!

32:20 “Sapagka't sila'y isang napakasamang lahi, Na mga anak na walang pagtatapat” Ang dalawang mga linya na ito ng panulaan ay naglalarawan ng trahedyang ng Israel na mayroong espesyal na pag-aaruga at presensya ni YHWH (cf. Roma 9:4-5). Sila ay ipinakikila bilang:

1. tampalasan (BDB 246) - isang termino na madalas na ginamit sa Kawikaan (cf. 2:12,14; 6:14; 8:13; 10:31,31; 16:30; 23:33). Ito ay may kaugnayan sa Hebreong salita para sa “mga tuod” (BDB 246), na naglalagay sa katawan ng isang tao sa isang balukot o pilipit na pagkakatayo.
2. walang katapatan (BDB 53 negated) – isang termino na karaniwan rin sa mga Kawikaan (cf. 13:17; 20:6; pansinin rin ang Awit 31:23; Isaias 26:3).
3. Ang paglalarawan na ito ay kahilera sa 32:5:
 - a. tampalasan (BDB 786 I)
 - b. baluktot (BDB 836)

Si YHWH ay ang tunay pamantayan o patakaran (Tignan Natatanging Paksa sa 1:16). Ang Kanyang tipanang bayan ay lumihis mula sa pamantayan.

▣ **“Aking ikukubli ang aking mukha sa kanila”** Ito ay isang metapora para sa pagkawala ng personal na pag-aaruga at atensyon ni YHWH (cf. 31:17-18).

▣ **“king titingnan kung anong mangyayari sa kanilang wakas”** Si YHWH ay naunang ipinakita kay Moses ang hinaharap ng Israel sa 31:29, na Siya naman gagawin Niya sa kalaunan kay Josue sa 24:19.

32:21 “hindi Diyos” Sa literal ito ay “singaw” o “banidad” (BDB 210) at kumakatawan sa kawalang halaga o di-pagiral. Dito, gaya ng Jeremias 2:5; 8:19; 10:14-15; 16:19-20, ito ay ginamit para sa mga idolo. Tignan ang isang paglalaro sa salita sa Isaias 57:13.

32:22 Ang talatang ito ay metaporikal ng kompletong pagkawasak at paghuhukom na ang Diyos ay dadalhin sa mapanghimagsik na Israel (cf. Jeremias 15:14; 17:4). Lahat ng nilikha ng Diyos ay apektado (i.e., daigdig, *sheol*) ay apektado! Hindi ito reperensiya sa lugar ng walang hanggang kaparusahan.

NATATANGING PAKSA: NASAAN ANG MGA PATAY?

I. Lumang Tipan

- A. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa *Sheol* (ang etimolohiya ay hindi tiyak, BDB 1066), na ito ay isang paraan upang tukuyin ang kamatayan o ang libingan, na madalas sa mga Karunungan Panitikan at Isaias. Sa OT ito ay isang maanino, may kamalayan, ngunit walang kaligayahang pag-iral (cf. Job 10:21-22; 38:17).
- B. Katangian ng *Sheol*
 1. inuugnay sa kahatulan ng Diyos (apoy), Deut. 32:22
 2. inuugnay ka kahatulan kahit na bago dumating ang araw ng Paghuhukom, Awit 18:4-5
 3. inuugnay sa *abaddon* (pagkawasak), na kung saan nandoon din ang Diyos, Job 26:6; Awit 139:8; Amos 9:2
 4. inuugnay sa “ang hukay” (libingan), Awit 16:10; Isaias 14:15; Ezekiel 31:15-17
 5. ang masasama ay bababa ng buhay sa *Sheol*, Bilang 16:30,33; Awit 55:15
 6. kadalasang kinakatawang ng isang hayop na may malaking bunganga, Bilang 16:30;

Isaias 5:14; Hab. 2:5

7. ang mga tao doon ay tinatawag na *Repha'im*,
Isaias 14:9-11) II. Bagong Tipan

A. Ang Hebreong *Sheol* ay isinalin sa Griyegong *Hades* (ang dinakikitang mundo) B. Katangian ng *Hades*

1. tumutukoy sa kamatayan, Mateo 16:18
2. inuugnay sa kamatayan, Pahayag 1:18; 6:8; 20:13-14
3. kadalasang inuugnay sa lugar ng palagiang pagpaparusa (*Gehenna*), Mateo 11:23 (sipi sa OT); Lucas 10:15; 16:23-24
4. kadalasang inuugnay sa libingan, Lucas 16:23

C. Maaaring pagkakahati-hati (mga rabi)

1. ang matuwid na bahagi ay tinatawag na paraiso (totoong ibang pangalan para sa langit, cf. II Corinto 12:4; Pahayag 2:7), Lucas 23:43
2. ang masamang bahagi ay tinatawag na *Tartarus*, II Pedro 2:4, kung saan ito ang lugas na tinatangan ang mga masamang anghel (cf. Genesis 6; I Enoch)

D. *Gehenna*

1. Ipinaliliwanag nito ang pariralang OT, “ang lambak ng mga anak ni Hinnom,” (timog ng Herusalem). Ito ay lugar na ang apoy na diyos ng Phoenicia, *Molech* (BDB 574), ay sinamba sa pamamagitan ng pagaalay ng bata (cf. II Hari 16:3; 21:6; II Cronika 28:3; 33:6), ito ay ipinagbabawal sa Lev. 18:21; 20:2-5.
2. Si Jeremias ay binago ito mula sa isang lugar ng paganong pagsamba sa isang lugar ng paghuhuko ni YHWH (cf. Jeremias 7:32; 19:6-7). Ito ay naging isang lugar ng apoy, walang hanggang paghuhukom sa I Enoch 90:26-27 and Sib. 1:103.
3. Ang Hudyo sa panahon ni Hesus na nangingilabot sa pakikilahot ng kanilang mga ninuno sa paganong pagsamba sa pamamagitan ng pag-aaral ng bata, ay ginawa nilang lugar na pinagtatapanan ng basura para Herusalem. Marami sa mga talinghaga ni Hesus para sa mga walang hanggang parusa ay nanggaling sa tapunang ito (apoy, usok, mga uod, nakakasulasok na amoy, cf. Marcos 9:44,46). Ang salitang *Gehenna* ay ginamit lamang ni Hesus (maliban sa Santiago 3:6).
4. Ang paggamit ni Hesus sa *Gehenna*
 - a. apoy, Mateo 5:22; 18:9; Marcos 9:43
 - b. pamalagian, Marcos 9:48 (Mateo 25:46)
 - c. lugar ng pagkawasak (kapwa kaluluwa at katawan), Mateo 10:28
 - d. inihahalintulad sa *Sheol*, Mateo 5:29-30; 18:9
 - e. itinatangi ang mga masasama bilang “anak ng impyerno,” Mateo 23:15
 - f. bunga ng pagpapataw na kaparusahan, Mateo 23:33; Lucas 12:5
 - g. ang kaunawaan sa *Gehenna* ay maihahalintulad sa pangalawang kamatayan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14) o sa lawa ng apoy (cf. Mateo 13:42,50; Pahayag 19:20; 20:10,14-15; 21:8). Maaaring ang lawa ng apoy ay magiging pamalagiang lugar na titirhan ng mga tao (mula sa *Sheol*) at mga masamang anghel (mula sa *Tartarus*, II Pedro 2:4; Huday v. 6 o sa kailaliman, cf. Lucas 8:31; Pahayag 9:1-11; 20:1,3).
 - h. hindi ito ginawa para sa mga tao, ngunit para kay Satanas at sa kanyang mga anghel, Mateo 25:41

E. Ito ay maaari, dahil sa pagpapatong ng *Sheol*, *Hades*, and *Gehenna* na

1. sa simula lahat ng mga tao ay mapupunta sa *Sheol/Hades*
2. ang kanilang karanasan (mabuti/masama) is ay papalalain pagkatapos ng Araw ng

Paghuhukom, ngunit ang lugar ng mga masasama ay mananatiling katulad ng dati (ito ang dahilan kung bakit isinali ng KJV ang *hades* (libingan) bilang *gehenna* (impverno).

3. ang nag-iisang talata sa NT na nagbanggit ng pagdurusa bago ang Paghuhukom ay ang parabula sa Lucas 16:19-31 (Lazaro at ang Mayaman). Ang *Sheol* ay inilalarawan din bilang isang lugar ng pagpaparusa ngayon (cf. Deut. 32:22; Awit 18:1-5). Subalit, ang sinuman ay hindi makakabuo ng doktrina sa isang parabula.

III. Panggitnang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

A. Ang NT ay hindi nagtuturo ng “pagiging walang kamatayan ng kaluluwa,” na isa sa maraming mga sinaunang pananaw pagkatapos ng buhay.

1. ang mga kaluluwa ng tao ay umiiral na bago pa ang pisikal na buhay
2. ang mga kaluluwa ng tao ay walang-hangan bago at pagkatapos ng pisikal na buhay
3. kadalasang ang pisikal na katawan ay nakikita bilang isang bilangguan at ang kamatayan bilang paglaya pabalik sa dating kalagayan bago ang pag-iral

B. Ang NT ay nagpapahiwatig ng nabuwag na kalalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

1. Si Hesus ay nagsalita sa pagkakahati sa pagitan ng katawan at kaluluwan, Mateo 10:28
2. Si Abraham ay maaaring nagkaroon ng isang katawan ngayon, Marcos 12:26-27; Lucas 16:23
3. Si Moises at Elias ay may pisikal na katawan sa pagbabagong-anyo ni Hesus, Mateo 17
4. Binigyang-diin ni Pablo na ang Pangalawang Pagparito, ang mga kaluluwa kasama ni Kristo ay makakatanggap muna ng mga katawan, I Thesolonica 4:13-18
5. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay makatatanggap ng bagong espirituwal na katawan sa araw ng muling pagkabuhay, I Corinto 15:23,52
6. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi mapupunta sa *Hades*, ngunit sa kamatayan ay kasama ni Hesus, II Corinto 5:6,8; Filipos 1:23. Napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan at kinuha ang mga matutuwid na kasama Niya sa langit, I Pedro 3:18-22.

IV. Ang Langit

A. Ang salita ay ginamit sa tatlong mga diwa sa Bibliya.

1. ang *atmosphere* sa taas ng lupa, Gen. 1:1,8; Isaias 42:5; 45:18
2. ang mabituang kalangitan, Gen. 1:14; Deut. 10:14; Awit 148:4; Hebreo 4:14; 7:26
3. ang lugar ng luklukan ng Diyos, Deut. 10:14; I Hari 8:27; Awit 148:4; Efeso 4:10; Hebreo 9:24 (pangatlong langit, II Corinto 12:2)

B. Ang Bibliya ay hindi naghayag nang marami patungkol sa pagkatapos ng buhay, marahil dahil ang mga nalugmok na mga sangkatauhan ay walang paraan o kakayahan na maunawaan (cf. I Corinto :9).

C. Ang langit ay kapwa isang lugar (cf. Juan 14:2-3) at isang persona (cf. II Corinto 5:6,8). Ang langit ay maaaring ipanumbalik sa Hardin ng Eden (Genesis 1-2; Revelation 21-22). Ang mundo ay malilinis at maibabalik sa dati (cf. Gawa 3:21; Roma 8:21; II Pedro 3:10). Ang larawan ng Diyos (Gen. 1:26-27) ay napanumbalik ni Kristo. Ngayon ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden ay maaari muli.

Subalit, ito ay maaaring isang talinghaga (ang langit bilang isang malaki, malakubong lungsod sa Pahayag 21:9-27 at hindi literal. Inilalarawan ng I Corinthians 15 ang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na katawan sa espirituwal na katawan bilang isang binhi sa

isang ganap na halaman. Muli, ang I Corinto 2:9 (isang sipi mula sa Isaias 64:4 at 65:17) ay isang dakilang pangako at pag-asa! Nalalaman ko na kapag makita natin Siya, tayo ay magiging katulad Niya (cf. I Juan 3:2).

V. Mga mapagkukunang tulong

- A. William Hendriksen, *The Bible On the Life Hereafter*
- B. Maurice Rawlings, *Beyond Death's Door*

TALATA SA NASB (BINAGO): 32:23-27

²³" Aking dadaganaan sila ng mga kasamaan; Aking gugugulin ang aking busog sa kanila.

²⁴*Sila'y mangapupugnaw sa gutom, at lalamunin ng maningas na init*

At ng mapait na pagkalipol;

At ang mga ngipin ng mga hayop ay susunugin ko sa kanila,

Sangpu ng kamandag ng nangagsisiusad sa alabok.

²⁵*Sa labas ay pipighatiin ng tabak,*

At sa mga silid ay kakilabutan —

Malilipol kapuwa ang binata at dalaga,

Ang sanggol sangpu ng lalaking may uban.

²⁶*Aking sinabi, " Aking pangangalatin sila sa malayo,*

Aking papaglilikatin sa mga tao ang alaala sa kanila,"

²⁷*Kundi aking kinatatakutan ang mungkahi ng kaaway,*

Baka ang kanilang mga kalaban ay humatol ng mali,

Baka kanilang sabihin, " Ang aming kamay ay tanghal,

At hindi ginawa ng Panginoon ang lahat ng ito."

32:23-25 Ang talataang ito ay naglalarawan ng metaporikal sa paghuhukom ni YHWH sa Israel:

1. "Ako ay magtatambak ng mga kamalasan sa kanila"- BDB 705, KB 763, *Hiphil* DI-GANAP, matatagpuan lamang dito. Ang *Qal* ay nangahulugan ng "magwawalis palayo" o "mag-aagaw palayo."
2. "Gagamitin ko ang Aking mga palaso sa kanila" - BDB 477, KB 476, *Piel* DI-GANAP. Ang pangunahing kahulugan ng PANDIWA na ito "ay dalhin ang isang bagay sa pagkokompleto," i.e., lubusang winasak (cf. v. 22).
 - a. pinaghina ng tagsalat, v. 24, cf. 28:22
 - b. inubos ng salot, v. 24 (o tagsalat famine, BDB 536 II, "nag-aapoy na init")
 - c. mabait na pagkawasak, v. 24 (o nakalalason na salot, cf. #e)
 - d. ang ngipin ng halimaw, v. 24, cf. Levitico 26:22
 - e. kamandag ng gumagapang na mga bagay, v. 24, cf. Amos 5:18-19
 - f. tabak (labas), v. 25
 - g. sindak (loob), v. 25
 - (1) batang lalake (ng edad na maaring makapag-asawa)
 - (2) batang mga babae (birhen ng edad na maaring makapag-asawa)
 - (3) mga anak (sumususo)
 - (4) mga katandaan (lalake ng may puting buhok)

32:26-27 Si YHWH ay maaring winasak na sila:

1. pinagpuputol sila sa malilit na piraso, v. 26 - BDB 802, KB 907, *Hiphil* DI-GANAP, ngunit COHORTATIVE sa kahulugan upang tumambal sa kasunod na PANDIWA (tanging dito, LXX ay may "ipinakalat sila")
2. tanggalin ang alaala sa kanila, v. 26 - BDB 991, KB 1407, *Hiphil* COHORTATIVE (i.e. lubusang paglipol)
3. Ito ay isa lamang sa ilang mga teksto na nagsasaad sa kompletong anihilasyon ng Israel kung sila

ay susuway sa tipan (cf. 4:26; 28:20-22; 30:19).

Ngunit ang paggawa nito ay maghahandlang sa Kanyang layunin para sa Israel. Ang mga kalaban ng Israel ay mag-aangkin ng tagumpay at ipaparatang ito kay YHWH (cf. v. 27).

TALATA SA NASB (BINAGO): 32:28-33

²⁸"Sapagka't sila'y bansang salat sa payo,

At walang kaalaman sa kanila.

²⁹Oh kung sila'y mga pantas, na kanilang tinalastas ito,

ung nababatid nila ang kanilang wakas!

³⁰Kung paanong hahabulin ng isa ang isang libo,

At ang dalawa'y magpapatakas sa sangpung libo,

Malibang ipagbili sila ng kanilang Bato,

At ibigay sila ng Panginoon?

³¹Sapagka't ang kanilang bato ay hindi gaya ng ating Bato,

Kahit ang ating mga kaaway man ang maging mga hukom.

³²Sapagka't ang kanilang puno ng ubas ay mga puno ng ubas sa Sodoma,

At sa mga parang ng Gomorra;

Ang kanilang ubas ay ubas ng apdo,

Ang kanilang mga buwig ay mapait.

³³Ang kanilang alak ay kamandag ng mga dragon,

At mabagsik na kamandag ng mga ahas.

32:28-33 Ang katanungan ay kung kanino ang talataan na ito itinutuon—sa Israel o sa kanilang mga kaawa (cf. vv. 26-27)?

1. laban sa Israel?
 - a. vv. 28-29
 - b. v. 30 bilang kabaligtaran ng banal na labanan
 - c. v. 32 kasalukuyang rebelyon ng Israel
2. laban sa kanyang mga kaaway?
 - a. v. 30 bilang kasalukutang pangmilitar na pagkatalo sa bahagi ng Israel (cf. Josue 23:10)
 - b. v. 31, ang kanilang Bato ay ibininta sila at ang Panginoon ay isinuko na sila
 - c. vv. 32-33, taga-Canaan na mga pagkasuklam
 - d. vv. 34-43 ay patungkol sa pagtakwil at paghuhukom ni YHWH sa taga-Canaan na idolatrya

32:28-29 Pansinin na ang mga salitang ito sa vv. 28-29 para sa “pag-iisip”:

1. “kakulangan sa payo” - BDB 1, KB 2, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI
2. “walang kaunawaan sa kanila” - BDB 108 negated
3. “na sila ay mga maalam” - BDB 53, *Qal* GANAP
4. “naunawaan nila ito” - BDB 968, KB 1328, *Hiphil* DI-GANAP
5. “na sila ay makakaunawa” - BDB 106, KB 122, *Qal* GANAP

Ang Israel ay walang kakayahan sa tamang pag-iisip!

32:30 Pansinin ang pagkahelira ng talata 30 c at d:

1. “kanilang Bato at ibinenta sila” - BDB 569, KB 581, *Qal* GANAP, cf. Hukom 2:14; 3:8; 4:2; 10:7; Awit 44:10; Isaias 50:1
2. “ang Panginoon ay isinuka na sila” - BDB 688, KB 742, *Hiphil* GANAP

Ang pagkatalo ng Israel ay posibleng dahil sa banal na Mandirigma (banal na labana) ay iniwan sila dahil sa tipanang pagsuway. Ang mga talata 32-33 ay pinahabang metapora ng alak na sumisimbolo ng taga-Canaan na pagsamba. Ito ay nakamamatay (i.e., lason, mapait, kamandag)!

TALATA SA NASB (BINAGO): 32:34-43

³⁴"Di ba ito'y natatago sa Akin,

Na natatatakan sa Aking mga kayamanan?

³⁵Ang panghihiganti ay akin, at gayon din ang gantingpala,

Sa panahon na madudulas ang kanilang mga paa;

Sapagka't ang araw ng kanilang pagdadalita ay nalalapit,

At ang mga bagay na darating sa kanila ay mangagmamadali.'

³⁶Sapagka't hahatulan ng Panginoon ang Kaniyang bayan,

At magsisisi dahil sa Kaniyang mga lingkod,

Pagka Kaniyang nakitang ang *kanilang* kapangyarihan ay nawala,

At wala ng *natitira* na natatakpan o naiwan.

³⁷At Kaniyang sasabihin, 'Saan nandoon ang kanilang

mga Diyos, Ang bato na siya nilang pinanganlungan?

³⁸Yaong mga kumakain ng taba ng kanilang mga hain,

At umiinom ng alak ng kanilang inuming handog?

Bumangon sila at tumulong sa inyo,

At sila'y maging pagkukup sa inyo!

³⁹Tingnan ninyo ngayon, na Ako,

sa makatuwid baga'y Ako nga,

At walang Diyos sa Akin;

Ako'y pumapatay, at Ako'y bumubuhay.

Ako'y ang sumusugat, at Ako'y ang nagpapagaling,

At walang makaliligtas sa Aking kamay.

⁴⁰Sapagka't aking itinataas ang aking kamay sa langit,

At aking sinasabi, Buhay ako magpakailan man,

⁴¹Kung aking ihahasa ang aking makintab na tabak,

At ang Aking kamay ay hahawak ng kahatulan,

Aking ibibigay ang Aking panghihiganti sa Aking mga kaaway,

At Aking gagantihan yaong nangapopoot sa Akin.

⁴²At Aking lalanguin ng dugo ang aking tunod,

At ang Aking tabak ay sasakmal ng laman,

Sa dugo ng patay at ng mga bihag,

Mula sa ulo ng mga pangulo ng kaaway.'

⁴³Mangagalak kayo, O mga bansa, na *kasama* ng kaniyang bayan;

Sapagka't ipanghihiganti ang dugo ng Kaniyang mga

lingkod, At manghihiganti sa Kaniyang mga kaalit,

At patatawarin ang Kaniyang lupain, ang Kaniyang bayan."

32:34 Ito ay tila sa akin sa konteksto na ang v. 34 ay maiuugnay sa vv. 32-33. Ito rin ay posibleng tumutukoy sa v. 35 (isang sipi mula kay YHWH [i.e., vv. 34-35] gaya ng vv. 39-42). Ang as malakaing konteksto ay si YHWH ay magtatambak ng paghahatol sa Israel upang mga bansa ay hindi makuha ang maling mensahe. Si YHWH ay hahatulan sila at papawalang sala ang Kanyang bayan. Hindi isinaad kung ang Israel ay nagsisi o ang eternal na pagtutubos na mga layunin ni YHWH ay dapat na hayaang magliwanag sa kasaysayan. Isang mapanghimagsik na tipanang bayan ay mas mababang kasamaan sa dalawang mga kasamaan (i.e., ang sumasamba sa diyus-diyosan na mga bansa). Ang Mesyas ay darating at ang Israel ay mananatiling sumusuway sa tipan!

Ang talatang ito ay may dalawang *Qal* BALINTIYAK NA PANDIWARI:

1. itinabing impok - BDB 485, KB 481 (matatagpuan lamang dito)
2. sinelyuhan - BDB 367, KB 364, cf. Job 14:17

32:35 Ang unang linya talatang ito ay sinipi sa NT sa Roma 12:19 at Hebreo 10:30. Ang terminong

“panghihigante” (BDB 668) ay binanggit rin sa vv. 41 at 43. Ito ay madalas na ginamit ni Isaias at Jeremias:

1. laban sa Israel - Isaias 59:17
2. laban sa kaaway ng Israel - Isaias 34:8; 35:4; 61:2; 63:4; Jeremias 46:10; 50:15,18; 51:6,11

Ang terminong “paghihigante” (BDB 1024) ay matatagpuan rin sa Isaias 59:18 (dalawang beses) sa konteksto kung saan si YHWH ay papanumbalikin ang makasalanang Israel (i.e., Zion).

▣ **“Sa panahon na madudulas ang kanilang mga paa”** Ang PANDIWA (BDB 556, KB 555, *Qal* DI-GANAP) na ito ay maaring tumukoy sa:

1. isang personal na pagbagsak sa kaguluhan - si David sa Awit 38:17
2. isang banal na paghahatol - Isaias 24:19
3. isang banal na pangako ng pagpapanumbalik - Awit 94:18; Isaias 54:10

Ang mga tao ay nabubuwal at ang kalikasan ay nasisira (cf. Isaias 24:19), ang Diyos ay kapwa na papanumbalikin (cf. Roma 8:18-25).

▣ Ang huling dalawang mga linya ng panulaan sa v. 35 ay nagsasabi ng mabilis at siguradong pagdating ng katarungan ng Diyos:

1. araw ng kalamidad (BDB 15) ay nalalapit (BDB 898)
2. ang nababalam na mga bagay ay naapura sa kanila (BDB 301 I, KB 300, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI)

32:36 Sa awit na ito ng babala at prediksyon ng pagsuway ng Israel ay nagresulta ng banal na paghahatol, mayroon rin pangako ng kapatawaran at pagpapanumbalik ni YHWH.

1. Ang Panginoon ay ipaghihigante ang Kanyang bayan - BDB 192, KB 220, *Qal* DI-GANAP, cf. Awit 135:14
2. Ang Panginoon ay magkakaroon ng habag sa Kanyang mga tagapaglingkod - BDB 636, KB 688, *Hithpael* DI-GANAP ang Diyos ay hahatulan ang Kanyang bayan (Awit 7:8; 96:10), ngunit sa pagsasagawa nito ay itinatag sila!

32:37-38 Si YHWH ay nilibak ang taga-Canaang idolatrya (cf. Jeremias 2:27-28; 11:12-13). Tinawag Niya ang kanilang mga diyos na umakto para sa kanila (v. 38):

1. Hayaan na sila ay bumangon - BDB 877, KB 1086, *Qal* DI-GANAP ginamit bilang isang JUSSIVE
2. Hayaan na sila ay tumulong - BDB 740, KB 810, *Qal* DI-GANAP ginamit bilang isang JUSSIVE
3. Hayaan na sila ay inyong maging kanlungan - BDB 224, KB 243, *Qal* JUSSIVE (ang terminong ito [BDB 340, KB 337, *Qal* GANAP] ay laging ginamit sa pagkuha kay YHWH bilang kublihan. Siya at Siya lamang ang ligtas na lugar)

32:39-40 Si YHWH ay itinatag ang Kanyang natatangi (monoteismo). Pansinin ang gamit ng antitetikal na pararelismo:

1. Tignan - BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
2. Ako ay Siya - cf. Exodo 3:13-14 (YHWH)
3. Walang ibang Diyos sa tabi Ko - cf. 4:35,39; 33:26; Exodo 8:10; 9:14; Isaias 44:6,8; 45:7
4. Ako ang naglalagay ng kamatayan o nagbibigay ng buhay - cf. I Samuel 2:6; II Hari 5:7 (pansinin rin ang Roma 9)
5. Ako ang sumusugat, at Ako rin nagpapagaling - cf. Job 5:18; Isaias 45:7; Hosea 6:1; Amos 3:6 (madalas sa OT lahat ay ipinaratang kay Diyos bilang isang paraan upang ipahayag ang katotohanan ng monoteismo)
6. Walang makakapagtakas sa Aking mga kamay - cf. Awit 50:22; Isaias 43:13; Daniel 4:35

Sa v. 40 si YHWH (ang walang hanggang nabubuhay, tanging nabubuhay na Diyos) ay gumawa ng sumpa sa pamamagitan ng Kanyang sariling karakter! Ang pag-aangat ng kamay na ito (BDB 669, KB

724, *Qal* DI-GANAP) ay maaring kasalungat sa mga bansa (i.e., pagtataas ng kanilang mga kamay bilang isang tanda ng tagumpay laban sa Israel) sa v. 27. Si YHWH ay itinataas ang Kanyang kamay upang manumpa ng isang pangako (cf. Ezekiel 20:5-6).

32:41-43 Si YHWH ay inilalarawan ang Kanyang mga aksyon ng katarunga laban sa mga taong sumasamba sa diyus-diyosan (vv. 41-42). Sa v. 43 pinaninindigan Niya ang Kanyang pagsunod sa pangako sa Israel.

Si Pablo ay gumagamit ng unang linya ng v. 43 sa Roma 15:10 at nagsasaad na ito at nagpapakita na si YHWH ay nagmamahal at isininasama ang mga Hentil. Si Pablo, sa Romans 15, ay sinipi rin ang Awit 18:49 o II Samuel 22:5; Awit 117:1 at Isaias 11:10; 42:4 (cf. Mateo 12:21) upang isaad ang kaparehong katotohanan.

Si YHWH ay maluwag ang kalooban na patawarin ang Israel batay sa Kanyang karakter at mga pangako, hindi sa kanilang mga aksyon. Ito, sa esensya, ay ang bagong tipan ng Jeremias 31:31-34 at Ezekiel 36:22-38. Ang pag-asa ng tao ay sa sukdulang sa di-nagbabagong karakter ng isang mapagbiyang Diyos kung saan ang imahe at wangis sila ay nilalang!

32:43 “magalak” Ang PANDIWA (BDB 943, KB 1247) ito ay isang *Qal* PAUTOS. Ito ay sigaw ng kagalakan, cf. Job 38:7; Isaias 12:6; 24:14; 44:23; 49:13; 54:1; Jeremias 31:7.

▣ Mayroong isang pariralang idinagdag dito ng Septuagint na sinipi ng may-akda ng NT na aklat ng Hebreo (na gumamit ng Septuagint) sa 1:6.

▣ Pansinin kung paano ang mga PANGHALIP sa vv. 34-43 ay nagbago mula sa unang panauhan tungo sa ikatlong panauhan. Ito ay literal na pagkakaiba-iba, hindi magkaibang mga may-akda. Si YHWH ay nagsasalita.

TALATA SA NASB (BINAGO): 32:44-47

⁴⁴At si Moises ay naparoon at sinalita ang lahat ng mga salita ng awit na ito sa pakinig ng bayan, siya, at si Josue na anak ni Nun. ⁴⁵At tinapos ni Moises na salitain ang lahat ng mga salitang ito sa buong Israel, ⁴⁶At kaniyang sinabi sa kanila, "Ilagak ninyo ang inyong puso sa lahat ng mga salita na aking pinatotohanan sa inyo sa araw na ito, na inyong iutos sa inyong mga anak upang isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito. ⁴⁷Sapagka't ito'y hindi hamak na bagay sa inyo; sapagka't inyong kabuhayan, at sa bagay na ito ay inyong palalaunin ang inyong ipinagtatawid ng Jordan upang ariin."

32:44 “Josue” Ang mga pangalang Josue and Hesus ay batay sa dalawang kaparehong mga Hebreong salita, “YHWH” at “kaligtasan” (isang PANDIWA ang dapat na itustos).

Si Josue ay ipinosisyon sa kasama ni Moses sa harap ng mga tao upang kompirmahin at itatag ang kanyang tungkuling pamumuno.

32:46 “Ilagak ninyo ang inyong puso” Ang PANDIWA (BDB 962, KB 1321) na ito ay isang *Qal* PAUTOS. Ang kaparehong idyoma ay maaring makita sa Ezekiel 44:5. Ang Israel ay may isang pagpili, isang naturuang pagpili batay sa nakalipas na mga aksyon at kasalukuyang mga pangako ni YHWH (cf. 4:26; 30:19; 31:28), ngunit dapat siyang pumili ngayon! Para sa “Puso” Tignan Natatanging Paksa sa 2:30.

▣ **“inyong iutos sa inyong mga anak”** Ito ay isang pagbibigay diin sa edukasyonal na responsibilidad ng mga magulang (cf. v. 32:7).

32:47 “hindi hamak na bagay sa inyo; sapagka't inyong kabuhayan” Ito ang konsepto ng salita ng Diyos bilang isang nagsasariling kapangyarihan kapag binigkas (cf. Duetronomio 8:3; Awit 33:6,9; Isaias 55:11). Ang salitang ito (mga kasulatan ni Moses) ay makakapagdala ng buhay at kalusugan (cf. 30:20) o kamatayan at pagkawasak (cf. 30:19). Ang pagsunod ay ang nagpapatuloy na susi sa bisa nito!

TALATA SA NASB (BINAGO): 32:48-52

⁴⁸At sinalita ng Panginoon kay Moises nang araw ding yaon, na sinasabi, ⁴⁹“Sumampa ka sa bundok na ito ng Abarim, sa bundok ng Nebo na nasa lupain ng Moab, na nasa tapat ng Jerico; at masdan mo ang lupain ng Canaan, na aking ibinibigay sa mga anak ni Israel, na pinakaari. ⁵⁰At mamatay ka sa bundok na iyong sinasampa, at malakip ka sa iyong bayan, gaya ni Aaron na iyong kapatid na namatay sa bundok ng Hor, at nalakip sa kaniyang baya, ⁵¹Sapagka't kayo'y sumalansang laban sa akin sa gitna ng mga anak ni Israel sa tubig ng Meriba ng Cades, sa ilang ng Zin; sapagka't hindi ninyo ako inaring banal sa gitna ng mga anak ni Israel. ⁵²Sapagka't iyong matatanaw ang lupain sa harap mo; nguni't doo'y hindi ka makapapasok, sa lupain na aking ibinibigay sa mga anak ni Israel.

32:49-50 Ang dalawang mga talatang ito ay may ilang mga PAUTOS:

1. “sumampa,” v. 49 - BDB 748, KB 828, *Qal* PAUTOS
2. “masdan,” v. 40 - BDB 906, KB 1157, *Qal* PAUTOS
3. “mamatay,” v. 50 - BDB 559, KB 562, *Qal* PAUTOS
4. “malakip” - BDB 62, KB 74, *Niphal* PAUTOS

Ang huling mga aksyon ni Moses ay isinulat ng Diyos na nagmahal sa kanya, gumamit sa kanya, at ginawang responsable siya sa kanyang mga aksyon!

32:49 “Abarim” Ito ang mga bulubunduking mga saklaw (cf. Bilang 27:12-14).

▣ **“Bundok Nebo”** Ito ang pinakamataas na tuktok ng bulubunduking saklaw. Posibleng ang tuktok na ito ay napakalapit sa hilagang bahagi ng Dead Sea sa tapat ng Jericho sa baligtad na bahagi ng Jordan Valley.

32:50 “At mamatay ka sa bundok” Ang implikasyon ng talata ay magkakaroon ng katapusan ang buhay sa mundo ni Moses (cf. v. 34), ngunit siya ay patuloy na mabubuhay kasama ng kanyang pamilya at mga kababayan na naunang mga namatay.

▣ **“Bundok Hor”** Ang kamatayan at burol ni Aaron ay unang naitala sa Bilang 20:22-29; 33:38-39. Gayunpaman, ang Duetronomio 10:6 ay nagsasabi na siya ay namatay at siya ay nailibing sa Moseroth (cf. Bilang 33:30-31). *Hard Sayings of the Bible*, p. 166, ay nagsasabi na ang Moserah ay ang pangalan ng lugar at ang Bundok Hor ang pangalan ng partikular na bundok.

32:51 “Sapagka't kayo'y sumalansang laban sa Akin” (cf. Bilang 20; 27:14; Duetronomio 1:37; 3:23-27). Ito ay kahilera sa “sapagkat hindi mo Ako itinuring na banal.” Ang bukas at halatang pagsunod ni Moses sa harap ng lahat ng tao sa Bilang 20 at muli sa Bilang 27, ay nagdulot sa kanya ng pampublikong paghatol ng Diyos at hindi pinahintulatang makapasok sa Lupang Pangako.

32:52 Ito ay higit pang pinahaba sa kabanata 34.

DEUTRONOMIO 33

MGA BAHAGING TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|--|---|--|
| Ang Huling Pagpapala ni Moses sa Israel 33:1-5 | Ang Pagpapala ni Moses 33:1-29 (vv. 1-5) | Pinagpala ni Moses ang mga Tribu ng Israel 33:1-5 (vv. 2-5) | Ang mga Tribu 33:1-29 (v. 1) (v. 2) (v. 3) (v. 4-6) |
| :6-7 | (vv. 6-7) | 33:6 33:7 | (v. 7) |
| 33:8-11 | (vv. 8-11) | 33:8-11 | (vv. 8-11) |
| 33:12 | (v. 12) | 33:12 | (v. 12) |
| 33:13-17 | (vv. 13-17) | 33:13-17 | (vv. 13-17) |
| 33:18-19 | (vv. 18-19) | 33:18-19 | (vv. 18-19) |
| 33:20-21 | (vv. 20-21) | 33:20-21 | (vv. 20-21) |
| 33:22 | (v. 22) | 33:22 | (v. 22) |
| 33:23 | (v. 23) | 33:23 | (v. 23) |
| 33:24-29 | (vv. 24-25) (vv. 26-29) | 33:24-29 (vv. 24-25) (vv. 26-29) | (vv. 24-25) (vv. 26-29) |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbp.

MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO

- A. Ang kabanata ito ay napakapareho sa 49. Kapwa nagpapakita ng sinaunang Hudiyong tradisyon ng isang Patriyarkal na pagpapala sa mga anak (i.e., si Jacob sa kanyang mga anak sa Genesis 49). Dito si Moses ay isang pangalawang ama ng mga tribu ng sa mga tribu ng Israel at nagpapahayag ng pampamilyang pagpapala at nagbababala sa bawat isa.
- B. Ang awit ng kabanata 32, ng mga matinding mga babala nito, ay dapat na samahan ng pagpapala ng kabanata 33 upang makita ang buong tagubilin ng salita ni YHWH!
- C. Ang tula na ito ay tila pumutol sa pagpapatuloy sa pagitan ng 32:48-52 at kabanata 34. Bakit ito ay isiningit dito, kailan at kung sino, ay hindi masasagot. Ito ay ipinagpalagay na isang inspiradong patulang pagpapala na may koneksyon kay Moses.

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:1-5

- ¹ At ito ang basbas na ibinasbas ni Moises, tao ng Diyos, sa mga anak ni Israel bago siya namatay.
- ² At kaniyang sinabi, "Ang Panginoo'y nanggaling sa Sinai, At bumangon mula sa Seir na patungo sa kanila; Siya'y lumiwanag mula sa bundok ng Paran, At siya'y nanggaling sa laksa-laksa ng mga banal; Sa kaniyang kanan, ay may hawak na isang mahigpit na kautusan sa kanila.
- ³ Oo't kaniyang iniibig ang bayan; Lahat ng kaniyang mga banal ay nasa iyong kamay, At sila'y umupo sa Iyong paanan; Na bawa't isa'y tatanggap ng Iyong mga salita.
- ⁴ Si Moises ay nagutos sa atin ng isang kautusan, Na mana sa kapisanan ng Jacob.
- ⁵ At siya'y hari sa Jeshurun, ang magkatipon ang mga pangulo ng bayan, angpu ng lahat ng mga lipi ni Israel."

33:1 “ang basbas. . . ibinasbas” Ang PANDIWA (BDB 138, KB 159, *Piel* GANAP) at ang PANGALAN ay lumitaw sa v. 1.

NATATANGING PAKSA: PAGPAPALA

Mayroong ilang mga uri ng pagpapala (BDB 139) sa OT. Ang dalawang pinaka karaniwan ay:

1. pagpapala ng Diyos:
 - a. sa lahat ng mga bansa sa pamamagitan ng Abraham (at ang mga Patriyarka), Genesis 12:3; 27:29; cf. Gawa 3:25; Galacia 3:8
 - b. isang kondisyon sa pagsisipi, Exodo 32:29; Joel 2:12-14
 - c. kondisyon sa pagsunod sa tipan, Levitico 25:18-21
 - d. isang nararapat na relasyon sa Diyos ay nagdadala ng kasaganaan (i.e., ang mga sumpa laban sa mga pagpapala), Deuteronio 11:26,27,29; 23:5; 28:2,8; 30:1,19; Josue 8:34; Awit 133:3; Kawikaan 10:22
 - e. sa masunuring Israel, Deuteronio 12:15; 16:17; 32:23; Isaias 44:3; Ezekiel 34:25-31; Malakias 3:10-12

- f. sa mga Levitikong mga saserdote, Ezekiel 44:28-31; Malakias 3:10-12
 - g. kay David at sa makaMesyas na lahi, II Samuel 7:29; Awit 3:8; 21:3; 118:26 (cf. Mateo 21:9; 23:39; Marcos 11:9; Lucas 13:35; 19:38; Juan 12:13)
 - h. sa isa na isinugo ng Diyos, Awit 118:26; 129:8
2. ang pagpapala ng mga magulang:
- a. Isaac pinagpala si Jacob (sa pamamagitan ng panlalansi), Genesis 27:12,18-29,35
 - b. Jacob, Genesis 49:3-27,28-29
 - c. Moses (pangalawang magulang), Deutronomio 33:1-25

Ang salita ng Diyos, at para sa bagay na iyan, ang pagbibigkas ng mga pagpapala ng mga Patriyarka, naging isang nagsasarili, pansariling pagdidirektang kapangyarihan upang matupad ang layunin nito, Isaias 55:11; 45:23; Mateo 24:35 (5:17-19); Marcos 13:31; Lucas 21:33. Ang kapangyarihan ng binigkas na salita ay makikita sa:

- 1. nilikha (i.e., “sinabi Niya. . .”)
- 2. ang Mesyas ay tinawag na “salita,” Juan 1:1,14; I Juan 1:1; Pahayag 19:13

Ang dakilang pagpapala ng Diyos ay ang Kanyang sarili mismo! Kanyang personal na presensya sa atin, para sa atin!

▣ **“tao ng Diyos”** Ang pariralang ito (BDB 35 BANGHAY 43) ay ginamit upang ilarawan ang mga propeta (cf. Josue 14:6; I Samuel 2:27; 9:6-7; I Hari 9:6; 12:22; 13:1,30; II Hari 1:9-13; 5:8; 23:17; Jeremias 35:4).

33:2 Ito ay naglalarawan ng isang nagpapahayag na hitsura ni YHWH sa Israel (i.e., teopanya). Ang kamangha-manghang engkwentro sa pagitan ng banal at mga tao ay nakakagimbal (cf. Exodus 19; Awit 50:2-3). Ang presensya ni YHWH ay ipinagpatuloy sa anyo ng espesyal na ulap (i.e., Shekinah ulap ng kaluwalhatian). Si YHWH ay dumating at nanatili sa Kanyang bayan mula sa Bundok Bundok Sinai/Horeb hanggang sa sila ay nakatawid sa Jordan maging doon, ang Kanyang espesyal na presensya ay nasa Arko, sa ibabaw ng ga pakpak ng querubin.

Halata mula sa talatang ito na su YHWH ay nakita bilang kasama sa mga bundok (cf. I Hari 20:23,28).

- 1. Moriah (Genesis 22:2; II Cronico 3:1, lugar ng templo)
- 2. Bundok Sinai/Horeb (Exodo 19-20)
- 3. Bundok Seir (dito ay, Hukom 5:4)
- 4. Bundok Paran (here, Hab. 3:3)
- 5. Ebal/Gerizim (27:4; Josue 8:30-33)
- 6. Tabor (Hukom 4:4; 5:5)
- 7. Carmel (I Hari 18:20-39; II Hari 4:25-27)
- 8. Perazim (II Samuel 5:20; Isaias 28:21)
- 9. Bundok Zion (Isaias 2:1-4; Micah 4:1-4; Awit 68:16, pangalan para sa Jerusalem)
- 10. Bundok Nebo (Deutronomio 34, kay Moses lamang)

▣ **“Sinai”** Ito ay lugar sa pagbibigay ng Kautusan. Ito ay tinawag lamang na Sinai (BDB 696) dito sa Deutronomio. Ito ay madalas na tinawag na Horeb (BDB 352). Tignan Natatanging Paksa: Ang Lokasyon ng Bundok Sinai at 1:2.

▣ **“Seir”** Ang pangalan na ito (BDB 973) ay may ilang magkaibang mga pantukoy sa OT:

- 1. Ito ay maaring tumutukoy sa lupain ng Edom - Genesis 32:3; 36:30; Bilang 24:18; Deutronomio 1:44; 2:8,12,22,29; 33:1; Josue 11:17; Hukom 5:4.
- 2. Ito ay maaring tumutukoy sa isang bundok/burol sa Edom - Genesis 36:8-9; Deutronomio 1:2; 2:14; Josue 24:4.

3. Ito ay maaring tumutukoy sa isang bayan - Genesis 36:20-30; II Cronico 25:11,14; Ezekiel 25:8 (of Edom)
4. Ito ay maaring tumutukoy sa isang bunok/burol sa Judah - Josue 15:10(?).

▣ **“Bundok Paran”** Ito ang bulubunduking hanay (BDB 803) malapit sa mga kapatagan ng Moab (cf. 1:1) sa kanlurang bahagi ng Arabah, pababab sa kanlurang bahagi ng Golpo ng Aqaba.

Marahil ito listahan ng paglalakbay ng mga anak ng Israel habang iniwan nila ang Sinai patungo sa Lupang Pangako (maarin rin na isang ilang, cf. Bilang 10:12; 12:16; 13:3,26). Ang Diyos ay nagsasabi na Siya ay nakasama nila sa buong paglalagalag at Siya ay kasama parin nila.

▣
NASB “sa kalagitnan ng sampung libong mga banal”
NKJV “nanggaling sa laksa-laksa ng mga banal:”
NRSV “di-mabilang na mga banal”
TEV “sampung libong mga anghel ay kasama nila”
NJB -----

Ang MT dito ay may “Ribebboth-Kodesh.” Ang Deutronomio 32:51 ay isinasalin ang kaparehong mga patinig bilang ang “Meribah- Kadesh. Ito ay maaring tumutukoy sa (1) isang lugar na pangalan o (2) “mga anghel” (cf. Daniel 7:10; Pahayag 5:11) o “mga banal” (cf. v. 3; 7:6; 14:2; 26:19; 28:9). Ang mga rabi ay ginamit ito bilang teksto upang isaad ang namamagitan tungkulin ng mga anghel (cf. Gawa 7:53; Galacia 3:19; Hebreo 2:2).

▣
NASB “nagliliwanag na kidlat”
NKJV “mahigpit na kautusan”
NRSV “isang ositya na sarili niya”
TEV “isang umaalab na apoy”
NJB “lumiliyab ng pasulong”

Sa literal ito ay “umaalab na kautusan” (BDB 77 at 206). Gayunpaman, sa konteksto ito ay tumutukoy sa paparating na maluwalhating kaningningan ng kaluwalhatian ni YHWH (cf. Isaias 60:1-3).

33:3 “Kaniyang iniibig ang bayan” Ang PANDIWA (BDB 285, KB 284, *Qal* PANDIWARI) ay tila nagpapakita sa 4:37; 7:7-8; 10:15.

Ang LAYON “bayan” ay PANGMARAMIHAN at tumutukoy sa mga inapu ng mga Patriyarka.

▣
NASB “Lahat ng Kanyang mga banal ay nasa Iyong kamay”
NKJV “Lahat ng kaniyang mga banal ay nasa iyong kamay”
NRSV “Lahat ng kanyang mga banal ay nasa iyong pag-aalaga”
TEV “pinprotektahan yaong nasa kanya”
NJB “Iyong mga banal ay lahat nasa iyong kautusan”

Ang termino “ang mga banal” (BDB 481 BANGHAY 872) ay tumutukoy sa tipanang bayan . Ito ay maaring maisaln bilang “mga banal” (e.g., 7:6; 14:2,21; “banal na bayan”).

▣
NASB “sumunod”
NKJV “umupo”
NRSV “nagmartsa”
TEV “yumuko”
NJB “tumumba”

Sa literal ito ay “humiga sa” (BDB 1067, KB 1730, *Pual* GANAP, hindi kinagawiang PANDIWA dito lamang). Ito rin ay maaring tumutukoy sa posisyon ng isang mag-aaral (i.e., yumukod ng mababa, cf. TEV, umupo sa iyong paanan, cf. NET Bible). “Sila” ay tumutukoy sa bayan ng Israel.

▣ **“bawa't isa'y tatanggap ng Iyong mga salita.”** Ito ay tumutukoy sa pagbibigay ng kautusan sa Bundok Sinai/Horeb sa Exodus 20 at sa mga sumusunod. Alam ng bayan ng Diyos ang kalooban at kautusan ng Diyos. Ang tipanang bayan ay mayroong espesyal na responsibilidad na maipakita ang karakter ng Diyos.

Lahat sila ay nanindigan ng kanilang bukal sa kalooban na pagsunod sa kautusan ng Diyos.

33:4 “Si Moises ay nagutos sa atin ng isang kautusan” Ito ay tila nagkokompirma ng ideya sa naunang mga talata na ang reperensiya sa v. 3 ay sa isang pangalang lugar at ang mga talatang ito ay tumatalakay sa bayan ng Diyos, hindi sa mga anghel.

▣ **“Na mana sa kapisanan ng Jacob”** Ang terminong “pag-aari” (BDB 440) ay tumutukoy sa isang pamana (BDB 439). Ito ay unang ginamit sa tribu ng Israel (Jacob, BDB 784) sa Exodo 6:8 at binanggit ng madalas sa Ezekiel (cf. 11:15; 33:24; 36:2,3,5).

Ang termino “kapisanan” (BDB 875) ay nangangahulugang “kongregasyon” (cf. kaparehong ugat sa 23:2,3,4,8; 31:30). Dahil sa pararelismo sa v. 4, ang partikular na pagkakagamit na ito ng “pag-aari” ay maaring isang metapora para sa tipan (i.e., kautusan). Ang bayan ng Diyos ay nagmamay-ari ng isang kapahayagan at gayun din ng isang lupain!

33:5 “Siya'y hari” Ito ay maaring pantukoy kay YHWH bilang Hari (BDB 572 I, cf. Exodo 15:18; Bilang 23:21; 24:7; I Samuel 8:4-9).

▣ Ang huling dalawang mga linya na kahilera “mga pinuno ng bayan” at “ang tribu ng Israel.” Ito ay tumutukoy sa pagpapasinaya ng tipan sa bagong bayan ng Diyos sa Bundok Sinai/Horeb (cf. Exodus 19-20).

▣ **“Jeshurun”** Ito ang literal na “ang isang matuwid” (BDB 449) at tumutukoy sa Israel (cf. v. 26; 32:15; Isaias 44:2). Tignan Natatanging Paksa sa 1:1.

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:6

“Mabuhay nawa ang Ruben, at huwag mamatay; Gayon ma'y kumaunti nawa ang kaniyang mga tao.”

33:6 “Mabuhay nawa ang Ruben, at huwag mamatay” Talata 6 ay may tatlong mga *Qal* JUSSIVE na mga anyo:

1. mabuhay - BDB 310, KB 309
2. mamatay - BDB 559, KB 562 (pina-negatibo)
3. maging - BDB 224, KB 243 (pina-negatibo)

Si Reuben ay ang panganay ni Jacob, subalit siya ay nagkasala laban sa kanyang ama (cf. Genesis 35:22) at nawala ang kanyang pagiging higit sa lahat (cf. Genesis 49:3-4).

▣

| | |
|------|--|
| NASB | “Gayon ma'y kumaunti nawa ang kaniyang mga tao” |
| NKJV | “ <i>gayon man</i> maging malaya nawa ang kanyang mga tao” |
| NRSV | “bagamat ang kanyang bilang ay kakaunti” |
| TEV | “bagamat ang kanilang tao ay kakaunti” |
| NJB | “bagamat ang kanyang lalake ay kakaunit” |

Ang negatibo sa v. 6a ay maaring hindi umayon sa ikalawa “mabuhay.” Kung magkagayun, ito ay bahagi ng pagkawala ng pagiging higit sa lahat (cf. TEV, NJB). Ang pariralang ito ay madalas na nangahulugang “hindi napakaraming mga lalake” (cf. Genesis 34:30; Deutronomio 4:27; Awit 105:12; Jeremias 44:28).

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:7

⁷At ito ang basbas sa Juda; at kaniyang sinabi, Dinggin mo, Panginoon, ang tinig ng Juda, At padatnin mo sa kaniyang bayan: Sukat na sa kaniya ang kaniyang mga kamay; At ikaw ay maging tulong laban sa kaniyang mga kaalit.”

33:7 “Dinggin” Ang PANDIWA (BDB 1033), KB 1570, *Qal* PAUTOS) na ito ay madalas na ginamit sa Deutronomio, ngunit madalas si YHWH (o Moses) ang nagsasalita sa Israel.

▣ **“O Panginoon”** Tignan Natatanging Paksa: Ang mga Pangalan ng Pagkadiyos sa 1:3.

▣ **“ang tinig ng Juda”** Sa konteksto si Moses ay humihingi kay YHWH na pakinggan ang panalangin ng Judah (i.e., ang panalangin ng tribu ng Judah). Wala sa pagpapala ni Moses ang nagpapakita ng espesyal na lugar ng Judah bilang isang maharlikang tribu, napakaebidensya sa pagpapala ni Jacob sa Genesis 49:8-12.

Ang katotohanan na ang tribu ni Simeon ay hindi binanggit ay nagdulot sa ilan na iugnay ang propesiya na ito sa isang mas kalaunang periyod nang si Simeon ay isinama sa Judah (cf. Josue 19:1-9; Hukom 1:3-4). Ang nakalaan kay Simeon ay ang timog-kanluran ng Judah, na karatig sa limang mga bayan ng Philistine.



NASB “Sa kanyang mga kamay ay nakipaglaban siya para sa kanila”
NKJV “Sukat na sa kaniya ang kaniyang mga kamay”
RSV “pinalakas niya ang kanyang mga kamay para sa kanya”
TEV “Lumaban ka para sa kanila, Panginoon”
NJB “na ang kanyang mga kamay ay idipensa ang kanyang mga karapatan”

Ang Hebreong pariralang ito ay di-tiyak. Ito ay maaring tumutukoy sa Judah na nagdedepensa sa kanyang sarili laban sa mga kaaway, na maaring magturo tungo sa paghahati ng nagkakaisang monarkiya noong 922 B.C. tungo sa Judah at Israel (tanging haka-haka).

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:8-11

**⁸At tungkol sa Levi ay kaniyang sinabi,
" Ang Iyong Thummim at ang Iyong Urim ay sumaiyong banal,
na siyang Iyong sinubok sa Massa,
Na Siya Mong kinatunggali sa tubig ng Meriba;
⁹Na siyang nagsabi tungkol sa kaniyang
ama, at tungkol sa kaniyang ina,
'Hindi ko siya nakita';
Ni kinilala niya ang kaniyang mga kapatid,
Ni kinilala niya ang kaniyang sariling mga anak,
Sapagka't kanilang sinunod ang Iyong salita,
At ginaganap ang iyong tipan.
¹⁰Sila'y magtuturo sa Jacob ng Iyong mga kahatulan,
At ng Iyong mga kautusan, sa Israel.
Sila'y maglalagay ng kamangyan sa harap Mo,
At ng buong handog na susunugin sa ibabaw ng iyong dambana.
¹¹Basbasan Mo, Panginoon, ang kaniyang tinatangkilik,**

**At tanggapin mo ang gawa ng kaniyang mga kamay;
Saktan Mo ang mga balakang niyaong nagsisibangon laban sa kaniya
At niyaong nangapopoot sa kaniya, upang sila'y huwag bumangon uli."**

33:8-11 Sa Qumran na panitikan, ang mga balumbon na natagpuan sa mga kuweba ng hilagang-kanluran ng Dead Sea, Deutronomio 18:18 at Bilang 24:15-17, na tiyak na Makamesyas na mga propesiya ay idinugtong sa pasahe na ito. Inisip nila na ang Mesya ay may kaugnayan sa mga Levita (cf. Awit 110:4-7; Zacarias 3-4).

Ang pagpapala na ito ay naglalaman hindi lamang ang nakalipas na matapat na gawa ni Aaron (cf. Awit 106:16), ngunit kay Moses rin (cf. huling dalawang mga linya ng v. 8 at Exodo 17:1-7).

33:8 “Ang Iyong Thummim at ang Iyong Urim” Ang dalawang mga bagay na ito (BDB 1070 at 22) kung saan (1) isang mekanikal na paraan (i.e., lots) o (2) isang nakikitang liwanag na nagsasaad ng isang propesiya na makilala ang kalooban ni YHWH. Tila sila ay itinabi ng Punong Saserdote sa isang lalagyan sa likod ng kalasag (cf. Exodo 28:30; Levitico 8:8; I Samuel 14:37-42; 23:9-12). Ang eksaktong ano at nasaan sila at paano sila gumagana ay tuluyang nawala (cf. NIDOTTE, vol. 1, pp. 329-331).

▣ **“Sumaiyong banal”** Ito ay maaring tumutukoy kay Aaron o Moses o sa mga inapu ng Punong Saserdote, ngunit ang makasaysayang reperesiya na binanggit ay tumutukoy kay Moses.

▣ **“Massah. . . Meribah”** Basahin Exodo 17:7. Gayunpaman, ang rebelyon sa lokasyon na ito ay hindi binanggit si Levi o ang mga saserdoteng sa anumang paraan. Ang eksaktong koneksyon ay di-tiyak.

▣ Tila siYHWH ay sinubukan ang parehong Israel at kanyang pamumuno sa panahon ng paglalagalag sa ilang na periyod upang makita kung sila ay tunay na nagtiwala sa Kanya at sa Kanyang pag-aaruga at paggagabay (cf. Exodo 17:7).

1. sinubukan - BDB 650, KB 702, *Piel* GANAP
2. nagsumikap/nakipaglaban - BDB 936, KB 1224, *Qal* DI-GANAP

Pansinin na si YHWH ay regular na nagsusubok (BDB 650) sa mga motibo at pagtupad sa pangakp ng yaong nag-aangkin na kilala at nagtiwala sa Kanya:

1. Abraham - Genesis 22
2. Israel - Exodo 15:25; 16:4; 20:20; Deutronomio 8:2,16; 13:3 Hukom 2:22; 3:1,4
3. Moses - Deutronomio 33:8
4. Hezekiah - II Cronico 32:31
5. Si Hesus ay sinubok rin - Mateo 4; Lucas 4

Ang kaparehong salita na ito ay ginami ng madalas para sa mga tao “pagsubok” Diyos, na laging nakikita sa isang negatibong liwanag!

33:9 Ito ay tumutukoy sa pasahe sa Exodus 32, kung saan ang Israel ay naging kasangkot sa idolatrya sa paggagawa at pagsasamba (i.e., sekswal na orgy) ng ginintuang guya. Sa puntong ito si Moses ay nag-utos sa mga tapat na mga Levita na (kanyang sariling tribu) na patayin ang marami sa kanilang kapwa Israelita ng paghuhukom (cf. 32:25-29).

Sa aksyon na ito, maging laban sa kanilang sariling pamilya, na kanilang pinarangalan para sa:

1. kanilang sinunod ang Kanyang salita - BDB 1036, KB 1581, *Qal* GANAP, cf. 29:9
2. kanilang pinanatili ang Kanyang tipan - BDB 665, KB 718, *Qal* IMGANAP, cf. Awit 25:10; 78:7; 119:2,22, 33,34,56,69,100,115,129,145

33:10 “magtuturo. . . maglalagay ng kamangyan. . . At ng buong handog na susunugin” Ang mga anito ang mga tungkulin ng mga saserdoteng Levita:

1. pagtuturo - BDB 434, KB 436, *Hiphil* DI-GANAP, cf. 31:9-13, na may kasamang paghahatol, cf. 17:9-10

2. mga tungkulin sa tabernakulo/templo

33:11 Ang maikling talata na ito ay may apat na mga PANDIWA at dalawang mga PANDIWARI:

1. “magpala” - BDB 138, KB 159, *Piel* PAUTOS, cf. vv. 1,13,20,24; 28:3(dalawang beses),4,5,6(dalawang beses),8,12,19; 30:16. Ito ang nais ni YHWH na gustong gawin!
2. “tanggapin” - BDB 953, KB 1280, *Qal* DI-GAP. Ito ay isang sakripisyal na termino, cf. Levitico 1:4; 7:18; 19:7; 22:23,25,27, na maari ring mangahulugan na “mag-aliw,” Levitico 26:34 (dalawang beses)
3. “madurog” - BDB 563, KB 571, *Qal* PAUTOS, ginamit kay YHWH sa 32:29, dito ay para sa kanyang mga kaaway (cf. #4, #5, at #6)
4. “yaong mga nagsipag-aklas” - BDB 877, KB 1086, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI, ginamit sa kaaway
 - a. sa Diyos, Exodo 15:7
 - b. sa Israel, Exodo 32:25; Awit 109:28
 - c. sa kapitbahay ng isa, Deutronomio 19:11
5. “yaong mga galit sa kanya” - BDB 971, KB 1338, *Piel* PANDIWARI, madalas sa Awit para sa mga kaaway, cf. 18:40; 44:7,10; 55:12; 68:1; 89:23
6. “bumangon muli” (pinanegatibo) - kaparehong ugat sa #4, ngunit dito ay isang *Qal* DI-GANAP. Ito ay maaring tumutukoy sa ibang mga Israelita na umaatake sa pamumuno ninaMoses at Aaron sa panahon ng paglalagalag sa ilang na periyod.



NASB, NKJV

NRSV “Basbasan mo, ang kaniyang tinatangkilik”

TEV “tulungan ang kanilang tribu na mas lumakas”

NJB “basabasan mo ang kanyang pinahahalagahan”

Ang terminong ito (BDB 298) ay may ilang mga konotasyon:

1. ang pangunahing kahulugan nito ay “kakayahan” o “kapangyarihan”
2. “lakas”
3. “abilidad,” “kalinangan”
4. “kahalagahan”
5. “mga katuparan”
6. “mga pag-aari”

█ **“Saktan mo ang mga balakang”** Sa literal ito ay “baliin ang balakang” (i.e., ang pinakamalaking kalamnan sa katawan ginamit bilang isang simbolo para sa buong tao). Ito ay isang Hebreong metapora para gawin ang isang tao na walang lakas. Posible rin na ito ay may konotasyon na pigilin ang pagpaparami nito, magkagayon, mawalan ng panghinaharap na henerasyon.

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:12

¹² **Tungkol sa Benjamin, ay kaniyang sinabi,,
"Ang minamahal ng Panginoon ay tatahang ligtas sa siping
Niya, Siya'y kakanlungan Niya buong araw,
At siya'y mananahan sa pagitan ng Kaniyang mga balikat."**

33:12 “12 Tungkol sa Benjamin. . . minamahal ng Panginoon” Siya (BDB 122) ay maaring tawagin na minamahal ng Panginoon sapagkat siya ay paborito ng kanyang ama, Jacob (cf. Genesis 44:20).

█ **“tatahang ligtas sa siping Niya”** Ang PANDIWA (BDB 1014, KB 1496, ay isang *Qal* DI-GANAP, ngunit sa JUSSIVE na pakahulugan, cf. v. 12 [dalawang beses],16,20,28; Exodo 25:8; 29:45,46). Si YHWH ay ang kanyang malapit na kasama sa v. 12.



NASB “na sumasangga sa kanya buong araw”
NKJV “Siya’y kakanlungan Niya buong araw”
NRSV “na pumapalibot sa kanya sa buong araw”
TEV “Binabantayan Niya sila sa buong maghapon”
NJB “na nagprotektta sa kanya bawat araw”

Ang PANDIWA (BDB 342, KB 339, *Qal* AKTIBONG PANDIWARI) ay ginamit lamang dito at maaring mangahulugan na “palibutan ” o “paligiran ng” o “balutan ng.”



NASB, NKJV “mamahinga sa pagitan ng kaniyang mga balikat”
NRSV “mananahan sa pagitan ng kaniyang mga balikat.”
TEV “siya ay nanahan sa kanilang kalagitnaan”
NJB “nananahan sa pagitan ng kanyang mga burol”

Ito ay isang metapora para sa (1) isang lugar ng kapayapaan at seguridad (vv. 20,28) o (2) pamumuhay sa isang nilukubang lugar (i.e., Shiloh, Bethel, o Jerusalem [isang suhestyon ni S. R. Driver]).

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:13-17

¹³At tungkol sa Jose ay kaniyang sinabi,
 "Pagpalain nawa ng Panginoon ang kaniyang lupain,
 Sa mga mahalagang bagay ng langit, sa hamog,
 At sa kalaliman na nasa ilalim niya,
¹⁴At sa mga mahalagang bagay na pinatubo ng araw,
 At sa mga mahalagang bagay na pinatubo ng buwan.
¹⁵At sa pinakamarikit na mga bagay ng matandang bundok,
 At sa mga mahalagang bagay ng mga burol na walang hanggan,
¹⁶At sa mga mahalagang bagay ng lupa at ng kapunuan niyaon,
 At ang mabuting kalooban Niyaong tumahan sa mababang punong kahoy.
 Sumaulo nawa ni Jose ang kapalaran,
 At sa tuktok ng ulo niya na hiwalay sa kaniyang mga kapatid.
¹⁷Ang panganay ng kaniyang baka, na may kamahalan,
 At ang mga sungay niyaon ay parang mga sungay ng mabangis na toro;
 Siya niyang ipantutulak sa mga bayan,
 lahat sa kanila, kahit na nasa mga hangganan ng lupa.
 At sila ang libolibo ng Ephraim,
 At sila ang libolibo ng Manases."

33:13-17 Ang pinakamahaba sa mga pagpapala, maliban sa para kay Levi, ay dumaloy hanggang sa mga anak ni Jose, Ephraim at Manasseh (cf. v. 17, kanyang dalawang mga anak sa Ehipto). Ang mga ito ay ang pinakamakapangyarihan sa tagahilagang mga tribu.

Sa vv. 13-16b si Moses ay inisa-isa ang mga agrikultural na mga pagpapala sa dalawang mga tribu na ito. Sa v. 16 c at d ang kalagaya ni Jose sa Ehipto ay kinilala. Sa v. 17 ang kapangyarihan ng dalawang mga tribu ito ay ipinakilala sa mga hayup na mga metapora.

33:13 Ang talatang ito ay tumutukoy sa kasaganaan ng kahalumigmigan mula sa mga hamog at sa ilalim na mga pinagmumulan (cf. Genesis 49:25). Ang tubig ay nangangahulugan ng agrikultural na kasaganaan!

33:15 “At sa pinakamarikit na mga bagay ng matandang bundok... ng mga burol na walang hanggan” Ito ay maaring tumutukoy sa mga puno, kapwa para sa pagkain at pagpapatayo.

33:16 “At ang mabuting kalooban Niyaong tumahan sa mababang punong kahoy” Ito ay maaring tumutukoy na nagaapo na palumpong (cf. Exodo 3:2-4). Ang salitang ito para sa palumpongis (BDB 702) ay ginamit lamang ng limang beses sa OT, apat sa mga ito ay sa Exodo 3:2-4.



NASB “At sa tuktok ng ulo ng isa sa kinikilala sa kanyang mga kapatid”

NKJV “At sa tuktok ng ulo niya na hiwalay sa kaniyang mga kapatid”

NRSV “on the brow of the prince among his brothers”

TEV “sapagkat siya ang kinikilala sa kanyang mga kapatid”

NJB “sa kilay ng mga inilaan ay isa sa kanyang mga kapatid”

Ito ay nagpapakita sa pagpapala ni Jacob sa Genesis 49:26. Ang pamumuno at pagiging higit sa lahat ni Jose ay nagpapatuloy sa mga inapu ng kanyang mga anak na lalake.

33:17 “At ang mga sungay niyaon ay parang mga sungay ng mabangis na toro” Sa Hebreo ang salitang “sungay”(BDB 901) ay isang simbolo ng kapangyarihan.

■ “nasa mga hangganan ng lupa” Ito ay isang BANGHAY of BDB 67 at 75. Ito ay may labis na makapangyarihang teolohikal na kahalagahan.

1. kaibahan ni YHWH (at samakatuwid ay monoteismo)
 - a. Isaias 45:6,14; 46:9; 47:8,10
 - b. Zephania 2:15
2. ang kapangyarihan at kaluwalhatian ni YHWH
 - a. Kawikaan 30:4
 - b. marami sa mga yaon ay sa ilalim ng #3
3. ang pagpapahaba sa pagsamba kay YHWH at pamumuno sa lahat ng daigdig
 - a. Deutronomio 33:17
 - b. I Samuel 2:10
 - c. Awit 22:25-31; 59:13; 67:1-7; 98:2-9
 - d. Isaias 45:22; 52:10
 - e. Jeremias 16:19
4. Makamesyas
 - a. I Samuel 2:10
 - b. Awit 2:8
 - c. Micah 5:4-5

■ “laksa-laksa ng Ephraim. . . ang libolibo ng Manases” Ang pariralang ito ay nagpapakita ng pagiging una ni Ephraim sa laki at kapangyarihan. Tignan Natatanging Paksa: Libo sa 1:15.

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:18-19

¹⁸At tungkol sa Zabulon ay kaniyang sinabi,

" Magalak ka, Zabulon, sa iyong paglabas,
At ikaw, Issachar, sa iyong mga tolda.

¹⁹Kanilang tatawagin ang mga bayan sa bundok;

Doo'y maghahandog sila ng mga hain ng katuwiran;

Sapagka't kanilang hihititin ang mga kasaganaan ng mga
dagat, At ang natatagong kayamanan sa buhanginan."

33:18 “sa Zebulun. . .at Issachar” Ang dalawang mga tribu na ito ay nakalista rin ng magkasama sa Genesis 49:13-15.

▣ **“magalak”** Ang PANDIWA (BDB 970, KB 1333, *Qal* PAUTOS) na ito ay ginamit sa pakahulugan na “mag-alihw sa mabuti, ligtas na masaganang buhay.”

▣ **“paglabas”** Ito ay (BDB 422, KB 425, *Qal* BALINTIYAK BANGHAY) tila ginamit sa pakahulugan ng isang malayang buhay (cf. 28:6,19; 31:2).

▣ **“sa iyong mga tolda”** Ito ay (BDB 13) tumutukoy sa kanilang tahanan sa panahon ng paglalagalag sa ilang na periyod, ngunit naging isang metapora para sa bahay ng isang tao. Ang dalawang mga magkahilerang mga linyang ito ay nagpapahiwatig ng isang masaya, maayos na buhay.

33:19 Ang pararelismo sa pagitan ng “bundok” (BDB 249) at “maghandog ng matuwid na mga sakripisyo” (cf. Awit 4:5; 51:19) ay nagpapahiwatig ng isang pagsambang tagpuan (cf. Exodo 15:17).

Ang kasunod na nagbibigay kahulugan na katanungan ay, ang ikawalang kasunod na dalawang mga linya ng panulaan ay nagpatuloy ba sa kaisipang ito o nagbago sa isa na namang paksa? Ang pagkasangkot ni Zebulun sa dagat ay binanggit sa Genesis 49:13.

▣ **“mga kasaganaan ng mga dagat, At ang natatagong kayamanan sa buhanginan”** Ang dalawang mga linyang ito ay magkahilera. Sila ay kapwa mga LAYON ng isang PANDIWA, “sipsipin” o “palabasin” (BDB 413, KB 416, *Qal* DI-GANAP). Ito ay isang metapora para sa kasaganaan (cf. 32:13).

1. Ang isang una ay tumutukoy sa:
 - a. pagkain (i.e., mga sakripisyo o mabuting pamumuhay)
 - b. mga kalakal (i.e., koral, kabibi, mga espongha)
2. Ang ikalawa ay binubuo ng dalawang *Qal* BALINTIYAK NA MGA PANDIWARI:
 - a. “balutan,” ngunit tanging dito ito ay nangahulugang “itabi” o “ipunin” (BDB 706)
 - b. “itago” (BDB 380)

Sila ay tila tumutukoy sa mga barkong pangkalakal (cf. Genesis 49:13-14).

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:20-21

²⁰At tungkol sa Gad, ay kaniyang sinabi,
"Pagpalain yaong magpalaki sa Gad;
Siya'y tumatahan parang isang leona,
At dudurog ng bisig, sangpu ng bao ng ulo..

²¹At kaniyang inagap ang unang bahagi para sa kaniya,
Sapagka't doon natago ang bahagi ng gumagawa ng kautusan;
At siya'y pumaroong kasama ng mga pangulo ng bayan;
Kaniyang isinagawa ang katuwiran ng Panginoon,
At ang kaniyang mga kahatulan sa Israel."

33:20 “Pagpalain yaong magpalaki sa Gad” Ito ay tila isang reperensiya kay YHWH.

▣ **“Siya'y tumatahan parang isang leona”** Ang salita “leona” (BDB 522, cf. Genesis 49:9; Bilang 24:9; Job 4:11). Ang leona ay siyang naghahanap at nagtutustos ng pagkain para sa lalakeng leon at mga anak. Si Gad ay tinukoy bilang isang leona. Ang tribu ni Gad ay pinagpala dahil sa kanilang katapatan sa labanan (cf. Genesis 49:19).

33:21 Ang talatang ito ay isang paglalaro kay Gad o sa isang matapang na mandirigma (sa metapora ng isang leon). Pinili niya ang bahagi ng lupain sa silanganing bahagi ng Jordan upang mamana, ngunit siya at ang mga Reubenita at kalahating-tribu ni Manasseh ay ang unang hukbong grupo na pumunta sa labanan sa Lupang Pangako (cf. Josue 4:12-13; 22:1-3).

▣ “Sapagka't doon natago ang bahagi ng gumagawa ng kautusan” Ang Hebreong kahulugan ay hindi tiyak!

▣ “siya'y pumaroong kasama ng mga pangulo ng bayan” Ito ay maaring tumutukoy sa tatlong mga tribung ito na nanghihingi kay Moses at sa mga matatanda ng permiso na manirahan sa silanganing bahagi ng Jordan.

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:22

²² At tungkol sa Dan ay kaniyang sinabi,
" ng Dan ay anak ng leon,
Na lumukso mula sa Basan."

33:22 “ng Dan ay anak ng leon, Na lumukso mula sa Basan” Ang pagbanggit kay Dan ay parang konektado kay Bashan (cf. 1:4; 3:1,3,4,10,11,13,14) ay nakakabigla. Sa orihinal ang tribu ni Dan na inalaan ng guguling lupa ay sa mga timog-kanluran (i.e., ang lugar ng Felisteo) at sa kalaunan silay ay lumipat sa malayong hilaga (cf. Hukom 18). Ito marahil ay isang propesiya na konektado walang karapatang relokasyon.

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:23

²³ At tungkol sa Nephtali ay kaniyang sinabi,
"Oh Nephtali, busog ng lingap,
At puspos ng pagpapala ng Panginoon,
Ariin mo ang kalunuran at ang timugan."

33:23 “Ariin mo ang kalunuran at ang timugan” Ang PANDIWA (BDB 439, KB 441, *Qal* PAUTOS) ay ginamit ng ilang beses sa Deutronomio para sa Israel na ariin ang lupain (cf. 1:8,21,39; 2:24,31; 9:23; 11:31; 17:14; 26:1). Ito ay nagpapahiwatig ng pagkuha ng puwersahan at pagsesegurado nito bilang isang permanenteng pamana.

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:24-25

²⁴ At tungkol sa Aser ay kaniyang sinabi,
"Pagpalain nawa sa mga anak ang Aser;
Mahalin nawa siya ng kaniyang mga kapatid,
At ilubog ang kaniyang paa sa langis.
²⁵ Ang iyong mga halang ay magiging bakal at tanso,
At kung paano ang iyong mga kaarawan ay magkagayon nawa ang iyong lakas.."

33:24 “At tungkol sa Aser ay kaniyang sinabi‘Pagpalain nawa sa mga anak ang Aser; Mahalin nawa siya ng kaniyang mga kapatid” Ang PANDIWA (BDB 224, KB 243, “maging”) ay isang *Qal* JUSSIVE. Ito ay nagpapakita ng paggana ng Hebreong isipan. Sa isang Hudyo, ang anak na lalake ay ang pinakadakilang posibleng pagpapala.

Ang mga rabi ay ininterpret ang talatang ito upang mangahulugan na ang labis na kagandahan ng mga anak na babae ni Asher ay mas na hinangad kays sa mga anak na lalake. Ang kahulugan ay hindi tiyak.

▣ “At ilubog ang kaniyang paa sa langis” Ang lokasyon ng Asher, sa hilagang baybayin, ang pinamainanm na lugar para sa mga olibo. Ang pariralang ito ay posibleng tumutukoy sa akto ng pagtuntong sa langis upang lumabas sa mga olibo sa pamamagitan ng paa.

33:25 “Ang iyong mga halang ay magiging bakal at tanso” Ang Hebreong ugat para sa “halang” (BDB 653) o “rehas” (BDB 653) ay maari rin maisalin na “sapatos” (BDB 653). Ang anyong ginamit dito ay

matatagpuan lamang dito. Dahil sa heograpikal na posisyon ng Asher, sa pangunahing daanang ruta mula sa Fertile Crescent pababa sa Ehipto, kung ang Asher ay babagsak, ang buong lupain ay babagsak (mula sa isang katimugang pananalakay). Siya ay itinuturing na pintuan at halang sa Lupang Pangako.



NASB "At kung paano ang iyong mga kaarawan ay magkagayon nawa ang iyong lakas"
NKJV, NJB "kanlungan"
NRSV "Napasuko Niya ang mga sinaunang mga diyos"
TEV "ipagtanggol"

Ang nagbibigay kahulugan na katanungan ay ang ang kahulugan ng PANGALAN (BDB 179)?

1. lakas (i.e., malakas na buhay)
2. seguridad (i.e., walang pananalakay)

TALATA SA NASB (BINAGO): 33:26-29

²⁶"Walang gaya ng Diyos, Oh Jeshurun,
Na sumasakay sa langit dahil sa pagtulong sa iyo,
At sa himpapawid dahil sa Kaniyang karangalan.
²⁷Ang walang hanggang Diyos ay iyong dakong tahanan,
At sa ibaba'y ang walang hanggang mga bisig;
At kaniyang itinutulak sa harap mo ang kaaway,
At sinabi, 'Lansagin mo!'
²⁸At ang Israel ay tumatahang tiwala,
Ang bukal ng Jacob na nagiisa,
Sa isang lupain ng trigo at alak;
Oo't, ang kaniyang mga langit ay nagbababa ng hamog.
²⁹Maginhawa ka, Oh Israel;
Sino ang gaya mo, bayang iniligtas ng Panginoon,
Ng kalasag na iyong tulong
At siyang tabak ng iyong karangalan!
At ang iyong mga kaaway ay susuko sa iyo,
At ikaw ay tutungtong sa kanilang mga matataas na dako."

33:26-29 Ang mga talatang ito ay transisyong seksyon n nagpupuri sa kaibahan at kapangyarihan ni YHWH! Ang Jeshurun ay ginamit bilang designasyon para sa Israel (cf. 32:15). Ang mga talatang ito (i.e., v. 26 linya b & c; v. 28 linya c & d; v. 29: linya f) ay gumagamit ng mga parirala na karaniwang tumukoy sa pagkamayabong na diyos, na si *Ba'al*, nagpapahiwatig na lahat ng mga bagay na sinabi patungkol kay *Ba'al* ay hindi totoo patungkol sa kanya, ngunit totoo para kay YHWH. Si YHWH ay ang tanging Diyos.

33:26 "Walang gaya ng Diyos" Tignan puna sa 4:35.

33:27 "Ang walang hanggang Diyos" *Elohim* ay madalas na sinasamahan ng mga katangian:

1. ang eternal na *Elohim*, dito
2. ang walang katapusang *Elohim*, Isaias 28
3. ang tunay na *Elohim*, II Cronico 15:3; Isaias 65:16
4. ang *Elohim* ng lahat ng laman, Jeremias 32:27 (kahawig sa Bilang 16:22; 27:16)
5. ang *Elohim* ng langit heaven, Genesis 24:3,7; II Cronico 36:33; Ezra 1:2; Nehemias 1:4,5; 2:4,20
6. isang *Elohim* na laging nandiyan hand (o laging malapit), Jeremias 23:23
7. *Elohim* ng aking (o ating) kaligtasan, Awit 18:46; 24:5; 25:5; 27:9; 65:5; 79:9; 85:4; Isaias 17:10
8. *Elohim* ng aking katuwiran, Awit 4:1

9. *Elohim* na aking muog, II Samuel 22:3; Awit 18:2
10. *Elohim* na aking kutang tanggulan, Awit 43:2
11. *Elohim* na aking papuri, Awit 109:1 (Ang talang ito ay mula sa BDB p. 44, #4, b.)



NASB “dakong tahanan”
NKJV “ang paunten ni Jacob lamang”
NRSV “ang di-magambalang tahanan ni Jacob”
TEV -----
NJB “ang pinagbubukalan ni Jacob ay piniling lubos”

Ang terminong ito (BDB 733) ay maaring tumutukoy sa isang pugad ng hayop (cf. Job 37:8; 38:40; Amos 3:4) o isang metaporikal para sa kublihang inaalok ng Diyos para sa Kanyang bayan (tanging dito lang). Isang kahawig na konsepto ay matatagpuan sa Awit 71:3; 91:9.



“sa ibaba'y ang walang hanggang mga bisig” Ito ay isang metapora para sa:

1. pakikipaglaban ni YHWH para sa kanila (cf. linya c, v. 29)
2. walang katapusang pag-aaruga at atensyon ni YHWH

Si YHWH ay ang Diyos na umaaksyon! Posibleng ito ay alusyon sa Genesis 49:24 (mga linya b & c).



“**Lasagin**” Ang PANDIWA (BDB 1029, KB 1552, *Hiphil* PAUTOS) na ito ay nangahulugang “na puksain.” Ito ay bahagi ng terminolohiya ng “banal na labanan,” cf. 1:27; 2:22; 6:15; 9:20; Josue 7:12; 9:24. Kung ang Israel ay masunurin sa tipan Siya ang makikipaglaban para sa Kanila, ngunit kung hindi, Siya ang lalaban sa kanila!

Ang mga Israelita ay inaasahan na maghanda para sa labanan at kunin ang lugar laban sa kanilang mga kaaway, ngunit si YHWH ang nagpapanalo sa labanan!

33:28

NASB “ang bukal ni Jacob ay nakatago”
NKJV “Ang bukal ng Jacob na nag-iisa”
NRSV “di-magambala ay ang pinanahanan ni Jacob”
TEV -----
NJB “ang pinagbubukalan ni Jacob ay piniling lubos”

“Bukal” (BDB 745 II) ay nangahulugang “balon” at tumutukoy sa mga inapu. Ang terminong “liblib” (BDB 94, “nag-iisa”) ay isang metapora para sa seguridad.

33:29 Ang talatang ito ay gumagamit ng “banal na labana” na terminolohiya upang ilarawan ang pagpapalaya ni YHWH mula sa Ehipto, mula sa desyeerto, at mula sa mga taga-Canaan!

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit hindi maaring makapasok si Moses sa Lupang Pangako?
2. Bakit mayroong napakaraming mga salin ng 33:2-3?
3. Bakit si Simeon ay hindi nakalista sa mga pagpapala?
4. Mayroong bang Makamesyas na reperensiya sa mga pagpapalang ito?

DEUTRONOMIO 34

MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|--|----------------------------------|----------------------------------|--|
| Si Moses ay Namatay sa Bundok Nebo 34:1-8 | Ang Kamatayan ni Moses 34:1-8 | Ang Kamatayan ni Moses 34:1-8 | Ang Kamatayan ni Moses 34:1-4 34:5-9 |
| 34:9-12 | 34:9 34:10-12 | 34:9 34:10-12 | 34:10-12 |

IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tignan pahina vii)

PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. Atbp.

PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

TALATA SA NASB (BINAGO): 34:1-8

¹At sumampa si Moises mula sa mga kapatagan ng Moab sa bundok ng Nebo, sa taluktok ng Pisga, na nasa tapat ng Jerico. At itinuro ng Panginoon ang buong lupain ng Galaad hanggang sa Dan, ²At ang buong Nephtali at ang lupain ng Ephraim at ng Manases, at ang buong lupain ng Juda hanggang sa dagat kalunuran, ³At ang Timugan at ang Kapatagan ng libis ng Jerico na bayan ng mga puno ng palma hanggang sa Soar. ⁴At sinabi ng Panginoon sa kaniya, "to ang lupain na aking isinumpa kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob, na sinasabi, 'Aking ibibigay sa iyong binhi: aking pinatingnan sa iyo ng iyong mga mata, nguni't hindi ka daraan doon.'" ⁵Sa gayo'y si Moises na lingkod ng Panginoon ay namatay roon sa lupain ng Moab ayon sa salita ng Panginoon. ⁶At kaniyang inilibing siya sa libis sa lupain ng Moab na nasa tapat ng Beth-peor; nguni't sinomang tao ay hindi nakaaalam ng libingan niya hanggang sa araw na ito. ⁷At si Moises ay may isang daan at dalawang pung taong gulang nang siya'y mamatay: ang kaniyang mata'y hindi lumabo, ni ang kaniyang talagang lakas ay humina. ⁸At iniyakan ng mga anak ni Israel si Moises sa mga kapatagan ng Moab, na tatlong pung araw: sa gayon, natapos ang mga araw ng pagtangis sa pagluluksa kay Moisesnd.

34:1 “sa mga kapatagan ng Moab” Ito ang heograpikal na tagpuan ng konklusyon ng Bilang (cf. 36:13), at ang kabuuang aklat ng Deutronomio (cf. 4:44-49). Ito ay nasa silanganing bahagi ng Jordan, mismong katapat mula Jericho (cf. v. 1).

▣ **“sa bundok ng Nebo, sa taluktok ng Pisga”** Ang kaparehong bundok na ito ay binanggit sa Deutronomio (cf. 3:17). Ito ang Hebreong termino para sa “gulod” o “katayugan” (BDB 612 I). Ito ay tila ang Bundok Nebo at Pisgah (BDB 820 “siwang”) tumutukoy sa pinakaparehong tuktok ng bundok. Ang Diyos ay natatanging pinili ang lokasyon na ito upang matupad ang Kanyang salita kay Moses na Kanyang ipapakita ang Lupang Pangako bagamat si Moses ay hindi makapasok dito. Sa kalaunan, sa 5, ang Bundok Nebo ay magiging lugar para sa kamatayan ni Moses. At saka, ang Hudiyong tradisyon ay nagsasabi na si Jeremias ay itinago ang Arko ng tipan sa mga bulubunduking ito.

▣ **“at itinuro ng Panginoon ang buong lupain”** Mayroong ilang mga pasahe na nagtala ng kasalanan ni Moses na siyang naging dahilan upang hindi siya makapasok sa Lupang Pangako (cf. Deutronomio 3:23-28; 32:48-52 at Bilang 27:12-14). Si Moses ay gumawa ng ilang mga panalangin at kahilingan sa Diyos patungkol dito, subalit siya ay hindi pinahintulutan na makapasok sa Lupang Pangako. Bagamat ang kasalanan ay laging dumaraan at ito ay may konsekuwensiya, ang pagiging mapagbiyaya ng Diyos ay nakita sa pamamagitan ng pagpapahintulot kay Moses na makita ang Lupang Pangako bagamat hindi siya makapasok dito.

34:2 “hanggang sa dagat kanluran,” Ito ay tumutukoy sa Mediterranean Sea (cf. 11:24). Ang terminong “kanluranin” ay literal na “ang lugar sa likod ng” (BDB 30).

34:3 “ang Negev” Ito ang Hebreo salita para sa “timog na bansa” (BDB 616) at ito ay tumutukoy sa hindi pa natitirhang desyertong lupain sa timog ng Beersheba.

▣ **“ang Kapatagan”** Ito ay tumutukoy sa depresyon na kilala bilang ang Rift Valley kung saan makikita ang Dead Sea. Ang Jericho ay nasa hilagang-kanluran at ang Zoar ay nasa timog-kanluran.

▣ **“Jericho, na bayan ng mga puno ng palma”** Ang Jericho ay kilala bilang ang bayan ng palma (cf. Hukom 1:16) at isa sa pinakamatandang siyudad sa bahaging ito ng mundo. Ito ay nasa tapat ng Jordan River mula sa lugar kung saan ang Israel ay nagkampo.

▣ **“Zoar”** Ang salita ay (BDB 858) ay nangahulgang walang halaga (cf. Genesis 19:20-22).

34:4 “Ito ang lupain na Aking isinumpa kay Abraham, kay Isaac, at kay Jacob” Ito ang katuparan ng pangako ng Diyos na itinala sa Genesis 12:7; 26:3; 28:13. Ang pangako kay Abraham ay naglalaman ng parehong lupain at binhi. Ang OT ay nagbibigay diin sa lupain at mga anak habang ang NT ay nagbibigay diin sa espesyal na anak (cf. Isaias 7-12). Ang sinaunang pangako na ito ay inulit ng madalas. Narito ang ilang mga halimbawa: Exodo 33:1; Bilang 14:23; 32:11; Deutronomio 1:8; 6:10; 9:5; 30:20.

▣ **“Aking pinatingnan sa iyo ng iyong mga mata, nguni’t hindi ka daraan doon”** Tila ang kasalanan ng hayagang paghampas sa bato sa halip na pagsasalita nito ay ang kasalanan kung saan si Moses ay hinatulan. Ang mga tao ay nakasaksi ng garapal na pagsuway ni Moses.

34:5 “Sa gayo’y si Moises na lingkod ng Panginoon” Ang terminong “lingkod ng Panginoon” ay isang nakararangal na titulong ibinigay kay Moses. Ito ay ibinigay kay Josue pagkatapos ng kanyang kamatayan. Ito ay ipinatong rin kay Haring King David. Ito sa kalaunan ay tumutukoy sa pagdating ng Mesyas (cf. ang Lingkod na mga Awitin ng Isaias 40-56). Ito marahil ang pinanggalingan ng NT

makaPablong parirala na, “alipin ng Diyos.” Ang konsepto ng OT tagapaglingkod ay lubhang napakahalaga. Sa OT ang eleksyon o paglilingkod ay tuparin ang layunin Diyos, hindi talaga sa kaligtasan. Si Cyrus ay tinawag na “pinahiran ng Diyos” (cf. Isaias 45:1) at Assyria ay tinawag na “ang tngkod ng Kanyang galit” (cf. Isaias 10:5). Ang malulupit na bansang ito at paganong hari ay tugma sa plano ng Diyos ngunit hindi espiritwal na kaugnay sa Kanya. Ang mga terminong “eleksyon” at “pinili” ay may espiritwal na konotasyon lamang sa NT.

▣ **“ay namatay roon sa lupain ng Moab ayon sa salita ng Panginoon”** Ang literal na Hebreo dito ay “sa pamamagitan ng bibig ng Panginoon,” (BDB 804), na tila isang metapora para sa salita ng Diyos (cf. Genesis 41:40; 45:21; Exodo 17:1; 38:21; Bilang 3:16,39).

Gayunpaman, ang mga rabi ay nagsabi na ito ang “halik ng Diyos.” Sinasabi nila na ang Diyos ay hinalikan si Moses sa bibig at kinuha ang kanyang hininga. Ito ay napakapareho sa ating kultural na idyoma na “ang halik ng kamatayan.” Kung magkagayon, ito ay napakagandang tala ng balanse sa pagitan ng katarungan at awa ng Diyos sa buhay ni Moses.

34:6 “At Kaniyang inilibing siya sa libis sa lupain ng Moab” Ang “Siya” ay nagpapahiwatig na ang Diyos Mismo. Ito ay higit na kagaya ng sa Genesis 7:16, kung saan ang Diyos ay isinara ang pintuan ng arko. Isang dahilan para sa paglilibing ng Diyos kay Moses mismo ng Kanyang sarili ay dahil ang Diyos ay kinuha lahat ng mga sinaunang mga lugar at mga artipakto na maaring sambahin sa halip na Siya. Pansinin na si Moses ay hindi inilibing sa Bundok Nebo mismo ngunit sa ibaba sa may lambak. Ang kakaibang NT pasahe sa Jude 9 ay may kinalaman sa talang ito, ngunit kung paano ito ay walang kinalaman ay hindi malinaw. Ang Jude 9 ay tila nagsipi ng dagdag-kanonikal na aklat kilala bilang ang The Assumption of Moses. Ang eksaktong layunin para sa demonyo na hingin ang katawan ni Moses ay walang katiyakan.

▣ **“nguni’t sinomang tao ay hindi nakaaalam ng libingan niya hanggang sa araw na ito”** Ito ay halatang gawa ng kalaunang patnugot. Marami ang nagsasabi na si Moses ay hindi maaring naisulat ang huling kabanata na ito na may kinalaman sa kanyang kamatayan. Si Rashi ay nagsasabi na si Josue ang nagsulat patungkol sa kamatayan ni Moses, habang si IV Esdras ay nagsasabi na si Moses ang nagsulat sa kanyang sariling kamatayan. Ako ay naniniwala sa Mosaik na pagkamay-akda ng Torah, ngunit hindi ito nag-aalis sa ilang mga patnugutang mga komento na gaya nito na lumilitaw paminsan minsan. Ang pagkakapareho ng Hebreo sa pagitan ng Pentateuch at ang aklat ng Josue ay tila nagpapahiwatig na si Josue ay mayroon ngang bahagi sa mga ala-alang mga kasulatan ni Moses. Gayunpaman, ang mahalagang lugar ng Ezra sa rabinikal na Judaismo bilang patnugot ng kabuuang OT ay isa ring posibilidad.

34:7 “At si Moises ay may isang daan at dalawang pung taong gulang nang siya’y mamatay” Ang isandaan at dalampung taong pagitan ay nahubog sa sermon ni Stephen sa Gawa 7:23ff tungo sa isang tatluhang bahagi ng apatnapung taon bawat isa: (1) apatnapung taon sa edukasyonal na sistema sa Ehipto; (2) apatnapung taon sa pinaka desyerto kung saan ay kalaunang mangunguna sa mga anak ng Israel; at (3) apatnapung taon sa paglalagalag sa ilang na periyod. D. L. Moody ay nagsabi, “Sa loob ng 40 mga taon si Moses ay inakala na siya ay sino na. Sa 40 na mga taon siya ay nag-akala na siya ay balewala. Sa 40 mga taon natagpuan niya kung ano ang magagawa ng Diyos sa isang balewala.”

34:7 “ang kaniyang mata’y hindi lumabo, ni ang kaniyang talagang lakas ay humina” Ito ay tila tumutukoy sa kalusugan ni Moses, habang Deuteronio 31:2 ay tila isang dahilan ibingay kay Moses kung bakit siya ay hindi makakapasok sa Lupang Pangako (na siya ay lubhang mahina at matanda). Hindi ito isang pagsasalungat, ngunit isang mas higit na pagtatangka ni Moses bigyan paliwanag ang kanyang kasalanan sa pamamagitan ng alinmang sa pagsisisi sa mga tao o sa kanyang edad o sa iba pang mga sanhi.

34:8 “At iniyakan ng mga anak ni Israel si Moises. . . na tatlong pung araw” Ito ay maaring isang lunar na siklo. Ang kaparehong sukat na ito ng oras ay ibinigay sa nagluluksang si Aaron (cf. Bilang 20:29). Lahat sa henerasyon na nagrebelde sa ilang ay namatay doon maliban kina Josue at Caleb.

TALATA SA NASB (BINAGO): 334:9-12

⁹At si Josue na anak ni Nun ay napuspos ng diwa ng karunungan: sapagka't ipinatong ni Moises ang kaniyang mga kamay sa kaniya; at dininig siya ng mga anak ni Israel, at ginawa nila ang gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises. ¹⁰At wala pang bumangong propeta sa Israel na gaya ni Moises, na kilala ng Panginoon sa mukhaan, ¹¹Sa lahat ng mga tanda at mga kababalaghan na iniutos ng Panginoon gawin sa lupain ng Egipto kay Faraon at sa lahat ng kaniyang mga lingkod, at sa kaniyang buong lupain, ¹²At sa buong makapangyarihang kamay at sa buong dakilang kakilabutan, na ginawa ni Moises sa paningin ng buong Israel.

34:9 “At si Josue na anak ni Nun” Ang pangalang Josue ay nangahulugang “YHWH ay nagliligtas” (BDB 221). Ito ay napakapareho sa pangalang “Jesus” (cf. Mateo 1:21). Ito ay binubuo ng Hebreong salita, “Hosea,” na ibig sabihin ay “kaligtasan” at isang daglat ng Tipan na pangalan para sa Diyos na ikinabit sa unahan.

▣ **“ay napuspos ng diwa ng karunungan”** Ang konseptong ito ng “mapuspos” (BDB 569, KB 583, *Qal GANAP*) ay dapat ikumpara sa Bilang 27:18 at isang kaparehong konseptong ginamit ng mga artisans sa Exodo 28:3. Halatang ang Espiritu ng Diyos ay kasangkot sa mga buhay ng tao sa OT gaya rin ng sa NT.

▣ **“karunungan”** Ito ay tila (BDB 315) tumutukoy sa abilidad ni Josue na gabayan ang mga tao sa labanan at ipamahala ang katarungan. Si Josue ay hindi mula sa tribu ng mga Levi at, samakatuwid, hindi maaring anumang paraan ay maging isang saserdote, ngunit siya ay pinagkaloobang pinuno.

▣ **“sapagka't ipinatong ni Moises ang kaniyang mga kamay sa kaniya”** Ang konseptong ito ng pagpapatong ng mga kamay ay napakahalaga sa OT. Nakikita natin ang pinaka aktong ito sa Bilang 27:22-23; punahin rin ang Deuteronomio 31:1-8. Ito ay parang may kaugnayan sa pagpapatong ng mga kamay sa sakrapiyong biktima kung saan ay naililipat ang kasalanan dito. Sa ilang mga paraan ang pamumuno ni Moses ay naisalin kay Josue.

NATATANGING PAKSA: : PAGPAPATONG NG KAMAY SA BIBLIYA

Ang pagkilos na ito na isang personal na pagsangkot ay ginamit sa ilang mga paraan sa Bibliya.

1. pagpasa ng pamunuan sa pamilya (cf. Genesis 48:18)
2. pakikiisa sa kamatayan ng isang sakrapiyong hayop bilang kahalili
 - a. mga saserdote (cf. Exodo 29:10,15,19; Levitico 16:21; Bilang 8:12)
 - b. mga manggagawa (cf. Levitico 1:4; 3:2,8; 4:4,15,24; II Cronico 29:23)
3. pagsasantabi sa isang tao upang maglingkod sa Diyos sa isang espesyal na tungkulin o ministeryo (cf. Bilang 8:10; 27:18,23; Deuteronomio 34:9; Gawa 6:6; 13:3; I Timoteo 4:14; 5:22; II Timoteo 1:6)
4. pakikisalamuha sa panghukumang pagbabato sa isang makasalanan (cf. Levitico 24:14)
5. pagtanggap ng isang pagpapala para sa kalusugan, kasiyahan at makadiyos (cf. Mateo. 19:13,15; Marcos 10:16)
6. may kaugnayan sa pisikal na kagalingan (cf. Mateo 9:18; Marcos 5:23; 6:5; 7:32; 8:23; 16:18; Lucas 4:40; 13:13; Gawa 9:17; 28:8)
7. pagtanggap sa Banal na Espiritu (cf. Gawa 8:17-19; 9:17; 19:6)

Mayroong isang nakakabiglang kawalan ng pagkakapareho sa mga pasahe na naging makasaysayang ginamit upang suportahan ang pansimbahang pagtatalaga ng mga pinuno (i.e., ordinasyon).

1. Sa Gawa 6:6 ang mga Apostoles ang nagpatong ng mga kamay sa pito para sa lokal na ministryo.
2. Sa Gawa 13:3 ang mga propeta at mga guro ang nagpatong ng kamay kay Barnabas at Pablo para sa misyonaryong tungkulin.
3. Sa I Timoteo 4:14 ang mga lokal ng iglesya na kasangkot sa panimulang pagkakatawag at pagkakatalaga kay Timoteo.
4. Sa II Timoteo 1:6 si Pablo ang nagpatong ng kamay kay Timoteo.

Ang pagkakaiba at kalabuang ito ay nagpapakita ng kakulangan ng pagkakaayos sa unang siglong iglesya. Ang unang iglesya ay mas higit na dinamiko at regular na ginamit ang mga espirtwal na kaloob ng mga mananampalataya (cf. I Corinto 14). Ang NT ay simpleng hindi isinulat upang itangkilik o iguhit ang isang panggobyernong modelo o ordinasyonal na mga hakbang.

34:10 “At wala pang bumangong propeta sa Israel na gaya ni Moises” Ang mga talata 10-12 ay ang komento mula sa eskriba ni Moses, o mas marahil, sa isang kalaunang patnugot. Ito ay tila tumutukoy sa Makamesyas na propesiya ng Deuteronio 18:15-22. Ang tema na ito ay nahubog sa Hebreo 3:1-6, kung saan si Hesus at Moses ay pinagsalungat.

▣ **“na kilala ng Panginoon sa mukhaan”** Ang terminong “kilala” (BDB 393, KB 390, *Qal* GANAP) ay isang Hebreong idyoma para sa “matalik, malapit na pakikisama” (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5). Ito ay hindi tumutukoy sa kognitibong kaalaman. Ang pariralang “mukha sa mukha” ay nagpapakita ng matalik kung saan ang Diyos ay nagsalita kay Moses (cf. Exodo 33:11; Bilang 12:6-8).

34:11-12 Ang talata 11 ay wari nagpapahiwatig na ang mga salot sa Ehipto Egypt, na inabot ng mahigit labingwalong buwan, ay ninais upang hatulan ang mga diyos ng Ehipto at subukang dalhin ang mga taga Ehipt sa isang lugar ng pagtitiwala kay YHWH. Ang talata 12 ay nagpapakita sa atin na ang mga himala ng Diyos ay ginawa laban sa mga diyos ay para rin mapataas ang pananampalataya ng mga Israelita gaya ng mga himala ni Hesus ay upang mapataas ang mga pananampalataya ng mga disipulo. Posibleng ang v. 12 ay maiuugnay sa paglalagalag sa ilang na periyod.

MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang heograpikal na lokasyon ng mga pangyayari sa aklat ng Deuteronio ay napakahalaga?
2. Bakit itinago ng Diyos ang libingan ni Moses?
3. Paanong ang v. 7 ay tila kumontra sa 31:2?
4. Ano ang kahalagahan ng pagpapatong ng kamay ni Moses kay Josue? Paano ito maiuugnay sa modernong ordinasyon?

5. Bakit si Josue ay hindi itinuturing na propeta gaya ni Moses (cf. v. 10)?
6. Ano ang layunin ng mga himala (cf. v. 11-12)?

DAGDAG PABALAT ISA

PANIMULA SA LUMANG TIPAN NA PROPESIYA

I. PANIMULA

A. Pambungad na mga Pananalita

1. Ang nananampalatayang komunidad ay hindi nagkakasundo sa kung paano bibigyan kahulugan ang propesiya. Ibang mga katotohanan ay naitatag bilang isang ortodoksiyang posisyon sa buong mga siglo, ngunit hindi ang isa na ito.
2. Mayroong ilang maliwanag na mga yugto ng OT propesiya
 - a. bago ang monarkiya (bago si Haring Saul)
 - 1) mga indibidwal na tinawag na mga propeta
 - a) Abraham - Genesis 20:7
 - b) Moses - Bilang 12:6-8; Deutromio 18:15; 34:10
 - c) Aaron – Exodo 7:1 (tagapagsalita ni Moses)
 - d) Miriam - Exodo 15:20
 - e) Medad at Eldad - Bilang 11:24-30
 - f) Deborah - Hukom 4:4
 - g) di-pinangalanan - Hukom 6:7-10
 - h) Samuel - I Samuel 3:20
 - 2) mga reperensiya sa mga propeta bilang grupo - Deutromio 13:1-5; 18:20-22
 - 3) propetang mga grupo o samahan - I Samuel 10:5-13; 19:20; I Hari 20:35,41; 22:6,10-13; II Hari 2:3,7; 4:1,38; 5:22; 6:1, etc.
 - 4) Ang Mesyas ay tinawag na propeta - Deutromio 18:15-18
 - b. hindi-nagsusulat na monarkyal na mga propeta (sila ay nagsasalita sa hari)
 - 1) Gad - I Samuel 7:2; 12:25; II Samuel 24:11; I Cronico 29:29
 - 2) Nathan - II Samuel 7:2; 12:25; I Hari 1:22
 - 3) Ahijah - I Hari 11:29
 - 4) Jehu - I Hari 16:1,7,12
 - 5) di-pinangalanan - I Hari 18:4,13; 20:13,22
 - 6) Elias -I Hari 18; II Hari 2
 - 7) Milcaiah - I Hari 22
 - 8) Eliseo - II Hari 2:8,13
 - c. mga klasikal na nagsusulat na mga propeta (sila ay nagsasalita sa bansa gayundin sa hari): Isaias—Malakias (maliban kay Daniel)

B. Biblikal na mga Termino

1. *ro'eh* = seer, I Samuel 9:9. Ang reperensiya na ito ay nagpapakita ng transisyon sa termino *Nabi*, na nangahulugang “propeta” at nagmumula sa ugat na, “tumawag.” *Ro'eh* ay mula sa pangkalahatang Hebreong termino “makita.” Ang taong ito ay nauunawaan ang mga paraan at plano ng Diyos at kinukonsulta upang matiyak ang kalooban ng Diyos sa isang bagay.
2. *hozeh* = seer, II Samuel 24:11. Ito ay karaniwang isang kasingkahulugan ng *ro'eh*. Ito ay mula sa bihirang Hebreong termino “makakita ng isang pangitain.” Ang pandiwaring anyo ay ginamit ng madalas upang tumukoy sa mga propeta.
3. *nabi'* = propeta, magkaugnay sa Akkadian na pandiwa *nabu* = “tumawag” at Arabiko *naba'a* = “iproklama.” Ito ang pinaka karaniwang OT na termino upang italaga ang isang propeta. Ito ay ginamit ng higit sa 300 beses. Ang eksaktong etimolohiya ay di-tiyak, ngunit ang “tumawag” sa kasalukuyan ay tila ang pinakamainam na opsyon. Posibleng ang

pinamainam na pagkakaunawa ay mula sa nabuong paglalarawan ni YHWH sa relasyon ni Moses sa Faraon sa pamamagitan ni Aaron (cf. Exodo 4:10-16; 7:1; Deuteronio 5:5). Ang propeta ay isang tao na nagsasalita para sa Diyos sa Kanyang bayan (cf. Amos 3:8; Jeremias 1:7,17; Ezekiel 3:4).

4. Lahat ng tatlong mga termino ay ginamit sa opisina ng propeta sa I Cronico 29:29; Samuel - *Ro'eh*; Nathan - *Nabi*; at Gad - *Hozeh*.
5. Ang pariralang *'ish ha - 'elohim*, "lalake ng Diyos," ay isa ring pinalawak na designasyon para sa tagapagsalita ng Diyos. Ito ay ginamit ng ilang 76 beses sa OT sa pakahulugan ng "propeta."
6. Ang salitang "propeta" sa Griyegong pinagmulan. Ito ay nagmula sa (1) *pro* = "bago" o "para"; (2) *phemi* = "magsalita."

II. KAHULUGAN NG PROPESIYA

- A. Ang terminong "propesiya" ay may malawak na semantikong larangan sa Hebreo kaysa sa Englis. Ang mga Hudyo ay tinatakan ang kasaysayang mga aklat mula kay Josue hanggang sa Hari (maliban kay Ruth) "ang mga dating mga propeta." Parehong si Abraham (Genesis 20:7; Awit 105:5) at Moses (Deuteronio 18:18) ay itinalaga bilang mga propeta (gayundin si Miriam, Exodo 15:20). Samakatuwid, mag-ingat sa isang ipinagpalagay na kahulugan sa Englis!
- B. "Propetanismo ay lehitimong mabibigyan kahulugan sa pamamagitan ng pag-uunawa sa kasaysayan na tumatanggap ng mga kahulugan sa tanging mga termino sa banal na malasakit, banal na partisipasyon" (*Interpreter's Dictionary of the Bible*, vol. 3, p. 896).
- C. "Ang propeta ay hindi alinman isang pilosopo o sistematikong teolohiko, ngunit isang tipanang tagapamagitan na nagdadala ng salita ng Diyos sa Kanyang bayan upang mahubog ang kanilang hinaharap sa pamamagitan ng pagrereporma ng kanilang kasalukuyan" ("Prophets and Prophecy," *Encyclopedia Judaica*, vol. 13, p. 1152).

III. LAYUNIN NG PROPESIYA

- A. Ang propesiya ay isang paraan ng Diyos na magsalita sa Kanyang bayan, nagtutustos ng pagpatnubay sa kanilang kasalukuyang tagpuan at pag-asa sa Kanyang pagkontrol sa kanilang mga buhay at mga pangyayari sa mundo. Ang kanilang mensahe ay karaniwang pangkalahatan. Ito ay ginawa upang magsuway, magpalakas ng loob, magdagdag ng pananampalataya at pagsisisi, at magbigay impormasyon sa mga tao ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili at Kanyang mga plano. Hinahawakan nila ang tao ng Diyos sa katapatana sa Tipan ng Diyos. Madalas ito ay ginamit upang malinaw na ihayag ang pagpili ng Diyos sa isang tagapagalita (Deuteronio 13:1-3; 18:20-22). Ito, sa sukdulan, ay tumukoy sa Mesyas.
- B. Madalas, ang propeta ay kinukuha ang makasaysayan o teolohikal na krisis ng kanyang panahon at itinutuon sa isang ekastolohikal na tagpuan. Ang huling-panahon na pananaw sa kasaysayan (teleologikal) ay natatangi sa Israel at sa kanyang banal na eleksyon at tipanang mga pangako.
- C. Ang opisina ng propeta ay tila nagbabalanse (Jeremias 18:18) at pumapalit sa Punong Saserdote bilang isang paraan ng pagkilala sa kalooban ng Diyos. Ang Urim at Thummim ay lumalagpas tungo sa isang pasalitang mensahe mula sa tagapagsalita ng Diyos. Ang opisina ng propeta ay tila rin ay lumipas na sa Israel pagkatapos ng Malakias (o ang pagsusulat ng Cronico). Hindi ito lumitaw ay hanggang sa 400 na mga taon na sa kalaunan ay kay Juan na Tagabautismo. Hindi

tiyak kung paano ang Bagong Tipan na kaloob ng “propesiya” ay nauugnay sa OT. Ang mga Bagong Tipan na mga propetas (Gawa 11:27-28; 13:1; 14:29,32,37; 15:32; I Corinto 12:10,28-29; Efeso 4:11) ay hindi mga tagahayag ng bagong kapahayagan, ngunit mga pasulong-na-tagapahayag at paunang tagapahayag ng kalooban ng Diyos sa kasalukuyang sitwasyon.

- D. Ang Propesiya ay hindi eksklusibo o unang-una ay panghuhula ang kalikasan. Ang prediksyon ay isang paraan upang makompirma ang kanyang opisina at kanyang mensahe, ngunit dapat pansinin “. . .mababa sa 2% ng OT propesiya ay Makamesyas. Mababa sa 5% ay partikular na naglalarawan sa Bagong Tipan na Panahon. Mababa sa 1% inaasahang mga pangyayari ay darating pa lamang (Fee & Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, p. 166).
- E. Ang mga propeta ay kumakatawan sa Diyos para sa mga tao, habang ang mga Saserdote ay kumakatawan sa tao tungo sa Diyos. Ito ay isang pangkalahatang pananalita. Mayroong eksepsyon gaya ng Habakkuk, na nagbibigay ng mga katanungan sa Diyos.
- F. Isang dahilan ay napakahirap na maunawaan ng mga propeta dahil sa hindi natin alam kung paano ang kanilang mga aklat ay ibinalangkas. Hindi ito kronolohikal. Sila ay tila tematiko, ngunit hindi laging inaasahan ng sinoman. Madalas walang halatang makasaysayang tagpuan, panahon-banghay, o malinaw na pagkakahati sa pagitan ng mga orakulo, napakahirap na (1) basahin ang mga aklat sa pamamagitan ng isag upuan; (2) na ibalangkas sila sa pamamagitan ng paksa; at (3) mapatunayan ang sentral na katotohanan o pagkamay-akdang intensyon sa bawat orakulo.

IV. MGA KATANGIAN NG PROPESIYA

- A. Sa Lumang Tipan tila mayroong isang pag-unlad ng konepto ng “propeta” at “propesiya.” Sa naunang Israel nahubog doon ang isang samahan ng mga propeta, pinangungunahan ng isang malakas karismatikong pinuno gaya nina Elias at Eliseo. Minsan ang parirala “ang mga anak ng mga propeta” ay ginamit upang italaga ang grupong ito (II Hari 2). Ang mga propeta paminsan-minsan ay kinikilala sa pamamagitan ng mga anyo ng lubos na kagalakan (I Samuel 10:10-13; 19:18-24).
- B. Gayunpaman, ang periyod na ito ay lumipas ng mabilis tungo sa panahon ng indibidwal na mga propeta. Ang mga ito ay yaong mga propeta (kapwa totoo at huwad) na nakikiayon sa Hari, at naninirahan sa palasyo (Gad, Nathan). Gayundin, mayroon yaon mga nagsasarili, minsan lubusang walang koneksyon sa antas ng kalagayan ng lipunan ng Israelita (Amos, Micah). Sila ay kapwa lalake at bababe (II Hari 22:14).
- C. Ang propeta ay madalas na tagahayag ng hinaharap, nakondisyon sa tao o sa mga taong dagliang pagtugon. Madalas ang tungkulin ng propeta ay ilatag ang pangkalahatang plano ng Diyos para sa Kanyang nilikha na hindi apektado ng pantaong pagtugon. Ang pangkalahatang ekastolohikal na plano ay natatangi sa mga propeta ng Israel sa sinaunang Near East. Prediksyon at Tipanang pagkamatapat ay kambal na pokus ng malapropetang mga mensahe (cf. Fee at Stuart, p. 150). Ito ay nagpapahiwatig na ang mga propeta ay unang-una ay pangkalahatan ang pokus. Sila ay madalas, ngunit hindi eksklusibo, ang nagpapahayag sa bansa ng Israel.
- D. Karamihan ng malapropetang materyal ay ibinigay ng pasalita. Ito ay sa kalaunay pinagsama sa pamamagitan ng tema o kronolohiya, o iba pang mga tularan ng Near Eastern panitikan na wala

na sa atin. Dahil sa ito ay pasalita, hindi ito nakaistruktura gaya ng isinulat na prosa. Ito ang nagpapahirap sa mga aklat na basahin ng direktso at napakahirap na maunawaan ng walang partikular na makasaysayang tagpuan.

- E. Ang mga propeta ay gumamit ng ilang mga tularan upang iparating ang kanilang mga mensahe
 - 1. Eksena sa Korte – Ang Diyos ay dinadala ang Kanyang bayan sa korte; madalas ito ay isang deborsyong kaso kung saan si YHWH ay itinatakwil ang kanyang asawa (Israel) dahil sa kanyang pagtataksil (Hosea 4; Micah 6).
 - 2. Lamay na Panambitan – ang espesyal na metro ng tipo ng menshaeng ito at mga katangian “pighati” ay nagtatakda dito bilang isang espesyal na anyo (Isaias 5; Habakkuk 2).
 - 3. Tipanang pagpapala na pagpapahayag – ang kondisyonal na kalikasan ng Tipan ay binigyan diin at ang mga konsikuwensiya, kapwa positibo at negatibo, ay binaybay para sa hinaharap (Deutromio 27-29).

V. BIBLIKAL NA MGA KWALIPIKASYON PARA SA PAGBEBERIPIKA NG ISANG TUNAY NA PROPETA

- A. Deutromio 13:1-5 (mga prediksyon/tanda ay nakadugtong sa monoteistikong kadalisan)
- B. Deutromio 18:9-22 (mga bulaang propeta/tunay na mga propeta)
- C. Kapwa lalake at babae ay tinawag at itinalaga bilang mga propeta o propetesas
 - 1. Miriam - Exodo 15
 - 2. Deborah - Hukom 4:4-6
 - 3. Huldah - II Hari 22:14-20; II Cronico 34:22-28
- G. Sa mga nakapaligid na mga kultura ang mga propeta ay pinatutunayan sa pamamagitan ng kanilang paghula. Sa Israel sila ay pinatutunayan sa pamamagitan ng
 - 1. isang teolohikal na pagsubok – ang paggamit ng pangalan ni YHWH
 - 2. isang makasaysayang pagsubok – wastong mga prediksyon

VI. MAKATUTULONG NA MGA GABAY PARA SA PAGBIBIGAY KAHULUGAN SA PROPESIYA

- A. Hanapin ang intensyon ng orihinal na propeta (patnugot) sa pamamagitan ng pagpuna sa makasaysayang tagpuan at pampanitikang konteksto ng bawat orakulo. Madalas ito ay nagsasangkot ng pagsuway ng Israel sa Mosaik na Tipan sa ilang paraan.
- B. Basahin at iinterpret ang buong orakulo, hindi lamang bahagi; ibalangkas ito ayon sa nilalaman. Tignan kung paano ito nauugnay sa nakapalibot na mga orakulo. Subuking ibalangkas ang buong aklat (sa pamamagitan ng pampanitikang yunit at sa talataang antas).
- C. Ipagpalagay ang isang literal interpretasyon ng sipi hanggang isang bagay sa teksto mismo ang nagtuturo sa iyo sa isang matalinghagang pagkakagamit; pagkatapos ay tangkain na ilagay ang matalinghagang wika sa prosa.
- D. Ianalisa ang simbolikong aksyon ayon sa makasaysayang-tagpuan at kahilerang mga pasashe. Siguraduhing tandaan na ang sinaunang Near Eastern na panitikan, hindi ang kanluranin o modernong panitikan lamang.

- E. Tratuhin ang mga prediksyon ng may pag-iingat
 1. Sila ba ay eksklusibo sa panahon ng may-akda?
 2. Sila ba ay sunod-sunod na natupad sa kasaysayan ng Israel?
 3. Sila ba ay paparating na panghinaharap na mga pangyayari?
 4. Mayroon ba silang pangkasalukuyang katuparan ngunit isang panghinaharap na katuparan?
 5. Pahintulutan ang mga may-akda ng Bibliya, hindi sa mga modernong may-akda, ang maggabay sa iyong mga kasagutan.

- F. Espesyal na mga alalahanin:
 1. Ang prediksyon ba naangkop sa pamamagitan ng kondisyonal na pagtugon?
 2. May katiyakan ba kung kanino ipinapahayag ang propesiya (at bakit)?
 3. Mayroon bang posibilidad na parehong bibliikal at/o makasaysayan para sa maramihang mga katuparan?
 4. Ang mga NT may-akda sa ilalim ng inspirasyon ay nagawang makita ang Mesyas sa maraming lugar ng OT na hindi halata sa atin. Sila ay tila gumamit ng tipolohiya o salitang paglalaro. Dahil sa tayo ay hindi inspirado, pinakamainam na iwananan ang paglapit na ito sa kanila.

VII. MGA MAKATUTULONG NA MGA AKLAT

- A. *A Guide to Biblical Prophecy* ni Carl E. Armerding at W. Ward Gasque
- B. *How to Read the Bible for All Its Worth* ni Gordon Fee at Douglas Stuart
- C. *My Servants the Prophets* ni Edward J. Young
- D. *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic* ni D. Brent Sandy
- E. *Cracking the Old Testament Code*, D. Brent Sandy at Ronald L. Giese, Jr.

DAGDAG PABALAT IKALAWA

ISANG MAIKLING MAKASAYSAYAN PAGTINGIN NG MGA KAPANGYARIHAN SA MESOPOTAMIA

(gumagamit ng mga petsa batay sa unang- una ni John Bright *A History of Israel*, p. 462ff.)

I. Assyriang Emperyo (Genesis10:11)

A. Relihiyon at kultura ay labis na naimpluwensahan ng Sumerian/Babyloniang Emperyo.

B. Pansamantalang listahan ng mga pinuno at humigit-kumulang na mga petsa:

1. 1354-1318 - Asshur-Uballit I:
 - (a) nalupig ang Hittite bayan ng Carchemish
 - (b) nagsimulang tanggalin ang impluwensya ng Hittite pinahintulutan ang Assyria na umunlad
2. 1297-1266 - Adad-Nirari I (makapangyarihang hari)
3. 1265-1235 - Shalmaneser I (makapangyarihang hari)
4. 1234-1197 - Tukulti-Ninurta I
 - unang pagkatalo ng Babyloniang emperyo sa timog
5. 1118-1078 - Tiglath-Pileser I
 - Ang Assyria ay naging pangunahing kapangyarihan sa Mesopotamia
6. 1012- 972 Ashur-Rabi II
7. 972- 967 - Ashur-Resh-Isui II
8. 966- 934 - Tiglath-Pileser II
9. 934- 912 - Ashur-Dan II
10. 912- 890 - Adad-Nirari II
11. 890- 884 - Tukulti-Ninurta II
12. 883- 859 - Asshur-Nasir-Apal II
13. 859- 824 - Shalmaneser III
 - labanan sa Qarqar noong 853
14. 824-811 - Shamashi-Adad V
15. 811-783 - Adad-Nirari III
16. 781-772 - Shalmaneser IV
17. 772-754 - Ashur-Dan III
18. 754-745 - Ashur-Nirari V
19. 745-727 - Tiglath-Pileser III:
 - a. tinawag ng kanyang Babyloniang trono pangalan ay, Pul, sa II Hari 15:19
 - b. napakamakapangyarihang hari
 - c. nagpasimula ng polisiya ng pagpapatapon sa mga nasakop na mga tao
 - d. Noong 735 B.C.. mayroong pagbuo ng “Syro-Ephramatic League” na isang pagtatangka na pagbuklurin ang lahat ng magagamit na sandatahang kagamitan ng gitnang mga bansa ng Jordan mula sa punong mga tubigan ng Euphrates hangang sa Ehipto para sa layunin ng pagneunneutralisa sa yumayabong na sandatahang lakas ng Assyria. Si Haring Ahaz ng Judah ay tumangging sumali at nasakop ng Israel at Syria. Siya ay sumulat kay Tiglath-Pileser III para sa tulong laban sa payo ni Isaias (cf. II Hari 16; Isa. 7-12).
 - e. Noong 732 si Tiglath-Pileser III ay sinakop at nalupig ang Syria at Israel at naglagay ng kampon na hari sa trono ng Israel, si Hoshea (732-722). Libu-libong mga Hudyo mula sa Hilagang Kaharian ay ipinatapon sa Media (cf. II Hari 15).

20. 727-722 - Shalmaneser V
 - a. Si Hoshea ay nagbuo ng alyansa kasama ang Ehipto at nasakop ng Assyria (cf. II Hari17)
 - b. sinalakay ang Samaria noong 724 B.C.
21. 722-705- Sargon II:
 - b. Pagkatapos ng tatlong taon na pananalakay na sinimulan ni Shalmaneser V, ang kanyang tagapagmana na si Sargon II ay nasakop ang kapitolyo ng Israel, Samaria. Lagpas sa 27,000 ay ipinatapon sa Media.
 - c. Ang Hittitena emperyo ay nalupig din.
 - d. Noong 714-711 isa na namang koalisyon ng gitnang Jordan na mga bansa at Ehipto ang nagrebelde laban sa Assyria. Ang koalisyon na ito ay kilala sa “ang Ashdad Rebellion.” Maging si Hezekiah ng Judah ay orihinal na kasangkot. Ang Assyria ay sinakop at winasak ang ilang mga bayan ng Felisteo.
21. 705-681- Sennacherib:
 - II. Noong 705 isa na namang koalisyon ng gitna Jordan na mga bansa at Ehipto ang nagrebelde pagkatapos ng kamatayan ni Sargon. Si Hezekiah ay lubusang sumuporta sa rebelyon na ito. Si Sennacherib ay nasakop noong 701. Ang rebelyon ay nadurog ngunit ang Jerusalem ay pinatawad sa pamamagitan ng akto ng Diyos (cf. Isaias 36-39 at II Hari 18-19).
 - a. Si Sennacherib ay pinabagsak din ang rebelyon sa Elam at Babylon.
22. 681-669 - Esarhaddon:
 - a. unang Assyriang pinuno na umatake at nalupig ang Ehipto
 - b. may matinding simpatya sa Babylonia at muling itinayo ang kapitolyong bayan nito
23. 669-633 - Ashurbanipal:
 - a. tinawag rin na Osnappar sa Ezra 4:10
 - b. Kanyang kapatid na si Shamash-shum-ukin ay ginawang hari ng Babylonia (kalaunan ay binaba sa pagiging viceroy). Ito ay nagdala ng ilang taon ng kapayapaan sa pagitan ng Assyria at Babylon, ngunit mayroong papailalim na pagsasaril ang lumabas noong 652 na pinangunahan ng kanyang kapatid (na bumaba ang ranggo sa Viceroy).
 - c. pagbagsak ng Thebes, 663 B.C.
 - d. tinalo si Elam, 653, 645 B.C.
25. 633-629 - Asshur-Etil-Ilani
26. 629-612 - Sin-Shar-Ishkun
27. 612-609 - Asshur-Uballit II:
 - a. iniluklok ang hari sa itinapon sa Haran
 - b. ang pagbasak ni 614 B.C. at Nineveh noong 612 B.C.

II. Neo-Babyloniang Emperyo:

- A. 703-? Merodach-Baladan
 - Nagpasimula ng ilang mga pag-aaklas laban sa pamumuno ng Assyrian
- B. 652 Shamash-shum-ukin:
 1. anak ni Esarhaddon at kapatid ni Assurbanipal
 2. siya ang nagpasimula ng isang pag-aklas laban sa Assyria ngunit natalo
- C. 626-605 Nabopolassar:
 1. ay ang unang monarkiya ng Neo-Babylonian Emperyo
 2. inatake niya ang Assyria mula sa timog samantalang si Cyaxares ng Media ay umatake mula sa hilagang silangan
 3. ang lumang Assyriang kapitolyo ni Asshur ay bumagsak noong 614 at makapangayarihang

bagong kapitolyo sa Ninevah ay bumagsak noong 612 B.C.

4. ang natitirang Assyriang hukbo ay umatras tungo sa Haran. Sila ay naghirang ng isang hari.
5. Noong 608 si Faraon Necho II (cf. II Hari 23:29) ay nagmartsa ng pahilaga upang tulungan ang natitira ng Assyriang hukbo para sa layunin ng pagbubuo ng isang nagpapabanayad na sona laban sa lumalagong kapangyarihan ng. Si Josiah, Ang makadiyos na hari Judah (cf. II Hari 23), ay hinadlangan ang pagkilos ng mga sandatahang Ehipto sa pamamagitan ng Palestina. Mayroong minor na maliit na labanan sa Megiddo. Si Josiah ay nasugatan at namatay (II Hari 23:29-30). Ang kanyang anak, si Jehoakaz, ay ginawang hari. Si Faraon Necho II ay dumating ng huli upang pigilan ang pagkawasak ng mga puwersya ng Assyrian sa Haran. Kinalaban niya ang puwersya ng Babylonia na pinangungunahan ng kinornahang prinsipe na si Nebuchadnezzar II at malinaw na natalo noong 605 B.C. sa Carchemesh sa may Euphrates River.
Sa kanyang pauwe pabalik ng Ehipto si Faraon Necho ay huminto sa Jerusalem at pinagnakawan ang bayan. Pinalitan at ipinatapon si Jehoahaz pagkalipas lamang ng tatlong buwan. Naglagay siya ng isa na namang anak ni Josiah, si Jehoiakim, satrono (cf. II Hari 23:31-35).
6. Si Nebuchadnezzar II ay hinabol ang hukbo ng Ehipto sa timog hanggang sa Palestina ngunit siya ay nakatanggap ng balita sa kamatayan ng kanyang ama at bumalik sa Babylonia upang makoronahan. Sa kalaunan, sa parehong taon, siya ay bumalik sa Palestina. Iniwan niya si Jehoiakim sa trono ng Judah ngunit ipinatapon ang ilang libong mga namumunong mamamayan at ilang mga miyembro ng maharlikang pamilya. Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay bahagi ng pagpapatapon na ito.

D. 605-562- Nebuchadnezzar II:

1. Mula 597-538 ang Babylonia ay may lubusang pagkontrol sa Palestina.
2. Noong 597 isa na namang deportasyon mula sa Jerusalem ang nangyari dahil sa alyansa ni Jehoakim sa Ehipto (II Hari 24). Siya ay namatay bago pa ang pagdating ni Nebuchadnezzar II. Ang kanyang anak ang tanging hari sa loob ng tatlong buwan nang siya ay ipinatapon sa Babylonia. Sampung libong mga mamamayan, kasama na si Ezekiel, ay muling nanirahan sa Bayan ng Babylonia sa pamamagitan ng Kanal Kebar.
3. Noong 586, pagkakatapos ng patuloy na pakikipagharutan sa Ehipto, ang Bayan ng Jerusalem ay tuluyan nang nawasak ni Nebuchadnezzar (II Hari 25) at isang maramihang deportasyon ang nangyari. Si Zedekiah, na pumalit kay Jehoiachin, ay ipinatapon at si Gedaliah ay hinirang na gobernador.
4. Si Gedaliah ay pinatay ng mga Hudyong taksil na puwersang militar. Ang mga puwersang ito ay tumakas tungo sa Ehipto at pinilit sa Jeremias na sumama sa kanila. Si Nebuchadnezzar ay nanakop ng ikaapat na pagkakataon (605, 596, 586, 582) at ipinatapon ang lahat ng natitirang mga Hudyo na kanyang nahahanap.

E. 562-560 - Masamang-merodach, ang anak ni Nebuchadnezzar, ay kilala rin bilang Amel-Marduk (Akkadian, "Lalake ng Marduk")

- Pinakawalan niya si Jehoiakim mula sa kulungan ngunit kailangan niya na manatili sa Babylonia (cf. II Hari 25:27-30; Jeremias 52:31).

F. 560-556- Neriglissar

- Ipinapatay niya si Masamang-merodach, na kanyang bayaw
- Siya ang dating heneral ni Nebuchadnezzar na nagwasak sa Jerusalem (cf. Jeremias 39:3,13)

- G. 556 - Labaski-Marduk
- Siya ang anak ni Neriglissar na nagpalagay ng pagiging hari noong bata pa, ngunit ipinapatay pagkalipas lamang ng siyam na buwan (Berossos).
- H. 556-539- Nabonidus (Akkadian, "Si Nebo ay itinaas"):
1. Si Nabonidus ay walang kaugnayan sa maharlika ng tahanan kaya pinakasalan niya ang anak na babae ni Nebuchadnezzar
 2. Ginugol niya ang halos lahat ng kanyang oras sa pagtatayo ng templo sa diyos ng buwan na si "Sin" sa Tema. Siya ang anak ng babaeng punong saserdote ng diyos-diyosan na ito. Ito ang nagbigay sa kanya ng pagkagalt sa mga saserdote ni Marduk, punong diyos ng Babylonia.
 3. Ginugol niya ang kanyang oras sa pagpapatigil ng mga pag-aaklas (sa Syria at hilagang Africa) at pinatatag ang kaharian.
 4. Lumipat siya ng Tema at iniwan ang mga suliranin ng estado sa kanyang anak, na si Belshazzar, sa kapitolyo, Babylonia (cf. Daniel 5).
- I. ? - 539- Belshazzar (kasamang-namumuno)
- Ang bayan ng Babylonia ay bumagsak ng mabilis sa hukbo ng Persia sa ilalim ni Gobryas of Gutium sa pamamagitan ng pag-iiba ng mga daluyan ng tubig ng Euphrates at pumapasok sa bayan ng walang humaharag. Ang mga saserdote at tao ng bayan ay nakita ang mga Persiano bilang tagapagpalaya at tagapagtatag ng Marduk. Si Gobryas ay ginawang Gobernador ng Babylonia ni Cyrus II. Si Gobryas ay maaring baging ang Darius na Mede ng Daniel 5:31; 6:1. "'Darius'" ay nangahulugan "'ang isang maharlika.'"

III. Medio-Persian Emperyong Pagtingin sa Pag-angat ni Cyrus II (Isaias 41:2,25;44:28-45:7; 46:11; 48:15):

- A. 625-585 - Si Cyaxares ay ang hari ng Media na tumulong sa Babylonia na matalo ang Assyria.
- B. 585-550 - Si Astyages ay ang hari ng Media (ang kapitolyo ay nasa Ecbatana). Si Cyrus II ay ang kanyang apo kina Cambyses I (600-559, Persian) at Mandane (anak na babae ni Astyages, Median).
- C. 550-530 - Si Cyrus II ng Ansham (silangang Elam) ay ang kampon na hari na nag-aklas:
 1. Nabonidus, ang Babyloniang hari, tumulong kay Cyrus.
 2. Heneral ni Astyages, si Harpagus, pinamunuan ang kanyang hukob na sumama sa pag-aaklas ni Cyrus
 3. si Cyrus II ay napababa sa trono si Astyages.
 4. si Nabonidus, upang mapanumbalik ang balanse ng kapangyarihan, ay gumawa ng alyansa sa:
 - a. Ehipto
 - b. Croesus, Hari ng Lydia (Asia Minor)
 5. 547 - si Cyrus II ay nagmartsa laban sa Sardis (kapitolyo ng Lydia) at ito ay bumagsak noong 546 B.C.
 6. 539 - Sa gitna ng -Oktubre sina heneral Ugbaru at Gobryas, kapwa sa Gutium, kasama ng hukbo ni Cyrus, ay kinuha ang Babylonia ng walang paglaban. Si Ugbaru ay ginawang gobernador, ngunit namatay sa sugat ng labanan sa loob ng isang linggo, pagkatapos ay si Gobryas ay ginawang gobernador ng Babylonia.
 7. 539 - Sa huling bahagi ng Oktubre si Cyrus II "ang Dakila" ay personal na pumasok bilang tagapagpalaya. Ang kanyang polisiya ng kabutihan sa pambansang grupo ay nagpabaligtad sa mga taon ng deportasyon bilang pambansang polisiya.
 8. 538 - Ang mga Hudyo at iba pa (cf. ang Cyrus Cylinder) ay pinayagan na bumalik sa tahanan at muling nagtayo ng kanilang katutubong mga templo (cf. II Cronico 36:22,23; Ezra 1:1-4). Siya rin ang nagpanumbalik ng mga lalagyan mula sa templo ni YHWH na kinuha ni Nebuchadnezzar at dinala sa templo ni Marduk sa Babylonia (cf. Ezra 1:7-11;

- 6:5).
9. 530 - Ang anak ni Cyrus, si Cambyses II, ay sumunod sa kanya bilang kasabay na pinuno, ngunit sa kalaunan sa parehong taon si Cyrus ay namatay habang nasa militar na pangangampanya.
- D. 530-522 - paghahari ni Cambyses II
1. nagdagdag ng Ehiptong emperyo noong 525 B.C. sa Medo-Persian Emperyo;
 2. siya ay may maikling paghahari:
 - a. ang ilan ay nagsasabi na siya ay nagpakamatay;
 - b. Si Heroditus ay nagsabi na sinugatan niya ang kanyang sarili ng kanyang espada habang umaakyat sa kabayo at namatay bunga ng impeksyon.
 3. maikling pag-angkin ng trono ng Pseudo-Smerdis (Gaumata) - 522
- E. 522-486 - si Darius I (Hystapes) ay dumating upang mamuno
1. Siya ay hindi sa maharlikang lahi ngunit isang militar na heneral.
 2. Inorganisa niya ang Persiang Emperyo gamit ang mga plano ni Cyrus para sa Satraps (cf. Ezra 5-6; gayundin sa panahon nina Haggai at Zakarias).
 3. Nagtakda siya ng mga barya gaya sa Lydia.
 4. Sinubukan niyang sakupin ang Gresya, ngunit napigilan.
- F. 486-465 - Paghahari ni of Xerxes I:
1. ibinagsak ang pag-aaklas ng Ehipto
 2. ninais na sakupin ang Gresya at natupad ang panaginip ng I Persian ngunit natalo sa labanan sa Thermopoly noong 480 B.C. at sa Salamis noong 479 B.C.
 3. Ang asawa ni Esther, na tinawag na Ahasuerus sa Bibliya, ay ipinapatay noong 465 B.C.
- G. 465-424 - Si Artaxerxes I (Longimanus) ay namuno (cf Ezra 7-10; Nehemiah; Malakias):
1. Ang mga Griyego ay patuloy na lumusong hanggang sa makompronta ang Pelopanisian Sibil na mga Labanan
 2. Ang Gresya ay nahati (Athenian - Pelopanisian)
 3. Greek sibil na mga labanan ay tumagal ng mahigit 20 na mga taon
 4. sa panahon na ito ang Hudyong komunidad ay pinalakas
 5. maikling paghahari nina Xerxes II at Sekyidianos - 423
- H. 423-404 - Darius II (Nothos)ay naghari
- I. 404-358 - Artaxerxes II (Mnemon)ay naghari
- J. 358-338 - Artaxerxes III (Ochos)ay naghari
- K. 338-336 - Arsēs ay naghari
- L. 336-331 - Darius III (Codomannus)ay naghari hanggang sa Battle of Issus 331 at natalo ng Gresya

IV. Pagtingin sa Ehipto:

- A. Hyksos (Pastol na Hari - Semitic na mga pinuno)-1720/10-1550
- B. 18th Dinastiya (1570-1310):
1. 1570-1546 - Amosis
 - a. ginawa ang Thebes na kapitolyo
 - b. sinakop ang katimugang Canaan
 2. 1546-1525 - Amenophis I (Amenhotep I)
 3. 1525-1494 - Thutmōsis I
 4. 1494-1490 - Thutmōsis II – pinakasalan ang anak na babae ni Thutmōsis I, si Hatshepsut
 5. 1490-1435 - Thutmōsis III (pamangkin ni Hatshepsut)
 6. 1435-1414 - Amenophis II (Amenhotep II)
 7. 1414-1406 - Thutmōsis IV
 8. 1406-1370 - Amenophis III (Amenhotep III)

9. 1370-1353 - Amenophis IV (Akhenaten)
 - a. sinamba si Sun, Aten
 - b. nagtatag ng isang anyo ng mataas-diyos na pagsamba (monoteismo)
 - c. Tel-El-Amarna mga titik ay nasa panahon na ito
10. ? Smenkhare
11. ? Tutankhamun (Tutankhaten)
12. ? Ay (Aye-Eye)
13. 1340-1310 Haremhab
- C. 19th Dinastiya (1310-1200):
 1. ? Rameses I (Ramses)
 2. 1309-1290 - Seti I (Sethos)
 3. 1290-1224 - Ramesses II (Ramses II)
 - a. mula sa arkeyolohikal na mga ebidensiya pinakamalapit ay ang Faraon sa Exodo
 - b. nagtayo ng mga siyudad nina Avaris, Pithom at Ramses sa pamamagitan ni Habaru (posibleng Semito o Hebreo) mga alipin
 4. 1224-1216 - Marniptah (Merenptah)
 5. ? Amenmesses
 6. ? Seti II
 7. ? Siptah
 8. ? Tewosret
- D. 20th Dinastiya (1180-1065)
 1. 1175-1144 - Rameses III
 2. 1144-1065 - Rameses IV - XI
- E. 21st Dinastiya (1065-935):
 1. ? Smendes
 2. ? Herihor
- F. 22nd Dinastiya (935-725 - Libyan):
 1. 935-914 - Shishak (Shosenk I or Sheshong I)
 - a. ipinagtanggol si Jeroboam I hanggang sa kamatayan ni Solomon
 - b. nalupig ang Palestina mahigit 925 (cf. I Hari 14-25; II Cronico 12)
 2. 914-874 - Osorkon I
 3. ? Osorkon II
 4. ? Shoshnek II
- G. 23rd Dinastiya (759-715 - Libyan)
- H. 24th Dinastiya (725-709)
- I. 25th Dinastiya (716/15-663 - Ethiopian/Nubian):
 1. 710/09-696/95 - Shabako (Shabaku)
 2. 696/95-685/84 - Shebteko (Shebitku)
 3. 690/689, 685/84-664 - Tirhakah (Taharqa)
 4. ? Tantamun
- J. 26th Dinastiya (663-525 - Saitic):
 1. 663-609 - Psammetichus I (Psamtik)
 2. 609-593 - Neco II (Necho)
 3. 593-588 - Psammetichus II (Psamtik)
 4. 588-569 - Apries (Hophra)
 5. 569-525 - Amasis
 6. ? - Psammetichus III (Psamtik)
- K. 27th Dinastiya (525-401 - Persian):
 1. 530-522 - Cambyses II (Cyrus II's son)

2. 522-486 - Darius I
 3. 486-465 - Xerxes I
 4. 465-424 - Artaxerxes I
 5. 423-404 - Darius II
- L. Ilang mga maiikling mga dinastuya (404-332)
1. 404-359 - Artaxerxes II
 2. 359/8 - 338/7 - Artaxerxes III
 3. 338/7 - 336/7 - Arses
 4. 336/5 - 331 - Darius III

*para sa isang naiibang kronolohiya tignan Zondervan's Pictorial Bible Encyclopedia, vol. 2 p. 231.

V. Pagtingin sa Gresya:


- A. 359-336 - Philip II of Macedon:
 1. itinayo ang Gresya
 2. ipinapatay noong 336 B.C.
- B. 336-323 - Alexander II "ang Dakila" (anak na lalake ni Philip):
 1. iniligaw si Darius III, ang Persianong hari, sa labanan sa Isus
 2. namatay noong 323 B.C. sa Babylonia sa isang lagnat sa edad na 32/33
 3. ang mga heneral ni Alexander ay pinaghatian ang kanyang emperyo sa kanyang kamatayan:
 - a. Cassander - Macedonia at Gresya
 - b. Lysimicus - Thrace
 - c. Seleucus I - Syria at Babylonia
 - d. Ptolemy - Ehipto at Palestina
 - e. Antigonus - Asia Minor (Siya ay hindi nagtagal)
- C. Seleucids vs. Ptolemies na pagtutunggali para sa pagkontrol sa Palestina:
 1. Syria (Seleucid mga Pinuno):
 - a. 312-280 - Seleucus I
 - b. 280-261 - Antiochus I Soter
 - c. 261-146 - Antiochus II Theus
 - d. 246-226 - Seleucus II Callinicus
 - e. 226-223 - Seleucus III Ceraunus
 - f. 223-187 - Antiochus III the Great
 - g. 187-175 - Seleucus IV Philopator
 - h. 175-163 - Antiochus IV Epiphanes
 - i. 163-162 - Antiochus V
 - j. 162-150 - Demetrius I
 2. Ehiptong (Ptolemaic mga Pinuno):
 - a. 327-285 - Ptolemy I Soter
 - b. 285-246 - Ptolemy II Philadelphus
 - c. 246-221 - Ptolemy III Euegetes
 - d. 221-203 - Ptolemy IV Philopator
 - e. 203-181 - Ptolemy V Epiphanes
 - f. 181-146 - Ptolemy VI Philometor
 3. Maikling Pagtingin:
 - a. 301 - Palestina sa ilalim ng pamumuno ni Ptolemy sa loob ng 181 mga taon.
 - b. 175-163 - Antiochus IV Epiphanes, ang ikawalong Seleucid na pinuno, nais na maging Hellenize ang mga Hudyo ng puwersahan, kung kinakailangan:
 - (1) nagpatayo ng mga dyimnasyum

- (2) nagpatayo ng mga paganong altar ni Zeus Olympius sa Templo
- c. 168 - December 13 – ang baboy ay pinatay sa altar ng Jerusalem ni Antiochus IV Epiphanes. Ang ilan ay itinuturing ito bilang “ang kasuklam-suklam na kalagiman” sa Daniel 8.
 - d. 167 - Si Mattathias, saserdote sa Modin, at mga anak ay nagrebelde. Ang pinakakilala sa kanyang mga anak na lalake ay si Judas Maccabeas, “Judas ang Pamukpok.”
 - e. 165 - December 25 - Temple ay muling inihandog. Ito ay tinawag na Hanukkah o “Festival of Lights.”

Para sa isang mabuting talakayan ng problema sa pagbibigay ng petsa, pamamaraan at mga pagsasakali tignan The Expositors Bible Commentary, vol. 4, pp. 10-17.

DAGDAG PABALAT IKATLO

TSART NG BUONG LUMANG TIPAN (sa kasunod na pahina)



Hindi mabigyan na petsang mga pangyayari (Genesis 1-11)

1. Paglikha (Genesis 1-2)
2. Pagbagsak sa Kasalanan ng Tao (Genesis 3)
3. Ang Pagbaha sa Panahon ni Noe (Genesis 6-9)
4. Tore ng Babel (Genesis 10-11)

Mabibigyan ng Petsa na mga pangyayari

- | | |
|---|-------------------|
| 1. Patriyarkal na Periyod (Genesis 12-50 and Job) | 2000 B.C. |
| 2. Exodo mula sa Ehipto (Exodo) | 1445 or 1290 B.C. |
| 3. Pagsakop sa Canaan (Joshua) | 1440 or 1250 B.C. |
| 4. Nagkaisang Monarkiya (Saul, David, Solomon) | 1000 B.C. |
| 5. Nahating Monarkiya (Rehoboam-Jeroboam I) | 922 B.C. |
| 6. Pagbagsak ng Samaria (Israel) sa Assyria | 722 B.C. |
| 7. Pagbagsak ng Jerusalem (Judah) sa Babylonia | 586 B.C. |
| 8. Kautusan ni Cyrus (Persia) na Bumalik | 538 B.C. |
| 9. Ang Templo ay muling Itinayo | 516 B.C. |
| 10. Pagsasara ng OT Periyod (Malakias) | 430 B.C. |

Listaha ng mga Hari

- | | |
|-------------------------|----------------------------------|
| A. Nagkaisang Monarkiya | D. Assyria |
| 1. Saul (a) | 1. Tiglath Pileser III (745-727) |
| 2. David (b) | 2. Shalmanesar V (727-722) |
| 3. Solomon (c) | 3. Sargon II (722-705) |
| B. Israel | 4. Sennacherib (705-681) |
| 1. Jeroboam I (e) | 5. Esarhaddon (681-669) |
| 2. Ahab (f) | 6. Ashurbanipal (669-663) |
| 3. Jeroboam II (g) | E. Babylon |
| C. Judah | 1. Nabopolasar (626-605) |
| 1. Rehoboam (d) | 2. Nebuchadnezzar (605-562) |
| 2. Uzziah (h) | 3. Nabonidus (556-539) |
| 3. Hezekiah (i) | 4. Belshazzar |
| 4. Manasseh (j) | F. Persia |
| 5. Josiah (k) | 1. Cyrus II (550-530) |
| 6. Jehoahaz (l) | 2. Cambes II (530-522) |
| 7. Jehoiakim (m) | 3. Darius I (522-486) |
| 8. Jehoiachin (n) | 4. Xerxes I (486-465) |
| 9. Zedekiah (o) | 5. Artaxerxes I (465-424) |
| 10. Gedaliah (p) | |

DAGDAG PABALAT IKAAPAT

PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Hindi ako partikular na nag-aalintana sa mga pahayag ng pananampalataya o mga kredo. Mas pinipili ko na manindigan sa Bibliya mismo. Gayunpaman, napagtanto ko na ang pahayag ng pananampalataya ay magkakapagdulot doon sa mga hindi pamilyar sa akin, isang paraan upang tasahin ang aking doktrinal na perpektibo. Sa ating panahon ng labis na teolohikal na kamalian at paglililang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay inilahad.

1. Ang Bibliya, ang parehong Luma at Bagong Tipan ay, ang kinasihan, walang pagkakamali, mapanghahawakan, eternal na Salita ng Diyos. Ito ang sarili-kapahayagan ng Diyos na itinala ng mga tao sa ilalim ng supernatural na pamumuno. Ito ang ating tanging pinanggagalingan ng malinaw na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang tanging pinanggagalingan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kanyang iglesya.

2. Mayroon lamang iisa walang-hanggang Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang isang mapagmahal at mapagkalinga bagamat Siya rin at patas at makatarungan.. Ipinahayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlo natatanging mga persona: Ama, Anak at Espiritu, tunay na magkakahiwalay gayunman ay magkapareho sa esensya.

3. Ang Diyos ay aktibo sa pagkontrol sa Kanyang mundo. Mayroon Siyang isang parehong walang-hanggang plano para sa Kanyang nilikha na hindi mababago at ang indibidwal na pokus na nagbibigay pagkakataon sa malayang pagpili ng tao. Walang mangyayari na hindi lingid sa kaalaman at permiso ng Diyos, ngunit pinahihintulutan Niya ang indibidwal na pagpili parehong sa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ay ang Piniling Tao ng Ama at ang lahat ay potensyal na pinili sa Kanya. Ang kaalaman sa simula pa lamang ng Diyos ay hindi nagpapababa sa sangkatauhan tungo sa isang nadeterminang isinuluta na eskrip. Lahat tayo ay responsable sa ating mga kaisipan at mga gawa.

4. Ang sangkatauhan, bagamat nilalang ayon sa wangis ng Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay pinili na magrebelde laban sa Diyos. Bagamat tinukso ng isang supernatural na ahente, sina Adan at Eba ay responsable para sa kanilang tahasang pagkamakasari. Ang kanilang pagrerebelde ay nakaapekto sa sangkatauhan at sangnilikha. Tayong lahat ay nangangailangan ng awa at biyaya ng Diyos pareho para sa ating pangkalahatang kondisyon kay Adan at ating indibidwal na bolisyonal na rebelyon.

5. Ang Diyos ay naglaan ng isang pamamaraan ng pagpapatawad at pagpapanumbalik para sa makasalanang sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging anak ng Diyos, ay naging tao, namuhay ng walang kasalanang buhay at sa pamamagitan ng Kanyang naghahaliling kamatayan, binayaran ang multa para sa kasalanan ng sangkatauhan. Siya lamang ang daan sa pagpapanumbalik at pakikisama sa Diyos. Walang ibang paraan ng kaligtasan maliban sa pananampalataya sa Kanyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay dapat na personal na tanggapin ang inaalok ng Diyos na kapatawaran at pagpapanumbalik kay Hesus. Ito ay matatamo sa pamamagitan ng bolisyonal na pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan kay Hesus at tahasang pagtalikod sa mga nalalamang kasalanan.

7. Lahat tayo ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kat Hesus at pagsisisi ng kasalanan. Gayunpaman, ang ebidensya para sa bagong pakikipagrelasyon na ito ay makikita sa isang binago, at nagbabagong, buhay. Ang tunguhin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lamang langit balang araw ngunit ang maging wangis ni Kristo ngayon. Yaong mga tunay na natubos, bamagat paminsan-minsan ay nagkakasala, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi sa kabuuan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay "ang ibang Hesus." Siya ay umiiral sa mundo upang pangunahan ang mga nawala patungo kay Kristo at humubog ng pagiging wangis ni Kristo sa mga naligtas. Ang mga kaloob ng Espiritu at ibinigay sa kaligtasan. Sila ang buhay at ministryo ni Hesus na hinati-hati sa Kanyang katawan, ang Iglesya. Ang mga kaloob ay pangunahing mga saloobin at mga motibo ni Hesus na kailangan himukin ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay aktibo sa ating panahon na gaya ng Siya ay nasa biblikal na panahon.

9. Ang Ama ay ginawa ang muling binuhay na Hesus bilang ang Hukom ng lahat ng bagay. Siya ay magbabalik upang hatulan ang lahat ng sangkatauhan. Yaong mga nagtiwala kay Hesus at yaong mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ay makatatanggap ng kanilang walang hanggang niluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya sa habang panahon. Gayunpaman, yaong mga tumanggi na tumuhon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay ng walang hanggan mula sa kagalakan ng pakikisama sa Triune na Diyos. Sila ay ikokondena kasama ng Diablo at kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi kumpleto o puspusan subalit ako ay umaasa na ito ay makapagbibigay sa inyo ng teolohikal na panlasa ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

“Sa mga mahahalaga —pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig.”